***Maaari Mong Maunawaan ang Bibliya!***

# *Ang Ebanghelyo ayon kay Pablo: Sulat sa mga Taga-Roma*

Bob Utley
Propesor ng Hermeneutics
(Biblical Interpretation)

*Kalipunan ng Komentaryong Gabay sa Pag-aaral*
*Bagong Tipan, Ika-5 Tomo*

Bible Lessons International, Marshall, Texas
1998
Iniwasto 2010

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


Mga Pagdadaglat na Ginamit sa Komentaryong Ito. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . i

Isang Pananalita mula sa May-akda: Paano Makakatulong ang Komentaryong ito? . . . iii

Isang Gabay Para Sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya: Isang Pansariling Paghahanap . . v

Komentaryo:

- Panimula sa Roma . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 1
- Roma 1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 6
- Roma 2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 51
- Roma 3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . ...69
- Roma 4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 91
- Roma 5 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 106
- Roma 6 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 128
- Roma 7 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 143
- Roma 8 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 159
- Roma 9 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 193
- Roma 10 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 224
- Roma 11 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 238
- Roma 12 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 255
- Roma 13 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 275
- Roma 14 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 297
- Roma 15 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 313
- Roma 16 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 330

Dagdag na Dahon Isa: Mga Maikling Kahulugan . . . .. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 348

Dagdag na Dahon Dalawa: Tekstwal na Kritisismo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 359

Dagdag na Dahon Tatlo: Talahuluganan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 363

Dagdag na Dahon Apat: Pangdoktrinang Pamamahayag .. . . . . . . . . . . . . . . . . . . 375

## TALAAN NG MGA NILALAMAN PARA SA MGA NATATANGING PAKSA SA ROMA


Ipinadala (*Apostellō*), 1:1 . . . . . . . . . . 9

Ang *Kerygma* ng Sinaunang Iglesiya, 1:2 . . . . . . . . . . 10

Ang Anak ng Diyos, 1:3. . . . . . . . . . . 11

Ang Laman (*Sarx*), 1:3. . . . . . . . . . . 13

Ang Mesias, 1:4 . . . . . . . . . . 15

Ang mga Pangalan para sa Pagka-Diyos, 1:4 . . . . . . . . . . 15

Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya, At Katapatan Sa Lumang Tipan, 1:5. .. . . . 20

Mga Pang-Ebanghelyong Pagkiling ni Bob, 1:5 . . . . . . . . . . 24

Tinawag 1:6 . . . . . . . . . . 24

Ang Mga Banal, 1:7 . . . . . . . . . . 26

Ang Pagiging Ama ng Diyos, 1:7. . . . . . . . . . . 27

Espiritu (*pneuma*) sa NT, 1:8 . . . . . . . . . . 29

Kaligtasan (salitang OT), 1:16 . . . . . . . . . . 32

Katuwiran, 1:17 . . . . . . . . . . 34

Ang Diyos na Inilalarawan bilang Isang Tao (Antromorpikong Wika), 1:18 . . . . 38

"Katotohanan" sa ma Sulat ni Pablo, 1:18 . . . . . . . . . . 39

Makilala, 1:19 .. . . . . . . . . . . 40

Wasakin, Gibain, Pasamain (*Phtheirō*), 1:23 . . . . . . . . . . 43

Ang Puso, 1:24 . . . . . . . . . . 44

Magpakailanman (Griyegong Kataga), 1:25 . . . . . . . . . . 45

Amen, 1:25 . . . . . . . . . . 45

*Homosexuality*, 1:26,27 . . . . . . . . . . 47

Mga Masamang Hilig (Bisyo) at mga Kagalingan sa NT, 1:29-31 … . . . . . . . . . . 48

Ang Paggamit ni Pablo ng mga Tambalang "*Huper*", 1:30. . . . . . . . . . . 49

Pagsisisi ng Kasalanan, 2:4 . . . . . . . . . . 54

Kapootang Panlahi, 2:11 . . . . . . . . . . 58

Pagmamapuri o Kayabangan, 2:17 . . . . . . . . . . 63

Mga Griyegong Salita para sa Pagsusuri ang Kanilang mga Kahulugan, 2:18. . . . 64

Walang Halaga at Walang Kabuluhan (*Katargeō*), 3:3 . . . . . . . . . . 71

Kaluwalhatian, 3:23 . . . . . . . . . . 80

Katibayan sa Bagong Tipa para sa Kaligtasan, 3:24 . . . . . . . . . . 81

Pagtubos/Katubusan, 3:24 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 81
Silanganing Panitikan, 3:27 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 86
Monoteismo, 3:30 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 88
Pananampalataya, Maniwala o Pagtitiwala, 4:5. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 95
Tatak, 4:11 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 98
Katiyakan (Garantiya), 4:16 ... . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 101
Kapayapaan, 5:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 109
Paninindigan (*Histēmi*), 5:2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 110
Katiyakan, 5:2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 111
Bakit Nagdurusa ang mga Kristiyano?, 5:3. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 113
Kapighatian, 5:3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 114
Kristiyanong Paglago, 5:4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 115
Pamamahala sa Kaharian ng Diyos, 5:17,18 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 124
Bautismo, 6:3-4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 131
Pagpapaging-Banal, 6:4. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 132
Anyo (*Tupos*), 6:17 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 139
Pagpuri, Panalangin at Pasasalamat ni Pablo sa Diyos, 7:25. . . . . . . . . . . . . . . . . 157
Si Hesus at ang Espiritu, 8:9 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 167
Ang Trinidad, 8:11 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 168
Ang Mana ng mga Mananampalataya, 8:17 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 173
Likas na mga Kayamanan, 8:19 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 176
Pag-asa, 8:25 . ... . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 180
Ang Pangangailangan ng Pagtitiis, 8:25 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 181
Ang Persona ng Espiritu, 8:27 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 183
Panganay, 8:29 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 186
Eleksyon/Predestinasyon at Pangangailangan sa Teolohikong Pagtimbang, 8:33 188
*Archē*, 8:38 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 191
Budhi (Konsensya), 9:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 197
Ang Panalanging Namamagitan, 9:3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 198
Sumpa (*Anathema*), 9:3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 200
Israel (ang pangalan), 9:4. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 201
Kasunduan (Tipan), 9:4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 203
Inilarawan ang Diyos bilang Isang Tao (Antromorpikong Wika), 9:13 . . . . . . . . 208

Kagandahang-Loob (*Hesed*), 9:15 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 210
Ang Natira, Tatlong Kaunawaan, 9:27-28 .. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 215
Ang mga Pangalan para sa Pagka-Diyos, 9:29 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 216
Sandigang Bato, 9:33 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 221
Makilala, 10:2 .. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 226
Pagpapasakop, 10:3. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 227
Mga Panahunan ng Griyegong Pandiwa na Ginagamit sa Kaligtasan, 10:4 . . . . . . 229
Pagpapahayag ng Kasalanan, 10:9 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 231
Ang Pangalan ng Panginoon, 10:9 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 232
Iluminasyon (Pagbibigay Liwanag), 10:18 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 236
Apostasya o Pagtalikod sa Pananampalataya, 11:21 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 247
Hiwaga, 11:25 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 250
Banal, 12:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 257
Ang Panahong Ito at ang Darating na Panahon, 12:2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 259
Magpanibago (*Anakainōsis*), 12:2 .. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 260
Ang Kalooban (*Thelēma*) ng Diyos, 12:2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 260
Propesiya ng Bagong Tipan, 12:6 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 263
Mapagkaloob, Matapat (*Haplotes*), 12:8 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 267
*Koinōnia*, 12:13 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 270
Kapangyarihan o Kapamahalaan, 13:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 277
Pamahalaan ng Tao, 13:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 278
Mga Pananaw ni Pablo sa Kautusan ni Moises, 13:9 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 285
Mga Tala sa Exodus 20,13:15,17 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 285
Kahinaan, 14:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 300
Dapat bang Humatol ang mga Kristiyano sa Isa't-isa?, 14:13 . . . . . . . . . . . . . . . 305
Ang Kaharian ng Diyos, 14:17 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 307
Nagpapatibay, 15:2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 316
Managana (*Perissevō*), 15:13 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 320
Ang Kristiyano at ang Pagkagutom, 15:26 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 326
Kababaihan sa Plano ng Diyos, 16:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 332
Iglesiya (*Ekklesia*), 16:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 335
Personal (Pansariling) Kasamaan, 16:20 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 341
Walang Hanggan, 16:26 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 345

# MGA PAGDADAGLAT NA GINAMIT SA KOMENTARYONG ITO

AB Anchor Bible Commentaries, ed. William Foxwell Albright at David Noel

Freedman ABD Anchor Bible Dictionary (6 vols.), ed. David Noel Freedman

AKOT Analytical Key to the Old Testament ni John Joseph

Owens ANET Ancient Near Eastern Texts, James B. Pritchard

BAGD A Greek-English Lexicon of the New Testament and Early Christian Literature, Walter Bauer, 2nd edition nina F. W. Gingrich at Fredrick Danker

BDB A Hebrew and English Lexicon of the Old Testament nina F. Brown, S. R. Driver at C. A. Briggs

BHS Biblia Hebraica Stuttgartensia, GBS, 1997

IDB The Interpreter's Dictionary of the Bible (4 vols.), ed. George A.

Buttrick ISBE International Standard Bible Encyclopedia (5 vols.), ed. James Orr

JB Jerusalem Bible

JPSOA The Holy Scriptures According to the Masoretic Text: A New Translation (The Jewish Publication Society of America)

KB The Hebrew at Aramaic Lexicon of the Old Testament nina Ludwig Koehler at Walter Baumgartner

LAM The Holy Bible From Ancient Eastern Manuscripts (the Peshitta) ni George M.

Lamsa LXX Septuagint (Greek-English) ni Zondervan, 1970

MOF A New Translation of the Bible ni James

Moffatt MT Masoretic Hebrew Text

NAB New American Bible Text

NASB New American Standard

Bible NEB New English Bible

NET NET Bible: New English Translation, Second Beta Edition

NIDNTT New International Dictionary of New Testament Theology and Exegesis (5 vols.), ed. Willem A. VanGemeren

NRSV New Revised Standard Bible

NIV New International Version

NJB New Jerusalem Bible

OTPG Old Testament Parsing Guide nina Todd S. Beall, William A. Banks at Colin Smith

REB Revised English Bible

RSV Revised Standard Version

SEPT The Septuagint (Greek-English) ng Zondervan, 1970

TCNT The Twentieth Century New Testament

TEV Today's English Version from United Bible Societies

YLT Young's Literal Translation of the Holy Bible ni Robert Young

ZPBE Zondervan Pictorial Bible Encyclopedia (5 vols.), ed. Merrill C. Tenney

**ISANG PANANALITA MULA SA MAY-AKDA:
PAANO MAKAKATULONG ANG KOMENTARYONG ITO SA'YO?**

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyonal at espiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon.

Ang pamamaraang espiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para paglingkuran Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, paghingi na kapatawaran, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Espiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang hiwaga.
.

Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa tala at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o pangpangkat na pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga saligan ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

**Unang Saligan**

Ang unang saligan ay ang pagbigay-pansin sa tagpuang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang tala ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang layunin ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o pangpangkat. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpapakahulugan, ngunit ang maayos na pagpapakahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugang ito ang siyang layunin ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Espiritu. Itong nag-iisang kahulugang ito ay mayroong maraming maaaring pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga kalagayan. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

**Pangalawang Saligan**

Ang pangalawang saligan ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihiwalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga Kabanata, talataan, o talata- ay hindi maipapakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit . Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa

pantiyakang pagdulog o *inductive approach*. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga pagbabahagi ng talata at Kabanata ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa antas ng talata—hindi sa antas ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na paksa o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang paksang ito. Nalilimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanungan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasaling ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang palagay sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang iniwastong ikaapat na edisyon (UBS$^4$). Ang tekstong ito ay iisinatalata ng mga makabagong pangtekstong iskolar.
2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasaling literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng kasulatang Griyego na kilala bilang Textus Receptus. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa ibang mga pagsasalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang mga paksa.
3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasaling salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.
4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong UBS$^4$ at TEV ay inilathala nang parehong pangkat, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.
5. Ang New Herusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling nakabatay sa pagsasaling Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.
6. Ang nakaimprentang tala ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasaling salita-sa-salita. Ang talata sa talatang mga komentaryo ay sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

**Pangatlong Saligan**

Ang pangatlong saligan ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan. Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga kasulatang Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga

ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Ang komentaryong ito ay naghahandog ng isang mabilis na paraan para sa mag-aaral upang makita kung tama ang kanyang mga pagbibigay ng kahulugan. Ito ay hindi pang kahulugan lamang, ngunit ito'y pagbibigay-kabatiran at pamukaw-isip. Kadalasan, ang ibang maaaaring pakahulugan ay makakatulong sa atin na hindi lubusang maging pang-parokya, pang-doktrina, at pang-denominasyon. Ang tagapagpaliwanag ay kailangang magkaroon ng isang mas malawak na saklaw ng mapagpipiliang pagpapaliwanagan upang makilala kung papaanong may iba't-ibang kahulugan ang mga sinaunang kasulatan. Ito ay kagulat-gulat na kung paanong may kakaunting pagkakasunduan sa mga Kristiyano na nag-aangkin na ang Bibliya bilang kanilang pinanggagalingan ng katotohanan.

Ang mga saligang ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihasnan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapan ang sinaunang tala. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapalà sa inyo.

Bob Utley
East Texas Baptist University
June 27, 1996

**ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA:**
**ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN**

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Ecclesiastes 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuong lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakáng pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at pagninilay-nilay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangatngatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuong lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling patotoo ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkaloob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hanggang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuong lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabigla at sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong aklat ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatiwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring pagdulog sa pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking

mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hinding-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo , maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking inihaharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

**I. Mga Pagpapalagay**

A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.

B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng karaniwang isip ng tao at gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.

C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.

D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:
   1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
   2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
   3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
   4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
   5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
   6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
   7. mga kaagapay na pahayag/talata

Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naaayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan ng labis na pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:

**II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan**

A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng

katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.

B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.

C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.


D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.

E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe.  Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita.  Ito ay kadalasang tinatawag bilang "tugon ng mambabasa" o reader response (pagpakahulugang "ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto").

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:




Sa nakaraan, ang iba't-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap.  Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon ng Bibliya:



Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpapakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpapakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga maaaring pagpapakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang maaaring pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

## III. Mga Maaaring Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya

Sa puntong ito ay hindi ko tinatalakay ang mga bukod-tanging pamamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga saligang hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang aklat para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang *How To Read The Bible For All Its Worth*, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na tapusang pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa , hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: "Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo." Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpapakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
   a. tagpuang pangkasaysayan
   b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
   a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)
   b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa
   c. anyo
3. ang ating pag-intindi sa naaayong
   a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/talata
   b. pagkakaugnay ng mga doktrina (kabalintunaan)

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpapakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananampalataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na tapusang pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

A. Ang unang tapusang ng pagbasa
   1. Basahin ang aklat sa isang upuan. Basahin ito muli sa ibang pagsasalin, sana mula sa isang naiibang teorya ng pagsasalin
      a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
      b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
      c. pagpapahawig (paraphrase)(Living Bible, Amplified Bible)
   2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.
   3. Ihiwalay (kung maaari) ang isang yunit na pampanitikan, isang Kabanata, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.
   4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan
      a. Lumang Tipan
         (1) salaysay na Hebreo
         (2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)
         (3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)
         (4) Mga pamkautusan na koda
      b. Bagong Tipan
         (1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)
         (2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)
         (3) Mga liham/epistulo
         (4) panitikang Apokaliptiko

B. Ang pangalawang tapusang pagbasa
   1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.
   2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.
   3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.

C. Ang pangatlong tapusang pagbasa
   1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.
   2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya
      a. ang may-akda
      b. ang petsa
      c. ang mga tagatanggap
      d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat
      e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay sa layon ng pagsulat
      f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan
   3. Lawakan ang iyong balangkas sa antas na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan. Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang Kabanata o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.

4. Tsekin ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.

D. Ang pang-apat na tapusang pagbasa
1. Basahing muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin
   a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
   b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
   c. paghahawig (Living Bible, Amplified Bible)
2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika
   a. mga inuulit na parirala, Efeso 1:6,12,13
   b. mga inuulilt na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
   c. magkakatambis na mga konsepto
3. Ilista ang mga sumusunod na bagay
   a. mga mahahalagang salita
   b. mga di-karaniwang salita
   c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
   d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap
4. Hanapin ang mga kaugnay na talatang magkahanay
   a. hanapin ang pinakamalinaw na talatang pampagtuturo sa iyong paska gamit ang
      (1) mga aklat ng "sistematikong teolohiya"
      (2) mga sangguniang Bibliya
      (3) mga pagkakatugma
   b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong paska. Maraming pambibliyang katotohanan ay inihaharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-talata ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.
   c. Hanapin ang mga magkakahanay sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.
5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon
   a. mga pag-aaral ng Bibliya
   b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksiyonaryo
   c. mga paunang salita ng Bibliya
   d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

## IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang "pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon."

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang talatang Bibliya sa

ating sariling panahon hangga't di natin napag-aalaman kung ano ang sinasabi nito sa kanyang panahon! Ang talatang Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa antas na patalata (ikatlong tapusang pagbasa), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa antas ng talata, hindi sa antas ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay hindi inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng "kaya winika ng Diyos," ay dapat tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa antas ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga saligan mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang saligan. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga saligan ay ganoon na lamang, "ating" mga saligan—hindi ang mga saligan ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming maaaring pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

## V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espiritwal ng pagpakahulugan. Ang sumusunod na tseklist ay nakatulong sa akin:

A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu (cf. I Corinto 1:26-2:16).
B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I Juan 1:9).
C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Awit 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).
D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.
E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espiritwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

A. Mula kay James W. Sire, *Scripture Twisting*, pp. 17-18:

"Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espiritwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espiritwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng

pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayong awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng karaniwang tao sa bawat kultura."

B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, Protestant Biblical Interpretation, p. 75:

Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. "Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarán, na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos."

C. H. H. Rowley sa The Relevance of the Bible, p. 19:

"Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espiritwal na pag-intindi ng mga espiritwal na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espiritwal na pag-intindi ay may isang bagay na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga espiritwal na bagay ay inuunawa nang espiritwal, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing espiritwal, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakila sa lahat ng mga aklat."

## VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo

Ang Komentaryo sa Gabay ng Pag-aaral ay nakadisenyo upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

A. Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang "tapusang pagbasa #3" ay tsekin itong impormasyon.

B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat Kabanata. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.

C. Sa simula ng bawat Kabanata o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:

1. The United Bible Society Griyego Text, fourth edition revised(UBS$^4$)
2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
3. The New King James Version (NKJV)
4. The New Revised Standard Version (NRSV)
5. Today's English Version (TEV)
6. The Jerusalem Bible (JB)

Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maaari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay

mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na "ang paksang pangungusap" o "ang pangunahing ideya ng teksto." Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang antas ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng paska na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.

D. Ang mga pagtatalâ ni Bob ay sumusunod sa talata-sa-talatang pagdulog sa pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:
   1. pampanitikang konteksto
   2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura
   3. impormasyong panggramatika
   4. mga pag-aaral ng salita
   5. mga kaugnay na talatang magkakahanay

E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:
   1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng "Textus Receptus."
   2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.
   3. Ang Today's English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.
   4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasaling Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.

F. Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasaling Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga suliranin sa teksto:
   1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito
   2. mga pamalit na kahulugan ng salita
   3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika
   4. mga tekstong iba't iba ang pakahulugan

   Gayong ang mga pagsasaling Ingles ay hindi makakalutas sa mga suliraninng ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.

G. Sa pagtatapos ng bawat Kabanata kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kabanatang iyon.

# PANIMULA SA SULAT SA MGA TAGA-ROMA

## MGA PAMBUNGAD NA PAMAMAHAYAG

A. Ang sulat sa mga taga-Roma ay ang pinaka-maayos at lohikal na aklat ng doktrina ni Apostol Pablo. Ito ay apektado ng mga kalagayan sa Roma, samakatuwid, ito ay isang "paminsan-minsang" kasulatan. May naganap na nagdulot kay Pablo na sumulat ng liham. Gayunpaman, ito ay ang pinaka-walang kinikilingang sulatin ni Pablo, na ang paraan ni Pablo ng pakikitungo sa suliranin (maaaring ang pagkainggit sa pagitan ng mananampalatayang Hudyo at Hentil na namumuno, Cf. 14:1-15:13) ay isang malinaw na pagpapakilala ng Ebanghelyo at ang kanyang mga implikasyon para sa pang araw-araw na buhay.

B. Ang pagpapakilala ni Pablo ng Ebanghelyo sa Roma ay nakaapekto sa buhay ng Iglesya sa bawat gulang:
   1. Si Augustino ay naligtas noong AD 386 sa pagbabasa ng Roma 13:13-14.
   2. Ang pagkaunawa ni Martin Luther ng kaligtasan ay radikal na nabago noong AD 1513 nang inihambing niya ang Awit 31:1 sa Roma 1:17 (cf. Hab. 2:4).
   3. Si John Wesley, sa kanyang paglalakad sa isang pagpupulong ng mga Mennonite sa London noong AD 1738, ay naligtas pagkatapos na madinig ang sermon ni Luther sa pagpapakilala sa Roma na binabasa dahil ang naitalagang mangangaral ay hindi nagpakita!

C. Upang malaman ang sulat sa mga Taga-Roma ay upang malaman Kristiyanismo! Ang sulat ay humuhugis ng buhay at mga katuruan ni Hesus upang maging sandigang batong katotohanan para sa mga Iglesiya sa lahat ng kapanahunan. Si Martin Luther ang nagsabi nito, "Ang punong aklat sa NT at ang pinakalantay na Ebanghelyo!"

## MAY-AKDA

Si Pablo ang tiyak ang may-akda. Ang kanyang pangkaraniwang pagbati ay matatagpuan sa 1:1. Pangkahalatang sinasang-ayunan na ang "tinik sa laman" ni Pablo ay masamang paningin, samakatuwid, siya ay hindi niya pisikal na isinulat ang liham na ito, ngunit siya na gumamit ng isang manunulat, si Tertio (cf. 16:22).

## PETSA

A. Ang malamang na petsa ng pagkakasulat ng Roma ay AD 56-58. Ito ay isa sa mga ilang aklat ng Bagong Tipan na kung saan ay maaaring malapatan ng petsa nang may kawastuhan. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng paghahambing ng Gawa 20:2 ff sa Roma 15:17 ff. Ang Roma ay malamang na nasulat sa Corinto papunta sa dulo ng pangatlong paglalakbay na pang-misyon ni Pablo, bago siya tumungo papuntang Herusalem.

B. Ang marahil na pagkakasunod-sunod ng mga sulat ni Pablo na sumusunod kina FF Bruce at Murry Harris na may kaunting mga pag-aangkop.

| Aklat | Petsa | Lugar na Pinagsulatan | Kaugnayan sa mga Gawa |
|---|---|---|---|
| 1. Galatia | 48 | Antioko sa Syria | 14:28; 15:2 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 2. | I Thessalonica | 50 | Corinto | 18:5 |
| 3. | II Thessalonica | 50 | Corinto | |
| 4. | I Corinto | 55 | Efeso | 19:20 |
| 5. | II Corinto | 56 | Macedonia | 20:2 |
| 6. | Roma | 57 | Corinto | 20:3 |
| 7.-10. | Mga Sulat sa Bilangguan | | | |
| | Colosas | unang bahagi ng 60 | | |
| | Efeso | unang bahagi ng 60 | Roma | |
| | Filemon | unang bahagi ng 60 | | |
| | Filipos | huling bahagi ng 62-63 | | 28:30-31 |
| 11.-13. | Pang-apat na paglalakbay pang-misyon | | | |
| | I Timoteo | 63 (o pagkatapos, | Macedonia | |
| | Tito | 63 Ngunit bago | Efeso (?) | |
| | II Timoteo | Mag-64 A.D. 68) | Roma | |

**ANG MGA TUMANGGAP**

Ang sulat ay nagsasaad ng pinatunguhan sa Roma. Hindi natin alam kung sino ang nagtatag ng Iglesiya sa Roma:

A. Ito ay maaaring ang ilan sa mga taong bumisita sa Herusalem sa araw ng Pentecost at nangaligtas at bumalik sa sariling bayan upang simulan ang isang Iglesiya (cf. Gawa 2:10).

B. Maaring sila ang mga alagad na tumakas sa uusig sa Herusalem pagkatapos ng kamatayan ng Stefano (cf. Gawa 8:4).

C. Maaring sila ang mga naligtas, mula sa paglalakbay pang-misyon ni Pablo, na manlalakbay sa Roma. Hindi kailanman binisita ni Pablo ang Iglesyang ito, ngunit ninais niya (cf. Gawa 19:21). Siya ay nagkaroon ng maraming kaibigan doon (cf. Roma 16).

Tila ang kanyang mga plano ay bumisita sa Roma sa kanyang pagpunta sa Espanya (cf. Roma 15:28) pagkatapos ng kanyang paglalakbay sa Herusalem na may "handog na pag-ibig." Nadama ni Pablo na ang kanyang ministeryo sa silangang Mediteranyo ay natapos na. Siya ay naghanap ng bagong mapagtataniman (cf. 15:20-23,28). Ang maydala ng sulat mula kay Pablo sa Grecia papuntaing Roma ay tila si Feebe, isang babaing naglilingkod, na noon ay naglalakbay sa dakong iyon (cf. Roma 16:1). Bakit ang sulat na ito, na nakasulat sa likod na ng mga lansangan ng Corinto sa unang siglo sa pamamagitan ng isang Hudyong taga-gawa ng tolda, ay napakahalata? Tinawag ito ni Martin Luther na "ang pinunong aklat sa Bagong Tipan at ang pinakalantay na Ebanghelyo." Ang halaga ng aklat na ito ay matatagpuan sa katunayan na ito ay isang malalim na pagpapaliwanag ng Ebanghelyo ng naligtas na rabi, si Saul ng Tarsus, na tinawag na maging isang Apostol ng mga Hentil. Karamihan sa mga sulat ni Pablo ay kinulayan nang maigi ng lokal na kaganapan, ngunit hindi sa Roma. Ito ay isang sistematikong pagpapahayag ng pananampalataya ng Apostol.

Napagtatanto mo ba, kapwa Kristiyano, na ang karamihan sa mga teknikal na mga kataga na ginagamit ngayon upang ilarawan ang "pananampalataya" ("pag-aaring-ganap," "ibinibilang," "pagkukupkop," at "pinapagingbanal") ay nanggaling sa Aklat ng taga-Roma? Ito ang pag-unlad na teolohikal na mga katotohan ng Galatia. Manalangin tayo sa Diyos na buksan ang kahanga-hangang sulat habang magkasama tayong nagsasaliksik ng Kanyang kalooban para sa ating mga buhay ngayon!

**LAYUNIN**

A. Isang paghiling ng tulong para sa kanyang pang-misyong paglalakbay sa Espanya. Nakita ni Pablo na ang kanyang gawaing pagka-apostol sa silangan ng Mediteranyo ay natapos na (cf. 15:20-23,28).

B. Upang harapin ang suliranin ng Iglesiya sa Roma sa pagitan ng mga mananampalatayang Hudyo at mga mananampalatayang Hentil. Ito ay marahil na isang bunga ng pagpapaalis ng lahat ng mga Hudyo mula sa Roma at ang kanilang pagbabalik sa huli. Pagkatapos nito, ang mga namumunong Kristiyanong Hudyo ay napalitan na ng mga Hentil na Kristiyanong pinuno.

C. Upang ipakilala ang kanyang sarili sa Iglesiya sa Roma. May maraming pagsalungat kay Pablo mula sa Hudyong totoong naligtas sa Herusalem (Konseho sa Herusalem ng Gawa 15), mula sa hindi tapat na mga Hudyo (Judaizers sa Galatia at II Corinto 3, 10-13), at mula sa mga Hentil (Colosas, Efeso) na sinubukang pagsamahin ang Ebanghelyo sa kanilang mga kinagigiliwang mga teoriya o pilosopiya (i.e. gnostisismo).

D. Si Pablo ay pinagbintangan ng pagiging isang mapanganib taga-pagpabago, pagdagdag na walang taros sa turo ni Hesus. Ang mga aklat ng mga taga-Roma ay ang kanyang paraan upang sistematikong ipagtanggol ang sarili sa pamamagitan ng pagpapakita ng kung paano ang kanyang Ebanghelyo ay totoo, ang paggamit sa Lumang Tipan at ang mga katuruan ni Hesus (ang mga Ebanghelyo).

**MAIKLING BALANGKAS**

A. Panimula (1:1-17)
   1. Pagbibigay-pugay (1:1-7)
      a. May-akda (1-5)
      b. Patutunguhan (6-7a)
      c. Pagbati (7b)
   2. Pagkakataon (1:8-15)
   3. Tema (1:16-17)

B. Kailangan para sa Banal na Katuwiran (1:18-3:20)
   1. Paghina ng mundo ng mga Hentil (1:18-32)
   2. Pagbabalatkayo ng mga Hudyo o ng mga paganong Moralista (2:1-16)
   3. Parusa ng mga Hudyo (2:17-3:8)
   4. Pang-sansinukob na paghatol (3:9-20)

C. Ano ang Banal na katuwiran (3:21-8:39)
   1. Katuwiran sa pamamagitan Pananampalataya lamang (3:21-31)
   2. Ang batayan ng katuwiran: Ang Pangako ng Diyos (4:1-25)
      a. Matuwid na kalalagayan ni Abraham (4:1-5)
      b. David (4:6-8)
      c. Kaugnayan ni Abraham sa pagtutuli (4:9-12)
      d. Pangako ng Diyos kay Abraham (4:13-25)
   3. Ang Pagsasakatuparan ng Katuwiran (5:1-21)
      a. Ang pansariling aspeto: hindi matumbasang pag-ibig, kagalakang walang katulad (5:1-5)

        b. Ang nilalayong batayan: Kamangha-manghang pag-ibig ng Diyos (5:6-11)
        c. Tipolohiya ni Adan/Kristo: Kasalan ni Adan, pagkakaloob ng Diyos (5:12-21)
    4. Ang katuwiran ng Diyos ay dapat na isyu sa personal na katuwiran (6:1-7:25)
        a. Napalaya mula sa kasalanan (6:1-14)
            (1) Isang ipinapalagay na pagtutol (6:1-2)
            (2) Ang kahulugan ng bautismo (6:3-14)
        b. Alipin ni Satanas o Alipin ng Diyos: ang inyong napili (6:15-23)
        c. Pag-iisang-dibdib ng tao sa Kautusan (7:1-6)
        d. Ang Kautusan ay mabuti, ngunit ang kasalanan ay humahadlang sa mabuti (7:7-14)
        e. Ang walang hanggang pakikipaghamok ng mabuti at masama sa mga mananampalataya(7:15-25)
    5. Ang kapuna-punang mga bunga ng katuwiran ng Diyos(8:1-39)
        a. Buhay sa Espiritu (8:1-17)
        b. Ang pagtubos ng linikha (8:18-25)
        c. Ang palagiang pagtulong ng Espiritu (8:26-30)
        d. Ang tagumpay sa kahatulan ng pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya (8:31-39)

D. Ang Banal na Layunin para sa Lahat ng Sangkatauhan (9:1-11:32)
    1. Ang pagpili ng Israel (9:1-33)
        a. Totoong tagapagmana ng pananampalataya (9:1-13)
        b. Dakilang kapangyarihan ng Diyos (9:14-26)
        c. Pangkahalatang plano ng Diyos kasama ang mga pagano (9:27-33)
    2. Ang kaligtasan ng Israel (10:1-21)
        a. Katuwiran ng Diyos kumpara sa Katuwiran ng sangkatauhan (10:1-13)
        b. Ang habag ng Diyos ay nangangailangan ng mga sugo, isang panawagan sa pandaigdigang mga misyon (10:14-18)
        c. Patuloy na kawalang-pananampalataya ng Israel kay Kristo (10:19-21)
    3. Ang kabiguan ng Israel (11:1-36)
        a. Ang natirang mga Hudyo (11:1-10)
        b. Panibugho ng Hudyo (11:11-24)
        c. Pansamantalang kabulagan ng Israel (11:25-32)
        d. Ang pagbulalas ng pagpupuri ni Pablo (11:33-36)

E. Ang Bunga ng kaloob ng katuwiran ng Diyos (12:1-15:13)
    1. Panawagan sa kabanalan (12:1-2)
    2. Ang paggamit ng mga kaloob (12:3-8)
    3. Kaugnayan ng mga mananampalataya sa ibang mananampalataya (12:9-21)
    4. Kaugnayan sa Estado (13:1-7)
    5. Kaugnayan sa mga kapit-bahay (13:8-10)
    6. Kaugnayan sa ating Panginoon (13:11-14)
    7. Kaugnayan sa kapwa miyembro ng Iglesiya (14:1-12)
    8. Ang ating epekto sa kapwa (12:13-23)
    9. Kaugnayan sa pagiging kawangis ni Kristo (15:1-13)

F. Paghihinuha (15:14-33)
    1. Mga personal na plano in Pablo (15:14-29)
    2. Mga kahilingan para sa panalangin (15:30-33)

G. Pahabol (16:1-27)
    1. Pagbati (16:1-24)

2. Pagbabasbas (16:25-27)

**UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vi)**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Tema ng kabuuan ng aklat
2. Uri ng panitikan (genre)

**PANGALAWANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa pp. vi-vii.)**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon. Balangkasin ang pangunahing mga paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng pangalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng pangatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng pang-apat na pampanitikang yunit

5. At iba pa.

# MGA TAGA-ROMA 1

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagpupugay | Mga Pagbati, mga pagpupugay | Pagpupugay | Pagpupugay | Talumpati |
| 1:1-7 | 1:1-7 | 1:1-6 | 1:1 | 1:1-2 |
| | | | 1:2-6 | |
| | | | | 1:3-7 |
| | | 1:7a | 1:7a | |
| | | 1:7b | 1:7b | |
| Pagnanais ni Pablo na Madalaw ang Roma | Pagnanais na Madalaw ang Roma | Pasasalamat | Panalangin ng Pasasalamat | Pasasalamat at Panalangin |
| 1:8-15 | 1:8-15 | 1:8-15 | 1:8-12 | 1:8-15 |
| | | | 1:13-15 | |
| Ang Kapangyarihan ng Ebanghelyo | Ang Matuwid ay Mabubuhay sa pamamagitan ng Pamamampalataya | Ang Paksa ng Sulat | Ang Kapangyarihan ng Ebanghelyo | Ang Pinahayag na Paksa |
| 1:16-17 | 1:16-17 | 1:16-17 | 1:16-17 | 1:16-17 |
| Ang Pagkakasala ng Sangkatauhan | Ang Poot ng Diyos laban sa hindi Pagiging Matuwid | Ang Kahatulan ng Diyos sa Kasalanan | Ang Pagkakasala ng Sangkatauhan | Ang Ganti ng Diyos Ang mga Hentil |
| 1:18-23 | 1:18-32 | 1:18-23 | 1:18-23 | 1:18-23 |
| 1:24-32 | | 1:24-25 | 1:24-25 | 1:24-25 |
| | | 1:26-27 | 1:26-27 | 1:26-27 |
| | | 1:28-32 | 1:28-32 | 1:28-32 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

---

*Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa or kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangungusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagakakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orhinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

**Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa Mga Dagdag na Dahong Isa, Dalawa at Tatlo**

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

**MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)**

A. Ang mga talatang 1-7 ang bumubuo ng panimula sa sulat. Ito ang pinakamabahang panimula sa alinman sa mga sulat ni Pablo. Sinusubukan niyang ipakilala ang kanyang sarili at ang kanyang teolohiya sa isang iglesiya na hindi siya mismo kilala at maaaring nakarinig ng mga hindi magandang balita patungkol sa kanya.

B. Ang mga talatang 8-12 ay ang pangbungan na panalangin ng pasasalamat. Ito ay katangian ng mga Griyegong sulat sa pangkahalatan at partikular ng mga sulat ni Pablo.

C. Ang mga 16-17 ay nagpapahayag ng paksa ng aklat.

D. Ang talata 18 hanggang 3:20 ay bumubuo ng unang pampanitikang yunit at ang unang punto ng ebanghelyo ni Pablo; ang lahat ng sangkatauhan (3 pangkat) ay napahamak at kailangang mangaligtas (cf. Genesis 3).
   1. Imoral na mga pagano
   2. Moral na mga pagano
   3. Mga Hudyo

E. Ang Roma 1:18-3:20 ay ipinapaliwanag ang Genesis 3 (nakakagulat na ang mga rabi (guro) ay hindi nakatuon sa talatang ito, ngunit sa Genesis 6, bilang siyang pinagmulan ng kasalanan). Ang sangkatauhan ay linikha para sa pakikipag-ugnayan sa Diyos, sa Kanyang sakdal na larawan (cf. Genesis 1:26-27). Gayunman, ang sangkatauhan ay pinili ang kaliwanagan at ang pangako ng kapangyarihan at pagsasarili. Sa kalaunan, ipinagpalit ng sangkatauhan ang kadakilaan ng Diyos para sa kadakilaan ng kanilang mga sarili (humanismong walang Diyos)!

   Pinahintulutan ng Diyos ang ganitong krisis. Ang maging nasa larawan ng Diyos , ay magkaroon ng moral na pananagutan, magkaroon ng malayang pagkukusa na may mga kinahihinatnan. Hinihiwalay ng Diyos ang sangkatauhan kapwa sa pamamagitan ng Kanyang pagpili at sa kanila (isang pangkasunduang pakikipag-ugnayan)! Pinahihintulutan Niya na piliin ang kanilang sarili na may kaakibat na mga kahihinatnan. Ang Diyos ay namimighati (cf. Genesis 6:5-7), ngunit ang sangkatauhan ay mga malayang moral na kinatawan na mayroon ng lahat na idinudulot na karapatan at pananagutan. Ang inuulit na pariralang "ibinigay sila ng Diyos" (cf. 1:24,26,28) ay isang pagpapakilala ng kalayaang itoy, hindi isang sinadyang pagtanggi ng Diyos. Ito ay hindi kagustuhan ng Diyos. Ito ay <u>hindi</u> ang sanglibutan na ninanais ng Diyos (cf. Genesis 3:22; 6:5-7,11-13)!

F. Ang teolohikong buod ng 1:18-3:20 ay matatagpuan sa 3:21-31. Ito ang unang teolohikong punto ng "mabuting balita" ng ebanghelyo—ang lahat ng sangkatauhan ay nagkasala at kailangan ng kapatawaran ng Diyos. Ang Diyos ay mapagbiyayang nagkaloob ng isang daan pabalik sa malapit na pakikipag-ugnayan (i.e., ang karanasan sa Eden, paghambingin ang Genesis 1-2 sa Pahayag 21-22).

G. Sa unang pampanitikang yunit ng pagpapakilala ni Pablo sa ebanghelyo, ito ay nakakawiling tandaan na ang nalugmok na sangkatauhan ay may pananagutan sa kanilang paghihimagsik (rebelyon) at kasalanan na walang pagtukoy kay Satanas o ang demonyo (cf. Roma 1:18-3:20). Ang bahaging ito ay tiyak na nagpapahayag ng teolohiya ng Genesis 3, subalit walang isang personal na manunukso. Hindi papahintulutan ng Diyos na sisihing muli ng sangkatauhan si Satanas (cf. Genesis 3:13) o ang Diyos miso (cf. Genesis 3:12). Ang sangkatauhan ay linikha sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26; 5:1,3; 9:6). Sila ay may kapatan, kapangyarihan at pananagutan na pumili. Sila ay may pananagutan para sa kanilang mga pagpili kapwa sa pangkahalatan kay Adam at pang-isahan sa personal na kasalanan (cf. 3:23).

## PAG-AARAL SA SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 1:1-6**

**[1]Si Pablo na alipin ni Hesukristo, na tinawag na maging apostol, ibinukod sa Ebanghelyo ng Diyos, [2]na kaniyang ipinangako nang una sa pamamagitan ng kaniyang mga propeta sa mga banal na kasulatan, [3]tungkol sa kaniyang Anak, na ipinanganak sa binhi ni David ayon sa laman, [4]Na ipinahayag na Anak ng Diyos na may kapangyarihan ayon sa espiritu ng kabanalan, sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ng mga patay, sa makatuwid baga'y si Hesukristo na Panginoon natin, [5]na sa pamamagitan niya'y tinanggap namin ang biyaya at pagkaapostol, sa pagtalima sa pananampalataya sa lahat ng mga bansa, dahil sa kaniyang pangalan; [6]Sa mga ito kayo naman, ay tinawag kay Hesukristo;**

**1:1 "Pablo"** Karamihan ng mga Hudyo noong panahon ni Pablo ay may dalawang unang pangalan, isang pang-Hudyo, isang pang-Romano (cf. Gawa 13:9). Ang pang-Hudyong pangalan ni Pablo ay Saul. Siya, tulad ng sinaunang Hari ng Israel, ay nasa angkan ni Benjamin (cf. Roma 11:1; Filipos 3:5). Ang kanyang pang-Romanong pangalan sa anyong Griyego, Pablo (Paulos), ay nangangahulugang "munti." Ito ay tumutukoy sa

1. Kanyang pisikal na pangangatawan na binanggit sa isang pangalawang siglo hindi kanonikong aklat, *Ang mga Gawa ni Pablo,* sa isang kabanata na tungkol sa Thesalonica na tinatawag na "Pablo at Thekla"
2. kanyang personal pagkaunawa na bilang pinakamababa sa lahat ng mga banal dahil sa kanyang pag-uusig sa Iglesiya noong una (cf. I Corinto 15:9; Efeso 3:8; I Timoteo 1:15)
3. payak na pangalan na ibinigay ng kanyang mga magulang sa kapanganakan

Ang opsyon #3 ang tila pinakaakma.

▣ **"na alipin"** Ang mga saling KJV, NRSV, TEV at JB ay binabasang "lingkod." Ang kaisipang ito ay alinman sa

1. kabaliktaran kay Hesus bilang Panginoon
2. isang titulong paggalang sa OT (cf. sina Moises sa Bilang 12:7 at Joshua 1:1; si Joshua sa Joshua 24:29; at David sa Awit (titulo), at Isaias 42:1, 19; 52:13)

▣
**NASB, TEV,**
**NJB, REB "Kristo Hesus"**
**NKJV, NRSV "Hesuskristo"**

Ang "Kristo Hesus" ay higit na di-karaniwan at, samakatuwid, maaaring orihinal (cf. MSS $P^{10}$, B). Ang $UBS^4$ ay nagbibigay dito ng isang "B" antas (halos tiyak).

Gayunman, ang isa pang anyo ay tunay na mabuting patotoo (cf. MSS $P^{26}$, א, A, D, G, at karamihan ng mga naunang Ama ng iglesiya).

Tingnan ang Dagdag na Dahon Dalawa sa mga palagay ng Tekstwal na Kritisismo. Karamihan ng mga pagbabago sa talata (teksto) ay katulad nito na sa diwa ay hindi sila makakaapekto sa pinagmumulang kahulugan ng tektong Griyego.

▣ **"na tinawag na maging apostol"** Ito ay pagpili ng Diyos, hindi niya (cf. Gawa 9:15; Galacia 1:15; Efeso 3:7). Sa pariralang ito, si Pablo ay nagbibigay-diin sa kanyang pagkamarapat at kapamahalaan, tulad ng kanyang ginawa sa I Corinto 1:1; II Corinto 1:1; Galacia 1:1; Efeso 1:1; Colosas 1:1; I Timoteo 1:1; Tito 1:1) sa mga iglesiya na hindi niya pa napupuntahan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Tinawag sa 1:6.

Ang salitang Koine na "apostol" sa loob pang-Hudyong Palestino ng unang siglo ay nangangahulgang "isang isinugo (o ipinadala) bilang isang opisyal na kinatawan" (cf. II Chronika 17:7-9). Sa NT ang salitang ito ay ginamit sa dalawang pagkakaunawa: (1) ng Labindalawang mga natatanging mga alagad at si Pablo at (2) ng mga espirituwal na kaloob na nagpapatuloy iglesiya (cf. I Corinto 12:28-29; Efeso 4:11).

**NATATANGING PAKSA: IPINADALA (*APOSTELLŌ*)**

Ito ay karaniwang Griyegong salita para sa "ipinadala" (i.e., *apostellō*) Ang salitang ito ay mayroong ilang mga teolohikong pagkakagamit.

1. ang mga rabi ay ginagamit ito bilang isang tinawag at ipinadala bilang opisyal na kinatawan ng iba, isang bagay gaya ng sa ating Ingles na "embahador" (cf. II Corinto 5:20)
2. the mga Ebanghelyo ay kadalasang ginagamit itong salita ni Hesus na ipinadala ng Ama. Sa Juan ang salita ay kumukuha ng pag-Mesias na pakahulugan (cf. Mateo 10:40; 15:24; Marcos 9:37; Lucas 9:48 at lalo na sa Juan 4:34; 5:24,30,36,37,38; 6:29,38,39,40,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,8,18,21,23,25; 20:21). Ito ay ginamit sa pagsusugo ni Hesus ng mga mananampalataya (cf. Juan 17:18; 20:21)
3. ang NT ay ginamit ito para sa mga alagad
   a. ang orihinal na labindalawang pangloob na pangkat ng mga alagad (cf. Lucas 6:13; Gawa 1:21-22)
   b. isang natatanging pangkat ng mga tumutulong sa Apostol at mga kamanggagawa
      (1) si Barnabas (cf. Gawa 14:4,14)
      (2) sina Andronico at Junias (KJV, Junia, cf. Roma 16:7)
      (3) si Apollos (cf. I Corinto 4:6-9)
      (4) si Santiago ang kapatid na lalaki ng Panginoon (cf. Galacia 1:19)
      (5) sina Silvano at Timoteo (cf. I Thesalonica 2:6)
      (6) maaaring si Tito (cf. II Corinto 8:23)
      (7) maaaring si Epaphrodito (cf. Filipos 2:25)
   c. isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesiya (cf. I Corinto 12:28-29; Efeso 4:11)
4. Si Pablo ay gumagamit ng ganitong katawagan (o titulo) sa sa kanyang sarili sa halos lahat ng kanyang mga sulat na isang paraan ng pagpapahayag ng kanyang kapamahalaan (awtoridad) na ipinagkaloob ng Diyos bilang kinatawan ni Kristo (cf. Roma 1:1; I Corinto 1:1; II Corinto

1:1; Galacia 1:1; Efeso 1:1; Colosas 1:1; I Timoteo 1:1; II Timoteo 1:1; Tito 1:1).

▣ **"ibinukod"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI, na nagpapahiwatig na siya ay ibinukod ng Diyos sa nakalipas (cf. Jeremias 1:5 and Galacia 1:15) at nagpatuloy ito bilang isang antas ng katauhan. Ito ay maaaring isang paglalaro ng Aramaikong salita para sa "Fariseo." Sila ay naihiwalay sa legalismong pang-Hudyo (at si Pablo din [Filipos 3:5] bago sa kanyang pagtatagpo kay Hesus sa daan ng Damasco), ngunit ngayon, siya ay naibukod sa ebanghelyo.

Ito ay may kaugnayan sa Hebreong salita para sa "banal" (BDB 872), na nangangahulugan na "ibinukod para sa paggamit ng Diyos" (cf. Exodo 19:6; I Pedro 2:5). Ang mga salitang "binanal," "pinaging-banal," at "ibinukod o inihiwalay" lahat ay may katulad ng Griyegong salitang-ugat, "banal" (*hagios*).

▣ **"sa ebanghelyo ng Diyos"** Ang PANG-UKOL na *eis* sa kontekstong ito (and v. 5) ay nagpapakita ng layunin ng "panawagan" (v. 1b) at pagiging "hiwalay" (v. 1c).

Ang ebanghelyo ay isang tambalang salita mula sa "mabuti" (*eu*) at "mensahe" (*angellos*). Ito ay naging salita na naglalarawan sa mga doktrinang naihayag sa Bagong Kasunduan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-32) na nauugnay sa Mesias na ipinangako ng Diyos (cf. vv. 3-4). Ito ay ang "ebanghelyo ng Kanyang Anak" (v. 2).

Ito ang ebanghelyo ng Diyos, hindi ni Pablo (cf. 15:16; Marcos 1:14; II Corinto 11:7; I Thesalonica 2:2,8,9; I Pedro 4:17). Si Pablo ay hindi isang taga-pagbago o taga-pagbagay sa kultura, kundi isang taga-pahayag ng katotohanan na kanyang tinanggap (cf. Gawa 9; I Corinto 1:18- 25).

**1:2 "Na kaniyang ipinangako nang una sa pamamagitan ng kaniyang mga propeta sa mga banal na kasulatan"** Ang PANDIWANG ito ay isang AORIST NA PANGGITNA (*deponent*) NA MAY PAHIWATIG. Ito ay ginamit lamang sa mga sulat ni Pablo (dito at sa II Corinto 9:5). Ang ebanghelyo ay nahuling isip ng Diyos, ngunit Kanyang walang hanggang, makalayuning plan (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5; Isaias 53; Awit 118; Marcos 10:45; Lucas. 2:22; Gawa 2:23; 3:18; 4:28; Tito 1:2). Ang mga naunang pangangaral sa Gawa (the *kerygma*) ay nagpapakita kay Hesus bilang ang katuparan ng mga pangako at mga propesiya ng of OT.

Ang OT ay tinutukoy sa NT sa dalawang karaniwang paraan.

1. "ito ay nasusulat" (o "mga sinulat," i.e., II Timoteo 3:16; II Pedro 3:16)
2. Banal na Kasulatan

Ito rin ay tinutukoy na may kaugnayan sa mga propeta. Sa kaisipan ng mga Hudyo, ang mga propeta ang sumulat ng Banal na Kasulatan.

1. "ang Kautusan o mga Propeta," Mateo 5:17-18; also note Lucas 24:44
2. "propesiya," Lucas 24:27
3. "mga sinulat ng mga propeta," Mateo 26:56
4. "mga pang-propetang sinulat," Roma 16:26 (Roma 1:2 ay nagbabanggit din ng "mga propeta")
5. "ang hula (propesiya) ng Banal na Kasulatan," II Pedro 1:20

May dalawang pagkakataon na ang PANG-URING "banal" ay isinama.

1. "banal na mga Kasulatan" (ang buong sugnay ay nagbabanggit din ng "mga propeta"), Roma 1:2
2. "banal na mga sinulat," II Timoteo 3:15

**NATATANGING PAKSA: ANG *KERYGMA* NG SINAUNANG IGLESYA**

A. Ang mga pangako ng Diyos na ginawa sa Lumang Tipan ay nagkaroon na ngayon na katuparan sa pagdating ni Hesus ang Mesias (Mga Gawa 2:30-31; 3:19,24; 10:43; 26:6-7,22;

Roma 1:2-4; I Timoteo 3:16; Hebreo 1:1-2; I Pedro 1:10-12; 2 Pedro 1:18-19).

B. Si Hesus ay pinahiran ng Diyos bilang isa Mesias sa Kanyang bautismo (Mga Gawa 10:38).

C. Si Hesus ay nagsimula ng Kanyang ministeryo sa Galilea pagkatapos ng Kanyang bautismo (Mga Gawa 10:37).

D. Ang Kanyang ministeryo ay nakikitaan ng pagagawa ng mabuti at pagpapamalas ng matitinding mga gawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos (Marcos 10:45; Mga Gawa 2:22; 10:38).

E. Ang Mesias ay ipinako sa krus ayon sa walang hanggang layunin ng Diyos (Marcos 10:45; Juan 3:16; Mga Gawa 2:23; 3:13-15,18; 4:11; 10:39; 26:23; Roma 8:34; I Corinto 1:17-18; 15:3; Galacia 1:4; Hebreo 1:3; I Pedro 1:2,19; 3:18; I Juan 4:10).

F. Siya ay binuhay mula sa mga patay at nagpakita sa Kanyang mga alagad (Mga Gawa 2:24,31-32; 3:15,26; 10:40-41; 17:31; 26:23; Roma 8:34; 10:9; I Corinto 15:4-7,12ff; I Thesalonica 1:10; I Timoteo 3:16; I Pedro 1:2; 3:18,21).

G. Si Hesus ay inangat ng Diyos at binigyan ng pangalang "Panginoon" (Mga Gawa 2:25-29,33-36; 3:13; 10:36; Roma 8:34; 10:9; I Timoteo 3:16; Hebreo 1:3; I Pedro 3:22).

H. Ibinigay Niya ang Banal na Espiritu upang magtatag ng bagong komunidad ng Diyos (Mga Gawa 1:8; 2:14-18,38-39; 10:44-47; I Pedro 1:12).

I. Siya ay muling babalik para sa paghuhukom at pagpapanibago ng lahat ng bagay (Mga Gawa 3:20-21; 10:42; 17:31; I Corinto 15:20-28; I Thesalonica 1:10).

J. Lahat ng nakarinig sa mensahe ay dapat na magsisi at mabautismuhan (Mga Gawa 2:21,38; 3:19; 10:43,47-48; 17:30; 26:20; Roma 1:17;10:9; I Pedro 3:21).

Ang panukalang ito ay nagsisilbing mahalagang pagpapahayag ng naunang iglesiya, bagaman magkakaiba ang mga may-akda ng Bagong Tipan ay maaaring mag-iwan ng bahagi o magbigay-diin sa ibang mga bahagi ng kanilang pangangaral. Ang kabuuan ng Ebanghelyo ni Marcos ay malapitang sinusunod ang aspeto ng kerygma ni Pedro. Si Marcos, sa tradisyon, ay tinitingnan bilang pagbabalangkas ng mga pangangaral ni Pedro, na ipinangaral sa Roma, na isang isinulat na Ebanghelyo. Kapwa ang Mateo at Lucas ay sumusunod sa panimulang balangkas ng Marcos.

**1:3 "Tungkol sa kaniyang Anak"** Ang pangunahing mensahe ng Mabuting Balita ay isang persona, si Hesus ng Nazaret, anak na lalaki na ipinanganak ng birheng si Maria. Sa OT ang bansa, ang Hari, at ang Mesias ay tinawag na "anak na lalake" (cf. II Samuel 7:14; Osea 11:1; Awit 2:7; Mateo 2:15).

Sa OT, ang Diyos ay nangungusap sa pamamagitan ng mga lingkod at mga propeta. Si Hesus ay hindi isang lingkod ng Diyos. Siya ay isang miyembro ng pamilya (cf. Hebreo1:1-2; 3:6; 5:8; 7:28). Nakakagulat na dito lang sa lugar ng aklat tumuon si Pablo sa Kristolohiya (doktrina patungkol kay Kristo. Ang Roma ay hindi isang lubusang sistematikong teolohiya.

**NATATANGING PAKSA: ANG ANAK NG DIYOS**

Isa ito sa mga pangunahing katawagan (titulo) sa NT para kay Hesus. Ito ay may tiyak na kahulugang pagka-Diyos (banal) . Ito ay nagsasama kay Hesus bilang "ang Anak" o "Aking Anak" at ipinakikilala ang Diyos bilang "Ama." Makikita ito sa NT ng higit sa 124 na beses. Maging ang sariling katawagan (designasyon) ni Hesus bilang "Anak ng Tao" ay mayroong banal na kahulugan mula sa Daniel 7:13-14.

Sa OT ang katawagang "anak" ay maaring tumutukoy sa apat na partikular na mga grupo.

1. Ang mga anghel (kadalasang PANGMARAMIHAN, cf. Genesis 6:2; Job 1:6; 2:1)
2. Ang Hari ng Israel (cf. II Samuel 7:14; Awit 2:7; 89:26-27)
3. Ang bansang Israel sa kabuuan (cf. Exodo 4:22-23; Deuteronomio 14:1; Osea 11:1; Malakias 2:10)

4. Ang mga hukom ng Israel (cf. Awit 82:6)

Ito ay ikalawang pagkagamit na inuugnay kay Hesus. Sa ganitong paraan, ang "anak ni David" at "anak ng Diyos" ay kapwa nauugnay sa II Samuel 7; Awit 2 at 89. Sa OT, ang "anak ng Diyos" ay hindi kailanman ginamit nang tiyakan sa Mesias, maliban bilang ekastolohikal na hari na gaya ng sa "pinahirang mga katungkulan" ng Israel. Gayunpaman, sa *Dead Sea Scrolls* ang titulo na may maka-Mesias na implikasyon ay karaniwan (tignan mga partikular na pinagmulan sa *Dictionary of Jesus and the Gospels,* p. 770). Gayundin, ang "Anak ng Diyos" ay isang maka-Mesias na titulo sa dalawang interbiblikal na mga gawang Hudyong apokaliptiko (cf. II Esdras 7:28; 13:32,37,52; 14:9 at I Enoch 105:2).

Ang kaligiran nito sa NT sa kanyang pagtukoy kay Hesus ay pinakamahusay na mabubuod sa pamamagitan ng maraming mga pangkat.

1. Ang Kanyang pag-iral bago pa man ang paglilikha (cf. Juan 1:1-18)
2. Ang Kanyang natatanging (birheng) kapanganakan (cf. Mateo 1:23; Lucas 1:31-35)
3. Ang Kanyang bautismo (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11; Lucas 3:22. Ang tinig ng Diyos mula sa langit ay nagsasama ng maharlikang hari ng Awit 2 sa naghihirap na lingkod ng Isaias 53).
4. Ang Kanyang maka-Satanas ng panunukso (cf. Mateo 4:1-11; Marcos 1:12,13; Lucas 4:1-13. Siya ay tinukso upang pag-alinlangan ang Kanyang pagiging anak o matupad man lang ang layunin nito sa ibang kaparaanan maliban sa krus).
5. Ang Kanyang paninindigan sa mga hindi katanggap-tanggap na pagtatapat
   a. Mga demonyo (cf. Marcos 1:23-25; Lucas 4:31-37,41; Marcos 3:11-12; 5:7)
   b. Mga di-mananampalataya (cf. Mateo 27:43; Marcos 14:61; Juan 19:7)
6. Ang Kanyang paninindigan sa kanyang mga alagad
   a. Mateo 14:33; 16:16
   b. Juan 1:34,49; 6:69; 11:27
7. Ang Kanyang sariling paninindigan
   a. Mateo 11:25-27
   b. Juan 10:36
8. Ang Kanyang paggamit ng talinghagang pampamilya sa Diyos bilang Ama
   a. Ang Kanyang paggamit ng "abba" para sa Diyos
      1) Marcos 14:36
      2) Roma 8:15
      3) Galacia 4:6
   b. Ang Kanyang paulit-ulit na paggamit ng Ama (*patēr*) upang ilarawan ang Kanyang kaugnayan sa pagka-Diyos

Sa pagbubuod, ang titulong "Anak ng Diyos" ay mayroong dakilang teolohikong kahulugan para sa mga nakakaalam ng OT at ang kanyang mga pangako at mga pangkat, ngunit ang mga manunulat ng NT ay kinakabahan sa paggamit nito sa mga Hentil dahil sa kanilang paganong pinanggalingan ng "mga diyos" na kumukuha ng mga kababaihan na nagbubunga ng mga anak na "mga titan" o "mga higante."

▣ **"na ipinanganak sa binhi ni David"** Ito ay maiuugnay sa propesiya ng II Samuel 7. Ang Mesias ay nasa maharlikang linya ni David (cf. Isaias 9:7; 11:1,10; Jeremias 23:5; 30:9; 33:15) mula sa angkan ni Judah (cf. Genesis 49:4- 12; Isaias 65:9). Sa Ebanghelyo ni Mateo, si Hesus ay kinalala bilang nasa angkan ni David nang maraming beses (cf. 1:6; 9:27; 12:23; 15:22; 20:30,31; 21:9,15; 22:42), na nagpapakita ng pag-asang pang-Hudyo sa darating na tagapagligtas na mula kay David.

Ito ay nakakagulat na si Pablo ay hindi nagbigay-diin sa aspetong ito kay Hesus. Binanggit niya lamang ito dito at sa II Timoteo 2:8; ang kapwa mga talata ay maaaring mga sipi mula sa kautusan (kredo) ng naunang iglesiya. Ang NIDNTT, tomo 3, p. 61, ay nagtala ng maraming NT teksto sa Banal na Kasulatan na maaaring magpahayag ng maaagang Kristolohikong kredo/imno/liturhiya (i.e., Roma

1:3-4; 8:34; I Corinto 15:3-4; Filipos 2:6-11; I Timoteo 3:16; II Timoteo 2:8; I Pedro 3:18-20).

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV "ayon sa laman"**
**TEV "ayon sa kanyang pagiging tao"**
**NJB "ayon sa kalikasan ng tao"**

Ito ay katupara ng propesiya at isang paninidigan ng pagiging-tao ni Hesus, na kadalasang itinatanggi sa mga eklikong pang-relihiyong mundo ng unang siglo (cf. I Juan 1:1-4; 4:1-3). Ang talatang ito ay maliwanag na nagpapakita na si Pablo ay hindi palaging gumagamit ng salitang "laman" (*sarx*) sa isang negatibong pagkakaunawa (cf. 2:28; 9:3). However, usually Pablo used "flesh" to contrast "espiritu" (cf. 6:19; 7:5,18,25; 8:3-9,12,13; I Corinto 5:5; II Corinto 1:17; 11:18; Galacia 3:3; 5:13,16,17- 19,24; 6:8; Efeso 2:3; Colosas 2:11,13,18,23).

Ang pang-gramatikong pagkakagawa na *kata* (ayon sa) dagdagan ng AKUSATIBO ay katulad ng sa v. 4. Si Hesus ay kapwa tao (ayon sa laman, v. 3) at Diyos (ayon sa Espiritu, v. 4). Ang doktrinang ito ng pagkakatawang-tao ay napakahalaga (cf. I Juan 4:1-3). Ito rin ay maaaring maging pagpapahiwatig ng sariling-piling paghirang ni Hesus, "Anak ng Tao" (cf. Awit 8:4; Ezekiel 2:1 [tao] at Daniel 7:13 [Diyos]).

**NATATANGING PAKSA: ANG LAMAN (*sarx*)**

Ang salitang ito, higit sa lahat, ay palagiang ginagamit ni Pablo sa Galacia at kanyang teolohikong pagpapaunlad sa Roma. Ang mga pantas ay nagkakaiba sa kung papaano itatalaga ang mga magkakaibang pakahulugan ng salita. Mayroong tiyak na ilang pagkakatulad sa mga kahulugan. Ang mga sumusunod ay isang bahagyang pagtatangka upang tandaan ang malawak na pang-semantikong larangan ng salita.

A. Ang katawan ng tao, Juan 1:14; Roma 2:28; I Corinto 5:5; 7:28; II Corinto 4:11; 7:5; 12:7; Galacia 1:16; 2:16,20; 4:13; Filipos 1:22; Colosas 1:22,24; 2:5; I Timoteo 3:16
B. Ang pinagmulan ng tao, Juan 3:6; Roma 1:3; 4:1; 9:3,5,8; 11:14; I Corinto 10:18; Galacia 4:23,29
C. Ang indibidwal na tao, Roma 3:20; 7:5; 8:7-8; I Corinto 1:29; II Corinto 10:3; Galacia 2:16; 5:24
D. Ang pangtaong pagsasalita, Juan 8:15; I Corinto 1:26; II Corinto 1:12; 5:16; 10:2; Galacia 6:12
E. Ang kahinaan ng tao, Roma 6:19; 7:18; 8:5-6,9; II Corinto 10:4; Galacia 3:3; 5:13,16,19-21; Colosas 2:18
F. Ang pagsasalungat sangkatauhan sa Diyos, na kaugnay ng kinalabasan ng Pagkahulog, Roma 7:14; 13:14; I Corinto 3:1,3; Efeso 2:3; Colosas 2:18; I Pedro 2:11; I Juan 2:16

**1:4**
**NASB, NKJV,**
**NRSV, NIV "Na ipinahayag"**
**TEV "ipinakita"**
**NJB, RSV "paghirang"**
**NET "pagtalaga"**
**REB "pagpapahayag"**

Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang Diyos tiyakang itinalaga si Hesus "ang Anak ng Diyos." Hindi ito nangangahulugan na ang Betlehem ay ang panimula ni Hesus o na Siya ay mas mababa sa Ama. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 8:11. Tingnan ang pangatlong talataan sa ibaba.

▣ **"na Anak ng Diyos na may kapangyarihan"** Ang mga may-akda ng NT ay hindi kadalasang tinutukoy si Hesus sa pantawag (titulo) na "Anak ng Diyos" (cf. Mateo 4:3) dahil sa mga maling

implikasyon nito mula sa Griyegong mitolohiya (totoo din ito sa ipinanganak ng birhen). Ang konseptong ito ay kadalasang itinatakda sa pamamagitan ng "natatangi, nag-iisa sa uri" (*monogenes*, cf. Juan 1:18; 3:16,18; I Juan 4:9). Samakatuwid, ito ay nangangahulugang "si Hesus, ang Nag-iisang Tunay na Anak ng Diyos." Tingnan ang Natatanging Paksa at 1:3.

Ang NT ay dalawang teolohikong panindigan na nag-uugnay sa Diyos Ama at kay Hesus na Anak.

1. Sila ay may pagkapantay (cf. Juan 1:1; 5:18; 10:30; 14:9; 20:28; II Corinto 4:4; Filipos 2:6; Colosas 1:15; Hebreo 1:3) ngunit
2. Sila ay magkahiwalay na mga persona (cf. Marcos 10:18; 14:36; 15:34)

Maaaring si Pablo ay sumisipi ng isang maagang Kristolohikong kredo o nagbabanggit sa maka-Mesias na Hari ni YHWH sa Awit 2:6,7 or 110:1 (cf. Gawa 2:34-36). Sa paggawa nito, binigyang-diin niya ang buong parirala na "the Son of Diyos with power" (NIDNTT, vol. 2, p. 79) na tumutuon, hindi sa Kanyang kapanganakan o bautismo, ngunit sa Kanyang pag-akyat sa langit. Gayunman, ang *Adoptionist Christologies* (tingnan ang Talahuluganan) ay kinuha ang talata at sinipi ito para sa kanilang sariling mga layunin. Sa ganitong pamamaraan ng pagpapatunay ng talata o teksto (*proof-texting*) ng pagpapaliwanag ng Bibliya, ang isa ay maaaring pasalitain ang Bibliya ng kahit ano (tingnan ang aking seminar sa *Biblical Interpretation* na walang bayad sa internet sa www.freebiblecommentary.org).

▣ **"pamamagitan ng pagkabuhay na maguli"** Pinanindigan ng Diyos Ama ang buhay at mensahe ni Hesus sa pamamagitan ng Kanyang pagkabuhay mula sa mga patay (cf. 4:24; 6:4,9; 8:11; Gawa 2:31-33). Ang pagka-Diyos (cf. Juan 1:1-14; Colosas 1:15-19; Filipos 2:6-11; Hebreo 1:2-3) at muling pagkabuhay ni Hesus (cf. 4:25; 10:9-13; I Corinto 15) ay kambal na haligi ng Kristiyanismo.

▣ Ang talatang ito ay kadalasang ginagamit na tagapangtanggol sa maling pananampalataya ng "adopsyonismo" na nagpapahayag na si Hesus ay ginantimpalaan at itinaas ng Diyos para sa Kanyang kapuri-puring buhay ng pagsunod. Ang mga erehe ay nagpapahayag na Siya hindi palaging (ontolohiko) may pagka-Diyos, ngunit nagkaroon ng pagka-Diyos nang ang Diyos ay binuhay siya mula sa mga patay. Bagaman ito ay maliwanag na hindi totoo, na malinaw mula sa maraming mga teksto tulad ng Juan 1 at 17, mayroong kahanga-hanga ang ipinagkaloob kay Hesus sa Kanyang muling pagkabuhay. Napakahirap ipahayag kung papaanong ang pagka-Diyos ay maaaring igawad, ngunit ganoon ang nangyari. Kahit na nga si Hesus ay kabahagi sa walang hanggang kaluwalhatian kasama ng Ama, ang Kanyang kalagayan ay tila napagyaman sa pamamagitan ng sakdal na katuparan ng Kanyang inaatas na gawain ng pagtutubos. Ang muling pagkabuhay ay pagpapatunay ng Ama sa buhay, halimbawa, mga katuruan at pang-sakripisyong kamatayan ni Hesus ng Nazaret; may walang hanggang pagka-Diyos, lubos na tao, ganap na tagapagligtas, napanumbalik at naggantimpalaan, natatanging Anak! Tingnan ang Natatanging Dahon Tatlo - Adopsyonismo.

▣

**NASB, NKJV** **"ayon sa Espiritu ng kabanalan"**
**NKJV** **"ayon sa espiritu ng kabanalan"**
**TEV** **"tulad ng sa Kanyang maka-Diyos na kabanalan"**
**NJB** **"sa kaayusan ng espiritu, ang espiritu ng kabanalan"**

Ang ilang mga salin ay sinusulat sa malaking titik "E" ang Espiritu, na nagpapahiwatig ng Holy Espiritu, habang ang maliit na titik "e" ay tumutukoy sa pantaong espiritu ni Hesus. Tulad na ang Diyos Ama ay Espiritu, gayundin, si Hesus. Ang sinaunang mga teksto sa Hebreo at Griyego ay walang malalaking titik, walang mga bantas, at walang mga paghahati sa kabanata o talata, samakatuwid, ang lahat ng ito ay mga punto ng tradisyon o pagpapaliwanag ng mga tagapagsalin.

Mayroong tatlong paraan upang makita ang mga talatang 3 at 4.

1. Bilang isang sanggunian sa dalawang likas ni Hesus, pagkatao at pagka-Diyos

2. Bilang isang sanggunian sa dalawang yugto ng Kanyang buhay sa mundo, bilang tao at ang muling nabuhay na Panginoon
3. Bilang isang pagkakatulad sa "Hesukristong ating Panginoon"

▣ **"Hesus"** Ang Aramaikong pangalan ni *Hesus* ay katulad ng sa Hebreong pangalang *Joshua*. Ito ay isang pinagtambal na dalawang Hebreong salita na "YHWH" at "kaligtasan." Ito ay maaaring mangahulugan na "nagliligtas si YHWH," "pagtutubos ni YHWH" or "si YHWH ang kaligtasan." Ang pangunahing kahulugan ay makikita sa Mateo 1:21,25.

▣ **"Kristo"** Ito ang Griyegong salin ng Hebreong salita na *messiah* (BDB 603), na nangangahulugang "ang isang pinahiran o pinili." Sa maraming mga pangkat ng mga namumuno sa OT (mga propeta, mga saserdote, at mga hari) ay pinahiran bilang isang tanda ng pagpili at pagpapalakas ng Diyos. Tinupad ni Hesus ang lahat ng tatlong mga pinahirang katungkulan (opisina) (cf. Hebreo 1:2-3).

Ang OT ay hinulaan na ang Diyos ay magpapadala ng natatanging "isang pinahiran" upang ihatid ang Bagong Panahon ng Katuwiran. Si Hesus ang Kanyan natatanging "lingkod," "anak," at "Mesias."

**NATATANGING PAKSA: ANG MESIAS**

Ito ay kinuha mula sa komentaryong isinulat sa Daniel 9:6. Ang kahirapan sa pagbibigay kahulugan ng talatang ito ay dahil sa ang mga maaaring kahulugan ay nauugnay sa salitang Mesias o ang isang pinahiran (BDB 603).

1. Ginamit ng mga Haring Hudyo (e.g., I Samuel 2:10; 12:3)
2. Ginamit ng mga Saserdoteng Hudyo (e.g., Levitico 4:3,5)
3. Ginamit ni Ciro (cf. Isaias 45:1)
4. Ang #1 at #2 ay pinagsama sa Awit 110 at Zacarias 4
5. Ginamit sa nanananging pagparito ng Diyos, ang Haring mula kay David na magdadala ng bagong panahon ng katuwiran
   a. Hanay ni Juda (cf. Genesis 49:10)
   b. Tahanan ni Jesse (cf. II Samuel 7)
   c. Pangkahalatang Paghahari (cf. Awit 2; Isaias 9:6; 11:1-5; Micah 5:1-4ff)

Ako ay personal na naaakit sa pagkakakilala bilang "ang isang pinahiran" kay Hesus ng Nazaret sapagkat

1. ang panimula sa walang hanggang Kaharian sa Daniel 2 sa panahong ng ikaapat na emperyo
2. ang panimula sa "ang anak ng tao " sa Daniel 7:13 na binigyan ng walang hanggang kaharian
3. ang sugnay ng pagtutubos ng Daniel 9:24, na nagpupunto patungo sa pagpapasimula ng kasaysayan ng makasalanang mundo
4. ang paggamit ni Hesus ng aklat na Daniel sa NT (cf. Mateo 24:15; Marcos 13:14)

▣ **"Panginoon"** Sa Judaismo ang pangkasuduan pangalan para sa Diyos, na YHWH, ay naging napaka-bahal na ang mga rabi ay ipinalit ang titulong "Panginoon," (*Adon*) kapag nagbabasa ng Banal na Kasulatan dahil natatakot silang gamitin ang pangalan ng Diyos ng walang kabuluhan (cf. Exodo 20:7; Deuteronomio 5:11) at sa gayon ay makalalabag ng isa sa Sampung Utos. Nang ang mga may-akda ng NT ay tinawag si Hesus na "Panginoon" ("Kurios") sa teolohikong konteksto, sila ay naninindigan sa Kanyang pagka-Diyos (cf. Gawa 2:36; Roma 10:9-13; Filipos 2:6-11).

**NATATANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA PAGKA-DIYOS**

A. *El* (BDB 42, KB 48)
   1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na salita para sa pagkaDiyos ay hindi tiyak, ngunit

marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akkadian na ugat na, “maging malakas” o “maging makapangyarihan” (cf. Genesis 17:1; Bilang 23:19; Deuteronomio 7:21; Awit 50:1).

2. Sa Canaanite na panteon ang mataas na diyos ay ang *El* (Ras Shamra na mga teksto)
3. Sa Bibliya ang *El* ay hindi kadalasan nasasamahan ng ibang mga salita. Ang mga kombinasyon na ito ay naging daan para maipakilala ang Diyos.
   a. *El-Elyon* (Kataas-taasang Diyos, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deuteronomio 32:8; Isaias 14:14
   b. *El-Roi* (“Ang Diyos na nakakakita” o “Ang Diyos na naghahayag sa Kanyang sarili,” BDB 42 & 909), Genesis 16:13
   c. *El-Shaddai* (“Makapangyarihang Diyos” or “Diyos ang Lahat ng Pagkahabag” o “Ang Diyos ng Kabundukan,” BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
   d. *El-Olam* (ang Walang Hanggang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay maiuugnay sa teolohiya sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16
   e. *El-Berit* (“Ang Diyos ng Kasunduan,” BDB 42 & 136), Hukom 9:46
4. Ang *El* ay itinutumbas sa
   a. YHWH sa Awit 85:8; Isaias 42:5
   b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, “Ako ang *El*, ang *Elohim* ng iyong ama”
   c. *Shaddai* in Genesis 49:25
   d. “panibugho” sa Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15
   e. “awa” sa Deuteronomio 4:31; Nehemia 9:31;
   f. “dakila at kamangha-mangha” sa Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemia 1:5; 9:32; Daniel 9:4
   g. “kaalaman” sa I Samuel 2:3
   h. “aking matatag na kanlungan” sa II Samuel 22:33
   i. “aking tagapaghiganti” sa II Samuel 22:48
   j. “nag-iisang banal” sa Isaias 5:16
   k. “lakas” sa Isaias 10:21
   l. “aking kaligtasan” sa Isaias 12:2
   m. “dakila at makapangyarihan” sa Jeremias 32:18
   n. “ganti” sa Jeremias 51:56
5. Ang pagkakasama ng lahat ng mga pangunahing pangalan sa OT ng Diyos ay matatagpuan sa Joshua 22:22 (*El, Elohim, YHWH,* inulit)

B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)
1. Ang pangunahing kahulugan nito ay “mataas,” “pinadakila,” o “pinatayog pataas” (cf. Genesis 40:17; I Hari 9:8; II Hari 18:17; Nehemia 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Awit 18:13).
2. Ito ay ginagamit na isang katumbas na diwa sa maraming iba pang mga pangalan/titulo ng Diyos.
   a. *Elohim* – Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
   b. *YHWH* – Genesis 14:22; II Samuel 22:14
   c. *El-Shaddai* – Awit 91:1,9
   d. *El* – Bilang 24:16
   e. *Elah* – madalas gamitin sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, na maiuugnay sa *illair* (Aramaiko para sa “Mataas na Diyos”) sa Daniel 3:26; 4:2; 5:18,21
3. Ito ay kadalasang ginagamit ng mga di-Israelita.

a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
b. Balaam, Bilang 24:16
c. Moises, tumutukoy sa mga bansa sa Deuteronomio 32:8
d. Sa Ebanghelyo ni Lucas sa NT, sumulat sa mga Hentil, gumagamit din ng katumbas na Griyegong *Hupsistos* (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Gawa 7:48; 16:17)

C. *Elohim* (PANGMARAMIHAN), *Eloah* (PANG-ISAHAN), pangunahing ginagamit sa panulaan (tula) (BDB 43, KB 52)
1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Lumang Tipan.
2. Ang salitang ito ay tinatalaga sa Diyos ng Israel o sa mga diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). Ang angkan ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Joshua 24:2).
3. Ito ay maaaring tumukoy sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Awit 82:6).
4. Ang salitang *elohim* ay ginagamit din sa iba pang mga espiritwal na nilalang (mga anghel, pang-demonyo) tulad ng sa Deuteronomio 32:8 (LXX); Awit 8:5; Job 1:6; 38:7.
5. Sa Bibliya, ito ay ang unang titulo/pangalan para sa pagka-Diyos (cf. Genesis 1:1). Ito ay tanging ginagamit hanggang sa Genesis 2:4, kung saan ito ay isinasama sa YHWH. Ito ay pangunahing (sa teolohiya) tumutukoy sa Diyos bilang tagapaglikha, tagapagpatuloy, at tagapagbigay ng lahat ng buhay sa mundong ito (cf. Awit 104). It ay kasingkahulugan ng *El* (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito rin na maaaring itulad sa YHWH sa Awit 14 (*Elohim*) ay katulad na katulad ng Awit 53 (YHWH), maliban sa pagbabago ng mga pangalang ng pagka-Diyos (dibino).
6. Bagaman PANGMARAMIHAN at ginamit sa ibang diyos, ang salitang ito ay kadalasang itinatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit kadalasang ito ay may PANG-ISAHAN PANDIWA upang mangahulugan ng paggamit ng iisang Diyos (monoteisko)
7. Ang salitang ito ay matatagpuan sa mga bibig ng mga di-Israelita bilang pangalan para sa pagka-diyos.
   a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
   b. Balaam, Bilang 24:2
   c. Moses, kapag nagsasalita sa mga bansa, Deuteronomio 32:8
8. Kataka-taka ito na ang isang karaniwang pangalan para sa monoteistikong Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN! Bagaman walang katiyakan, narito ang mga palagay (teoriya).
   a. Ang Hebreo ay may maraming MGA PANGMARAMIHAN, na kadalasang ginagamit sa bagbibigay-diin. Ang malapit na maiuugnay dito ay ang nahuling Hebreong pag-gramatikong katangian na tinatawag na "ang pangmaramihan ng maharlika," kung saan ang PANGMARAMIHAN ay ginagamit upang palakihin ang isang kaisipan (konsepto).
   b. Ito ay maaaring tumukoy sa isang kalipunan (konseho) ng mga anghel, na ipinupulong ng Diyos sa langit at silang gumagawa ng Kanyang paghihintay (cf. I Hari 22:19-23; Job 1:6; Awit 82:1; 89:5,7).
   c. Ito ay maaari pa ngang magpakilala ng kapahayagan sa NT ng iisang Diyos sa tatlong persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; Genesis 1:2 ang Espiritu ay lumimlim, at mula sa NT si Hesus ay kinatawan ng Diyos Ama sa paglilikha (cf. Juan 1:3,10; Roma 11:36; I Corinto 8:6; Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).

D. YHWH (BDB 217, KB 394)
1. Ito ay isang pangalan na nagpapakilala ng pagka-Diyos bilang Diyos na gumagawa ng kasunduan; Diyos bilang tagapagligtas, manunubos! Ang sangkatauhan ang sumira sa mga kasunduan, ngunit ang Diyos ay tapat sa Kanyang salit, pangako, kasunduan (cf. Awit 103).

Ang pangalang ito ay unang nabanggit sa kasama ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Sila ay hindi dalawang tala ng paglilikha sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagbibigay-diin: (1) ang Diyos bilang manlilikha ng kalawakan (ang pisikal) at (2) ang Diyos bilang ang natatanging manlilikha ng sangkatauhan. Ang Genesis 2:4-3:24 ay pinasimulan ang natatanging kapahayagan patungkol sa tanging kalalagayan at layunin ng sangkatauhan, gayundin ang suliranin ng kasalanan at paghihimagsik (rebelyon) na ikinakabit sa natatanging kalalagayan.

2. Sa Genesis 4:26 sinasabing "pinasimulan ng mga *tao* ang pagtawag sa pangalan ng PANGINOON" (YHWH). Subalit, ang Exodo 6:3 ay nagpapahiwatig na ang naunang mga tao ng kasunduan (tipan) (ang mga Patriyarka at kanilang mga angkan) ay kilala lamang ang Diyos bilang *El–Shaddai*. Ang pangalang YHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang pagkakataon sa Exodo 3:13-16, lalo na sa v. 14. Gayunman, ang mga sulat ni Moises kadalasang sinasalin ang salita sa pamamagitan ng mga kilalang paglalaro ng salita, hindi sa mga pinagmula ng salita (etimolohiya) (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong maraming mga palagay sa kung ano ang kahulugan ng pangalan na ito (kinuha mula sa IDB, tomo 2, pp. 409-11).
   a. Mula sa isang Arabeng salitang-ugat, "maipakita ang maalab na pagmamahal"
   b. Mula sa iang Arabeng salitang-ugat "umihip" (YHWH bilang Diyos ng unos)
   c. Mulas sa isang Urgatikong (Canaanito) salitang ugat "magsalita"
   d. Sumusunod sa isang Ponetikong tatak o inskripsyon, isang CAUSATIVE NA PANDIWARI na nangangahulugang "ang Isang nagbibigay-lakas," o "ang Isang nagtatatag"
   e. Mula sa Hebreong *Qal* na anyo "ang Isang siya," o "ang Isang umiiral" (sa panghinaharap na diwa, "ang Isang iiral")
   f. Mula sa Hebreong *Hiphil* na anyo "ang Isang nagdudulot ng pag-iral"
   g. Mula sa Hebreong salitang-ugat na "mabuhay" (e.g., Genesis 3:20), na nangangahulugang "ang nabubuhay kailanman, Isang nabubuhay lamang"
   h. Mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro ng DI-GANAP na anyo ay ginamit sa isang GANAP na diwa, "Ako ay magpapatuloy na maging ako sa kung ano ako dati" o "Ako ay magpapatuloy sa pag-iral sa kung anong palagiang pag-iral ako naging" (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Lumang Tipan*, p. 67). Ang buong pangalang YHWH ay kadalasang inihahayag sa pagdadaglat o maaaring isang orihinal na anyo.
      (1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16; Awit 89:9; 104:35)
      (2) *Yahu* ("iah" katapusan ng mga pangalan, e.g., Isaias)
      (3) *Yo* ("Jo" simula ng mga pangalan, e.g., Joshua o Joel)

3. Sa mga huling Judaismo ang kasunduang pangalan ay naging napaka-banal (ang tetragramaton) na ang mga Hudyo ay natatakot sabihin ito na baka nila masira ang kautusan ng Exodo 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa "may-ari," "puno," "husband," "panginoon"—*adon* o *adonai* (aking panginoon). Kapag sila ay dumadating sa YHWH sa kanilang mga pagbasa sa tekstong OT ibinibigkas ito ng "panginoon." Ito ang dahilan kaya ang YHWH ay sinusulat na PANGINOON sa mga Ingles na salin.

4. Kasama ang *El*, ang YHWH ay kadalasang isinasama sa iba pang mga salitang upang bigyang-diin ang mga tiyak ang katangian ng Diyos ng Kasunduan ng Israel. Bagaman may maraming maaaring pagsasama ng mga salitan, ito ang ilan.
   a. *YHWH – Yireh* (si YHWH ay maghahanda, BDB 217 & 906), Genesis 22:14

b. *YHWH – Rophekha* (si YHWH ay iyong tagapagpagaling, BDB 217 & 950, *Qal* PANDIWARI), Exodo 15:26
c. *YHWH – Nissi* (si YHWH ang aking watawat, BDB 217 & 651), Exodo 17:15
d. *YHWH - Meqaddishkem* (si YHWH ang nag-iisang magpapabanal sayo, BDB 217 & 872, *Piel* PANDIWARI), Exodo 31:13
e. *YHWH – Shalom* (si YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Hukom 6:24
f. *YHWH – Sabbaoth* (si YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; kadalasan sa mga Propeta
g. *YHWH – Ro'I* (si YHWH ay aking pastol , BDB 217 & 944, *Qal* PANDIWARI), Awit 23:1
h. *YHWH – Sidqenu* (si YHWH ay ating katuwiran, BDB 217 & 841), Jeremias 23:6
i. *YHWH – Shammah* (si YHWH ay nandito, BDB 217 & 1027), Ezekiel 48:35

**1:5 "namin"** Walang binabanggit si Pablo na ibang tao sa kaniyang panimula, na kadalasan niyang ginagawa sa kanyang ibang mga sulat. Ang unang pariralang ito ay tumutukoy sa pagkakaligtas at pagtatalaga ni Pablo sa Daang Damasco (cf. Gawa 9), na nariing pagpapahiwatig ng editoryal na gamit ng "namin."

▣ **"tinanggap namin ang biyaya at pagkaapostol"** Pinaninidigan ni Pablo hindi lamang ang kaloob ng kaligtasan sa pamamagitan ni Kristo, ngunit gayundin at kaugnay nito, ang panawagan na maging apostol sa mga Hentil. Ang lahat ng ito ay nangyari nang kagyat sa daang Damasco (AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, cf. Gawa 9:1-22; 22:3-16; 26:9-18). Hindi ito mula sa merito (katangian), ngunit sa mapag-layuning biyaya!

Ito ay maaaring ang "biyaya" at "pagkaapostol" ay kinuha bilang isang yunit, "ang kaloob ng pagkaapostol" (NET tala #13). Ang lahat ng iba't-ibang mga salin ay naitala sa *The New Testament in 26 Translations* (p. 646), tingnan din natin ito bilang *hendiadys* (pagpapahayag ng isang kaisipan sa pamamagitan ng dalawang nagsasariling salita).

▣ ***"upang dalhin"*** Ito ang pangalawang paggamit ng *eis* sa isang pang-layuning konteksto (cf. v. 1). Ang ebanghelyo ay nagpapanumbalik ng larawan ng Diyos sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus. Ito ay nagpapahintulot sa orihinal na layunin ng Diyos na maihayag, na ang malapit na pakikipag-ugnayan ng sangkatauhan sa Kanya na nagpapahayag ng Kanyang katangian (cf. v. 7).

▣
**NASB, NJB "sa pagtalima sa pananampalataya"**
**NKJV "para sa pagsunod sa pananampalataya"**
**NRSV "upang dalhin sa pagsunod sa pananampalataya"**
**TEV "upang manampalataya at sumunod"**

Ito ang unang paggamit ng gabay na salitang, "pananampalataya," sa Roma (Tingnan ang Natatanging Paksa at 4:5). Ito ay ginamit sa tatlong magkakaibang paraan sa kabanatang ito at sa aklat.

1. Talata 5. Ito ay ginamit sa isang kalipunan ng mga katotohanan o mga doktrina na nauugnay kay Hesus at sa buhay Kristiyano (cf. Gawa 6:7; 13:8; 14:22; 16:5; Roma 14:1; 16:26; Galacia 1:23; 6:10; Judas 3, 20).
2. Talata 8. Ito ay ginamit sa diwa ng personal na pagtitiwala kay Hesus. Ang Ingles na mga salitang "manampalataya," "pananampalataya," at "pagtitiwala" ay isinalin mula sa iisang Griyegong salita (*pistis/pisteuo*). Ang ebanghelyo ay kapwa pagkaisipan (doktrina) at personal (cf. v.16; Juan 1:12; 3:16). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:5.

3. Talata 17. Ito ay ginamit sa pagkaunawa sa OT ng pagiging mapagkakatiwalaan, katapatan, o maaasahan. Ito ang kahulugan ng Habakuk 2:4. Sa OT walang isang maunlad na doktrina ng pananampalataya, ngunit halimbawa pagkatapos ng halimbawa ng mga buhay pananampalataya (cf. Abraham sa Genesis 15:6), hindi sakdal na pananampalataya ngunit nagsusumikap na pananampalataya (cf. Hebreo 11). Ang pag-asa ng sangkatauhan ay hindi sa kainilang kakayahan sa gumawa o maniwala nang tama, ngunit nasa katangian ng Diyos (cf. 3:24; 6:23; Efeso 2:8-9). Diyos lamang ang matapat (cf. Malakias 3:6)!

Ito ay isang pagsunod-sunod na mga gawain na maaaring tawaging yugto sa kaligtasan.

a. pag-sisisi sa kasalanan (cf. 2:4; Marcos 1:15; Lucas 13:3,5; Gawa 3:16,19; 20:21)
b. paniniwala/pananampalataya (cf. 1:16; Juan 1:12; 3:16; Gawa 16:31, bautismo ay isang pang-madlang pagpapahayag ng ng sinumang pananampalataya)
c. pagsunod (cf. 2:13; II Corinto 9:13; 10:5; I Pedro 1:2,22)
d. pagtitiyaga (cf. 2:7; Lucas. 18:1; II Corinto 4:1,16; Galacia 6:9; II Thesalonica 3:13)

Ito ang mga batayan ng Bagong Kasunduan. Kailangan nating tumanggap/manampalataya at magpatuloy na tumanggap/manampalataya sa kaloob ng Diyos kay Kristo (cf. v. 16; Juan 1:12).

**NATATANGING PAKSA: MANIWALA, MAGTIWALA, PANANAMPALATAYA, AT KATAPATAN SA LUMANG TIPAN (אמן)**

I. Paunang Pahayag

Kailangan banggitin na ang paggamit ng teolohikong pagkaunawa, ay napakahalaga sa NT, hindi ito malinaw na binigyan kahulgan sa OT. Ito ay tiyak na nandoon, ngunit iponakita sa ilang mga talata at mga katauhan.

Ang paghahalo sa OT

A. ang pangsarili at panlipunan
B. ang personal pagtatagpo at pangkasunduang pagsunod

Ang pananampalataya ay kapwa personal pagtatagpo at pang-araw-araw na pamumuhay! Mas madaling ilarawan ang isang tao kaysa sa *lexical* na anyo. (i.e.,pag-aaral ng salita). Ang pangsariling aspeto ay pinakamahusay na mailalarawan kina

A. Abraham at ang lipi
B. David at Israel

Ang mga lalaking ito ay nasumpungan/ natagpuan ang Diyos at kanilang mga buhay ay pamalagiang nabago (hindi sakdal na mga buhay, ngunit nagpapatuloy sa pananampalataya). Ang pagsubok ay nagpapakita ng mga kahinaan at mga kalakasan ng kanilang pananampalataya sa pagtatagpo sa Diyos, ngunit ang malalim, mapagkakatiwalaang pakikipag-ugnayan ay magpapatuloy sa mahabang panahon! Ito ay sinubok at pinadalisay, ngunit itoy nagpatuloy bilang katunayan ng kanilang debosyon at lakad ng buhay.

II. Pangunahing Salitang-ugat na ginamit

A. אמן (BDB 52)
   1. PANDIWA
      a. *Qal* na tangkay – sumuporta, palusugin (i.e., II Hari 10:1,5; Ester 2:7, ang di-teolohikong pagkakagamit)
      b. *Niphal* na tangkay – siguruhin o patatagin, pagtibayin, patunayan, maging tapat o katiwa-tiawala
         (1) Sa tao, Isaias 8:2; 53:1; Jeremias 40;14
         (2) Sa mga bagay, Isaias 22:23

(3) sa Diyos, Deuteronomio 7:9,12; Isaias 49:7; Jeremias 42:5

c. *Hiphil* ang tangkay – tumayo ng matatag, maniwala, magtiwala

(1) Naniwala si Abraham sa Diyos, Genesis 15:6

(2) ang mga Israelita sa Ehipto ay naniwala Exodo 4:31; 14:31 (nawala sa Deuteronomio 1:32)

(3) ang mga Israelita ay naniwala kay YHWH na nagsalita sa pamamagitan ni Moses, Exodo 19:9; Awit 106:12,24

(4) Si Ahaz ay hindi nagtiwala sa Diyos, Isaias 7:9

(5) kung sinoman ang maniwala sa bagay/kanya, Isaias 28:16

(6) naniwala sa mga katotohanang tungkol sa Diyos  Isaias 43:10-12

2. PANGNGALAN (PANLALAKI) – katapatan (i.e., Deuteronomio 32:20; Isaias 25:1; 26:2)

3. PANG-ABAY – tunay nga, sa katotohanan, ako ay sumasang-ayon, maaring ito na nga (cf. Deuteronomio 27:15-26; I Hari 1:36; I Chronika 16:36; Isaias 65:16; Jeremias 11:5; 28:6). Ito ay ang liturhikong gamit ng "amen" sa mga OT and NT.

B. א מח (BDB 54) PAMBABAE PANGNGALAN, katatagan, katapatan, katotohanan

1. ng tao, Isaias 10:20; 42:3; 48:1

2. ng Diyos, Exodo 34:6; Awit 117:2; Isaias 38:18,19; 61:8

3. ng katotohanan, Deuteronomio 32:4; I Hari 22:16; Awit 33:4; 98:3; 100:5; 119:30; Jeremias 9:4; Zacarias 8:16

C. אמונה (BDB 53), katotohanan, pagiging matibay, katumpakan

1. ng mga kamay, Exodo 17:12

2. sa mga panahon, Isaias 33:6

3. sa sangkatauhan, Jeremias 5:3; 7:28; 9:2

4. ng Diyos, Awit 40:11; 88:12; 89:2,3,6,9; 119:138

III. Ang paggamit ni Pablo ng kaunawaang ito ng OT

A. Si Paul ay nagbatay ng kanyang pagkakaunawa ng YHWH at ang OT sa kanyang personal na pagtatagpo kay Hesus sa landas sa Damascus (cf. Gawa 9; 22; 26).

B. Natagpuan niya ang tulong ng OT sa kanyang bagong pagkakaunawa sa dalawang susing OT na talata na gumamit ng salitang-ugat na אמן.

1. Genesis 15:6 – Ang personal na pagtatagpo ni Abraham na sinimulan ng Diyos (Genesis 12)  na nagbunga sa masunuring buhay pananampalataya (Genesis 12-22).  Binanggit ni Pablo ito sa Roma 4 at Galacia 3.

2. Isaias 28:16 – yaong mga naniwala dito ay  (i.e., Ang Diyos ay nagsubok at matatag na naglagay ng patibayang bato) ay hindi kailanman

a. Roma 9:33, "mailalagay sa kahihiyan" o "mabigo"

b. Roma 10:11, kagaya nang nasa itaas

3. Habakuk 2:4 – yaong mga nakakilala sa tapat na Diyos ay dapat na mamuhay ng tapat na buhay (cf. Jeremias 7:28). Si Pablo ay gumamit ng talatang ito sa Roma 1:17 at Galacia 3:11 (tingnan din sa  Hebreo 10:38).

IV. Ang paggamit ni Pedro ng kaunawaang ito ng OT

A. Pinagsama ni Pedro

1. Isaias 8:14 – I Pedro 2:8 (batong katitisuran)

2. Isaias 28:16 – I Pedro 2:6 (patibayang bato)

3. Awit 111:22 – I Pedro 2:7 (batong itinakwil)

B. Ibinaling niya ang natatanging wika na naglalarawan sa Israel, "ang piniling lahi, ang maharalikang pagkasaserdote, ang banal na bayan, ang tao para sa sariling pag-aari ng Diyos" mula sa

1. Deuteronomio 10:15; Isaias 43:21
2. Isaias 61:6; 66:21
3. Exodo 19:6; Deuteronomio 7:6

at ngayon ay ginagamit ito para pananampalataya ng iglesya kay Kristo

V. Ang paggamit ni Juan ng konsepto

A. Ang pagkakagamit sa NT

Ang katagang "naniwala" ay nagmula sa Griyegong katagang (*pisteuō*). na maaring maisalin sa "maniwala," manampalataya," o " magtiwala." Halimbawa, ang PANGNGALAN ay hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginamit. Sa Juan 2:23-25 mayroon hindi tiyak sa pagiging tunay ng mga pangako ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang isang Mesias. Ibang mga halimbawa ng mapa-imbabaw na gamit ng katagang "maniwala" ay sa mga Juan 8:31-59 at Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

B. Ang paggamit nito na may MGA PANG-UKOL

1. *eis* na nangunguhulang "sa." Ang natatanging pagkabuo na ito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
    a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
    b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45, 48; 17:37,42; Mateo 18:6; Gawa 10:43; Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
    c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
    d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
    e. kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; Galacia 2:16)
    f. sa Liwanag (Juan 12:36)
    g. sa Diyos (Juan 14:1)
2. *en* na nangangahugang "nasa" gaya ng sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Gawa 5:14
3. *epi* na nangangahulugang "sa" or "sa ibabaw," gaya ng sa Mateo 27:42; Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; Roma 4:5, 24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
4. ang DATIBONG KALAGAYAN na walang PANG-UKOL gaya ng sa Galacia 3:6; Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
5. *hoti,* na nangangahulugang "paniwalaang ang," nagbibigay ng nilalaman ng kung ano ang paniniwalaan
    a. Si Hesus ay ang Nag-iisang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
    b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
    c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
    d. Si Hesus ay ang Mesias (Juan 11:27; 20:31)
    e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
    f. Si Hesus ay ipinadala ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
    g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
    h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
    i. Si Hesus ay kinilala ang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, "Ako nga" (Juan 8:24; 13:19)
    j. Tayo ay mamumuhay ng kasama Niya (Roma 6:8)
    k. Si Hesus ay namatay at muling nabuhay (I Thesalonica 4:14)

VI. Buod

Ang Biblikal na pananampalataya ay isang makataong pagtugon sa Banal na salita/pangako. Ang Diyos ay palaging nagsisimula (i.e., Juan 6:44,65), ngunit bahagi ng Banal na pakikipag-usap ay ang pangangailangan na ang sangkatauhan ay tumugon.

A. pagtitiwala
B. pagtalima ayon sa kasunduan

Ang Biblikal na pananampalataya ay

1. isang personal na kaugnayan (panimulang pananampalataya)
2. ang paninindigan sa Biblikal na katotohanan (pananampalataya sa kapahayagan ng Diyos)
3. ang angkop na mapagtalimang pagtugon (pang-araw-araw na pananampalataya)

Ang Biblikal na pananapalataya ay hindi tiket sa langit o patakarang pagsisiguro. Ito ay personal na ugnayan. Ito ang layunin ang paglilikha at mga taong na ginawa ayon sa larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27) ng Diyos. Ang usapin ay "pagiging malapit." Ninanais ng Diyos ang pakikipagsalamuha, hindi ang isang panindigan teolohikal! Ngunit ang pakikisalamuha kasama ang banal na Diyos ay nangangailang ang mga anak ay magpakita ng "pampamilyang" katangian (i.e., kabanalan, cf. Levitico 19:2; Mateo 5:48; I Pedro 1:15-16). Ang Pagbagsak (cf. Genesis 3) nakaapekto sa ating kakayahan na tumugon ng angkop. Samakatuwid, Kumilos ang Diyos para sa atin (cf. Ezekiel 36:27-38), binigyan tayo ng "bagong puso" at "bagong espiritu," kung saan sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi, tayo ay nagkaroon ng pakikisalamuha ang pagsunod sa Kanya!

Lahat ng tatlong ito ay napakamahalaga. Ang lahat ng tatlo ay dapat mapanatili. Ang layunin ang makilala ang Diyos (kapwa Hebreo at Griyegong mga kaunawaan) at ipakita ang Kanyang katangian sa ating mga buhay. Ang tunguhin ng ating pananampalataya ay hindi ang langit balang-araw, ngunit ang pagiging katulad ni Kristo araw-araw!

Ang pananampalataya ng tao ay ang bunga (NT), hindi ang batayan (OT) ng ating pakikipag-ugnayan sa Diyos: ang pananampalataya ng tayo ay ang Kanyang katapatan; ang pagtitiwala ng tao ay ang Kanyang pagiging mapagkakatiwalaan. Ang puso ng pananaw ng NT sa kaligtasan ay ang mga tao ay dapat may panimulang pagtugon at nagpapatuloy upang simulan ang biyaya at awa ng Diyos, na napakita sa kay Kristo. Siya ay minahal, Siya ay ipinadala, Siya ang naglaan; kailangan tayong tumugan nang may pananampalataya at katapatan (cf. Efeso 2:8-9 and 10)!

Ang matapat ng Diyos ay nais ng matatapat ng tao upang ihayag ang Kanyang sarili sa isang mundong walang pananampalataya at dalhin sila sa personal na pananampalataya sa Kanya.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"dahil sa Kaniyang pangalan"** |
| **NKJV** | **"para sa Kaniyang pangalan"** |
| **NRSV** | **"alang-alang sa kanyang pangalan"** |
| **TEV** | **"alang-alang kay Kristo"** |
| **NJB** | **"bilang paggalang sa kanyang pangalan"** |

Tingnan ang Natatanging Paksa sa 10:9.

▣ **"*sa* pagtalima sa pananampalataya"** Ang literal na Griyegong parirala ay "para (*eis*) sa pagsunod." Ang ebanghelyo ay mayroong

1. kagyat na pagsunod sa pag-sisisi ng kasalanan at pananampalataya
2. pagsunod sa mamumuhay na katulad ni Kristo at pagtitiyaga

Ang ebanghelyo ay isang biyayang kaloob ngunit mayroong inaasahang mga bunga! Ang NT ay isang kasunduan tulad ng OT. Kapwa nangangailangan ng pananampalataya/pagsunod na pagtugon. Sila ay kapwa mayroong mga pakinabang, mga pananagutan, at mga inaasahan (i.e., Efeso 1:4; 2:10). Hindi ito isang gawang katuwiran ngunit isang gawang pagpapatunay (cf. Santiago, I Juan)! Ang walang hanggang buhay ay may mga napagmamasdang katangian!

▣

**NASB, NRSV „sa lahat ng mga bansa"**
**NKJV „sa lahat ng bansa"**
**TEV „sa mga tao ng mga bansa"**
**NJB „sa lahat ng mga paganong bansa"**

Ito ang pangkahalatang ebanghelyo. Ipinangako ng Diyos sa katubusan saGenesis 3:15 kasama ang lahat ng sangkatauhan. Ang panghaliling kamatayan ni Hesus ay isinama ang lahat na bumagsak na anak ni Adan (cf. 5:18; Juan 1:29; 3:16; 4:42; 6:33,51; I Corinto 15:22; II Corinto 5:19; Efeso 2:11-3:13; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; Hebreo 2:9; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14). Nakikita ni Pablo ang kanyang natatanging panawagan bilang tagapangaral ng ebanghelyo ng Diyos sa mga Hentil (cf. Gawa 9:15; 22:21; 26:17; Roma 11:13; 15:16; Galacia 1:16; 2:29; Efeso 3:2,8; I Timoteo 2:7; II Timoteo 4:17).

**NATATANGING PAKSA: MGA PANG-EBANGHELYONG PAGKILING NI BOB**

Kailangan kong aminin sa inyo sa mambabasa na ako ay may kinikilingan sa pagkakataong ito. Ang aking sistematikong teolohiya ay hindi Calvinismo or Dispensasyonaliko, ngunit ito ay Dakilang Komisyong pang-ebanghelyo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Gawa 1:8). Naniniwala akong ang Diyos ay may walang hanggang panukala para sa katubusan ng lahat ng sangkatauhan (e.g., Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Jeremias 31:31-34; Ezekiel 18; 36:22-38; Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; Roma 3:9-18,19-20,21-31), lahat ng linikha sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ang mga kasunduan ay nagkakaisa kay Kristo (cf. Galacia 3:28-29; Colosas 3:11). Si Hesus ay ang hiwaga ng Diyos, ikinubli ngunit ngayon ay nahahayag (cf. Efeso 2:11-3:13)! Ang NT ebanghelyo, hindi ang Israel, ang susi sa Banal na Kasulatan.

Itong aking paunang pagkakaunawa ang nagbibigay-kulay sa lahat ng aking pagbibigay kahulugan sa Banal na Kasulatan. Aking binasa ang lahat ng mga tala pamamgitan nito! Ito ay isang tunay na pagkiling (lahat ng tagapagsalin ay mayroon nito!), ngunit ito ay isang paunang pagkakaunawa na ipinababatid ng Banal na Kasulatan.

**1:6 „kayo naman"** Si Pablo ay isang sukdulang halimbawa (i.e., persecutor of the iglesiya) ng biyaya ng Diyos, ngunit ang kanyang mga mambabasa ay mga halimbawa din ng di-karapatdapat, di-marapat na biyaya ng Diyos.

▣

**NASB, NKJV „tinawag kay Hesukristo"**
**NRSV „na tinawag na makabilang kay Hesukristo"**
**TEV „kung saan ang Diyos ay tumawag upang makabilang kay Hesukristo"**
**NJB „sa kanyang panawagan na naibilang kay Hesukristo"**

Ito ay maaaring

1. isang paglalaro sa salitang "iglesiya," na nangangahulugang "ang mga sinumang tinawag" o "ang mga sinumang tinipon"
2. isang sanggunian sa maka-Diyos na pagpili (cf. Roma 8:29-30; 9:1ff; Efeso1:4, 11; 3:21; 4:1,4)
3. ang salin ng Revised Ingles Bible sa parirala, "kayong nakarinig ng panawagan at kabilang kay Hesukristo."

Ito rin ay naglalarawan ng pagkaunawa sa pariralang ito tulad ng mga pagsalin sa NRSV, TEV, at JB. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: TINAWAG**

Ang Diyos ay palagiang pinasisimulan ang pagtawag, pagpili at paghikayat sa mga

mananampalataya sa Kanyang sarili (cf. Juan 6:44, 65; 15:16; I Corinto 1:12; Efeso 1:4-5,11). Ang salitang "tinatawag" ay ginamiat sa maraming mga teolohikong pagkakaunawa.

A. Ang mga makasalanan ay tinawag sa kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ayon sa natapos na gawain ni Kristo at sa pag-uudyok ng Espiritu (i.e., *klētos*, cf. Roma 1:6-7; 9:24, na may teolohikong pagkakatulad sa I Corinto 1:1-2 and II Timoteo 1:9; II Pedro 1:10).
B. Ang mga makasalanan ay tumatawag sa panangalan ng Panginoon upang maligtas (i.e., *epikaleō*, cf. Gawa 2:21; 22:16; Roma 10:9- 13). Ang pahayag na ito ay isang pang-Hudyong kataga sa pagsamba.
C. Ang mga mananampalataya ay tinawag upang mabuhay ng pamumuhay na tulad kay Kristo (i.e., *klēsis*, cf. I Corinto 1:26; 7:20; Efeso 4:1; Filipos 3:14; II Thesalonica 1:11; II Timoteo 1:9).
D. Ang mga mananampalataya sa tinawag sa mga pang-ministeryong gawain (cf. Gawa 13:2; I Corinto 12:4-7; Efeso 4:1).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 1:7**

[7]**Sa lahat ninyong nangasa Roma, mga iniibig ng Diyos, tinawag na mangagbanal: Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at Panginoong Hesukristo.**

**1:7 "mga iniibig ng Diyos"** Ang pariralang ito ay kadalasang ginagamit ni Hesus (cf. Mateo 3:17; 17:5). Ngayon, ito ay ginagamit sa iglesiya sa Roma! Ito ay nagpapakita ng lalim ng pag-ibig ng Diyos para sa kanilang nagtitiwala sa Kanyang Anak. Ang ganitong uri ng paglipat ay makikita rin sa Efeso 1:20 (mga pagkilos ng Diyos sa ngalan ni Hesus) at Efeso 2:5-6 (mga pagkilos ni Hesus sa ngalan ng mga mananampalataya).

▣ **"sa Roma"** Hindi si Pablo ang nagsimula ng iglesiyang ito. Walang sinuman ang nakakaalam (tingnan nag panimula). Ang Roma ay isang sulat ng pagpapakilala sa kanyang sarili sa isang iglesiya na naitatag na. Ang aklat ng Roma ay ang pinaka-maunlad na pagpapakilala ni Pablo ng ebanghelyong kanyang ipinangangaral. Ito ay ang pinakakaunti ang epekto ng isang lokal na kalagayan bagaman may mga nananatiling tensyon sa pagitan ng mga Hudyo at Hentil na mga mananampalataya na kung saan siya nagbigay ng mga puna sa lahat ng dako ng sulat (lalo na sa mga kabanatang 9-11).

▣

**NASB** **"tinawag *na* mga banal"**
**NKJV, NRSV,**
**NJB** **"tinawag na maging banal"**
**TEV** **"tinawag upang maging kanyang sariling mga tao"**

Ang salitang "mga banal" ay tumutukoy sa kalalagayan ng mga mananampalataya kay Kristo (Tingnan ang Natatanging Paksa at 6:4), hindi sa kanilang kawalang-kasalanan. Ito rin ay naglalarawan ng kanilang nagpapatuloy na pagiging katulad ni Kristo. Ang salita ay kadalasang PANGMARAMIHAN maliban sa Filipos 4:21. Gayunman, kahit sa na konteksto iyon, ito ay pangmaramihan. Ang maging Kristiyano ay maging bahagi ng isang komunidad, isang pamilya, isang katawan.

Ang Talata 1 ay nagpapahiwatig na si Pablo ay tinawag na maging apostol. Ang mga mananampalataya ay "ang tinatawag ni Hesukristo" sa talata 6. Ang mga mananampalataya ay tinawag ding "mga banal" sa talata 7. Ang "panawagan" ay isang paraan ng NT sa pagbibigay ng katotohanan sa the pasimulang pagpapauna (prayoridad) ng Diyos (Tingnan ang Natatanging Paksa at 1:6). Walang bumagsak na tao ang kailanman ay tumawag sa kanyang sarili (cf. 3:9-13; Isaias 53:6; I Pedro 2:25).

Palaging ang Diyos ang nagpapasimula (cf. Juan 6:44,65; 15:16). Siya ang palaging nagdadala ng kasunduan (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 9:4) sa atin. Ito ay tunay sa ating kaligtasan (ang ating ibinilang sa katuwiran o legal na katatayuan), gayundin ay pinagkalooban tayo para sa mabungang paglilingkod (cf. I Corinto 12:7,11), at sa ating pamumuhay Kristiyano. Tingnan ang Natatanging Paksa na sumusunod.

**NATATANGING PAKSA: ANG MGA BANAL**

Ito ay ang Griyegong katumbas ng Hebreong *kadash*, na may pangunahing kahulugan ng pagtatakda ng sinuman, anumang bagay, o anumang lugar na inihiwalay para tanging paggamit ni YHWH (BDB 871). Ipinapakilala nito ang konseptong Ingles na "ang sagrado (banal)." Si YHWH ay hiwalay mula sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang likas (walang hangang di-linikhang Espiritu) at ang Kanyang katangian (kasakdalang moral). Siya ang pamantayan na ang lahat ay masusukat at hahatulan. Siya ang kataas-taasan, Iisang Banal, Ibang Banal.

Linikha ng Diyos ang sangkatauhan para sa pakikipag-sama, ngunit ang pagkahulog (Genesis 3) ay nagdulot ng isang pang-ugnayan at moral na hadlang sa pagitan ng isang Banal na Diyos at makasalananag sangkatauhan. Pinili ng Diyos na ipanumbalik ang Kanyang may malay na linikha; samakatuwid, tinatawag Niya ang Kanyang mga tao na maging "banal" (cf. Levitico 11:44; 19:2; 20:7,26; 21:8). Sa pamamagitan ng isang pananampalatayang pakikipag-ugnayan kay YHWH, ang Kanyang mga tao ay naging banal sa kanilang pang-ugnayang kalalagayan sa Kanya, ngunit sila rin ay tinawag sa mabuhay sa banal na pamumuhay (cf. Mateo 5:48).

Ang banal na pamumuhay ay maaari dahil ang mga mananampalataya ay lubos na tinanggap at pinatawad sa pamamagitan ng buhay at gawain ni Hesus at ng presensya ng Banal na Espiritu sa kanilang mga isipan at mga puso. Ito ay nagtatatag ng may kabalintunaang kalagayan:

1. Nagiging banal dahil sa ibinilang na katuwiran ni Kristo
2. Tinatawag na mabuhay ng may kabanalan dahil sa presensya ng Espiritu

Ang mga mananampalataya ay "mga banal" (*hagioi*) dahil sa (1) ang <u>kalooban</u> ng Nag-iisang Banal (ang Ama);(2) ang <u>gawain</u> na Banal na Anak (Hesus); at (3) ang <u>presensya</u> ng Banal na Espiritu.

Ang NT ay palaging tumutukoy sa mga banal bilang PANGMARAMIHAN (maliban sa isang pagkakataon sa Filipos 4:21, ngunit kahit na ganoon, ang konteksto ay ginawa itong PANGMARAMIHAN). Ang maligtas ay maging bahagi ng isang pamilya, isang katawa, isang gusali! Ang Biblikal na pananampalataya ay nagsisimula sa isang personal pagtanggap, ngunit magbubunga sa isang pangkahalatang pakikipag-ugnayan. Ang bawat-isa ay pinagkalooban (cf. I Corinto 12:11) para sa kalusugan, paglago, and kagalingan ng katawan ni Kristo—ang iglesiya (cf. I Corinto 12:7). Tayo ay naligtas upang maglingkod saved to serve! Ang pagiging-banal ay isang kalipunang katangian!

▣ **"Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos"** Ito ay katangian ni Pablo sa pagbubukas ng pagpapala. Ito ay isang paglalaro ng salita sa tradisyonal na Griyego salita na "mga pagbati" (*charein*) at sa natatanging salita na "biyaya" (*charis*). Maaaring si Pablo ay pinagsasama ang pangbungad na Griyego na may tradisyonal na pagbating Hebreo na *shalom* o "kapayapaan." Gayunman, ito ay isa lamang haka-haka. Pansining sa teolohiya, ang biyaya ay palaging nauuna sa kapayapaan.

▣ **"mula sa Diyos na ating Ama at ang Panginoong Hesukristo"** Palagiang ginagamit ni Pablo ang isang lamang na PANG-UKOL para sa kapwa pangalan (cf. I Corinto 1:3; II Corinto 1:3; Galacia 1:3; Efeso 1:2; Filipos 1:2; II Thesalonica 1:2; I Timoteo 1:2; II Timoteo 1:2; Tito 1:4). Ito ang kanyang paraan upang pang-gramatikong iugnay ang dalawang Persona ng Trinidad. Ito ay magbibigay-diin sa pagka-Diyos Hesus ang pagkakapantay sa Ama.

**NATATANGING PAKSA: ANG PAGIGING AMA NG DIYOS**

I. Lumang Tipan
   A. Mayroong isang pangkaunawa na ang Diyos ay ama sa pamamagitan ng paglilikha.
      1. Genesis 1:26-27
      2. Malakias 2:10
      3. Gawa 17:28
   B. Ang ama ay ginamit na pagkakatulad sa maraming pagkakaunawa.
      1. Ama ng Israel (sa pagpili)
         a. "Anak" – Exodo 4:22; Deuteronomio 14:1; 39:5; Isaias 1:2; 63:16; 64:8; Jeremias 3:19; 31:20; Osea 1:10; 11:1; Malakias 1:6
         b. "unang-anak" – Exodo 4:22; Jeremias 31:9
      2. Ama ng hari ng Israel (pang-Mesias)
         a. II Samuel 7:11-16
         b. Awit 2:7; Gawa 13:33; Hebreo 1:5; 5:5
         c. Osea 11:1; Mateo 2:15
      3. Pagkakatulad sa mapagmahal na magulang
         a. ama (talinghaga)
            (1) tangan ang kanyang anak na lalaki – Deuteronomio 1:31
            (2) nagsasaway – Deuteronomio 8:5; Kawikaan 3:12
            (3) nagtutustos (i.e., Exodus) – Deuteronomio 32:1
            (4) hindi kailanman nagpapabaya – Awit 27:10
            (5) umiibig – Awit 103:13
            (6) kaibigan/gabay – Jeremias 3:4
            (7) nagpapagaling/nagpapatawad – Jeremias 3:22
            (8) nagbibigay-awa – Jeremias 31:20
            (9) tagapagsanay – Osea 11:1-4
            (10) natatanging anak – Malakias 3:!7
         b. ina (talinghaga)
            (1) hindi kailanman nagpapabaya – Awit 27:10
            (2) pag-ibig ng isang nagpapasusong ina – Isaias 49:15; 66:9-13 at Osea 11:4 (na may panukalang pag-aayos ng teksto mula sa "pamatok" to "sanggol")

II. Bagong Tipan
   A. Ang Trinidad (mga talata na nabangging ang lahat ng tatlong persona)
      1. mga Ebanghelyo
         a. Mateo 3:16-17; 28:19
         b. Juan 14:26
      2. Pablo
         a. Roma 1:4-5; 5:1,5; 8:1-4,8-10
         b. I Corinto 2:8-10; 12:4-6
         c. II Corinto 1:21; 13:14
         d. Galacia 4:4-6
         e. Efeso 1:3-14,17; 2:18; 3:14-17; 4:4-
         f. I Thesalonica 1:2-5
         g. II Thesalonica 2:13
         h. Tito 3:4-6
      3. Pedro – I Pedro 1:2
      4. Judas – vv. 20-21

B. Hesus
   1. Si Hesus bilang "bugtong na anak" – Juan 1:18; 3:16,18; I Juan 4:9
   2. Si Hesus bilang "Anak ng Diyos" – Mateo 4:3; 14:33; 16:16; Lucas 1:32,35; Juan 1:34,49; 6:69; 11:27
   3. Si Hesus bilang Iniibig na Anak – Mateo 3:17; 17:5
   4. Ang paggamit ni Hesus ng *abba* para Diyos – Marcos 14:36
   5. Ang paggamit ni Hesus ng MGA PANGHALIP upang ipakita ang kapwa ang pakikipag-ugnayan Niya at natin sa Diyos
      a. "Aking Ama," e.g., Juan 5:18; 10:30,33; 19:7; 20:17
      b. "inyong Ama," e.g., Mateo 17:24-27
      c. "ating Ama," e.g., Mateo 6:9,14,26

C. Isa sa maraming talinghaga sa pamilya na naglalarawan ng malapit na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos sa sangkatauhan:
   1. Ang Diyos bilang Ama
   2. Ang mga mananampalataya bilang
      a. Mga anak ng Diyos
      b. Mga anak
      c. Ipinanganak ng Diyos
      d. Ipinanganak muli
      e. Inampon
      f. Isinilang
      g. Pamilya ng Diyos

**TALATA SA NASB (BINAGO): 1:8-15**

**[8]Kaunaunahan, ay nagpapasalamat ako sa aking Diyos sa pamamagitan ni Hesukristo tungkol
sa inyong lahat, na ang inyong pananampalataya ay bantog sa buong sanglibutan. [9]Sapagka't ang
Diyos ang aking saksi, na siyang pinaglilingkuran ko sa aking espiritu sa Ebanghelyo ng kaniyang
Anak, na walang patid na aking kayong binabanggit, sa aking mga panalangin, [10]At laging
isinasamo ko, kung ngayon sa wakas sa anomang paraan ay magkapalad ako sa kalooban ng Diyos
na makarating sa inyo. [11]Sapagka't ninanasa kong makita kayo, upang ako'y makapamahagi sa inyo
ng kaloob na ukol sa espiritu, upang kayo'y mangagsitibay; [12]Sa makatuwid baga, upang ako't kayo
ay maaliw sa inyo, ang bawa't isa sa atin sa pananampalataya ng iba, ang sa inyo at sa akin. [13]At
hindi ko ibig, mga kapatid, na hindi ninyo matalastas na madalas kong inaakalang makarating sa
inyo (datapuwa't hanggang ngayon ako'y nahahadlangan), upang magkaroon naman ako sa inyo ng
anomang bunga, na gaya sa mga ibang Gentil. [14]Ako'y may utang sa mga Griyego at gayon din
naman sa mga barbaro, sa marurunong at gayon din sa mga mangmang. [15]Kaya nga, sa ganang
akin, ay handa akong ipangaral din ang Ebanghelyo sa inyong nangasa Roma.**

**1:8 "Kaunaunahan"** Sa kontekstong ito ang "unang" ay nangangahulugang "mula sa simula" o "kailangan kong magsimula" (J. B. Phillips).

▣ **"nagpapasalamat ako sa aking Diyos sa pamamagitan ni Hesukristo"** Kadalasang ipinapahayag ni Pablo ang kanyang mga panalangin sa Diyos sa pamamagitan ni Hesukristo. Si Hesus lang ang tanging daan sa paglapit sa Diyos! Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Panalangin ng Pagpuri at Pasasalamat ni Pablo sa 7:25.

▣ **"tungkol sa inyong lahat"** Ang paggamit ng "lahat," tulad sa v. 7, ay maaaring maglarawan ng

panibugho (pagseselos) at di-pagkakasundo sa pagitan ng mga mga pinunong Hudyo na umalis sa Roma sa ilalim ng kautusan ni Nero at ang mga pinunong Hentil na naging bungang mananampalataya na pumalit sa kanila sa iilang mga taon. Ang Roma 9-11 ay nagpapahayag ng katulad na isyu.

Ito rin ay maaaring ang ang pagsama ay ipinapahayag sa “mahihina” at “malakas” sa Roma 14:1-15:13. Iniibig ng Diyos ang lahat ng iglesiya sa Roma at iniibig Niya sila ng pantay-pantay!

▣ **“na ang inyong pananampalataya ay bantog sa buong sanglibutan”** Ang Roma 16:19 gumawa ng pagkabanggit (alusyon) sa katulad na katotohanan. Ito ay maliwanag na isang Maka-silangang labis na pangungusap (eksherasyon) na tumutukoy sa Romanong mundo (cf. I Thesalonica 1:8).

**1:9 “Diyos. . .ang aking saksi”** Si Pablo ay nanunumpa sa pangalan ng Diyos (cf. 9:1; II Corinto 1:23; 11:10-11,31; 12:19; Galacia 1:20; I Thesalonica 2:5). Ito ang paraan ng mga Hudyo upang magbigay-diin sa kanyang katotohanan.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **“na walang patid”** |
| **NKJV, NRSV** | **“na walang hinto”** |
| **NJB** | **“nagpapatuloy na pagbanggit”** |
| **NIV** | **“na nagpapatuloy”** |

Ang paksa ng nagpapatuloy at napakahalagang mga panalangin ni Pablo(cf. I Thesalonica 1:2; 2:13; II Timoteo 1:3) ay kailangang maging halimbawa ng mga namumuno sa iglesiya na dapat sundin (cf. I Thesalonica 5:17). Ang panalangin ay isang makapangyarihang espiritwal na pinto. Tayo ay wala dahil hindi nating hinihiling (Santiago 4:2).

▣ **“sa aking espiritu”** Ito ay isang mabuting halimbawa ng paggamit ng *pneuma* para sa pantaong espiritu (cf. 8:5,10,16; 12:11) na ginagamit sa diwa ng pantaong buhay (i.e., hininga, Hebreo *ruach*, BDB 924, cf. Genesis 6:17; 7:15,22).

**NATATANGING PAKSA: ESPIRITU (*PNEUMA*) SA NT**

Ang Griyegong salita para sa “espiritu” ay ginamit sa ilang mga pamamaraan sa NT. Narito ang ilang mga kinatawang mga pag-uuri at mga halimbawa.

A. Ng Trinidad na Diyos
   1. Ng Ama (cf. Juan 4:24)
   2. Ng Anak (cf. Roma 8:9-10; II Corinto 3:17; Galacia 4:6; I Pedro 1:11)
   3. Ng Banal na Espiritu (cf. Marcos 1:11; Mateo 3:16; 10:20; Juan 3:5,6,8; 7:39; 14:17; Gawa 2:4; 5:9; 8:29,35; Roma 1:4; 8:11,16; I Corinto 2:4,10,11,13,14; 12:7)
B. Ng lakas ng pangtaong buhay
   1. ni Hesus (cf. Marcos 8:12; Juan 11:33,38; 13:21)
   2. ng sangkatauhan (cf. Mateo 22:43; Gawa 7:59; 17:16; 20:22; Roma 1:9; 8:16; I Corinto 2:11; 5:3-5; 7:34; 15:45; 16:18; II Corinto 2:13; 7:13; Filipos 4:23; Colosas 2:5)
C. ng espiritwal na kaharian
   1. espiritwal na mga nilalang
      a. mabuti (i.e., mga anghel, cf. Gawa 23:8-9; Hebreo 1:14)
      b. masama (i.e., demonyo, cf. Mateo 8:16; 10:1; 12:43,45; Gawa 5:16; 8:7; 16:16; 19:12-21; Efeso 6:12)
      c. mga multo (cf. Lucas 24:37)
   2. espiritwal na pagkakaunawa (cf. Mateo 5:3; 26:41; Juan 3:6; 4:23; Gawa 18:25; 19:21;

Roma 2:29; 7:6; 8:4,10; 12:11; I Corinto 14:37)

3. espiritwal na mga bagay (cf. Juan 6:63; Roma 2:29; 8:2,5,9,15; 15:27; I Corinto 9:11; 14:12)
4. espiritwal na mga kaloob (cf. I Corinto 12:1; 14:1)
5. inspirasyon ng Espiritu (cf. Mateo 22:43; Lucas 2:27; Efeso 1:17)
6. espiritwal na katawan (cf. I Corinto 15:44-45)

D. Pagpapakilala
1. sa saloobin ng mundo (cf. Roma 8:15; 11:8; I Corinto 2:12)
2. sa paraan ng pag-iisip ng sangkatauhan (cf. Gawa 6:10; Roma 8:6; I Corinto 4:2)

E. sa pisikal na kaharian
1. hangin (cf. Mateo 7:25,27; Juan 3:8; Gawa 2:2)
2. paghinga (cf. Gawa 17:25; II Thesalonica 2:8)

Ito ay maliwanag na ang salitang ito ay dapat na maipaliwanag ayon sa pinakamalapit na konteksto nito. May maraming mga bahagyang kahulugan na maaaring tumukoy sa (1) ang pisikal na mundo; (2) ang di-nakikitang mundo; (3) at ang mga mga persona dito sa pisikal na mundo o sa espirtiwal na kaharian.

Ang Banal na Espiritu ay bahagi ng Trinidad na Diyos na kataas-taasang umiiral sa yugto ng kasaysayan. Ang bagong panahon ng Espiritu ay dumating na. Ang lahat na mabuti, banal, tama at katotohanan ay naiuugnay sa Kanya. Ang Kanyang presensya, kaloob at gawain ay mahalaga sa ikasusulong ebanghelyo at ang Kaharian ng Diyos (cf. Juan 14 at 16). Siya ay hindi nagbibigay-pansin sa Kanyang sarili, ngunit kay Kristo (cf. Juan 16:13-14). Siya ay humahatol, nanghihikayat, nanunuyo, nagbabautismo, at pinalalago ang lahat ng mga mananampalataya (cf. Juan 16:8-11).

**1:10 "At laging isinasamo ko"** Hindi si Pablo ang nagsimula ng iglesiyang ito ngunit patuloy niyang ipinapanalangin sila (cf. II Corinto 11:28), na katulad ng kanyang ginawa sa mga iglesiya! Tingnan ang Natatanging Paksa: Mapagkalingang Panalangin sa 9:3. Gayunman, si Pablo ay maraming mga kaibigan at kamanggagawa sa iglesiya sa Roma na maliwanag na ipinapakita sa kabanata 16.

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ninais ni Pablo sa dumalaw sa Roma sa kanyang pagpunta sa Espanya (cf. 15:22-24). Maaaring hindi niya nanaisin na tumigil ng mahabang panahon. Palagiang ninanais ni Pablo na makapaglingkod sa isang bagong lugar na kung saan wala pa siyang nakakasama (cf. 15:20; II Corinto 10:15,16). Maaaring isa sa mga layunin ng sulat sa Roma ay upan lumikom ng mga gugulin sa kanyang pang-misyong paglalakbay sa Espanya (cf. 15:24).

▣ **"magkapalad ako sa kalooban ng Diyos na makarating sa inyo"** Ito ay katulad ng v. 13 at 15:32. Hindi naramdaman ni Pablo na ang kanyang buay at mga plano sa paglalakbay ay sa kanyang pag-aari, ngunit para sa Diyos (cf. Gawa 18:21; I Corinto 4:19; 16:7). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:2.

Pansinin din na ang kaloob ng Diyos ay maaaaring maapektuhan ng mga panalangin ng mga mananampalataya!

**1:11 "'Sapagka't ninanasa kong makita kayo'"** Ito ay kahalingtulad ng 15:23. Sa mahabang panahon, ninanis ni Pablo na makita ang mga mananampalataya sa Roma (cf. Gawa 19:21).

▣ **"upang ako'y makapamahagi sa inyo ng kaloob na ukol sa espiritu"** Ang pariralang "kaloob na ukol sa espiritu" ay ginamit sa diwa ng espiritwal na kaalaman o pagpapala (cf. 11:29; 15:27). Nakita ni Pablo ang kanyang sarili bilang isang natatanging tinawag na maging Apostol sa mga Hentil (cf. v. 15).

▣ **"upang kayo'y mangagsitibay"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PAWATAS ng *histēmi*. Ang salita ay tatlong kahulugan.

1. magsitatag, Roma 1:11; 16:25; I Thesalonica 3:13; II Pedro 1:12
2. magsilakas, Lucas 22:32; I Thesalonica 3:2; II Thesalonica 2:17; 3:3; Santiago 5:8; Pahayag 3:2
3. isang semitikong kataga para sa paggawa ng isang matatag na desisyon, Lucas 9:51

Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:2.

**1:12** Ito ang layunin ng Kristiyanong pakikisalamuha. Ang mga kaloob ay ibinigay upang pag-isahin ang mga mananampalataya sa isang mapaglingkod na komunidad. Ang mga mananampalataya ay pinagkalooban para sa laganap na kabutihan (cf. I Corinto 12:7). Ang lahat ng mga kaloob ay naaayon. Ang lahat ng mga kaloob ay ipinagkaloob ng Espiritu sa kaligtasan (cf. I Corinto 12:11). Ang mga mananampalataya ay tinawag, pinagkalooban, na mga tagapaglingkod sa lahat ng panahon (cf. Efeso 4:11-12). Maliwanag na ipinahayag ni Pablo ang kanyang pagkaunawa sa awtoridad pang-Apostol, ngunit gayon din ang isang pang-komunidad na makikipagtulungan. Kinakailangan ng mga mananampalataya ang bawat isa! Ang mga mananampalataya ay ang Katawan ni Kristo.

**1:13 "At hindi ko ibig, mga kapatid, na hindi ninyo matalastas"** Ito ay isang kataga na ginamit ni Pablo upang pasimulan ang mga mahahalagang pahayag (cf. 11:25; I Corinto 10:1; 12:1; II Corinto 1:8; I Thesalonica 4:13). Ito ay katulad ng pangpanitikang layunin ng "Amen, amen" ni Hesus.

▣ **"datapuwa't hanggang ngayon ako'y nahahadlangan"** Ito ay isang BALINTIYAK NA PANDIWA. Ito ay katulad na parirala na matatagpuan sa I Thesalonica 2:18 kung saan si Satanas ay isang kinatawan. Si Pablo ay naniniwala na ang kanyang buhay ay ginagabayan ng Diyos ngunit sinisira ni Satanas. Sa anuman, kapwa ay totoo (cf. Job 1-2; Daniel 10). Ang paggamit ng salita sa 15:22 ay nagpapahiwatig ng paghadlang sa gawaing pang-misyon ni Pablo sa silangang dako ng Mediteraneo, na hindi pa tapos (ngunit malapit na).

▣ **"upang magkaroon naman ako sa inyo ng anomang bunga"** Sa kontekstong ito "ang bunga" ay maaaring tumukoy sa mga mananampalataya, ngunit sa Juan 15:1-8 at Galacia 5:22 ito ay tumutukoy sa paglago ng Kristiyano. Ang Mateo 7 ay nagsasabing "sa pamamagitan ng inyong bunga kayo ay makikilala," ngunit hindi nito ipinapaliwanag ang salitang bunga. Ang pinakamainam na kahalintulad ay maaaring sa Filipos 1:22, kung saan si Pablo ay gumagamit ng isang katulad na pang-agrikulturang talinghaga.

**1:14 "Ako'y may utang"** Ginamit ni Pablo ang salitang ito sa Roma nang pitong beses.

1. Si Pablo ay may pananagutan na ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng mga Hentil (dito).
2. Walang pananagutan si Pablo sa "laman" (8:12).
3. May pananagutan ang mga Hentil na iglesiya na tumulong sa pinagmulang iglesiya sa Herusalem (15:27).

▣ **"sa mga Griyego"** Ito ay tumutukoy sa mga sibilisado, may kalinangang mga tao sa palibot ng Dagat Mediteranyo. Si Alejandro ang Dakila at kanyang mga taga-sunod ay ipinalaganap ang kulturang Griyego sa batid na mundo. Ang Roma ang kumuha ng kapangyarihan at sinundan ang Griyegong kultura.

▣ **"at gayon din naman sa mga barbaro"** Ang (*onomatopoeia*) salitang ito ay nangangahulugang di-edukado o walang kalinganganag mga pangkat ng tao, na kadalasang nasa hilaga. Ito rin ay ginagamit sa mga tao na hindi nakapagsasalita ng Griyego. Ang kanilang pananalita ay katulad ng tunog na "bar bar

bar" sa mga Griyego at Romano.

▣ **"sa marurunong at gayon din sa mga mangmang"** Ito ay maaaring katulad na tekstong Griyego sa "mga barbaro," ngunit hindi lubhang kinakailangan. Ito ay maaaring isa pang paraan ng pagtutukoy sa lahat ng pangkat ng mga tao at mga indibidwal.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 1:16-17**
**[16]Sapagka't hindi ko ikinahihiya ang Ebanghelyo: sapagka't siyang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng bawa't sumasampalataya; una'y sa Hudyo, at gayon din sa Griyego. [17]Sapagka't dito ang katuwiran ng Diyos ay nahahayag mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya: gaya ng nasusulat, Nguni't ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya.**

**1:16-17** Ang mga talatang 16-17 ay ang paksa ng buong aklat. Ang paksang ito ay pinalawig at binuod sa 3:21-31.

**1:16**
**NASB, NRSV "hindi ko ikinahihiya ang Ebanghelyo"**
**NKJV "hindi ko ikinahihiya ang Ebanghelyo ni Kristo"**
**TEV "Ako ay may buong pagtitiwala sa ebanghelyo"**
**NJB "hindi ko ikinahihiya ang Mabuting Balita:"**

Si Pablo ay maaaring binabanggit ang mga salita ni Hesus sa Marcos 8:38 at Lucas 9:26. Hindi niya ikinahihiya ang nilalaman ng ebanghelyo o ang magiging bungang pagpapahirap nito (cf. II Timoteo 1:12,16,18).

Sa I Corinto 1:23 ang mga Hudyo ay ikinahihiya ang ebanghelyo dahil pinapatunayan nito ang isang nagpakasakit na Mesias at mga Griyego dahil pinaninindigan nito ang muling pagkabuhay ng katawan.

▣ **"sa ikaliligtas"** Sa OT, ang Hebreong salita (*yasho*) ay pangunahing tumutukoy sa pisikal na pagkakalaya (cf. Santiago 5:15), ngunit sa NT ang Griyegong salita (*sōzō*) ay tumutukoy sa espiritwal na pagkakalaya (cf. I Corinto 1:18, 21). Tingnan si Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 124-126.

**NATATANGING PAKSA: KALIGTASAN (Salitang OT)**

Ang salitang ito (BDB 447) ay maraming mga pakahulugan.

1. kapakanan, kasaganahan, Job 30:15
2. kaligtasang mula sa Diyos na kinapapalooban ng kapwa mga pisikal at espiritwal aspeto
   a. Genesis 49:18
   b. Deuteronomio 32:15
   c. Awit 3:2,8; 22:1; 35:3; 62:2; 69:29; 70:5; 78:22; 80:3; 89:26; 91:16; 106:4; 140:7
   d. Isaias 12:2; 33:2; 51:6,8; 52:7,10; 56:1; 59:11; 60:18; 62:1
3. Ang kaisipan ng pisikal at espiritwal na pagpapalaya ay maliwanag na ipinakilala sa Jonas 2:9-10
4. kadalasang "kagalakan" ay maiuugnay sa kaligtasang galing kay YHWH, I Samuel 2:1; Isaias 25:9; 26:1; Awit 9:14; 13:5; 35:9

Ang kaligtasan ay kinabibilangan ng pagsasakatuparan ng orihinal na ninais na pakikipag-ugnayan at lipunan ni YHWH sa Kanyang mga nilalang na sangkatauhan. Ito ay kinabibilangan ng pangsarili at panlipunang pagkabuo!

▣
**NASB** **"ng bawa't sumasampalataya"**
**NKJV** **"sa bawat sumasampalataya"**
**NRSV** **"sa bawat-isa na may pananampalataya"**
**TEV** **"sa lahat na nananampalataya"**
**NJB** **"sa lahat ng mayroong pananampalataya"**

Ang ebanghelyo ay para sa lahat ng sangkatauhan (o, papaanong iniibig ko ang mga salitang "bawat-isa," "sinuman," "lahat," tingnan ang tala sa 1:5, 6th na bilang), ngunit ang pananampalataya ay isa sa mga kondisyon para sa pagtanggap (cf. Gawa 16:30-31). Ang isa pa ay pag-sisisi sa kasalanan (cf. Marcos 1:15; Gawa 3:16 and 19; 20:21). Nakikipag-ugnayan ang Diyos sa sangkatauhan sa pamamagitan ng kasunduan (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 9:4). Siya ay palagiang nagpapasimula at ang nagtatakda ng adyenda (cf. Juan 6:44,65). Ngunit mayroong maraming kabaliktarang mga kondisyon (tingnan ang tala sa at 1:5, 4th na bilang).

Ang Griyegong salita, na isinaling "manampalataya," ay maaari ding isalin sa Ingles sa mga salitang "pananampalataya" o "pagtitiwala." Ang Griyegong salita ay mas malawak na pakahulugan kaysa isang isang Ingles na salita. Pansinin ang isang PANGKASALUKUYANG PANDIWARI. Ang nakakapagligtas na pananampalataya ay isang nagpapatuloy na pananampalataya (cf. I Corinto 1:18; 15:2; II Corinto 2:15; I Thesalonica 4:14)! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 10:4.

Sa orihinal, ang kaugnay na Hebreong mga salitan na nasa likod Griyego salita para sa"pananampalataya" ay nangangahulugang matatag na tindig, isang tao na ang kanya mga paa ay nakahiwalay upang hindi siya madaling maigalaw. Ang kasalungat na talinghagang OT ay maaaring "ang aking mga paa ay nasa lusak na lupa" (Awit 40:2), "aking mga paa ay halos nadausdos" (Awit 73:2). Ang Hebreong mga kaugnay na salitang-ugat, *emun, emunah, aman*, ay ginagamit na patalinghaga sa sinuman na mapagkakatiwalaan, tapat, o maaasahan. Ang nakakapagligtas na pananampalataya ay hindi ipinapahayag ang kakayahan ng sangkatauhan na maging matapat, ngunit ng Diyos! Ang pag-asa ng mga mananampalataya ay hindi nananahan sa kanila ngunit sa katangian at mga pangako ng Diyos. Ito ay sa Kanyang pagiging mapagkakatiwalaan, Kanyang katapatan, Kanyang mga pangako! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:5.

▣ **"una'y sa Hudyo"** Ang dahilan nito ay tinalakay nang daglian sa 2:9-10 at 3:1-20 at lubusang pinalago sa mga kabanata 9-11. Ito ay sinusundan ng mga pahayag ni Hesus sa Mateo 10:6; 15:24; Marcos 7:27; Juan 4:22.

Ito ay maaaring maiugnay sa panibugho (selos) sa pagitan ng mga pinunong Hudyo at Hentil sa iglesiya sa Roma.

**1:17 "ang katuwiran ng Diyos"** Ang pariralang ito na nasa konteksto ay tumutukoy sa (1) sa katangian ng Diyos, at (2) kung papaano Niya ibinigay ang katangiang inyo sa makasalanang sangkatauhan. Ang salin ng Jerusalem Bible (JB) ay "ito ay ang makapaghahayag ng hatol ng Diyos." Habang ito ay tumutukoy sa moral na pamumuhay ng mananampalataya, ito ay may pangunahing may kinalaman sa kanyang legal na kalalagayan sa gitna ng Makatuwirang Hukom. Ang pagbibilang sa katuwiran ng Diyos sa nalugmok, makasalanang sangkatauhan, simula pa noong Repormasyon, ay tinatangi bilang "pag-aaring-ganap na sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya" (cf. II Corinto 5:21; Filipos 3:9). Ito ang mismong talata na nakapagpabago sa buhay at teolohiya ni Martin Luther!

Gayunman, ang layunin ng pag-aaring-ganap ay ang pagiging-banal, pagiging katulad ni Kristo, o ang matuwid na katangian ng Diyos (cf. Roma 8:28-29; Galacia 4:19; Efeso 1:4; 2:10; 4:13; I Thesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15). Ang pagiging matuwid ay hindi lamang isang proklamasyon, ito ay isang panawagan sa isang banal na buhay, ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan ay gumaganang maipapanumbalik (cf. II Corinto 5:21).

**NATATANGING PAKSA: KATUWIRAN**

Ang "Katuwiran" ay isang tunay na napakahalagang paksa na ang estudyante ng Bibliya ay dapat gumawa ng matinding personal na pag-aaral sa konsepto.

Sa OT ang katangian ng Diyos ay inilarawan bilang "makatarungan" o "matuwid" (BDB 841). Ang Mesopotamyang salita mismo ay nagmula sa tambo ng ilog na ginamit kagamitan sa pagkakayari (konstruksyon) upang hatulan ang pahalang na katuwidan ng mga haligi at bakod. Ang Diyos ay pinili ang salita upang gamitin ng metaporikal para sa Kanyang sarili kalikasan. Siya ay tuwid na pinuno na ang lahat ay hinahatulan. Ang konseptong ito ay nagsasaysay sa katuwiran ng Diyos gayun din ang Kanyang wastong paghahatol.

Ang tao ay nilalang ayon sa wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Ang sangkatauhan ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos. Lahat ng nilikha ay isang entablo o senaryo para sa interaksyon ng Diyos at sangkatauhan. Ang Diyos ay nagnais na ang Kanyang pinkamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay makilala Siya, mahalin Siya, paglingkuran Siya, ang maging kagaya Niya! Ang katapatan ng sangkatauhan ay nasubukan(cf. Genesis 3) at ang orihinal na mag-asawa ay nabigo sa pagsubok. Ito ay nagbunga ng pagkabuwag ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at mga tao (cf. Genesis 3; Roma 5:12-21).

Ang Diyos ay nangako na aayusin at papanumbalikin ang samahan (cf. Genesis 3:15). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban at Kanyang sariling Anak. Ang mga tao ay walang kakayanang mapanumbalik ang pagkakasira (cf. Roma 1:18-3:20).

Pagkatapos ng Pagbagsak, ang unang hakbang ng Diyos patungo sa pagpapanumbalik ay konsepto ng tipanan batay sa Kanyang paanyaya at nagsisisi, matapat, at masunuring pagtugon ng sankatauhan. Sapagkat dahil sa Pagbagsak, ang mga tao ay nawalan ng kakayahan na nararapat na pagkilos (cf. Roma 3:21-31; Galacia 3). Ang Diyos mismo ay kailangan gumawa ng paunang pagkilos upang mapanumbalik ang mapanirang tipanang mga tao. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng

1. <u>paghahayag</u> na ang sangkatauhan ay matuwid sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., legal na katuwiran).
2. <u>malayang pagbibigay</u> sa sangkatauhan ng katuwiran sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., ibinilang na katuwiran).
3. <u>pagkakaloob</u> ng nananahang Espiritu na gumagawa ng katuwiran (i.e., pagiging wangis ni Kristo, ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos) sa sangkatuhan.

Gayunpaman, Diyos ay nangangailangan ng tipanang pagtugon. Ang Diyos ay nag-uutos (i.e., libreng ibinigay) at nagbibigay, ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon sa

1. pagsisisi
2. pananampalataya
3. pamumuhay na pagsunod
4. pagtitiis

Ang katuwiran, samaktuwid, ay isang tipanang, nagpapalitang pagkilos sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang pinakamataas na nilikha. Batay sa karakter ng Diyos, ang gawa ni Kristo, at ang pagpapalakas ng Espiritu, na ang bawat indibidwal ay dapat personal at patuloy na tumugon ng nararapat. Ito ang konsepto na tinawag na "pagbibigay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya o pag-aaring ganap." Ang konsepto ay ipinahayag sa mga Ebanghelyo, ngunit hindi sa mga salitang ito. Ito paunang ipinaliwanag ni Pablo, na gumagamit ng Griyegong salita na "katuwiran" sa ibat-ibang mga anyo na nito na higit sa 100 beses.

Si Pablo, na sinanay bilang rabi, gumagamit ng salita *dikaiosunē* sa Hebreong pakahulugan nito sa salitang *SDQ* ginamit ang Septuagint, hindi mula sa Griyegong panitikan. Sa Griyegong mga kasulatan ang salita ay kaugnay sa isang tao na sumusunod sa mga inaasahan ng Diyos at lipunan. Sa Hebreong

pakahulugan nito ay laging nakabalangkas sa kasunduang mga salita. Si YHWH ay makatarungan, etikal, at moral na Diyos. Nais Niya na ang Kanyang mga tao ay magpakita ng Kanyang katangian. Ang tinubos na sangkatauhan ay nagiging bagong nilalang. Ang kabaguhang ito ay magdudulot ng bagong maka-Diyos na pamumhay (ang Romano Katoliko ay nakatuon sa pag-aaring ganap). Dahil sa ang Israel ay teokrasya, walang malinaw na guhit-balangkas sa pagitan ng secular (o mga pamantayan ng lipunan) at sa sagrado (kalooban ng Diyos). Ang pagkakaibang ito ay ipinahayag sa Hebreo at Griyegong mga salita na siyang isinalin sa Ingles na "katarungan" (na inuugnay sa lipunan) at "katuwiran" (na inuugnay sa relihiyon).

Ang ebanghelyo (mabuting balita) ni Hesus ay ang makasalanang sangkatauhan na muling napanumbalik sa pakikisama sa Diyos. Ito ay natapos sa pamamagitan ng pag-ibig, awa, at biyaya ng Ama; ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ng Anak; at ang pag-anyaya, at pagdadala ng Espiritu sa ebanghelyo. Ang pag-aaring ganap ay walang bayad na pagkilos ng Diyos, ngunit ito ay dapat na lumago sa pagiging maka-Diyos (ang kinatatayuan ni Augustino, na nagpapakita ng kapwa pagbibigay-diin ng Repormasyon at sa kawalang-bayad ng ebanghelyo at sa pagbibigay-diin ng Romano Katoliko sa binagong-buhay ng pag-ibig at katapatan). Para sa mga *Reformers* ang salitang "ang katuwiran ng Diyos" ay isang LAYONG DYENITIBO (i.e., ang pagkilos na gumagawa sa makasalanang sanlibutan na katanggap-tanggap sa Diyos [posisyonal na pagpapaging-banal], habang para sa mga Katoliko ito ay isang PASAKALING DYENITIBO, na pamamaraan ng pagiging katulad ng Diyos [pangkaranasang umuunlad na pagpapaging-banal]. Sa katunayan, ito ay kapwa totoo!!)

Sa aking pananaw lahat ng sa Bibliya mula sa Genesis 4 - Pahayag 20 ay isang tala ng pagpapamunbalik ng Diyos sa samahan sa Eden. Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos at sangkatauhan na nasa pakikisama sa isang mundong tagpuan (cf. Genesis 1-2) at ang Bibliya ay magtatapos sa katulad na tagpuan (cf. Pahayag 21-22). Ang larawan ng Diyos at layunin ay mapapanumbalik!

Upang maitalata ang pagtalakay sa itaas, pansining ang mga sumusunod na piniling mga tala sa NT na nagpapakita ng pangkat ng salita sa Griyego.

1. Ang Diyos ay matuwid (madalas naiuugnay sa Diyos bilang Hukom)
    a. Roma 3:26
    b. II Thesalonica 1:5-6
    c. II Timoteo 4:8
    d. Pahayag 16:5
2. Si Hesus ay matuwid
    a. Gawa 3:14; 7:52; 22:14 (titulo ng Mesias)
    b. Mateo 27:19
    c. I Juan 2:1,29; 3:7
3. Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha ay katuwiran
    a. Levitico 19:2
    b. Mateo 5:48 (cf. 5:17-20)
4. Ang paraan ng Diyos para sa pagbibigay at paggawa ng katuwiran
    a. Roma 3:21-31
    b. Roma 4
    c. Roma 5:6-11
    d. Galacia 3:6-14
    e. Ibinigay ng Diyos
        1) Roma 3:24; 6:23
        2) I Corinto 1:30
        3) Efeso 2:8-9
    f. Tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya
        1) Roma 1:17; 3:22,26; 4:3,5,13; 9:30; 10:4,6,10

2) II Corinto 5:21

g. Sa pamamagitan ng mga gawa ng Anak
  1) Roma 5:21
  2) II Corinto 5:21
  3) Filipos 2:6-11

5. Kalooban ng Diyos na ang Kanyang mga tagasunod ay maging matuwid
  a. Mateo 5:3-48; 7:24-27
  b. Roma 2:13; 5:1-5; 6:1-23
  c. I Timoteo 6:11
  d. II Timoteo 2:22; 3:16
  e. I Juan 3:7
  f. I Pedro 2:24
6. Ang Diyos ay maghahatol sa mundo sa pamamagitan ng katuwiran
  a. Gawa 17:31
  b. II Timoteo 4:8

Ang katuwiran ay katangian ng Diyos, walang bayad na ibinigay sa makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo. Ito ay
1. Isang kautusan ng Diyos
2. Isang kaloob ng Diyos
3. Isang pagkilos ng Kristo

Ngunit ito rin ay pamamaraan ng pagiging matuwid na dapat na masigla at matimtimang tinutugis, na baling araw ay mararanasan sa Ikalawang Pagdating. Ang pakikisapa sa Diyos ay napanumbalik sa kaligtasan ngunit nagproprogreso sa buong buhay sa pamamagitan ng mukha sa mukha na engkwentro sa kamatayan o sa *Parousia*! Narito ang mabuting sipi para sa talakayang ito. Ito ay kinuha mula sa *Dictionary of Pauland His Letters* mula sa IVP

"Si Calvin, na gaya din ni Luther, ay nagbibigay diin sa pang-ugnayang aspeto ng katuwiran ng Diyos. Ang pananaw ni Luther sa katuwiran ng Diyos ay waring naglalalaman ng aspeto ng pagwawalang-sala. Si Calvin ay nagbibigay -iin sa kamangha-manghang kalikasan ng paghahatid o pagbabahagi ng katuwiran ng Diyos sa atin" (p. 834).

Para sa akin pakikipagrelasyon ng mananampalataya sa Diyos ay mayroong tatlong mga aspeto.
1. ang ebanghelyo ay isang persona (pagbibigay-diin ng mga Silanganin Iglesya at si Calvin)
2. ang ebanghelyo ay isang katotohanan (pagbibigay-diin nina Augustino at Luther)
3. ang ebanghelyo ay isang binagong buhay (pagbibigay diin ng Katoliko)

Silang lahat ay totoo at dapat na hawakan ng sama sama para sa malusog, malalim, na biblikal na Kristyanismo. Kung alinman sa kanila ang labis na nabigyan halaga o pinababa, ang mga suliranin ay lilitaw.

Dapat nating tanggapin si Hesus!
Dapat nating paniwalaan ang ebanghelyo!
Dapat nating itaguyod ang pagiging katulad ni Kristo!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"mula sa pananampalataya hangang sa pananampalataya"** |
| **NRSV** | **"sa pamamagitan ng pananampalataya para sa pananampalataya"** |
| **TEV** | **"ito ay sa pamamagitan ng pananampalataya, mula una hanggang katapusan"** |
| **NJB** | **"it shows how pananampalataya leads to pananampalataya"** |

Ang pariralang ito ay may dalawang MGA PANG-UKOL, *ek* at *eis*, na nagpapahiwatig ng isang pagbabago o pagpapaunlad. Siya ay gumagamit ng katulad na balangkas sa II Corinto 2:16 at *apo* at *eis* sa II Corinto 3:18. Ang Kristiyanismo ay isang kaloob na inaasahang maging isang katangian at isang pamumuhay.

Mayroong maraming posibilidad sa pagsasalin ng pariralang ito. Ang Williams NT ay isinasalin ito bilang "ang Daan ng pananampalataya na nagtuturo sa mas dakilang pananampalataya." Ang pangunahing mga teolohikong punto ay

1. ang pananampalataya ay mula sa Diyos ("naihayag")
2. ang sangkatauhan ay kailangang tumugon at magpatuloy sa pagtugon
3. ang pananampalataya ay kailangang magbunga ng maka-Diyos na pamumuhay

Isang bagay ang tiyak, ang "pananampalataya" kay Kristo ay napakahalaga (cf. 5:1; Filipos 3:9). Ang pag-aalok ng kaligtasan ng Diyos ay nakabatay sa pagtugong pananampalataya (cf. Marcos 1:15; Juan 1:12; 3:16; Gawa 3:16 and 19; 20:21). Tingnan ang Natatanging mga Paksa sa 1:5; 4:5; at 10:4.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Nguni't ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya"** |
| **NKJV** | **"Ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya"** |
| **NRSV** | **"Ang isang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya"** |
| **TEV** | **"Siya na nagbigay ng tama sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay"** |
| **NJB** | **"Ang taong matuwid ay makakahanap ng buhay sa pamamagitan ng pananampalataya"** |

Ito ay isang sipi mula sa Habakuk 2:4, ngunit hindi mula sa Masoretic Text (MT) o sa Septuagint (LXX). Sa OT "ang pananampalataya" ay lumago sa patalinghagang kahulugan ng "magpagkakatiwalaan," "katapatan," o "katapatang loob" (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:5). Ang nakakapagligtas na pananampalataya ay batay sa katapatan ng Diyos (cf. 3:5,21,22,25,26). Gayunman, ang katapatan ng tao ay katunayan na ang isang nagtiwala sa probisyon ng Diyos. Ang katulad na talata sa OT ay sinipi saGalacia 3:11 at Hebreo 10:38. Ang susunod na pampanitikang yunit, ang Roma 1:18-3:20, ay naghahayag ng kasalungat ng katapatan sa Diyos.

Ito ay maaaring makatulong na itala kung papaano naunawaan ng maraming makabagong tagapagpaliwanag ang huling bahagi ng parirala.

1. Vaughan: "nagsimula sa pananampalataya at magwawakas sa pananampalataya"
2. Hodge: "sa pamamagitan ng pananampalataya lamang"
3. Barrett: "sa kawalan ng batayan maliban sa pananampalataya"
4. Knox: "pananampalataya unan at huli"
5. Stagg: "ang matuwid sa pananampalataya ay siyang mabubuhay"

**TALATA SA NASB (BINAGO): 1:18-23**

**18 Sapagka't ang poot ng Diyos ay nahahayag mula sa langit laban sa lahat na kasamaan at**
**kalikuan ng mga tao, na mga sinasawata ang katotohanan ng kalikuan; 19 Sapagka't ang nakikilala**
**tungkol sa Diyos ay hayag sa kanila; sapagka't ito'y ipinahayag ng Diyos sa kanila. 20 Sapagka't ang**
**mga bagay niyang hindi nakikita buhat pa nang lalangin ang sanglibutan ay nakikitang maliwanag, sa pagkatanto sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa niya, maging ang walang hanggan niyang kapangyarihan at pagka Diyos; upang sila'y walang madahilan: 21 Sapagka't kahit kilala nila ang**
**Diyos, siya'y hindi niluwalhati nilang tulad sa Diyos, ni pinasalamatan; kundi bagkus niwalang kabuluhan sa kanilang mga pagmamatuwid at ang mangmang nilang puso ay pinapagdilim. 22 Ang**
**mga nangagmamarunong ay naging mga mangmang, 23 At pinalitan nila ang kaluwalhatian ng Diyos**
**na hindi nasisira, ng isang katulad ng larawan ng tao na nasisira, at ng mga ibon, at ng mga hayop na**

**may apat na paa, at ng mga nagsisigapang.**

**1:18 "sapagkat"** Pansinin kung ilang beses ginamit ang *gar* sa paksang pahayag ng mga talatang 16-17—tatlong beses, at ngayon ay pinasimulan unang punto ng ebanghelyo ni Pablo (1:18-3:31), na pinag-iba sa kapangyarihan ng Diyos sa kaligtasan (1:16-17).

▣ **"ang poot ng Diyos"** Inilalarawan ng mga talatang 18-23 ang paganong mundo sa kapanahunan ni Pablo. Ang paglalarawan ni Pablo sa paganong mundo ay matatagpuan din sa mga pang-Hudyong panitikan (cf. *Wisdom of Solomon* 13:1ff. at *Letter of Aristeas*, 134-38) at kahit na ang mga Griyego at Romanong mga sulat sa etika. Ang Bibliya na nagpapabatid ng pag-ibig na Diyos ay naghahayag din ng Kanyang poot (cf. vv. 23-32; 2:5,8; 3:5; 4:15; 5:9; 9:22; 12:19; 13:4-5).

Ang kapwa poot at pag-ibig ay mga salitang pantao na inuukol sa Diyos. Sila ay naghahayag ng katotohanan na ang Diyos ay may daan na nais Niyang tugunin at isabuhay ng mga mananampalataya. Ang kusang pagtanggi sa kalooban ng Diyos (ang ebanghelyo ni Kristo) ay magbubunga ng mga kahihinatnang kapwa pansamantala, tulad sa talatang ito, at eskatolohiko (cf. 2:5). Gayunman, ang Diyos ay hindi kailangang tingnan bilang mapaghiganti. Ang paghahatol ay Kanyang "hindi pangkaraniwang gawain" (cf. Isaias 28:21ff). Ang pag-ibig ay Kanyang katangian, ihalintulad ang Deuteronomio 5:9 sa 5:10; 7:9. Sa kanya, ang katarungan at awa ay nangingibabaw. Gayunman, ang lahat ay magbibigay sulit sa Diyos (cf. Ecclesiastes 12:13-14; Galacia 6:7), kahit na ang mga Kristiyano (cf. 14:10-12; II Corinto 5:10).

**NATATANGING PAKSA: ANG DIYOS NA INILALARAWAN BILANG ISANG TAO (ANTROMORPIKONG WIKA)**

I. Ito ay uri ng wika na napaka-karaniwan sa OT (ilang mga halimbawa)
   A. Pisikal na mga bahagi ng katawan
      1. Mga mata – Genesis 1:4,31; 6:8; Exodo 33:17; Bilang 14:14; Deuteronomio 11:12; Zacarias 4:10
      2. Mga kamay – Exodo 15:17; Bilang 11:23; Deuteronomio 2:15
      3. braso – Exodo 6:6; 15:16; Bilang 11:23; Deuteronomio 4:34; 5:15
      4. Mga tenga – Bilang 11:18; I Samuel 8:21; II Hari 19:16; Awit 5:1; 10:17; 18:6
      5. mukha – Exodo 32:30; 33:11; Bilang 6:25; Deuteronomio 34:10; Awit 114:7
      6. daliri – Exodo 8:19; 31:18; Deuteronomio 9:10; Awit 8:3
      7. tinig – Genesis 3:8,10; Exodo 15:26; 19:19; Deuteronomio 26:17; 27:10
      8. paa – Exodo 24:10; Ezekiel 43:7
      9. anyong tao – Exodo 24:9-11; Awit 47; Isaias 6:1; Ezekiel 1:26
      10. ang anghel ng Panginoon – Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 3:4,13-21; 14:19; Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22
   B. Mga Pisikal na Pagkilos
      1. Pagsasalita bilang kaparaanan ng paglilikha– Genesis 1:3,6,9,11,14,20,24,26
      2. Paglalakad (i.e., tunog na) sa Eden – Genesis 3:8; 18:33; Habakuk 3:15
      3. pagsasara ng pinto sa daong ni Noah – Genesis 7:16
      4. pagsamyo sa mga handog – Genesis 8:21; Levitico 26:31; Amos 5:21
      5. pagdating pababa – Genesis 11:5; 18:21; Exodo 3:8; 19:11,18,20
      6. paglilibing kay Moises – Deuteronomio 34:6
   C. Mga pantaong damdamin (ilang mga halimbawa)
      1. panghihinayang/pagsisisi – Genesis 6:6,7; Exodo 32:14; Hukom 2:18; I Samuel 15:29,35; Amos 7:3,6

2. galit – Exodo 4:14; 15:7; Bilang 11:10; 12:9; 22:22; 25:3,4; 32:10,13,14; Deuteronomio 6:5; 7:4; 29:20
3. paninibugho – Exodo 20:5; 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15; 32:16,21; Joshua 24:19
4. pagkasuklam/poot – Levitico 20:23; 26:30; Deuteronomio 32:19

D. Mga salitang pampamilya (ilang mga halimbawa)
1. Ama
   a. ng Israel – Exodo 4:22; Deuteronomio 14:1; 39:5
   b. ng Hari – II Samuel 7:11-16; Awit 2:7
   c. talinghaga ng mga maka-amang pagkilos– Deuteronomio 1:31; 8:5; 32:1; Awit 27:10; Kawikaan 3:12; Jeremias 3:4,22; 31:20; Osea 11:1-4; Malakias 3:17
2. Magulang – Osea 11:1-4
3. Ina – Awit 27:10 (paghahalintulad sa nagpapasusong ina); Isaias 49:15; 66:9-13
4. Batang tapat na mangingibig – Osea 1-3

II. Mga dahilan para sa paggamit ng mga ganitong uri ng wika
A. Isang pangangailang para sa Diyos na ihayag Niya ang Kanyang sarili sa mga taong nilalang. Ang pinaka malaganap na konsepto ng Diyos bilang isang lalake ay isang antropomorpismo dahil sa ang Diyos ay espiritu!
B. Ang Diyos ay nagdadala ng pinakamakahulugang aspeto ng buhay ng tao at ginagamit ito upang ihayag ang Kanyang sarili sa makasalanang sangkatauhan (ama, ina, magulang, mangingibig)
C. Bagamat kinakailangan, ang Diyos ay hindi kailangan na maging limitado sa anumang pisikal na anyo (cf. Exodo 20; Deuteronomio 5)
D. Ang sukdulang antropomorpismo ay ang pagkakatawang tao ni Hesus! Ang Diyos ay naging pisikal, nahahawakan (cf. I Juan1:1-3). Ang mensahe ng Diyos ay naging Salita ng Diyos (cf. Juan1:1-18)

▣ **“ay nahahayag”** Kung ang ebanghelyo ay isang nahayag na katotohanan (v. 17), ganoon din, ang poot ng Diyos! Wala sa kanila ang isang pagkilos ng pantaong pagtuklas o lohika.

▣ **“na mga sinasawata ang katotohanan”** Ito ay tumutukoy sa kusang pagtanggi ng tao, hindi kamangnangan (cf. vv. 21,32; Juan 3:17-21). Ang pariralang ito ay maaaring mangahulugang
1. Nalalaman nila ang katotohanan ngunit tinanggihan ito
2. Ang kanilang pamumuhay ay nagpapakita ng kanilang pagtanggi sa katotohanan
3. Ang kanilang mga pamumuhay at/o mga salita ang nagdudulot sa iba na hindi makaalam at makatanggap ng katotohanan

**NATATANGING PAKSA: “KATOTOHANAN” SA MGA SULAT NI PABLO**

Ang paggamit ni Pablo ng salitang ito at kaugnay na mga anyo ay nagmula sa katumbas nito sa OT, *emet*, na nangangahulugang mapagkakatiwalaan o matapat (BDB 53). Sa mga pang-Hudyong inter-biblikal ng mga sulat, ito ay ginamit na katotohaan bilang pagtaliwas sa kasinungalingan. Maaaring ang pinaka-malapit ng katulad ay ang “Mga Imnong Pasasalamant” ng ‘Dead Sea Scrolls,’ na ginamit sa mga nahayag na mga doktrina. Ang mga kabilang sa Komunidad ng Eseno ay naging “mga saksi ng katotohanan.”

Si Pablo ay gumagamit ng salita bilang isang paraan ng pagtukoy sa ebanghelyo of Hesukristo.
1. Roma 1:18,25; 2:8,20; 3:7; 15:8
2. I Corinto 13:6
3. II Corinto 4:2; 6:7; 11:10; 13:8

4. Galacia 2:5,14; 5:7
5. Efeso 1:13; 6:14
6. Colosas 1:5,6
7. II Thesalonica 2:10,12,13
8. I Timoteo 2:4; 3:15; 4:3; 6:5
9. II Timoteo 2:15,18,25; 3:7,8; 4:4
10. Tito 1:1,14

Si Pablo ay gumagamit din ng salita bilang isang paraan ng paghahayag ng kanyang sinasabi nang may katiyakan

1. Gawa 26:25
2. Roma 9:1
3. II Corinto 7:14; 12:6
4. Efeso 4:25
5. Filipos 1:18
6. I Timoteo 2:7

Siya rin ay gumagamit nito upang ilarawan ang kanyang layunin sa I Corinto 5:8 at lakad ng buay (gayundin para sa lahat ng Kristiyano) sa Efeso 4:24; 5:9; Filipos 4:8. Ginagamit niya ito minsan para sa tao.

1. Ang Diyos, Roma 3:4 (cf. Juan 3:33; 17:17)
2. Si Hesus, Efeso 4:21 (similar to Juan 14:6)
3. Mga pagpapatotoong pang-Apostol, Tito 1:13
4. Si Pablo, II Corinto 6:8

Si Pablo lamang ang gumagamit ng anyong pandiwa (i.e., *alētheuō*) sa Galacia 4:16 at Efeso 4:15, na kung saan ito ay tumutukoy sa ebanghelyo. Para sa mas malalim na pag-aaral sumangguni kay Colin Brown (ed), *The New International Dictionary of New Testament Theology*, tomo 3, pp. 784-902.

**1:19 "ang nakikilala tungkol sa Diyos ay hayag sa kanila; sapagka't ito'y ipinahayag ng Diyos sa kanila"** Ang sangkatauhan ay nakakaalam ng patungkol sa Diyos mula sa mga linikha (cf. v. 20; Job 12:7-10 at Awit 19:1-6 sa pamamagitan ng kalikasan). Sa teolohiya ito ay tinatawag na "kapahayagan sa kalikasan." Hindi ito ang kabuuan, ngunit ito ang ginagamit na batayan ng Diyos upang papanagutin ang hindi kailanman napahayagan ng "natatanging kapahayagan" ng Diyos sa Banal na Kasulatan (cf. Awit 19:7-14) o, sa kahantungan, kay Hesus (cf. Colosas 1:15; 2:9).

Ang salitang "malaman" ay ginamit sa dalawang mga kahulugan sa NT: (1) sa kanyang kahulugan sa OT ng napakalapit na personal na pakikipag-ugnayan (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5) at (2) sa kanyang Griyegong pakahulugan sa katoohanan patungkol sa isang paksa (cf. v. 21). Ang ebanghelyo ay kapwa isa Persona na dapat tanggapin at isang mesahe patunggok sa Personang tatanggapin at pananampalatayanan! Ang talatang ito ay ginamit lamang sa diwa ng #2.

**NATATANGING PAKSA: MAKILALA (kadalasang paggamit ng Deuteronomio bilang isang huwaran)**

Ang Hebreong salita na "makilala" (BDB 393) ay may maraming pagkakaunawa (*semantic fields*) sa *Qal.*

1. upang malaman ang mabuti o masama – Genesis 3:22; Deuteronomio 1:39; Isaias 7:14-15; Jonas 4:11
2. upang makakilala sa pamamagitan ng pagunawa – Deuteronomio 9:2,3,6; 18:21
3. upang makakilala sa pamamagitan ng karanasan – Deuteronomio 3:19; 4:35; 8:2,3,5; 11:2;

20:20; 31:13; Joshua 23:14
4. upang isaalang-alang – Deuteronomio 4:39; 11:2; 29:16
5. upang makilala nang personal
   a. ang isang tao – Genesis 29:5; Exodo 1:8; Deuteronomio 22:2; 33:9
   b. isang diyos – Deuteronomio 11:28; 13:2,6,13; 28:64; 29:26; 32:17
   c. YHWH – Deuteronomio 4:35,39; 7:9; 29:6; Isaias 1:3; 56:10-11
   d. pagtatalik – Genesis 4:1,17,25; 24:16; 38:26
6. isang natutunang kasanayan o kaalaman – Isaias 29:11,12; Amos 5:16
7. maging marunong – Deuteronomio 29:4; Kawikaan 1:2; 4:1; Isaias 29:24
8. Karunungan ng Diyos
   a. ni Moses – Deuteronomio 34:10
   b. ng Israel – Deuteronomio 31:21,27,29

**1:20** Ang talatang ito ay nagbanggit ng tatlong aspeto ng Diyos.
1. Ang Kanyang di-nakikitang mga katangian (ang Kanyang kalikasan, cf. Colosas 1:15; I Timoteo 1:17; Hebreo 11:27)
2. Ang kanyang walang hanggang kapangyarihan (na nakita sa nilalang na kalikasan, cf. Awit 19:1-6)
3. Ang Kanyang pang-Diyos na kalikasan (na nakita sa Kanyang mga gawa at mga layunin sa paglikha, cf. Genesis 1-2)

▣ **"buhat pa nang lalangin ang sanglibutan"** Ang PANG-UKOL na *apo* ay ginamit sa isang pansamantalang kaunawaan. Isang katulad na parirala ay matatagpuan sa Marcos 10:6; 13:19; II Pedro 3:4. Ang di-nakikitang Diyos ay ngayon ay makikita na sa
1. pisikal na linikha (ang talatang ito)
2. Banal na Kasulatan (Awit 19, 119)
3. Sa kahantungan ay kay Hesus (cf. Juan 14:9)

▣ "ang pang-Diyos na kalikasan" Mula Griyegong panitikan na *theiotēs* na maaaring isalin na "maharlikang Diyos." Ito ay lubusan makikita kay Hesus. Siya ang natatanging nagtataglay ng larawan ng Diyos (cf. II Corinto 4:4; Hebreo 1:3). Siya ang kapuspusan ng kapahayagan ng Diyos sa anyong tao (Colosas 1:19; 2:9). Ang napakagandang katotohanan ng ebanghelyo sa nalugmok na sangkatauhan, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, ay magiging kabahagi ng pagkatulad kay Kristo (cf. Hebreo 12:10; I Juan 3:2). Ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan (cf. Genesis 1:26-27) ay napanumbalik (*theios*, cf. II Pedro 1:3-4)!

▣
**NASB** **"nakikitang maliwanag, sa pagkatanto sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa niya"**
**NKJV** **"nakikitang maliwanag, sa pagkakaunawa sa pamamagitan ng mga bagay na nagawa"**
**NRSV** **"na naunawaan at nakita sa pamamagitan ng mga bagay na nalikha"**
**TEV** **"nakikitang maliwanag; sila ay naunawaan sa mga bagay na nilikha ng Diyos"**
**NJB** **"nakikitang maliwang sa pamamagitan ng pang-unawa ng pag-iisip sa mga nilikhang bagay"**

Ang pagsasama ng *noeō* (cf. Mateo 15:17) at *kathoraō* (kapwa PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK) ay nagpapahiwatig ng isang tunay na pagkaunawa. Ang Diyos ay sumulat ng dalawang

aklat: (1) kalikasan (cf. Awit 19:1-6) at (2) Banal na Kasulatan (cf. Awit 19:7-14). Sila ay kapwa kakayaha sa pang-unawang pantao at humihingi ng pagtugon (cf. *Wisdom* 13:1-9).

▣ **"upang sila'y walang madahilan"** Sa literal, ito ay "walang legal na pagtatanggol." Ito ay Griyegong salita (*a* na isinama sa *apologeomai*) ay ginamit dito lamang at sa 2:1 sa NT. Tandaan ang teolohikong layunin ng 1:18-3:20 ay upang maipakita ang espiritwal na pagkawala ng lahat ng sangkatuhan. Ang sangkatauhan ay may pananagutan sa kaalaman na taglay nila. Pinaninindigan ng Diyos na ang sangkatauhan lamang ang may pananagutan para sa kanyang nalalaman o maaaring malaman (cf. 4:15; 5:13).

**1:21 "Sapagka't kahit kilala nila ang Diyos"** Ang sangkatauhan ay hindi umuunlad sa relihiyon—sila ay pasama nang pasama. Mula sa Genesis 3 ang sangkatauhan ay tumutungo sa pagkalugmok. Ang kadiliman ay nadaragdagan!

▣ **"Siya'y hindi niluwalhati nilang tulad sa Diyos, ni pinasalamatan"** Ito ang kapahamaka ng paganong pagsamba sa diyus-diyosan sa vv. 23, 24 (cf. Jeremias 2:9-13). "Naluluwalhati" ng mga mananampalataya ang Diyos sa pamamagitan ng pamumuhay na katulad kay Kristo (cf. Mateo 5:16; Roma 12:1-2; I Corinto 6:20; 10:31; Filipos 1:20; I Pedro 4:11). Ninanais ni YHWH ang isang tao na magpapaaninag/maghahayag ng Kanyang katangian sa isang nalugmok at bulag na mundo!

▣ **"kundi bagkus niwalang kabuluhan sa kanilang mga pagmamatuwid at ang mangmang nilang puso ay pinapagdilim."** *The New Testament: A New Translation* ni Olaf M. Morlie ay may "manapay sila ay naging abala sa kanilang mga sarili sa mga hangal na haka-haka patungkol sa Kanya, at ang kanilang ungas (tanga) na pag-iisip ay humahagilap sa kadiliman." Ang mga pantaong sistema ng relihiyon ay mga bantayog sa espiritwal na paghihimagsik at kayabangan (cf. v. 22; Colosas 2:16-23).

Ang salitang isinalin na "walang kasaysay" ay ginamit sa LXX upang tumukoy sa "walang kabuluhan," "walang buhay" na diyus-diyosa ng mga karatig ng Israel. Si Pablo ay isang palaisip na Hebreo na nakakaalam ng Septuagint. Ang gamit ng mga Griyegong salita sa LXX ay isang mas mainam na gabay sa mga pananaw ng mga may-akda ng NT authors' thoughts kaysa sa mga Griyegong leksikon.

Ang dalawang PANDIWA ay AORIST NA BALINTIYAK NA NA MAY MGA PAHIWATIG. Ang BALINTIYAK NA TINIG ba na nagpapahiwatig ng kanilang kakulangan ng pagkaunawa at wastong pagtugon ay dahil ang Diyos ang nagtalukbong ng kanilang mga puso o ang kanilang pagtanggi sa liwanag ang nagpatigas ng kanilang mga puso (cf. 10:12-16; II Hari 17:15; Jeremias 2:5; Efeso 4:17-19)? Ito ay katulad na teolohikong tanong na nauugnay sa Faraon sa exodo.

| <u>Pinatigas ng Diyos ang kaniyang puso</u> | <u>Pinatigas ni Faraon ang kanyang puso</u> |
|---|---|
| Exodo 4:21 | Exodo 8:15 |
| 9:12 | 8:32 |
| 10:20 | 9:34 |
| 11:10 | |
| 14:4 | |
| 14:8 | |
| 14:17 | |

Sa 9:35 ang pagtigas ay maaaring tumukoy sa Diyos o sa Faraon. Ito ang hiwaga ng kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng tao!

▣ **"puso"** Ito ay ginamit sa diwa ng OT para sa buong pagkatao. Gayunman, ito ay kadalasang isang paraan sa pagtukoy ng pamamaraan ng pag-iisip at pakiramdam. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:24.

**1:22**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"Ang mga nangagmamarunong ay naging mga mangmang"** |
| **NRSV** | **"Nag-aangking marurunong, sila ay naging mga mangmang"** |
| **TEV** | **"Sinabi nilang sila ay marurunong, ngunit sila ay mangmang"** |
| **NJB** | **"Mas higit nilang tinatawag ang kanilang mga sarili na mga Pilosopo, lalong silang naging tanga sa paglago"** |

Mula sa Griyegong salita na "hangal" nakuha natin ang Ingles na "ulol (moron)." Ang suliranin ay nasa kayabangan ng sangkatauhan at pagtitiwala sa kanilang sariling kaalaman. (cf. I Corinto 1:18-31; Colosas 2:8-23). Ito ay bumabalik sa Genesis 3. Ang karunungan ay nagdadala pagkahiwalay at paghatol. Ito ay hindi naman palaging mali ang pantaong pagkakaunawa, ito ay hindi pa hantungan!

**1:23** Ang sangkatauhan na may pagkusang kamangmangan na ginawa sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6) ay ginawang mga larawang panglupa ang Diyos tulad ng

1. Mga hayop (Ehipto)
2. Lakas ng kalikasan (Persya)
3. Mga anyong tao (Gresya/Roma)—mga diyus-diyos! Kahit na ang sariling tao ng Diyos ay ginawa ito (cf. Deuteronomio :15-24)

Itang mga bagong anyo nitong lumang kasalanan ay

1. Ukol sa kalikasan (inang mundo)
2. Bagong Panahon pangsilangang kaisipan (mistisismo, espiritwalismo, at ang okulto)
3. Humanismong walang-Diyos (Marxismo, utopianismo, lumalagong idealismo, at hantungang pananampalataya sa pulitika at edukasyon)
4. Holistikong paggagamot (kalusugan at mahabang buhay)
5. Edukasyon.

▣ **"kaluwalhatian"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:23

▣ **"tao na nasisira"** Tingnan ang Natatanging Paksang susunod.

**NATATANGING PAKSA: WASAKIN, GIBAIN, PASAMAIN (*PHTHEIRŌ*)**

Ang pangunahing kahulugan ng salitang *phtheirō* ay wasakin, gibain, pasamain o sirain. Ito ay maaaring gamitin para sa

1. pagkawasak sa pananalapi (maaaring sa II Corinto 7:2)
2. pagkawasak na pisikal (cf. I Corinto 3:17a)
3. kasamaang moral (cf. Roma 1:23; 8:21; I Corinto 15:33,42,50; Galacia 6:8; Pahayag 19:2)
4. panunuksong sekswal (cf. II Corinto 11:3)
5. walang hanggang pagkawasak (cf. II Pedro 2:12,19)
6. pawala nang tradisyon ng mga tao (cf. Colosas 2:22; I Corinto 3:17b)

Kadalasang ang mga salitang ito ay ginagamit sa katulad na konteksto itinangging kabaligtaran nito (cf. Roma 1:23; I Corinto 9:25; 15:50,53). Pansining ang mga magkaagapay na kabaliktaran sa pagitan ng ating mga pisikal na katawan at ating makalangit na walang hanggang mga katawan.

1. Nasisira laban sa di-nasisira, I Corinto 15:42,50
2. Kahihiyan laban sa kaluwalhatian, I Corinto 15:43
3. Kahinaan laban sa kapangyarihan, I Corinto 15:43
4. Likas (natural) na katawan laban sa espiritwal na katawan, I Corinto 15:44
5. unang Adan laban sa huling Adan, I Corinto 15:45

6. larawang maka-mundo laban sa larawang maka-langit, I Corinto 15:49

**TALATA SA NASB (BINAGO): 1:24-25**

**[24]Dahil dito'y sa karumihan ng mga pita ng kanilang mga puso ay ibinigay sila ng Diyos sa kahalayan, upang alisan nila ng puri ang kanilang mga katawan sa kanikanilang sarili: [25]Sapagka't pinalitan nila ang katotohanan ng Diyos ng kasinungalingan, at sila'y nagsisamba at nangaglingkod sa nilalang kay sa Lumalang, na siyang pinupuri magpakailan man. Siya nawa.**

**1:24, 26, 28 "ibinigay sila ng Diyos"** Ito ang pinakamalalang maaaring kahatulan. Ito ang Diyos na nagsasalita "hayaan ang nalugmok na sangkatauhan sa kanilang sariling mga paraan" (cf. Awit 81:12; Osea 4:17; Gawa 7:42 sinipi sa maraming mga OT talata sa paksang teolohiko). Ang mga talatang 23-32 ay naglalarawan ng pagtanggi ng Diyos (pansamantalang poot ) sa paganong mundo at ang pagiging relihiyoso nito (at natin)! Ang paganismo dati at ngayon ay makikilala sa pamamagitan ng kabuktutan at pagsasamantalang seksuwal!

**1:24 "mga puso"** Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

**NATATANGING PAKSA: ANG PUSO**

Ang Griyegong salita na *kardia* ay ginamit sa at NT upang ipakita ang Hebreong salita na *lēb* (BDB 523). Ito ay ginamit sa maraming paraan (cf. Bauer, Arndt, Gingrich at Danker, *A Greek-Ingles Lexicon*, pp. 403-404).

1. ang gitna ng buhay pisikal, isang talinghaga para sa tao (cf. Gawa 14:17; II Corinto 3:2-3; Santiago 5:5)
2. ang gitna ng buhay Espirituwal (i.e., moral)
   a. nakikilala ng Diyos ang puso (cf. Lucas 16:15; Roma 8:27; I Corinto 14:25; I Thesalonica 2:4; Pahayag 2:23)
   b. ginamit sa Espirituwal na buhay ng sangkatauhan (cf. Mateo 15:18-19; 18:35; Roma 6:17; I Timoteo 1:5; II Timoteo 2:22; I Pedro 1:22)
3. ang gitna ng buhay pangkaisipan (i.e., talino, cf. Mateo 13:15; 24:48; Gawa 7:23; 16:14; 28:27; Roma 1:21; 10:6; 16:18; II Corinto 4:6; Efeso 1:18; 4:18; Santiago 1:26; II Pedro 1:19; Pahayag 18:7; ang puso ay kasing-kahulugan ng isipan sa II Corinto 3:14-15 at Filipos 4:7)
4. ang gitna ng pagpapasya (i.e., kalooban, cf. Gawa 5:4; 11:23; I Corinto 4:5; 7:37; II Corinto 9:7)
5. ang gitna ng mga damdamin (cf. Mateo 5:28; Gawa 2:26,37; 7:54; 21:13; Roma 1:24; II Corinto 2:4; 7:3; Efeso 6:22; Filipos 1:7)
6. natatanging lugar sa pagkilos ng Espiritu (cf. Roma 5:5; II Corinto 1:22; Galacia 4:6 [i.e., si Kristo sa ating mga puso, Efeso 3:17])
7. Ang puso ay isang paraang patalinghaga na tumutukoy sa buong pagkatao (cf. Mateo 22:37, sinipi sa Deuteronomio 6:5). Ang mga kaisipan, mga layunin (motibo), at mga pagkilos na inuukol sa puso ay lubusang naghahayag sa uri ng tao. Ang OT ay mayroong kapansin-pansing mga paggamit ng mga salita
   a. Genesis 6:6; 8:21, "Ang Diyos ay napighati sa kanyang puso," pansinin din ang Osea 11:8-9
   b. Deuteronomio 4:29; 6:5, "ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa"
   c. Deuteronomio 10:16, "di-tuling puso" and Roma 2:29
   d. Ezekiel 18:31-32, "isang bagong puso"

e. Ezekiel 36:26, "isang bagong puso" laban sa "isang pusong bato"

**1:25 "pinalitan nila ang katotohanan ng Diyos ng kasinungalingan"** Ito ay maaaring maunawaan sa maraming kaparaanan.

1. Ang pagdi-diyos ng sarili ng sangkatauhan (cf. II Thesalonica 2:4,11)
2. Ang pagsamba ng sangkatauhan sa kanyang ginawa—diyus-diyosan (cf. Isaias 44:20; Jeremias 13:25; 16:19) sa halip na si YHWH na lumalang ng lahat ng bagay (cf. vv. 18-23)
3. Ang hantungang pagtanggi ng sangkatauhan sa katotohanan ng ebanghelyo (cf. Jn 14:17; I Juan 2:21,27) Sa konteksto ng #2 ang pinakaakma.

▣ **"nagsisamba at nangaglingkod"** Ang sangkatauhan ay palaging may diyos. Ang lahat ng sangkatauhan ay nauunawaan na mayroong sinuman, ilang katotohanan, o anumang bagay na mas mataas sa kanilang sarili.

▣ **"na siyang pinupuri magpakailan man. Siya nawa"** Si Pablo ay sumambulat sa isang pang-Hudyong pagpapala, isa sa ganap niyang katangian (cf. Roma 9:5; II Corinto 11:31). Si Pablo ay palagiang nananalangin tulad ng kanyang pagsusulat (cf. 9:5; 11:36; 15:33; 16:27).

▣ **"magpakailan man"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: MAGPAKAILANMAN (GRIYEGONG KATAGA)**

Isang Griyegong pangwikaing parirala ay "sa loob ng mga panahon" (cf. Lucas 1:33; Roma 1:25; 11:36; 16:27; Galacia 1:5; I Timoteo 1:17), na maaaring maglarawan ng Hebreong *'olam*. Tingnan si Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 319-321, at Natatanging Paksa sa OT: Magpakailanman (*'Olam*). Ang ibang mga kaugnay na mga praril ay "sa loob ng panahon" (cf. Mateo 21:19 [Marcos 11:14]; Lucas 1:55; Juan 6:58; 8:35; 12:34; 13:8; 14:16; II Corinto 9:9) at "ng panahon ng mga panahon" (cf. Efeso 3:21). May tila walang pagkakaiba sa pagitan ng mga Griyegong mga kataga para sa "magpakailanman." Ang salitang "mga panahon" ay maaaring PANGMARAMIHAN na isang paglalarawang pagkaunawa sa rabinikal na pang-gramatikong pagkakabuo na tinawag na "ang pangmaramihan ng maharlika" o ito ay maaaring tumukoy sa konsepto ng maraming "mga panahon" sa pang-Hudyong pagkakaunawa ng "panahon ng kasamaan," "panahong darating," o "panahon ng katuwiran."

▣ **"Amen"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: AMEN**

I. LUMANG TIPAN
   A. Ang salitang "Amen" ay galing sa salitang Hebreo para sa
      1. "katotohanan" (*emeth*, BDB 49)
      2. "puno ng katotohanan" (*emun, emunah*, BDB 53)
      3. "pananampalataya" or "puno ng pananampalataya"
      4. "pagtitiwala" (*dmn*, BDB 52)
   B. Ang etimolohiya ay galing sa tindig ng taong matibay. Ang kabaliktaran nito ay ang isang hindi matibay, dumudulas (cf. Awit 40:2; 73:18; Jeremias 23:12) or kakatisuran (cf. Awit 73:2). Mula sa literal na pagkagamit nabuo ang salitang metaporikal sa puno ng pananampalataya, pagtitiwala, katapatan, at maaasahan (cf. Genesis 15:6; Habakuk 2:4).
   C. Mga natatanging paggamit

1. Isang haligi, II Hari 18:16 (I Timoteo 3:15)
2. katiyakan, Exodo 17:12
3. maaasahan, Exodo 17:12
4. katatagan, Isaias 33:6; 34:5-7
5. katotohanan, I Hari 10:6; 17:24; 22:16; Kawikaan 12:22
6. matatag, II Chronika 20:20; Isaias 7:9
7. maaasahan (Torah), Awit 119:43,142,151,168

D. Sa OT dalawa iba pang salitang Hebreo ay ginamit para sa aktibong pananampalataya.
1. *bathach* (BDB 105), pagtitiwala
2. *yra* (BDB 431), takot, paggalang, pagsamba (cf. Genesis 22:12)

E. Mula sa pagkakagamit ng tiwala or katiwa-tiwala ay nabuo ang isang pagkakagamit na *liturgical* upang tindigan ang katotohan at pagtitiwala ng pahayag ng iba (cf. Deuteronomio 27:15-26; Nehemiah 8:6; Awit 41:13; 72:19; 89:52; 106:48).

F. Ang susing teolohiko sa salitang ito ay hindi sa katapatan ng tao kundi ni YHWH (cf. Exodo 34:6; Deuteronomio 32:4; Awit 108:4;115:1; 117:2; 138:2). Ang tanging pag-asa ng sangkatauhang mapapahamak ay ang mahabagin, mapagkakatiwalaan,mapagkasundong katapatan ni YHWH at Kanyang mga pangako. Sa kanilang nakakakilala kay YHWH ay magiging katulad niya (cf. Habakuk 2:4). Ang Bibliya ay isang kasaysayan at isang tala ng Diyos na ipinapanumbalik ang kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27) sa sangkatauhan. Ang kaligtasan ay pinapanumbalik ang kakayahan ng taong magkaroon nang malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ito ang dahilan kaya tayo nilikha.

II. BAGONG TIPAN

A. Ang gamit ng salitang "amen" bilang isang paghuling *liturgical* na pagtindig sa katapatan ng isang pahayag ay karaniwan sa NT (cf. I Corinto 14:16; II Corinto 1:20; Pahayag 1:7; 5:14; 7:12).

B. Ang gamit ng salitang ito bilang pagtapos ng panalangin ay karaniwan sa NT (cf. Roma 1:25; 9:5; 11:36; 16:27; Galacia 1:5; 6:18; Efeso3:21; Filipos 4:20; II Thesalonica 3:18; I Timoteo 1:17; 6:16; II Timoteo 4:18).

C. Si Hesus lamang ang gumamit nito (madalas na dalawahan sa Juan) upang pasimulan ang mga mahalagang pangungusap (cf. Lucas 4:24; 12:37; 18:17,29; 21:32; 23:43)

D. Ito ay ginamit na isang pantawag kay Hesus sa Pahayag 3:14 (marahil isang pantawag kay YHWH sa Isaias 65:16).

E. Ang kaisipang puno ng pananampalataaya o pananampalataya, pagtitiwala, o tiwala ay inihayag sa Griyegong salitang *pistos* o *pistis*, na naisalin sa Ingles bilang "tiwala," "pananampalataya," "paniniwala."

**TALATA SA NASB (BINAGO): 1:26-27**

**[26]Dahil dito'y ibinigay sila ng Diyos sa mga mahahalay na pita: sapagka't pinalitan ng kanilang mga babae ang katutubong kagamitan niyaong nalalaban sa katutubo: [27]At gayon din naman ang mga lalake, na nang iwan na ang katutubong kagamitan sa mga babae, ay nangagningas sa kanilang karumihan ng pita ang isa't isa, na gumagawa ng kahalayan ang mga lalake sa mga kapuwa lalake, at tumatanggap sa kanilang sarili ng kagantihan ng kanilang pagkakamali.**

**1:26,27** Ang *homosexuality* ay isang halimbawa ng buhay na malayo sa maliwanag na kalooban ng Diyos sa paglalang (maging mabunga). Ito ay isang kasalanan at isang pangunahing kultural na suliranin

1. sa OT (cf. Levitico 18:22; 20:13; Deuteronomio 23:18)
2. sa mundo ng Greco-Romano(cf. I Corinto 6:9; I Timoteo 1:10)

3. sa ating panahon

Ang *homosexuality* ay maaaring itala bilang isang halimbawa ng nalugmok na buhay dahil sa pag-aangkop ng buong konteksto ng Genesis 1-3. Ang sangkatauhan ay linikha sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Ang sangkatauhan ay ginawang lalaki at babae (cf. Genesis 1:27). Ang kautusan ng Diyos ay maging mabunga at magpakarami (cf. Genesis 1:28; 9:1,7). Ang pagkahulog ng sangkatauhan (cf. Genesis 3) ang sumira sa plano at kalooban ng Diyos. Ang *homosexuality* ay isang maliwanag na paglabag! Gayunman ito ay kailangang maihayag na hindi lang ito ang nabanggit na kasalanan sa konteksto (cf. vv. 29-31). Ang lahat ng kasalanan ng sangkatauhan ay nagpapakita ng pagkahiwalay Diyos at ng kanilang nararapat na kaparusahan. Ang lahat ng kasalanan, lalo na ang makasalanang pamumuhay, ay kasuklam-suklam sa Diyos.

**NATATANGING PAKSA: *HOMOSEXUALITY* (PAGIGING BAKLA O TOMBOY)**

Mayroong maraming makabagong pagtutulak sa kultura na tanggapin ang *homosexuality* bilang isang karapat-dapat na kahaliling pamumuhay. Ang Bibliya ay ipinagbabawal ito bilang isang mapangwasak na pamumuhay, na nasa labas ng kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha.

1. Linalabag nito ang kautusan ng Genesis 1 na maging mabunga at magparami
2. Inilalarawan nito ang paganong pagsamba at kultura (cf. Levitico 18:22; 20:13; Roma 1:26-27; and Judas 7)
3. Ipinapakita nito ang isang mapagsariling pagsasarili mula sa Diyos (cf. I Corinto 6:9-10)

Gayunman, bago ko iiwan ang paksang ito, nais kong bigyang-diin ang pag-ibig at kapatawaran ng Diyos sa lahat ng mga mapanghimagsik (rebelde) sangkatauhan. Ang mga Kristiyano ay walang karapatang kumilos ng pagalit o may pagmamataas patungo sa partikular na kasalanang ito, lalo na't maliwanag na lahat tayo ay nagkasala. Ang panalangin, pagmamalasakit, patotoo, at pagkahabag ay makagagawa nang malaking kaibahan sa larangan ito kaysa sa marahas na paghatol. Ang Salita ng Diyos at Kanyang Espiritu ang gagawa ng paghatol kung hahayaan natin sila. Ang lahat ng kasalanang sekswal, hindi lamang ito, ay kasuklam-suklam sa Diyos at magdudulot ng paghatol. Ang kasarian (sekswalidad) ay isang kaloob ng Diyos para sa kapakanan, kaligayahan ng tao at sa katatagan ng lipunan. Ngunit itong malakas, na pagnanasang ibinigay ng Diyos, ay kadalasang ginawang mapanghimagsik, makasarili, mapagnasang kaaliwan, "mas marami-para-sakin-sa-kahit-anong-halaga" na pamumuhay (cf. Roma 8:1-8; Galacia 6:7-8).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 1:28-32**

**28At palibhasa'y hindi nila minagaling na kilalanin ang Diyos, ibinigay sila ng Diyos sa isang mahalay na pagiisip, upang gawin yaong mga bagay na hindi nangararapat; 29Nangapuspus sila ng buong kalikuan, ng kasamaan, ng kasakiman, ng kahalayan; puspos ng kapanaghilian, ng pagpatay sa kapuwa tao, ng pagtatalo, ng pagdaraya, ng mga kasamaan; mga mapagupasala, 30Mga mapanirang puri, mga napopoot sa Diyos, mga manglalait, mga palalo, mga mapagmapuri, mga mangangatha ng mga kasamaan, mga masuwayin sa mga magulang, 31Mga haling, mga hindi tapat sa tipanan, mga walang katutubong paggiliw, mga walang habag: 32Na, bagama't nalalaman nila ang kautusan ng Diyos, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay mga karapatdapat sa kamatayan, ay hindi lamang gayon ang ginagawa, kundi naman pinapayagan ang mga nagsisigawa ng mga yaon.**

**1:28-31** Ito ay isang pangungusap sa Griyego. Ito ay may katangiang mapanghimagsik (rebelde), nalugmok, mapagsariling sangkatauhan (cf. Roma 13:13; I Corinto 5:11; 6:9; Galacia 5:19-21; Efeso 5:5; I Timoteo 1:10; Pahayag 21:8).

Ang kasalanan ng sangkatauhan ay ang kanilang pag-iral na hiwalay sa Diyos. Ang impiyerno ay

ang pag-iral na naging pamalagian. Ang pagsasarili ay isang trahedya! Ang sangkatauhan ay kinakailangan ang Diyos; siya ay napahamak, hindi sapat, at walang katuparan maliban na manggaling sa Kanya. Ang pinakamasamang bahagi ng isang walang hanggang impiyerno ay ang pang-ugnayang kawalang ng Diyos!

**1:29 "isang mahalay na pag-iisip"** Kung ano ang nakikita ng sangkatauhan bilang kalayaan ay pang-sariling pagsamba: "Kahit anong bagay at lahat ng bagay para sa akin!" Ang kinatawan ng BALINTIYAK NA TINIG ay ipinahayag bilang Diyos sa 1:24,26,28, ngunit sa kaugnayan nito sa konteksto ng Genesis 1-3, ito ang pagpili ng sangkatauhan sa kaalaman at sarili ang pinagmulan ng suliranin. Binabayaan ng Diyos ang Kanyang linikha na pagdusahan ang kinalabasan ng kanilang sariling mga pagpili, ang kanilang sariling pagsasarili.

▣ **"Nangapuspus sila ng"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang sangkatauhan ay puspos at itinatangi sa kung ano ang kanilang pinananahanan. Ang mga rabi ay magsasabi na sa bawat puso ng tao ay may isang itim (masamang *yetzer*) aso at isang puting (mabuting *yetzer*) aso. Ang isang pinapakain nang mas marami ay magiging pinakamalaki.

**1:29-31** Ito ang mga bunga at sintomas ng buhay na walang Diyos. Sila ay nagpapakilala ng mga indibidwal at mga lipunan na piniling iwaksi ang Diyos ng Bibliya. Ito ay isa sa maraming mga tala ng mga kasalanan na ibinigay ni Pablo (cf. I Corinto 5:11; 6:9; II Corinto 12:20; Galacia 5:19-21; Efeso 4:31; 5:3-4; Colosas 3:5-9).

**NATATANGING PAKSA: MGA MASAMANG HILIG (BISYO) AT MGA KAGALINGAN SA NT**

Ang mga tala ng kapwa mga masamang hilig (bisyo) at mga kagalingan ay karaniwan NT. Kadalasang sila ay nagpapakita sa kapwa rabinikal at kultural (Helenistiko) na mga tala. Ang mga tala sa NT ng magkakasalungat na mga katangian ay makikita sa:

| | **Mga Masamang Hilig** | **Mga Kagalingan** |
|---|---|---|
| 1. Pablo | Roma 1:28-32 | --- |
| | Roma 13:13 | Roma 12:9-21 |
| | I Corinto 5:9-11 | --- |
| | I Corinto 6:10 | I Corinto 6:6-9 |
| | II Corinto 12:20 | II Corinto 6:4-10 |
| | Galacia 5:19-21 | Galacia 5:22-23 |
| | Efeso 4:25-32 | --- |
| | Efeso 5:3-5 | --- |
| | --- | Filipos 4:8-9 |
| | Colosas 3:5,8 | Colosas 3:12-14 |
| | I Timoteo 1:9-10 | --- |
| | I Timoteo 6:4-5 | --- |
| | II Timoteo 2:22a,23 | II Timoteo 2:22b,24 |
| | Tito 1:7, 3:3 | Tito 1:8-9; 3:1-2 |
| 2. Santiago | Santiago 3:15-16 | Santiago 3:17-18 |
| 3. Pedro | I Pedro 4:3 | I Pedro 4:7-11 |
| | II Pedro 1:9 | II Pedro 1:5-8 |
| 4. Juan | Pahayag 21:8; 22:15 | --- |

**1:30 "mga palalo"** Ito ay *huperēphanous* (tingnan sa C., 3 sa ibaba).

**NATATANGING PAKSA: ANG PAGGAMIT NI PABLO NG MGA TAMBALANG "*HUPER*"**

Si Pablo ay may isang natatanging pagkahilig sa paglikha ng mga bagong salita na ginagamitan ng Griyegong PANG-UKOL *huper*, na ang pangunahing kahulugang ay "lagpas" o "mataas." Kapag ginamit na kasama ang DYENITIBO (ABLATIBO) ito ay nangangahulugang "sa pangalan ng." Ito rin ay maaaring mangahulugan ng "tungkol" o "patungkol," tulad ng *peri* (cf. II Corinto 8:23; II Thesalonica 2:1. Kapag ginamit kasama ang AKUSATIBO ito ay nangangahulugang "mataas," "ibabaw," o "lagpas" (cf. A. T. Robertson, *A Grammar of the Greek New Testament in the Light of Historical Research*, pp. 625-633. Kapag si Pablo ay nagnanais na magbigay-diin sa isang konsepto, siya ay gumagamit nitong PANG-UKOL sa isang tambalan. Ang mga sumusunod ay isang tala ng mga natatanging paggamit ni Pablo sa PANG-UKOL na ito sa mga tambalan.

A. *apax legomenon* (minsan lamang ginamit sa NT)
   1. *Huperakmos*, isang dumaan sa pinakamainam na bahagi ng buhay, I Corinto 7:36
   2. *Huperauxanō*, upang lubhang madagdagan, II Thesalonica 1:3
   3. *Huperbainō*, lagpas na paghakbang o pagsuway, I Thesalonica 4:6
   4. *Huperkeina*, lampas, II Corinto 10:16
   5. *Huperekteina*, higit na magsilampas, II Corinto 10:14
   6. *Huperentugchanō*, upang mamagitan, Roma 8:26
   7. *Hupernikaō*, maging masaganang pagtatagumpay, Roma 8:37
   8. *Huperpleonazō*, maging sa malabis na kasaganahan, I Timoteo 1:14
   9. *Huperupsoō*, upang maitaas ng sukdulan, Filipos 2:9
   10. *Huperphroneō*, magkaroon ng matayog na pag-iisip, Roma 12:3

B. Mga salitang ginamit lamang sa sulat ni Pablo.
   1. *Huperairomai*, upang maitaas ang sarili, II Corinto 12:7; II Thesalonica 2:4
   2. *Huperballontōs*, maatas sa sukatan, lubha, II Corinto 11:23; (PANG-ABAY lamang dito, ngunit PANDIWA sa II Corinto 3:10; 9:14; Efeso 1:19; 2:7; 3:19)
   3. *Huperbolē*, isang lagpas sa pagtubo, isang kagila-gilalas sa baluti (armas), Roma 7:13; I Corinto 12:31; II Corinto 1:8; 4:7,17; 22:7; Galacia 1:13
   4. *Huperekperissou*, lampas sa lahat ng sukatan, Efeso 3:20; I Thesalonica 3:10; 5:13
   5. *Huperlian*, sa pinakamataas na antas o pagiging higit sa lahat, II Corinto 11:5; 12:11
   6. *Huperochē*, katanyagan, kagalingan, I Corinto 2:1; I Timoteo 2:2
   7. *Huperperisseuō,* upang lubhang managana, Roma 5:20 (NA PANGGITNA TINIG, maging masagang mapuno, umaapaw, II Corinto 7:4)

C. Mga salitang ginamit ni Pablo at bihira sa ibang manunulat ng NT
   1. *Huperanō*, lalong mataas, Efeso 1:21; 4:10; and Hebreo 9:5
   2. *Huperechō*, kagalingan, pagiging higit sa lahat, Roma 13:1; Filipos 2:3; 3:8; 4:7; I Pedro 2:13
   3. *Huperēphanos*, mag-akala o mapanghamak, Roma 1:30; II Timoteo 3:2 and Lucas 1:51; Santiago 4:6; I Pedro 5:5.

Si Pablo ay isang tao ng dakilang pag-ibig; kapag ang mga bagay o tao ay mabuti, sila ay lalong mabuti at kung sila ay masama, sila ay lalong masama. Ang PANG-UKOL na ito ay nagpapahintulot sa kanya na ihayag ang kanyang mga sukdulang damdamin patungkol sa kasalanan, sarili, at kay Kristo at sa Ebanghelyo.

**1:32 "na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay mga karapatdapat sa kamatayan"** Ang pahayag na ito ay nagpapaliwanag ng Kautusan ni Moises. Ito ay binuod sa Roma 6:16,21,23; 8:6,13. Ang kamatayan ay salungat sa kalooban ng Diyos at buhay ng Diyos (cf. Ezekiel 18:32; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9).

▣ **“kundi naman pinapayagan ang mga nagsisigawa ng mga yaon”** Ang paghihirap ay naghahanap ng kasama. Ang nalugmok na sangkatauhan ay gumagamit ng mga kasalanan ng iba bilang isang dahilan, “ang bawat isa ay gumagawa nito.” Ang mga kultura ay itinatangi sa pamamagitan ng kanilang mga partikular na kasalanan!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit sumulat si Pablo sa iglesiya sa Roma?
2. Bakit ang sulat sa Taga-Roma ay totoong isang mahalagang teolohikong kapahayagan ng Kristiyanismo?
3. Balangkasin ang 1:18-3:20 sa iyong sariling mga salita.
4. Tatanggihan ba ang mga hindi kailanman nakarinig ba ng Ebanghelyo dahil sa hindi pagtitiwala kay Kristo?
5. Ipaliwanag ang kaibahan sa pagitan ng “likas (natural) na kapahayagan” at “natatanging kapahayagan.”
6. Ilarawan ang buhay ang tao kung walang Diyos.
7. Ang mga talatang 24-27 ba ay nagpapahayag ng paksa ng *homosexuality*?

# MGA TAGA-ROMA 2

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
| Ang Makatuwirang Kahatulan ng Diyos | Makatuwirang Kahatulan ng Diyos | Ang mga Hudyo sa Ilalim ng Kahatulan | Kahatulan ng Diyos | Ang mga Hudyo ay Kasama sa Pagpaparusa ng Diyos |
| 2:1-16 | 2:1-16 | 2:1-11 | 2:1-16 | 2:1-11 |
| Ang mga Hudyo at ang Kautusan | Ang mga Hudyo ay may Kasalanan tulad ng mga Hentil | Batayan para sa Paghatol | Ang mga Hudyo at ang Kautusan (2:17-3:8) | Ang Kautusan ay hindi Makakapagligtas sa Kanila |
| | | 2:12-16 | | 2:12-16 |
| 2:17-3:8 | 2:17-24 | 2:17-24 | 2:17-24 | 2:17-24 |
| | Ang Pagtutuli na Hindi Mapakikinabangan | | | Ang Pagtutuli ay hindi Makakapagligtas sa Kanila |
| | 2:25-29 | 2:25-29 | 2:25-29 | 2:25-29 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

**MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA ROMA 2:1-3:20**

A. Ang mga kabanatang 2 at 3 ang bumubuo ng pampanitikang yunit na nagsimula sa 1:18. Ang bahaging ito ay tumutukoy sa:
   1. Ang pagkapahamak ng lahat ng sangkatauhan
   2. kahatulan ng Diyos sa kasalanan
   3. Ang pangangailangan ng sangkatauhan sa katuwiran ng Diyos kay Kristo sa pamamagitan ng personal na pananampalataya at pagsisisi

B. Sa kabanata 2, may pitong mga prinsipyo patungkol sa kahatulan ng Diyos
   1. talata 2, sang-ayon sa katotohanan
   2. talata 5, naipong pagkakasala
   3. mga talata 6 at 7, sang-ayon sa mga gawa
   4. talata 11, walang paggalang sa mga tao
   5. talata 13, pamumuhay
   6. talata 16, ang mga lihim ng mga puso ng tao
   7. mga talata 17-29, walang natatanging mga pangkat na pambansa

C. Mayroong maraming pagtalakay sa gitna ng mga tagpagbigay ng kahulugan (komentarista) patungkol sa kung sino ang pinatutungkulan ng kabanata 2:1-17. Ito ay maliwanag na ang 2:12-29 tumutukoy sa mga Hudyo. Ang mga talata 1-17 ay nagsisilbi ng dalawahang layunin sa pagsasalita sa kapwa moral na mga pagano tulad ng Seneca (panlipunang pamantayan) at sa Bansa ng mga Hudyo (Kautusan ni Moises).

D. Sa 1:18-21, binigyan-diin ni Pablo na ang mga tao ay maaaring makilala ang Diyos sa pamamagitan ng linikha (kalikasan). Sa 2:14-15, si Pablo ay binigyan-diin din na ang lahat ng tao ay mayroong isang panloob na moral na budhi na ibinigay ng Diyos. Ang dalawang saksing ito, ang linikha at budhi, ay mga batayan para sa kahatulan ng Diyos sa lahat sangkatauhan, kahit na sa kanilang hindi napahayagan ng OT o ang mensahe ng ebanghelyo. Ang mga tao ay may pananagutan dahil sa hindi nili ipinamuhay ang pinakamainam na liwanag na kanilang taglay.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 2:1-11**

**1Dahil dito'y wala kang madadahilan, Oh tao, sino ka man na humahatol: sapagka't sa iyong paghatol sa iba, ay ang iyong sarili ang hinahatulan mo; sapagka't ikaw na humahatol ay gumagawa ka ng gayon ding mga bagay. 2At nalalaman natin na ang hatol ng Diyos ay ayon sa katotohanan laban sa kanila na mga nagsisigawa ng gayong mga bagay. 3At iniisip mo baga ito, Oh tao, na humahatol sa mga nagsisigawa ng gayong mga bagay, at ginagawa *mo* ang gayon din, na ikaw ay makatatanan sa hatol ng Diyos? 4O hinahamak mo ang mga kayamanan ng kaniyang kabutihan at pagtitiis at pagpapahinuhod, na hindi mo nalalaman na ang kabutihan ng Diyos ay siyang umaakay sa iyo sa pagsisisi? 5Datapuwa't ayon sa iyong katigasan at iyong pusong hindi nagsisisi ay nagtitipon ka sa iyong sarili ng poot sa kaarawan ng kapootan at pagpapahayag ng tapat na paghuhukom ng Diyos; 6Na siya ANG MAGBIBIGAY SA BAWA'T TAO AYON SA KANIYANG MGA GAWA: 7Sa mga nagsisipagtiyaga sa mabubuting gawa sa paghanap ng kaluwalhatian at puri at ng di pagkasira, ay ang buhay na walang hanggan: 8Datapuwa't ang sa mga palaaway, at mga hindi nagsisitalima sa katotohanan, kundi bagkus nagsisisunod sa kalikuan, ay ang kagalitan at kapootan, 9*Magkakaroon ng* kapighatian at kahapisan, ang sa bawa't kaluluwa ng tao na gumagawa ng masama, ng Hudyo una-una, at gayon din ng Griyego; 10Datapuwa't kaluwalhatian at karangalan at kapayapaan ang sa bawa't taong gumagawa ng mabuti, sa Hudyo ang una-una, at gayon din sa Griyego: 11Sapagka't ang Diyos ay hindi nagtatangi ng mga tao.**

**2:1**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"wala kang madadahilan, Oh tao, sino ka man na humahatol"** |
| **NKJV** | **"hindi ka mapapatawad, Oh tao, kung sino ka man na"** |
| **NRSV** | **"wala kang maidadahilan, kung sino ka man, kapag humatol ka ng iba"** |
| **TEV** | **"wala kang maidadahilan, kung sino ka man. Saka ka hahatol sa iba"** |

**NJB "Kahit na sino kapa, kung ikaw ay nasa kahatulan wala kang maidadahilan."**

Sa literal, ito ay "walang legal na pagtatanggol" (cf. 1:20). Ito ay inilagay nang una sa Griyegong pangungusap upang palakihin ang kahalagahan nito. Mga talata 1-16 ay tila nauugnay sa kapwa mga mapagmagaling, maka-kautusang Hudyo at mga moralistang Griyego. Sa kanilang paghahatol sa iba ay pinarusahan nila ang kanilang mga sarili.

Ang katulad na pariralang ito ay ginamit sa 1:20, ngunit ang PANGHALIP ay "sila"; dito, "ka." Maliwanag na si Pablo ay nagsasalita sa magkakaibang mga pangkat ng mga makasalanan /mga rebelde. Sa isa sa mga pangkat siya ay minsang naging masigasig na miyembro! Mayroong dalawang suliranin.

1. pagtanggi at maling paggamit sa kaalaman sa Diyos
2. ginagawa itong isang kalipunan ng mga batas at nagiging mapanghusga at makasarili

Tandaan din na ang "sila" sa kabanata 1 naging "ka" sa 2:1-8. Ito ay pinalawak mula sa mga Hudyo at mga Griyego sa "bawat kaluluwa ng tao" sa 2:9-11. Kahit na mayroong magkakaibang mga pangkat (alinman sa dalawa o tatlong mga pangkat) sa huli, ito ay walang pagkakaiba, lahat ay nasa ilalim ng kahatulan (cf. 3:23).

**2:2 "nalalaman natin"** Ang PANGHALIP na ito ay maaaring tumutukoy sa kapwa mga Hudyo bagaman ito ay maaaring tumukoy sa mga Kristyano. Sa vv. 2-4, Si Pablo ay bumalik sa kanyang karaniwang pamamaraan ng isang tanong at sagot na ayos, na tinatawag na panunuligsa (*diatribe*) (i.e., vv. 1-11,17-29), na isang pagpapakilala ng katotohanan sa pamamagitan ng isang pakunwaring taga-tulol. Ito rin ay ginamit nina Habakuk, Malakias, at ang mga rabi, gayundin ang mga pilosopong Griyego (tulad ni Socrates at mga Stoiko).

Ang pariralang "nalalaman nating na" ay ginamit ng maraming beses sa Roma (cf. 2:2; 3:19; 7:14; 8:22,28). Si Pablo ay nagpapalagay na ang kanyang mga tagapakinig ay may ilang antas ng kaalaman, di tulad ng mga imoral na mga pagano ng kabanata 1.

▣ **"ang hatol ng Diyos"** Ang Bibliya ay maliwanag sa katotohanang ito. Ang lahat ng mga tao ay magbibigay-sulit sa Diyos para sa kaloob na buhay (cf. vv. 5-9; Mateo 25:31-46; Pahayag 20:11-15). Kahit na ang mga Kristyano ay haharap kay Kristo (cf. 14:10-12; II Corinto 5:10).

**2:3** Ang gramatikong anyo ng patalumpating tanong ni Pablo ay inaasahan ang "hindi" na sagot.

▣ **"iniisip mo baga ito"** Ito ang Griyegong PANDIWA *logizomai*. Madalas itong gamitin ni Pablo (Roma 2:3,26; 3:28; 4:3,4,5,6, 8,9,10,11,22,23,24; 6:11; 8:18,36; 9:8; 14:14; Galacia 3:6, sampung beses sa I at II Corinto, at dalawang beses sa Filipos). Tingnan ang mga Tala sa 4:3 at 8:18.

▣ **"Oh tao"** Ito ay tumutugma sa katulad na kataga sa v. 1. Sa 9:20 ito ay tumutukoy sa mga Hudyo.

**2:4** Ito rin ay tanong sa Griyego.

▣

**NASB "hinahamak mo"**
**NKJV, NRSV, TEV, REB "hamakin"**
**NJB "pagsawalang-bahala"**
**NIV "magpakita ng paghamak"**
**NET "magkaroong ng paghamak"**

Sa paghahalintulad ng Ingles na mga salin, ang mga tagapagsalin ay nakakuha ng isang pagsalat para sa semantikong saklaw ng PANDIWA. Ito ay isang malakas na salita para sa nakahandang pagtanggi. Tingnan ang gamit nito sa

1. mga salita ni Hesus, Mateo 6:24; 18:10
2. kay Pablo, I Corinto 11:22; I Timoteo 4:12; 6:2
3. sa Hebreo (of Hesus), 12:2
4. kay Pedro, II Pedro 2:10
5. ang PANGNGALAN sa Gawa 13:41

▣ **"ang mga kayamanan ng kaniyang kabutihan at pagtitiis at pagpapahinuhod"** Ang mga tao ay madalas na di-nauunawaan ang biyaya, awa, at pagtitiis ng Diyos at ibinaling sila sa isang pagkakataon na magkasala sa halip na magsisi. (cf. II Pedro 3:9).

Madalas na inilalarawan ni Pablo ang mga katangian ng Diyos bilang "ang mga kayamanan ng" (cf. 9:23; 11:33; Colosas 1:27; Efeso 1:7,18; 2:4,7; 3:8,16; Filipos 4:19).

Ang pangngalang "pagtitimpi" ay ginamit lang ng dalawang beses sa NT, kapwa kay Pablo sa pampanitikang yunit na ito (1:18-3:31), dito at 3:26. Kapwa ay tumutukoy sa pagtitiis ng Diyos sa mga makasalanan.

▣ **"umaakay sa iyo sa pagsisisi"** Pagsisisi ay napakahalaga pananampalatayang-pang-kasunduan sa pakikipag-ugnayan sa Diyos (cf. Mateo 3:2; 4:17; Marcos 1:15; 6:12; Lucas 13:3,5; Gawa 2:38; 3:16,19; 20:21). Ang salita sa Hebreo ay nangangahulugan ng pagbabago sa mga pagkilos, habang sa Griyego ito ay nangangahulugang pagbabago sa isipan. Ang pagsisisi ay isang kapasyahan na baguhin mula sa isang makasariling buhay sa isang buhay na may kabatiran at pamamatnubay ng Diyos. Ito ay panawagan para sa isang pagpihit mula sa pagiging-una at pagkaalipin sa sarili. Karaniwang ito ay isang bagong pag-uugali, isang bagong pananaw sa mundo, isang bagong panginoon. Ang pagsisisi ay kalooban ng Diyos para sa bawat nalugmok na anak ni Adan, na linikha sa Kanyang larawan (cf. Ezekiel 18:21,23,32 at II Pedro 3:9).

Ang talata sa NT na pinakamahusay na naglalarawan ng magkakaibang Griyegong mga salita para sapagsisisi ay II Corinto 7:8-11.

1. *lupeō*, "dalamahati" o "dalamhati" sa vv. 8 (dalawang beses), 9 (tatlong beses), 10 (dalawang beses), 11
2. *metamelomai*, "pighati" o "pag-aalala pagkatapos," sa vv. 8 (dalawang beses), 9
3. *metanoia*, "pagsisisi," o "pag-iisip pagkatapos," sa vv. 9, 10

Ang kaibahan ay ang huwad na pagsisisi (*metamelomai*) (cf. Hudas, Mateo 27:3 at Esau, Hebreo 12:16-17) laban sa tunay na pagsisisi (*metanoeō*).

Ang tunay na pagsisisi ay maiuugnay sa teolohiya sa:

1. Sa pangangaral ni Hesus sa ma kalagayan ng Bagong Tipan (Kasunduan) (cf. Mateo 4:17; Marcos 1:15; Lucas 13:3,5)
2. Ang mga pang-apostol na pangangaral sa Gawa (*kerygma*, cf. Gawa 3:16,19; 20:21)
3. Ang pinakamakapangyarihang kaloob ng Diyos (cf. Gawa 5:31; 11:18 at II Timoteo 2:25)
4. pagkapuksa (cf. II Pedro 3:9)

Ang pagsisisi ay <u>hindi</u> opsyonal!

**NATATANGING PAKSA: PAGSISISI SA KASALANAN**

Pagsisisi (kasama ng pananampalataya) ay isang pangkasunduang pangangailangan sa kapwa Lumang Tipan (*Nacham*, BDB 636, e.g., 13:12; 32:12,14; *Shuv,* BDB 996, e.g., I Hari 8:47; Ezekiel 14:6; 18:30) at Bagong Tipan.

1. Juan Bautista (Mateo 3:2; Marcos 1:4; Lucas 3:3,8)
2. Hesus (Mateo 4:17; Marcos 1:15; Lucas 5:32; 13:3,5; 15:7; 17:3)
3. Pedro (Gawa 2:38; 3:19; 8:22; 11:18; II Pedro 3:9)
4. Pablo (Gawa 13:24; 17:30; 20:21; 26:20; Roma 2:4; II Corinto 2:9-10)

Ngunit ano ang pagsisisi? Ito ba ay pighati? Ito ba ay isang paghinto sa kasalanan? Ang pinaka-

mainam na kabanata sa NT upang maunawaan ang mga magkakaibang kahulugan ng konseptong ito ay nasa II Corinto 7:8-11, na ang tatlong magkakaugnay, ngunit magkakaibang Griyegongsalitang ay ginamit.

1. "pighati" (*lupē*, cf. vv. 8 [dalawang beses], 9 [tatlong beses], 10 [dalawang beses], 11). Ito ay nangangahulugang kalungkutan o pagkabahala at may isang teolohikong kahulugan na walang pinapanigan.
2. "pagsisisi" (*metanoeō*, cf. vv. 9,10). Ito ay isang tambalan ng "pagkatapos" at "kaisipan," na nagpaahiwatig ng isang bagong kaisipan, isang bagong paraan ng pag-iisip, isang bagong pagtingin patungo sa buhay at Diyos. Ito ang tunay pagsisisi.
3. "dalamhati" (*metamelomai*, cf. vv. 8[dalawang beses], 10). Ito ay isang tambalan ng "pagkatapos" at "pagkalinga." Ito ay ginamit kay Hudas sa Mateo 27:3 at kay Esau sa Hebreo 12:16-17. Ito ay nagpapahiwatig ng kalungkutan sa mga kinalabasan, hindi sa mga pagkilos (aksyon).

Ang pagsisisi at pananampalataya ay kailangan sa pangkasunduang pagkilos (cf. Marcos 1:15; Gawa 2:38,41; 3:16,19; 20:21). May ilang mga talata na nagpapahiwatig na ang Diyos ay nagkakaloob ng pagsisisi (cf. Gawa 5:31; 11:18; II Timoteo 2:25). Ngunit ang karamihan ng mga talata ay nakikita ito bilang isang kinakailangan ng tao upang tumugon sa kasuduang pag-aalok ng Diyos ng isang kaligtasan na walang bayad.

Ang kahulugan sa kapwa Hebreo at Griyegong mga salitang ay kinakailangan upang maintindihan ang buong kahulugan ng pagsisisi. Ang Hebreo ay nangangailangan ng "isang pagbabago ng pagkilos," habang ang Griyego ay nangangailangan ng "isang pagbabago ng kaisipan." Ang taong naligtas ay tumatanggap ng isang bagong kaisipan at puso. Naiiba ang kanyang pag-iisip at pamumuhay. Sa halip na "Ano ang pakinabang nito sa akin?" ang tanong na ngayon ay "Ano ang kalooban ng Diyos?" Ang pagsisisi ay hindi isang emosyon na lumilipas o isang lubos na pagiging walang kasalanan, kundi isang bagong pakikipag-ugnayan sa Isang Banal na nagpapatuloy na magbago sa mananampalataya upang maging isang banal.

**2:5-9** Ang mga talatang ito ay naglalarawan ng (1) katigasan ng ulo ng nalugmok nasangkatauhan at (2) galit ng Diyos at kahatulan.

**2:5 "katigasan"** Ang PANGNGALANG ito ay matatagpuan lamang dito sa NT. Ang Israel ay inilarawan din sa katulad na paraan sa Exodo 32:9; 33:3,5; 34:9; Deuteronomio 9:6,13,27 (tingnan din ang tala sa Hebreo 3:8,15; 4:7).

▣ **"puso"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:24.

▣ **"sa kaarawan ng kapootan"** Ito ay tinatawag na "Ang Araw ng Panginoon" sa OT (cf. Joel, Amos). Ito ang konsepto ng Araw ng Paghuhukom, o para sa mga mananampalataya, ang Araw ng Muling-Pagkabuhay. Ang sangkatauhan ay magbibigay-sulit sa Diyos para sa Kanyang kaloob na buhay (cf. Mateo 25:31-46; Pahayag 20:11-15).

Pansinin na silang mga makasalanan ("ikaw" at "iyong sarili) ang nag-imbak ng poot. Ang Diyos sa pangkaraniwan, sa isang banda, ay hinahayaan ang naimbak na poot na maging maliwanag at tumakbo sa kanyang ganap na paraan.

Ang matinding poot, tulad ng lahat ng pangtaong mga salita upang ilarawan ang Diyos, ay paghahalintulad lamang (antropomorpiko, Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:18) na inuukol sa pagka-Diyos! Ang Diyos ay walang hanggan, banal, at Espiritu. Ang mga tao ay may hangganan, makasalanan, at panlupa. Ang Diyos ay hindi nagagalit sa damdamin, tulad ng isang pagkapoot. Ang Bibliya ay inilalarawan Siya bilang mapagmahal sa mga makasalanan at nagnanais na sila ay magsisi,

ngunit gayunman ay may isang palagiang pagsalungat sa paghihimagsik ng sangkatauhan. Ang Diyos ay personal; Tinatanggap Niya ang kasalanan sa Kanyang sarili at tayo ay may pananagutan sa ating mga sarili para sa ating kasalanan.

Isa pang karagdagang kaisipan patungkol sa poot ng Diyos. Sa Bibliya ito ay kapwa sa panahon (panandalian, cf. 1:24,26,28) at sa katapusan ng panahon (eskatolohiko, cf. 2:5-8). Ang Araw ng Panginoon (Araw ng Paghuhukom) ay ang tanging paraan na ang mga propeta sa OT na magbigay-babala sa Israel na magsisi sa kasalukuyang panahon upang ang kanilang hinaharap ay maging pagpapala, hindi paghahatol (cf. Deuteronomio 27-28). Ang mga propeta sa OT ay kadalasang kinukuha ang isang kagipitan (krisis) sa kanilang araw at pinapanukala ito sa huling-panahong hinaharap.

**2:6** Ito ay isang sipi mula sa Awit 62:12 (cf. Mateo 16:27). Ito ay isang pangkalahatang prinsipyo (tingnan ang tala sa 2:1, 2nd talataan) na ang mga tao ay may pananagutan para sa kanilang pagkilos at magbibigay-sulit sa Diyos (cf. Job 34:11; Kawikaan 24:12; Eclesiastes 12:14; Jeremias 17:10; 32:19; Mateo 16:27; 25:31-46; Roma 2:6; 14:12; I Corinto 3:8; Galacia 6:7-10; II Timoteo 4:14; I Pedro 1:17; Pahayag 2:23; 20:12; 22:12). Kahit na ang mga mananampalataya ay magbibigay sulit sa kanilang mga buhay at paglilingkod kay Kristo (cf. II Corinto 5:10). Ang mga mananampalataya ay hindi naligtas sa pamamagitan ng mga gawa ngunit naligtas para sa mga gawa (cf. Efeso 2:8- 10 [esp. 2:14-26]; Santiago at I Juan). Isang nabago at nagbabagong-buhay na pag-ibig, paglilingkod, at pagiging di-makasarili ay katunayan ng tunay kaligtasan.

**2:7 "Sa mga"** Mayroong pagkakaiba sa pagitan ng mga taong inilarawan sa v. 7 at sa kanila na nasa v. 8 ("datapwat't ang sa mga").

▣

**NASB** **"Sa mga nagsisipagtiyaga sa mabubuting gawa sa paghanap ng kaluwalhatian at puri at ng di pagkasira, ay ang buhay na walang hanggan:"**

**NKJV** **"walang hanggan buhay sa kanilang sa pamamagitan ng ng papatuloy na pagtitiyaga, sa paggawa nito ay makahanap ng kaluwalhatian, karangalan, at walang hanggang buhay"**

**NRSV** **"sa kanila na sa pamamagitan ng matiyagang paggawa ng mabuti ay makahanap ng kaluwalhatian at karangalan at walang hanggang buhay, siya ay magkakaloob ng walang hanggan buhay"**

**TEV** **"Ang ilang mga tao ay nagpapatuloy sa paggawa ng mabuti, at naghahanap ng kaluwalhatian, karangalan at walang hanggang buhay; para sa kanila, ang Diyos ay magkakaloob ng walang hanggan buhay"**

**NJB** **"Sa kanilang naghahanap ng kabantugan at karangalan at walang hanggang buhay sa pamamagitan ng palagiang paggawa ng mabuti, diya ay magkakaroon ng walang hanggan buhay"**

Ito ay tumutukoy sa mga tao tulad ni Cornelio (cf. Gawa 10:34-35). Ang talatang ito ay maaaring katulad na mga gawa katuwiran (pagtamo ng katuwiran sa pamamagitan ng pantaong pagsisikap), ngunit ito ay maaaring sumalungat sa pangunahing tema ng aklat of Roma. Tandaan na alinman sa vv. 1-16 o vv. 1-11 ay isang talataan. Ang teolohikong punto ng kabuuan ay ang Diyos ay walang pagtuturing sa mga tao (v.11) at ang lahat ay nagkasala (v. 12). Kung ang mga tao ay nabuhay sa liwanag na taglay nila (likas na kapahayagan para sa mga Hentil, natatanging kapahayagan para sa mga Hudyo, cf. 10:5), sila ay magiging tama sa Diyos. Gayunman, ang buod ng 3:9-18,23 ay nagpapakita na walang sinuman ang nagkamit nito, o makakamit nila ito!

Ang nabagong maka-Diyos na buhay ng mananampalataya ay nakita bilang isang pagpapatunay at pagpapatibay ng kaniyang panimulang pananampalatayang pagtugon. Ang isang binagong buhay ay katunayan ng panananahan ng Espiritu ng Diyos (cf. vv.10,13; Mateo 7; Efeso 2:8-10; Santiago 2:14- 26

at I Juan). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pangangailangan ng Pagtitiyaga 8:25.

▣ **"buhay na walang hanggan"** Ito ay isang pantanging parirala sa mga sulat ni Juan at ginamit nang bahagya sa mga Sinoptikong Ebanghelyo. Tila kinuha ni Pablo ang parirala sa Daniel 12:2 (cf. Tito 1:2; 3:7), na kung saan ito ay nangangahulugan ng buhay sa bagong panahon, buhay sa pakikipag-ugnayan sa Diyos, muling pagka-buhay. Una niya itong ginamit sa Galacia 6:8. It ay isang karaniwang paksa sa pang-doktrinang bahagi ng Roma (cf. 2:7; 5:21; 6:22,23). Ito rin ay makikita ng maraming beses sa mga Sulat Pastoral (cf. I Timoteo 1:16; Tito 1:2; 3:7).

**2:8**
**NASB "ang sa mga palaaway"**
**NKJV, NRSV "sa kanilang makasarili"**
**TEV "ang ibang mga tao ay makasarili"**
**NJB "silang mga mapanibugho"**

Ang salita sa orihinal ay nangangahulugang "paggawa para sa sahod" (cf. Tob. 2:11).

Sina Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, tomo 2, p. 104, ay nagtala ng dalawang pagkakagamit ng salita.

1. "makasariling hangarin," na ginamit sa Roma 2:8 na tinala ang "na nagnananis na maging mas mahusay sa kanino pa man," na umaakma sa kontekstong ito
2. "pagkakasalungat," na ginamit sa Filipos 1:17 na tinala ang "tunggalian" bilang isang pinapipiliang salin (tingnan din ang II Corinto 12:20; Galacia 5:20; Filipos 2:3; Santiago 3:14,16)

▣ **"at mga hindi nagsisitalima sa katotohanan,"** Ang salitang "katotohanan" (*aletheia*) ay ginamit sa kanyang pang-Hebreong (o Hudyo) diwa (*emeth*) ng pagiging-totoo at pagiging mapagkakatiwalaa. Sa kontekstong ito, ito ay may taglay na moral, hindi intelektuwal, na pagtuon. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katotohanan sa mga Sulat ni Pablo sa 1:18.

**2:9 "sa bawa't kaluluwa ng tao"** Ginamit ni Pablo ang Griyegong salitang *pas* na isinaling "lahat" o "bawat" na lubhang madalas sa mga panimulang kabanata ng Roma upang maipakita ang mga pangkahalatang pagsasangko ng kapwa ang "masamang balita" (ang pagkawala sangkatauhan at walang kinikilingang kahatulan ng Diyos) at ang "mabuting balita" (ang pag-aalok ng Diyos ng walang-bayad na kaligtasan at lubusang kapatawaran kay Kristo sa lahat ng magsisisi at mananampalataya).

Ang kontekstong ito ay malakas na ipinapahiwatig ang isang panglahatang kahatulan at kalalabasang bunga nito. Ang katotohanang ito ay nangangailangan ng isang muling pagkabuhay sa kapwa matuwid at masama (cf. Daniel 12:2; Juan 5:28-29; Gawa 24:15).

Kung ang mga talata 6-11 ay mga *chiasmus*, pagkatapos ang vv. 8-9 ay mga suling talata na nagbabanggit ng kahatulan o mga gumagawa ng masama.

**2:9-10 "ng Hudyo una-una"** Ito ay inuulit na pagbibigay-diin. Ang Hudyo ang unang nagkaroon ng pagkakataon dahil taglay nila ang kapahayagan ng Diyos (cf. 1:16; Mateo 10:6; 15:24; Juan 4:22; Gawa 3:26; 13:46), ngunit gayundin ay una sa kahatulan (cf. 9-11) dahil sa nalalaman nila ang kapahayagan ng Diyos (cf. 9:4-5).

**2:11**
**NASB, NKJV "Sapagka't ang Diyos ay hindi nagtatangi"**
**NRSV "Dahil ang Diyos ay hindi nagpapakita ng pagtatangi"**
**TEV "Dahil ang Diyos ay humahatol sa bawat isa sa pamamagitan ang katulad na sukatan"**
**NJB "Walang pagtatangi sa Diyos"**

Sa literal, ito ay "iangat ang mukha," na isang talinghaga mulang sa panghukumang sistema saOT (cf. Levitico 19:15; Deuteronomio 10:17; II Cronica 19:7; Gawa 10:34; Galacia 2:6; Efeso 6:9; Colosas 3:25; I Pedro 1:17). Kung ang isang hukom ay nakita ang sinuman na kanyang gagawaran ng katarungan, mayroong pagkakataon ng pagkiling judge saw to whom he was administering justice there was a chance of bias. Samakatuwid, hindi niya dapat iangat ang mukha ang isa ng nakatayo sa kanyang harapan.

**NATATANGING PAKSA: KAPOOTANG-PANLAHI**

I. Panimula
   A. Ito ay isang pangkalahatang pagbabahayag (ekspresyon) ng makasalanang sangkatauhan sa loob ng kanyang lipunan. Ang kayabangang ito ng mga tao, na sinusuportahan ang kanyang sarili laban sa iba. Ang kapootang-panlahi ay, sa madaming paraan, ay makabagong pangyayari, habang ang nasyonalismo (o pantribu) ay mas sinaunang pagpapahayag.
   B. Ang nasyonalismo ay nagsimula sa Babel (Genesis 11) at orihinal na nauugnay sa tatlong mga anak ni Noah na kung saan nagmula ang pagkakaroon ng tatlong mga lahi (Genesis 10). Gayumpaman, kapuna-puna mula sa Kasulatan na ang mga tao ay nagmula sa iisang pinanggagalingan (cf. Genesis 1-3; Mga Gawa 17:24-26).
   C. Ang kapootang panlahi ay isa lamang sa maraming paunang paghahatol. Ang ilang iba pa ay (1) edukasyonal na pagmamalaki; (2) sosyo-ekonimikong pagmamataas; (3) pansariling pagmamatuwid ng legalismong panrelihiyon; at (4) dogmatikong politkong pakikisama.

II. Mga Sangkap pang-Bibliya
   A. Lumang Tipan
      1. Genesis 1:27 – Ang sangkatauhan, lalaki at babae, ay ginawa sa larawan at wangis ng Diyos, kung bakit sila natatangi. Ito rin ay nagpapakita ng kanilang indibidwal na kahalagahan at dangal (cf. Juan 3:16).
      2. Genesis 1:11-25 – ay nagtala ng talatang, ". . .pagkatapos ng kanilang sariling uri. . ." ng sampung beses. Ito ay ginamit upang itaguyod ang panglahing pagbubukod. Gayumpaman, ito'y kapuna-puna mula sa konteksto na ito ay tumutukoy sa mga hayop at mga halaman hindi sa sangkatauhan.
      3. Genesis 9:18-27 – Ito ay ginagamit upang suportahan ang makalahing pangingibabaw. Dapat na tandaan na ang Diyos ay hindi isinumpa ang Canaan. Si Noah, ang kanyang lolo, ang nagsumpa sa kanya matapos siyang gisingin nito sa kanyang kalasingan. Ang Bibliya ay kailanman hindi nagtala na ang Diyos ay nagkompirma sa pangako/sumpang ito. Kung sakali man na ginawa Niya ito, hindi ito nakakaapekto sa lahi ng mga maiitim. Ang Canaan ay ang ama ng lahat ng nakatira sa Palestina at Ehipto at ang mga sining sa mga haligi ay nagsasabi na hindi sila mga maiitim.
      4. Joshua 9:23 – Ito ang ginagamit upang patunayan na ang isang lahi ay maglilingkod sa isang lahi. Gayumpaman, sa konteksto, ang mga Gibeonites ay nasa parehong lahing pinagmulan gaya ng sa mga Hudyo.
      5. Ezra 9-10 at Nehemiah 13 – Ito ay madalas na ginamit sa makalahing pakahulugan, ngunit ang konteksto ay nagpapakita na ang pag-aasawa ay kinokundina, hindi dahil sa lahi (sila ay nagmula sa parehong anak ni Noah, Genesis 10), hindi sa pangrelihiyong mga kadahilanan.
   B. Bagong Tipan
      1. Ang mga Ebanghelyo
         a. Si Hesus nagawang gamitin ang galit sa pagitan ng mga Hudyo at mga Samaritano sa ilang mga kalagayan, na nagpapakita na ang makalahing galit ay hindi nararapat.
            (1) ang parabola ng Mabuting Samaritano (Lucas 10:25-37)
            (2) ang babae sa balon (Juan 4)
            (3) ang mapagpasalamat na ketongin (Lucas 17:7-19)

b. Ang Ebanghelyo ay para sa sangkatauhan
   (1) Juan 3:16
   (2) Lucas 24:46-47
   (3) Hebreo 2:9
   (4) Pahayag 14:6

c. Ang Kaharian ay magsasama sa lahat ng sangkatauhan
   (1) Lucas 13:29
   (2) Pahayag 5

2. Gawa
   a. Ang Mga Gawa 10 ay isang mapagpaliwanag na talata sa pangkalahatang pag-ibig ng Diyos at sa pangkalahatang mensahe ng Ebanghelyo.
   b. Si Pedro ay kinutya ng kanyang mga aksyon sa Mga Gawa 11 at ang suliraning ito ay hindi naresolba hanggang sa konseho ng Herusalem ay nagpulong at dumating sa isang kalutasan (Mga Gawa 15). Ang tension sa pagitan ng unang siglong Hudyo at Hentil ay napakatindi.
3. Pablo
   a. Walang nakahadlang kay Kristo
      (1) Galacia 3:26-28
      (2) Efeso 2:11-22
      (3) Colosas 3:11
   b. Ang Diyos ay walang tinatanging mga tao
      (1) Roma 2:11
      (2) Efeso 6:9
4. Pedro at Santiago
   a. Ang Diyos ay walang tinatanging mga tao, I Pedro 1:17
   b. Dahil sa ang Diyos ay hindi nagpapakita ng pagkakampi, gayundin dapat ang kanyang mga tao, Santiago 2:1
5. Juan
   a. Isa sa mga malalakas na mga pananalita sa responbsibilidad ng mga mananampalataya ay matatagpuan sa I Juan 4:20

III. Paglalagom

A. Ang Kapootang Panlahi, o kung anuman yang bagay na y an, paunang paghahatol sa anumang bagay, ay buong tahasang hindi nararapat para sa mga anak ng Diyos. Narito ang isang sipi mula kay Henlee Barnette, na nagsalita sa isang porum, sa Glorieta, New Mexico, para sa Kristiyano Life Commission noong 1964.

   "Ang kapootang-panlahi ay isang kasinungalingan sapagkat ito ay hindi Biblikal at hindi makaKristyano, huwag nang banggitin na hindi ito siyentipiko."

B. Ang suliraning ito ay nagbibigay sa mga Kristyano ng pagkakataon na maipakita ang kawangis ni Kristong pagmamahal, pagpapatawad at pag-uunawa sa naliligaw na mundo. Ang pagtanggi ng Kristyano dito ay pagpapakita ng pagiging bata pa at isang pagkakataon sa Diablo na guluhin ang pananampalataya, katiyakan, at paglago. Ito rin ang pagsisilbing hadlang sa mga naliligaw na tao na lumapit kay Kristo.

C. Anu ang magagawa ko? (Ang bahaging ito ay kinuha mula sa babasahin ng Kristiyano Life Commission na pinamagatang "Ugnayang Panglahi")

   "SA PANSARILING ANTAS"

   ★ Tanggapin ang iyong pananagutan sa paglulutas ng mga suliraning may kinalaman sa mga lahi.
   ★ Sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral ng Bibliya, at pakikipagsalamuha sa ibang mga

lahi, pagsumikapang alisin sa buhay mo ay paunang paghahatol.

- ★ Ipahayag ang iyong paninindigan patungkol sa lahi, partikular na yaong mga nagpapasimula ng hidwaan sa mga lahi ay hindi nahahamon.

"SA BUHAY PAMILYA"

- ★ Kilalanin ang kahalagahan ng impluwensiya ng pamilya sa pagbabago ng saloobin sa ibang mga lahi.
- ★ Sikaping linangin ang mga Kristyano pag-uugali sa pamamagitan ng pakikipag-usap patungkol sa mga naririnig na mga isyu sa ibang mga lahi ng mga anak at magulang sa labas ng kanilang tahanan.
- ★ Ang mga magulang ay dapat na maging maingat sa pagtatalaga ng Kristyano halimbawa sa pakikipag-ugnayan sa mga tao ng ibang mga lahi.
- ★ Hanapin ang mga pagkakataon sa pagkikipagkaibigan ng pamilya sa ibang mga lahi.

"SA IYONG IGLESYA"

- ★ Sa pamamagitan ng pangangaral at pagtuturo ng mga Biblikal na katotohanan na may kinalaman sa lahi, ang kongregasyon ay maaring maingyanyo na magpakita ng halimbawa sa buong komunidad.
- ★ Siguraduhin na ang pagsamba, pagtitipon, at paglilingkod sa pamamgitan ng iglesya ay bukas para a lahat, maging ang NT na mga iglesya ay nagpapakita ng kawalang hadlang sa mga lahi (Efeso 2:11-22; Galacia 3:26-29).

"SA PANGARAW-ARAW NA BUHAY"

- ★ Tulungan mapagtagumpayan ang lahat ng panlahing diskriminasyon sa mundo at sa trabaho.
- ★ Gumawa sa pamamagitan ng mga organisasyon sa komunidad para masiguro ang lahat ng uri ay may pantay na karapatan at pagkakataon, sa pag-aalala na ang panglahing suliranin ang dapat atakihin, hindi ang tao. Ang layunin ay upang mapalaganap ang unawaan, hindi gumawa ng kapaitan.
- ★ Kung sakaling mabuti, magbuo ng natatanging lupon ng mga mapag-arugang mamayan, para sa naising buksan ang linya ng komunikasyon sa komunidad para sa edukasyon ng pangkalahatang publiko at para sa partikular na mga aksyon sa pagsasaayos ng ugnayan pang-lahi.
- ★ Itaguyod ang pagsasabatas at mga mambabatas sa pagpasa ng mga batas sa pagpapataas ng panlahing katarungan at pagsalungat sa mga taong nag-aabuso ng paunang paghahatol para sa pampulitikong hangarin.
- ★ Purihin ang mga nagpapatupad ng batas ng walang diskriminasyon.
- ★ Iwaksi ang kaguluhan, at palaganapin ang paggalang sa batas, ginagawa ang lahat ng maaaring bagay bilang isang mamamayang Kristyano upang masiguro na ang mga legal na istruktura ay hindi maging kasangkapan sa mga kamay ng sinumang nagpapalaganap ng diskriminasyon.
- ★ Gawing halimbawa ang espiritu at isipan ni Kristo sa lahat ng pantaong ugnayan.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 2:12-16**

**12 Sapagka't ang lahat ng nangagkasala ng walang kautusan ay mangapapahamak din naman ng walang kautusan: at ang lahat na nangagkasala sa ilalim ng kautusan ay sa kautusan din sila hahatulan; 13 Sapagka't hindi ang mga tagapakinig ng kautusan *ang siyang* mga ganap sa harapan ng Diyos, kundi ang nangagsisitalima sa kautusan ay aariing mga ganap; 14 (Sapagka't kung ang mga Hentil na walang kautusan sa katutubo, ay nagsisigawa ng mga bagay ng kautusan, ang mga ito, na walang kautusan, ay siyang kautusan sa kanilang sarili; 15 Na nangagtatanyag ng gawa ng kautusang nasusulat sa kanilang puso, na pinatotohanan ito pati ng kanilang budhi, at ang**

**kanilang mga pagiisip ay nangagsusumbungan o nangagdadahilanan sa isa't isa); [16]Sa araw na hahatulan ng Diyos ang mga lihim ng mga tao, ayon sa aking ebanghelyo, sa pamamagitan ni Hesukristo.**

**2:12 "Sapagka't ang lahat ng nangagkasala ng walang Kautusan"** Pinanghahawakan ng Diyos na ang lahat ng mga tao ay may pananagutan kahit na hindi naihayag sa kanila ang OT o ang ebanghelyo. Ang lahat ng mga tao ay may kaalaman sa Diyos mula sa paglilikha (cf. 1:19-20; Awit 19:1-6), at isang likas na diwang moral, (cf. 2:14-15). Ang kapamahakan (trahedya) ay ang lahat ay kusang lumabag sa liwanag na taglay nila (cf. 1:21-23; 3:9,19,23; 11:32; Galacia 3:22).

▣ **"ang Kautusan"** Walang PANTUKOY sa salitang "kautusan." Ang gramatikong balangkas ay kadalasang nagbibigay-diin sa katangian ng PANGNGALAN. Gayunman, sa Roma si Pablo ay gumagamit ng "ang kautusan" upang tumukoy sa marami magkakaibang bagay.

1. Kautusang Romano
2. Kautusan ni Moises
3. Ang konsepto ng panlipunang kaugalian ng mga tao sa pangkalahatan

Ang kontekso, hindi ang PANTUKOY, ang kailangan maghayag kung anong isa. Ang kontekstong ay nagbibigay-diin na ang lahat mga tao ay mayroong ilang kaalaman sa kapahayagan sa kalikasan ng Diyos ng Kanyang sarili sa kanilang mga mga puso (cf. v. 15).

**2:13 "Sapagka't hindi ang mga tagapakinig ng kautusan ang siyang mga ganap sa harapan ng Diyos"** Ang salitang "mga tagapakinig" ay maaaring tumukoy sa (1) rabinikal na paggamit na maya natatanging kaunawaan ng mga rabinikal na mag-aaral ng Tora o (2) sa kanilang nakinig ng Banal na Kasulatan na binasa sa sinagoga. Tandaang ang mga manunulat sa NT ay mga Hebreong pala-isip na nagsusulat sa Koineng Griyego. Samakatuwid, ang pagsusuri ng salit ay magsisimula sa Septuagint, hindi sa isang Griyegong leksiko.

Ang salitang "matuwid" o "inaring-ganap" (*dikē* sa lahat ng mga anyo nito) ay isang napakahalagang salita sa teolohiya ni Pablo (cf. 3:4, 20,24,26,28,30; 4:2,5; 5:1,9; 6:7; 8:30,33). Ang mga salitang "matuwid," "inaring-ganap," "pag-aaring-ganap," "nararapat," at "katuwiran" ay nanggaling lahat sa *dikaios*. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa 1:17. Sa Hebreo (*tsadag*, BDB 843) sa orihinay ay tumutukoy sa isang mahabang tuwid na tambo (15 hangang 20 talampakan) na ginamit sa pagsukat ng mga bagay, tulad ng mga dingding o mga pader, para sa pabigat sa hulog. Ito ay dumating upang magamit ng patalinghaga sa Diyos bilang pamantayan ng kahatulan.

Sa mga sulat ni Pablo ang salita ay may dalawang pagtuon (pokus). Una, ang sariling katuwiran ng Diyos ay ipinagkaloob sa makasalanan sangkatauhan bilang isang walang-bayad na kaloob sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo. Ito ay kadalasang tinatawag na inituring na katuwiran o legal na katuwiran. Ito ay tumutukoy sa legal na katatayuan sa harapan ng isang matuwid na Diyos. Ito ang pinagmulan ng kilalang "inaring-ganap sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya" paksa ni Pablo.

Pangalawa, Ang pagkilos ng Diyos sa pagpapanumbalik ng makasalanan sangkatauhan sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27), o kung ilalagay sa ibang paraan, dalhin sa pagiging-katulad ni Kristo. Ang talatang ito—tulad ng Mateo 7:24; Lucas 8:21 at 11:28; Juan 13:17; Santiago 1:22-23,25—hinihimok ang mga mananampalataya na maging mga tagatupad nito hindi lamang mga tagapakinig. Ang ininuring na katuwiran (pag-aaring-ganap) ay kailangang magbunga ng matuwid na pamumuhay (pagpapaging-banal). Ang Diyos ay nagpapatawad at nagbabago ng mga makasalanan! Ang paggamit ni Pablo ay kapwa legal at etiko. Ang Bagong Kasunduan ay nagbibigay sa mga tao ng isang legal na katatayuan ngunit nangangailangan din ng maka-Diyos na pamumuhay. Ito ay walang-bayad, ngunit mahalaga (mahal).

▣ **"kundi ang nangagsisitalima sa kautusan"** Ang Diyos ay hinihingi ang isang bagong pagsunod na pamumuhay (cf. Levitico 18:5; Mateo 7:24-27; Lucas 8:21; 11:28; Juan 13:17; Santiago 1:22-25; 2:14-28). Sa maraming paraan, ang konseptong ito ay ginagaya ang Hebreong salitang *shema* (BDB 1033), na nangangahulugang makinig na gaya ng paggawa (cf. Deuteronomio 5:1; 6:4; 9:1; 20:3; 27:9-10).

**2:14**

**NASB "Sapagka't kung ang mga Hentil na walang kautusan sa katutubo, ay nagsisigawa ng mga bagay ng kautusan, ang mga ito, na walang kautusan, ay siyang kautusan sa kanilang sarili"**

**NKJV "Sapagka't kung ang mga Hentil, na walang kautusan, sa pamamagitan ng kalikasan ay gumagawa ng mga bagay na nakapaloob sa kautusan, sila, bagaman walang kautusan, ay isang kautusan sa kanilang mga sarili"**

**NRSV "Nang ang mga Hentil, na hindi nakamtan ang kautusan, ay gumawa sa kanilang mga gawi kung ano ang kinakailangan ng kautusan, ang mga ito, bagaman hindi nakamtan ang kautusan, ay isang kautusan sa kanilang mga sarili"**

**TEV "Ang mga Hentil na hindi taglay ang Kautusan, ngunit kapag ang kanilang sariling malayang kalooban ay ginagawa ang pinag-uutos ng Kautusan, sila ay isang kautusan sa kanilang mga sarili, kahitna hindi nila taglay ang Kautusan"**

**NJB "Sa pagkadaka'y, ang mga pagano na hindi pa nakakarinig ng Kautusan ngunit napangunahan sa pamamagitan ng katuwiran na gawi ang inuutos ng Kautusan, ay maaaring hindi tiyak na 'taglay' ang Kautusan, ngunit, sila ay maaaring sabihing na'siyang' Kautusan"**

Ang lahat ng mga kultura ay mayroong isang panloob na kautusang moral, isang panlipunang pamantayan. Sila ay may pananagutan sa liwanag na kanilang taglay (cf. Corinto 9:21). Ang talatang ito ay hindi nangangahulugang ipahiwatig na sila ay magiging matuwid sa Diyos kung sila ay nabubuhay sa liwanag ng kanilang kultura, ngunit sila ay may pananagutan para sa kanilang likas na kaalaman sa Diyos.

**2:15 "na pinatotohanan ito pati ng kanilang budhi, at ang kanilang mga pagiisip ay nangagsusumbungan o nangagdadahilanan sa isa't isa"** Mayroong isang panloob na moral na tinig. Ngunit ang Banal na Kasulatan lamang, na pinapaliwanag ng Espiritu, ay maaaringl lubos na mapagkatiwalaan. Ang pagkahulog ay nakaapekto sa ating budhi. Gayunman, ang paglikha (1:18-20) at ang panloob na moral na kautusan,(2:14-15) ay ang lahat ng kaalaman ng Diyos na taglay ng ilang mga tao. Walang Hebreong salita na katumbas saGriyegong salita para sa "budhi" (*syneidesis*). Ang konsepto ng isang panloob na moral na diwa ng mabuti at masama ay kadalasang tinatalakay ng mga Pilosopong. Si Pablo ay pamilyar sa mga pilosopong Griyego (sinisipi niya sa Cleanthes sa Gawa 17:28; si Menander sa I Corinto 15:33; at si Epimenides sa Tito 1:12) mula sa kaniyang maagang pag-aaral sa Tarsus. Ang kanyang bayang-sinilangan ay kilala sa kanyang mga mahuhusay paaralan ng Griyegong retorika at pilosopiya.

**2:16 "Sa araw"** Tingnan ang Tala sa 2:5.

▣ **"ayon sa aking ebanghelyo"** Sa konteksto ito ay tumutukoy sa pangangaral ni Pablo sa kapahayagan ni Hesukristo. Ang PANGHALIP na "akin" ay nagpapaliwanag sa pagkunawa ni Pablo sa pangangalaga ngebanghelyo na ipinagkatiwala sa kanya (cf. 16:25; I Corinto 15:1; Galacia 1:11; I Timoteo 1:11; II Timoteo 2:8). Hindi ito natatangi sa kanya, ngunit bilang Apostol sa mga Hentil naramdaman niya ang isang kamangha-manghang diwa ng pananagutan upang ipalaganap ang katotohanan patungkol kay Hesus sa mundo ng Greco-Romano.

▣ **"hahatulan ng Dios ang mga lihim ng mga tao"** Nalalaman ng Diyos ang mga puso ng lahat ng mga

tao (cf. I Samuel 2:7; 16:7; I Hari 8:39; I Cronica 28:9; II Cronica 6:30; Awit 7:9; 44:21; 139:1-6; Kawikaan 15:11; 21:2; Jeremias 11:20; 17:10; 20:12; Lucas 15:16; Gawa 1:24; 15:8; Roma 8:27; Pahayag 2:23). Ang Ama, sa pamamagitan ng pagiging kinatawan ng Anak, ay idudulot ang motibo at pagkilos sa panghukumang pagsusuri (cf. Mateo 25:31-46; Pahayag 20:11-15).

▣ **"sa pamamagitan ni Kristo Hesus"** Pumarito si Hesus hindi upang gumanap bilang hukom (cf. Juan 3:17-21). Siya ay dumating upang ihayag ang Diyos Ama, mamatay sa isang panghaliling kamatayan, at upang ibigay sa mga mananampalataya ang isang halimbawang kanilang susundan. Kapag itinatangi ng mga tao si Hesus hinahatulan na nila ang kanilang mga sarili.

Gayunman, ang NT ay nagtuturo din na si Hesus ay gaganap bilang kinatawan ng Ama sa kahatulan (cf. Juan 5:22, 27; Gawa 10:42; 17:31; II Timoteo 4:1). Ang pag-igting (tensyon) sa pagitan ni Hesus bilang Hukom at/o Tagapagligtas na makikita sa Ebanghelyo ni Juan (cf. 3:17-21 laban sa 9:39).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 2:17-24**

**17Nguni't kung ikaw na may taglay na pangalang Hudyo, at nasasalig sa kautusan, at nagmamapuri sa Diyos, 18At nakaaalam ng *kaniyang* kalooban, at sumasangayon sa mga bagay na magagaling, palibhasa'y tinuruan ka ng kautusan, 19At nagkakatiwala ka na ikaw ay tagaakay ng mga bulag, ilaw ng mga nasa kadiliman, 20Tagasaway sa mga di nakaaalam, guro ng mga bata, na sa kautusan ay mayroon kang anyo ng pagkakilala at ng katotohanan; 21Ikaw nga na nagtuturo sa iba, hindi mo tinuturuan ang iyong sarili? ikaw na nangangaral sa tao na huwag magnanakaw, ay nagnanakaw ka? 22Ikaw na nagsasabing ang tao ay huwag mangalunya, ay nangangalunya ka? ikaw na nasusuklam sa mga diosdiosan, ay nanakawan mo ang mga templo? 23Ikaw na nagmamapuri sa kautusan, sa iyong pagsuway sa kautusan ay niwawalan mo ng puri ang Diyos? 24Sapagka't "ANG PANGALAN NG DIOS AY NALALAIT NG MGA GENTIL DAHIL SA IYO", gaya ng nasusulat.**

**2:17 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapatagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ang kalagayang ito ay nagpapatuloy hanggang sa v. 20 ngunit walang konklusyon, samakatuwid, ang TEV ay isinalin si bilang mga panindigan na ginagawa ni Hesus. Ang mga Hudyo ay nagtitiwala sa kanilang saling-lahi, mga tradisyon, at pagsasakatuparan upang makamtam ang kaligtasan (cf. Mateo 3:9; Juan 8:33,37,39).

▣ **"nagmamapuri sa Diyos"** Maraming mga Hudyo ay umaasa sa (1) kanilang panlahing angkan kay Abraham at (2) kanilang personal na pagsasakatuparan ng Kautusan ni Moises bilang paraan ng pagtanggap ng Diyos. Gayunman, ang kanilang maka-sariling legalismo ang naghihiwalay sa kanila mula sa Diyos (cf. Mateo 5:20; Galacia 3). Anong kalunos-lunos na kabalintunaan!

Si Pablo ay ipinaliwanag ang kaisipan ng pagmamapuri sa I Corinto. Hinarap ni Pablo ang isang mayabang na Israel at isang mayabang na Griyegong intelektwalismo. Ang pinakapunto ay walang laman ang makakapagbigay kaluwalhatian sa Diyos.

**NATATANGING PAKSA: PAGMAMAPURI O KAYABANGAN**

Ang mga Griyegong salita, *kauchaomai, kauchēma,* at *kauchēsis*, ay ginamit ng mga tatlumpu't-limang beses kayPablo at dalawang beses lamang sa natitirang bahagi ng NT (kapwa kay Santiago). Ito ay higit na ginamit sa I at II Corinto**.**

May dalawang pangunahing katotohanan na umuugnay sa pagmamapuri.

- ★ Walang laman ang maluluwalhati/magmamapuri sa harapan ng Diyos (cf. I Corinto 1:29; Efeso 2:9)
- ★ Ang mga mananampalataya ay kailangang magluwalhati sa Panginoon (cf. I Corinto 1:31; II

Corinto 10:17, na isang pagkabanggit sa Jeremias 9:23- 24)

Samakatuwid, mayroong angkop at di-angkop na pagmamapuri/pagluluwalhati (i.e., pagmamataas).

A. Angkop
   1. sa pag-asa ng kaluwalhatian (cf. Roma 4:2)
   2. sa Diyos sa pamamagitan ng Panginoong Hesus (cf. Roma 5:11)
   3. sa krus ng Panginoong Hesukristo (i.e., pangunahing paksa ni Pablo, cf. I Corinto 1:17-18; Galacia 6:14)
   4. Si Pablo ay nagmapuri sa
      a. Kanyang gawain na walang kabayaran (cf. I Corinto 9:15,16; II Corinto 10:12)
      b. Kanyang awtoridad na mula kay Kristo (cf. II Corinto 10:8,12)
      c. Kanyang di-pagmapuri sa gawain ng ibang tao (tulad ng ilang sa Corinto, cf. II Corinto 10:15)
      d. Kanyang pinagmulang lahi (tulad ng ibang gumagawa nito sa Corinto, cf. II Corinto 11:17; 12:1,5,6)
      e. Kanyang mga iglesiya
         (1) Corinto (II Corinto 7:4,14; 8:24; 9:2; 11:10)
         (2) Tesalonica (cf. II Tesalonica 1:4)
         (3) Kanyang pagtitiwala sa kaaliwan at pagpapalaya ng Diyos (cf. II Corinto 1:12)

B. Di-angkop
   1. May kaugnayan sa pang-Hudyon lipi (cf. Roma 2:17,23; 3:27; Galacia 6:13)
   2. Ilang mga iglesiya sa Corinto ay nagmamapuri
      a. Sa tao (cf. I Corinto 3:21)
      b. Sa karunungan (cf. I Corinto 4:7)
      c. Sa Kalayaan (cf. I Corinto 5:6)
   3. mga bulaang mangangaral ay nagtatangkang magmapuri sa iglesiya sa Corinto (cf. II Corinto 11:12)

**2:18 "sumasangayon"** Ito ang Griyegong PANDIWANG *dokimazō* sa kanyang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG na anyo. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Pagsusuri na susunod.

**NATATANGING PAKSA: MGA GRIYEGONG SALITA PARA SA PAGSUSURI AT KANILANG MGA KAHULUGAN**

May dalawang Griyegong salita na mayroong diwa ng pagsusuri sa kaninuman para sa isang layunin.

1. *Dokimazō, Dokimion, Dokimasia*

   Ang salitang ito ay isang kataga sa metalurhiya para sa pagsusuri sa pagiging dalisay ng isang bagay (i.e., talinghaga para sa isang tao) sa pamamagitan ng apoy. Ang apoy ang naghahayag ng tunay na bakal at sinusunog (i.e., dinadalisay) ang kalawang. Ang pisikal na paraan ay naging isang makapangyarihang kataga para sa Diyos at/o kay Satanasas at/o sa mga tao na nagsusuri ng iba. Ang salitang ito ay tanging ginamit sa isang mabuting diwa ng pagsusuri na may pananaw sa pagsang-ayon.

   Ito ay ginamit sa pagsusuri sa NT
   a. Lalaking baka – Lucas 14:19
   b. Ang ating sarili – I Corinto 11:28
   c. Ang ating pananampalataya – Santiago. 1:3
   d. Kahit na ang Diyos – Hebreo 3:9

   Ang mga kinalabasan ang mga pagsusuring ito ay ipinalalagay na mabuti (cf. Roma 2:18; 14:22; 16:10; II Corinto 10:18; 13:3; Filipinos 2:27; I Pedro 1:7), samakatuwid, ang salita ay nagdadala ng kaisipan sa sinuman na nasuri at napatunayan:

a. Na maging karapat-dapat
b. Na maging mabuti
c. Na maging dalisay
d. Na maging mahalaga
e. Na maging marangal

2. *Peirazō, Peirasmus*
Ang salitang ito ay kadalasang nagpapahayag ng pagsusuri sa layunin ng paghahanap ng kamalian o pagtanggi. Ito ay kadalasang ginagamit na may kaugnayan sa pagtutukso kay Hesus sa ilang.
   a. Ito ay nagpapahiwatig ng tangka sa pagsilo kay Hesus (cf. Mateo 4:1; 16:1; 19:3; 22:18, 35; Marcos 1:13; Lucas 4:38; Hebreo 2:18).
   b. Ang salitang ito (*peirazōn*) ay ginamit sa tawag kay Satanas sa Mateo 4:3; I Tesalonica 3:5.
   c. Ito ay ginamit ni Hesus na nagbibigay-babala sa atin na huwag subukin ang Diyos (cf. Mateo 14:7; Lucas 4:12) [o si Kristo cf. I Corinto 10:9]. Ito rin ay nagsasaad ng pagtatangko sa gawin ang isang bagay na nabigo (cf. Hebreo 11:29). It ay ginamit na may kaugnayan sa pagtutukso at mga pagsubok sa mga mananampalataya (cf. I Corinto 7:5; 10:9, 13; Galacia 6:1; I Thesalonica 3:5; Hebreo 2:18; Santiago. 1:2, 13, 14; I Pedro 4:12; II Pedro 2:9). Ipinapahintulot ng Diyos ang tatlong kaaway ng sangkatauhan (i.e., ang sanglibutan, ang laman, at ang demonyo) upang maihayag sa tiyak na panahon at lugar.

▣ **"ng Kautusan"** Mga talata 17ff. ay nag-uugnay sa mga Hudyo, samakatuwid, ang salitang "ang Kautusan" ay dapat na tumukoy sa kontekstong ito sa Kautusan ni Moises. Ito ay napagtibay sa v. 25 na umuugnay sa pagtutuli.

**2:18-20** Ang mga Hudyong pinuno ay naniniwala na ang kanilang paraan (kanilang sekta ng Judaismo) ay ang tamang daan, ang tanging daan sa Diyos. Sila ay may pananalig sa sila ang tunay na mga guro patunggol sa mga bagay pang-relihiyon (cf. Mateo 15:14). Ang tanging karapatan ay nagdadala ng pananagutan (cf. Lucas 12:48).

Pansinin ang mga magkakatugmang parirala na maiuugnay sa kanilang pananalig (cf. Mateo 15:14; 23:16,24; Lucas 6:39).
1. Isang gabay sa mga bulag, v. 19
2. Isang ilaw sa mga nasa kadiliman, v. 19
3. Isang tagapagtama ng mga mangmang, v. 20
4. Isang guro ng mga wala pa sa gulang, v. 20
5. Taglay sa kautusan ang pinakadiwa ng kaalaman at ng katotohanan, v. 20

**2:21-24** Kung ang isa ay nagtitiwala sa isang personal na pagsunod, kung gayon, ang pagsunod ay kailangang lubusan (cf. Mateo 5:20,48; Galacia 3:10, na isang sipi mula sa Deuteronomio 27:26, at Santiago 2:10). Ito ay hindi maaari para sa nalugmok na sangkatauhan. Ang pagtatanong ni Pablo ay nagmumungkahi ng mga tanong na retoriko sa kanyang mga Hudyong mambabasa/tagapakinig sa vv. 21-23.

**2:22** Napakahirap malaman kung ano ang tinutukoy ni Pablo sa vv. 22-23. Yamang ang paglalarawan ay hindi umuugma sa mga Hudyo sa panahon ni Pablo, ito ay maaaring mga kasalanan na ginamit sa isang espirituwal na pagkakaunawa tulad ng kung papaano ipinaliwanag ni Hesus ang Kautusan sa Mateo 5:20-48. Si George Ladd sa *A Theology of the New Testament*, ay nagsabing "Si Pablo ay marapat na tumukoy sa pagnanakaw sa Diyos ng karangalang para sa Kanya, espirituwal na pangangalunya, at ang kawalang-galang sa debosyon na nauukol lamang sa Diyos sa pamamagitan ng pagmamapuri sa kanilang mga sarili bilang tagahatol at panginoong sa kanilang kapwa mga nilalang." p. 505.

**2:22 "nasusuklam sa mga diosdiosan"** Ang pagtalikod sa anumang bagay dahil sa masamang amoy ay ang ugat na kahulugan ng salitang ito.

▣ **"nanakawan mo ang mga templo"** Hindi matiyak sa kasaysayan kung ano tumutukoy nito ngunit ito ay kahit na papaano sa may kaugnayan sa pagsamba sa diyusdiyosan.

**2:23 "nagmamapuri"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pabmamapuri (o Kayabangan) sa 2:17.

**2:24** Ito ay isang sipi mula sa Isaias 52:5 sa Septuagint. Ang pagpapala ng Diyos sa Israel para sa pag-iingat ng kasunduan (cf. Deuteronomio 27-28) ay nangangahulugang maging isang saksi sa mundo. Gayunman, ang Israel ay hindi kailanman iningatan ang kasunduan, samakatuwid, ang mundo ay nakita lamang ang kahatulan ng Diyos (cf. Ezekiel 36:22-32). Ang Israel ay dapat na naging kaharian ng mga saserdote (cf. Exodo 19:5-6), upang dalhin ang lahat sa mundo sa pananampalataya kay YHWH (cf. Genesis 12:3; Efeso 2:11-3:13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pang-ebanghelyong Pagkiling ni Bob sa 1:5.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 2:25-29**

**25Sapagka't ang pagtutuli'y tunay na pinakikinabangan, kung tinutupad mo ang kautusan; datapuwa't kung *ikaw* ay masuwayin sa kautusan, ang iyong pagtutuli ay nagiging di pagtutuli. 26Kung ang di pagtutuli nga ay tumutupad ng katuwiran ng kautusan, hindi baga aariing pagtutuli ang kaniyang di pagtutuli? 27At ang di pagtutuli sa katutubo, kung tumupad ng kautusan, ay hindi baga hahatol sa iyo na may titik at may pagtutuli na masuwayin sa kautusan? 28Sapagka't siya'y hindi Hudyo kung sa labas lamang; ni magiging pagtutuli yaong hayag sa laman; 29Datapuwa't siya'y Hudyo sa loob; at ang pagtutuli ay yaong sa puso, sa Espiritu hindi sa titik *ng kautusan*; ang kaniyang kapurihan ay hindi sa mga tao, kundi sa Diyos.**

**2:25 "pagtutuli"** Si Pablo ay patuloy na gumagamit na panunuligsa (diatribe). May magsasabi ng pahayag na, mabuli na lang tayo ay natuli (cf. Genesis 17:10-11). Kami ay nasa linya ni Abraham. Malinaw at matapang na linansag ni Pablo ang ganitong itinatampok na maka-Hudyong pag-aangkin (cf. Mateo 3:7-10; Juan 8:31-59).

Ang lahat ng mga kapitbahay na bansa ng Israel maliban sa mga Pilistino ay tinuli. Hindi sa pagkilos mismo ito ay makabuluhan; ito ay sa nagpapatuloy na pananampalataya ng mga tumanggap (cf. vv. 26-27; Deuteronomio 10:16; 30:6). Ito ang katotohanan sa lahat ng mga pangrelihiyong ritwal. Ang mga taong relihiyoso ay kadalasang nagnanais ng mga pagpapala sa kasunduan ng Diyos ng walang kaakibat ng mga pananagutan.

**2:25-26 "kung. . .kung. . .kung"** Ito ay tatlong PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na tumutukoy sa maaaring panghinaharap na pagkilos. Ang pagsunod (cf. Deuteronomio 27-30) ay susi sa pangangatuwiran ni Pablo sa kabanata 2, ngunit hindi sa 3:21-31 (cf. Galacia 3). Ang pagsunod ay bunga ng kaligtasan ngunit ang biyaya ang batayan (cf. Efeso 2:8-10).

**2:26-27** Ang mga talatang ito ay nagbibigay pag-asa na ang ilang mga Hentil ay tumugon sa liwanag na kanilang taglay (ang gramatika ay inaasahan ang isang "oo" na sagot sa v. 26). Ang isang maaaring biblikal na halimbawa nito ay si Cornelio ng Gawa 10. Ngunit hindi siya halos angkop sa talatang ito dahil sa siya ay isang may takot sa Diyos at nananambahan sa isalng lokal na sinagoga.

Ang mga talatang ito ay sa katotohanan ay kasalungat ng pangangatuwiran ni Pablo patungkol sa pangangailangan ng kaligtasan para sa mga Hudyo. Ang Roma 3:23 ay isang buod na ang lahat ng mga tao ay may kapamahakang espirituwal sa labas ni Kristo. Kung may mga Hentil na nabuhay sa liwanag na kanilang taglay mula sa paglilikha at isang pangloob na moral na pakiramdam, ang Diyos ay

magkakaloob ng isang pagkakataon para sa kanila na tumugon kay Kristo—sa anumang paraan, gayunpa man, sa anu mang panahon.

**2:28-29 "Sapagka't siya'y hindi Hudyo. . . siya'y Hudyo"** Ito ay isalng lubhang napakahalagang pagtalakay dahil sa ilang makabagong teolohikong mga pangkat ay nagtatangkang ihiwalay o ikulong ang mga tao of Diyos sa OT sa mga tao ng Diyos sa NT. Mayroon lamang nag-iisang kasunduan at isang mga tao (cf. Roma 9:6; Galacia 3:7-9, 29; 6:16; I Pedro 3:6). Ang bagong kasunduan ay isang pagpapaunlad at katuparan ng luma. Ang mga tao ng Diyos ay palagiang sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa saling-lahi. Sila ay isang "mga tao ng puso" hindi ritwal o lahi ng mga tao. Ang pananampalataya, hindi ang magulang, ang susi. Ang kaisipang pang-kasunduan, hindi ang pangkasunduang tanda, ang tatak.

▣ **"laman"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3.

**2:29** Ang pangkasunduang tanda ng pagtutuli (cf. Genesis 17:14) ay isang talinghaga sa OT para sa kaninumang pagkabukas sa Diyos. Ito ay umunlad na patalinghaga sa maraming paraan

1. Ang pagtutuli sa puso (cf. Deuteronomio 10:16; 30:6; Jeremias 4:4; 9:24-25)
2. Ang pagtutuli sa tainga (cf. Jeremias 6:10)
3. Ang pagtutuli sa labi (cf. Exodo 6:12,30)

Ang Kautusan ay hindi kailanman ipakakahulugan bilang isang panlabas na kodigo, ngunit ang isang buhay na nagbabago sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan kay YHWH na inihayag ang Kanyang mga katangian at mga pangako sa lahat ng mga anak ni Adan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pananaw ni Pablo sa Kautusan sa 13:9.

▣
**NASB "yaong sa puso, sa Espiritu hindi sa titik"**
**NKJV "na nasa puso, sa Espiritu, at hindi sa titik"**
**NRSV "isang paksa ng puso – ito ay espirituwal at hindi literal"**
**TEV "na siyang gawaing ng Espiritu ng Diyos, hindi ng nasusulat na Kautusan"**
**NJB "sa puso — anumang hindi sa titik ngunit sa but of the espiritu"**

Ang pariralang ito ay may kalabuan sa Griyego. Ang ilang mga salin ay tinatanggap ito na tumukoy sa espirituwal laban sa literal (cf. NRSV, ang Twentieth Century New Testament, ang Knox translation, ang Lamsa translation ng Peshitta, ang Williams translation at ang New Berkeley Version). Ang ibang mga salin ay nakita ang pagkakaiba sa pagitan ng Banal na Espiritu (cf. 7:6; II Corinto 3:6, kung saan isang katulad na kayarian ang nagaganap) at ang nakasulat na teksto (o talata) (cf. NASB, NKJV, NEB, NIV at TEV). *Ang Jerome Biblical Commentary*, p. 299, ay nagmumungkahi na batay sa II Corinto 3:6 ito ay patalinghaga/pampanitikang paraan ni Pablo sa pagtutukoy ng Lumang Kasunduan at ng Bagong Kasunduan; ang una ay itinatangi sa pamamagitan ng isang panglabas na kodigo at ang pangalawa ay sa pamamagitan na panloob na bagong pananaw at bagong espiritu na ibinigay ng Banal na Espiritu sa Bagong Panahon ng Espiritu.

Palagiang tinatalakay ni Pablo ang katotohanan na ang ilang mga Hentil na maaaring makapag-bigay-lugod sa Diyos maliban sa Kautusan. Kung ito ay totoo, ang mga anak ng Diyos ay sasaklawin lamang ang mga nagpatuli sa laman (cf. Galacia). Ang pamilya ng Diyos ay mas malawak sa lahi ng mga Hudyo (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5); Sina Job, Melchizedek, Jethro, Caleb, Rahab, at Ruth ay hindi sa lahi ng mga Hudyo. Kahit na ang mga angkan nina Ephraim at Manasseh ay kalahating taga-Ehipto (cf. Genesis 41:50-52).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Papaanong ang di-pananampalatayang mga Hudyo ay makakaapekto sa pangako ng Diyos (3:3-4)?
2. Mayroon bang kalamangan sa Diyos ang pagiging-Hudyo (3:1-8)?
3. Ano ang isang pagtuligsa (o diatribe)?
4. Anong punto ng ipinalalagay na pagtuligsa (o diatribe) sa vv. 5-8?
5. Papaanong ang buhay ng isa ay maibibilang kung ang pag-aaring-ganap ay sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya na hiwalay sa mga gawa (3:8)?
6. Ano ang konsepto teolohiko ng ganap na pagiging masama (total depravity) (3:10-18)?
7. Ano ang layunin ng kautusan ni Moises, o ang kautusan sa pangkahalatan (3:20; Galacia 3:24-25)?
8. Why is Satan not mentioned at lahat in mga kabanata 1-3 which deal with man's lostness?
9. Ano ang mga pangako sa OT na may pasubali o walang pasubali?
10. Ano ang layunin ng Kautusan ni Moises sa buhay ng: (1) mga hindi Hudyo; at (2) mga Hudyo?
11. Balangkasin sa sariling mga salita ang mga pangangatuwiran ni Pablo sa 1:18-3:20 sa bawat talata.

# MGA TAGA-ROMA 3

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
| Ang mga Hudyo at ang Kautusan (2:17-3:8) | Ipininagtanggol ang Kahatulan ng Diyos | Ang Kahigtan ng mga Hudyo | Ang mga Hudyo at ang Kautusan (2:17-3:8) | Hindi Makakapagligtas sa Kanila ang mga Pangako ng Diyos |
| 3:1-8 | 3:1-8 | 3:1-8 | 3:1-4 | 3:1-8 |
| | | | 3:5-6 | |
| | | | 3:7-8 | |
| Walang Matuwid | Ang Lahat ay Nagkasala | Lahat ay may Sala | Walang Taong Matuwid | Lahat ay may Sala |
| 3:9-20 | 3:9-20 | 3:9-18 | 3:9-18 | 3:9-18 |
| | | 3:19-20 | 3:19-20 | 3:19-20 |
| Katuwiran sa pamamagitan ng Pananampalataya | Katuwiran ng Diyos sa pamamagitan ng Pananampalataya | Ang Tunay ng Katuwiran | Paanong Ginawang Matuwid ng Diyos ang Tao | Ang Kapahayagan ng Kahatulan ng Diyos |
| 3:21-26 | 3:21-26 | 3:21-26 | 3:21-26 | 3:21-26 |
| | Hindi Isinama ang Kayabangan | Hindi Isinama ang Kayabangan | | |
| 3:27-31 | 3:27-31 | 3:27-31 | 3:27-31 | 3:27-31 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)

A. Ang mga talata 1-8 ay may kaugnay na nilalaman, ngunit mahirap sundan ang lohika ni Pablo dahil sa siya ay gumagamit ng pampanitikang pamamaraan na tinatawag na *diatribe* (isang ipinapalagay na nalululigsa).

B. Ito ay tila na si Pablo ay ipinagpapatagay na kung papaanong ang ilang mga Hudyo ay tutugon sa 2:17-29, kaya sinagot niya ang kanilang mga pagsalungat (Corley, Vaughan, *Roma*, pp. 37-39).
   1. Unang tanong. Wala bang tootong kalamangan para sa mga Hudyo? (vv. 1-2)
   2. Pangalawang tanong. Ang salita ba ng Diyos ay nabigo dahil sa ang ilang mga Hudyo ay walang pananampalataya? (vv. 3-4)
   3. Pangatlong tanong. Kung ginamit ng Diyos ang mga Hudyo upang ihayag ang kanyang katangian, ang mga Hudyo ba ay mananatiling ay pananagutan sa kahatulan? (vv. 5-8)

C. Ang pangwakas sa babalik sa 2:11. Walang pagtatangi sa Diyos. Ang lahat ng mga tao ay may pananagutan sa pamumuhay na hiwalay sa liwanag na kanilang taglay (kapahayagan sa kalikasan at/o natatanging kapahayagan).

D. Mga talata 9-18 ay naglalaman ng kalipunan ng mga sipi sa OT na nagpapahayag ng mga kasalanan ng Hudyo.

E. Mga talata 19-20 ay nagbubuod ng espirituwal na kalagayan ngIsrael at ang layunin ng OT (cf. Galacia 3).

F. Mga talata 21-31 ay ang buod ng 1:18-3:20. Sila ang unag teolohikong punt ng ebanghelyo (tingnan ang maikling balangkas, p. 2).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 3:1-8**

**1 Ano nga ang kahigitan ng Hudyo? o ano ang mapapakinabang sa pagtutuli? 2 Marami sa anomang paraan: ang una sa lahat, ay ipinagkatiwala sa kanila ang mga aral ng Diyos. 3 Ano nga kung ang ilan ay hindi nangagsisampalataya? ang di pananampalataya nila ay nagpapawalang halaga baga sa pagtatapat ng Diyos? 4 Huwag nawang mangyari: oo, bagkus pa nga ang Diyos ay tapat, datapuwa't ang bawa't tao'y *natagpuang* sinungaling; gaya ng nasusulat, "UPANG IKAW AY ARIING GANAP SA IYONG MGA SALITA, AT MAKAPAGTAGUMPAY KA KUNG IKAW AY MAHATULAN."**
**5 Datapuwa't kung ang ating kalikuan ay nagbibigay dilag sa katuwiran ng Diyos, ano ang ating sasabihin? Liko baga ang Diyos na dumadalaw na may poot? (nagsasalita akong ayon sa pagkatao.) 6 Huwag nawang mangyari: sapagka't kung gayo'y paanong paghatol ng Diyos sa sanglibutan? 7 Datapuwa't kung ang katotohanan ng Diyos sa pamamagitan ng aking kasinungalingan ay sumagana sa ikaluluwalhati niya, bakit pa naman ako'y hinahatulang tulad sa isang makasalanan? 8 At bakit hindi *nasabi* (gaya ng pagkalibak sa atin, at gaya ng pinatotohanan ng ilan na ating sinasabi), "Magsigawa tayo ng masama upang dumating ang mabuti?" ang kaparusahan sa mga gayon ay matuwid.**

**3:1 "Ano nga ang kahigitan ng Hudyo"** Ang pagpapatuloy na paggamit ni Pablo ng pampanitikang pamamaraan ng pagtuligsa (diatribe, o isang inakalang taga-salungat, upang ipagbigay-alam ang kanyang mensahe. Para sa isang talaan ng mga pribilehiyo ng mga Hudyo, tingnan sa 3:2 at 9:4-5. Pinaunlad ni Pablo ang talataang ito sa mga kabanata 9-11.

**3:2 "ang una sa lahat"** Ginagamit ni Pablo ang "una" sa 1:8, ngunit walang pangalawang bagay na nababanggit. Ginawa niya ang katulad dito. Ang sulat ni Pablo ay lubhang napakasidhi, gayundin ay nag-uutos, na kadalasan ang kanyang gramatikong pagbabalangkas ay hindi ganap.

▣ **"ipinagkatiwala sa kanila ang mga aral ng Diyos"** Ang taglayin ang kapahayagan ng Diyos ay isang nakakasindak na pananagutan gayundin ay isang napakalaking pananagutan (cf. 9:4-5). Sila ay mga tagapangalaga ng kaloob ng Diyos (AORIST NA BALINTIYAK, cf. I Tesalonica 2:4).

Ang salitang *logion* (mga kapahayagan) ay ginamit sa Septuagint para sa salita na galing sa Diyos (cf. Bilang 24:4,16; Deuteronomio 33:9; Awit 107:11; 119:67; Isaias 5:24; 28:13), na nangangahulugang OT. Ito ay kasang-ayong ginamit sa katulad na diwa sa NT (cf. Gawa 7:38; Hebreo 5:12; I Pedro 4:11).

**3:3 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang mga layunin. Ang mga talata 5 at 7 ay UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI din.

Ang gramatiko ng v. 3 ay inaasahan ang "hindi" na sagot.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"ang ilan ay hindi nangagsisampalataya"** |
| **NRSV, NJB** | **"ang ilan ay hindi matapat"** |
| **TEV** | **"papaanong ang ilan ay hindi matapat"** |

Ito ay maaaring tumukoy sa alinman sa (1) di-pananampalataya o (2) kawalan ng personal na pananampalataya kay YHWH ng mga indibidwal na Istraelita. Ito ay napakahirap na iugnay sa kaalaman sa mga walang pasubaling pangako ng Diyos (i.e., katubusan ng nalugmok na sangkatauhan) at ang may pasubaling atas ng pagtungon ng tao. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan (Tipan) sa 9:4. Gayunman, ito ay isang biblikal na kabalintunaan (cf. 3:4-5). Ang Diyos ay matapat kahit na ang Kanyang mga tao ay hindi (cf. Osea 1,3; II Timoteo 2:13).

▣ **"nagpapawalang halaga"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: WALANG HALAGA AT WALANG KABULUHAN (*KATARGEŌ*)**

Ito (*katargeō)* ay isa sa mga paboritong mga salita ni Pablo. Ginamit niya ito ng dalawampu't-limang beses ngunit ito ay may malawaka ng pang-semantikong saklaw.

A. Ang pangunahing etimolohikong salitang-ugat ay galing sa argos na nangangahulugang
   1. Walang pag-iral
   2. Walang saysay
   3. Hindi nagagamit
   4. Walang paggagamitan
   5. Walang bisa
B. Ang tambalang may *kata* ay ginagamit upang ipahayag ang
   1. Walang pag-iral
   2. Walang paggagamitan
   3. Iyang alinmang nawalang-bisa
   4. Iyang alinmang ginawa palayo
   5. Iyang alinmang lubusang walang bisa
C. Ito ay minsang ginamit sa Lucas upang ilarawan ang isang di-namumunga, samakatuwid walang silbing puno (cf. Lucas 13:7)
D. Ginamit ito ni Pablo sa isang matalinggahagang kaunawaan sa dalawang pangunahing

pamamaraan

1. Ang Diyos na ginawang walang-bisang bagay ang mga may kaaway sa sangkatauhan
   a. Makasalanang kalikasan ng sangkatauhan – Roma 6:6
   b. Ang Kautusan ni Moises sa kaugnayan nito sa pangako ng Diyos ng "ang binhi" – Roma 4:14; Galacia 3:17; 5:4,11; Efeso 2:15
   c. Espirituwal na puwersa – I Corinto 15:24
   d. Ang "tao ng kawalang kautusan" – II Tesalonica 2:8
   e. Pisikal na kamatayan – I Corinto 15:26; II Timoteo 1:16 (Hebreo 2:14)
2. Ang pagpapalit ng Diyos ng luma (kasunduan, panahon) para sa bago
   a. Mga bagay na may kaugnayan sa Kautusan ni Moises – Roma 3:3,31; 4:14; II Corinto 3:7,11,13,14
   b. Pagkakatulad ng kasalang ginamit sa Kautusan – Roma 7:2,6
   c. Ang mga bagay ng panahong ito – I Corinto 13:8,10,11
   d. Ang katawang ito – I Corinto 6:13
   e. Mga pinuno ng panahong ito – I Corinto 1:28; 2:6

Ang salitang ito ay isinalin sa maraming magkakaibang pamamaraan, ngunit ang kanyang pangunahing kahulugan ay gawin ang isang bagay na walang silbing, walang halaga at walang kabuluhan, walang pag-iral, walang kapangyarihan, ngunit hindi kinakailangang di-nananatili, nawasak o napuksa.

▣ **"pagtatapat ng Diyos"** Ang katotohanang ito (cf. I Corinto 1:9; 10:13; II Corinto 1:18) ay saligan sa pagtitiwala ng mga tao sa Diyos (cf. Deuteronomio 7:9; Isaias 49:7).

1. Di-nababagong katangian
2. walang hanggan mga pangako

Naihayag niya ang Kanyang sarili sa paglilikha, kapahayagan, kasunduan , at sa Mesias! Kahit na sa gitna ng kawalan ng katapatan ng tao nanatili Siyang matapat (cf. II Timoteo 2:13)!

**3:4**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Huwag nawang mangyari"** |
| **NKJV, TEV** | **"Tiyak na hindi!"** |
| **NRSV** | **"na walang mga paraan!"** |
| **NJB** | **"Yan ay walang katotohanan."** |

Ito ay isang di-karaniwang pagkakagamit ng OPTATIBONG PANAGANO na nagpapahayag ng isang pagnanais o isang panalangin at ang pariralang ito ay dapat na maisaling , "Nawa ay hindi kailanman mangyari ito." Ito ay maaaring magpaliwanag ng Hebreong kataga. Ang pariralang ito ng "nakakapagtakang di-pananampalataya" ay kadalasang ginagamit ni Pablo dahil sa pampanitikang pamamaraan ng pagtuligsa (diatribe) (cf. 3:4,6,31; 6:2,15; 7:7,13; 9:14; 11:1; I Corinto 6:15; Galacia 2:17; 3:21; 6:14). Ito ang kanyang paraan ng mariing pagtanggi sa isang inaakalang pagbibigay-diin.

Pansinin ang mga paraang pampanitikan ni Pablo ay itinatanggi ang inaakalang mga tanong at mga pahayag na tumatanggi.

1. "Huwag nawang mangyari," vv. 4,6
2. "ang Diyos ay tapat, datapuwa't ang bawa't tao'y sinungaling," v. 4
3. "(nagsasalita akong ayon sa pagkatao)," v. 5
4. "(gaya ng pagkalibak sa atin, at gaya ng pinatotohanan ng ilan na ating sinasabi)," v. 8

▣ **"Dios ay tapat, datapuwa't ang bawa't tao'y *natagpuang* sinungaling"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS. Ang kayariang ito ay tumutuon sa nagpapatuloy na kalagayan ng paksa; ang Diyos ay matapat at mapagkakatiwalaan (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:18), mga tao ay di-matapat at mga sinungaling! Ito ay isang pagkabanggit sa Awit 116:11 at katulad ng

kung anong dapat matutunan ni Job sa 32:2; 40:8.

Pansinin na ang pangkalahatang sangkap ng pagkakasala sa kabanatang ito, na ipinapakita sa paggamit ni Pablo ng *pas* (lahat, bawat-isa) sa vv. 4,9,12,19,20,23,24, ngunit papuri sa Diyos, ito rin ang pangkalahatang paghahandog ng kaligtasan para sa lahat (cf. 3:22).

▣ **"gaya ng nasusulat"** Sa literal, "ito ay nanatili at magpapatuloy na maisulat." Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ito ay naging teknikal na kataga na ginamit upang ipahayag ang inspirasyon ng Diyos sa Banal na Kasulatan (cf. Mateo 5:17- 19). Ito ay nagpapakilala ng isang sipi sa Awit 51:4 mula sa Septuagint (LXX).

**3:5-6** Ang pangangatuwiran ni Pablo ay ginagawan ang mga talatang ito na kaugnay sa natatanging pagpili ng Diyos sa Israel bilang Kanyang paraan sa pag-abot sa mundo (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5-6). Sa OT "ang pagpili" ay tumutukoy sa paglilingkod, hindi sa natatanging karapataan. Gumawa ang Diyos ng isang kasunduan sa kanila. Siya ay matapat; sila ay hindi matapat (cf. Nehemiah 9). Ang katotohanan na ang Diyos humatol sa mga di-matapat na Israelita ay katunayan ng Kanyang katuwiran.

Ang Israel ay itinalaga bilang isang paraan na maabot ang mga Hentil. Sila ay nabigo (cf. 3:24)! Ang layunin ng Diyos ang pangkalahatang kaligtasan (cf. Genesis 3:15) ay hindi naapektuhay ng pagkabigo Israel. Sa katunayan, ang katapatan ng Diyos sa Kaniyang orihinal na kasunduan ay napagtibay sa Roma 9-11. Ang di-nananampalatayang Israel ay tinanggihan, ngunit ang isang nananampalatayang Israel ay hahantong sa plano ng Diyos sa katubusan

Ang pagtuligsa (diatribe) ni Pablos sa vv. 5-6 ay katulad sa vv. 7-8.

**3:5 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ang mga talata 3 at 7 ay mga UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI din.

▣ **"kung ang ating kalikuan ay nagbibigay dilag sa katuwiran ng Diyos"** Ang PANGHALIP na ito, "atin," ay dapat na tumukoy sa isang panlahat na kaisipan sa mga Hudyo. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17

▣ **"ano ang ating sasabihin"** Si Pablo ay patuloy na gumagamit ng pagluligsa (diatribe) (cf. 3:5; 7:7; 8:31; 9:14,39). Linilinaw ni Pablo ang kanyang pagpapakilala sa pamamagitan ng paggamit ng inaakalang tagatanggi (cf. Malakias 1:2,6,7,12,13; 2:14,17 [dalawang beses]; 3:7,13,14).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"(nagsasalita akong ayon sa pagkatao)"** |
| **NKJV** | **"(Nagsasalita ako bilang tao)"** |
| **NRSV** | **"(Nagsasalita ako sa paraan ng tao)"** |
| **TEV** | **"(Ako ay nagsasalita katulad ng tao)"** |
| **NJB** | **"—upang gamiting ang paghahalintulad sa tao—"** |

Kadalasang gumagamit ng pantaong lohika sa Pablo sa kanyang mga teolohikong pangangatuwiran (cf. 6:19; I Corinto 9:8; Galacia 3:15). Dito, ito ay gumaganap bilang isang paraan ng pagtanggi sa mga pagbibigay-diin ng inaaasahang taga-tanggi.

**3:7-8** Mayroong maliwanag na pagkakatulad sa pagitan ng vv. 5 at 7 (kapwa nagsisimula sa *ei de*). Si Pablo ay alinman sa

1. Pagpapatuloy ng paggamit ng pampanitikang pamamaraan na diatribe, isang ipinapalagay na taga-tanggi (cf. 3:5,7; 7:7; 8:31; 9:14,30)
2. Pagtatanggol sa kritisismo ng kayang pag-aaring ganap-sa pamamagitan ng-pananampalataya-

lamang na pamamahayag (cf. v. 8)

Hindi ipinaliwanag o sinagot ni Pablo ang paratang nang detalyado ngunit mariing tinuligsa ang mga paratang. Ito ay maaari na ang pagtanggi sa di-karapat-dapat na walang bayad na pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya ay magbubunga sa kawalan ng kautusan o isa pang mas higit na di-matapat sa pagsuway. Naniniwala si Pablo ang biyayang walang bayad ay magbubunga ng pagiging katulad ni Kristo sa pamamagitan ng isang bagong espiritu at buhay ng pasasalamat! Ang mga Hudyo, ang mga Griyegong moralista, at si Pablo, lahat ay nagnanais ng wastong pamumuhay sa kanilang mga nagsisampalataya! Ngunit ito ay magiging, hindi sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa isang panlabas na kautusan, ngunito ayang bagong puso, isang bagong kaisipan, at isang bagong espiritu (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-36).

**3:7 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI (also vv. 3 at 5) na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin.

▣ **"sumagana"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 15:13.

▣ **"sa ikaluluwalhati"** Tingnan ang Tala sa 3:23

**TALATA SA NASB (BINAGO): 3:9-18**

**[9]Ano nga? tayo baga'y lalong mabuti kay sa kanila? Hindi, sa anomang paraan: sapagka't ating kapuwa isinasakdal na muna ang mga Hudyo at ang mga Griyego, na silang lahat ay nangasa ilalim ng kasalanan; [10]Gaya ng nasusulat, "WALANG MATUWID, WALA, WALA KAHIT ISA; [11]WALANG NAKATATALASTAS, WALANG HUMAHANAP SA DIOS; [12]SILANG LAHAT AY NAGSILIHIS, MAGKAKASAMANG NAWALAN NG KASAYSAYAN; WALANG GUMAGAWA NG MABUTI, WALA, WALA KAHIT ISA:" [13]"ANG KANILANG LALAMUNAN AY ISANG LIBINGANG BUKAS; NAGSIGAMIT NG DAYA SA PAMAMAGITAN NG KANILANG MGA DILA: ANG KAMANDAG NG MGA ULUPONG ANG SIYANG NASA ILALIM NG KANILANG MGA LABI:" [14]"ANG KANILANG BIBIG AY PUNO NG PANUNUMPA AT NG KAPAITAN:" [15]"ANG KANILANG MGA PAA AY MATULIN SA PAGBUBUBO NG DUGO; [16]KAGIBAAN AT KAHIRAPAN ANG NASA KANILANG MGA DAAN; [17]AT ANG DAAN NG KAPAYAPAAN AY HINDI NILA NAKILALA; [18]WALANG PAGKATAKOT SA DIOS SA HARAP NG KANILANG MGA MATA."**

**3:9 "tayo baga'y lalong mabuti kay sa kanila"** Ang gramatika sa pagkakataong ito ay may kalabuan. Ito ay maliwanag na ang pangunahing katotohanan ng talatang ito na ang lahat sangkatauhan ay may pangangailangan sa biyaya ng Diyos (cf. 3:9,19,23; 11:32; Galacia 3:22). Gayunman, ito ay di-tiyak kung ang partikular na sanggunian ay tumutukoy sa mga Hudyo (Pablo at sa kanyang kamag-anak, cf. TEV, RSV) o mga Kristyano (Pablo at kapwa mga mananampalataya na inihiwalay mula sa biyaya ng Diyos). Ang mga Hudyo ay may ilang kahigtan (cf. vv. 1-2; 9:4-5), ngunit ang mga kahigtang ito ay mas malaking pananagutan (cf. Lucas 12:48)! Ang lahat ng mga tao naligaw sa espirituwal at nangangailangan ng biyaya ng Diyos.

Ang salitang "lalo" ay nauunawaan ng mga kakaunting iskolar bilang BALINTIYAK NA TINIG sa halip na PANGGITNA ("mas mayaman"), ay nagbubunga sa salin na "dinaig ni" o "inilagay sa pagkatalo ni."

Ang Roma ay kadalasang sinasabing pinaka-walang kinikilingan sa lokalidad sa mga sulat ni Pablo. Karamihan ng mga sulat ni Pablo ay inuukol sa lokal na pangangailangan o mga panganib (mga paminsan-minsang dokumento). Gayunman, ang panibugho (selos) sa pagitan ng mananampalatayang mga pinunong Hudyo at mananampalatayang mga pinunong Hentil sa iglesiya sa Roman ay maaaring nasa likong ng mga kabanata 1-3 at 9-11.

▣ **"sapagka't ating kapuwa isinasakdal na muna ang mga Hudyo at mga Griyego, na silang lahat ay nangasa ilalim ng kasalanan"** Ang PANDIWA (AORIST NA PANGGITNANG [deponent] MAY PAHIWATIG) na ito ay matatagpuan lamang dito sa NT. Tinutukoy ni Pablo dito ang kanyang nagpapatuloy na

pangangatuwiran sa 1:18-2:29.

▣ **"ilalim ng kasalanan"** Binigyang katauhan ni Pablo ang "kasalanan" (*Jerome Biblical Commentary*, p. 300) bilang isang mabagsik na punong tagapag-utos sa nalugmok na sangkatauhan (cf. 6:16-23).

**3:10-18 "Gaya ng nasusulat"** Ang pariralang ito ay makikita rin sa v. 4. Ang mga sumusunod na pahayag ay isang kalipunan ng mga sipi sa OT na gumagamit ng mga talinghaga ng katawan ng tao upang bigyang-diin ang pagkalugmok ng sangkatauhan.

1. vv. 10-12, Eclesiastes 7:20 o Awit 14:1-3
2. v.13, Awit 5:9 at 140:3
3. v.14, Awit 10:7
4. vv. 15-17, Isaias 59:7-8 at Kawikaan 1:16
5. v.18, Awit 36:1

Ito ay nakakataka na hindi ginamit ni Pablo ang Isaias 53:6.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 3:19-20**

**[19]Ngayon ay nalalaman natin na ang anomang sinasabi ng kautusan, yaon ay sinasabi sa nangasa ilalim ng kautusan; upang matikom ang bawa't bibig, at ang buong sanglibutan ay mapasa ilalim ng hatol ng Diyos: [20]Sapagka't sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ay walang laman na aariing-ganap sa paningin niya; sapagka't sa pamamagitan ng kautusan ay *dumadating* ang pagkakilala ng kasalanan.**

**3:19 "nalalaman natin na"** Tingnan ang Tala sa 2:2.

▣ **"ng kautusan"** Sa kontekstong ito, ito ay nararapa na tumukoy sa buong OT (cf. v. 21) dahil sa mga talatang di-Pentateuch ay sinipi sa vv. 10-18. Binigyang buhay ni Pablo "ang kautusan" na gaya ng ginawa niya sa "ang kasalanan" inv. 9 (cf. 6:16-23).

▣ **"yaon ay sinasabi sa nangasa ilalim ng kautusan"** Ito ay natatanging tumutukoy sa mga Hudyo at Hentil na mananampalataya. Kahit na ito ay dapat na sabihin na maraming mga sipi sa OT na ginamit ay tumutukoy sa mga Hentil sa kanilang orihinal na konteksto. Ang lahat ng mga tao ay makasalanan (cf. 3:23)!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"upang matikom ang bawa't bibig, at ang buong sanglibutan ay mapasa ilalim ng hatol ng Diyos"** |
| **NKJV** | **"na ang bawat bibig ay mahinto, at lahat ng nasa mundo ay maging may sala sa harapan ng Diyos"** |
| **NRSV** | **"upang ang bawat bibig ay matahimik, at ang buong mundo ay magkaroon ng pananagutan sa Diyos"** |
| **TEV** | **"upang mahinto ang lahat mga dahilan ng tao at dalhin ang buong mundo sa ilalim ng kahatulan ng Diyos"** |
| **NJB** | **"ngunit ito ay nangangahulugang mapatahimik ang sinuman at ilatag na bukas ang buong mundo sa kahatulan ng Diyos"** |

Ito ang pangunahing paksa ng kabanata 1:18-3:20 na ibinuod sa 3:23.

▣ **"bawa't bibig"** Mayroong maraming parirala sa vv. 19-20 na nangangahulugang lahat ng sangkatauhan.

1. "bawat bibig," v. 19

2. "buong sanglibutan," v. 19
3. "walang laman," v. 20

**3:20 "Sapagka't sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ay walang laman na aariing-ganap sa paningin niya"** Ito ay isang pagkabanggit sa Awit 143:2 (tandaan din ang Job 4:17; 9:2; 25:4; Awit 130:3; Kawikaan 20:9; Eclesiastes 7:20; I Hari 8:46; II Cronica 6:36), ngunit may karagdagang isang panimulang parirala. Ito ay isang pangunahing aspeto ng ebanghelyo ni Pablo (cf. Galacia 2:16; 3:11). Bilang isang tapat ng Fariseo, tanging nalalaman ni Pablo ang walang kakayahan ng pang-relihiyong kasigasigan at maselang pagganap upang ibigay ang panloob na kapayapaan.

Para sa "laman" Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3.

▣

**NASB, NRSV** **"sapagka't sa pamamagitan ng kautusan ay *dumadating* ang pagkakilala ng kasalanan"**
**NKJV** **"sapagkat sa pamamagitan ng kautusan ay ang kaalaman sa kasalanan"**
**TEV** **"kung anong ginagawa ng kautusan does ay upang malaman ng tao na siya ay nagkasala"**
**NJB** **"ang lahat ng ginawa ng kautusan does ay upang sabihin sa ating na tayo ay makasalanan"**

Ito ay isa sa mga layunin ng OT. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 13:9. Hindi kailanman ito nangangahulugan na dalhin ang kaligtasan sa nalugmok na sangkatauhan. Ang kanyang layunin ay ihayag ang pagiging makasalanan at ihatid ang lahat ng mga tao sa awa ni YHWH (cf. 4:15; 5:13,20; 7:7; Galacia 3:19-22, 23-29).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Papaanong ang di-pananampalataya ng mga Hudyo ay nakaapekto sa mga pangako ng Diyos? (3:3-4)
2. Mayroon bang kahit anong kalamangan ang pagiging Hudyo sa Diyos? (3:1-8)
3. Ang ang punto ng inaakalang pagtanggi (diatribe) sa vv. 5-8?
4. Papaanong maibibilang ang buhay ng isa kung ang pag-aaring-ganap ay sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya na hiwalay sa mga gawa (cf. 3:8)?
5. Bigyan-kahulugan ang teolohikong (ni Calvin) konsepto ng lubusang kasamaan (cf. 3:10-18).
6. Ano ang layunin ng kautusan ni Moises, o ang kautusan sa pagkalahatan (cf. 3:20; Galacia 3:24-25)?
7. Bakit hindi nabanggit sa Satanas sa lahat ng mga kabanata 1-3 na tumutukoy sa pagkawala ng sangkatauhan?

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA ROMA 3:21-31

A. Roma 3:21-31
   1. Ang kasukdulang buod ng 1:18-3:20
   2. Isang pagpapalaki ng 1:16-17
   3. Isang panimula sa mga kabanata 4-8 (lalo na sa 3:28)

B. Ito ang kasukdulang buod ng doktrina ng pag-aaring-ganap ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya na ipinakilala ng mga nag-Reporma (*Reformers*).
   1. Kay Martin Luther bilang "ang pangunahing punto at ang pinakamahalagang lugar sa sulat at sa buong Bibliya"
   2. Kay John Calvin bilang "Maaaring walang isang talata sa buong Bibliya ang magtatakda ng mas malalim sa katuwiran ng Diyos kay Kristo"

C. Ito ang teolohikong diwa ng ebadyelikong Kristiyanismo. Ang maunawaan ang konteksto ay maunawaan ang Kristiyanismo. Itong ebanghelyo sa isang dalawang-talataang buod tulad ng sa Juan 3:16 ay ang ebanghelyo sa talata. Ito ang puso at kaluluwa ng pagpapakilala ni Pablo ng ebanghelyo.

   Ang tatlong susing magpapaliwanag na tanong ay:
   1. Ano ang kahulugan ng salitang "kautusan"?
   2. Ano ang kahulugan ng pariralang "ang katuwiran ng Diyos"?
   3. Ano ang kahulugan ng mga salitang "pananampalataya" at "manampalataya"?

D. Ako ay nagpapasalamat sa Diyos para sa salitang "lahat" sa v. 22 (cf. v. 29) at sa salitang "kaloob" sa v. 24 (cf. 5:15,17; 6:23).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 3:21-26**

**[21]Datapuwa't ngayon bukod sa kautusan ay ipinahahayag *ang* isang katuwiran ng Diyos, na sinasaksihan ng kautusan at ng mga propeta; [22]Sa makatuwid baga'y *ang* katuwiran ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesukristo sa lahat ng mga nagsisisampalataya; sapagka't walang pagkakaiba; [23]Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos; [24]Palibhasa'y inaring-ganap na walang bayad ng kaniyang biyaya sa pamamagitan ng pagtubos na nasa kay Hesukristo: [25]Na siyang inilagay ng Diyos na maging pangpalubagloob, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa kaniyang dugo. *Ito ay* upang maipakilala ang kaniyang katuwiran dahil sa hindi pagpansin sa mga kasalanan na nagawa nang nagdaang panahon sa pagpapahinuhod ng Diyos; [26]Sa pagpapakilala'y *aking sinasabi*, ng kaniyang katuwiran sa panahong kasalukuyan, upang siya'y maging ganap at tagaaring-ganap sa may pananampalataya kay Hesus.**

**3:21 "Datapuwa't ngayon"** Pinag-iiba ni Pablo ang Lumang Tipan sa Bagong Tipan, ang lumang panahon ng paghihimagsik sa bagong panahon ng katuwiran. Ito ngayon ay maaaring katulad ng "sa panahong kasalukuyan" (cf. v. 26; "ngunit ngayon" of 6:22; 7:6).

▣ **"ngayon bukod sa kautusan"** Ito ay kadalasang mahirap na matiyak kung si Pablo ay tumutukoy sa Kautusan ni Moises (NASB) o sa kautusan sa pangkalahatan (NRSV, TEV, NJB, NIV) sa mga panimulang mga kabanata. Sa kontekstong ito ang pang-Hudyong Kautusan ay umaakmang napakaiman sa pangangatuwiran ni Pablo. Ang lahat ng mga tao ay linabag ang bawat pangkat ng mga pang-asal (moral), panlipunang patnubay whether maging panloob o panlabas man. Ang ating suliranin bilang isang nalugmok na sangkatauhan ay tayo ay nagnanais ng walang patnubay at lahat maliban ang ating

mga sariling sakim, makasariling pagnanasa (cf. Genesis 3) na lubhang naglalarawan ng makabagong kanlurang indibidwalismo.

▣

**NASB** **"*ang* isang katuwiran ng Diyos"**
**NKJV, NRSV** **"ang katuwiran ng Diyos"**
**TEV** **"paraan ng Diyos upang ilagay ang mga tao sa tama sa kanyang sarili"**
**NJB** **"nagliligtas na kahatulan ng Diyos"**

Walang tiyak na PANTUKOY ang "katuwiran." Ito ay hindi tumutukoy sa katangian ng Diyos, ngunit ito ang paraan ng Diyos sa pagkakaloob ng kapatawaran at pagtanggap sa makasalanangmga tao. Ito mismong pariralang ito ay ginamit na teolohikong paksa ng Roma 1:16-17. Ang maliwanag na nahayag na kaparaanan ay ang pananampalataya sa ipinako sa krus na si Hesukristo (cf. v. 22,24- 26).

Ang katotohanan na ang salitang ito (*dikaiosonē*) at kanyang pinanggalingan (tingnan ang tala sa 2:13) na ginamit ng lubhang may kadalasang sa kontekstong ito ay nagpapakita ng kanyang kabuluhan (cf. 1:17; 3:5,21,22,25,26; 4:3,5,6,9,11,13,22; 5:17,21; 6:13,16,18,19,20; 8:10; 9:28,30,31; 10:3,4,5,6, 10,17). Ang Griyegong salitang ito ay galing sa isang patalinghaga pagkakayari (*tsadak*) ng "isang pamantayan" o "isang panukat na tambo" (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17). Ang pamantayan ay ang Diyos mismo. Ang salitang ito ay nagpapaliwanag ng katangian ng Diyos na ibinigay na walang-baya sa nalugmok na sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo (cf. chap. 4; II Corinto 5:21). Ang pag-amin ng kanilang pangangailangan at pagtanggap sa kaloob ng Diyos ay (nakalipas), at ay (kasalukuyan), lubhang nakakahiya sa mayabang, makasariling sangkatauhan—lalo na ang maka-kautusan, maka-relihiyong sangkatauhan.

▣ **"ay ipinahahayag"** Ang pariralang ito ay lubhang katulad ng 1:17. Gayunman, ang PANAHUNAN NG PANDIWA ay magkakaiba. Ang PANDIWA dito ay maaaring isalin na, "naging at magpapatuloy na maging maliwanag na naihayag." Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, habang ang kasingkahulugan sa 1:17 ay PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. And Diyos maliwanag na nahayag ang ebanghelyo sa kapwa OT (cf. kabanata 4) at kay Hesus.

▣ **"na sinasaksihan ng kautusan at ng mga propeta"** Ito ay tumutukoy sa dalawa sa tatlong mga pangkat ng kanonikong Hebreo (Kautusan, mga Propeta, at mga Sulat). Ang unang dalawa ay ginamit upang tumukoy sa kabuuan (tingnan ang tala sa 3:19; Mateo 5:17). Ito ay maliwanag ipinapakita na ang ebanghelyo ay kasama sa panimulang anyo sa OT (cf. Lucas 24:27,44; Gawa 10:43). Hindi ito isang nahuling-pag-iisip, "Planong B," o isang huling minutong madaliang palatuntunan (cf. 1:2).

**3:22 "sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesukristo"** Sa literal, ito ay "sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesukristo." Ito ay isang DYENITIBO kayarian. Ito ay inulit sa Galacia 2:16 at Filipos 3:9 gayundin ang katulad na anyo sa Roma 3:26; Galacia 2:16,20; 3:22. Ito ay maaaring mangahulugang

1. ang pananampalataya o katapatan kay Hesus (PANARILING DYENITIBO)
2. si Hesus bilang kaganapan ng ating pananampalataya (NILALAYONG DYENITIBO)

Ang katulad na gramatikong kayarian sa Galacia 2:16 ay ginagawang pinakamainam pamimilian ang #2.

Ito ay nagpapakita ng pangunahing aspeto ng pag-aaring-ganap ng Diyos. Ito ay ang katuwiran ng Diyos na ginawang umiiral sa kaninumang buhay sa pamamagitan ng walang-bayad na kaloob ng Diyos kay Kristo (cf. 4:5; 6:23), na kailangang tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya/paniniwala/ pagtitiwala (cf. Efeso 2:8-9) at pagsasabuhay sa pang-araw-araw na buhay (cf. Efeso 1:4; 2:10).

▣ **"sa lahat"** Ang ebanghelyo ay para sa lahat ng mga tao (cf. v. 24; Isaias 53:6; Ezekiel 18:23,32; Juan 3:16-17; 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:1; 4:14). Anong isang dakilang

katotohanan! Kailangan itong timbangin sa biblikal na katotohanan ng pagpili. Ang pagpili ng Diyos ay dapat di maunawaan sa diwa ng determinismong Islam o sa ultra-Calvinistikong pagkaunawa ng ilan laban sa iba, ngunit sa kaunawaan sa kasuduan. Ang pagpili sa Lumang Tipan ay para sa paglilingkod at hindi sa natatanging karapatan! Ipinangako ng Diyos na tubusin ang nalugmok na sangkatauhan (cf. Genesis 3:15). Tumawag at pumili ang Diyos sa lahat ng sangkatauhan sa pamamagitan ng Israel (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5-6). Ang Diyos ay pumili sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo. Ang Diyos ay palaging tumatangan ng panimula sa kaligtasan (cf. Juan 6:44,65). Ang Efeso 1 at Roma 9 ay ang pinakamalakas mga talata sa Bibliya patungkol sa doktrina ng pagtatalaga (predestinasyon) na binigyan-diin sa teolohiya nina Augustino at Calvin.

Ang Diyos ay pumili ng mga mananampalataya hindi lamang sa kaligtasan (pag-aaring-ganap), ngunit gayundin sa pagpapaging-banal (cf. Efeso 1:4; Colosas 1:12). Ito ay maaaring maiugnay sa

1. ating kalalagayan kay Kristo (cf. II Corinto 5:21)
2. pagnanais ng Diyos na lumago ang Kanyang katangian sa Kanyang mga anak. (cf. Roma 8:28-29; Galacia 4:19; Efeso 2:10) Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang mga anak ay kapwa ang langit sa isang araw at pagiging katulad ni Kristo ngayon!

Ang layunin ng pagtatalaga (predestinasyon) ay kabanalan (cf. Efeso 1:4), hindi natatanging karapatan! Ang pagtawag ng Diyos ay hindi sa kakaunting pinili sa mga anak ni Adan, ngunit sa lahat! Ito ang pagtawag ng Diyos sa kanyang katangian (cf. I Tesalonica 5:23; II Tesalonica 2:13). Ang gawing teolohikong kasamahan ang predestinasyon (pagtatalaga) sa halip na isang banal buhay ay isang kapamahakan sa mga sistemang teolohiko ng tao. Kadalasang ang ating teolohikong pagkiling ay nagpapasama sa biblikal na teksto (talata)!

Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpili (Eleksyon)/Pagtatalaga (Predestinasyon) at ang Pangangailangan para sa Teolohikong Pagtitimbang at 8:33.

▣ **"mga nagsisisampalataya"** Si Hesus ay namatay para sa lahat ng mga tao. Maaaring ang lahat ay maligtas. Ito ay personal na pagtanggap ng sangkatauhan (PANGKASALUKUYANG PANDIWARI, Tingnan ang Natatanging Paksa sa 10:4) na ginagawang nararapat ang katuwiran ni Hesus sa kanilang mga buay (cf. 1:16; Juan 1:12; 3:16; 20:31; Roma 10:9-13; I Juan 5:13). Ang Bibliya ay ipinapakilala ang dalawang saligan sa ibinilang na katuwiran: ang pananampalataya at pagsisisi (cf. Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:31 at tingnan ang tala sa 1:5). Ang tekstong ito ay maliwanag na ipinapahayag ang pangkalahatang pag-aalok ng kaligtasan ngunit ang kapahamakan at hiwaga ay hindi lahat maliligtas.

▣ **"sapagka't walang pagkakaiba"** Mayroon lamang nag-iisang daan at isang Persona na kung saan ang mga tao (mga Hudyo at mga Hentil) ay maaaring maligtas (cf. Juan 10:1-2,7; 11:25; 14:6). Kahit sino at bawat-isa ay maaaring maligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo (cf. 1:16; 4:11,16; 10:4,12; Galacia 3:28; Colosas 3:11).

**3:23-26** Ito ay iisang pangungusap sa Griyego.

**3:23**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV** | **"Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa"** |
| **TEV** | **"ang lahat ng tao ang nagkasala at malayo sa"** |
| **NJB** | **"nagkasala at nawalan ng pagkakataon"** |

Ito ay isang buod ng 1:18-3:20. Ang bawat-isa ay nangangailangang maligtas sa pamamagitan ni Kristo (cf. 3:9,19; 11:32; Galacia 3:22; Isaias 53:6). "Nangagkasala" ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, habang "hindi nangakaabot sa" ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Maaaring ang pariralang ito ay tumutukoy sa kapwa (1) pangkalahatang pagkalugmok (pagkahulog) ng sangkatauhan kay Adan (cf. 5:12-21) at ang kanyang nagpapatuloy na pansariling mga

paggawa ng rebelyon. Wala sa mga makabagong mga salin sa Ingles ang tiyakang nagpapaliwanag ng ganitong pagkakaiba.

Ang talatang ito ay teolohikong inuugnay sa v. 21 at di-ganap sa v. 24.

▣ **"kaluwalhatian ng Diyos"** Ang mga tao ay linikha sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27), na hindi totoo sa iba pang mga bagay na nilikha. Ang mga tao ay nasa pakikipag-ugnayan sa Diyos ng kaluwalhatian at ipinapakilala ang Kanyang katangian (karakter)! Kasalanan ang sumira sa larawan, ngunit ang biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo at pananampalataya ng mga mananampalataya ang nagpanumbalik sa larawan (cf. Colosas 3:10).

Sa OT ang pinaka-karaniwang Hebreong salita para sa "kaluwalhatian" (*kbd*) ay orihinal na salitang pangkalakalan (komersiyo) (na tumutukoy sa isang pares ng timbangan) na nangangahulugang "maging mabigat." Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: KALUWALHATIAN**

Ang biblikal na konsepto ng "kaluwalhatian" ay mahirap maipaliwanag. Ang kaluwalhatian ng mga mananaplataya ay ang naintidihan nila ang ebanghelyo at kaluwalhatian ng Diyos, hindi sa kanilang mga sarili. (cf. 1:29-31; Jeremias 9:23-24).

Sa OT ang karaniwang salitang Hebreo para sa "kaluwalhatian " (*kbd*, BDB 217) ay isang orihinal na katagang pangkalakalan na tumutukoy sa isang pares na timbangan, sa pang-literal, "maging mabigat" Na anumang mabigat ay mahalaga o may likas na halaga. Kadalasan ang konsepto ng kaningningan ay idinadagdag sa salita para maipakita ang kataasan ng Diyos. (cf. Exodo 19:16-18; 24:17; Isaias 60:1-2). Siya lamang ang karapat-dapat at marangal. Siya rin ay lubhang makinang para pagmasadan ng makasalanang sanlibutan. (cf. Exod 33:17-23; Isaias 6:5). Si YHWH ay totoong makikilala lamang sa pamamagitan ni Kristo (cf. Jeremias 1:14; Mateo17:2; Hebreo 1:3; Santiago 2:1).

Ang salitang "kaluwalhatian" ay minsang hindi maliwanag.

1. ito ay maaring kahanay ng "ang katwiran ng Diyos"
2. ito ay maaring tumukoy sa "kabanalan" o "kasakdalan" ng Diyos
3. ito ay maaring tumutukoy sa larawan ng Diyos na kung saan ang sangkatauhan ay nilikha. (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6), ngunit sa kalaunay nabahiran ng paghihimagsik. (cf. Genesis 3:1-22). Ito ay unang ginamit sa presensya ni YHWH sa kanyang mga tao sa paglalagalag sa ilang sa Exodo 16:7,10; Levitico 9:23; and Bilang 14:10.

**3:24 "Palibhasa'y inaring-ganap na walang bayad ng kaniyang biyaya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI. Dito nagsisimula ang ebanghelyo—ang biyaya ng Diyos na nagbibigay ng katuwiran (cf. 5:15-17; 6:23; Efeso 2:8-9). Ang Griyego salita "inaring-ganap" (*dikaioō*) ay galing sa katulad na salitang-ugat ng "katuwiran" (*dikaiosunē*, Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17). Ang Diyos ang palaging nagpapasimulang gumawa (cf. Juan 6:44,65).

Sa mga talatang 24-25 mayroong tatlong talinghaga ang ginamit upang mailarawan ang kaligtasan.

1. "inaring-ganap" na isang legal na salita na nangangahulugang "walang kaparusahang iginawa" o ipahayag na walang kasalanan
2. "katubusan" na galing sa pamilihan ng mga alipin na nangangahulugang "binili pabalik" o "palayain"
3. "pangpalubag-loob" na nagmula sa sistemang pag-aalay at nangangahulugang lugar ng pagtakip o pagtutubos

Ito ay tumutukoy sa takpi ng Arko ng Kasunduan (Tipan) kung saan ang mga alay na dugo ay inilalagay sa Araw ng Pagtutubos (cf. Levitico 16; Hebreo 9:5).

**NATATANGING PAKSA: KATIBAYAN SA BAGONG TIPAN PARA SA KALIGTASAN NG ISA**

Ito ay batay sa Bagong Kasunduan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) kay Hesus:

1. Ang katangian ng Ama (cf. Juan 3:16), ang gawa ng Anak (cf. II Corinto 5:21), at ang ministeryo ng Espiritu (cf.Roma 8:14-16) hindi sa makataong pagsasagawa, hindi sahod dahil sa pagsunod, hindi lamang kredo
2. Ito ay isang kaloob (cf. Roma 3:24; 6:23; Efeso 2:5,8-9)
3. Ito ay isang bagong buhay, isang bagong pananawa sa mundo (cf. Santiago at I Juan)
4. Ito ay karunungan (ang ebanghelyo), pakikisama (pananampalataya sa at kay Hesus), at bagong pamumuhay (pinangungunahan ng Espiritung pagiging wangis ni Kristo) lahat ng tatlo, hindi lamang alinman sa kanila
5. Tignan ang mga pagsusuri sa tunay na kaligtasan sa Kontekstwal na mga Kaunawaan sa I Juan 2:3-27, C.

▣ **"na walang bayad"** Si Pablo ay gumagamit ng konseptong ito ng maraming beses gamit ang magkakaibang mga salitang.

1. *dōrean*, PANG-ABAY, "malaya"
2. *dōrea*, PANGNGALAN, "walang-bayad na kaloob"
3. *dōron*, PANGNGALAN, "kaloob" (cf. Efeso 2:8)
4. *charisma*, PANGNGALAN, "walang-bayad na utang" o "walang-bayad na tulong" (cf. 1:11; 5:15,16; 6:23; 11:29; 12:6)
5. *charisomai*, PANDIWA, "ibinigay bilang isang walang-bayad na tulong" (cf. 8:32)
6. *charis*, PANGNGALAN, "walang bayad na tulong" o "walang-bayad na kaloob" (cf. 4:4,16; 11:5,6; Efeso 2:5,8)

▣ **"sa pamamagitan ng pagtubos na nasa kay Kristo Hesus"** Ang kaparaanan para sa ating kaligtasan ay ang panghaliling kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus. Ang biblikal na pagtuan ay hindi sa kung magkano ang ibinayad o kung kanino ibinayad ang halaga (Augustino), ngunit sa katotohanan na ang sangkatauhan ay napalaya sa pagiging makasalanan sa kasalanan at kaparusahan sa pamamagitan ng isang kahaliling walang-sala (cf. Juan 1:29,36; II Corinto 5:21; I Pedro 1:19).

Ang talata ay nagpapakita din ng halaga ng Genesis 3:15. Iginawad ang sumpa ka Hesus (cf. Galacia 3:13) at namatay (cf. Corinto 5:21) bilang isang kahalili para sa nalugmok na sangkatauhan. Ang kaligtasan ay maaaring walang-bayad, ngunit ito ay tiyak na hindi mura.

**NATATANGING PAKSA: PANGTUBOS/KATUBUSAN**

I. LUMANG TIPAN

A. May dalawang pangunahing legal na Hebreong salitang na nagbibigay sa konseptong ito.

1. *Ga'al* (BDB 145, I), na karaniwang nangangahulugang "palayain sa pamamagitan ng isang halagang kabayaran." Ang anyo ng salitang *go'el* ay nagdadagdag sa konsepto ng isang personal na taga-pamagitan, kadalasang isang miyembro ng pamilya (i.e., kamag-anak na taga-pagtubos). Itong pangkulturang aspeto ng karapatan sa pagbili pabalik ng mga gamit, hayop, lupain (cf. Levitico 25,27), o mga kamag-anak (cf. Ruth 4:15; Isaias 29:22) ay naisalin sa teolohiya sa pagpapalaya ni YHWH sa Israel mula sa Ehipto (cf. Exodo 6:6; 15:13; Awit 74:2; 77;15; Jeremias 31:11). Siya ay naging "ang taga-tubos" (cf. Job 19:25; Awit 19:14; 78:35; Kawikaan 23:11; Isaias 41:14; 43:14; 44:6,24; 47:4; 48:17; 49:7,26; 54:5,8; 59:20; 60:16; 63:16; Jeremias 50:34).
2. *Padah* (BDB 804), na kadalasang nangangahulugang "palayain" o "iligtas"
   a. Ang katubusan ng unang isinilang (panganay) (Exodo 13:13,14 at Bilang 18:15-17)

b. Ang pisikal na katubusan na pinag-iiba sa espirituwal na katubusan (Awit 49:7,8,15)
c. Tutubusin ni YHWH ang Israel mula sa kanilang kasalanan at paghihimagsik (Awit 130:7-8)

B. Ang teolohikong konsepto ay kinabibilangang ng maraming magkakaugnay na mga bagay.
1. Mayroong pangangailangan, isang pagkaalipin, isang pagkakaalis, isang pagkabilanggo
a. Pang-pisikal
b. pamlipunan
c. Pang-espirituwal (cf. Awit 130:8)
2. Isang halaga ang kailangang maging kabayaran para sa kalayaan, pagpalaya, at pagpapanumbalik.
a. Ng bansang Israel (cf. Deuteronomio 7:8)
b. Ng bawa't-isa (cf. Job 19:25-27; 33:28)
3. Mayroong kailangang kumilos bilang tagapamagitan at tagapagtangkilik. Sa *gaal* ang isa ay kadalasang isang miyembro ng pamilya o malapit na kamag-anak (i.e., *go'el*, BDB 145).
4. Si YHWH ay kadalasang inilalarawan ang Kanyang sariling sa mga pampamilyang mga kataga.
a. Ama
b. Asawang lalaki
c. Malapit na kamag-anak na Taga-pagtubos/Taga-paghiganti

Ang katubusan ay may katiyakan sa pamamagitan ng personal na kinatawan ni YHWH's; isang halagang pinangbayad, at katubusan ay naisakatuparan!

II. BAGONG TIPAN

A. May maraming mga salitang ginamit upang magbigay-kahulugan teolohikong konsepto.
1. *Agorazō* (cf. I Corinto 6:20; 7:23; II Pedro 2:1; Pahayag 5:9; 14:3-4). Ito ay isang pang-komersyong salita na nagpapaliwanag ng isang halagang kabayaran para sa isang bagay. Tayo ay mga taong binili ng dugo na walang kapangyarihan sa ating mga buhay. Tayo kay nabibilang kay Kristo.
2. *Exagorazō* (cf. Galacia 3:13; 4:5; Efeso 5:16; Colosas 4:5). Ito rin ay isang pang-komersyong salita. Ito ay nagpapahayag ng panghaliling kamatayan ni Hesus para sa atin. Ipinataw kay Hesus ang "sumpa" ng isang kautusan na nababatay sa pagsasakatuparan (i.e., Kautusan ni Moises. Cf. Efeso 2:14-16; Colosas 2:14), na hindi maisasakatuparan ng mga makasalanang tao. Tiniis niya ang sumpa (cf. Deuteronomio 21:23) para sa ating lahat (cf. Marcos 10:45; II Corinto 5:21)! Kay Hesus, ang kahatulan at pag-ibig ng Diyos ay ipinagsama sa lubusang kapatawaran, pagtanggap, at paglapit!
3. *Luō*, "upang palayain"
a. *Lutron*, "isang halagang kabayaran" (cf. Mateo 20:28; Marcos 10:45). Ito ay mga makapangyarihang salita mula sa bibig ni Hesus patungkol sa layunin ng Kanyang pagdating, upang maging Tagapagligtas ng sanglibutan sa pamamagitan ng pagbabayad ng isang kasalanang-utang na Hindi niya inutang (cf. Juan 1:29).
b. *Lutroō*, "upang pakawalan"
(1) tubusin ang Israel (Lucas 24:21)
(2) ibigay ang Kanyang sarili upang tubusin at linisin ang mga tao (Tito 2:14)
(3) maging isang kahaliling walang kasalanan (I Pedro 1:18-19)
c. *Lutrōsis*, "katubusan," "pagkakalaya," o "pagpapalaya"
(1) Propesiya ni Zacarias patungkol kay Hesus, Lucas 1:68
(2) Papuri ni Anna sa Diyos para kay Hesus, Lucas 2:38
(3) Mas mabuting minsanang paghahandog na alay ni Hesus, Hebreo 9:12
4. *Apolytrōsis*

a. Katubusan sa Pangalawang Pagdating (cf. Gawa 3:19-21)
   (1) Lucas 21:28
   (2) Roma 8:23
   (3) Efeso 1:14; 4:30
   (4) Hebreo 9:15
b. Katubusan sa kamatayan ni Kristo
   (1) Roma 3:24
   (2) I Corinto 1:30
   (3) Efeso 1:7
   (4) Colosas 1:14

5. *Antilytron* (cf. I Timoteo 2:6). Ito ay isang napakahalagang talata (tulad ng Tito 2:14) na nag-uugnay sa paghaliling kamatayan ni Hesus sa krus. Siya ang isa at isa lamang na katanggap-tanggap na paghahain, ang isang namatay para sa "lahat" (cf. Juan 1:29; 3:16-17; 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14).

B. Ang teolohikong konsepto ng NT.
1. Ang sangkatauhan ay alipin ng kasalanan (cf. Juan 8:34; Roma 3:10-18; 6:23).
2. Ang pagkakaalipin ng sangkatauhan sa kasalanan ay nahayag ng OT Kautusan ni Moises (cf. Galacia 3) at pangangaral (sermon) ni Hesus sa Bundok (cf. Mateo 5-7). Ang pagsasakatuparan ng tao ay naging isang hatol ng kamatayan (cf. Colosas 2:14).
3. Si Hesus, ang walang kasalanang tupa ng Diyos, ay dumating at namatay para sa ating kalalagayan (cf. Juan 1:29; II Corinto 5:21). Tayo ay binili mula sa kasalanan upang tayo ay maglingkod sa Diyos (cf. Roma 6).
4. Sa pamamagitan ng pagsasangkot, kapwa sina YHWH at Hesus ay "malapit na kamag-anak" na kikilos para sa atin. Ito ay nagpapatuloy ng mga pampamilyang talinghaga (i.e., ama, asawang lalaki, anak na lalaki, kapatid na lalaki, malapit na kamag-anak).
5. Ang katubusan ay hindi isang halagang ibinayad kay Satanas (i.e., teolohiyang Medieval), kundi ang pagkakasundo ng salita ng Diyos at kahatulan ng Diyos na many pag-ibig ng Diyos at buong pagtustos kay Kristo. Sa krus, kapayapaan ay napanumbalik, ang paghihimagsik ng sangkatauhan ay pinatawad, ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan ngayon ay lubusan muling gumagana sa malapit na pakikipag-ugnayan!
6. Mayroon pang isang panghinaharap na aspecto ng katubusan (cf. Roma 8:23; Efeso 1:14; 4:30), na kinabibilangang ng ating mga katawan sa muling pagkabuhay at personal na malapit na ugnayan sa Trinidad na Diyos. Ang ating mga katawan sa muling pagkabuhay ay magiging katulad ng sa Kanya (cf. I Juan 3:2). Siya ay mayroong pisikal na katawan, ngunit may isang karagdagang dimensyonal na aspeto. Napakahirap bigyang kahulugan ang kabalintunaan ng I Corinto 15:12-19 kasama ang I Corinto 15:35-58. Maliwanag na mayroong isang pisikal, pang-mundong katawan at magkakaroon ng isang makalangit, espirituwal na katawan. Si Hesus ay kapwa mayroon nito!

**3:25**
**NASB "Na siyang inilagay ng Diyos"**
**NKJV "na siyang ipinahayag ng Diyos"**
**NRSV "na siyang isinulong ng Diyos"**
**TEV "na inihain ng Diyos"**
**NJB "ng siyang itinakda ng Diyos"**

Ito ay isang AORIST NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG ng *protithēmi* (sa Roma 1:13 at Efeso 1:9 ito ay nangangahulugang "ilayon," gaya ng PANGNGALAN sa Roma 8:28), na nangangahulugang ang Diyos mismo ay inihayag ang Kaniyang sariling puso at layunin sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo (cf. Efeso 1:9; Galacia 3:1). Ang walang hanggan plano ng pagtubos ng Diyos (cf. Gawa 2:23; 3:18; 4:28;

13:29; 26:22; at Natatanging Paksa at 1:5) ay kinapapalooban ng pag-aalay ni Hesus (cf. Isaias 53:10; Pahayag 13:8). Tingnan ang Tala sa 9:11.

▣ **"upang maipakilala"** Ang Griyegong salita na *endeiknumai* (*endeixis*, cf. 3:25,26) ay ginamit ng maraming beses sa Roma (cf. 2:15; 9:17,23; LXX Exodo 9:16). Ang panimulang kahulugan nito ay upang ihayag o ipakilala. Nais ng Diyos sa sangkatauhan na maliwanag na maunawaan ang Kanyang understand His layuning pagtubos, panukala (plano), at katuwiran. Ang kontekstong ito ay nagpapahayag ng isang biblikal na pananaw sa mundo

1. Patungkol sa katangian ng Diyos
2. Patungkol sa gawain ni Kristo
3. Patungkol sa pangangailangan ng sangkatauhan
4. Patungkol sa layuning pagtubos.

Ninanais ng Diyos na ating maunawaan! Ang kontekstong ito ay napakahalaga para sa isang wastong pagkaunawa ng Kristiyanismo. Ang ilang mga salita at mga parilala ay may kalabuan o maaaring maunawaan sa maraming mga paraan, ngunit ang kahulugan ng kabuuan ay napakaliwanag at payak. Ang kontekstong ito ay isang teolohikong "hilagang tala" para sa ebanghelyo.

▣

**NASB "na maging pangpalubagloob sa kaniyang dugo"**
**NKJV "na maging pangpalubag-loob sa pamamagitan ng kaniyang dugo"**
**NRSV "bilang alay ng pagtubos sa pamamagitan ng kaniyang dugo"**
**TEV "upang sa pamamagitan ng kaniyang dugo siya ay magiging kaparaanan upang ang mga kasalanan ng mga tao ay mapatawad"**
**NJB "upang ialay ang kaniyang buhay upang manaig sa pagkakasundo"**

Sa mundo ng Greco-Romano ang salitang ito ay nagtataglay ng kaisipan (konsepto) ng pagpapanumbalik ng pakikipag-ugnayan sa hiniwalayang Diyos sa pamamagitan ng halagang ibinayad. Gayunman, ito ay hindi ginamit sa diwa ng Septuagint. Ito ay ginamit sa Septuagint at sa Hebreo 9:5 upang isalin ang "luklukan ng awa" (cf. Exodo 25:21-22; Levitico 16:12-15), na kung saan ito ang takip ang Arko ng Kasunduan na nakalagay sa Kabanal-banalang dako, ang lugar ng katubusan ay inilaan para sa bayan sa Araw ng Katubusan (cf. Levitico 16). Maliwanag na ginagamit ni Pablo ang mga talinghaga sa pag-aalay mula sa sistemang pag-aalay ng Israel (i.e., Levitico 1-7). Ang mga talinghagang ito (i.e., pangpalubag-loob, katubusan, pag-aalay) ay mauunawaan lamang sa kaugnayan nito sa mga kapahayagan ng Diyos sa OT. Si Pablo ngayon ay kailangang ipaliwanag ang kanilang kaugnayan sa lahat sangkatauhan. Ipinakita ni YHWH ang kanyang sarili kay Abraham/Israel ipakita ang kanyang sarili sa lahat; lahat ay nasa kanyang larawan; lahat ay naghimagsik; lahat ay maaaring maligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo (Hudyong Mesias).

Ang salitang ito ay kailangang magkaroon ng kaugnayansa isang paraan na hindi makakabawas sa pag-iwas ng Diyos sa kasalanan, ngunit pinanindigan ang kanyang positibong pagtingin sa mga makasalanan. Ang isang mabuting pagtalakay ay matatagpuan sa *A Man in Christ* ni James Stewart, pp. 214-224. Isang paraan upang maisakatuparan ito ay pagsalin ng salita at nang ito ay magpaliwanag sa pagkilos ng Diyos kay Kristo; "isang pangpalubag-loob na pag-aalay"; o "may pangpalubag-loob na kapangyarihan."

"Sa Kanyang dugo" ay isang pang-Hudyong pamamaraan ng pagtukoy sa panghaliling pag-aalay ng walang-kasalanang tupa (kordero) ng Diyos (cf. Juan 1:29). Upang lubusang maunawaan ang konseptong ito, ang Levitico 1-7 ay napakahalaga gayundin naman ang Araw ng Katubusan sa kabanata 16. Ang dugo ay tumutukoy sa isang walang-kasalanang buhay na ibinigay para sa mga makasalanan (cf. Isaias 52:13-53:12). Ang isa ay namatay para sa lahat (cf. 5:12-21)!

▣ **"sa pamamagitan ng pananampalataya"** Muli, dito ay ang pamamaraan (cf. 1:17; 3:22,25,26,

27,28,30) para sa kaninuman at bawat isang personal na pakinabang na inilaan sa panghaliling kamatayan ni Hesus.

Ang pariralang ito ay tinanggal sa sinaunang ansyalong kasulatang A mula noong ika-5 siglo (gayun din ang tekstong Griyego na ginamit ni Crisostomo) at isang ika-12 siglo ansyalong MS (2127). Ito ay isinama sa lahat ng ibang sinaunang Griyego mga kasulatan. Ang ilan ay may TIYAK NA PANTUKOY (cf. MSS $P^{40}$, B, $C^3$, $D^3$) na kasama ng "pananampalataya" at ang ilang ay wala (cf. MSS א, $C^*$, $D^*$, F, G), gayunman, ito ay hindi makakaapekto sa kahulugan. Ang $UBS^3$ ay inuri ang pagsasama nito bilang B (halow tiyak).

▣ **"upang maipakilala ang kaniyang katuwiran"** Ang Diyos ay totoo sa Kanyang katangian at Kanyang salita (cf. Malakias 3:6). Sa OT ang kaluluwa na nagkasala ay mamamatay (cf. Genesis 2:17; Ezekiel 18:4,20). Sinabi ng Diyos na hindi Niya ipapawalang-sala ang nagkasala (cf. Exodo 23:7). Ang pag-ibig ng Diyos sa nalugmok na sangkatauhan ay napaka-dakila na handa Siyang maging tao, tuparin ang Kautusan, at mamatay sa lugar ng sangkatauhan (cf. 5:12-21). Ang pag-ibig at paghatol ng Diyos ay nagtatagpo kay Hesus (cf. v. 26).

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV "hindi pagpansin sa mga kasalanan na nagawa nang nagdaang panahon"**
**TEV "sa nakalipas siya ay nagtimpi at pinalampas ang mga kasalanan ng tao"**
**NJB "sa nakalipas, noong ang mga kasalanan ay hindi pa napaparusahan"**

Ang salitang "hindi pagpansin" ay *paresis*, na ginamit lamang dito sa NT at hindi kailanman sa Septuagint. Ang Griyegong mga ama at si Jerome ay kinuha ito sa kanyang Griyegong pampanitikang kahulugan na "ang kapatawaran sa isang utang" (cf. Moulton at Milligan, p. 493). Gayunman, *pariēmi*, ang PANDIWA na pinagmulan nito ay nangangahulugang "hayaang dumaan sa tabi" o "magpahinga" (cf. Lucas 11:42).

Ang tanong ngayon ay pinatawad ba ng Diyos ang mga kasalanan sa nakalipas na tumutingin sa panghinaharap ng gawain ni Kristo o hindi ba Niya pinansin ang mga ito, na nalalamang ang panghinaharap na kamatayan ni Kristo ang magbibigay-tugon sa suliranin ng kasalanan? Ang kinalabasan ay magkatulad. Ang kasalanan ng tao, sa nakalipas, sa kasalukuyan, at sa hinaharap, ay matutugunan ng pag-aalay ni Kristo.

Ito ay isang pang-nakalipas na pagkilos ng biyaya ng Diyos na tumitingin sa hinaharap na gawain ni Kristo (cf. Gawa 17:30; Roma 4:15; 5:13) gayundin naman ay isang pang-kasalukuyan at pang-hinaharap na pagkilos (cf. v. 26). Hindi pinalagay at pinapalagay ng Diyos ang kasalanan ng may kagaanan, ngunit Kanyang nitanggap ang pag-aalay ni Hesus bilang isang lubusan at pangwakas na panlunas sa paghihimagsik ng tao. Ito ay hindi magiging isang sagabal sa napakalamit na pakikipag-ugnayan sa Kanyang sarili, na siyang layunin ng paglilikha (cf. Genesis 1:26-27).

**3:26** Ang salitang "katuwiran" sa v. 25 ay may kaugnay na etimolohiya sa mga salitang "matuwid (ganap)" at "taga-aring-ganap" ng v. 26. Ninanais ng Diyos na ang Kanyang katangina ay mahayag sa mga buhay ng mga mananampalataya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo. Si Hesus ang ating naging katuwiran (cf. II Corinto 5:21), ngunit ang mga mananampalataya ay kailangan ding tumalimaa sa Kanyang katuwiran, sa Kanyang anyo (cf. 8:29; Mateo 5:48; Levitico 19:2). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17.

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV "sa may pananampalataya kay Hesus"**
**TEV "sa bawat-isa na nananampalatay kay Hesus"**

**NJB** **"sa bawat-isa na may pananampalataya kay Hesus"**
**REB** **"sa sinuman na naglagak ng pananampalataya kay Hesus"**
**NET** **"sa sinuman na nabubuhay dahil sa pagkamatapat ni Hesus"**

Ang Griyegong teksto ay may "ang *isa* ng pananampalataya kay Hesus." Ang kahirapan ay nanggagaling sa maraming paggamit ng DYENITIBO (see G. B. Caird, *The Langupanahon and Impanahonry of the Bible*, p. 99). Karamihan ng mga saling Ingles ay nakikita ito bilang isang paniniwala/pananampalataya/ pagtitiwala kay Hesus. Ang NET Bible kinukuha ito bilang tumutukoy sa 3:22. Gayunman, ang v. 22 ay may kapwa sanggunian sa

1. Pagkamatapat ni Hesus
2. pananampalataya ng mga mananampalataya

Ang kaligtasan ay isang bungo ng pagkamatapat ng Hesus na kailangang tanggapin (cf. v. 30).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 3:27-30**

**27Kaya nga saan naroon ang pagmamapuri? Ito'y inihiwalay na. Sa pamamagitan ng anong kautusan? ng mga gawa? Hindi: kundi sa pamamagitan ng kautusan ng pananampalataya. 28Kaya nga maipasisiya natin na ang tao ay inaaring-ganap sa pananampalataya na hiwalay sa mga gawa ng kautusan. 29O ang Diyos baga ay *Diyos* ng mga Hudyo lamang? hindi baga siya ang Diyos din ng mga Hentil? Oo, ng mga Hentil din naman: 30Kung gayon nga na iisa ang Diyos, at kaniyang aariing-ganap ang pagtutuli sa pamamagitan ng pananampalataya, at ang di pagtutuli sa pamamagitan ng pananampalataya.**

**3:27 "Kaya nga saan naroon ang pagmamapuri"** Ang pagkakaroon ng PANTUKOY na kasama ng "pagmamapuri" ay maaaring nagpapakita ng kayabangan ng mga Hudyo (cf. 2:17,23). Ang ebanghelyo ay pakumbabaan. Ang nalugmok na sangkatauhan (mga Hudyo at mga Hentil) ay hindi matutulungan ang kanilang mga sarii (cf. Efeso 2:8-9). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagmamapuri (Kayabangan) sa 2:17.

Isa lamang na maikling karagdagang tala upang liwanagin ang aking naunang pahayag. Bagaman ang mga tao ay hindi magiging marapat sa pag-ibig at kapatawaran ng Diyos, hindi ito nangangahulugan na wala na silang bahagi sa kanilang sariling kaligtasan. Ang mga tao ay kailangan maunawaan ang kanilang kasalanan/pagkakasala at yakapin ang alok ng Diyos kay Kristo. Ang Diyos ay nakikipag-ugnayan sa nalugmok na angkatauhan sa pamamagitan ng "kasunduan." Kailangan tayong tumugon at magpatuloy na tumugon.

1. pagsisisi
2. pananampalataya
3. pagsunod
4. pagtitiis (pagpapagal)

Tayo ay may mahalagang bahagi sa ating pakikipag-ugnayan sa Diyos. Tayo ay mga taga-tugon! Ngunit tayo ay dapat tumugon! Ang malayang kalooban ay kasinghalaga ng isang biblikal na doktrina ng pagiging makapangyarihan ng Diyos. Ang Bibliya, bilang isang silanganing aklat, ay nagpapakita ng katotohanan sa mga dalawahang (pares) puno ng pag-igting (tensyon).

**NATATANGING PAKSA: SILANGANING PANITIKAN**

Ang Malaking Larawan – Mga Biblikal na Kabalintunaan

1. Ang kabatirang ito ay naging napakalaking tulong sa aking bilang isang nagmamahal at nagtitiwala sa Bibliya bilang salita ng Diyos. Sa pagtatangkang tingnan Bibliya nang mataimtim ito ay naging maliwanag na ang magkakaibang mga talata ay naghahayag ng katotohanan sa pinili, sa hindi sistematikong pamamaraan. Ang isang kinasihang talaga ay hindi maibabaliwala o mapapababa ang iba pang kinasihang talata! Ang katotohanan ang dumadating sa pagkakaalam ng lahat ng Banal na Kasulatan (lahat Banal na Kasulatan, hindi lamang ng ilan,

ang kinasihan, cf. II Timoteo 3:16-17), na hindi sinisipi ng isang talata (pagpapatunay-talata)!

2. Karamihan ng mga biblikal na katotohanan (silanganing panitikan) ay ipinahahayag sa dialektiko o mga tambalang kabalintunaan (tandaan ang mga NT may-akda, maliban sa Lucas, ay mga Hebreong palaisip, na nagsusulat sa karaniwang Griyego. Ang Pang-karunungang Panitikan at Patulang Panitikan ay nagpapakilala ng katotohanan sa magkatulad ng linya. Ang antitetikong pagkakatulad ay maituturing tulad ng isang kabalintunaan. Ang sintetikong pagkakatulad ay maituturing bilang magkakatulad ng mga talata). Sa kabilang banda, kapwa ay totoong magkatumbas! Ang mga kabalintunaang ito ay masakit sa ating mga tinatampok, at payak ng mga tradisyon!
   a. Pagtatalaga (predistination) laban sa malayang pagpili ng tao
   b. katiyakan ng mananampalataya laban sa pangangailangan para sa pagpapagal/pagtitiis
   c. original kasalanan laban sa sinandyang kasalanan
   d. si Hesus bilang Diyos laban sa si Hesus bilang tao
   e. si Hesus bilang katumbas ng Ama laban sa Hesus bilang mas mababa sa Ama
   f. Ang Bibliya bilang salita ng Diyos laban sa pag-aakda ng tao
   g. Kawalan ng kasalanan (walang pagkakamali, cf. Roma 6) laban sa pagkaunti ng kasalanan
   h. panimulang kagyat na pag-aaring-ganp at pagpapaging-banal laban sa umuunlad na pagpapaging-banal
   i. pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya (Roma 4) laban sa pag-aaring-ganap na napatunayan ng mga gawa (cf. Santiago 2:14-26)
   j. Kalayaang pang-Kristiyano (cf. Roma 14:1-23; I Corinto 8:1-13; 10:23-33) laban sa pananagutang pang-Kristiyano (cf. Galacia 5:16-21; Efeso 4:1)
   k. Ang kahigitan ng Diyos laban sa Kanyang katangian
   l. Ang Diyos bilang lubusang di-makikilala laban sa makikilala sa Banal na Kasulatan at kay Kristo
   m. Maraming mga talinghaga ni Pablo sa kaligtasan
      (1) pagkukupkop
      (2) pagiging-banal
      (3) pag-aaring-ganap
      (4) pagtubos
      (5) pagluluwalhati
      (6) pagtatalaga
      (7) pagkakasundo
   n. ang kaharian ng Diyos bilang kasalukuyan laban sa hinaharap na katuparan
   o. pagsisisi bilang isang kaloob ng Diyos laban sa pagsisisi bilang isang inuutos na pagtugon para sa kaligtasan (cf. Marcos 1:15; Gawa 20:21)
   p. ang OT ay pamalagian laban sa ang OT ay lumipas na at ito ay walang halaga at walang kabuluhan (cf. Mateo 3:17-19 laban sa 5:21-48; Roma 7 laban sa Galacia 3)
   q. ang mga mananampalataya ay mga lingkod/alipin o mga anak/tagapagmana

▣ **"Ito'y inihiwalay na"** Ang salitang ito (*ek* [labas] dagdagan ng *kleiō* [isara]) ay ginamit lamang dito at sa Galacia 4:17. Sa literal, ito ay nangangahulugang "isara sa labas."

▣ **"sa pamamagitan ng kautusan ng pananampalataya"** Ang Bagong Tipan ng Diyos sa Jeremias 31:31-34 (Ezekiel 36:22-38) ay hindi batay sa pagsasakatuparan, ngunit sa pagtitiwala/pananampalataya/ paniniwala (*pistis*) sa Kanyang mapag-biyayang katangian at mga pangako. Kapwa ang Luma at Bagong Tipa ay ipinahayag upang baguhin ang nalugmok na sangkatauhan na maging katangian ng Diyos (matuwid, i.e., Levitico 19:2; Mateo 5:48; Roma 8:29).

**3:28 “Kaya nga maipasisiya natin na ang tao ay inaaring-ganap sa pananampalataya na hiwalay sa mga gawa ng kautusan”** Ito ay isang buod ng 3:21-26 at isang paunang pagpapakilala ng mga kabanata 4-8 (cf. II Timoteo 1:9; Tito 3:5). Ang kaligtasan ay isang walang-bayad kaloob sa pamamagitan ng pananampalataya sa natapos na gawain ni Kristo (cf. 3:24; 5:15,17; 6:23; Efeso 2:8-9). Gayunman, ang paglago ay isang “halaga ng bawat bagay” na buhay ng pagsunod, paglilingkod, at pagsamba (cf. Galacia 5:6; Efeso 2:10; Filipos 2:12; at tingnan ang tala sa 1:5).

**3:29** Ang palagiang layunin ng Diyos ay tubusin ang lahat mga tao na nilikha sa Kanyang larawan (Genesis 1:26,27; 5:1; 9:6). Ang pangakong pagtubos ng Genesis 3:15 ay sa lahat ng mga anak ni Adan. He chose Abraham in order to choose the world (cf. Genesis 12:31; Exodo 19:4-6; Juan 3:16).

Ang talatang ito, tulad ng 3:9, ay maaaring maglarawan ng pag-igting (tensyon) sa Iglesiya sa Roma sa pagitan ng pamumuno ng mga mananampalatayang Hudyo, na maaaring iniwan ang Roma sa pagsunod sa utos ni Nero na ipagbawal ang pagsamba ng mga Hudyo na nagbunga sa pamumuno ng mga mananampalatayang Hentil, na pumalit sa kanila. Ang mga kabanatang 9-11 ay maaari ding ipahayag ang ganitong katulad na pag-igting (tensyon).

**3:30**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **“Kung gayon nga na iisa ang Diyos”** |
| **NKJV** | **“kung gayon ay nag-iisa ang Diyos”** |
| **NRSV** | **“kung gayon, ang Diyos ay isa”** |
| **TEV** | **“ang Diyos ay iisa”** |
| **NJB** | **“kung gayon ay mayroon lamang iisang Diyos”** |

Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Kung ang monoteismo ay totoo, Siya ay dapat na maging Diyos ng lahat mga tao.

**NATATANGING PAKSA: MONOTEISMO**

Ang konsepto ng “Monoteismo” (isa at nag-iisang Diyos), hindi lamang ang “mataas na Diyos” ng politeismo o ang mabuting Diyos ng dualismo ng mga taga-Iran (Zoroastrianismo), ay natatangi sa Israel (Abraham, 2000 B.C.). Maliban sa isa bihirang pasubali sa Ehipto (Amenhotep IV, ay kilala rin bilang Akhenaten, 1367-1350 or 1386-1361 B.C.).

Ang konseptong ito ay ipinahayag sa maraming mga parirala sa OT.

1. “walang kagaya ni YHWH ating *Elohim*,” Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomio 33:26; I Hari 8:23
2. “wala ng iba maliban sa Kanya,” Deuteronomio 4:35,39; 32:39; I Samuel 2:2; II Samuel 22:32; Isaias 45:21; 44:6,8; 45:6,21
3. “YHWH ay iisa,” Deuteronomio 6:4; Roma 3:30; I Corinto 8:4,6; I Timoteo 2:5; Santiago 2:19
4. “walang kagaya mo,” II Samuel 7:22; Jeremias 10:6
5. “Ikaw lamang ang nag-iisang Diyos,” Awit 86:10; Isaias 37:16
6. “Bago pa man Ako walang ibang Diyos ang nabuo, at walang iba pagkatapos Ko,” Isaias 43:10
7. “wala ng iba na kagaya ko; maliban sa Akin. . .walang ng iba,” Isaias 45:5,6,22
8. “wala ng iba, walang ng ibang Diyos,” Isaias 45:14,18
9. “wala ng iba maliban sa akin” Isaias 45:21
10. “Wala ng iba;. . .wala ng kagaya ko,” Isaias 46:9

Dapat na tanggapin na ang mahalaga na doktrinang ito ay ipinahayag sa progresibong mga kaparaanan. Ang mga naunang mga pananalita ay maaring maunawaan bilang “henoteismo” o praktikal na Monoteismo (mayroong ibang mga diyos, ngunit tanging ang Diyos ay para sa atin, cf. Exodo 15:11; 20:2-5; Deuteronomio 3:28; 5:7; 6:4,14; 10:17; 32:12; I Hari 8:23; Awit 83:18; 86:8; 136:1-2).

Ang unang mga teksto na nagsimulang magpakilala ng pang-isahan (pilosopikong Monoteismo) ay

nauna (cf. Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomiyo 4:35,39; 33:26). Ang ganap at kompletong pag-aangkin at matatagpuan sa Isaias 43-46 (cf. 43:11; 44:6,8;45:7,14,18,22; 46:5,9).

Ang NT ay binabanggit ng Deuteronomiyo 6:4 sa Roma 3:30; I Corinto 8:4,6; Efeso 4:6; I Timoteo 2:5; at Santiago 2:19. Si Hesus ay nagbabanggit nito bilang ang unang kautusan sa Mateo 22:36-37; Marcos 12:29-30; Lucas 10:27. Ang OT, at gayon din ang NT, ay nagsasaysay ng realidad ng ibang mga espiritwal na mga nilalang (mga demonyo, mga anghel),ngunit iisang manlilikha/manunubos ang Diyos (YHWH, Genesis 1:1).

Ang Biblikal na Monoteismo ay may mga katangian na ang

1. Ang Diyos ay iisa at natatangi (ontology is assumed, not specified)
2. Ang Diyos ay personal (cf. Genesis 1:26-27; 3:8)
3. Ang Diyos ay etikal (cf. Exodo 34:6; Nehemia 9:17; Awit 103:8-10)
4. Ang Diyos ay nilalang ang mga tao ayon sa Kanyang imahe (Genesis 1:26-27) para sa pakikisama (i.e., #2). Siya ay isang mapanibughong Diyos (cf. Exodo 20:2-3)

Mula sa NT

1. Ang Diyos ay may tatlong walang hanggan, personal na mga manipestasyon (tignan Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 8:11)
2. Ang Diyos ganap at lubusang naipahayag kay Hesus
3. Ang walang hanggang plano ng pagtutubos ng Diyos para sa makasalanang sangkatauhan ay ang sakripisyong pag-aalay ng Kanyang natatanging Anak (Isaias 53; Marcos 10:45; II Corinto 5:21; Filipos 2:6-11; Hebreo)

▣ **"kaniyang aariing-ganap ang pagtutuli sa pamamagitan ng pananampalataya"** Ang Griyego salitang "ariing-ganap" ay mula sa katulad na salitang-ugat ng "katuwiran." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17. May isa lamang na paraan upang maging matuwid sa Diyos (cf. Roma 9:30-32). Ang dalawang saligan para sa kaligtasan ay pananampalataya at pagsisisi (cf. Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21; tingnan ang tala sa 1:5). Ito ay totoo para sa kapwa mga Hudyo at mga Griyego.

▣ **"sa pamamagitan ng pananampalataya. . .sa pamamagitan ng pananampalataya"** May maliwanag pagkakatulad sa pagitan ng dalawang sugnay. Ang MGA PANG-UKOL *ek* at *dia* ay ganamit dito nang magkasingkahulugan. Walang pagkakaiba ang nauukol.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 3:31**

**[31]Niwawalan kaya nating kabuluhan ang Kautusan sa pamamagitan ng pananampalataya? Huwag nawang mangyari: kundi pinagtitibay pa nga natin ang Kautusan.**

**3:31**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Niwawalan kaya nating kabuluhan ang Kautusan sa pamamagitan ng pananampalataya"** |
| **NKJV** | **"Ginagawa ba nating walang-kabuluhan ang kautusan sa pamamagitan ng pananampalataya"** |
| **NRSV** | **"Iginugupo ba nating ang kautusan sa pamamagitan ng pananampalataya"** |
| **TEV** | **"Nangangahulugan ba na sa pamamagitan ng pananampalatayang ito, pinapatay nating ang Kautusan"** |
| **NJB** | **"Nangangahulugan ba ito an ang pananampalataya ay gagawing walang-bisa angKautusan"** |

Ipinapahayag ng NT ang OT sa dalawang magkakaibang paraan.

1. ito ay kinasihan, kapahayagang ibigay ng Diyos na hindi kailanman lilipas (cf. Mateo 5:17-19; Roma 7:12,14,16)
2. ito ay nasira na at lumipas na (cf. Hebreo 8:13).

Ginamit ni Pablo ang salitang "ipawalang-bisa" nang hindi kukulang sa dalawampu't-limang beses. Ito ay naisaling "gawing walang-bisa at walang kabuluhan," "gumanap na walang kapangyariha," at "gawing walang epekto." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:3. Para kay Pablo ang Kautusan ay isang katiwala (cf. Galacia 3:23) at guro (cf. Galacia 3:24), ngunit hindi pakakapagbigay ng walang hanggan buhay (cf. Galacia 2:16,19; 3:19). Ito ay ang paligid ng kahatulan ng tao (cf. Galacia 3:13; Colosas 2:14). Ang Kautusan ni Moises ay nanungkulan kapwa bilang kapahayagan at isang moral na pagsusulit katulad ng nangyari sa "Puno ng Pagkaalam ng Mabuti at Masama."

Walang katiyakan kung ano ang ibig-sabihin ni Pablo sa "ang Kautusan."

1. Isang sistema ng mabubuting mga gawa ng Judaismo
2. Isang yugto para sa mga mananampalatayang Hentil na pumasa sa pamamagitan ng kaligtasan kay Kristo (mga Judaizer sa Galacia)
3. Isang pamantayan na kung saan ang lahat mga tao ay hindi nangagkaabot (cf. Roma 1:18-3:20; 7:7-25; Galacia 3:1-29).

▣ **"pinagtitibay pa nga natin ang Kautusan"** Sa liwanag ng naunang parirala, ano ang kahulugan ng pariralang ito? Ito ay maaaring mangahulugan na

1. ang Kautusan ay hindi paraaan ng kaligtasan ngunit ito ang isang nagpapatuloy na pang-moral na gabay
2. pinapatunayan nito ang to the doktrina ng "pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya," 3:21; 4:3 (Genesis 15:6; Awit 32:1-2,10-11)
3. ang kahinaan ng Kautusan (paghihimagsik ng tao, cf. Roma 7; Galacia 3) ay lubusang natugunan sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo, 8:3- 4
4. ang layunin ng kapahayagan ay maipanumbalik ang larawan of Diyos sa tao

Ang Kautusan, pagkatapos ng legal na katuwiran, ay nagiging isang gabay sa tunay na katuwiran o pagiging katulad ni Kristo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pananaw ni Pablo sa Kautusan ni Moises sa 13:9.

Ang nakakabiglang kabalintunaan ay ang Kautusan ay nabigong itatag ang katuwiran ng Diyos ngunit sa kanyang kawalang-kabuluhan, sa pamamagitan ng kaloob na biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, ang Kristiyano ay nabubuhay ng isang matuwid, maka-Diyos na buhay. Ang layunin ng Kautusan ay naisakatuparan, hindi sa pagkilos ng tao, ngunit sa pamamagitan ng walang-bayad kaloob na biyaya ng Diyos kay Kristo! Para sa "pagtatag" tingnan ang Natatanging Paksa: Pagtayo (Paninindigan) sa 5:2.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Balangkasin ang Roma 3:21-31 sa iyong sariling mga salita.
2. Bakit pinalampas ng Diyos ang mga kasalanan ng tao sa mga nakalipas na panahon (v. 25)?
3. Papaanong naligtas ang mga mananampalataya sa OT sa kasalanan (3:25)?
4. Papaanong ang pananampalataya kay Hesus ay magpapatibay sa Kautusan (3:31)?

# MGA TAGA-ROMA 4

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
| Ang Halimbawa ni Abraham | Si Abraham ay Inaring-ganap sa pamamagitan ng Pananampalataya | Si Abraham ay Inaring-ganap sa pamamagitan ng Pananampalataya | Ang Halimbawa ni Abraham | Si Abraham ay Inaring-ganap sa pamamagitan ng Pananampalataya |
| 4:1-12 | 4:1-4 | 4:1-8 | 4:1-8 | 4:1-8 |
| | Ipinagdiriwang ni David ang Katulad na Katotohanan | | | Inaring-ganap bago ang Pagtutuli |
| | 4:5-8 | | | |
| | Pag-aaring-ganap kay Abraham bago ang Pagtutuli | | | |
| | 4:9-12 | 4:9-12 | 4:9-12 | 4:9-12 |
| Ang Pangako ay Natupad sa pamamagitan ng Pananampalataya | Ang Pangako ay Ipinagkaloob sa pamamagitan ng Pananampalataya | Ang Tunay na Taga-pagmana ni Abraham | Natanggap ang Pangako ng Diyos | Hindi Inaring-ganap sa pamamagitan ng Pagsunod sa Kautusan |
| 4:13-25 | 4:13-25 | 4:13-15 | 4:13-15 | 4:13-17 |
| | | 4:16-25 | 4:16-25 | Ang Pananampalatay ni Abraham: Isang Modelo ng Kristiyanong Pananampalataya |
| | | | | 4:18-25 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)

A. Ang nakakagulat na teolohiya ni Pablo na nailahad sa 3:21-31 ay binigyan-diin na ang nalugmok na sangkatauhan ay ipinahayag na matuwid sa Diyos bilang isang walang-bayad na kaloob, na lubusang hiwalay sa Kautusan ni Moises. Maliwanag sa isipan ni Pablo na may mga kumakalabang Hudyo! Tinatangka ngayon ni Pablo na patunayan na ang ebanghelyo ay hindi pagbabago (cf. 3:21b) sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga halimbawa sa OT mula kina Abraham at David (cf. vv. 6-8).

B. Ang Roma 4 ay nagpapakita ng katunayang kinuhay mula sa Kautusan ni Moises, Genesis - Deuteronomio, para sa doktrina of pag-aaring-ganap sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito ay binuod sa 3:21-31. Para sa isang Hudyo, ang sipi mula sa mga sulat ni Moises ay may malaking teolohikong kabigatan, lalo na ang maiuugnay kay Abraham, na nakita bilang ama ng Hudyong bayan. Nakita si David bilang isang tipo ng darating na Mesias (cf. II Samuel 7).

C. Ang pag-igting (tensyon) sa Roma sa pagitan ng mananampalatayang mga Hudyo at mananampalatayang mga Hentil ay maaaring naging pagkakataon para sa ganitong pagtalakay. Ito ay maaari na ang mga pinunong Hudyong Kristiyano ay sapilitang pinalayas ni Nero (na nagwalang-bisa sa lahat ng mga ritwal ng Hudyo) ay linisan ang Roma. Pansamantala silang pinalitan ng mga pinunong Hentil na Kristiyano. Ang pagbalik ang unang pangkat ay nagdulot ng pagtatalo kung sino ang mga nasa lugar ng pamumuno.

D. Ipinakikita ng Roma 4 na ang nalugmok sangkatauhan ay palaging naliligtas sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi patungo saDiyos sa kaugnayan nito sa espirituwal na liwanag na kanilang taglay (Genesis 15:6; Roma 4:3). Sa maraming mga paraan ang Bagong Tipan (Kasunduan) (ebanghelyo, cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) ay hindi sukdulan ang magkakaiba mula sa Lumang Tipan (Kasunduan) .

E. Ang paraang ito ng katuwiran sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya ay bukas sa lahat, hindi lamang sa mga Patriarka o pambansang Israel. Si Pablo dito ay pinapalago at pinapalawig ang kanyang teolohikong pangangatuwiran sa paggamit kay Abraham, na nauna nang umunlad sa Galacia 3.

F. Aaminin ko bilang isang ebadyeliko, na ang Roma 3:21-31; 4:1-25; 5:1-21 at Galacia 3 ay napakahalagang mga teksto.
Ipinapaliwanag nila ang Kristiyanismo sa isang paraan na aking nauunawaan! Ang aking pag-asa ay nakasandig sa
   1. biyaya ng Diyos
   2. gawain ni Kristo
   3. pagkamatapat ng Banal na Kasulatan
   4. maliwanag na mga sulat ni Pablo

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 4:1-8**
**1Ano nga ang ating sasabihin, na nasumpungan ni Abraham na ating magulang ayon sa laman? 2Sapagka't kung si Abraham ay inaring-ganap sa pamamagitan ng mga gawa, ay mayroon sana siyang ipagmamapuri; datapuwa't hindi sa Diyos. 3Sapagka't ano ang sinasabi ng kasulatan? "AT SUMAMPALATAYA SI ABRAHAM SA DIOS, AT SA KANIYA'Y IBINILANG NA KATUWIRAN." 4Ngayon sa**

**kaniya na gumagawa'y, hindi ibinibilang na biyaya ang ganti, kundi utang. 5Datapuwa't sa kaniya na hindi gumagawa, nguni't sumasampalataya sa kaniya na umaaring ganap sa masama, ang kaniyang pananampalataya ay ibibilang na katuwiran. 6Gaya naman ng sinasambit ni David na kapalaran ng tao, na sa kaniya'y ibinibilang ng Diyos ang katuwiran nang walang mga gawa, 7"NA SINASABI, MAPAPALAD YAONG ANG KANILANG MGA PAGSALANGSANG AY IPINATAWAD, AT ANG KANILANG MGA KASALANAN AY NANGATAKPAN. 8MAPALAD ANG TAO NA SA KANIYA'Y HINDI IBIBILANG NG PANGINOON ANG KASALANAN."**

**4:1 "Ano nga ang ating sasabihin. . .Abraham na ating magulang "** Ang pangalang Abraham ay nangangahulugang "ama ng karamihan ng tao" (cf. vv. 16-18). Ang kanyang orihinal na pangalan, Abram, ay nangangahulugang "itinaas na ama."

Ang pampanitikang pamamaraan na ginamit dito ay tinawag na isang pagluligsa (diatribe) (cf. 4:1; 6:1; 7:7; 8:31; 9:14,30). Ang alinmang dahilan sa paggamit kay Abraham (Genesis 11:27-25:11) bilang isang halimbawa ay

1. dahil sa ang mga Hudyo ay naglalagay ng ganitong merito (kalamangan) sa kanilang pinagmulang salin-lahi (cf. Mateo 3:9; Juan 8:33,37,39)
2. dahil sa kanyang personal na pananampalataya ay nagpapakitang-halimbawa ng pangkasunduan pagtutulad (Genesis 15:6)
3. ang kanyang pananampalataya ay nauna sa pagkakaloob ng Kautusan kay Moises (cf. Exodo 19-20)
4. siya ay ginamit ng mga bulaang mangangaral (i.e., mga Judaizer, cf. Galacia)

Sa ilang kadahilanan, ang mga naunang mga tagapagsulat ay na nag-aatubili sa pagitan ng

1. ninuno, MSS א$^{*,2}$, A, C$^{*}$
2. ama, MSS א$^{1}$, C$^{3}$, D, E, G

Maaaring ito ay may kinalaman sa tanong sa ninuno ni Abraham (i.e., Patriyarka, Pablo ay nagsasalita samga Hudyo) ng bayan ng Israel laban sa kay Abraham na ama ng lahat na tumutupad sa pananampalataya sa Diyos (ama ng kapwa mga Hudyo at mga Hentil, 2:28-29).

▣ **"laman"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3.

**4:2 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI (cf. A. T. Robertson, *Word Pictures*, tomo 4, p. 350), na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang layunin. Ito ay isang mabuting halimbawa ng isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na kabulaanan sa katotohanan, ngunit ginagamit upang gumawa ng isang teolohikong punto (cf. v. 14).

Joseph A. Fitzmyer, *The Anchor Bible*, tomo 33, p. 372, ay nagsasabing ito ay maaaring isang paghahalo ng PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na may unang bahagi na PANGALAWANG URI (na salungat sa katotohanan, , "kung" si Abraham ay inaring-ganap sa pamamagitan ng mga gawa, na hindi tatalab. . .") at ang pangalawa bilang UNANG URI.

▣ **"ay inaring-ganap sa pamamagitan ng mga gawa"** Ito ang kasalungat ng pag-aaring-ganap sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo. Kung ang ganitong paraan ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagsisikap ng tao (4:4) ay maaari, ginagawa nitong hindi kailangan ang gawain ni Kristo. Ang pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng mga gawa ng Kautusan ay siyang tumpak na binigyan-diin ng mga Rabi sa pagkakaugnay ni kay Abraham (cf. *Wisdom* 10:5; *Ecclesiaasticus* 44:20-21; *I Mac*. 2:52; *Jubilees* 6:19-20; 15:1-2). Si Pablo, bilang isang rabinikal na mag-aaral, ay lubusang nababatid ang mga tekstong ito.

Gayunman, ang OT ay maliwanag na nagpapakita ng kawalan ng kakayahang ng lugmok na sangkatauhan na maisakatuparan pangkasunduang mga gawa ng Diyos. Samakatuwid, ang OT ay

naging isang sumpa, isang hatol na kamatayan (cf. Galacia 3:13; Colosas 2:14).

Nalalamang ng mga Hudyong Iskolar na si Abraham ay nabuhay na bago pa ang Kautusan of Moises, ngunit naniniwalang silang inasam niya Kautusan at iningatan ito (cf. *Ecclesiasticus* 44:20 at *Jubilees* 6:19; 15:1-2).

▣ **"mayroon sana siyang ipagmamapuri"** Ang paksang ito kadalasang makikita sa mga sulat ni Pablo. Ang kanyang karanasan bilang isang Fariseo ay nagpapadamdam sa kanya sa suliraning ito (cf. 3:27; I Corinto 1:29; Efeso 2:8-9). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagmamataas (Kayabangan) sa 2:17.

**4:3**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV, TEV** | **"sumampalataya si Abraham sa Diyos"** |
| **NJB** | **"Inilagak ni Abraham ang kanyang pananampalataya sa Diyos"** |

Ito ay isang sipi mula sa Genesis 15:6. Ginamit ito ni Pablo nang tatlong beses sa kabanatang ito (cf. 4:3,9,22), na nagpapakita ng kahalagahan nito sa pag-unawang teolohiko ni Pablo sa kaligtasan. Ang salitang "pananampalataya" sa OT ay nangangahulugang katapatan, pagkamatapat, o mapagkakatiwalaan at isang paglalarawan sa likas ng Diyos, hindi natin. Ito ay nanggaling sa Hebreong salita (*emun, emunah*) na nangangahulugang "maging tiyak o matatag." Ang nakakapagligtas na pananampalataya ay

1. Pangkaisipang pagsang-ayon (kalipunan ng mga katotohanan)
2. Kusang pangangako (isang pagpapasiya)
3. moral na buhay (isang pamumuhay)
4. pangunahing isang kaugnayan (ang pagtanggap sa isang persona)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Pananampalataya, Maniwala, o Pagtitiwala sa OT sa 1:5.

Dapat itong bigyang-diin na ang pananampalataya ni Abraham ay <u>hindi</u> isang panghinaharap na Mesias ngunit sa pangako ng Diyos na siya ay nagkakaroon ng anak na lalaki at mga inanak (cf. Genesis 12:2; 15:2-5; 17:4-8; 18:14). Si Abraham ay tumugon sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Diyos. Siya pa rin ay mayroong mga pagduruda at mga suliranin patungkol sa mga pangakong ito, bilang katunayan, ito ay tumagal ng labingtatlong taon bago matupad. Ang kanyang di-ganap na pananampalataya, gayunman, ay tinanggap pa rin ng Diyos. Ninanais ng Diyos na gumawa sa mga taong may kasiraan na tumugon sa Kanya at sa Kanya mga pangako sa pananampalataya, kahit na ang pananampalataya ay kasinglaki ng buto ng mustasa (cf. Mateo 17:20).

**4:3,4,5,6,8,9,10,22,23,24**

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"ito ay ibinilang sa kanya"** |
| **NKJV** | **"ito ay itinuring sa kanya"** |
| **TEV** | **"dahil tinanggap siya ng Diyos"** |
| **NJB** | **"isinaalang-alaang ang ganitong pananampalataya"** |

"Ito" ay tumutukoy sa pananampalataya ni Abraham sa mga pangako ng Diyos.

"Ibinilang" (*logizomia*, cf. 3:28 at 11 beses sa kabanata 4) ay isang salitang ginagamit sa pag-tutuos ("accounting") na nangangahulugang "itinuring" o "inilagak sa isang akawnt" (cf. LXX Genesis 15:6; Levitico 7:18; 17:4). Ang katulad nakatotohanan ay inihayag nang maganda sa II Corinto 5:21 at Galacia 3:6. Ito ay maaari na pinagsama ni Pablo ang Genesis 15:6 at Awit 32:2 dahil sa kapwa sila gumagamit ng salita sa pagtutuos na "ibinilang." Ang pagsasamang ito ng mga teksto ay isang hermeneutikong panuntunan (prinsipyo) na ginagamit ng mga rabi.

Ang gamit sa OT ng salitang ito sa Septuagint ay hindi gayong bilang sa isang salitang pambangko bilang isang salita na ginagamit sa pagtutuos, maaaring maiugnay sa "mga aklat" sa Daniel 7:10; 12:1. Ang dalawang matalinghagang aklat na ito (pag-alaala ng Diyos) ay

1. ang aklat ng mga ginawa o mga ala-ala (cf. Awit 56:8; 139:16; Isaias 65:6; Malakias 3:16;

Pahayag 20:12-13)
2. ang aklat ng buhay (cf. Exodo 32:32; Awit 69:28; Isaias 4:3; Daniel 12:1; Lucas 10:20; Filipos 4:3; Hebreo 12:23; Pahayag 3:5; 13:8; 17:8; 20:15; 21:27).

Ang aklat na kung saan ang pananampalataya ni Abraham na ibinilang ng Diyos bilang katuwiran ay "ang aklat ng buhay."

**4:3,5,6,9,10,11,13,22,25 "na katuwiran"** Ipinapaliwanag nito ang salita sa OT na "tambong panukat" (*tsadak*). Ito ay isang kayarian ng talinghaga na ginagamit sa katangian ng Diyos. Ang Diyos ay matuwid at lahat mga tao ay liku-liko. Sa NT ito ay ginamit sa isang pangkalalagayan, legal (pangkautusan) na pagkakaunawa na umaasang kikilos patungo sa maka-Diyos na pamumuhay na mga katangian. Ang layunin ng Diyos sa bawat Kristiyano ay ang Kanyang sariling katangian, o ilagay sa ibang paraan, pagiging katulad ni Kristo (cf. 8:28-29; Galacia 4:19). Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa 1:17.

**4:5** Ang diwa ng pananampalataya ay ang pagtugon sa Diyos na naghahayag ng Kaniyang sarili, na walang lubusang pagtitiwa na pagpupunyagi o kagalingan. Hindi nito ipinapahiwatig na minsang tayo na nangaligtas at pinananahan ng Espiritu na ang ating pamumuhay ay hindi na mahalaga. Ang layunin ng Kristiyanismo ay hindi lamang langit pag tayo ay namatay, ngunit ang pagiging katulad ni Kristo ngayon. Tayo ay <u>hindi</u> naligtas, inaring-ganap, o binigyan ng matuwid na katatayuan <u>sa pamamagitan</u> ng ating mga gawa, ngunit tayo ay tinubos <u>para sa</u> mabubuting mga gawa (cf. Efeso 2:8-9 & 10; Santiago at I Juan). Ang isang nagbago at nagbabagong buhay ay ang katunayan na ang isa ay naligtas. Ang pag-aaring-ganao ay dapat magbunga ng pagpapaging-banal!

▣ **"sumasampalataya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: PANANAMPALATAYA, MANIWALA, O PAGTITIWALA**
**(*Pistis* [PANGNGALAN], *Pisteuō*, [PANDIWA], *Pistos* [PANG-URI])**

A. Ito'y tiyak na mahalagang kataga sa Bibliya (cf. Hebreo 11:1,6). Ito ay paksa ng naunang mga pangaral ni Hesus (cf. Marcos 1:15). Mayroong higit sa dalawang pangangailangan para sa bagong kasunduan: pagsisi at pananampalataya (Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21).
B. Ang etimolohiya nito
   1. Ang salitang "pananampalataya" sa OT ay nangangahulugang katapatan, matayog na katapatan, o mapagkakatiwalaan at siyang naglalarawan sa kalikasan ng Diyos at hindi sa atin.
   2. Ito'y nagsimula sa katagang Hebreo (*emun, emunah*), na nangangahulugang "maging tiyak o matatag." Ang pananampalatayang nagliligtas ay pagsang-ayong mental (pangkat ng mga katotohanan), mabuting pamumuhay (isang pamumuhay), at higit sa lahat ay may pakikipag-ugnay (pagtanggap sa isang tao) at kusang pananagutan (isang pagpapasiya) sa isang tao.

C. Ang pagkagamit nito sa OT

Dapat na pagdiininan na ang pananamapalataya ni Abraham ay <u>hindi</u> sa paparating na Tagapagligtas, ngunit sa pangako ng Diyos na siya ay magkakaroon ng anak at mga inapo (cf. Genesis 12:2; 15:2-5; 17:4-8; 18:14). Tumugon si Abraham sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala. Mayroon siyang mga ilang mga alinlangan at suliranin tungkol sa pangakong ito, na umabot ng higit sa labintatlong taon bago matupad. Ang kanyang di ganap na pananampalataya, sa kabila nito, ay tinanggap pa rin ng Diyos. Ang Diyos ay kusang-loob na gumagawa sa mga taong may bahid dungis na tumutugon sa Kanya at sa Kanyang mga pangako sa pamamagitan ng

pananampalataya, kahit na kasing liit man ito ng buto ng mustasa. (cf. Mateo 17:20).

D. Ang pagkagamit nito sa NT

Ang salitang "maniwala" ay nagmula sa Greyigong salita (*pisteuō*) na maari ding isalin sa "maniwala," "manampalataya," o "magtiwala." Halimbawa, ang PANGNGALAN hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginagamit. Sa Juan 2:23-25 may hindi pagkakatiyak sa sa pagiging totoo ng mga pananagutan ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang Mesias. Ilang mga halimbawa na may mababaw na gamit ng katagang "maniwala" ay sa Juan 8:31-59 at Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong Biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sinusundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

E. Ang gamit nito kasama ng MGA PANG-UKOL

1. *eis* ay nangangahulugang "sa." ng naiibang pagbuo nito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
   a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
   b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45,48; 17:37,42; Mateo 18:6; Gawa 10:43; Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
   c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
   d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
   e. kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; Galacia 2:16)
   f. sa Liwanag (Juan 12:36)
   g. sa Diyos (Juan 14:1)
2. *en* ay nangangahulugang "nasa" gaya sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Gawa 5:14
3. *epi* ay nangangahulugang "sa" or sa ibabaw ng, gaya ng nasa Mateo 27:42; Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; Roma 4:5,24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
4. ang DATIBO na walang PANG-UKOL na nasa Galacia 3:6; Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
5. *hoti,* na ibig sabihin "paniwalaan na," ay nagbibigay ng laman sa kung ano ang paniniwalaan
   a. Si Hesus ay ang Kaisa-isang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
   b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
   c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
   d. Si Hesus ay ang Tagapagligtas (Juan 11:27; 20:31)
   e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
   f. Si Hesus ay isinugo ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
   g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
   h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
   i. Ipinakilala ni Hesus ang Kanyang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, "Ako nga" (Juan 8:24; 13:19)
   j. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Roma 6:8)
   k. Si Hesus ay namatay at muling nabuhay (I Tesalonica 4:14)

▣

**NASB, NKJV "ang kaniyang pananampalataya"**
**NRSV "ang ganitong pananampalataya"**
**TEV, NJB "ito ay ganitong pananampalataya"**

Ang pananampalataya ni Abraham ay ibinilang sa kanya bilang katuwiran. Ito ay hindi batay sa mga pagkilos ni Abraham, ngunit sa kanyang pagtugon. Ang kanyang mga pagkilos ay nagpapatibay ang kayang pananampalataya (cf. Santiago 2:14-26).

Ang salitang "ibinilang" ay ginamit din kay Phinehas sa LXX ng Awit 106:31, na tinutukoy sa Bilang

25:11-13. Sa kalagayang ito ang pagbibilang ay nakabatay sa mga pagkilos ni Phinehas, ngunit hindi kay Abraham sa Genesis 15:6!

▣ **"nguni't sumasampalataya sa kaniya na umaaring ganap sa masama, ang kaniyang pananampalataya ay ibibilang na katuwiran"** Ito ay isang nakakagulat na pahayag! Ito ay isang maliwanag na paghahalintulad kay Abraham sa v. 3 (Genesis 15:6). Ang katuwiran ay isang kaloob ng Diyos (tingnan ang tala sa 3:24), hindi bunga ng pagpupunyagi ng tao. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17.

▣ **"David"** Si Abraham bilang isang di-ganap (hindi perpekto) na tao, gayunman ay matuwid sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, gayundin naman, ang makasalanang si David (cf. Awit 32 at 51). Iniibig at kumikilos ang Diyos sa mga nalugmok na sangkatauhan (Genesis 3) na nagpapahayag ng pananampalataya sa Kanya (OT) at sa Kanyang Anak (NT).

**4:6 "walang mga gawa"** Binigyan-diin ni Pablo ang pariralang ito sa pagsasama nito bago ang kanyang sipi sa OT (cf. Awit 32:1- 2). Ang sangkatauhan ay naging matuwid sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang biyaya na ipinamagitan ni Kristo sa pamamagitan ng the indibidwal na pananampalataya ng tao, hindi na kanilang pang-relihiyon pagsusumikap (cf. 3:21-31; Efeso 2:8-10).

**4:7-8** Ito ay isang sipi mula sa Awit 32:1-2. Ang kapwa ang MGA PANDIWA sa v. 7, "ay naipatawad" at "ay natakpan" ay mga AORIST NA BALINTIYAK. Ang Diyos ay ang ipinahiwatig na kinatawan. Ang talata 8 ay nagtataglay ng isang malakas na DALAWAAHANG PASALUNGAT, "ay hindi mapapasalilalim sa kahit anong mga pangyayari" na ibinilang, kinilala, isinaalang-alang. Pansinin ang tatlong MGA PANDIWA sa siping ito; lahat ay nangangahulugan ng pagpapawala-sala sa kasalanan.

**4:7 "ang kanilang mga kasalanan ay nangatakpan"** Ito ay isang sipi mula Awit 32:1. Ang konsepto ng "pagtatakip" ay pangunahin sa aspetong pag-aalay sa kultura ng Israel (i.e., Levitico 1-7). Sa pamamagitan ng pagtatakip ng Diyos sa kasalanan (AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG), inilalagay Niyo ito sa labas ng Kanyang paningin (cf. Isaias 38:17; Micah 7:19, Brown, Driver, Briggs, p. 491). Ang katulad na konsepto, kahit na sa magkakaibang Hebreong salita para sa "pagtatakip" (*caphar*), ay ginamit sa ritwal ng Araw ng Pagtubos (pagtatakip), na ang dugo ay inilagay sa "luklukan ng awa" na nagtatakip sa kasalanan ng Israel (i.e., Levitico 16). Ang kaugnay na talinghaga sa bibliya ay burahin (cf. Isaias 1:18; 43:25) o tanggalin (cf. Gawa 3:19; Colosas 2:14; Pahayag 3:5) ang kasalanan ng sinuman.

**4:8 "Mapalad ang tao na sa kaniya'y hindi ibibilang ng Panginoon ang kasalanan"** Ito ay isang sipi mula Awit 32:2. Ito ay ang salitang "ibinilang," "itinatalaga," o "inilagak sa 'account' ng iba," na ginamit sa salungat na kahulugan. Hindi ibinibilang ng Diyos ang kasalanan (DALAWAAHANG PASALUNGAT) sa isang espirituwal na 'account' sa bangko ng mananampalataya; Ibinibilang Niya ang katuwiran. Ito ay sang-ayon sa mapagbiyayang katangian, kaloob at pahayag ng Diyos, hindi sa pantaong pagpupunyagi, pagtatamo o halaga!

**TALATA SA NASB (BINAGO): 4:9-12**

**9 Sinambit nga baga ang kapalarang ito tungkol sa pagtutuli, o tungkol din naman sa di-pagtutuli? sapagka't sinasabi natin, "KAY ABRAHAM AY IBINILANG NA KATUWIRAN ANG KANIYANG PANANAMPALATAYA." 10 Paano ngang ito'y ibinilang? nang siya baga'y nasa pagtutuli, o sa di-pagtutuli? Hindi sa pagtutuli, kundi sa di-pagtutuli: 11 At tinanggap niya ang tanda ng pagtutuli, na isang tatak ng katuwiran ng pananampalataya na nasa kaniya samantalang siya'y nasa di-pagtutuli: upang siya'y maging ama ng lahat ng mga nagsisisampalataya, bagaman sila'y nasa di-**

**pagtutuli, upang ang katuwiran ay maibilang sa kanila; [12]At ang ama ng pagtutuli nila na hindi lamang sa pagtutuli, kundi pati naman sa mga nagsisilakad sa mga bakas niyaong pananampalataya ng ating amang si Abraham na nasa kaniya nang siya'y nasa di-pagtutuli.**

**4:9-12** Maaaring isinama ni Pablo ang ganitong pagtalakay ng pagtutuli dahil sa pagbibigay-diin ng mga Judaizer sa pangangailangan ng pagtutuli para sa kaligtasan (cf. the aklat of Galacia at ang konseho sa Herusalem ng Gawa 15).

Si Pablo, na aral sa rabinikong ‘exegesis’, ay nalalaman na ang Genesis 15:6 at Awit 32:2 ay may katulad na PANDIWANG makikita (kapwa sa tekstong Hebreo at Griyegong Septuagint). Ito ay maaaring pinag-isa ang mga talata para sa mga teolohikong layunin.

**4:9** Ang tanong ng v. 9 ay inaasahan ang isang “hindi” na sagot. Tinatanggap ng Diyos ang lahat mga tao, kahit na mga Hentil, sa pamamagitan pananampalataya. Muling sinipi ang Genesis 15:6. Si Abraham, na ama ng Hudyong bayan, ay ibinilang na matuwid (cf. Genesis 15) bago sa Kautusan ni Moises (v. 13) at bago siya tuliin (cf. Genesis 17).

**4:10-11 “tanda ng pagtutuli, na isang tatak ng katuwiran ng pananampalataya”** Pagkatapos ni Abraham tawagin at ibinilang na matuwid, ibinigay sa kanya ng Diyos ang pagtutuli bilang isang sagisag sa kasunduan (Genesis 17:9-14). Ang lahat ng mga tao sa Sinaunang Malapit na Silangan ay tinuli maliban sa mga Filistino na may Griyegong pinagmulan mula sa mga Pulo ng Aegean. Ang pagtutuli, para sa kanila, ay isang ritwal ng paglipas mula sa pagkabata patungo sa pagiging ganap na pagkalalaki. Sa buhay ng mga Hudyo, ito ay isang pang-relihiyong simbolo ng pagiging kaanib sa kasunduan, na isinasagawa sa mga kalalakihan sa ikawalong araw pagkapanganak.

Sa talatang ito ang “tanda” at “tatak” ay magkatulad at kapwa tumutukoy sa pananampalataya ni Abraham. Ang pagtutuli ay isang nakikitang tanda ng isang nagpapahayag ng pananampalataya sa Diyos. Ang pariralang DYENITIBO “ng katuwiran ng pananampalataya” ay inulit sa v. 13. Ang susi upang ipahayag na matuwid sa isang banal Diyos ay hindi ang pagtutuli, ngunit pananampalataya.

**4:11 “upang siya'y maging ama ng lahat ng mga nagsisisampalataya, bagaman sila'y nasa di-pagtutuli”** Ang aklat ng Roma ay isinulat pagkatapos ng aklat ng Galacia. Isinasaalang-alang ni Pablo ang pagkiling ng mga Hudyo sa pagtitiwala sa (1) kanilang saling-lahi (cf. Mateo 3:9; Juan 8:33,37,39) at (2) ang pagsasagawa ng malaganap na pagkakaunawa ng mga Hudyo sa kasunduan ni Moises (Ang Tradisyong pasalita, o tradisyong ng mga matatanda na pagkatapos ay naisulat at tinawag na Talmud). Samakatuwid, ginamit niya sa Abraham bilang isang tularan ng lahat ng nananampalataya sa pamamagitan pananampalataya (ama ng mananampalatayang, di-tuling mga Hentil, cf. 2:28-29; Galacia 3:29).

▣ **“tatak”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: TATAK**

Ang tatak ay maaaring isang sinaunang paraan ng pagpapakita ng
1. katotohanan (cf. Juan 3:33)
2. pagmamay-ari (cf. Juan 6:27; II Timoteo 2:19; Pahayag 7:2-3)
3. katiyakan o proteksyon (cf. Genesis 4:15; Mateo 27:66; Roma 15:28; II Corinto 1:22; Efeso 1:13; 4:30)
4. ito rin ay maaring tanda ng katotohanan ng pangako na kaloob ng Diyos (cf. Roma 4:11 at I Corinto 9:2)

Ang layunin ng tatak na ito ay upang kilalanin ang tao ng Diyos nang sa gayon ang bagsik ng Diyos ay hindi makaapekto sa kanila. Ang tatak ni Satanas ay kumikalala sa kanyang mga tao, na siyang layon ng bagsik ng Diyos. Sa Pahayag "ang kapighatian" (i.e., *thlipsis*) ay laging ang mga hindi mananampalataya na nagpapahirap sa mga mananampalataya , habang ang bagsik/galit (i.e., *orgē* or *thumos*) ay laging sa hatol ng Diyos sa mga hindi mananampalataya upang sila ay magsisi at bumalik sa pananampalataya kay Kristo. Ang positibong layuning ito ng paghuhukom ay makikita sa tipanang pagsusumpa/pagpapala ng Deuteronomio 27-28.

**4:12 "sa mga nagsisilakad sa mga bakas"** Ito ay isang pang-militar na salita (*stoicheō)* para sa mga sundalo ng nagmamartsa sa isang hilera (cf. Gawa 21:24; Galacia 5:25; 6:16; Filipos 3:16). Si Pablo ay nagsasabi sa talatang ito sa mga Hudyo ("ama ng pagtutuli") na nanampalataya. Si Abraham ang ama ng lahat na nagpapahayag ng pananampalataya sa Diyos at Kanyang mga pangako.

Dahil sa dalawahang PANTUKOY (*tois*) na ito, maaari na ang pangalawang aspetong ito ("nagsisilakad sa mga bakas ng") ay nagdadagdag sa pamumuhay pananampalataya (PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG [deponent] PANDIWARI) at hindi ang minsanan-lamang na pananampalataya. Ang kaligtasan ay isang nagpapatuloy na pakikipag-ugnayan, hind lamang isang kapasiyahan o kusang mga sandali.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 4:13-15**

**13Sapagka't hindi sa pamamagitan ng kautusan ginawa ang pangako kay Abraham o sa kaniyang binhi na siyang magmamana ng sanglibutan, kundi sa pamamagitan ng katuwiran ng pananampalataya. 14Sapagka't kung silang nangasa kautusan ay siyang mga tagapagmana, ay walang kabuluhan ang pananampalataya, at nawawalang kabuluhan ang pangako: 15Sapagka't ang kautusan ay gumagawa ng galit; datapuwa't kung saan walang kautusan ay wala ring pagsalangsang.**

**4:13 "ang pangako kay Abraham o sa kaniyang binhi"** Ang Diyos ay nagbigay ng pangako ng "lupain at binhi" kay Abraham (cf. Genesis 12:1-3; 15:1-6; 17:1-8; 22:17-18). Ang pagtuon ng OT ay ang lupain (Palestina), ngunit ang pagtuon ng NT ay sa "ang binhi" (Hesus ang Mesias, cf. Galacia 3:16,19), ngunit dito ang "binhi" ay tumutukoy sa pananampalataya mga tao (cf. Galacia 3:29). Ang mga pangako ng Diyos ay ang batayan ng lahat pananampalataya ng mga mananampalataya (cf. Galacia 3:14,17,18,19, 21, 22,29; 4:28; Hebreo 5:13- 18).

▣ **"na siyang magmamana ng sanglibutan"** Ang pangkalahatang pahayag na ito ay nakapaka-halaga sa liwanag ng Genesis 12:3; 18:18; 22:18 at Exodo 19:5-6. Tinawag ng Diyos si Abraham upang tawagin ang lahat sangkatauhan (cf. Genesis 1:26-27; 3:15)! Si Abraham at kanyang mga supling ay naging kaparaanan ng kapahayagan sa buong sanglibutan. Ito ay isa pang paraan upang tukuying ang Kaharian ng Diyos sa lupa (cf. Mateo 6:10).

▣ **"hindi sa pamamagitan ng kautusan"** Ang Kautusan ni Moises ay hindi panahahayag. Ang pariralang ito ay inilagay sa unahan sa Griyegong pangungusap sentence upang ihayag sa kanyang kahalagahan. Ito ay isang napakahalagang punto na nagbibigay-diin sa pagkakaiba sa pagitan ng pagsusumikap ng tao at biyaya ng Diyos (cf. 3:21-31). Nilipas ng biyaya ang kautusan bilang isang paraan ng kaligtasan (cf. Hebreo 8:7, 13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pananaw ni Pablo sa Kautusan ni Moises sa 13:9.

**4:14 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ginagamit ni Pablo ang nakakagulat na pahayag na ito upang gumawa ng kaniyang lohikong pangangatuwiran. Ito ay isang

mainam halimbawa ng isang UNANG URING MAY PASUBALI na ginamit sa patalumpating pagbibigay-diin. Hindi niya pinaniniwalaan ang pahayag na ito bilang totoo, ngunit kanyang ipinahayag ito upang ipakita ang kanyang maliwanag maliwanag na kamalian (cf. v. 2).

Ang lahi ng mga Hudyo na may nakikitang tanda ng pagtutuli ay hindi naging mga tagapagmana ng mundo, ngunit sa kanilang nagpapahayag ng pananampalataya sa kalooban ng Diyos at salita ay mga tagapagmana. Ang pisikal na pagtutuli ay hindi tunay na tanda na kasunduan, ngunit ang pananampalataya (cf. 2:28-29).

▣
**NASB, NKJV "walang kabuluhan ang pananampalataya"**
**NRSV "pananampalataya ay walang halaga"**
**TEV "ang pananampalataya ng tao ay walang kahulugan"**
**NJB "pananampalataya ay walang tinutungo"**

Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG ng *kenoō*, na nagbibigay-diin sa isang palagiang kalalagayan ng isang malakas na Griyegong PANDIWA na nangangahulugang "ubusin ang laman," "ipakitang walang saligan o pundasyon," kahit na "pagsinungalingan" (cf. I Corinto 1:17). Ang salitang ito ay ginamit din ni Pablo sa I Corinto 1:17; 9:15; II Corinto 9:3 at Filipos 2:7.

▣
**NASB "nawawalang kabuluhan ang pangako"**
**NKJV "ang pangakong ginawang walang kabuluhan"**
**NRSV "ang pangako ay walang kabuluhan"**
**TEV "ang pangako ng Diyos ay walang halaga"**
**NJB "ang pangako ay walang halaga"**

Ito rin ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, na nagbibigay-diin sa isaing palagiang kalalagayan ng isang malakas na Griyegong PANDIWA na nangangahulugang "ubusin ang laman," "mapawalang-bisa," "ihantong sa isang katapusan," at kahit na "sirain o lipunin." Ang salitang ito ay ginamit din ni Pablo sa Roma 3:3,31; 6:6; 7:2,6; I Corinto 2:6; 13:8; 15:24,26; II Corinto 3:7; Galacia 5:4; II Tesalonica 2:8. May isang maliwanag maliwanag paghahalintulad sa talatang ito. Walang dalawang paraan ng kaligtasan. Ang bagong kasunduan ng biyaya ay ginawan ang lumang kasunduan ng mga gawa na walang kabuluhan at walang-bisa! Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang kabuluhan at Walang-bisa sa 3:3.

**4:15 "ang Kautusan. . .Kautusan"** Ang unang pagkagamit ng salitang ito ay may Griyegong PANTUKOY, habang ang pangalawa ay wala. Bagaman ito ay mapanganib na magbigay ng sobrang pansin sa pagkakaroon at pagkawala sa Griyegong PANTUKOY, ito ay tila, sa ganitong pagkakataon, may makakatulong na ipakita na si Pablo ay gumagamit ng salitang ito sa dalawang kaunawaan.

1. Ang Kautusan ni Moises na may Pasalitang Tradisyon na kung saan pinagkakatiwalaan ng mga Hudyo para sa kanilang kaligtasan
2. Ang kosepto ng kautusan sa pangkalahatan

Ang mas malawak na pagkaunawang ito ay sumasaklaw sa makasariling mga Hentil na tumatalima dito o pangkulurang batas etika o mga ritwal pang-relihiyon at naramdamang tinanggap ng Diyos batay sa kanilang pagsasagawa.

▣ **"ang kautusan ay gumagawa ng galit"** Ito ay isang nakakagulat na pahayag (cf. 3:20; Galacia 3:10-13; Colosas 2:14). Ang Kautusan ni Moises ay hindi kailanman nangangahulugang maging daan ng kaligtasan (cf. Galacia 3:23-29). Ito ay isang napakahirap na katotohanan para sa kahit sinong Hudyo (o legalista) na maunawaan o tanggapin, ngunit ito ay ang batayan ng pangangatuwiran ni Pablo. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 13:9.

▣ **"datapuwa't kung saan walang kautusan ay wala ring pagsalangsang"** Ang Diyos ay pinanghahawakan na ang sangkatauhan ay may pananagutan sa liwanag na kanilang taglay. Ang mga Hentil ay hindi hahatulan sa Kautusan ni Moises na hindi nila kainlanman narinig. Sila ay may pananagutan sa kapahayagan ng kalikasan (cf. 1:19-20; 2:14-15).

Ang katotohanang ito ay kinuha sa isa pang karagdangan hakbang sa pangangatuwiran ni Pablo dito. Bago ang Kautusan ni Moises ay maliwanag na naghayag sa Diyos, hindi Niya tinala ang mga paglabag ng sangkatauhan (cf. 3:20,25; 4:15; 5:13,20; 7:5,7-8; Gawa 14:16; 17:30; I Corinto 15:56).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 4:16-25**

**16 Dahil dito, *ito ay* sa pananampalataya, upang *ito ay maaaring* maging ayon sa biyaya; upang ang pangako ay lumagi sa lahat ng binhi; hindi lamang sa nasa kautusan, kundi pati naman sa nasa pananampalataya ni Abraham, na ama nating lahat.**
**17 (Gaya ng nasusulat, "GINAWA KITANG AMA NG MARAMING BANSA") sa harapan niyaong kaniyang pinanampalatayanan, *sa makatuwid baga'y* ang Diyos, na nagbibigay ng buhay sa mga patay, at tumatawag sa mga bagay na hindi pa hayag na tila hayag na.**
**18 Siya na sumampalataya na nasa pagasa laban sa pagasa, upang maging ama ng maraming bansa ayon sa sabi, "MAGIGING GAYON ANG IYONG BINHI."**
**19 At hindi humina sa pananampalataya na ipinalagay man ang kaniyang katawang tulad sa patay na (gayon siya'y may mga isang daang taon na), at ang pagkabaog ng bahay-bata ni Sara;**
**20 Kundi, sa pagtingin niya sa pangako ng Diyos, ay hindi nagalinlangan sa pamamagitan ng di pananampalataya, kundi lumakas ng lumakas sa pamamagitan ng pananampalataya, na niluluwalhati ang Diyos,**
**21 At lubos nanalig na ang Diyos na nangako ay may kapangyarihang makagawa noon.**
**22 Dahil DITO'Y IBINILANG NAMAN NA KATUWIRAN SA KANIYA.**
**23 Ngayo'y hindi lamang dahil sa kaniya isinulat, na sa kaniya'y ibinilang;**
**24 Kundi dahil din naman sa atin, na ibibilang sa ating mga nagsisisampalataya sa kaniya na bumuhay na maguli sa mga patay, kay Hesus na ating Panginoon,**
**25 *Siya* na ibinigay dahil sa ating mga kasuwayan, at binuhay na maguli sa ikaaaring-ganap natin.**

**4:16** Ito ay isang napakagandang buod ng pangangatuwiran ni Pablo mula sa v. 14,

1. mga tao ay kailangang tumugan sa pamamagitan ng pananampalataya
2. sa biyaya ng Diyos na ipinangako
3. ang pangako ay tiyak sa lahat ng mga anak (Hudyo at Hentil) ni Abraham na nagpahayag ng pananampalataya
4. Si Abraham ang tularan ng lahat na may pananampalataya

▣

**NASB, NRSV,**
**TEV, NIV "lumagi"**
**NKJV "tapat"**
**REB "mabisa"**
**NET "tiyak"**

Tingnan ang Natatanging Paksa following.

**NATATANGING PAKSA: KATIYAKAN (GARANTIYA)**

Ito ang Griyegong salitang *bebaios*, na may tatlong kahulugan.

1. Yaong alinman ay maaasahan, tiyak, o may kakayahang pagkatiwalaan (cf. Roma 4:16; II Corinto 1:7; Hebreo 2:20; 3:6,14; 6:19; II Pedro 1:10,19).
2. Ang pamamaraan kung saan ang pagiging mapagkakatiwalaan ng isang bagay ay nahayag o

napatunayan (cf. Roma 15:8; Hebreo 2:2, cf. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon of the New Testament*, Tomo 1, pp. 340,377,670).
3. sa mga papirus, ito ay naging technical na salita para sa isang legal na katiyakan (cf. Moulton at Milligan, *Ang Vocabulary of the Greek New Testament*, pp. 107-8).

Ito ay magiging kabaligtaran ng v. 14. Ang mga pangako ng Diyos ay may katiyakan!

▣ **"lahat. . .lahat"** Ito ay tumutukoy sa lahat ng mga mananampalataya (Hudyo at Hentil).

**4:17-23** Muli, ginamit ni Pablo si Abraham upang ipakita ang pagiging una ng (1) pinasimulang mga biyayang pangako ng Diyos (kasunduan) at (2) ang kinakailangang panimulang pananampalataya sangkatauhan at nagpapatuloy na pananampalatayang pagtugon (kasunduan, tingnan ang tala sa 1:5). Ang mga kasunduan ay palaging kinapapalooban ng pagkilos ng dalawang panig.

**4:17 "Gaya ng nasusulat, 'AMA NG MARAMING BANSA'"** Ito ay isang sipi mula sa Genesis 17:5. Ang Septuagint ( LXX) ay mayoong "mga Hentil." Palaging ninanais ng Diyos ang katubusan ng lahat ng mga anak ni Adan (cf. Genesis 3:15), hindi lamang ang mga anak ni Abraham. Ang bagong pangalang ni Abram, Abraham, ay nangangahulugang "isang ama maraming tao." Ngayon, nalalaman natin na kabilang dito ay hindi lamang mga pisikal na mga anak, ngunit mga anak sa pananampalataya.

▣ **"na nagbibigay ng buhay sa mga patay"** Sa konteksto ito ay tumutukoy sa muling nabuhay na mga kakayahang seksuwal nina Abraham at Sarah (cf. v. 19).

▣ **"tumatawag sa mga bagay na hindi pa hayag na tila hayag na"** Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa pagdadalang-tao ni Sarah kay Isaac, ngunit ito rin ay nangangahulugang isang pinakamahatalang aspeto ng pananampalataya (cf. Hebreo 11:1).

**4:18**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Siya na sumampalataya na nasa pagasa laban sa pagasa"** |
| **NKJV** | **"siya, na salungat sa pag-asa, nanampalataya sa pag-asa"** |
| **NRSV** | **"umaasa laman sa pag-asa, siya ay sumampalataya"** |
| **TEV** | **"Si Abraham nanampalataya at umasa, kahit na walang dahilan ng pag-asa"** |
| **NJB** | **"Bagaman tila walang pag-asa, siya ay umasa at nanampalataya"** |

Ang Natatanging Paksa sa "pag-asa" ay matatagpuan sa 12:12. Ang salita ay mayroong malawak na pang-semantikong larangan. Si Harold K. Moulton, *The Analytical Greek Lexicon Revised*, p. 133, ay nagtala ng maraming pagkagamit.

1. Pangunahing kahulugan, pag-asa (cf. Roma 5:4; Gawa 24:15)
2. Ang layon ng pag-asa (cf. Roma 8:24; Galacia 5:5)
3. Ang may-akda o pinagmulan (cf. Colosas 1:27; I Timoteo 1:1)
4. pagtitiwala, pananalig (cf. I Pedro 1:21)
5. sa katiyakan na may garantiya (cf. Gawa 2:26; Roma 8:20)

Sa kontekstong ito ang pag-asa ay ginamit sa dalawang magkakaibang kaunawaan. Pag-asa sa kakayahan at kapangyariah ng tao (cf. vv. 19-21) laban sa pag-asa sa pangako ng Diyos (cf. v. 17).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"Magiging gayon ang iyong binhi"** |
| **NRSV** | **"magiging maraming ang iyong magiging binhi"** |
| **TEV** | **"ang iyong mga binhi ay dadami"** |
| **NJB** | **"ang iyong mga binhi ay magiging kasingdami ng mga bituin"** |

Ito ay isang sipi mula Genesis 15:5 na nagbibigay-diin sa katiyaka ng pangako ng Diyos kay Abraham patungkol sa isang (cf. vv. 19-22). Tandaang si Isaac ay isinilang

1. labingtatlong taon pagkatapos ng pangako
2. pagkatapos na subukan ni Abraham na ipamigay sa Sarah (dalawang beses, cf. Genesis 12:10-19; 20:1-7)
3. pagkatapos magkaroon ni Abraham ng anak kay Hagar, na utusang babae ni Sarah (cf. Genesis 16:1-16)
4. pagkatapos na kapwa tinawanan nina Sarah (cf. Genesis 18:12) at Abraham (cf. Genesis 17:17) ang pangako.

Sina Abraham at Sarah ay walang lubusang pananampalataya! Salamat sa Diyos, ang kaligtasan ay hindi nangangailangang ng lubusang (perpektong) pananampalataya, ngunit wastong pag-uukol (layon) lamang (Diyos sa OT at Kanyang Anak sa NT).

**4:19 "na ipinalagay man"** Ang saling ito ay sumusunod sa MSS א, A, B, C. Ngunit ang ilang sinaunang ansyanong mga kasulatan ay nagdadagdag ng isang salungat na KATAGA (*ou*), D, F, G. Ang UBS[4] ay hindi makagawa ng kapasyahan ("C" na antas), ngunit inilimbas ang mas maikling teksto. Ang NET Bible ay itinataguyod ang mas maikling teksto.

**4:20** Sa pasimula hindi lubusang naunawaan ni Abraham ang pangako, na ang anak ay manggagaling kay Sarah. Kahit na pananampalataya ni Abraham ay hindi ganap (perpekto). Tinanggap ng Diyos at nakitungo sa di-lubsang pananampalataya dahil sa inibig Niya ang mga di-perpektong mga tao!

▣ **"hindi nagalinlangan sa pamamagitan ng di pananampalataya"** Ang katulad na PANDIWA, *diakrinō*, ay ginamit ni Hesus sa Mateo 21:21; Marcos 11:23. May mga dahilan si Abraham (cf. v. 19) na magtangong sa salita (pangako) ng Diyos, ngunit siya ay lumagong matatag.

Ang dalawang MGA PANDIWA sa v. 20 ay kapwa AORIST NA BALINTIYAK NA MAY MGA PAHIWATIG. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nagpapahiwatig ng pagkilos Diyos, ngunit kailangang pahintulutan (kasunduan) ni Abraham ang kapangyarihan ng Diyos na palakasin siya!

▣ **"na niluluwalhati ang Diyos"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:23.

**4:21**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"lubos nanalig"** |
| **NKJV, NRSV** | **"naging lubos na pananalig"** |
| **TEV** | **"lubhang natiyak"** |
| **NJB** | **"lubusang nanalig"** |

Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI, na nangangahulugan ng isang lubusang katiyakan ng isang bagay (cf. Lucas 1:1; Colosas 4:12) o sinuman (cf. Roma 4:21; 14:5). Ang PANGNGALAN ay ginamit sa lubusang katiyakan sa Colosas 2:2 at I Tesalonica 1:5. Ang katiyakang ito sa kalooban, salita at kapangyarihan ng Diyos ang nagduduloy sa mga tao na tumugon sa pananampalataya!

▣ **"na ang Diyos na nangako ay may kapangyarihang makagawa noon"** Ito ay isang GANAP NA PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG, na nangangahulugan ng isang pagkilos sa nakalipas na dumating sa kaganapan (kapuspusan) at naglalathala sa isang kaanyuan ng pag-iral. Ang diwa ng pananampalataya ay ang its na nagtitiwala sa katangian at mga pangako ng Diyos (cf. 16:25; Efeso 3:20; Hudas 24) at hindi sa pagsasagawa ng tao. Ang pananampalataya ay nagtitiwala sa mga pangako ng Diyos (cf. Isaias 55:11).

**4:22** Ito ay isang pagkabanggit sa Genesis 15:6 (cf. v. 3), na siyang susi sa teolohikong punto ng

pangangatuwiran ni Pablo patungkol sa kung paano ibinigay ng Diyos ang Kanyang sariling katuwiran sa makasalanan mga tao.

**4:23-25** Ang mga talata ay nasa iisang pangungusap sa Griyego. Pansinin ang pagpapatuloy.

1. Para ka kapakanan ni Abraham, v. 23
2. Para lahat ng mga mananampalataya' sake, v. 24
3. Pagkabuhay ni Hesus sa pamamagitan ng Diyos, v. 24
4. Si Hesus ay ipinagkaloob par sa ating kasalanan (cf. Juan 3:16), Si Hsus was ay nabuhay upang ang ating mga kasalanan ay mapatawad (pag-aaring-ganap), v. 25

**4:24** Ang pananampalataya ni Abraham ay naging isang halimbawa para sa lahat ng tunay mga anak upang sundin. Nanampalataya sa Abraham (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:5) sa Diyos patungkol sa isang ipinangakong anak na lalaki at mga inanak. Ang mga mananampalataya ng bagong kasunduan ay nananampalataya na si Hesus ang Mesias na katuparan ng lahat of mga pangako ng Diyos sa nalugmok na sangkatauhan.

Ang salita "binhi" kapwa PANG-ISAHAN at PANGMARAMIHAN (isang anak na lalaki, mga tao).

▣ para sa "muling nabuhay" tingnan ang tala sa 8:11.

**4:25 "Na ibinigay dahil sa ating mga kasuwayan"** Ito ay isang legal na salita na nangangahulugang "ibinigay ang isa upang parusahan." Ang talata 25 ay isang napakagandang Kristolohikong pahayag na naglalarawa ng Septuagint (LXX) ng Isaias 53:11-12.

▣ **"binuhay na maguli sa ikaaaring-ganap natin"** Ang dalawang sugnay ng v. 25 ay magkatulad (katulad na PANG-UKOL at kapwa AORIST NA BALINTIYAK NA MAY MGA PAHIWATIG), ngunit para sa istilo at hindi sa teolohikong mga layunin (cf. 5:9-10; II Corinto 13:4). Frank Stagg's salin (*New Testament Theology*, p. 97) "ipinadala dahil sa ating mga kasalanan at muling nabuhay sa pananaw na tayo ay magiging matuwid" ay may lubos na pagpupuri dito. Ang pagpapaliwanag na ito ay kinapapalooban ng dalawang aspeto ng paggamit ni Pablo ng salitang "inaring-ganap" (1) isang pagkautusang (legal) kalalagayan at (2) isang maka-Diyos, buhay na katulad ni Kristo! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17.

Ang muling pagkabuhay ni Hesus ay isang pangunahing teolohikong katotohanan para kay Pablo (cf. 1:3-4; 4:24-25; 6:4,9; 7:4; 8:11,34; 10:9; I Corinto 6:14; 15:3-11,20-23; II Corinto 1:9; 4:14; 5:15; 13:4; Galacia 1:1; Efeso 2:20; Colosas 2:12; I Tesalonica 1:10; II Timoteo 2:8). Ang libingan ay walang laman o ang Kristiyanismo ay isang kasinungalingan (cf. I Corinto 15:12-19)!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit napakahalaga ng bahaging ito ng Roma?

2. Bakit ginamit ni Pablo sina Abraham at David bilang mga halimbawa?
3. Bigyang kaluhuga ang mga susing salita, sang-ayon sa pagkagamit ni Pablo (hindi ng iyong sariling kahulugan)
    a. "katuwiran"
    b. "ibinilang"
    c. "pananampalataya"
    d. "pangako"
4. Bakit napakahalag ng pagtutuli sa mga Hudyo (vv. 9-12)?
5. Sino ang tinutukoy na "binhi sa mga talata 13 at 16?

# MGA TAGA-ROMA 5

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **UBS[4]** | **NKJV** | **NRSV** | **TEV** | **NJB** |
| Mga Bunga ng Pag-aaring-ganap | Pagtatagumpay ng Pananampalataya sa gitna ng Kaguluhan | Ang mga Kinahinatnan ng Pag-aaring-ganap | Maging Tama sa Diyos | Ang Pananampalataya ay Tumitiyak ng Kaligtasan |
| 5:1-11 | 5:1-5 | 5:1-5 | 5:1-5 | 5:1-11 |
| | Si Kristo ang Ating Dako | | | |
| | 5:6-11 | 5:6-11 | 5:6-11 | |
| Sina Adan at Kristo | Kamatayan kay Adan, Buhay kay Kristo | Sina Adan at Kristo; Paghahambing at Pag-iiba | Sina Adan at Kristo | Sina Adan at Hesukristo |
| 5:12-14 | 5:12-21 | 5:12-14 | 5:12-14b | 5:12-14 |
| | | | 5:14c-17 | |
| 5:15-21 | | 5:15-17 | | 5:15-21 |
| | | 5:18-21 | 5:18-19 | |
| | | | 5:20-21 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

**MGA KAUNAWAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)**

A. Ang talata 1-11 ay isang pangungusap sa Griyego. Sila ang nagpayabong ng mahalagang konsepto ni Pablo ng “Pag-aaring-ganap sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya” (cf. 3:21-4:25).

B. Maaaring balangkas ng vv. 1-11:

| Mga talata 1-5 | Mga talata 6-8 | Mga talata 9-11 |
|---|---|---|
| 1. Ang Kabutihan ng Kaligtasan | 1. Ang Batayan ng Kaligtasan | 1. Ang Hinaharap na Katiyakan ng kaligtasan |
| 2. Mga Pangsariling Karanasan sa Pag-aaring Ganap | 2. Mga Nilalayong Katotohanan sa Pag-aaring Ganap | 2. Ang Hinaharap na Katiyakan ng Pag-aaring-Ganap |
| 3. Pag-aaring-ganap | 3. Umuunlad na Pagpapaging-Banal | 3. Pagluluwalhati |
| 4. Antropolohiya (tao) | 4. Teolohiya (Diyos) | 4. Eskatolohiya (mga bagay na darating) |

C. Ang mga talatang 12-21 ay isang pagtalakay kay Hesus bilang pangalawang Adan (cf. I Corinto 15:21-22, 45-49; Filipos 2:6-8). Ito ay nagbibigay-diin sa teolohikong konsepto ng kapwa pansariling kasalanan at pangkalahatang pagkakasala. Ang pagtalakay ni Pablo sa pagbagsak ng sangkatauhan (at ng paglalang) kay Adan ay lubhang natatangi at magkakaiba mula sa mga rabi (na nagpayabong na kanilang doktrina ng kasalanan mula Genesis 6), habang ang kanyang pananaw na pagkalahatan ay lubhang naaayon sa mga turong rabinikal. Ipinapakita nito ang kakayahan ni Pablo sa ilalalim ng inspirasyon upang gumamit o magdagdag sa mga katotohanan na natutunan niya sa kanyang pag-aaral sa Herusalem sa ilalim ni Gamaliel (cf. Gawa 22:3).

Ang doktrina ng *Reformed* Ebadyeliko sa orihinal na kasalanan na mula sa Genesis 3 ay pinayabong nina Augustino at Calvin. Ito ay pangunahing nagbibigay-diin na ang mga tao ay ipinanganak na makasalanan (lubusang kasamaan). Kasalasang ang Awit 51:5; 58:3; at Job 15:14; 25:4 ay ginagamit bilang mga patunay na teksto sa OT. Ang kahaliling teolohikong posisyon na ang mga tao ay may umuunlad, moral at spirtuwal, na may pananagutan para sa kanilang sariling mga pagpili at patutunguhan na pinayabong nina Pelagio at Armineo. May mga ilang katunayan para sa kanilang pananaw sa Deuteronomio 1:39; Isaias 7:15; at Jonas 4:11; Juan 9:41; 15:22,24; Gawa 17:30; Roma 4:15. Ang kahulugan ng teolohikong posisyon ay ang mga bata ay walang pananagutan (inosente) hangang sa pagsapit ng taon ng pananagutang moral (para sa mga rabi, ito ay 13 taong gulang para sa mga batang lalaki at 12 taong gulang para sa mga batang babae).

Mayroong namamagitang posisyon na ang kapwa isang pangloob na kasamaan likas at isang taon ng pananagutang moral ay kapwa totoo! Ang kasamaan ay hindi lamang pangkalahatan, ngunit ito ay umuunlad na kasamaan sa indibidwal na sarili sa kasalanan (buhay na nagpapatuloy na mas lalo pang napapalayo sa Diyos). Ang kasamaan ng sangkatauhan ay hindi ang isyu (cf. Genesis 6:5,11-12,13; Roma 3:9-18,23), nguni kung kailan, sa kapanganakan o mamaya sa buhay?

D. Mayroong maraming teoriya patungkol sa kahihinatnan ng v. 12
1. Ang lahat mga tao ay mamamatay dahil ang lahat mga tao ay pinili ang kasalanan (Pelagio)
2. Ang kasalanan ni Adan ay dinamay ang buong nilikha at, sa gayon, ang lahat ay mamamatay (vv. 18-19, Augustino)
3. Ang katotohanang ito ay maaaring ang pagsasama ng orihinal na kasalanan at kinusang kasalanan

E. Ang paghahalintulad ni Pablon ng "kung paano na" ay nagsimula sa v. 12 ay hindi natapos hanggang sa v. 18. Ang mga talata 13-17 ay bumubuo ng isang panaklong na lubhang katangian ng mga sulat ni Pablo.

F. Tandaan ang pagpapakilala ni Pablo sa ebanghelyo, 1:18-8:39, ay isang nagpapatuloy na

pangangatuwiran. Ang kabuuan ay kailangang makita sa kaayusan upang wastong maipaliwanag at pahalagahan ang mga bahagi.

G. Sinabi ni Martin Luther sa kabanata 5, "Sa kabuuan ng Bibliya marahil ay wala ng kabanata ang makakatumbas sa matagumpay na tekstong ito."

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 5:1-5**

**1 Yaman nga na mga inaaring-ganap sa pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa
Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesukristo; 2 Sa pamamagitan din naman niya'y
nangagkaroon tayo ng ating pagpasok sa pamamagitan ng pananampalataya sa biyayang ito na
diyan ay nagsisilagi tayo; at nangagagalak tayo sa pagasa ng kaluwalhatian ng Diyos. 3 At hindi
lamang gayon, kundi naman nangagagalak tayo sa ating mga kapighatian na nalalamang ang
kapighatian ay gumagawa ng katiyagaan; 4 At ang katiyagaan, ng pagpapatunay; at ang
pagpapatunay, ng pagasa: 5 At ang pagasa ay hindi humihiya; sapagka't ang pag-ibig ng Diyos ay
nabubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na ibinigay sa atin.**

**5:1 "Yaman nga"** Ang salitang ito ay kadalasang naghuhudyat ng
1. ang buod ng teolohikong pangangatuwiran hangang sa puntong ito
2. ang mga katapusan na nakabatay sa ganitong teolohikong pagpapakilala
3. ang pagpapakilala ng bagong katotohanan (cf. 5:1; 8:1; 12:1)

▣ **"na mga inaaring-ganap sa pananampalataya"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI; Inaring-ganap ng Diyos ang mga mananampalataya. Ito ay inilagay sa una sa Griyegong pangungusap (vv. 1-2) para sa pagbibigay-diin. May tila baga isang pagkakasunod-sunod na pahahon sa vv. 1-11.
1. vv. 1-5, ang ating pagkasaluyang karanasan sa biyaya
2. vv. 6-8, Ang natapos na gawain ni Kristo para sa atin
3. vv. 9-11, ang ating panghinaharap na pag-asa at katiyakan ng kaligtasan

Tingnan ang Balangkas, B. Kaunawaang Kontekstuwal.

Ang kaligiran sa OT (tandaang ang mga may-akda sa NT ay Hebreong palaisip na na nagsusulat sa Griyegong lansangan) sa salitang "inaring-ganap" (*dikaioō*) ay siang "tuwid na talim" o "pansukat na tambo." Ito ay dumating upang gamitng patalinghaga sa Diyos sa Kanyang sarili. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa 1:17. Ang katangian, kabanalan ng Diyos ay ang nag-iisang pamantayan ng kahatulan (cf. LXX of Levitico 24:22; at sa teolohiya sa Mateo 5:48). Dahil sa pag-aalay, panghaliling kamatayan ni Hesus (cf. Isaias 53), mga mananampalataya ay nagkaroon ng legal (forensic) kalalagayan sa harapan ng Diyos (tingnan ang tala sa 5:2). Hindi nito impinapahiwatig na ang kawalan ng pagkakasala ng mananampalataya, ngunit mabuti pa nga ay katulad ng pagpapatawad. May isang nagbayad ng kaparusahan (cf. II Corinto 5:21). Ang mga mananampalataya ay ipinahayag na pinatawad (cf. vv. 9,10).

▣ **"sa pananampalataya"** Ang pananampalataya ay ang kamay na tumanggap sa kaloob ng Diyos (cf. v. 2; Roma 4:1ff). Ang pananampalataya ay hindi nakatuon sa antas o tindi ng pangako o panindigan ng mananampalataya (cf. Mateo 17:20), ngunit sa katangian at mga pangako ng Diyos (cf. Efeso 2:8-9). Ang salita sa OT para sa "pananampalataya" ay orihinal na tumutukoy sa isang nasa matatag na pagkakatayong tindig. Ito ay dumating upang gamitin ng patalinghaga sa isang taong matapat, maaasahan at mapagkakatiwalaan. Ang pananampalataya ay hindi nakatuon sa ating pananampalatay o pagkamatapat, ngunit sa Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang pananampalataya sa 4:5.

▣ **"mayroon tayong kapayapaan"** May isang pagkakaiba sa Griyegong kasulatan dito. Ang PANDIWANG ito ay alinman sa PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PASAKALI (*echōmen*, MSS א*, A, B*, C, D) o sa PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG (*echomen*, MSS א[1], B[2], F, G). Ang katulad gramatikong kalabuan ay matatagpuan sa vv. 1, 2 & 3.

1. Kung ito ay MAY PASAKALI ito ay maaaring maisaling "tayo ay magpatuloy na malugod sa kapayapaan" o "magpatuloy malugod sa kapayapaan."
2. Kung ito ay MAY PAHIWATIG ito ay maaaring maisaling "tayo ay mayroong kapayapaan."

Ang konteksto ng vv. 1-11 ay hindi pangangaral, ngunit paghahayag na kung ano mga mananampalataya ngayon at mayroon sa pamamagitan ni Kristo. Samakatuwid, ang PANDIWA ay maaaring PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG, "tayo ay mayroong kapayapaan." Ang USB[4] ay nagbigay sa opsyong ito na "A" na antas (tiyak).

Marami sa ating mga sinaunang Griyegong kasulatan ay nagawa ng isang taong nagbabasa ng isang teksto at at maraming iba ang gumagawa ng sipi. Ang mga salitang binibigkas nang magkatulad ay kadalasang nakakalito. Dito ay kung saan ang konteksto at minsan ang paraan ng pagsulat at ang kadalasang talasalitaan ng may-akda ay nakakatulong na gawing mas madali ang pagpapasya.

▣ **"kapayapaan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: KAPAYAPAAN (magkakaibang mga diwa)**

Ang Griyegong salita na sa orihinal ay nangangahulugang "sama-samang pagbibigkis ng mga nasira." May tatlong paraan ang NT nagpapahayag ng kapayapaan ang NT:

1. Isang layuning aspeto, ang ating kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. Colosas 1:20)
2. Isang panariling aspeto, ang ating pagiging matuwid sa Diyos (cf. Juan 14:27; 16:33; Filipos 4:7)
3. Na ang Diyos ay pinag-isa sa iisang bagong katawan, sa pamamagitan ni Kristo, kapwa mananampalatayang Hudyo at Hentil (cf. Efeso 2:14-17; Colosas 3:15). Kapag napasaatin ang kapayapaan sa Diyos, ito ay dapat maglabas ng kapayapaan sa kapwa! Ang patayo ay dapat maging pahalang.

Sina Newman at Nida sa, *A Translator's Handbook on Pauls's Letter to the Romans*, p. 92, ay may isang mabuting puna tungkol sa "kapayapaan."

> "Kapwa sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan ang salitang kapayapaan ay may malawak na hanay ng kahulugan. Inilalarawan nito ang buong pagkatao ng isang buhay ng tao; ito ngayon ay ginagamit sa mga Hudyo bilang pormula ng pagbati (*shalom)*. Ang salitang ito ay mayroong malawak na kahulugan na ito rin ay maaaring gamiting ng mga Hudyo bilang isang paglalarawan ng pagliligtas ng Mesias. Dahil dito, mayroong marming mga pagkakataon na ito ay halos kasingkahulugan ng salitang ibinigay 'na magkaroon ng tamang relasyon sa Diyos.' Dito ang salita ay lumilitaw nag gagamitin bilang isang paglalarawan ng matiwasay na pakikipang-ugnayan na itinatag sa pagitan ng tao at Diyos batay sa Diyos na naglagay ng mga tao sa Kanyang sarili a" (p. 92).

▣ **"sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesukristo"** Si Hesus ay ang kinatawan (*dia*, cf. vv. 2,9,11,17,21; ng Espiritu sa v. 5) na nagdadala ng kapayapaan sa Diyos. Si Hesus ang tanging daan sa kapayapaan sa Diyos (cf. Juan 10:7-8; 14:6; Gawa 4:12; I Timoteo 2:5). Para sa mga salita sa titulong "Panginoong Hesukristo" tingnan ang mga tala sa 1:4.

**5:2 "nangagkaroon tayo ng ating pagpasok"** Ang PANDIWANG ito ay GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG; ito ay nagsasaad ng isang nakalipas na pagkilos na naging lubusan (o ganap) at ngayon ay

nagbubunga sa isang kalalagayan ng pag-iral.

Ang salitang “panimula” sa literal ay nangangahulugang “pagpunta” o “pagpasok” (*prosagōgē*, cf. Efeso 2:18; 3:12). Ito ay dumating upang gamiting patalinghaga para sa

1. Personal na pagpapakilalasa maharlika
2. Ligtas na pagdala sa isang daungan (cf. I Pedro 3:18)

Ang pariralang ito ay nagtataglay ng isang pagkakaiba sa Griyegong kasulatan. Ang ilang sinaunang mga kasulatan ay nagdagdag ng “sa pamamagitan pananampalataya” (cf. א[*,2], C, gayundin ang ilang Lumang Latin, Vulgata, Syriac, at mga saling Coptic). Ang ibang kasulatan ay nagdagdag ng isang PANG-UKOL sa “sa pamamagitan ng pananampalataya” (cf. א[1], A, at ilang mga saling Vulgata). Gayunman, ang ansyanong mga kasulatang B, D, F, at G ay tinanggal ito ng lahatan. Ito ay tila ang mga manunulat (eskriba) ay karaniwang pinunan ang pagkakatulad ng ng 5:1 at 4:16 (dalawang beses), 19, at 20. “sa pamamagitan ng pananampalataya” ay isang nagpapatuloy na paksa ni Pablo!

▣ **“sa biyayang ito”** Ang salitang ito (*charis*) ay nangangahulugang di-karapat-dapat, walang-taling-nakakabit, di-pinagsumikapan na pag-ibig ng Diyos (cf. Efeso 2:4-9). Ito ay maliwanag na makikita sa kamatayan ni Kristo para sa makasalanang sangkatauhan (cf. v. 8).

▣ **“na diyan ay nagsisilagi tayo”** Ito ay isa pang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG; sa literal “kami ay tumindig at nagpapatuloy na tumindig.” Ito ay nagpapaliwanag ng teolohikong kalalagayan ng mga mananampalataya kay Kristo at ang kanilang kapasyahang manatili sa pananampalataya na pinagsasama ang teolohikong kabalintunaan ng pagkamataas (kapangyarihan) ng Diyos (cf. I Corinto 15:1) at ang kusang kalooban ng tao (cf. Efeso 6:11, 13,14).

**NATATANGING PAKSA: PANININDIGAN (*HISTĒMI*)**

Ang karaniwang salitang ito ay ginamit sa maraming teolohikong kahulugang sa Bagong Tipan

1. magtatag
   a. ang Kautusan sa OT, Roma 3:31
   b. isang sariling katuwiran, Roma 10:3
   c. ang bagong kasunduan, Hebreo 10:9
   d. isang tungkulin, II Corinto 13:1
   e. katotohanan ng Diyos, II Timoteo 2:19
2. hadlangan sa espiritwal
   a. ang demonyo, Efeso 6:11
   b. sa araw ng kahatulan, Pahayag 6:17
3. paghadlang sa pamamagitan ng pagtayo sa lupa ng isa
   a. talinghagang pang-militar, Efeso 6:14
   b. talinghagang pang-sibil, Roma 14:4
4. isang kalalagayan sa katotohanan, Juan 8:44
5. isang kalalagayan sa biyaya
   a. Roma 5:2
   b. I Corinto 15:1
   c. I Pedro 5:12
6. Isang kalalagayan sa pananampalataya
   a. Roma 11:20
   b. I Corinto 7:37
   c. I Corinto 15:1
   d. II Corinto 1:24
7. Isang kalalagayan ng pagmamataas, I Corinto 10:12

Ang salitang ito ay nagpapahayag ng kapwa pang-kasunduang biyaya at awa ng isang

makapangyarihang Diyos at ang katotohanang ang pangangailangan ng mga mananampalataya na tumugon dito at kumapit dito sa pamamagitan ng pananampalataya! Kapwa ay mga biblikal na katotohanan. Sila ay dapat panghawakan nang magkasama!

▣ **"nangagagalak tayo"** Ang gramatikong anyong ito ay maaaring maunawaan bilang (1) isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG, "tayo ay nagagalak" o (2) isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) MAY PASAKALI, "magalak tayo." Ang mga iskolar ay hati sa mga pamimilian. Kung ang isa ay kinuha ang "tayo ay" sa v. 1 bilang isang MAY PAHIWATIG ang salin ay kailangang maging kalinsunod ng 'sa pamamagitan' ng v.3.

Ang salitang-ugat ng "magalak" ay "kayabangan" (NRSV, JB). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:17. Ang mga mananampalataya ay hindi nagagalak sa kanilang sarili (cf. 3:27), ngunit sa kung ano ang ginawa sa kanila ng Panginoong (cf. Jeremias 9:23-24). Ito na katulad na Griyegong salitang-ugat ay inulit sa vv. 3 at 11.

▣ **"sa pag-asa ng"** Si Pablo ay kadalasang ginagamit ang salitang ito sa maraming magkakaiba ngunit sa magkakaugnay na mga pagkakaunawa. Tingnan ang Tala sa 4:18. Kadalasang ito ay isinasama sa kalubusan (o kapuspusan) ng pananampalataya ng mga mananampalataya. Ito ay maaaring maipahayag iblang kaluwalhatian, walang-hanggang buhay, lubos na kaligtasan, Pangalawang Pagdating, atbp. Ang kalubusan ay tiyak, ngunit ang sangkap ng panahon ay sa hinaharap at walang nakakaalam. Ito ay kadalasang isinasama sa "pananampalataya" at "pag-ibig" (cf. I Corinto 13:13; Galacia 5:5-6; Efeso 4:2-5; I Tesalonica 1:3; 5:8). Isang bahagi ng tala ng ilang paggamit ni Pablo ang sumusunod.

1. Ang Pangalawang Pagdating, Galacia 5:5; Efeso 1:18; Tito 2:13
2. Si Hesus ang ating pag-asa, I Timoteo 1:1
3. Ang mananampalataya ay ihaharap sa Diyos, Colosas 1:22-23; I Tesalonica 2:19
4. Pag-asa na nakalagak sa langit, Colosas 1:5
5. Lubos kaligtasan, I Tesalonica 4:13
6. Ang kaluwalhatian ng Diyos, Roma 5:2; II Corinto 3:12; Colosas 1:27
7. Katiyakan ng kaligtasan, I Tesalonica 5:8-9
8. Walang hanggang buhay, Tito 1:2; 3:7
9. Mga bunga ng paglago ng Kristiyano, Roma 5:2-5
10. Katubusan ng lahat nilikha, Roma 8:20-22
11. Isang titulo para sa Diyos, Roma 15:13
12. Kalubusan ng pagkupkop, Roma 8:23-25
13. OT bilang gabay sa mga mananampalataya ng NT, Roma 15:4

**NATATANGING PAKSA: KATIYAKAN**

A. Maaari bang malaman ng Kristiyano na siya nga ay ligtas (cf. I Juan 5:13)? Ang I Juan ay may tatlong pagsusuri o mga katunayan.
   1. Pang-Doktrina (pananampalataya) (vv. 1,5,10; 2:18-25; 4:1-6,14-16; 5:11-12)
   2. Pamumuhay (pagsunod) (vv. 2-3; 2:3-6; 3:1-10; 5:18)
   3. Panlipunan (pag-ibig) (vv, 2-3; 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12, 16-21)
B. Ang katiyakan ay naging paksang pang-denominasyonal
   1. Si John Calvin ay binatay ang katiyakan sa pagpili ng Diyos. Sinabi niya na hindi kailanman tayo magiging tiyak sa buhay na ito.
   2. Si John Wesley ay binatay ang katiyaka sa karanasang pang-relihiyon. Naniniwala siya na mayroon tayong kakayahan na mabuhay na higit sa kilalang kasalanan
   3. Ang Romano Katoliko at ang Iglesiya ni Kristo ay binatay ang katiyakan sa isang

nakapangyayaring Iglesiya. Ang pangkat na kung saan ang isa ay kabilang ay ang susi sa katiyakan.
4. Karamihan ng mga ebandyeliko ay binatay ang katiyakan sa mga pangako ng Bibliya, na nauugnay sa bunga ng Espiritu sa buhay ng mga mananampalataya (cf. Galacia 5:22-23).

C. Sa aking palagay ang pangunahing katiyakan ng nalugmok na sangkatauhan ay maiuugnay sa katangian ng Trinidad na Diyos
  1. Pag-ibig ng Diyos Ama
     a. Juan 3:16; 10:28-29
     b. Roma 8:31-39
     c. Efeso 2:5,8-9
     d. Filipos 1:6
     e. I Pedro 1:3-5
     f. I Juan 4:7-21
  2. Mga pagkilos ng Diyos Anak
     a. Kamatayang para sa ating kapakanan
        1) Gawa 2:23
        2) Roma 5:6-11
        3) II Corinto 5:21
        4) I Juan 2:2; 4:9-10
     b. Panalanging pang-punong saserdote (Juan 17:12)
     c. Nagpapatuloy na pamamagitan
        1) Roma 8:34
        2) Hebreo 7:25
        3) I Juan 2:1
  3. Gawain ng Diyos Espiritu
     a. pagtawag (Juan 6:44,65)
     b. pagtatak
        1) II Corinto 1:22; 5:5
        2) Efeso 1:13-14; 4:3
     c. pagtitiyak
        1) Roma 8:16-17
        2) I Juan 5:7-13

D. Ngunit ang sangkatauhan ay kailangan tumugon sa pangkasunduang kaloob ng Diyos (kapwa sa pasimula at sa pagpapatuloy)
  1. Ang mga mananampalataya ay kailangang talikuran ang kasalanan (pagsisisi) at sa Diyos sa pamamagitan ni Hesus (pananampalataya)
     a. Marcos 1:15
     b. Gawa 3:16,19; 20:21
  2. Ang mga mananampalataya ay kailangang tanggapin ang kaloob ng Diyos kay Kristo
     a. Juan 1:12; 3:16
     b. Roma 5:1 (at sa paghahalintulad 10:9-13)
     c. Efeso 2:5,8-9
  3. Ang mga mananampalataya ay kailangang magpatuloy sa pananampalataya
     a. Marcos 13:13
     b. I Corinto 15:2
     c. Galacia 6:9
     d. Hebreo 3:14
     e. II Pedro 1:10
     f. Hudas 20-21

g. Pahayag 2:2-3,7,10,17,19,25-26; 3:5,10,11,21
4. Ang mga mananampalataya ay haharap sa tatlong pagsusuri
   a. Pang-doktrina (vv. 1,5,10; 2:18-25; 4:1-6,14-16)
   b. pamumuhay (vv. 2-3; 2:3-6; 3:1-10)
   c. panlipunan (vv, 2-3; 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12, 16-21)

E. Ang katiyakan ay mahirap dahil sa
1. Kadalasan ang mga mananampalataya ay naghahanap ng isang karanasan hindi ng pangako ng Bibliya
2. Kadalasan ang mga mananampalataya ay hindi lubusang nauunawaan ang ebanghelyo
3. Kadalasan ang mga mananampalataya ay nagpapatuloy sa sinasadyang kasalanan (cf. I Corinto 3:10-15; 9:27; I Timoteo 1:19-20; II Timoteo 4:10; II Pedro 1:8-11)
4. Isang uri ng personalidad (i.e., pagiging walang-sala) ay hindi maaaring tumanggap sa walang kondisyong pagtanggap at pag-ibig ng Diyos
5. Sa Biblya mayroong mga halimbawa ng mga huwag na paghahayag na pananampalataya (cf. Mateo 13:3-23; 7:21-23; Marcos 4:14-20; II Pedro 2:19-20; I Juan 2:18-19)

▣ **"kaluwalhatian ng Diyos"** Ang pariralang ito ay isang kataga sa OT para sa personal presensiya ng Diyos. Ito ay tumutukoy sa kalalagayan ng mananampalataya sa harapan ng Diyos sa pananampalatayang-katuwiran na ipinagkaloob ni Hesus sa Araw ng Muling Pagkabuhay (cf. II Corinto 5:21). Ito ay kadalasang tinatawag sa teolohikong salita ng "pagluluwalhati" (cf. vv. 9-10; 8:30). Ang mga mananampalataya ay magiging kabahagi sa wangis ni Hesus (cf. I Juan 3:2; II Pedro 1:4). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa 3:23.

**5:3**
**NASB "At hindi lamang gayon, kundi"**
**NKJV "at hindi lamang *gayon*, kundi"**
**NRSV "at hindi lamang gayon, ngunit"**
**TEV –tinanggal–**
**NJB "hindi lamang gayon"**

Ginamit ni Pablo ng maraming beses ang ganitong pagsasama ng mga salita (cf. 5:3,11; 8:23; 9:10, at II Corinto 8:19).

▣
**NASB "nangagagalak tayo sa ating mga kapighatian"**
**NKJV "tayo rin ay nagagalak sa ating mga kapighatian"**
**NRSV "tayo rin ay nagmamataas sa ating mga kapighatian"**
**TEV "tayo rin ay nagmamataas sa ating mga pagkabagabag"**
**NJB "tayo ay magalak, pati sa ating mga paghihirap"**

Kung ang mundo ay napopoot kay Hesus, kakapootan din nito ang Kanyang mga tagasunod (cf. Mateo 10:22; 24:9; Juan 15:18-21). Si Hesus ay ganap, sa pangtaong pangungusap, sa pamamagitan ng mga bagay na Kanyag ipinagdusa (cf. Hebreo 5:8). Ang pagdurusa na nagbubunga ng pagtitiwala at paglago. Ang pagiging katulad ni Kristo ay ang plano ng Diyos sa bawat mananampalataya, ang pagdurusa ay bahagi nito (cf. 8:17-19; Gawa 14:22; Santiago 1:2-4; I Pedro 4:12-19)!

**NATATANGING PAKSA: BAKIT NAGDURUSA ANG MGA KRISTIYANO?**
1. dahil sa mga personal na kasalanan (pansamantalang kahatulan). Ito ay hindi nagpapahiwatig na ang lahat ng mga suliranin at mga masasamang pangyayari ay isang bunga ng kasalanan (cf. Job; Awit 73; Lucas 14:1-5; Nehemia 9; Gawa 5:1-11; I Corinto 11:29-30; Galacia 6:7).

2. Upang lumago ang pagiging katulad kay Kristo (Hebreo 5:8). Kahit na si Hesus, sa pagsasalitang pantao, ay kailangang lumago, gayundin, ang Kanyang mga taga-sunod (cf. Roma 5:3-4, 8:28-29; II Corinto 12:7-10; Filipos 3:10; Hebreo 12:5-12; Santiago 1:2-4; I Pedro 1:7).
3. Upang lumago ang isang makapangyarihan, mabisang patotoo (cf. Mateo 5:10-12; Juan 15:18-22; I Pedro 2:18-21, 3:13- 17).
4. Bilang isang tanda ng mga kirot sa pagsilang ng Bagong Panahon (cf. Mateo 24:6; Marcos 13:8).

▣ **"nalalaman"** Ito ay isang GANAP NA PANDIWARI, ng "*oida*." Ito ay GANAP sa anyo, ngunit ito ay ginagamit bilang isang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Ang mga mananampalataya na nalalaman ang mga katotohanan ng ebanghelyo gaya ng kanilang pag-uugnay nito sa sa pagdurusa ay pinahihintulutan silang harapin ng buhay na may kagalakan at tiwala na hindi nakabatay sa mga pangyayari, kahit na sa panahon ng pag-uusig (cf. Filipos 4:4; I Tesalonica 5:16,18). Ang mga mananampalataya ay magagalik "sa" mga kapighatian, hindi "dahil sa" kanila!

**5:3 "kapighatian"** Tingnan ang Natatanging Paksa na sumusunod.

**NATATANGING PAKSA: KAPIGHATIAN**

Mayroong pangangailangan na magkaroon ng teolohikong pagkakaiba sa pagitan ng paggamit ni Pablo ng salitang ito (*thlipsis*) at ni Juan.

A. Paggamit ni Pablo (na nagpapaliwanag ng paggamit ni Hesus)
   1. Mga suliranin, mga kapighatian, kasamaan na kinabibilangan ng isang nalugmok na sanglibutan
      a. Mateo 13:21
      b. Roma 5:3
      c. I Corinto 7:28
      d. II Corinto 7:4
      e. Efeso 3:13
   2. Mga suliranin, mga kapighatian, kasamaang dinulot ng mga di-mananampalataya
      a. Roma 5:3; 8:35; 12:12
      b. II Corinto 1:4,8; 6:4; 7:4; 8:2,13
      c. Efeso 3:13
      d. Filipos 4:14
      e. I Tesalonica 1:6
      f. II Tesalonica 1:4
   3. Mga suliranin, mga kapighatian, kasamaan sa pagwawakas ng panahon
      a. Mateo 24:21,29
      b. Marcos 13:19,24
      c. II Tesalonica 1:6-9

B. Paggamit ni Juan
   1. Si Juan ay gumawa ng tiyak na pagkakaiba sa pagitan ng *thlipsis* at *orgē* o *thumos* (poot) sa Pahayag. *Thlipsis* ay kung ano ang ginagawa ng mga di-mananampalataya sa mga mananampalataya at *orgē* at *thumos* ay kung ano ang ginagawa ng Diyos sa mga di-mananampalataya.
      a. *thlipsis* - Pahayag 1:9; 2:9-10,22; 7:14
      b. *orgē* - Pahayag 6:16-17; 11:18; 16:19; 19:15
      c. *thumos* - Pahayag 12:12; 14:8,10,19; 15:2,7; 16:1; 18:3
   2. Si Juan ay gumagamit din ng salitang ito sa kanyang Ebanghelyo upang ipaliwanag ang mga suliranin ng mga mananampalataya na kinakaharap sa bawat panahon - Juan 16:33.

**5:3,4 "katiyagaan"** Ang salitang ito ay nangangahulugang "sariling kalooban," "masigla," "palagian," "katatagan." Ito ay isang salita na maiuugnay sa kapwa pagtitiis ng mga tao, gayundin naman ang mga pangyayari. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 8:25.

**5:4**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ang pagpapatunay"** |
| **NKJV, NRSV** | **"ang katangian"** |
| **TEV** | **"pagpayag ng Diyos"** |
| **NJB** | **"nasubok na katangian"** |

Sa LXX ng Genesis 23:16; I Hari 10:18; I Cronica 28:18 ang salitang ito ay ginamit sa pagsusubok ng mga bakal para sa kadalisayan at pagkatotoo (cf. II Corinto 2:9; 8:2; 9:13; 13:3; Filipos 2:22; II Timoteo 2:15; Santiago 1:12). Ang mga pagsusulit ng Diyos ay palagiang para sa pagpapalakas (cf. Hebreo 12:10-11)! Tingnan ang Natatanging Paksa: Pasusulit (pagsubok) sa 2:18.

**NATATANGING PAKSA: KRISTIYANONG PAGLAGO**

| <u>**Roma 5:3-4**</u> | <u>**Galacia 5:22-23**</u> | <u>**Santiago 1:3-4**</u> | <u>**II Pedro 1:5-7**</u> |
|---|---|---|---|
| Ang pighati ay Nagdudulot ng | Bunga ng Espiritu | Ang pagsubok ay nagbubunga ng | Paggamit ng kasigasigan |
| * pagtitiyaga | * pag-ibig | * tatag | * mataas na uri ng moralidad |
| * napatunayang katangian | * kaligayahan | * paglago | * kaalaman |
| * pag-asa (cf. v. 2) | * kapayapaan | 1. pagkamatapat | * pagtitimpi |
| | * pagtitiis | 2. Pagiging lubos | * pagtitiyaga |
| | * kabaitan | | * kabanalan |
| | * kabutihan | | * kabaitan sa kapwa (*philadelphia*) |
| | * katapatan | | * Kristiyanong pag-ibig (*agapē*) |
| | * kaamuhan | | |
| | * pagtitimpi | | |

**5:5 "ang pagasa ay hindi humihiya"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa isang Hebreong kataga (i.e., pagkahiya, cf. Awit 25:3,20; 31:1,17; 119:116; Isaias 28:16 [sinipi sa Roma 9:33]; Filipos 1:20).

▣ **"sapagka't ang pag-ibig ng Diyos ay nabubuhos sa ating mga puso"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG; sa literal, "Ang pag-ibig ng Diyos ay umiiral at nagpapatuloy na ibuhos." Ang PANDIWANG ito ay kadalasang ginagamit sa Banal Espiritu (cf. Gawa 2:17,18,33; 10:45 at Tito 3:6), na maaaring magpaliwanag ng Joel 2:28-29 (Isaias 32:15).

Ang DYENITIBO PARIRALA, "ang pag-ibig ng Diyos" sa gramatika ay maaaring tumukoy sa (1) ating pag-ibig para sa Diyos o (2) pag-ibig ng Diyos para sa atin (cf. Juan 3:16; II Corinto 5:14). Ang ikalawang bilang ang tanging opsyon sa konteksto.

▣ **"pamamagitan ng Banal na Espiritu na ibinigay sa atin"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay kadalasang ginagami upang ipahayag ng kinatawan ng Diyos. Ipinapahiwatig nito na ang mga mananampalataya ay hindi kinakailangan ang higit sa Espiritu. Sila ay alinman sa Espiritu o sila ay hindi Kristyano (cf. 8:9). Ang pagkakaloob ng Espiritu ay ang tanda ng Bagong Panahon (cf. Joel 2:28-29), ang Bagong Tipan (kasunduan) (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-32).

▣ Pansinin ang presensiya ng tatlong banal na Persona ng Trinidad sa talataang ito.

1. Ang Diyos, vv. 1,2,5,8,10
2. Si Hesus, vv. 1,6,8,9,10
3. ang Espiritu, v. 5

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 8:11.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 5:6-11**

**6Sapagka't nang tayo ay mahihina pa ay namatay si Kristo sa kapanahunan dahil sa mga
masama. 7Sapagka't ang isang tao'y bahagya nang mamatay dahil sa isang taong matuwid: bagama't
dahil sa isang taong mabuti marahil ay may mangangahas mamatay. 8Datapuwa't ipinagtatagubilin
ng Diyos ang kaniyang pag-ibig sa atin, na nang tayo'y mga makasalanan pa, si Kristo ay namatay
dahil sa atin. 9Lubha pa nga ngayong inaaring-ganap sa pamamagitan ng kaniyang dugo, ay
mangaliligtas tayo sa galit *ng Diyos* sa pamamagitan niya. 10Sapagka't kung, noong tayo'y mga
kaaway ay pinakipagkasundo tayo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng kaniyang Anak, lubha
pa, ngayong nangagkakasundo na, ay mangaliligtas tayo sa kaniyang buhay; 11At hindi lamang
gayon, kundi tayo'y nangagagalak naman sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesukristo,
na sa pamamagitan niya'y tinamo natin ngayon ang pagkakasundo.**

**5:6**
**NASB "Sapagka't nang tayo ay mahihina pa"**
**NKJV "sapagkat nang tayo pa ay walang lakas"**
**NRSV "habang nang tayo pa ay mahihina"**
**TEV "habang nang tayo pa ay walang magawa"**
**NJB "nang tayo pa ay walang magawa"**

Ang PANDIWANG ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANDIWARI. Ito ay tumutukoy sa nalugmok na kalikasan ni Adan ng sangkatauhan. Ang mga tao ay walang kapangyarihan laban sa kasalanan. Ang PANGHALIP na "tayo" ay nagpapaliwanag at naghahalintulad sa inilalarawang ng PANGNGALAN sa v. 6b "laban sa Diyos," 8 "mga makasalanan," at v. 10 "mga kaaway." Ang mga talata 6 at 8 ay magkatulad sa teolohiya at sa kayarian.

Pansinin ang paghahalintulad:

| | ① | ② | ③ |
|---|---|---|---|
| v. 6 | Tayo ay walang magawa | Si Kristo ay namatay para sa mga makasalanan | --- |
| v. 8 | Tayo ay mga makasalanan | Si Kristo ay namatay para sa atin | --- |
| v. 9 | --- | sa pamamagitan ng Kanyang dugo | Ngayon ay nagtamo ng pag-aaring-ganap |
| v. 10 | Tayo ay mga kaaway | ang kamatayan ng Kanyang Anak | Nakatanggap ng pagkakasundo |

Ang mga pangunahing mga katotohanan ay inulit upang magbigay-diin.

1. Ang ating pangangailangan
2. Ang pagkakaloob (probisyon) ni Kristo
3. Ang ating bagong katatayuan

▣

**NASB, NRSV "sa kapanahunan"**
**NKJV "sa takdang panahon"**
**TEV "sa panahong pinili ng Diyos"**
**NJB "sa Kanyang itinakdang pagkakataon"**

Ito ay maaaring tumukoy sa pangkasaysayan sa:

1. Ang Romanong kapayapaan (at mga daan) na nagpapahintulot ng walang-bayad na paglalakbay
2. Ang Griyegong wika na pinahihintulot na gamiting sa pakikipag-usap sa ibang kultura
3. Ang paglipas ng mga Griyego at Romanong diyus-diyosan ay nagdudulot ng isang pag-aasam, espirituwal na pagkagutom ng mundo (cf. Marcos 1:15; Galacia 4:4; Efeso 1:10; Tito 1:3)

Sa teolohiya, ang pagkakatawang-tao ay isang ipinanukala, pang-Diyos na pangyayari (cf. Lucas 22:22; Gawa 2:23; 3:18; 4:28; Efeso 1:11).

**5:6,8,10 "namatay si Kristo. . .sa mga masama"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Tinatanaw nito ang buhay at kamatayan ni Hesus bilang isang pinag-kaisang pangyayari. "Si Hesus ang nagbayad sa pagkakautang na hindi niya inutang at tayo ang may pagkakautang na hindi nating mababayaran" (cf. Galacia 3:13; I Juan 4:10).

Ang kamatayan ni Kristo ay isang umuulit na paksa sa mga sulat ni Pablo. Gumamit siya ng maraming magkakaibang mga salita at mga parirala na tumutukoy sa paghaliling kamatayan ni Hesus.

1. "dugo" (cf. 3:25; 5:9; I Corinto 11:25,27; Efeso 1:7; 2:13; Colosas 1:20)
2. "ipinagkaloob Niya ang Kanyang sarili" (cf. Efeso 5:2,25)
3. "muling nabuhay" (cf. Roma 4:25; 8:32)
4. "alay" (cf. I Corinto 5:7)
5. "namatay" (cf. Roma 5:6; 8:34; 14:9,15; I Corinto 8:11; 15:3; II Corinto 5:15; Galacia 5:21; I Tesalonica 4:14; 5:10)
6. "krus" (cf. I Corinto 1:17-18; Galacia 5:11; 6:12-14; Efeso 2:16; Filipos 2:8; Colosas 1:20; 2:14)
7. "pagpapapako sa krus" (cf. I Corinto 1:23; 2:2; II Corinto 13:4; Galacia 3:1)

Ang PANG-UKOL bang *huper* sa kontekstong ito ay nangangahulugan ng

1. pagkatawan, "sa ngalan natin"
2. paghalili, "sa ating kalalagayan"

Kadalasang ang pangunahing kahulugan ng *huper* na may DYENITIBO ay "sa ating kalalagayan" (Louw at Nida). Ipinahahayag nito ang ilang pakinabang na idinadagdag sa mga tao (*The New International dictionary of New Testament Theology*, tomo 3, p. 1196). Gayunman, *huper* ay walang diwa ng *anti*, na nangangahulugang "sa lugar ng," sa gayon ay tumutukoy sa teolohiya sa isang panghaliling katubusan alang-alang sa iba (cf. Marcos 10:45; Juan 11:50; 18:14; II Corinto 5:14; I Timoteo 2:6). Si M. J. Harris (NIDNTT, tomo 3, p. 1197) ay sinabi na, "ngunit bakit hindi kailanman sinabi ni Pablo na si Kristo ay namatay na *anti hēmōn* (I Timoteo 2:6 ang pinakamalapit sa kanyang pagdating–*antilutron huper pantōn*)? Marahil dahil sa ang panlaping. *huper*, di tulad ng *anti*, may maaaring magkasapay na ipahayag ang pagkatawan at paghalili."

Si M. R. Vincent, *Word Studies*, tomo 2, ay sinabing

> "Ito ay maraming pagtatalo kung ang *huper*, sa ngalan natin, ay palaging itinutumbas sa *anti*, sa halip na. Ang mga klasikong manunulat ay nakakakita ng mga pagkakataon na ang mga kahulugan ay maaaring magpalitan. . .Ang kahulugan ng talatang ito, gayunman, ay lubhang walang katiyakan na hindi ito maisisipi nang walang kinikilingan sa mga katibayan. Ang pang-ukol ay mayroong isang lokal na kahulugan, *sa ibabaw* ng patay. Wala sa mga talatang ito ang maaaring ipalagay na tiyakan. Ang ang pinaka masasabi na ang *huper* ay nasa hangganan ng kahulugan ng . *Sa halip na* ay inihihimok na malawak sa dogmatikong larangan. Ang pinaka nakakarami sa mga talata, ang pagkaunawa ay maliwanag na *para sa kapakanan*, *sa ngalan ng*. Ang tunay na paliwanag na tila katulad noon, sa mga talatang ang pangunhanin sa tanong, sila,

na binabanggit, na kaugnay sa kamatayan ni Kristo, tulad dito, Galacia 3:13; Roma 14:15; I Pedro 3:18, ang *huper* ay ipinapakilala ang mas tiyak at pangunahing proposiyon–si Kristo ay namatay para sa atin–na nag-iiwang ng katangi-tanging pagkaunawa sa 'sa ngalan ng' hindi tiyak, at maipagkakasundo sa iba pang mga talata. Ang kahulugan ng *sa halip na* ay maaaring maisama dito, ngunit sa pangangatuwiran lamang" (p. 692).

**5:7** Ang talatang ito ay nagpapakita ng pag-ibig ng tao habang ang talata 8 ay nagpapakita ng pag-ibig ng Diyos!

▣
**NASB, NKJV,**
**TEV "sa isang taong matuwid"**
**NRSV "sa isang matuwid na tao"**
**NJB "para sa isang mabuting tao"**

Ang salitang ito ay ginamit sa katulad na pagkaunawa kina Noah at Job bilang matuwid o taong walang kapintasan. Sinusunod nila ang mga hinihingi ng relihiyon. Ito ay hindi nagpapahiwatig ng kawalan ng kasalanan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17.

**5:8 "ipinagtatagubilin ng Dios ang kaniyang pag-ibig"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG (cf. 3:5). Ipinadala ng Ama ang Anak (cf. 8:3,32; II Corinto 5:19). Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi madamdamin, ngunit nakabatay sa pagkilos (cf. Juan 3:16; I Juan 4:10) at hindi magbabago.

▣ **"na nang tayo'y mga makasalanan pa"** Nakakagulat na isipin nating na ang pag-ibig ng Diyos ay naihayag sa "mga makasalanan," hindi sa mga maka-Diyos na tao o mga tao ng isang partikular na bansang pinagmulan, ngunit sa mga rebelde! Ang biyaya, hindi kagalingan, ay ang saligang katotohanan! Ninanais pa rin ng Diyos ang pakikipag-ugnayan sa mga tao. Ito ay ang Kanyang di-nagbabagong katangian na nagbibigay sa atin ng kapayapaan at pag-asa (cf. Exodo 34:6; Nehemia 9:17; Awit 103:8; 145:8).

**5:9 "Lubha pa nga"** Ito ay isa sa mga itinatanging mga pahayag ni Pablo (cf. vv. 10,15,17). Kung ang Diyos ay inibig ang mga mananampalataya nang lubusan kahit na sila pa ay mga makasalanan, gaanong higit na pag-ibig Niya ngayon sa kanila na Kanyang mga anak (cf. 5:10; 8:22).

▣ **"ngayong inaaring-ganap"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI, na nabibigay-diin sa pag-aaring-ganap bilang isang natapos na gawain na naisakatuparan ng Diyos. Inuulit ni Pablo ang katotohanan sa v. 1. Pansinin din ang pagkakatulad sa pagitan ng mga salitang "inaring-ganap" (v. 9) at "nagkasundo" (vv. 10-11).

▣ **"sa pamamagitan ng kaniyang dugo"** Ito ay may sanggunian sa pag-aalay na kamatayan ni Kristo (cf. 3:5; 4:25; Marcos 10:45; II Corinto 5:21). Ang konspetong ito ng pag-aalay, isang walang-kasalanang buhay na ibinigay sa kalalagayan ng may-kasalanang buhay, ay maibabalik sa Levitico 1-7 at maaaring sa Exodo 12 (ang tupa ng Paskuwa), at ginamit sa teolohiya kay Hesus sa Isaias 53:4-6. Ito ay yumabong sa isang Kristolohikong pagkaunawa sa aklat ng Hebreo (cf. chaps. 9-10). Ang Hebreo sa katunayan sa pinaghahambing ang Luma at Bagong Tipan sa ilang bilang ng mga paksa.

▣ **"mangaliligtas tayo"** Ito ay PANGHINAHARAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG (cf. v. 10). Tinutukoy nito ang aling lubusang kaligtasan, na tinawatag na "pagluluwalhati" (cf. v. 2; 8:30, I Juan 3:2).

Inilalarawan ng NT ang kaligtasan sa lahat ng mga panahunan ng PANDIWA.

1. Isang natapos na gawa (AORIST), Gawa 15:11; Roma 8:24; II Timoteo 1:9; Tito 3:5
2. Nakalipas na gawa na nagduduloy ng isang pagkasalukuyang kalalagayan (GANAP), Efeso 2:5,8
3. Nagpapatuloy na pamamaraan (PANGKASALUKUYAN), I Corinto 1:18; 15:2; II Corinto 2:15; I Tesalonica 4:14; I Pedro 3:21
4. Panghinaharap na kalubusan (PANGHINAHARAP), Roma 5:9,10; 10:9.

Tingnan ang Natatanging Paksa sa 10:4. Ang kaligtasan ay nagsisimula sa isang panimulang pagpapasya (cf. 10:9-13; Juan 1:12; 3:16) ngunit nagpapatuloy sa isang bawat-sandaling pakikipag-ugnayan na sa isang araw ay malulubos (o mapupuspos). Ang konseptong ito ay kadalasang inilalarawan sa pamamagitan ng tatlong teolohikong mga salita.

1. Pag-aaring-ganap, na nangangahulugangang "pinalaya mula sa kabayaran ng kasalanan"
2. Pagpapaging-banal, na nangangahulugang "pinalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan"
3. Pagluluwalhati, na nanganganhuluang "pinala mula sa kinaroroonan ng kasalanan"

Ito ay karapat-dapat na pansinin na ang pag-aaring-ganap at pagpapaging-banal ay kapawa mapag-biyayang pagkilos ng Diyos, na ipinagkaloob sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo. Gayunman ang NT ay nagsasabi din ang ang pagpapaging-banal ay isang nagpapatuloy na proseso ng pagiging katulad ni Kristo. Sa dahilang ito, ang mga teologo ay nagpapahayag ng "pagkalagayang pagpapaging-banal" at "nagpapatuloy na pagpapaging-banal." Ito ay ang hiwaga ng walang-bayad ng kaligtasan na inuugnay sa isang maka-Diyos na buhay! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:4.

▣ **"sa poot *ng Diyos*"** Ito ay isang eskatolohikong konteksto. Ipinapahayag ng Bibliya ang dakila, di-karapat-dapat, di-matutumbasang pag-ibig ng Diyos, ngunit maliwanag din ipinapahayag ang palagiang pagsalungat ng Diyos sa kasalanan at paghihimagsik. Nagkaloob ang Diyos ang isang paraan ng kaligtasan at kapatawaran sa pamamagitan ng Kristo, ngunit ang mga tatangi sa Kanya ay nasa ilalim ng poot (cf. 1:18-3:20). Ito ay isang antromorpikong parirala (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:18), ito ay nagpapahayag ng isang katotohanan. Ito ay isang kakila-kilabot na bagay na mailalatag sa kamay ng isang napopoot na Diyos (Hebreo 10:31).

**5:10 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ang sangkatauhan, ang pangunahing nilikha ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27), ay naging mga kaaway! Ang tao (cf. Genesis 3:5) ay naghangad na mamahala, nagnais na maging mga diyos.

▣ **"pinakipagkasundo tayo sa Diyos. . . ngayong nangagkakasundo na"** Ito ay kapwa isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG at isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang PANDIWANG "nagkasundo" (cf. I Corinto 7:11; II Corinto 5:18,19,20; also note Colosas 1:20) sa orihinal ay nangangahulugang "magpalit." Ipinagpalit ng Diyos ang ating kasalanan para sa katuwiran ni Hesus (cf. Isaias 53:4-6). Naipanumbalik ang kapayapaan (cf. v. 1)!

▣ **"sa pamamagitan ng kamatayan ng kaniyang Anak"** Ang ebanghelyo ng kapatawaran ay nakasandig sa

1. pag-ibig ng Diyos (cf. Juan 3:16)
2. gawain ni Kristo (8:32; Galacia 1:4; 2:20)
3. pag-uudyok ng Espiritu (Juan 6:44,65),
4. pananampalataya/pagsisising pagtugon ng isang indibidwal (Marcos 1:15; Juan 1:12; Gawa 20:21)

Wala nang iba pang paraan upang maging matuwid sa Diyos (cf. 10:1-2,7-8; Juan 14:6; Gawa 4:12; I Timoteo 2:5). Ang katiyakan ng kaligtasan ay nakabatay sa katangian ng Trinidad na Diyos (cf. Exodo

34:6; Nehemia 9:17; Awit 103:8; 145:8), hindi sa pagsusumikap ng tao! Ang kabalintunaan ay ang pagsusumikap ng tao na pagkatapos ng kaligtasan ay isang katunayan ng isang walang-bayad na kaligtasan (cf. Santiago at I Juan).

▣ **"mangaliligtas tayo"** Ipinapahayag ng NT ang kaligtasan bilang nakalipas, kasalukuyan, at hinaharap. Dito, ang hinatarap ay tumutukoy sa ating lubusan, ganap na kaligtasan sa Pangalawang Pagdating (cf. I Juan 3:2). Tingnan ang Tala sa v. 9 at sa Natatanging Paksa sa 10:13.

▣ **"sa kaniyang buhay"** Ang Griyegong salita para sa buhay ay *zoa*. Ang salitang ito sa mga sulat ni in Juan sa palaging tumutukoy muling pagkabuhay, walang hanggang buhay, o kahariang buhay. Si Pablo ay ginamit din ito sa teolohikong pagkakaunawa. Ang kahulugan ng kontekstong ito ay nang binayaran ng Diyos ng malaking halaga para sa kapatawaran ng mga mananampalataya, may katiyakang ipagpapatuloy niya ang bisa (pag-iral) nito.

"Ang buhay" ay maaaring tumukoy sa kahit alinman sa

1. muling pagkabuhay ni Hesus (cf. 8:34; I Corinto 15)
2. mapagkalingang gawain ni Hesus (cf. 8:34; Hebreo 7:25; I Juan 2:1)
3. Ang pagbuo ng Espiritu kay Kristo sa atin (cf. Roma 8:29; Galacia 4:19)

Binigyang-diin ni Pablo ang buhay at kamatayan sa mundo ni Hesus gayundin ang Kanyang linuwalhating buhay (pag-akyat sa langit, Gawa 1) ay mga batayan ng ating pagkakasundo.

**5:11 "At hindi lamang gayon, kundi"** Tingnan ang Tala sa talata 3.

▣ **"tayo'y nangagagalak naman"** Tingnan ang Tala sa 5:2. Ito ay ang pangatlong paggamit ng "magalak" (magmataas) sa kontekstong ito.

1. Magalak sa pag-asa ng kaluwalhatian, v. 2
2. Magalak sa kapighatian, v. 3
3. Magalak sa pagkakasundo, v. 11

Ang salungat na pagmamayabang ay makikita sa 2:17 at 23!

▣ **"inamo natin ngayon ang pagkakasundo"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, isang natapos na pagkilos. Ang pagkakasundo sa mga mananampalataya ay ("magpalit") ay tinatalakay din sa v. 10 at II Corinto 5:18-21; Efeso 2:16-22; Colosas 1:19-23. Sa kontekstong ito, ang "pagkakasundo" ay ang teolohikong kasingkahulugan ng "pag-aaring-ganap."

**TALATA SA NASB (BINAGO): 5:12-14**

**12 Kaya, kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan, at ang kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito'y ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga tao, sapagka't ang lahat ay nangagkasala—13 Sapagka't ang kasalanan ay nasa sanglibutan hanggang sa dumating ang kautusan: nguni't hindi ibinibilang ang kasalanan kung walang kautusan. 14 Bagaman ang kamatayan ay naghari mula kay Adan hanggang kay Moises, kahit doon sa hindi nangagkasala man ng tulad sa pagsalangsang ni Adan, na siyang anyo niyaong darating.**

**5:12 "Kaya"** Ang Roma ay maraming mga mahusay na pagkakalagay na "kaya (samakatuwid)" (cf. 5:1; 8:1; 12:1). Ang pangkahulugang tanong ay sa kung ano ang kanilang inuugnay. Sila ay maaaring isang paraan ng pagtutukoy sa buong pangangatuwiran ni Pablo. Tiyak na ang isang ito ay nauugnay sa Genesis at, samakatuwid, marahl sa maibabalik sa Roma 1:18-32.

▣ **"kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan"** Ang

lahat ng tatlong MGA PANDIWA sa v. 12 ay mga AORIST NA PANAHUNAN. Ang pagbagsak ni Adan ay nagbunga ng kamatayan (cf. I Corinto 15:22). Ang Bibliya ay hindi tinatalakay ang pinagmula ng kasalanan. Ang kasalanan ay makikita din sa mundo ng mga anghel (cf. Genesis 3 at Pahayag 12:7-9). Kung papaano at kailan ay hindi tiyak (cf. Isaias 14:12-27; Ezekiel 28:12-19; Job 4:18; Mateo 25:41; Lucas 10:18; Juan 12:31; Pahayag 12:7-9).

Ang kasalanan ni Adan ay kinapapalooban ng dalawang aspeto (1) ang pagsuway sa isang partikular na utos (cf. Genesis 2:16-17), at makasariling kayabangan (cf. Genesis 3:5-6). Ipinagpapatuloy nito ang pagkabanggit sa Genesis 3 na nagsimula sa Roma 1:18-32.

Ito ay ang teolohiya ng kasalanan na lubhang maliwanag na inihihiwalay si Pablo mula sa rabinikal na kaisipan. Ang mga rabi ay hindi nakatuon sa Genesis 3; binigyan-diin nila sa halip, ay mayroong dalawang dalawang "layunin" (*yetzers*) sa bawat tao. Ang kanilang tanyag na rabinikal ng kasabihan ay "Sa bawat puso ng tao ay isang itim at isang puting aso. Ang isa na pinapakain mo na mas marami ay magiging pinaka-malaki." Nakita ni Pablo ang kasalanan bilang isang pangunahing hadlang sa pagitan ng banal Diyos at ng Kanyang nilikha. Si Pablo ay hindi isang sistematikong teologo (cf. James Steward's *A Man in Christ*). Siya ay nagbigay ng maraming pinagmulan ng kasalanan (1) pagbagsak ni Adan, (2) panunukso ni Satanas, at (3) nagpapatuloy na pantaong rebelyon (i.e., Efeso 2:2-3).

Sa teolohikong pag-iiba at paghahalintulad sa pagitan ng Adan at Hesus dalawang maaaring implikasyon ang makikita.

1. Si Adan ay totoong pangkasaysayang tao.
2. Si Hesus ay totoong tao.

Kapwa ang katotohanang ito ay pinaninindigan ng bibliya sa mukha ng bulaang mga katuruan. Pansinin ang paulit-ulit na paggamit ng "isang tao" o "ang isa." Ang dalawang paraang ito na tumutukoy kay Adan at Hesus ay ginamit ng labing-isang beses sa kontekstong ito.

▣ **"isang tao"** Ang pagkaraniwang parirala (lit. *henos anthrōpou*) ay ginamit upang ipakilala si Adan (vv. 12,16,17,18,19) o Hesus (vv. 15 [dalawang beses], 17 [dalawang beses], 18,19). Sila ay kapwa kumakatawang sa isang pangkat o kominidad (i.e., "marami," cf. 15 [dalawang beses], 19[dalawang beses]; "lahat," cf. vv. 12,13,18 [dalawang beses]).

▣ **"kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan"** Si Augustino ang unang nagbanggit ng salitang "orihinal na kasalanan." Inilalarawan nito ang kinahinatnan ng mga pagpili ni Adan/Eba sa Genesis 3. Ang kanilang rebelyon ay nakaapekto sa lahat ng linikha. Ang mga tao ay pinalala ng

1. Isang bumagsak ang sistemang pang-mundo
2. Isang personal na manunukso
3. Isang bumagsak na likas

Ang orihinal na kasalanan (vv. 12-14,16a,17) ay bumubuo ng isang pagsasama sa personal na kasalanan (vv. 12d,16b) upang gawing makasalanan ang lahat ng mga tao! Ang kasalanan ay nagbubunga ng "kamatayan" (cf. 1:32; 6:13,16,21,23; 7:5,9,10,11,13,24; 8:13).

Ang Jerome Biblical Commentary (p. 308) ay binabanggit ang tatlong rabinikong tradisyon na tatlong yugto sa kasaysayan.

1. Adan – Moises
2. Moises – Mesias
3. Mesias – eschaton

Kung si Pablo ay iniisip ang ganitong pagkabaha-bahagi, ngayon

1. Adan – Moises (orihinal na kasalanan, walang kautusan ngunit may kamatayan)
2. Moises – Mesias (personal na kasalanan, paglabag sa kautusan)
3. Mesias – (kalayaan mula sa Kautusan/kautusan sa pamamagitan ng biyaya)

▣ **"ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga tao"** Ang pangunahing kahulugan ng talataan ay

ang pagkalahatang kahihinatnan ng kasalanan (cf. vv. 16-19; I Corinto 15:22; Galacia 1:10), na kamatayan.

1. espirituwal na kamatayan – Genesis 2:17; 3:1-24; Isaias 59:2; Roma 7:10-11; Efeso 2:1; Colosas 2:13; Santiago 1:15
2. pisikal na kamatayan – Genesis 3:4-5; 5:1-32
3. walang hanggang kamatayan – Pahayag 2:11; 20:6,14; 21:8

▣ **"sapagka't ang lahat ay nangagkasala"** Ang lahat ng mga tao ay nagkasala kay Adan sa pangkalahatan (i.e., nagmala ng isang makasalanan kalalagayan at isang makasalanan kalikasan.) Dahil dito, bawat tayo ay piniling magkasala ng pansarili at paulit-ulit. Ang Bibliya ay mariin na ang lahat ng mga tao ay mga makasalanan sa kapwa pangkalahatan at pansarili (cf. I Hari 8:46; II Cronica 6:36; Awit 14:1-2; 130:3; 143:2; Kawikaan 20:9; Eclesiastes 7:20; Isaias 9:17; 53:6; Roma 3:9-18,23; 5:18; 11:32; Galacia 3:22; I Juan 1:8-10).

Gayunman, ito ay kailangang sabihin na ang binibigyang-diin sa konteksto (cf. vv. 15-19) ay ang isang pagkilos na nagdulot ng kamatayan (Adan) at isang pagkilos na nagdulot ng buhay (Hesus). Gayunman, ang Diyos ay lubhang inayos ang Kanyang pakikipag-ugnayan sa sangkatauhan na nag pagpapasiya ng tao ay isang napakahalagang aspeto ng "pagkawala" at "pag-aaring-ganap." Ang mga tao ay may kusang pagsasangkot sa kanilang panghinaharap na mga kahihinatnan! Sila ay magpapatuloy na piliin ang kasalanan o piliin nila si Kristo. Hindi nila kayang makaapekto sa dalwang mga pagpiling ito, ngunit may pagkusang maipapakita kung saan sila kabilang!

Ang saling "dahil sa" ay karaniwan, ngunit ang kahulugan nit ay kadalasang pinagtatalunan. Ginamit ni Pablo ang *eph' hō* sa II Corinto 5:4; Filipos 3:12; at 4:10 sa kaunawaan ng "dahil sa." Samakatuwid, lahat at bawat pagpili ng tao ay upang personal na makilahok sa kasalanan at paghihimagsik laban sa Diyos. Ang ilan ay sa pagtanggi ng natatanging kapahayagan, ngunit ang lahat ay sa pagtanggin ng kapahayagan sa kalikasan (cf. 1:18-3:20).

**5:13-14** Ang katulad na katotohanang ito ay tinuro sa Roma 3:20; 4:15 at Gawa 17:30. Ang Diyos ay patas. Ang mga tao ay may pananagutang lamang sa kung ano ang mayroon para sa kanila. Ang talatang ito ay partikular na nagsasabi patungkol sa natatanging kapahayagan (OT, Hesus, NT), hindi ang kapahayagan ng kalikasan (Awit 19:1-6; Roma 1:18-23; 2:11-16).

Pansinin na ang NKJV ay nakikita na paghahalintulad ng v. 12 bilang inihiwalay ng mahabang panaklong (cf. vv. 13-17) mula sa kanyang konklusyon sa vv. 18-21.

**5:14**
**NASB, NKJV,**
**NJB "kamatayan ay naghari"**
**NRSV "kamatayan ay nagpapatupad na kapamahalaan"**
**TEV "kamatayan ay namumuno"**

Ang kamatayan ay namumuno bilang Hari (cf. vv. 17 at 21). Ang pagbibigay ng katauhang ito sa kamatayan at kasalanan bilang malupit ay napanatili sa kabuuan ng kabanatang ito at kabanata 6. Ang pangkalahatang karanasan ng kamatayan ay nagpapatunay ng pagkalahatang kasalanan ng sangkatauhan. Sa mga talata 17 at 21, ang biyaya ay binigyan ng katauhan. Ang biyaya ang naghahari! Ang mga tao ay may pagpili (ang dalawang paraan sa OT, i.e., kamatayan o buhay, cf. Deuteronomio 11:26; 30:1,19), kamatayan o buhay. Sino ang naghahari sa iyong buhay?

▣ **"kahit doon sa hindi nangagkasala man ng tulad sa pagsalangsang ni Adan"** Linabag ni Adan ang isang ipinahayag na utos ng Diyos (i.e., Genesis 2:15-17), kahit na si Eba ay hindi nagkasala sa katulad na paraan narinig Niya kay Adan ang tungkol sa puno, hindi mismo galing sa Diyos. Ang mga tao mula kay Adan hanggang kay Moises ay apektado ng rebelyon ng Adan! Hindi nila linabag ang isang partikular

na utos mula sa Diyos, ngutit ang 1:18-32, na siyang tiyak na bahagi ng teolohikong kontekstong ito, ay nagpapahayag ng katotohanan na linabag nila ang liwanag na kanilang taglay mula pa ng paglalang at samakatuwid ay may pananagutan saDiyos sa paghihimagsik/kasalanan. Ang makasalanan likas ni Adan ay kumalat sa lahat ng kanyang mga anak.

▣

**NASB, NKJV,**
**NRSV** **"na siyang anyo niyaong darating"**
**TEV** **"Si Adan ay anyo ng isang darating"**
**NJB** **"Si Adan ang kaanyuan ng Isang darating"**

Ipinapahayag ito sa isang napaka-tiyak na paraa ng tipolohiyang Adan-Kristo (cf. I Corinto 15:21-22,45-49; Filipos 2:6-8). Sila ay kapwa nakita bilang una sa isang kalipunan, ang pinagmulan ng isang lahi (cf. I Corinto 15:45-49). Si Adan lamang ang taong mula sa OT na partikula na tinawag na isang "tipo" ng NT (para sa "Israel" tingnan ang I Corinto 10:6). Tingnan ang Natatanging Paksa: Anyo (*Tupos*) sa 6:17.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 5:15-17**

**15 Datapuwa't gayon din ang kaloob na walang bayad ay hindi gaya ng pagsuway. Sapagka't kung sa pagsuway ng isa ay nangamatay ang marami, lubha pang sumagana sa marami ang biyaya ng Diyos, at ang kaloob dahil sa biyaya ng isang lalaking si Hesukristo. 16 At ang kaloob ay hindi gaya *ng nangyari* sa pamamagitan ng isang nagkasala: sapagka't ang kahatulan ay dumating sa isang *pagsuway* sa ipagdurusa, datapuwa't ang kaloob na walang bayad *ay dumating* sa maraming pagsuway sa ikaaaring ganap. 17 Sapagka't kung, sa pagsuway ng isa, ay naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa; lubha pang magsisipaghari sa buhay ang nagsisitanggap ng kasaganaan ng biyaya at kaloob ng katuwiran sa pamamagitan ng isa, sa makatuwid baga'y si Hesukristo.**

**5:15-19** Ito ay isang nagpapatuloy na pangangatuwiran na ginangamit ang mga magkakatulad na mga parirala. Ang NASB, NRSV, at TEV ay nahahati sa talataan sa v. 18. Gayunman UBS[4], NKJV, at JB ay isinalin ito bilang isang yunit. Tandaan na ang susi sa pagpapaliwanag ng orihinal na naisin ng may-akda ay isa sa pangunahing katotohanan per talataan.

Pansinin na ang salitang "marami," vv. 15 & 19, ay kasingkahulugan ng "lahat" sa vv. 12 at 18. Ito ay totoo rin sa Isaias 53:11-12 at v. 6. Walang teolohikong pagkakaiba (ang pinili laban sa di-pinili ni Calvin) ay kailangang nakabatay sa mga salitang ito!

**5:15 "ang kaloob na walang bayad"** May dalawang magkakaibang Griyegong mga salita para sa "kaloob" na ginamit sa kontekstong ito—*charisma*, vv. 15,16 (6:23) at *dorea/dorama*, vv. 15, 16, 17 (tingnan ang tala sa 3:24)—ngunit sila ay magkasingkahulugan. Ito ya totoong ang Mabuting Balita patungkol sa kaligtasan. Ito ay isang walang-bayad kaloob mula sa Diyos sa pamamagitan ng Hesukristo (cf. 3:24; 6:23; Efeso 2:8,9) sa lahat ng nananampalataya kay Kristo.

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ang kasalanan ni Adan ay nagdulot ng kamatayan sa lahat mga tao. Ito ay katulad ng v. 17.

▣ **"sumagana"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 15:13.

**5:16 "ipagdurusa. . . ikaaaring ganap"** Ang kapwa salita ay pang-kautusan, at legal. Kadalasang ipinapakilala sa OT ang mensahe ng propeta's mensahe bilang isang tagpuan sa hukuman. Ginagamit ni Pablo ang ganitong anyo (cf. Roma 8:1, 31-34).

**5:17 "kung"** Ito ay isa pang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ang kasalanan ni Adan ay nagbunga ng kamatayan sa lahat mga tao.

▣ **"lubha pa. . .sa buhay ang nagsisitanggap"** Ang mga talatang 18-19 ay hindi tiyak na may teolohikong pagtimbang (balanse). Ang pariralang ito ay hindi maiaalis mula sa konteksto ng Roma 1-8 at ginamit bilang isang patunay na teksto para sa pangkalahatan m (na ang lahat ay maliligtas sa katapusan). Ang mga tao ay kailangang tanggapin ang (v. 17b) pag-aalay sa Diyos kay Kristo. Ang kaligtasan ay para sa lahat, ngunit kailangang tanggaping pansarili (cf. Juan 1:12; 3:16; Roma 10:9-13).

Ang isang gawa ng rebelyon ni Adan ay nagdulot ng buong rebelyon sa lahat ng mga tao. Ang isang gawa ng makasalanan ay napalaki! Ngunit kay Kristo ang isang matuwid na pag-aalay ay napalaki upang magtakip ng maraming indibidwal na mga kasalanan gayundin ang pagkalahatang epekto ng kasalanan. Ang "lalong higit" na gawa ni Kristo ay binigyang-diin (cf. vv. 9,10,15,17). Ang biyaya ay nananagana!

**5:17,18 "kaloob ng katuwiran. . .magsisipaghari sa buhay. . . ikaaaring-ganap ng buhay"** Si Hesus ay ang kaloob ng Diyos at ang panustos sa laht ng pangangailangang espirituwa ng bumagsak na sangkatauhan (cf. I Corinto 1:30). Ang mga magkakatulad ng mga parirala ay nangangahulugang

1. ang makasalanang sangkatauhan ay pinagkalooban ng matuwid na kalalagayan sa Diyos sa pamamagitan ng natapos na gawain ni Kristo na nagbubunga ng isang "maka-Diyos na buhay"
2. ang pariralang ito ay kasingkahulugan ng "walang hanggang buhay"

Ang konteksto ay tinataguyod ang unang pamimilian. Para sa pag-aaral ng salita sa katuwiran Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17.

Ang PANDIWA "naghahari" ay ginamit ng maraming beses sa kontekstong ito.

1. "kamatayan ang naghari mula kay Adan hanggang kay Moises," v. 14 (AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG)
2. "kamatayan ang naghari sa pamamagitan ng isa," v. 17 (AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG)
3. "lalong higit ang tumanggap ng kasaganahan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran ang maghahari sa buhay," v. 17 (PANGHINAHARAP TAHAS NA MAY PAHIWATIG)
4. "kasalanan ang naghari sa kamatayan," v. 21 (AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG)
5. "ang biyaya ay maghahari," v. 21 (AORIST NA TAHAS NA MAY PASAKALI)
6. "huwang mong hayaan na maghari ang kasalanan," 6:12 (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS)

Ang pagbibigay-buhay sa kasalanan at kamatayan laban sa kaloob ng biyaya ay isang makapangyarihang paraan upang ipahayag ang teolohikong katotohanan!

**NATATANGING PAKSA: PAMAMAHALA SA KAHARIAN NG DIYOS**

Ang konsepto ng pamamahala kasama si Kristo ay bahagi ng mas malaking kauriang teolohiko na tinatawag na "ang Kaharian ng Diyos." Ito ay isang pagpapatuloy mula sa konsepto sa OT ng Diyos bilang tunay na hari ng Israel (cf. I Samuel 8:7). Siya na namahala sa simbulo (I Samuel 8:7; 10:17-19) sa pamamagitan ng isang nagmula sa lahi ni Judah (cf. Genesis 49:10) at sa pamilya ni Jessie (cf. II Samuel 7).

Si Hesus ang katuparan ng propesiya patungkol sa Mesias. Pinasinayaan Niya ang Kaharian ng Diyos sa Kanyang pagkakatawang-tao sa Betlehem. Ang Kaharian ng Diyos ay naging pangunahing sandigan ng pangangaral ni Hesus. Ang Kaharian ay lubusang damating sa Kaniya (cf. Mateo 10:7; 11:12; 12:28; Marcos 1:15; Lucas 10:9,11; 11:20; 16:16; 17:20-21).

Gayunman, ang Kaharian ay isa ring panghinaharap (eskatolohiko). Ito ay nandito na ngunit wala pang kaganapan (cf. Mateo 6:10; 8:11; 16:28; 22:1-14; 26:29; Lucas 9:27; 11:2; 13:29; 14:10-24; 22:16,18). Si

Hesus ay dumating sa unang pagkakataon bilang isang nagdurusang lingkod (cf. Isaias 52:13-53:12); bilang mapagbakumbaba (cf. Zacarias 9:9) ngunit Siya ay babalik bilang Hari ng mga (cf. Mateo 2:2; 21:5; 27:11-14). Ang konsepto ng "pamamahala" ay tiyakang isang bahagi ng "pang-kaharian" teolohiya. Ang Diyos ang nagbigay ng kaharian sa mga tagasunod ni Hesus (tingnan ang Lucas 12:32).

Ang konsepto ng pamamahala ni Kristo ay may maraming mga aspeto at mga tanong.

1. Ang mga talata ba ng nagbibigay-diin na ang Diyos ay nagbigay sa mga mananampalataya ng "kaharian" sa pamamagitan ni Kristo ay tumutukoy sa "pamamahala" (cf. Mateo 5:3,10; Lucas 12:32)?
2. Ang mga salita ba ni Hesus sa orihinal na mga alagad sa konteksto ng unang siglong Hudyo ay tumutukoy lahat sa mga mananampalataya (cf. Mateo 19:28; Lucas 22:28-30)?
3. Ang pagbibigay-diin ba ni Pablo sa pamamahala sa kasalukuyang buhay ay sumasalungat o humuhusto sa mga talata sa itaas (cf. Roma 5:17; I Corinto 4:8)?
4. Paano naging magkaugnay ang pagdurusa at pamamahala (cf. Roma 8:17; II Timoteo 2:11-12; I Pedro 4:13; Pahayag 1:9)?
5. Ang umuulit na paksa ng Pahayag is sharing the glorified Kristo's reign, but that reign is
   a. Pang-mundo, 5:10
   b. milenyo, 20:5,6
   c. walang hanggan, 2:26; 3:21; 22:5 at Daniel 7:14,18,27

**TALATA SA NASB (BINAGO): 5:18-21**

**18Kaya kung paanong sa pamamagitan ng isang pagsuway ay dumating ang hatol sa lahat ng mga tao sa ipagdurusa; gayon din naman sa pamamagitan ng isang gawa ng katuwiran, ang kaloob na walang bayad ay dumating sa lahat ng mga tao sa ikaaaring-ganap ng buhay.**
**19Sapagka't kung paanong sa pamamagitan ng pagsuway ng isang tao ang marami ay naging mga makasalanan, gayon din sa pamamagitan ng pagtalima ng isa ang marami ay magiging mga matuwid. 20At bukod sa rito ay pumasok ang kautusan, upang ang pagsuway ay makapanagana; datapuwa't kung saan nanagana ang kasalanan, ay nanaganang lubha ang biyaya: 21Upang, kung paanong ang kasalanan ay naghari sa ikamamatay, ay gayon din naman ang biyaya ay makapaghahari sa pamamagitan ng katuwiran sa ikabubuhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Hesukristo na Panginoon natin.**

**5:18**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"gayon din naman sa pamamagitan ng isang gawa ng katuwiran, ang kaloob na walang bayad ay dumating sa lahat ng mga tao sa ikaaaring-ganap ng buhay"** |
| **NKJV** | **"kahit na sa pamamagitan ng matuwid na gawa ng isang Tao ang walang-bayad na kaloob ay dumating sa lahat ng tao"** |
| **NRSV** | **"dahil dito ang matuwid na gawa ang isang tao ay maghahatid sa pag-aaring-ganap at buhay para sa lahat"** |
| **TEV** | **"sa katulad na paraan ang matuwid na gawa ay nagpalaya sa lahat ng tao at nagkaloob sa kanila ng"** |
| **NJB** | **"dahil dito, ang mabuting gawa ng isang tao ay nagdulot sa bawat-isa ng buhay at sila ay inarin-ganap"** |

Hindi nito sinasabing ang bawat-isa ay maliligtas (pankalahatan). Ang talatang ito ay hindi maaaring ipaliwanag na hiwalay sa mensahe ng aklat ng Roma at sa malapit nakonteksto. Ito ay tumukoy sa isang potensyal na kaligtasan ng lahat mga tao sa pamamagitan ng buhay/kamatayan/ muling pagkabuhay ni Hesus. Ang sangkatauhan ay kailangang tumugon sa paghahandog ng sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya (cf. Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21). Ang Diyos ang palaging

nagsisimula (cf. Juan 6:44,65), ngunit pinili Niya na ang bawat-isa ay kailangang tumugong pansarili (cf. Mateo 11:28-29; Juan 1:12; 3:16; at Roma 10:9-13). Ang kanyang handog ay pangkalahatan (cf. I Timoteo 2:4,6; II Pedro 3:9; I Juan 2:2), ngunit sa hiwaga ng kasalayan ay maraming nagsasabing "hindi."

Ang "gawa ng katuwiran" ay alinman sa

1. Ang buong buhay na pagsunod ni Hesus at ang katuruan ay lubusang inihayag ng Ama
2. Partikular sa Kanyang kamatayan para sa makasalanan sangkatauhan

Yamang ang buhay ng isang taon ay nakaapekto sa lahat (pangkalahatan sa mga Hudyo, cf. Joshua 7), gayundin naman, ang isang walang-kasalanang buhay ay nakaapekto salahat (Levitico 1-7,16). Ang dalawang gawang ito ay magkatulad, ngunit hindi magkatumbas. Ang lahat ay apektado ng kasalanan ni Adan ngunit ang lahat ay maaaring naapektuhan ng buhay ni Hesus, ang mga mananampalataya lamang na tumanggap ng kaloob ng pag-aaring-ganap. Ang gawa ni Hesus nakaapekto din sa lahat ng kasalanan ng tao, para sa kanila na nanampalataya at tumanggap, sa nakalipas, sa kasalukuyan, at sa hinaharap!

**5:18-19 "ang hatol sa lahat ng mga tao. . . sa lahat ng mga tao sa ikaaaring-ganap ng buhay. . . ang marami ay naging mga makasalanan. . . ng marami ay magiging mga matuwid"** Ang mga magkakatulad na pariral na nagpapakita ng salitang "marami" ay walang pagtatakda ngunit ngunit may kinabibilanang. Ang pagtutulad na ito ay matatagpuan sa Isaias 53:6 "lahat" at 53:11,12 "marami." Ang salita "marami" ay hindi maaaring gamiting sa isang pagkagamit na may pagtatakda upang lagyang ng hangganan ang pag-aalok ng kaligtasan ng Diyos sa lahat sangkatauhan (ang pinili laban sa di-pinili ni Calvin).

Pansinin ang BALINTIYAK NA TINIG ng dalawang MGA PANDIWA. Sili ay tumutukoy sa gawain ng Diyos. Ang mga tao ay nagsala sa pakikipag-ugnayan sa katangian ng Diyos (isang pamantayang nalabag) at sila ay inaring-ganap sa kaugnayan nito sa Kanyang katangian (isang kaloob ng Kanyang biyaya).

**5:19 "pagsuway ng isang tao. . . pagtalima ng Isa"** Ginagamit ni Pablo ang teolohikong kaisipan ng Lumang Tipan sa pangkalahatan. Ang mga pagkilos ng isa ay nakakaapekot sa buong komunidad (cf. Achan sa Joshua 7). Ang pagsuway nina Adan at Eba ay nagbunga ng kahatulan ng Diyos sa lahat ng linikha (cf. Genesis 3). Ang lahat ng linikha ay naapektuhan ng mga kinahinatnan ng rebelyon ni Adan (cf. 8:18-25). Ang mundo ay hindi pareho. Ang mga tao ay hindi magkakatulad. Ang kamatayan ang naging hantungan ng lahat ng nabubuhay sa mundo (cf. Genesis 5). Hindi ito ang mundo na ninanais ng Diyos!

Sa katulad na pangkalahatang diwa ang isang gawain ng pagsunod kay Hesus, ang Kalbaryo, ay nagbunga sa (1) isang bagong pahanon, (2) isang bagong mga mga tao, at (3) isang bagong kasunduan. Ang kumakatawang teolohiya ay tinatawang na "ang tipolohiyang Adan-Kristo" (cf. Filipos 2:6). Si Hesus ang pangalawang Adan. Siya ang bagong simula para sa nalugmok na lahi ng tao.

▣ **"magiging mga matuwid"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17.

**5:20**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"At bukod sa rito ay pumasok ang kautusan, upang ang pagsuway ay makapanagana"** |
| **NKJV** | **"At sa gayon, ang kautusan ay pumasok upang ang kasalanan ay managana"** |
| **NRSV** | **"Ngunit ang kautusan sa pumasok, na ang bunga at pagsasalangsang ay lumaki"** |
| **TEV** | **"Ang Kautusan ay ipinakilala upang ang dumagdag ang paggawa ng masama"** |
| **NJB** | **"Nang dumating ang kautusan, it ay upang lumaki ang mga pagkakataong mahulog"** |

Ang layunin ng Kautusan ay hindi-kailanman upang iligtas ang sangkatauhan ngunit upang ipakita ang pangangailangan at kawalang kakayahan ng nalugmok na sangkatauhan (cf. Efeso 2:1-3) at sa gayo ay dalhin sila kay Kristo (cf. 3:20; 4:15; 7:5; Galacia 3:19, 23-26). Ang Kautusan mabuti, but sangkatauhan ay makasalanan (cf. Roma 7)!

▣ **"nanaganang lubha ang biyaya"** Ito ang pangunahing paksa ni Pablo sa bahaging ito. Ang kasalanan ay nakakatakot at malaganap, ngunit ang biyaya ay nananagana at hinihigitan ang kanyang nakakamatay na lakas! Ito ay isang paraan upang pasiglahin ang unang siglong baguhang iglesiya. Sila ay nakapanaig kay Kristo (cf. 5:9-11; 8:31-39; I Juan 5:4). Ito ay hindi isang pang-aabuso upang lalong magkasala! Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Paggamit ni Pablo ng *Huper* na mga Tambalan sa 1:30.

Tingnan ang Natatanging Paksa sa isang kaugnay na salit (managana) na ginamit sa v. 15 at Roma 15:13.

**5:21** Kapwa ang "kasalanan" at ang "biyaya" ay binagyang buhay bilang mga hari. Ang kasalanan ay naghahari sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkalahataing kamatayan (vv. 14, 17). Ang biyaya ay naghahari sa pamamagitan ng kapangyariha ng itinuring na katuwiran sa pamamagitan ng natapos na gawa ni Hesukristo at pananampalataya at pagsisising personal na pagtugon ng mga mananampalataya personal sa ebanghelyo.

Bilang mga bagong tao ng Diyos, bilang katawang ni Kristo, mga Kristyano ay maghahari din kasama si Kristo (cf. 5:17; II Timoteo 2:12; Pahayag 22:5). Ito ay makikita sa pang-mundo o milenyong paghahari (cf. Pahayag 5:9-10; 20). Ang Bibliya ay nagsasabi din ng katulad na katotohanan sa pamamagitang ng pagbibigay-diin na ang Kaharian ay ibinigay sa mga binanal (cf. Mateo 5:3,10; Lucas 12:32; Efeso 2:5-6). Tingnan ang Natatanging Paksa: Paghahari sa Kaharian ng Diyos sa 5:17,18.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bigyang kahulugan ang "katuwiran" ng Diyos
2. Ano ang teolohikong pagkakaiba sa pagitan ng "pangkakalagayang pagpapaging-banal" at "nagpapatuloy na pagpapaging-banal"?
3. Tayo ba ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya o pananampalataya (cf. Efeso 2:8-9)?
4. Bakit nagdurusa ang mga Kristiyano?
5. Tayo ba ay naligtas o naliligtas o maliligtas?
6. Tayo ba ay mga makasalanan dahil sa tayo ay nagkasala, o tayo ba ay nagkakasala dahil sa tayo ay mga makasalanan?
7. Papaanong ang mga salitang "inaring-ganap," "naligtas" at "napagkasundo" ay may kaugnaya sa kabanatang ito?
8. Bakit pinanghahawakan ng Diyos na ako ay may pananagutan paras sa ibang taoong nagkasala na nabuhay sa nakaraang limang libong taon (vv. 12-21)?
9. Bakit ang lahat ay namatay sa pagitan ng Adan at Moises kung ang kasalanan ay hindi ibinibilang sa yugtong iyon (vv. 13- 14)?
10. Magkasingkahulugan ba ang mga salitang "lahat" at "marami" (vv. 18-19, Is. 53:6, 11-12)?

# MGA TAGA-ROMA 6

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
| Kamatayan sa Kasalanan ngunit Pagkabuhay kay Kristo | Kamatayan sa Kasalanan, Pagkabuhay sa Diyos | Pagkamatay at Pagbangon kay Kristo | Kamatayan sa Kasalanan ngunit Pagkabuhay kay Kristo | Bautismo |
| 6:1-11 | 6:1-14 | 6:1-4 | 6:1-4 | 6:1-7 |
| | | 6:5-11 | 6:5-11 | |
| | | | | 6:8-11 |
| | | | | Kabanalan, hindi Kasalanan ang maging Panginoon |
| 6:12-14 | | 6:12-14 | 6:12-14 | 6:12-14 |
| Mga Alipin ng Katuwiran | Mula sa Pagiging Alipin ng Kasalanan hanggang sa Pagiging Alipin ng Diyos | Ang Dalawang Pagkaalipin | Mga Alipin ng Katuwiran | Ang Kristiyano ay Malaya na sa Pagkaalipin ng Kasalanan |
| 6:15-23 | 6:15-23 | 6:15-19 | 6:15-19 | 6:15-19 |
| | | | | Ang Gantimpala ng Kasalanan at ang Gantimpala ng Pagiging Matuwid |
| | | 6:20-23 | 6:20-23 | 6:20-23 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)

A. Ang kabanatang 6:1-8:39 ay bumubuo ng isang yunit kaisipan (pampanitikang yunit) na nauugnay sa ugnayan ng Kristiyano sa kasalanan (i.e., pagpapaging-banal). Ito ay isang napakahalahag isyu dahil sa ang ebanghelyo is ay nakabatay sa walang-bayad di-makakayang biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng Kristo (3:21-5:21) ngayon, samakatuwid, papaano nakakaapekto ang kasalanan sa mananampalataya? Ang kabanata 6 ay nakabatay sa dalawang ipinapalagay na mga tanong, vv. 1 at 15. Ang talata 1 ay nauugnay sa 5:20, habang ang v. 15 nauugnay sa6:14. Ang una ay may kaugnayan sa kasalanan bilang isang pamumuhay (PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN), ang pangalawa ay sa pansariling paggawa ng kasalanan (AORIST NA PANAHUNAN). Ito ay maliwanag din na ang vv. 1-14 ay may kaugnayan kalayaan ng mga mananampalataya mula sa pangingibabaw ng kasalanan, habang ang vv. 15-23 ay may kaugnayan sa kalayaan ng mga mananampalataya na maglingkod sa Diyos gayundin sa kanilang nakalipas na paglilingkod sa kasalanan—lubusan, ganap, at buong-puso.

B. Ang pagpapaging-banal ay kapwa (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:4)
   1. Isang kalalagayan (itinuring tulad ng pag-aaring-ganap at kaligtasan, 3:21-5:21)
   2. Isang lumalagong pagiging katulad ni Kristo
      a. 6:1-8:39 ay nagpapahayag ng ganiong teolohikong katotohanan
      b. 12:1-15:13 ay ipinapahayag ito sa pagkilos (praktikal) (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:4)

C. Kadalasang ang mga tagapag-bigay ng kahulugan ay kailangang ihiwalay sa teolohiya ang paksa ng pag-aaring-ganap at pangkalalagayang pagpapaging-banal upang makatulong maunawaan ang kanilang mga biblikal na kahulugan. Sa katotohanan, sila ay magkasabay ng mga gawa ng biyaya (pagkalagayan, I Corinto 1:30; 6:11). Ang pamamaraan sa dalawa ay iisa—Ang biyaya ng Diyos na naisakatuparan sa buhay, kamatayan at muling pagkabuhay/pag-akyat sa langit ni Hesus ay tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. Efeso 2:8-9).

D. Ang kabanatang ito ay nagtuturo ng maaaring lubusang pag-unland (kawalan ng kasalanan, cf. I Juan 3:6,9; 5:18) ng mga anak ng Diyos kay Kristo. Ang kabanata 7 at I Juan 1:8-2:1 ay nagpapakita ng katotohan ng nagpapatuloy pagkakasala ng mga mananampalataya.

   Ang maraming pagtatalo sa papanaw ni Pablo sa kapatawaran (i.e., pag-aaring-ganap sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya) ay nauugnay sa isyu ng moralidad. Ang mga Hudyo ay nagnais makatiyak ng isang maka-Diyos na pamumuhay sa paghingi na ang mga bagong nagbalik-loob na tumalima sa kautusan ni Moises. Ito ay kailangang tanggapin na ang ilan ay gumamit at gumagamit ng mga pananaw ni Pablo bilang isang pang-aabuso sa kalayaan sa kasalanan (cf. vv. 1,15; II Pedro 3:15-16). Naniniwala si Pablo na ang nanananahang Espiritu, hindi isang panlabas na kodigo, ang pagdudulot ng mga tagasunod na maka-Diyos na katulad ni Kristo. Sa katotohanan, ito ang pagkakaiba sa pagitan ng Lumang Tipan (cf. Deuteronomio 27-28) at ng Bagong Tipan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:26-27).

E. Ang Bautismo ay sa karaniwan ay isang pisikal na paglalarawan ng katotohanang espirituwal ng pag-aaring-ganap/pagpapaging-banal. Sa Roma ang kambal ng mga doktrina ng pangkalalagayang pagpapaging-banal (pag-aaring-ganap) at pang-karanasang pagpapaging-banal (pagiging katula ni Kristo) ay kapwa binibigyang-diin. "Inilibing kasama Niya" (v. 4) ay katulad ng "ipinako sa krus na kasama Niya" (v. 6).

F. Ang mga susi upang mapagtagumpayan ng tukso at kasalanan sa buhay Kristiyano ay
   1. Kilalanin mo kung sino ka kay Kristo. Kilalanin mo kung ano ang ginawa Niya sa'yo. Ikaw ay malaya na sa kasalanan! Ikaw ay patay sa kasalanan!
   2. Ipagbigay-sulit/ibilang ang iyong kalalagayan kay Kristo sa iyong mga pang-araw-araw na kalalagayan sa buhay.
   3. Hindi nating pagmamay-ari ang ating sarili! Kailangan nating paglingkura/sundin ang

ating Panginoon. Tayo ay naglilingkod/sumusunod bilang pasasalamant at pag-ibig sa Isa na unang umibig at nagkaloob ng Kanyang sarili para sa atin!

4. Ang buhay ng Kristiyano ay isang higit sa karaniwang buhay. Ito, tulad ng kaligtasan, ay isang kaloob mula sa Diyos kay Kristo. Siya ang nagpasimula nito at nagbigay ng kapangyarihan nito. Kailangan tayong tumugon sa pagsisisi at pananampalataya, kapwa sa pasimula at pang-araw-araw.
5. Huwag mong paglaruan ang kasalanan. Tatakan ito kung ano ito. Tumalikod mula dito; tumakas dito. Huwag mong ilagay ang inyong sarili sa lugar ng tukso.
6. Ang kasalanan sa mananampalataya ay isang pagkagumon na maaaring sirain, ngunit kailangan nito ang pagkaalam sa ebanghelyo, ang presensya ng Espiritu, panahon, pagpupunyagi, at pagkukusa.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 6:1-7**

**1Ano nga ang ating sasabihin? Magpapatuloy baga tayo sa pagkakasala upang ang biyaya ay makapanagana? 2Huwag nawang mangyari. Tayong mga patay na sa pagkakasala, paano nga tayong mabubuhay pa riyan? 3O hindi baga ninyo nalalaman na tayong lahat na mga nabautismuhan kay Kristo Hesus ay nangabautismuhan sa kaniyang kamatayan? 4Tayo nga'y nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan: na kung paanong si Kristo ay nabuhay na maguli sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, ay gayon din naman tayo'y makalalakad sa panibagong buhay. 5Sapagka't kung tayo nga ay naging kalakip *niya* dahil sa kawangisan ng kaniyang kamatayan, ay magkakagayon din naman tayo dahil *sa kawangisan* ng kaniyang pagkabuhay na maguli; 6Na nalalaman natin, na ang ating datihang pagkatao ay kalakip *niyang* napako sa krus, upang ang katawang salarin ay magiba, at nang sa gayo'y huwag na tayong maalipin pa ng kasalanan; 7Sapagka't ang namatay ay ligtas na sa kasalanan.**

**6:1**

**NASB** **"Magpapatuloy baga tayo sa pagkakasala upang ang biyaya ay makapanagana"**
**NKJV** **"Magpapatuloy ba tayo kasalanan upang ang biyaya ay managana"**
**NRSV** **"Magpapatuloy ba tayo kasalanan upang sumagana ang biyaya"**
**TEV** **"Magpapatuloy ba tayong mamuhay sa kasalanan upang ang biyaya ng Diyos ay lumago"**
**NJ** **"Tama ba na dapat tayong manatili sa kasalanan upang hayaan ang biyaya na may mas dakilang saklaw"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PASAKALI. Sa literal, ito ay nagtatanong ng tanong, Ang mga Kristiyano ba ay "mamamalagi sa" o "yayakap sa" kasalanan? Ang tanong na ito ay bumabalik sa 5:20. Si Pablo ay gumagamit ng isang ipinalalagay na tagapag-tutol (diatribe) upang iugnay sa maaaring maling paggamit ng biyaya (cf. I Juan 3:6,9; 5:18). Ang biyaya at awa ng Diyos ay hindi para abusuhin sa isang rebeldeng pamumuhay.

Ang ebanghelyo ni Pablo ng isang walang-bayad kaligtasan bilang kaloob ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. 3:24; 5:15, 17; 6:23) ay nagtataas ng maraming mga tanong patungkol sa katuwiran sa lakad ng buhay. Papaanong ang walang-bayad na kaloob ay magbubunga ng moral pagkamatuwid? Ang pag-aaring-ganap at pagpapaging-banal ay kailangang hindi paghiwalayin (cf. Mateo 7:24-27; Lucas 8:21; 11:28; Juan 13:17; Roma 2:13; James1:22-25; 2:14-26).

Sa puntong ito, hayaan niyo sipiin ko sa F. F. Bruce sa *Peter: Apostle of the Heart Set Free*,

> "ang bautismo ng mga Kristyano ay nagtatatag ng hangganan sa pagitan ng kanilang lumang pag-iral na walang buhay at kanilang bagong buhay kay Kristo: ito ay tanda ng

kanilang kamatayan sa lumang kaayusan, upang para sa mga nabautismuhang Kristiyano na bumalik sa kasalanan ay kahangalan tulad ng isang napalayang alipin na mananatili sa pagkaalipin sa kanyang dating amo (cf. Roma 6:1-4, 15-23) o para sa isang balong babae na manatiling nagpapasakop sa 'ang kautusan ng kaniyang asawang lalaki'" (pp. 281-82, cf. Roma 7:1-6).

Sa aklat ni James S. Stewart, *A Man in Christ*, sinulat niya na:

> "Ang *locus classicus* para sa lahat ang panig ang mga pag-iisip ng apostol ay matatagpuan sa Roma 6. Dito si Pablo, na may kahanga-hangang lakas at pagpupunyagi, inihatid sa tahanan ng puso at budhi ang mga aral na ipinagkaisa kay Hesus sa kanyang kamatayan na paraan ng mananampalataya sa isang lubusan at marahas na pagsira sa kasalanan" (pp. 187-88).

**6:2 "Huwag nawang mangyari"** Ito ay isang di-pangkaraniwang OPTATIBONG anyo na isang gramatikong PANAGANO O MODA na ginamit sa kahilingan o panalangin. Ito ay pangkakanyahang pamamaraan ni Pablo (i.e., Hebraic kataga) sa pagsagot ng isang ipinapalagay na tagapagtutol. Ipinapaliwanag nito ang pagkabigla at pagkasuklam sa hindi pagkakaunawa ng di-mananampalatayang sangkatauhan sa pag-abuso ng biyaya (cf. 3:4,6).

▣ **"Tayong mga patay na sa pagkakasala"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nangangahulugang "tayo ay namatay na." Ang PANG-ISAHAN "kasalanan" ay ginamit ng lubhang madalas sa buong kabanata. Ito ay tila tumutukoy sa aking "makasalanang likas" na minana mula kay Adan (cf. Roma 5:12-21; I Corinto 15:21-22). Kadalasang ginagamit ni Pablo ang konsepto ng kamatayan bilang isang talinghaga upang ipakita ang bagong pakikipag-ugnayan ng mga mananampalataya kay Hesus. Sila ay hindi na napapailalim sa kapangyarihang ng kasalanan.

▣ **"tayong mabubuhay pa riyan"** Sa literal ito ay "lumakad." Ang talinghagang ito ay ginamit upang bigyang-diin ang alinman sa ating pamumuhay sa pananampalataya (cf. Efeso 4:1; 5:2,15) o pamumuhay sa kasalanan (cf. v. 4; Efeso 4:17). Ang mga mananampalataya ay hindi dapat maging masaya sa kasalanan!

**6:3-4 "ay nangabautismuhan. . .ay nangalibing"** Ito ay kapwa AORIST NA BALINTIYAK NA MAY MGA PAHIWATIG. Ang ganitong gramatikong anyo ay kadalasang binibigyang-diin ang isang buong gawain na naisakatupara ng isang panglabas na kinatawang, dito ang Espiritu. Sila ay katulad sa kontekstong ito.

**NATATANGING PAKSA: BAUTISMO**

Si Curtis Vaughan, *Acts*, ay may isang nakakawiling tala sa p. 28.

> "Ang Griyegong salita para sa 'na-bautismuhan' ay isang pangatlong panauhang pautos; ang salita para sa 'pagsisisi,' isang pangalawang panauhan pautos. Ang pagbabagong ito mula sa mas tahas na pangalawa panauhang pautos patungo sa mas kakaunting tahas na pangatlong panauhan ng 'na-bautismuhan' ay nagpapahiwatig na ang pangunahing pangangailangan ni Pedro ay para sa pagsisisi."

Ito ang sinsundang pag-bibigay-diin sa pangangaral ni Juan Bautista (cf. Mateo 3:2) at Hesus (cf. Mateo 4:17). Ang pagsisisi ay tila baga isang espirituwal na susi at ang ang bautismo ay isang panglabas na pagpapahayag ng espirituwal na pagbabago. Hindi nakikilala ng Bagong Tipan ang mga di-na-bautismuhang mga mananampalataya! Sa naunang iglesiya ang bautismo ay ang pangmadlang pagpapahayag ng pananampalataya. Ito ay isang pagkakataon para sa pang-madlang pagpapahayag ng pananampalataya kay Kristo, hindi isang mekanismo para sa kaligtasan! Kailangang matandaan na ang bautismo ay hindi nabanggit sa pangalawang sermon ni Pedro, bagkus ang pagsisisi (cf. 3:19; Lucas

24:17). Ang bautismo ay isang halimbawa na itinakda ni Hesus (cf. Mateo 3:13-18). Ang bautismo ay inuutos ni Hesus (cf. Mateo 28:19). Ang makabagong tanong ng pangangailangan ng bautismo para sa kaligtasan ay hindi pinag-tuunang-pansin sa Bagong Tipan; lahat mga mananampalataya ay inaasahang magpa-bautismo. Gayunman, ang isa ay kailangang bantayan laban sa isang sakramentong pagmamakina! Ang kaligtasan ay isang isyu ng pananampalataya, hindi isyu ng isang tamang-lugar, tamang-mga salita, tamang-pagseseremonya!

▣ **"kay Kristo Hesus"** Ang gamit ng *eis* (sa) ay tumutulad sa Dakilang Komisyon ng Mateo 28:19, na nag bagong mga mananampalataya ay nabautismuhan *eis* (sa) sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. Ang PANG-UKOL ay ginamit din upang ilarawan ang mga mananampalataya na nabautismuhan ng Espiritu sa katawan ni Kristo sa I Corinto 12:13. Ang *eis* sa kontekstong ito ay magkasingkahulugan sa *en* (kay Kristo) sa v. 11, na paboritong paraan ni Pablo upang ipakilala ang mga mananampalataya. Ito ay isang PANGTUON NG SAKLAW . Ang mga mananampalataya ay nabubuhay at kumikilos at taglay ang kanilang pag-iral kay Kristo. Ang MGA PANG-UKOL ay ipinapahayag ang matalik ang pagkakaisang ito, ang sakop ng pakikipag-ugnayang ito, ang ubas at sangang pakikipag-ugnayang ito. Ang mga mananampalataya ay makikilala kay at sasama kay Kristo sa Kanyang kamatayan (cf. v. 6; 8:17), sa Kanyang muling-pagkabuhay (cf. v. 5), sa Kanyang pagsunod na paglilingkod sa Diyos, at sa Kanyang Kaharian!

▣ **"sa kanyang kamatayan. . . Tayo nga'y nangalibing na kalakip niya"** Ang bautismo sa pamamagitan ng paglubog ay nagpapakita ng kamatayan at paglibing (cf. v. 5 at Colosas 2:12). Ginamit ni Hesus ang bautismo bilang isang talinghaga para sa Kanyang kamatayan (cf. Marcos 10:38-39; Lucas 12:50). Ang pagbibigay-diin dito ay hindi sa isang a doktrina ng bautismo, ngunit ang Kristiyanong pananaw, napakalapit na pakikipag-ugnayan sa kamatayan at paglibing ni Kristo. Ang mga mananampalataya ay makikilala sa bautismo, na may Katangian niya, na may pag-aalay Niya, sa Kanyang misyon. Ang kasalanan ay walang kapangyarihan sa mga mananampalataya!

**6:4 "ayo nga'y nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan"** Sa kabanatang ito, bilang katangian ng lahat ng sulat ni Pablo, siya ay gumagamit ng marming *sun* (kay) na mga tambalan (e.g., tatlo in Efeso 2:5-6).

1. *sun* + *thaptō* = kasamang inilibing, v. 4; Colosas 2:12; also note v. 8
2. *sun* + *phuō* = kasamang itinanim, v. 5
3. *sun* + *stauroō = kasamang ipinako sa krus, v. 6; Galacia 2:20*
4. *sun* + *zaō* = kasamang nabubuhay, v. 8; II Timoteo 2:11 (gayundin ay kasamang namatay at kasamang maghahari)

▣ **"gayon din naman tayo'y makalalakad sa panibagong buhay"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PASAKALI. Ang inaasahang bunga ng kaligtasan ay pagpapaging-banal. Dahil tumanggap ang mga mananampalataya ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng Kristo at pinananahan ng Espiritu, ang kanilang pamumuhay ay dapat na iba. Ang ating bagong buhay (*zoē*) ay hindi nagdudulot ng kaligtasan, ngunit ito ay ang bunga ng kaligtasan (cf. vv. 16, 19; 8:4; 13:13; 14:15; at Efeso 1:4; 2:8-9,10; Santiago 2:14-26). Ito ay hindi isang alinman/o na tanong ng pananampalataya o mga gawa, ngunit mayroong isang pagkasunod-sunod na kaayusan.

**NATATANGING PAKSA: PAGPAPAGING BANAL**

Ang NT ay nagsasaysay na kung ang mga makasalanan ay lumapit kay Hesus sa pagsisisi at pananampalataya, silay ay kagyat na inaring ganap at pinagpaging banal. Ito ang kanilang bagong kalalagyan kay Kristo. Ang kanyang katuwiran ay ibinibilang sa kanila (cf. Roma 4). Sila ay

idiniklarang matuwid at banal (isang legal na pagkilos ng Diyos).

Ngunit ang NT ay hinihimok din ang mga mananampalataya sa kabanalanan o pagpapaging banal. Ito ay parehong teolohikong kalalagayan sa natapos na gawa ni Hesukristo at isang pagtawag upang maging wangis kay Kristo sa saloobin at pagkilos sa pangaraw-araw na buhay. Dahil sa ang kaligtasan ay walang-bayad na kaloob at magugol sa lahat na pamumuhay, ganun din, ang pagpapaging banal.

| **Paunang Pagtugon** | **Isang Pagpapaunlad sa Pagiging-wangis ni Kristo** |
|---|---|
| Gawa 20:23; 26:18 | Roma 6:19 |
| Roma 15:16 | II Corinto 7:1 |
| Corinto 1:2-3; 6:11 | Efeso 1:4; 2:10 |
| Thesalonica 2:13 | I Thesalonica 3:13; 4:3-4,7; 5:23 |
| Hebreo 2:11; 10:10,14; 13:12 | I Timoteo 2:15 |
| I Pedro 1:12 | II Timoteo 2:21 |
| | Hebreo 12:14 |
| | I Pedro 1:15-16 |

▣ **"panibagong buhay"** Ito ay "bago" sa kabuuan, hindi lang bago sa panahon. Ito ay ginamit sa magkakaibang mga paraan sa NT upang isalaysay ang isang sukdulang pagbabago na idinulot ng Mesias. Ito ay ang bagong panahon, cf. Isaias 40-66.

1. bagong kasunduan, Lucas 22:20; I Corinto 11:25; II Corinto 3:6; Hebreo 8:8,13; 9:15
2. bagong kautusan, Juan 13:34; I Juan 2:7,8; II Juan v. 5
3. bagong paglilikha, II Corinto 5:17; Galacia 6:15
4. kabaguhan ng buhay, Roma 6:4
5. kabaguhan ng espiritu, Roma 7:6
6. bagong tao, Efeso 2:15; 4:24
7. bagong langit at lupa, II Pedro 3:13; Pahayag 21:1 (cf. Isaias 66:22)
8. bagong pangalan, Pahayag 2:17; 3:12 (cf. Isaias 62:2)
9. bagong Herusalem, Pahayag 3:12; 21:2
10. bagong awitin, Pahayag 5:9; 14:3 (cf. Isaias 42:10)

▣ **"si Kristo ay nabuhay"** Sa kontekstong ito, ang pagtanggap ng Ama at ang pagpapatibay ng mga salita at mga gawa ng Anak ay ipinahahayag sa dalawa dakilang pangyayari.

1. Ang muling pagkabuhay ni Hesus mula sa mga patay
2. Ang pag-akyat sa langin ni Hesus patungo sa kanan ng Ama

Ang lahat ng tatlong person ng Trinidad ay kasangkot sa muling pagkabuhay ni Hesus mula sa mundo ng mga patay. Tingnan ang buong tala sa v. 9 at 8:11.

▣ **"ng kaluwalhatian ng Ama"** Para sa "kaluwalhatian" Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:23. Para sa"Ama" Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:7.

**6:5 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ipinapalagay ni Pablo na ang kanyang tagapagbasa ay mga mananampalataya.

▣ **"tayo nga ay naging kalakip *niya*"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na maaaring maisalin na, "naging at nagpapatuloy sa pagkakakabit na magkasama" o "naging o nagpapatuloy magkasamang itinanim." Ang katotohanang ito ay teolohikong katulad sa "manatili" sa Juan 15. Kung ang mga mananampalataya ay kinilalang kasama sa kamatayan ni Hesus (cf. Galacia 2:19-20; Colosas 2:20; 3:3-5), sa teolohiya, sila ay dapat kilalanin sa Kanyang muling pagkabuhay (cf. v. 10).

Ang ganitong aspetong pangtalinghaga ng bautismo bilang kamatayan ay upang ipakita na

1. Tayo ay namatay na sa lumang buhay, ang lumang kasunduan
2. Tayo ay buhay sa Espiritu, ang bagong kasunduan

Ang pagbabautismo sa Kristiyano, samakatuwid, hindi katulad ng bautismo ni Juan Bautista, na siyang huling propeta ng OT. Ang bautismo ay pagkakataon sa mga naunang iglesiya para sa pangmadlang pagpapahayag ng pananampalataya ng mga bagong mananampalataya. Ang pinakaunang pormula sa bautismo, na uuulitin ng babautismuhan, ay "Ako na nananampalataya na si Hesus ang Panginoon" (cf. Roma 10:9-13). Ang pangmadlang pagpapahayag ay isang pormal, ritwal na paggawa ng mga nangyari sa nakalipas na karanasan. Ang bautismo ay hindi ang pamamaraan ng kapatawaran, kaligtasan, o ng pagdating ng Espiritu, ngunit ang pagkakataon para sa kanilang pangmadlang pagpapahayag at pag-amin ng kasalanan (cf. Gawa 2:38). Gayunman, hindi rin ito di-dapat sundin. Inutos ito ni Hesus (cf. Mateo 28:19-20), at inihalimbawa ang kanyang sarili dito, (cf. Mateo 3; Marcos 1; Lucas 3) at ito ay naging bahagi ng mga pangangaral ng Apostol at mga alituntunin sa mga Gawa.

**6:6**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Na nalalaman natin, na ang ating datihang pagkatao ay kalakip niyang napako sa krus"** |
| **NKJV** | **"nalalaman natin, na ang ating lumang pagkatao ay naipako sa krus kasama niya"** |
| **NRSV** | **"Nalalaman natin na ang ating lumang sarili ay naipako sa krus kasama niya"** |
| **TEV** | **"At nalalaman natin ito: ang ating lumang pagkatao ay inilagay sa kamatayan kasama ni Kristo sa kanyan krus"** |
| **NJB** | **"Dapat nating isipin na ang ating dating mga sarili ay naipako sa krus kasama niya"** |

Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG na nangangahulugang "ang ating lumang sarili ay minsanan para sa lahat ay naipako sa krus sa pamamagitan ng Espiritu." Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nagpapakilala ng pang-Diyos na kinatawan. Ang katotohanang ito ay napakahalaga sa matagumpay na pamumuhay Kristiyano. Ang mga mananampalataya ay kailangang maisaisip ang kaniyang bagong pakikitungo sa kasalanan (cf. Galacia 2:20; 6:14). Ang lumang naglugmok sa sarili ng sangkatauhan (likas ni Adan) ay namatay kasama ni Kristo (cf. v. 7; Efeso 4:22 at Colosas 3:9). Bilang mga mananampalataya tayo ngayon ay may pagpili tungkol sa kasalanan gaya nang orihinal na ginawa ni Adan.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"upang ang katawang salarin ay magiba"** |
| **NRSV** | **"upang ang katawan ng kasalanan ay maaaring magiba"** |
| **TEV** | **"upang ang kapangyarihan ng makasalanang sarili ay maaaring magiba"** |
| **NJB** | **"upang gibain ang makasalanang katawan"** |

Ginagamit ni Pablo ang salitang "katawan" (*soma*) na maraming DYENITIBONG mga parirala.

1. Katawan ng (ang) kasalanan, Roma 6:6
2. Katawan ng kamatayang ito, Roma 7:24
3. Katawan ng laman, Colosas 2:11

Si Pablo ay nagsasalita patungkol sa pisikal na buhay ng panahong ito ng kasalanan at rebelyon. Ang bagong muling pagkabuhay na katawan ni Hesus ay ang katawan ng bagong panahon ng katuwiran (cf. II Corinto 5:17). Hindi siliranin ang pagiging pisikal (pilosopiyang Greogo), ngunit ang kasalanan at rebelyon. Ang katawan ay hindi masama. Ang Kristiyanismo ay pinatitibay ang paniniwala sa isang pisikal na katawan sa walang-hanggan (cf. I Corinto 15). Gayunman, ang pisikal na katawan ay ang dako ng digmaan sa tukso, kasalanan, at sarili.

Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PASAKALI. Ang pariralang "ay magiba" ay nangangahulugang "gawing walang-bisa," "gawing walang kapangyarihan," o "gawing walang bunga,"

hindi "lipulin." Ito ay isang paboritong salita ni Pablo, na ginamit sa mahigit dalawampu't-limang beses. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-Bisa at Walang Halaga (*katargeō*) at 3:3. Ang ating pisikal na katawan ay walang kinikilingan pangmoral ngunit ito rin ay dako ng digmaan para sa nagpapatuloy na labanang espirituwal (cf. vv. 12-13; 5:12-21; 12:1-2).

**6:7 "Sapagka't ang namatay ay ligtas na sa kasalanan"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PANDIWARI at isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, na nangangahulugang "siya na namatay na ay naging at patuloy na magiging malaya mula sa kasalanan." Dahil ang mga mananampalataya ay bagong mga nilikha kay Kristo sila ay naging at magpapatuloy na maging malaya mula sa pagkaalipin ng kasalanan at sariling minana mula sa pagbagsak ni Adan (cf. 7:1-6).

Ang Griyego salita ay isinalin dito bilang "napalaya" ay isang salitang isinalin saan man sa panimulang mga kabanata bilang "inaring-ganap" (ASV). Sa kontekstong ito ang "napalaya" (NKJV, NRSV) ay mas lalong nagkakaroon ng kabuluhan (katulad ng paggamit nito sa Gawa 13:39). Tandaan, na ang konteksto ang nagpapasiya sa kahulugan ng salita, hindi isang tala-salitaan o itinakdang teknikal na kahulugan. Ang mga salita ay mayroong lamang kahulugan sa mga pangungusap at mga pangungusap ay mayroong lamang kahulugan sa mga talata.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 6:8-11**

**[8]Datapuwa't kung tayo'y nangamatay na kalakip ni Kristo, ay naniniwala tayo na mangabubuhay naman tayong kalakip niya; [9]Na nalalaman nating si Kristo na nabuhay na maguli sa mga patay ay hindi na mamamatay; ang kamataya'y hindi naghahari sa kaniya. [10]Sapagka't ang kamatayan na ikinamatay niya, ay kaniyang ikinamatay na minsan sa kasalanan: datapuwa't ang buhay na kaniyang ikinabubuhay, ay kaniyang ikinabubuhay sa Diyos. [11]Gayon din naman kayo, ibilang ninyong kayo'y tunay na mga patay na sa kasalanan, nguni't mga buhay sa Diyos kay Kristo Hesus.**

**6:8 "Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ang bautismo ng mga mananampalataya sa pagkakita ay ginagawang halimbawa ang ang kamatayan ng isa kay Kristo.

▣ **"mangabubuhay naman tayong kalakip niya"** Ang kontekstong ito ay nangangailangan ng "dito at ngayong" pagkakaangkop (cf. I Juan 1:7), hindi isang natatanging paghinaharap na tagpo. Ang talata 5 ay nagsasabi ng ating pagbabahagi sa kamatayan ni Kristo, habang ang talata 8 ay nagsasabi ng ating pagbabahagi sa Kanyang buhay. Ito ay ang katulad na pag-igting (tensyon) na likas sa biblikal na konsepto ng Kaharian ng Diyos. Ito ay kapwa dito at ngayon, ngunit sa hinaharap. Ang walang-bayad na biyaya ay kailangang magbunga ng pagpigil sa sarili, hindi self-control, hindi sa pag-aabuso.

**6:9 "na nabuhay na maguli sa mga patay"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI (tingnan sa 6:4, AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG).

Pinagtitibay ng NT na ang tatlong persona ng Trinidad ay aktibo sa muling pagkabuhay ni Hesus.

1. Ang Espiritu (cf. Roma 8:11)
2. Ang Anak (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18)
3. at pinaka-madalas, ang Ama (cf. Gawa 2:24,32; 3:15,26; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; Roma 6:4,9)

Ang mga pagkilos ng Ama ay ang pagpapatunay ng Kanyang pagtanggap sa buhay, kamatayan, at mga katuruan ni Hesus. Ito ay isang pangunahing aspeto ng mga naung pangangaral ng mga Apostol. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang *Kerygma* at 1:2.

▣

**NASB** **"ang kamataya'y hindi naghahari sa kaniya"**
**NKJV, NRSV** **"Ang kamatayan ay walang lang paghahari sa Kaniya"**
**TEV** **"kamatayan ay hindi na mamumuno sa kaniya"**
**NJB** **"Ang kamatayan ay wala nang kapangyarihan sa kaniya"**

Ang PANDIWANG *kurieuō* ay mula sa salitang *kurios* (i.e., Panginoong), na nangangahulugang "may-ari," "amo," "asawang lalaki," o "panginoon," Si Hesus na ngayon ang panginoon sa ibabaw ng kamatayan (cf. Pahayag 1:18). Si Hesus ang unang mga bunga ng muling pagkabuhay. May ilang mga tao na

1. dinala sa langit na buhay (i.e., kinuha sa langit, Enoch at Elijah)
2. ibinalik sa pisikal na buhay (i.e., pagbabalik ng malay-tao)

Si Hesus lamang ang nag-iisang muling nabuhay na may isang katawan sa bagong panahon. Si Hesus ang unag simura sa kapangyarihan ng kamatayan (cf. I Corinto 15)!

**6:10 "Sapagka't ang kamatayan na ikinamatay niya, ay kaniyang ikinamatay na minsan sa kasalanan"** Si hesus ay nabuhay sa isang makasalanang mundo at kahit na hindi siya nagkasala, ang makasalanang mundo ang nagpapako sa Kaniya sa krus (cf. Hebreo 10:10). Ang paghaliling kamatayan ni Hesus para sa sangkatauhan ay ang nag-alis ng mga kakailanganin at mga kahihinatnan ng Kautusan sa kanila (cf. Galacia 3:13; Colosas 2:13-14).

▣ **"minsan sa kasalanan"** Sa kontekstong ito si Pablo ay nagbibigay-diin sa pagpapapako sa krus ni Hesus. Ang kanyang minsanang kamatayan <u>para sa</u> kasalanan ay nakaapekto sa kamatayan ng Kanyang tagasunod <u>sa</u> kasalanan.

Ang aklat ng Hebreo ay binibigyang-diin din sa kahigitan ng minsanang ibinigay ni para sa pag-aalay ng kamatayan. Ang minsanan-lamang na kaligtasan at kapatawaran ay naisakatuparan magpailanman (cf. "minsan" [*ephapax*], 7:27; 9:12; 10:10 at "minsan para sa lahat" [*hapax*], 6:4; 9:7,26,27,28; 10:2; 12:26,27). Ito ay paulit-ulit, natapos, pag-aalay na paninindigan.

▣ **"datapuwa't ang buhay na kaniyang ikinabubuhay, ay kaniyang ikinabubuhay sa Diyos"** Ang dalawang AORIST ng v. 10a ay pinag-iiba sa dalawa PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY MGA PAHIWATIG sa v. 10b. Ang mga mananampalataya ay namatay kasama ni Kristo; mga mananampalataya ay nabubuhay para sa Diyos, sa pamamagitan ni Kristo (cf. Galacia 2:19-20). Ang layunin ng ebanghelyo ay hindi lamang kapatawaran (pag-aaring-ganap ) ngunit paglilinggod sa Diyos (pagpapaging-banal). Ang mga mananampalataya ay iniligtas upang maglingkod!

**6:11 "Gayon din naman kayo, ibilang ninyong kayo'y tunay na mga patay na sa kasalanan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS. Ito ay isang nagpapatuloy, kinagawian utos para sa mga mananampalataya. Ang kaalaman ng mga Kristyano sa gawa ni Kristo para sa kanila ay napakahalaga para sa pang-araw-araw na buhay. Ang salitang "ibilang" (cf. 4:4,9), ay salitang patutuos na nangangahulugang "maingat na idagdag" at pagkatapos ay kumilos sa kaalamang iyon. Ang mga talata 1-11 ay kinikilala ang kalalagayan ng isa kay Kristo (pangkalalagayang pagpapaging-banal), habang ang12-13 ay nagbibigay-daan sa paglakad kasama Niya (nagpapatuloy na pagpapaging-banal). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4.

▣

**NASB, NRSV,**
**TEV, NJB** **"Kristo Hesus"**
**NKJV** **"Kristo Hesus na ating Panginoon"**

Ang mas maiklang pagkakabasa ay makikita sa MSS $P^{46}$, A, B, D, F, G. Ang $UBS^4$ gives it an "A"

rating (certain). Ang pinalawak na parirala ay maaga (MSS $P^{94}$, א, C), ngunit ito ay maaaring idinagdag ng isang tagapagsulat (eskriba) mula v. 23. Tulad ng malawak na nakakaraming mga pagkakaibang tekstuwal, ito ay may maliit na pagkakaiba sa kaulugan ng teksto.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 6:12-14**

**[12]Huwag ngang maghari ang kasalanan sa inyong katawang may kamatayan, upang kayo'y magsisunod sa kaniyang mga pita: [13]At huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan *na* pinaka kasangkapan ng kalikuan; kundi ihandog ninyo ang inyong sarili sa Diyos, na tulad sa nangabuhay sa mga patay, at ang inyong mga sangkap *na* pinaka kasangkapan ng katuwiran sa Diyos. [14]Sapagka't ang kasalanan ay hindi makapaghahari sa inyo: sapagka't wala kayo sa ilalim ng kautusan, kundi sa ilalim ng biyaya.**

**6:12 "Huwag ngang maghari ang kasalanan sa inyong katawang may kamatayan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasang nangangahulugan ng paghinto sa isang pagkilos na nagpapatuloy. Ang salita "maghari" ay maiuugnay sa 5:17-21 at 6:23. Pablo na nagbibigay-buhay sa marami teolohikong konsepto.

1. pananaig ng kamatayan bilang hari (cf. 5:14,17; 6:23)
2. pananaig ng biyaya bilang hari (cf. 5:21)
3. pananaig ng kasalanan bilang hari (cf. 6:12,14)

Ang totoong tanong ay sino ang naghahari sa iyong buhay? Ang mananampalataya ay may kapangyarihan kay Kristo na mamili! Ang sakuha para sa mga tao, ang lokal na iglesiaya, at ang Kaharian ngDiyos ay kung ang mga mananampalataya ay pinili ang sarili at kasalanan, kahit na habang inaangkin ang biyaya!

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang pananaig ng Kaharian ng Diyos sa 5:17-18.

**6:13 "huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasang nangangahulugan ng paghinto sa isang pagkilos na nagpapatuloy. Ipinapakita nito na maaarinmag ang nagpapatuloy na kasalanan sa buhay ng mga mananampalataya (cf. 7:1ff; I Juan 1:8-2:1). Ngunit ang pangangailangan ng kasalanan ay naalis sa bagong pakikipag-ugnayan ng mga mananampalataya kay Kristo, vv. 1-11.

▣ **"na pinaka-kasangkapan"** Ang salitang ito ay (*hoplon*) tumutukoy sa "isang armas ng isang sundalo" (cf, 13:12; Juan 18:3; II Corinto 6:7; 10:4). Ang ating pisikal na katawang ay ang lugar ng digmaan para sa pagnunukso (cf. vv. 12-13; 12:1-2; I Corinto 6:20; Filipos 1:20). Ang ating buhay ay ipinapakita ang ebanghelyo sa madla.

▣ **"kundi ihandog ninyo ang inyong sarili sa Diyos"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PAUTOS isang panawagan para sa isang tiyak na pagkilos (cf. 12:1). Ang mga mananampalataya ay ginagawa ito sa kaligtasan sa pamamagitan pananampalataya, ngunit sila ay dapat magpatuloy na gawin ito habang-buhay.

Pansinin ang pagkakatulad sa talatang ito.

1. Ang katulad na PANDIWA at kapwa MGA PAUTOS
2. Mga talinghaga sa pagkikidigma
   a. Mga sandata ng kawalang-katuwiran
   b. Mga sandata ng katuwiran
3. mga mananampalataya ay maaaring ialay ang kanilang mga katawan sa kasalanan o ang kanilang mga sarili sa Diyos

Tandaan, na ang talata ay tumutukoy sa mga mananampalataya—ang pagpili ay nagpapatuloy; ang digmaan ay nagpapatuloy (cf. 6:12,19; I Corinto 6:18-19; Efeso 6:10-18)!

**6:14 "Sapagka't ang kasalanan ay hindi makapaghahari sa inyo"** Ito ay isang PANGHINAHARAP TAHAS NA MAY PAHIWATIG (cf. Awit 19:13) ay gumaganap bilang isang PAUTOS, "ang kasalanan ay hindi kailangang maging panginoon mo!" Ang kasalanan ay hindi panginoon sa mga mananampalataya dahil sa ito ay hindi panginoon kay Kristo, (cf. v. 9; Juan 16:33).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 6:15-19**

**15Ano nga? mangagkakasala baga tayo, dahil sa tayo'y wala sa ilalim ng kautusan, kundi sa ilalim ng biyaya? Huwag nawang mangyari. 16Hindi baga ninyo nalalaman, na kung kanino ninyo inihahandog ang inyong mga sarili na pinaka alipin upang tumalima ay kayo'y mga alipin niyaong inyong tinatalima; maging ng kasalanan sa ikamamatay, maging ng pagtalima sa ikapagiging matuwid? 17Datapuwa't salamat sa Diyos, na, bagama't kayo'y naging mga alipin ng kasalanan, kayo'y naging mga matalimahin sa puso doon sa uri ng aral na pinagbigyan sa inyo; 18At yamang pinalaya kayo sa kasalanan ay naging mga alipin kayo ng katuwiran. 19Nagsasalita ako ayon sa kaugalian ng mga tao dahil sa karupukan ng inyong laman: sapagka't kung paanong inyong inihandog ang inyong mga sangkap ng katawan na pinaka alipin ng karumihan at ng lalo't lalong kasamaan, gayon din ihandog ninyo ngayon ang inyong mga sangkap na pinaka alipin ng katuwiran sa ikababanal.**

**6:15** Ang pangalawang inaakalang tanong (diatribe) ay katulad ng 6:1. Ang kapwa sagot sa magkakaibang mga tanong patungkol sa kaugnayan ng Kristiyano ng kasalanan. Ang talata 1 ay tumutukoy sa biyaya na hindi ginagamit bilang isang pagkakataon sa kasalanan, habang ang v. 15 ay tumutukoy sa pangangailangan ng Kristiyano's makipaglaban, o tutulang, ang mga gawaing pansarili ng kasalanan. Gayundin, sa katulad na panahon, ang mananampalataya ay kailangang maglingko sa Diyos ngayon na may katulad na kasigasigan sa kanyang dating pinaglingkurang kasalanan (cf. 6:14).

▣

**NASB, NKJV,**
**TEV "mangagkakasala baga tayo"**
**NRSV "tayo ba ay dapat magkasala"**
**NJB "na tayo ay malaya sa kasalanan"**

Ang mga saling Williams at Phillips ay kapwa isinalin itong AORIST NA TAHAS NA MAY PASAKALI bilang isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PASAKALI na katulad sa v. 1. Ito ay hindi ganap na pagtuon. Pansinin ang ibang mga salin

1. KJV, ASV, NIV – "tayo ba ay magkakasala?"
2. The Centenary Translation – "Tayo ba ay makagagawa ng isang pagkilos ng kasalanan?"
3. RSV – "magkakasala ba tayo?"

Ang tanong na ito ay isang pagbibigay-diin sa Griyego at inaasahan ang "oo" na sagot. Ito ay ang pamamaraang patuligsa (diatribe) sa pagpapahayag ng katotohanan. Ang talatang ito ay naghahayag ng bulaang teolohiya! Sinagot ito ni Pablo sa pamamagitan ng kanyang katangian "Nawa ay hindi ito mangyari magpakailanman." Ang ebanghelyo ni Pablo ng sukdulang walang-bayad ng biyaya ng Diyos ay di-nauunawaan at minamalabis ng maraming mga bulaang mangangaral.

**6:16** Ang tanong ay inaasahan ang isang "oo" na tugon. Ang mga tao ay naglilingkod sa anumang bagay o sa kaninuman. Sino ang naghahari sa iyong buhay, kasalanan o Diyos? Kung ano ang sinusunod ng mga tao ay nagpapakita ng kanilang pinaglilingkuran (cf. Galacia 6:7-8).

**6:17 "Datapuwa't salamat sa Diyos"** Si Pablo ay kadalasang ay nagsisimula sa pagpuri sa Diyos. Ang

kanyang mga sulat ay dumadalow mula sa kanyang mga panalangin at kanyang mga panalangin na mula sa kanyang kaalamang sa ebanghelyo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Panalangin, Pagpuri, at Pasasalamant ni Pablo sa Diyos sa 7:25.

▣ **"kayo'y naging. . . kayo'y naging"** Ito ay ang DI-GANAP NA PANAHUNAN ng PANDIWA, "naging," na naglalarawan ng kanilang naging kalalagayan sa nakalipas (mga alipin ng kasalanan) na sinusundan ng AORIST NA PANAHUNAN na nagbibigay-diin na ang kanilang rebelyong kalalagayang ay tumigil na.

▣ **"mga matalimahin sa puso doon sa uri ng aral na pinagbigyan sa inyo"** Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa kanilang pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, na dapat magdulot sa pang-araw-araw na pagiging katulad ni Kristo.

Ang salitang "aral" tumutukoy sa katuruan ng Apostol o ang ebanghelyo.

▣ **"puso"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso sa 1:24.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"sa uri ng aral na pinagbigyan sa inyo"** |
| **NKJV** | **"sa anyo ng doktrina na idinala ko sa inyo"** |
| **NRSV, NIV** | **"sa anyo aral na ipinagkatiwala sa inyo"** |
| **TEV** | **"ang katotohanan na natagpusan sa mga turo na inyong tinggap"** |
| **NJB** | **"ang huwaran ng pagtuturo na sa inyo ay ipinasimula"** |

Ang kaisipang ito ay katulad sa I Corinto 15:1 at tumutukoy sa mga katotohanan ng ebanghelyo truths na narinig at tinanggap ng mga mananampalataya. Ang ebanghelyo ay

1. Isang persona na tinanggap
2. Mga katotohanan patungkol sa persona na pananampalatayanan
3. Isang buhay tulad ng sa personang nabubuhay!

▣ **"anyo"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: ANYO (*TUPOS*)**

Ang suliranin ay ang salitang *tupos*, na mayroong iba't-ibang gamit.

1. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek New Testament*, p. 645
   a. tularan
   b. balangkas
   c. anyo o paraan ng pagsulat
   d. kahatulan o kautusan
   e. kaparusahan o kapasyahan
   f. uliran ng katawang ng tao bilang mga panatang handog sa nagpapagaling na diyos
   g. PANDIWA na ginamit sa pagkaunawa ng pagpapatupad ng mga panuntunan ng kautusan
2. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, tomo 2, p. 249
   a. pilat (cf. Juan 20:25)
   b. larawan (cf. Gawa 7:43)
   c. huwaran (cf. Hebreo 8:5)
   d. halimbawa (cf. I Corinto 10:6; Filipos 3:17)
   e. pinagparisan (cf. Roma 5:14)
   f. uri (cf. Gawa 23:25)
   g. mga nilalaman (cf. Gawa 23:25)
3. Harold K. Moulton, *The Analytical Greek Lexicon Revised*, p. 411
   a. tatak, isang bakas, isang palatandaan (cf. Juan 20:25)

b. isang paglalarawan
c. isang larawan (cf. Gawa 7:43)
d. isang reseta, pamamaraan (cf. Roma 6:17)
e. anyo, diwa (cf. Gawa 23:25)
f. isang hugis, kapilas (cf. I Corinto 10:6)
g. isang inaasahang hugis, uri (cf. Roma 5:14; I Corinto 10:11)
h. isang huwarang tularan (cf. Gawa 7:44; Hebreo 8:5)
i. isang mabuting tularan/huwaran (cf. Filipos 3:17; I Tesalonica 1:7; II Tesalonica 3:9; I Timoteo 4:12; I Pedro 5:3)

Sa kaugnay na kahulugang ito, ang # i sa taas ang tila pinakamainam. Ang ebanghelyo ay kapwa aral at implikasyon ng lakad ng buhay. Ang walang bayad ng kaloob ng kaligtasan kay Kristo ay nangangailangan ng buhay na tulad kay Kristo!

**6:18 "At yamang pinalaya kayo sa kasalanan"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang ebanghelyo ang nagpalaya sa mga mananampalataya sa gawain ng Espiritu sa pamamagitan ng gawa ni Kristo. Ang mga mananampalataya ay a napalaya na sa kapwa mula sa kabayara ng kasalanan (pag-aaring-ganap) at ang kalupitan ng kasalanan (pagpapaging-banal, cf. vv. 7 at 22). Balang-araw sila ay mapapalay sa presensya ng kasalanan (pagluluwalhati, cf. 8:29-30).

▣ **"naging mga alipin kayo ng katuwiran"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, "kayo ay naging alipin ng katuwiran." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17. Ang mga mananampalataya ay ay napalaya sa kasalanan upang maglingkod sa Diyos (cf. vv. 14,19,22; 7:4; 8:2)! Ang layunin ng walang-bayad na biyaya ay isang maka-Diyos buhay. Ang pag-aaring-ganap ay kapwa isang legal na kapahayagan at isang pagpapalakas para sa pansariling katuwiran. Nais ng Diyos na iligtas at baguhin tayo upang maabot ng iba! Ang biyaya ay hindi natatapos sa isang pansariling kaligtasan ng mananampalataya (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8).

**6:19 "Nagsasalita ako ayon sa kaugalian ng mga tao dahil sa karupukan ng inyong laman"** Si Pablo ay ay nagsasalita sa mga mananampalataya sa Roma. Siya ba ay nagsasabing sa isang lokal na suliranin na kanyang narinig (ang pagseselos sa mga Hudyong mananampalataya at mga Hentil mananampalataya) o siya ba ay nagbibigay-diin sa isang katotohanan patungkol sa lahat mga mananampalataya? Ginamit ni Pablo ang pariralang ito sa Roma 3:5, gayundin ang ginawa niya sa Galacia 3:15.

Ang talata 19 ay katulad ng v. 16. Inuulit ni Pablo ang kanyang mga teolohikong paksa para sa pagbibigay-diin.

Ang iba ay magsasabi na ang pariralang ito ay nangangahulugang si Pablo ay humihingi sa kapatawaran sa paggamit ng isang talinghaga sa pagkaalipin. Gayunman, "dahil sa kahinaan ng inyong laman" ay hindi umaakma sa ganitong pagpapaliwanag. Ang pagkaalipin ay hindi tinitingnan bilang masama ng unang-siglo lipunan, lalo na sa Roma. Ito ay karaniwang sa kultura ng mga panahong iyon. Dalawang-ikalto sa mundo ng Roma ay mga alipin.

▣ **"laman"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3.

▣ **"katuwiran sa ikababanal"** Ito ang layunin ng pag-aaring-ganap (cf. v. 22). Ginamit ng NT ang salitang ito sa dalawang teolohikong kaunawaan na nag-uugnay sa kaligtasan.

1. Ang pangkakagayang pagpapaging-banal, na siyang kaloob ng Diyos (nilalayong aspeto) na ipinagkaloob sa kaligtasan kasama ng pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo (cf. Gawa 26:18; I Corinto 1:2; 6:11; Efeso 5:26-27; I Tesalonica 5:23; II Tesalonica

2:13; Hebreo 10:10; 13:12; I Pedro 1:2)
2. Ang nagpapatuloy pagpapaging-banal na gawain din ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang ang buhay ng mga mananampalataya ay magbagong-anyo sa larawan at paglago kay Kristo (panariling aspeto, cf. II Corinto 7:1; I Tesalonica 4:3,7; I Timoteo 2:15; II Timoteo 2:21; Hebreo 12:10,14)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapaging-banal sa 6:4.

Ang pagpapaging-banal ay kapwa isang kaloob at isang uto! Ito ay isang kalalagayan (katatayuan) at isang pagkilos (pamumuhay)! Ito ay isang MAY PAHIWATIG (isang pahayag) at isang PAUTOS (isang utos)! Ito ay nanggaling sa simula ngunit hindi magiging ganap (o lubos) hanggang sa katapusan (cf. Filipos 1:6; 2:12-13).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 6:20-23**

**20 Sapagka't nang kayo ay mga alipin ng kasalanan, kayo'y laya tungkol sa katuwiran. 21 Ano nga ang ibinunga ninyo sa panahong yaon sa mga bagay na ngayo'y ikinahihiya ninyo? sapagka't ang wakas ng mga bagay na yaon ay kamatayan. 22 Datapuwa't ngayong mga laya na kayo sa kasalanan at naging mga alipin ng Diyos, kayo ay mayroong inyong bunga sa ikababanal, at ang wakas ay ang buhay na walang hanggan. 23 Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Diyos ay buhay na walang hanggan kay Kristo Hesus na Panginoon natin.**

**6:20-21** Ito ay karaniwang pagpapahayag ng kasalungat ng vv. 18 at 19. Ang mga mananampalataya ay makapaglilingkod lamang sa iisang panginoon (cf. Lucas 16:13).

**6:22-23** Ang mga talatang ito ay bumubuo ng isang lohikong pagpapatuloy ng kabayaran na ibinabayad sa sinuman ng naglilingkod. Salamat sa Diyos sapagtalakay na ito ng kasalanan at ang mananampalataya ay magtatapos sa pagtuon sa biyaya! Ang una ay ang kaloob na kaligtasan sa pamamagitan ng ating pakikipagtulungan, at pagkatapos ang kaloob na Kristiyanong buhay, gayundin sa pamamagitan ng pakikipagtulungan. Ang kapwa ay ay mga natanggap sa kaloob sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi.

**6:22 "kayo ay mayroong inyong bunga sa ikababanal, at ang wakas ay ang buhay na walang hanggan"** Ang salitang "pakinabang," sa literal "bunga" ay ginamit sa v. 21 upang talakayin ang mga kinahinatnan ng kasalanan, ngunit sa v. 22 ito ay tumatalakay sa mga kahihinatnan ng paglilingkod sa Diyos. Ang agarang pakinabang ay ang pagiging katulad kay Kristo ng mga mananampalataya. Ang pangwakas na pakinabang ay ang pagiging kasama niya at kawangis niya magpakailanman (cf. I Juan 3:2). Kung walang agarang bunga (nabagong buhay, cf. Santiago 2) ang pangwakas sa bunga maaaring karapat-dapat na usisain (walang hanggang buhay, cf. Mateo 7). "Walang bunga, walang ugat!"

**6:23** Ito ay ang buod ng buong kabanata. Inilarawan ni Pablo ang pagpili sa itim at puti . Ang pagpili ay nasa sa atin—kasalanan at kamatayan o walang-bayad biyaya sa pamamagitan ng Kristo at walang hanggang buhay. Ito ay lubhang katulad sa "dalawang paraan" ng Pangkarunuwang panitikan sa OT (Deuteronomio 30:1,17; Awit 1; Kawikaan 4; 10-19; Mateo 7:13-14).

▣ **"ang kabayaran ng kasalanan"** Ang kasalanan ay binigyang-buhay bilang (1) isang may-ari ng alipin, (2) isang heneral na panghukbo, o (3) isang hari na nagbabayan ng sahod (cf. 3:9; 5:21; 6:9,14,17).

▣ **"ng kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan"** Ang salitang ito, na isinalin sa "walang-bayad na kaloob" (*charisma*) ay galing sa salitang-ugat para sa biyaya (*charis*, cf. 3:24; 5:15, 16, 17; Efeso 2:8-9). Tingnan ang Tala sa 3:24.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maiuugnay ang mga mabubuting gawa sa kaligtasan (cf. Efeso 2:8-9,10)?
2. Paano maiuugnay ang nagpapatuloy na kasalanan sa buhay ng mga mananampalataya sa kaligtasan (cf. I Juan 3:6,9)?
3. Ang kabanata bang ito ay nagtuturo ng "sakdal na kawalang kasalanan?"
4. Paano maiuugnay ang kabanata 6 sa mga kabanata 5 at 7?
5. Bakit tinalakay ang bautismo dito?
6. Ang mga Kristiyano ba ay pinananatili ang kanilang lumang kalikasan? Bakit?
7. Ano ang implikasyon ng pangingibabaw ng mga PANGKASALUKUYANG PANAHUNANG PANDIWARI sa v. 1-14 at MGA ORIST NA PANAHUNANG PANDIWARI sa 15-23?

# MGA TAGA-ROMA 7

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **UBS[4]** | **NKJV** | **NRSV** | **TEV** | **NJB** |
| Isang Paghahalintulad mula sa Kasalan | Napalaya mula sa Kautusan | Isang Paghahalintulad mula sa Kasalan | Isang Paglalarawan mula sa Kasalan | Ang Kristiyano ay Napalaya mula sa Pagiging Alipin sa Kautusan |
| 7:1-6 | 7:1-6 | 7:1-3 | 7:1-6 | 7:1-6 |
| | | 7:4-6 | | |
| Ang Suliranin ng Nanananahang Kasalanan | Ang Kalamangan ng Kasalanan sa Kautusan | Ang Kautusan at Kasalanan | Kautusan at Kasalanan | Ang Tungkulin ng Kautusan |
| 7:7-12 | 7:7-12 | 7:7-12 | 7:7-11 | 7:7-8 |
| | | | | 7:9-11 |
| | Ang Kautusan ay Hindi Makapagliligtas mula sa Kasalanan | | 7:12-13 | 7:12-13 |
| 7:13-25 | 7:13-25 | 7:13 | | |
| | | Ang Panloob na Sagupaan | Ang Sagupaan sa Tao | Ang Panloob na Pakikihamok |
| | | 7:14-20 | 7:14-20 | 7:14-20 |
| | | 7:21-25a | 7:21-25a | 7:21-23 |
| | | | | 7:24-25a |
| | | 7:25b | 7:25b | 7:25b |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA** **(tingnan sa p. viii)**

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) NG MGA TALATA 1-6

A. Ang kabanata 7 ay kailangang maunawaan
   1. Sa liwanag ng kabanata 6, lalo na sa vv. 12-14 (gayundin sa 3:20,21-31; 4:13-16; 5:20)
   2. Ito ay kailangang maiugnay sa pag-igting (tensyon) sa iglesiya sa Roma sa pagitan ng mananampalatayang mga Hentil at mananampalatayang mga Hudyo, na nakita sa mga kabanata 9-11

   Ang tiyak na kalikasan ng suliranin ay hindi kilala; ito ay maaaring
      a. Legalismo batay sa Kautusan ni Moises,
      b. Pagbibigay-diin ng mga Judaizer sa pagiging una kay Moises, pagkatapos kay Kristo
      c. Ang di-pagkakaunawa sa kung paano kung paano maipapatupad ang ebanghelyo sa mga Hudyo,
      d. Ang maling pagkaunawa sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Luma at Bagong Tipan.
      e. Ang panibugho (selos) ng pinunong mananampalatayang Hudyo sa iglesiya sa pinalitan ng mga pinunong mananampalatayang Hentil sa panahong ng kautusan ng emperador, na ihinto ang lahat ng pang-Hudyong ritwal sa Roma. Maraming mananampalatayang mga Hudyo ang maaaring umalis din.

B. Ang Roma 7:1-6 ay nagpapatuloy na pananalitang paglalarawan ng kabanata 6 patungkol sa pakikipag-ugnayan ng Kristiyano sa kanyang lumang buhay. Ang mga talinghaga na ginamit ay
   1. kamatayan at paglaya mula sa isa pang panginoon (kabanata 6)
   2. kamatayan at paglaya mula sa mga pananagutan sa pag-aasawa (kabanata 7)

C. Ang mga kabanatang 6 at 7 ay nasa pampanitikang pagkakatulad; kabanata 6 ay may kinalaman sa pakikipag-ugnayan ng mga mananampalataya sa "kasalanan" at kabanata 7 sa pakikipag-ugnayan ng mga mananampalataya sa "kautusan." Ang pagkakahawig ng kamatayan sa pagpapalaya ng isang alipin (6:12-23) ay katulad ng kamatayan sa pagpapalaya ng pagkakabigkis sa pag-aasawa (7:1-6).

| **Ang kabanata 6** | **Ang kabanata 7** |
|---|---|
| 6:1 "kasalanan" | 7:1 "kautusan" |
| 6:2 "namatay sa kasalanan" | 7:4 "namatay sa kautusan" |
| 6:4 "na tayo'y makalalakad sa panibagong buhay" | 7:6 "na tayo'y magsilingkod sa panibagong espiritu" |
| 6:7 "siya na namatay ay malaya na mula sa kasalanan" | 7:6 "tayo ay napalaya na mula sa kautusan yamang namatay kung saan tayo ay nakatangan" |
| 6:18 "yamang pinalaaya mula sa kasalanan" | 7:3 "pinalaya mula sa kautusan" |

(kinuha mula kay Anders Nygren's *Commentary on Rome*, na isinaling ni Carl C. Rassmussen, p. 268)

D. Ang Kautusan kasama sa kanyang mga atas ay isang parusang kamatayan. Ang lahat ng mga tao ay haharap na nahatulan sa ilalim ng Kautusan (cf. Roma 6:14; 7:4; Galacia 3:13; Efeso 2:15; Colosas 2:14). Ang Kautusan ni Moises ay naging isang sumpa!

E. Mayroong apat na pangunahaing mga teoriya kung paano ipapaliwanag ang kabanata 7
   1. Si Pablo ay nagsasalita sa kanyang sarili (pang-sariling talambuhay)
   2. Si Pablo ay nagsasalita bilang kinatawan ng lahat sangkatauhan (kinatawan, si Krisostomo)
   3. Si Pablo ay nagpapahayag ng karanasan ni Adan (Theodore ng Mopsuetia)

4. Si Pablo ay nagpapahayag ng karanasan ng Israel

F. Sa maraming kaparaan, ang Roma 7 ay gumaganap bilang Genesis 3. Ipinapakita nito ang paibabang paghatak paghihimagsik kahit na sa kanilang nababatid ang Diyos. Ang kaalaman ay hindi mapapalaya ang nalugmok na sangkatauhan; sa biyaya ng Diyos lamang, tanging isang bagong puso, isang bagong kaisipan, at isang bagong espiritu ang maaaring makagawa noon (ang Bagong Kasunduan, cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:26-27). At gayunman, mayroong nagpapatuloy na pakikibaka (cf. 6:12,19; I Corinto 6:10-19; Efeso 6:10-18)!

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TALATA SA NASB (BINAGO): 7:1-3**
**1O hindi baga ninyo nalalaman mga kapatid (sapagka't nagsasalita ako sa mga taong nakakaalam ng kautusan), na ang kautusan ay naghahari sa tao samantalang siya'y nabubuhay?**
**2Sapagka't ang babae na may asawa ay itinali ng kautusan sa asawa samantalang ito ay nabubuhay; datapuwa't kung ang asawa'y mamatay, ay kalag na sa kautusan ng asawa.**
**3Kaya nga kung, samantalang nabubuhay ang asawa, siya'y makikisama sa ibang lalake, siya'y tatawaging mangangalunya: datapuwa't kung mamatay ang asawa, ay laya na siya sa kautusan, ano pa't siya'y hindi na mangangalunya, bagaman siya'y makisama sa ibang lalake.**

**7:1 "(sapagka't nagsasalita ako sa mga taong nakakaalam ng kautusan)"** Ito ay maaaring tumukoy sa

1. mananampalatayang mga Hudyo lamang
2. ang tungalian sa pagitan ng mananampalatayang mga Hudyo at mga Hentil sa iglesiya sa Roma
3. kautusan sa isang pangkalahatang pagkakaunawa bilang may kaugnayan sa lahat sangkatauhan (cf. 2:14-15)
4. sa bagong Hentil mga mananampalataya na nabibilang sa pagkatuto tungkol sa kanilang bagong pananampalataya (katesismo, 6:17) mula saBanal na Kasulatan sa OT

▣ **"ng kautusan"** Ito ang pangunahing layunin ng kabanata (cf. vv. 1,2,4,5,6, etc). Gayunman, ginamit ni Pablo ang salita sa marami magkakaibang mga pagkakaunawa (likas na kautusan; Kautusan ni Moises; mga pamantayang panlipunan). Tila ang pagtalakay ni Pablo's pagtalakay ay naudyuka ng 6:14. Ang kanyang pagpapakilala ay katulad na kayarian ng kabanata 6. Tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, C. Ang Kautusan ni Moises at kanyang pakikipag-ugnayan sa Bagong Tipan kay Kristo ay tinatalakay din sa 3:21-31 at 4:13-16.

▣
**NASB** **"na ang kautusan ay naghahari sa tao samantalang siya'y nabubuhay"**
**NKJV** **"na ang kautusan ay may kapamahalaan sa tao habang siya ay nabubuhay"**
**NRSV** **"na ang kautusan ay umiiral sa isang tao lamang sa panahon ng kanyang buhay"**
**TEV** **"Ang kautusan ang namamahala sa tao habang siya ay nabubuhay"**
**NJB** **"ang mga utos ay may bisa sa isang tao habang siya'y nabubuhay"**

Sa literal, ito ay "maging panginoon sa lahat ng dako" (*kurieuō*, cf. 6:9,14). Ang Kautusan ni Moises ay kapwa isang dakilang pagpapala (cf. Awit 19; 119), at isang kakila-kilabot na sumpa (cf. Galacia 3:13; Efeso 2:15; Colosas 2:14). Sa pisikal na kamatayan, ang mga pananagutan sa Kautusan ay tumitigil. Ito ay ang katulad na talinghaga na ginamit sa kabanata 6 patungkol sa kamatayan ng mananampalataya kamatayan sa kasalanan.

**7:2 "Sapagka't ang babae na may asawa"** Ito ay pangunahing paglalarawan ni Pablo sa vv. 1-6. Sa

kabanata 6 kinuha niya ang kamatayan na tinatapos ang pananagutan ng isang tao bilang alipin. Dito, ang pag-aasawa at kanyang mga pananagutan ang pinagtutuunan. Ang paglalarawan ay nabaliktad dahil sa ang asawang lalaki ang namatay upang ang balong babae ay maaari muli makapangasawa, habang sa paghahalintulad ni Pablo, ito ay ang mga mananampalataya na namatay at, samakatuwid, ay nabuhay sa Diyos.

▣ **"ay kalag na"** Ito ay isang katulad na PANDIWA sa 6:6; ito ay nangangahulugang "gawing walang-bisa," "ibilang na walang-gamit," o "tapusing malayo." Sa 6:6, ito ay nasa AORIST NA BALINTIYAK, dito, ito ay GANAP NA BALINTIYAK, na nangangahulugang "naging at nagpapatuloy na nakalaya." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:3.

**7:3 "siya'y tatawaging mangangalunya"** Ang punang ito ay kaugnay sa isang pangangatuwirang Hudyo sa pagitan ng mga paaralang rabinikal ng Shammai at Hillel hingil sa Deuteronomio 24:1-4; lalo na sa "ilang kahalayan." Ang paaralang Hillel ay isang liberal na pangkat na ipahihintulot ang diborsiyo sa kahit anong dahilan. Ang paaralang Shammai ay isang konserbatibong pangkat na ipapahintulot lamang ang diborsiyo para sa pangangalunya o ilang seksuwal na kawalang-angkop(cf. Mateo 5:32; 19:9).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 7:4-6**

**[4]Gayon din naman, mga kapatid ko, kayo'y nangamatay rin sa kautusan sa pamamagitan ng katawan ni Kristo; upang kayo'y makisama sa iba, sa makatuwid baga'y doon sa nabuhay na maguli, upang tayo'y magsipagbunga sa Diyos. [5]Sapagka't nang tayo'y nangasa laman, ang mga pitang salarin na pawang *napukaw* sa pamamagitan ng kautusan, ay nagsigawa sa ating mga sangkap upang magsipagbunga sa kamatayan. [6]Datapuwa't ngayon tayo'y nangaligtas sa kautusan, yamang tayo'y nangamatay doon sa nakatatali sa atin; ano pa't nagsisipaglingkod na tayo sa panibagong espiritu, at hindi sa karatihan ng sulat.**

**7:4 "kayo'y nangamatay rin"** Ito ay ang pangunahing layunin ng talataag ito (at kabanata 6). Ito ay may kaugnayan sa pagkakatulad sa kabanata 6 ng mga Kristyano na namamatay sa kasalanan dahil sa sila ay "kasamang inilibing" (6:4) at "kasamang ipinakon sa krus" (6:6) kay Kristo (cf. II Corinto 5:14-15; Galacia 2:20). Ang mga mananampalataya ay mga bagong nilalang kay Kristo (tingnan ang buong tala sa 6:4), sa ganitong bagong panahon ng Espiritu (cf. II Corinto 5:17). Ang bautismo ang nagtatakda ng hangganan sa pagitan ng lumang panahon, lumang tao, at ang bagong panahon, bagong tao.

▣ **"sa pamamagitan ng katawan ni Kristo"** Ito ay hindi tumutukoy sa teolohikong konsepto ng iglesiya bilang katawan ni Kristo (cf. I Corinto 12:12,27), ngunit sa pisikal na katawan ni Kristo sa 6:3-11 na kung saan, nang mamatay si Kristo, ang mga mananampalataya, sa paraan ng pagpapakilala sa pamamagitan ng bautismo, ay namatay kasama Niya. Ang Kanyang kamatayan ay kanilang kamatayan (cf. II Corinto 5:14-15; Galacia 2:20). Ang Kanyang muling pagkabuhay na buhay ang nagpalaya sa kanilan upang maglingkod sa Diyos at sa iba.

▣ **"upang tayo'y magsipagbunga sa Diyos"** Ito rin ay katulad sa kabanata 6, lalo na sa 6:22. Ang mga mananampalataya ay ngayon sa napalaya sa pamamagitan ni Kristo upang bigkisin sila kay Kristo. Ito ang paghahalintulad sa nagpapatuloy na pag-aasawa. Nang si Kristo ay namatay para sa mga mananampalataya, sila ngayon sa kailangang mamatay sa kasalanan (II Corinto 5:13-14; Galacia 2:20). Nang si Kristo ay muling nabuhay, sila, rin, ay babangon sa bagong espirituwal ng buhay ng paglilingkod sa Diyos (cf. Roma 6:22; Efeso 2:5-6) at each other (cf. I Juan 3:16).

**7:5**
**NASB "Sapagka't nang tayo'y nangasa laman"**
**NKJV "Noong tayo pa ay nasa laman"**
**NRSV "Habang tayo ba ay nabubuhay sa lamang"**
**TEV "Noong tayo pa ay nabubuhay sang-ayon sa ating pangtaong kalikasan"**
**NJB "Bago ang ating pagbabagong-buhay"**

Ang talata ay isang paghahambing sa v. 4. Ang talata 4 ay nauugnay sa karanasan ng isang mananampalataya, tulag ng v. 6. Ang talata 5 ay inilalarawan ang "bunga" ng buhay na walang kapangyarihan ng Diyos (Galacia 5:18-24.) Ang Kautusan ay nagpapakita sa mga mananampalataya ng kanilang kasalanan (vv. ; Galacia 3:23-25), ngunit pinagkalooban sila ng kapangyarihan na manaig dito.

Sa konteksto ang pariralang ito ay tumutukoy sa pagkahulog ng mga mananampalataya, makasalanan likas na namana mula kay Adan (cf. 6:19). Ginagamit ni Pablo ang salitang *sarx* sa dalawang magkakaibang mga paraan (1) nakasalanang likas (ang lumang tao) at (2) pisikal na katawan (cf. 1:3; 4:1; 9:3,5). Dito, ito ay pasalungat, ngunit pansinin ang Roma 1:3; 4:1; 9:3,5; Galacia 2:20. Ang laman/katawan (*sarx/soma*) ay hindi masama sa loob at ng sarilin niot, ngunit ito, tulad ng pag-iisip (*nous*), ay ang lugar ng digmaan, ang lugar ng paghaharap sa pagitan ng mga masasamang pwersa ng panahong ito at ang Banal Espiritu. Ginagamit ni Pablo ang salitang ito sa isang paraan na alinsunod sa Septuagint, hindi sa panitikang Griyego. Tingnan ang Natatanging Paksa: Laman (*sarx*) sa 1:3.

▣ **"na pawang *napukaw* sa pamamagitan ng kautusan"** Ang aspetong ito ng mapanghimagsik na likas ng tao, na gumaganti ng may kapusukan sa kahit anong mga pagbabawal, ay maliwanag na nakikita sa Genesis 3 at sa lahat mga tao. Ang Kautusan ang nagtatakda ng hangganan (cf. vv. 7-8). Ang mga hangganang ito ay para sa pangangalaga ng sangkatauhan, ngunit ang mga tao ay tinitingnan sila bilang mga tanikala at mga limitasyon. Ang makasalanan, na hiwalay sa espiritu ay pinapasigla ng Kautusan ng Diyos. Ang suliranin ay hindi sa limitasyon (kautusan, cf. vv. 12-13), ngunt sa pagsasarili ng tao at sariling kalooban.

▣ **"upang magsipagbunga sa kamatayan"** Anong isang ganap na pag-iiba sa pagitan ng

1. v. 5 – nagbibigay-bunga para sa Diyos
2. v. 6 – nagbibigay-bunga para sa kamatayan

Ang mga mananampalataya ay kailangang mamatay sa kamatayan, kasalanan, at sa Kautusan at ngayon, sila ay mabubuhay upang magkaloob ng bunga para sa Kaharian! Si Pablo ay naglalarawan sa itim at puti (o mas maiging mga kabalintunaang pangkat, tingnan ang tala sa 8:2). Ang tao ay isa sa dalawang mga pangkat—si Adan o si Hesus (cf. 5:12-21). Silang na kay Hesus ay pinalaya, tinanggalang ng pagkakagapos, at bago (cf. Galacia 2:19-20)! Lumakad dito! Maging masaya dito!

**7:6 "Datapuwa't ngayon"** Sina Newman at Nida, *A Translator's Handbook on Pauls's Letter to the Roma*, ay may isang nakakawiling pagpuna.

> "Ito ay mahalagang pansinin ang mga pagkakatulad sa sa pagitan ng mga talata 5 at 6, at sa katulad na pagkakataon ang kaninalg kaugnayan sa kung ano ang susunod. Ang talata 5 ay naglalarawan ng mga karanasan bago naging Kristiyano, at may katulad ito sa 7.7- 25; ang talata 6 ay naglalarawan ng pangkasalukuyang buhay ng pananampalataya sa ilalim ng pangunguna sa Espiritu ng Diyos, at may katulad ito sa 8.1-11" (p. 130).

▣ **"tayo'y nangaligtas"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ito ay isang pag-iiba sa DI-GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG ng v. 5. Ang mga mananampalataya ay ay patuloy na hinahawakan ng kasalanan na naihayag sa Kautusan, ngunit ngayon, sila na pinalaya sa Espiritu sa pamamagitan ng mabuting balita ng ebanghelyo. Ang katulad na salitang ito ay ginamit sa babae na ang asawa ay namatay sa v. 2.

▣ **"yamang tayo'y nangamatay doon sa nakatatali sa atin"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PANDIWARI na sinusundan ng isang DI-GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang Diyos ang nagtatakda sa mga mananampalataya na maging malaya sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo mula sa

1. sumpa ng OT
2. kanilang pangloob na makasalanang mga sarili

Sila ay nagpapatuloy na nakagapos sa kanilang rebelyon laban sa nahayag na kalooban ng Diyos, nalugmok sa kalikasan, pagkakasalang pansarili, at higit sa karaniwang panunukso (cf. Efeso 2:2-3)!

▣ **"panibago. . .karatihan"** Ang bagong espirituwal na paraan ay tila tumutukoy sa Bagong Kasunduan (Tipan) (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-32). Ang Griyego salita "bago" (*kainos - kainotēs*) ay ginamit ni Pablo sa

1. panibagong buhay, Roma 6:4 (tingnan ang bagong tala sa 6:4)
2. pagpapanibago ng Espiritu, Roma 7:6
3. ang bagong kasunduan, I Corinto 11:2; II Corinto 3:6
4. ang bagong paglilikha, II Corinto 5:17; Galacia 6:15
5. ang bagong tao, Efeso 2:15; 4:24

Ang salitang "luma" ay nauukol sa Kautusan ni Moises at nangangahulugang "lubusang nasira." Pinag-iiba sa Pablo ang Lumang kasunduan at ang bagong kasunduan, na tulad ng ginawa ng may-akda ng Hebreo (cf. 8:7 at 13).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"ano pa't nagsisipaglingkod na tayo sa panibagong Espiritu"** |
| **NRSV** | **"gayunman, tayo ay mga alipin, hindi sa ilalim ng lumang naisulat na titik ngunit sa bagong buhay ng Espiritu"** |
| **TEV** | **"ngunit sa bagong paraan ng Espiritu"** |
| **NJB** | **"malayang maglingkod sa bagong espirituwal na pamamaraan"** |

Sa literal, ito ay "sa panibagong espiritu." Ito ay di-tiyak kung tinutuukoy nito ang pinapagbagong-buhay na espiritu ng tao o ang Banal na Espiritu. Karamihan ng mga salin sa Ingles ay sinusulat ito sa malaking titik, na nagpapahiwatig ng Banal na Espiritu, na may kalabuang binanggit sa unang pagkakataon sa Roma 8 (15 beses). Ang salitang "espiritu" ay maaaring tumukoy sa espiritu ng tao na pinapagbagong-buhay at pinapalakas ng ebanghelyo at ng Espiritu sa Roma 1:4,9; 2:29; 7:6; 8:15; 11:8; 12:11; I Corinto 2:11; 4:21; 5:3,4,5; 7:34; 14:15,16,32; 16:18.

Sa mga sulat ni Pablo ang "laman" at "espiritu" ay kadalasang ay pinag-iiba bilang dalawang magkaibang paraan ng pag-iisip at pamumuhay (cf. 7:14; 8:4; Galacia 3:3; 5:16,17,25; 6:8). Ang pisikal na buhay na wala sa Diyos ay "laman" (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3), ngunit buhay na kasama ang Diyos ay "espiritu" o "Espiritu." Ang panananahan ng Banal na Espiritu (cf. 8:9,11) ay pinagbabagong-anyo ang mga mananampalataya sa isang bagong nilalang kay Kristo (pangkalagayan at pangkaranasan).

**MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA ROMA 7:7-25**

A. Roma 7:7-25 ay nagpapahayag ng isang pantaong katotohanan. Ang lahat ng mga tao, kapwa naligtas at naliligaw, ay may karanasan ng pag-igting (tensyon) ng mabuti at masama evil sa kanilang mundo at sa kanilang sariling mga puso at mga isipan. Ang hermenyutikong tanong ay, "Paano ipinakahulugan ni Pablo ang talatang ito upang maunawaan?" Ito ay kailangang kaugnay sa konteksto sa mga kabanata 1:18-6:23 at 8:1-39. Ang ilan ay nakikita ito bilang pagtuon sa lahat ng mga tao at, samakatuwid, ay tinitingnan ang personal na karanasan ni Pablo bilang isang tutularan. Ang pagkakaunawang ito ay tinatawag na "ang teoriya ng

pangsariling-talambuhay."

Ginamit ni Pablo ang "Ako" sa isang di-pansariling pagkakaunawa sa I Corinto 13:1-3. Ang paggamit sa isang di-pansariling "Ako" ay maaari ding maitala mula sa mga Hudyong Rabi. Kung totoo ito, ang talatang ito ay maaaring tumukoy sa pagbabagong-kalagayan ng sangkatauhan mula sa kawalang-kasalanan sa pamamagitan ng paniniwala patungo sa kaligtasan (kabanata 8) "ang teoriya ng kinatawan" (i.e., *Jerome Biblical Commentary*, p. 312).

Gayunman, ang iba ay nakikita ang mga talatang ito bilang may kaugnayan sa nakakakilabot na pagpapatuloy na pakikibak ng isang mananampalataya na may nalugmok na likas pantao (i.e., Augustino, Thomas Aquinas, Martin Luther, John Calvin, Karl Barth). Ang nakakapigtas-pusong pag-iyak sa v. 24 ay nagpapahayag ng panloob na pag-igting (tensyon). Ang AORIST NA at DI-GANAP NA PANDIWA MGA PANAHUNAN ay nangingibabaw sa vv. 7-13, habang ang PANGKASALUKUYANG at GANAP NA PANDIWA MGA PANAHUNAN ay nangingibabaw sa vv. 14-25. Ito ay tila paghiram ng pagtitiwala sa "ang teoriya ng pangsariling talambuhay" na inilalarawan ni Pablo ang kanyang sariling karanasan mula sa kawalang-kasalanan, sa paniniwala patungong kaligtasan, to pag-aaring-ganap at sa puno ng pag-igting (tensyon) na paraan ng nagpapatuloy ng pagpapaging-banal (cf. *autos egō,* "I myself," cf. v. 25).

Ito ay maaaring ang kapwa pananaw ay totoo. Sa vv. 7-13 at 25b si Pablo ay nagsasalita ng pangsariling talambuhay, habang sa vv. 14-25a, siya ay naghahayag ng kanyang karanasa ng panloob na pakikibaka sa kasalanan, bilang kinatawan ng lahat ng tinubos na sangkatauhan. Gayunman, kailangan ding malaman na ang buong talataang ito ay kailangan ding makita laban sa kalalagayan ni Pablo bilang isang matapat na relihiyosong Hudyo bago ang pinapagbagong-buhay. Ang karanasan ni Pablo ay partikular na sa kanya.

B. Ang Kautusan ay mabuti. Ito ay mula sa Diyos. Ito ay naglilingkod, at magpapatuloy maglingkod, isang pang-Diyos na layunin (cf. 7:7, 12, 14, 22, 25; Mateo 5:17-19). Ito ay hindi makakapagdulot ng kapayapaan o kaligtasan (cf. Galacia 3). Si James Stewart sa kanyang aklat na *A Man in Christ*, ipinapakita ni Pablo ang kabalintunaang pag-iisip at pagsusulat:

> "Sa pangkaraaniwan, ikaw ay umaasa na ang isang tao na nagtatakda sa kanyang sarili na bumuo ng isang sistema ng pag-iisip at doktrina na ayusin hangat maaari na may katibayan ang mga kahulugan ng mga salitang kanyang ginagamit. Aasahang mo siyang maglalayon ng katumpakan sa kanyang mga prasilohiya (parirala) ng kanyang mga nangungunang kaisipan. Maaari mong hingin na ang salita, na minsang ginamit ng iyong manunulat sa isang partikular na pagkagamit ay kailangang dalhin ang kahulugan hangang sa katapusan. Ngunit kung titingnan mo ito mula kay Pablo ay isang kabiguan. Karaminhan sa kanyang mga ginagamit na parirala ay pabagu-bago, hindi matibay. . .'Ang kautusan ay banal,' sinulat niya na, 'Ako ay nagagalak sa kautusan ng Diyos na nasa panloob na tao' (cf. Roma 7:12-13) ngunit ito ay maliwanag na ibang aspeto ng *nomos* na ginagawa niyang sabihing saan mang dako, 'Si Kristo ang nagtubos sa atin mula sa sumpa ng kautusan (cf. Galacia 3:13)'" (p. 26).

C. Ang katunayan sa talata na nagtataguyod sa tanong na, "Si Pablo ba ay tumutukoy sa isang ligtas o sa isang di-ligtas sa vv. 14-25?" ay ang mga sumusunod
   1. Di-ligtas na tao
      a. Ito ay pagkakaunawa ng mga naunang nagsasalitang Griyegong ama ng iglesiya
      b. Ang mga sumusunod na parirala ang nagtataguyod ng ganitong pagkaunawa
         (1) "Ako ay nasa laman," v. 14
         (2) "ipinagbili sa pagkaalipin ng kasalanan," v. 14
         (3) "walang mabuting nanananahan sa akin," v. 18

(4) "ginagawa akong isang bilanggo ng kautusan ng kasalanan na nasa aking mga sangkap," v. 23

(5) "Abang tao ako! sino ang magliligtas sa akin sa katawan nitong kamatayan?" v. 24

c. Ang kagyat na konteksto ng kabanata 6 ay napalaya tayo mula sa pagka-panginoon ng kasalanan. Ang konteksto ng kabanata 8 ay nagsisimula na sa "kaya pagkatapos."

d. Ang pagkawala ng kahit anong sangunian sa Espiritu o kay Kristo hangang sa katapusan ng konteksto ito (v. 25).

2. Naligtas na tao

a. Ito ay pagkauna nina Augustino, Calvin, at ang *Reformed* na tradisyon

b. Ang mga sumusunod na parirala ang nagtataguyod ng ganitong pagkaunawa

(1) "nalalaman natin na ang Kautusan ay espirituwal," v. 14

(2) "Ako ay sumasang-ayon sa Kautusan, tinatanggap ito na mabuti," v. 16

(3) "ang mabuti na aking hinihiling, hindi ko ginagawa...," v. 19

(4) "Ako ay nagagalak na sumasang-ayon sa kautusan ng Diyos sa panloob na tao," v. 22

c. Ang mas malaking konteksto sa Roma ay inilagay ang kabanata 7 sa bahagi na tumutukoy sa pagpapaging-banal.

d. Ang maliwanag na pagbabago sa mga panahunan ng pandiwa mula sa DI-GANAP NA at AORISTS sa vv. 7-13 alinsunod sa paggamit ng PANGKASALUKUYANG panahunan sa vv. 14-24 ay nagpapahiwatig ng isang magkakaiba at bagong bahagi sa buhay ni Pablo (i.e., pagbabagong-buhay o kaligtasan).

D. Mas lalong nagsusumikap ang mga mananampalataya patungong pagiging katulad ni Kristo, mas laln niyang nararanasan ang kanyang pagiging makasalanan. Ang kabalintunaang ito ay umaakmang mabuti sa kontekstong ito at sa katauhan ni Pablo (at, para sa paksang ito, sa karamihan ng mga mananampalataya; sa isang salungat na pananaw, tingnan si Gordon Fee, *Paul, The Spirit, and the People of God*).

Isang taludtod mula sa isang Imnong Luterano ni Henry Twells:

"At wala, O Panginoon, ay may lubusang pahinga,
Dahil walang lubusang malaya mula sa kasalanan;
At silang mga nanghihina ang maglilingkod sa Iyo ng pinakamagaling
Nalalaman nila ang pinakamali sa kalooban."

Sa aking palagay, si Pablo ay nakikibaka sa kanyang pang-Fariseong nakalipas na nagbigay ng kayarian sa kanyang pagpapakilala sa "Kautusan" at "kasalanan/kamatayan." Gayunman, ako rin ay naaapektuhan ng aking sariling pakikipagbaka sa tukso at kasalanan matapos ang kaligtasan. Ito ang siyang nagbibigay-kulay sa aking pagpapaliwanag. Sa aking palagay, si Gordon Fee sa *Paul, the Spirit, and the People of God*, ay nagpapakilala ang isa pang totoong karanasan at pananaw ng mga Kristiyano. Isang bagay ang aking nalalaman, ang pag-igting (tensyon) o di-pagkakasundo sa pagitan ng

1. Lumang panahon – bagong panahon
2. Lumang tao – bagong tao
3. kautusan – espiritu

ay may kaugnayan kay Kristo! Ang tagumpay ay sa atin. Di-kailanman tumuon sa kabanata 7 na walang pagtala sa mga kabanata 6 at 8. Ang tagumpay ay nasa atin sa Kanya!

E. *Sun* (PANG-UKOL sa 8:32) mga tambalan sa Roma 8

1. v. 16 – *sun* + nagpapatotoo/nagpapatunay
2. v. 17 – *sun* + tagapagmana
3. v. 17 – sun + magdusa
4. v. 17 – sun + magluwalhati

5. v. 22 – sun + dumaing
6. v. 22 – sun + mga pasakit sa panganganak
7. v. 26 – sun + pigilin ang pagsulong
8. v. 28 – sun + gumawa may kasama/makipagtulungan
9. v. 29 – sun + tumalima
   Ang mga tambalang ito ay nangangahulugang "magkasamang pakikilahok sa" o "pakikipagtulungan sa."

**TALATA SA NASB (BINAGO): 7:7-12**

**7Ano nga ang ating sasabihin? Ang kautusan baga'y kasalanan? Huwag nawang mangyari. Datapuwa't, hindi ko sana nakilala ang kasalanan, kundi sa pamamagitan ng kautusan: sapagka't hindi ko sana nakilala ang kasakiman, kung hindi sinasabi ng kautusan, HUWAG KANG MANANAKIM: 8Datapuwa't ang kasalanan, nang makasumpong ng pagkakataon, ay gumawa sa akin sa pamamagitan ng utos ng sarisaring kasakiman: sapagka't kung walang kautusan ang kasalanan *ay* patay. 9At nang isang panahon ako'y nabubuhay na walang kautusan: datapuwa't nang dumating ang utos, ay muling nabuhay ang kasalanan at ako'y namatay; 10At ang utos na sa ikabubuhay, ay nasumpungan kong ito'y sa ikamamatay; 11Sapagka't ang kasalanan, nang makasumpong ng pagkakataon, ay dinaya ako sa pamamagitan ng utos, at sa pamamagitan nito ay pinatay ako. 12Kaya nga ang kautusan ay banal, at ang utos ay banal, at matuwid, at mabuti.**

**7:7 "Ano nga ang ating sasabihin"** Si Pablo ay bumabalik sa kanyang paggamit ng pagtuligsa (diatribe) (cf. 6:1,15; 7:1,13).

▣ **"Ang kautusan baga'y kasalanan"** Ang isa sa mga kabalintunaan ng kapahayagan ay ang paggamit ng Diyos ng kabanalan at kabutihan ng Kautusan bilang isang salamin upang maihayag ang kasalanan, upang dalhin ang nalugmok na sangkatauhan sa lugar ng pagsisisi at pananampalataya (cf. vv. 12- 13; Galacia 3). Nakakagulat din na ang Kautusan nagpapatuloy na gumanap sa pagpapaging-banal ngunit hindi sa pag-aaring-ganap (tingnan ang Natatanging Paksa: Pananaw ni Pablo sa Kautusan ni Moises sa 13:9.

▣ **"Huwag nawang mangyari"** Ang katangiang pagtanggi ni Pablo sa isang maling pagbibigay-diin (cf. v. 13; 3:4,6,31; 6:2,15; 9:14; 11:1,11; Galacia 2:17; 3:21).

▣ **"Datapuwa't"** Ang pampanitikang pamamaraan ni Pablo sa Roma ay gumagamit ng malakas na pag-iiba upang gawain ang kanyang mga punto (cf. 3:4,6,31; 6:2,15; 7:13; 9:14; 11:1,11).

▣ **"ko"** Markahan sa iyong Bibliya kung ilang beses makikita ang mga personal na panghalip na "ako," "akin," o "ko" sa konteksto ng vv. 7-25. Magugulat ka dito. Ito ay humigit sa apat-na-pung beses.

▣ **"hindi ko sana nakilala ang kasalanan, kundi sa pamamagitan ng kautusan"** Ito ay isa sa mga susing talata na naghahayag ng konsepto ng Kautusan ni Moises kumikilos bilang isang salamin na naghahayag ng personal na kasalanan (cf. 3:20; 4:65; 5:20; Galacia 3:14-29, lalo na sa v. 24). Ang labagin ang Kautusan ng minsan ay labagin ang Kasunduan at, sa gayong paraan, ay dalhin ang mga kahihinatnan nito (cf. v. 10 at Santiago 2:10)!

▣ **"kundi sa pamamagitan ng kautusan"** Ito ay isang PANGALAWANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na tinatawag na "salungat sa katotohanan." Si Pablo ay nahatulan sa kasalanan. Ito lamang ang halimbawa ng ganitong gramatikong katangian sa Roma. Hindi ginamit ito ni Pablo sa Galacia 1:10; 3:21, gayundin sa I Corinto 2:8; 5:10; 11:31; at II Corinto 12:11.

▣ **"HUWAG KANG MANANAKIM"** Ito ay isang sipi ng huling utos ng Sampung mga Kautusan (cf. Exodo 20:17; Deuteronomio 5:21). Ang huling utos na ito ay tumutuon sa tamang pagtingin, na tunay na diwa nilang lahat (cf. Mateo 5-7). Ang Kautusan ay kadalasang tinutukoy bilang "ang kautusan" (cf. vv. 8,9,11,12,13).

Ang salitang "mag-imbot (manakim)" ay nangangahulugang "itakda ang puso ng isa sa" o "lubhang nasain." Binigyan ng Diyos ang mga tao (di-ligtas at naligtas) ng maraming mabubuting bagay sa pamamagitan ng paglilikha, ngunt ang mga tao ay nagnanais na kunin ang mga kaloob ng Diyos na labis sa binigay na hangganan ng Diyos. "Higit-at-hight para sa akin sa anumang halaga" ang kanilang naging kasabihan! Ang sarili ay isang napakabangit na pinuno! Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga tala sa Exodo 20:17 sa13:8-9.

**7:8**
**NASB, NKJV "makasumpong ng pagkakataon"**
**NRSV "makahanap ng isang pagkakataon"**
**TEV "matagpuan ang kapalaran nito"**
**NJB "samantalahin ang pagkakataon "**

Ito ay isang pang-hukbong salita na ginagamit sa isang kuta o himpilan ng pagsalakay (cf. vv. 8 at 11). Ito ay binigyang-buhay sa kontekstong ito (cf. vv. 9,11). Ang kasalanan ay ipinapakilala bilang isang pang-hukbong pagsalakay (cf. v.11) na pinangungunahan ng isang pang-hukbong pinuno (cf. vv. 11 at 17; 6:12, 14, 16).

▣ **"kung walang kautusan ang kasalanan ay patay"** Ang kasalanan ay isang paghihimagsik laban sa kalooban ng Diyos (cf. Roma 4:15; 5:13; I Corinto 15:56). Walang PANDIWA sa pariralang ito; ito ay kailangang bigyan. Kung ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN, nagpapahiwatig ito ng isang pangkalahatang panuntunan (prinsipyo). Kung ito ay magbibigay ng AORIST NA PANAHUNAN, tumutukoy ito sa partikular na buhay ni Pablo.

**7:9 "At nang isang panahon ako'y nabubuhay"** Ito ay tumutukoy kay Pablo bilang (1) isang bata sa panahon ng kawalang-kasalanan (i.e., before *Bar Mitzvah*) o (2) isang nangakong Fariseo bago magdurog sa kanyang puso ang katotohanan ng ebanghelyo (cf. Gawa 23:1; Filipos 3:6; II Timoteo 1:3). Ang una ay nagpapakilala ng "teoriya ng pansariling-talambuhay" na pagbibigay-kahulugan sa kabanata 7 at ang pangalawa ay "teoriya ng kinatawan" sa pagbibigay-kahulugan sa kabanata 7.

▣ **"nang dumating ang utos, ay muling nabuhay ang kasalanan at ako'y namatay"** Ang mapanghimasik na espiritu ng sangkatauhan ay pinapalakas ng mga pagbabawal. Ang "huwag gawin" ng Kautusan ng Diyos ay nagbabadya ng kayabangan ng pansariling pamamahala ng nalugmok na sangkatauhan (cf. Genesis 2:16-17; 3:1-6). Pansinin kung paano nagpapatuloy na binigyang-buhay ang kasalanan, tulad sa 5:21 at 7:8,11,17,20.

**7:10 "ang utos na sa ikabubuhay, ay nasumpungan kong ito'y sa ikamamatay"** Ito ay maaaring isang sanggunian sa pangako ng Levitico 18:5; Deuteronomio 4:1; o maaaring Roma 2:13. Ang Kautusan ay nangakong kung ano man ang hindi nito matutupad, hindi dahil sa ito ay makasalanan, ngunit dahil sa ang sangkatauhan ay mahina at mapanghimagsik. Ang Kautusan ay naging isang parusang kamatayan (cf. Galacia 3:13; Efeso 2:15; Colosas 2:14).

**7:11 "dinaya ako sa pamamagitan ng utos, at sa pamamagitan nito ay pinatay ako"** Ito ay kapwa AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG MGA PANDIWA. Ang salitang ito na, "dinaya," ay ginamit ng ahas sa pagdaya ka Eba sa Septuagint (LXX) ng Genesis 3:13. Ginagamit ni Pablo ang PANDIWANG ito ng

maraming beses (cf. Roma 16:18; I Corinto 3:18; II Corinto 11:3; II Tesalonica 2:3; I Timoteo 2:14). Ang suliranin nina Adan at Eba ay pagiging sakim din (cf. II Corinto 11:3; I Timoteo 2:14). Sina Adan at Eba ay namatay sa espirituwal sa kanilang pagsuway sa utos ng Diyos (ngayon ay nahayag sa Kautusan, cf. I Corinto 15:56), at gayundin ang ginawa ni Pablo at gayundin sa lahat ng mga tao (1:18- 3:20).

**7:12** Ito ang panindigan ni Pablo sa kabutihan ng Kautusan. Hindi ito isang suliranin. Gayunman, ang magkakatulad na kayarian ni Pablo, gamit ang "kasalanan" sa kabanata 6 at "kautusan" sa kabanata 7, ay nakapagbalisa sa mga maka-kautusang mga mananampalatayang Hudyo (ang mahihina ng 14:1-15:13) sa iglesiya sa Roma.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 7:13**

**13 Ang mabuti nga baga ay naging *isang dahilan ng* kamatayan sa akin? Huwag nawang mangyari. Kundi ang kasalanan, upang maipakilalang kasalanan, sa pamamagitan ng mabuti ay gumawa sa akin ng kamatayan; na sa pamamagitan ng utos ang kasalanan ay maging lalong sala.**

**7:13**

**NASB** **"kasalanan, upang maipakilalang kasalanan. . . kasalanan ay maging lalong sala"**
**NKJV** **"kasalanan, upang ito ay maipakitang kasalanan. . .maaaring maging sukdulang makasalanan"**
**NRSV** **"na ang kasalanan na maaaring ipakita na kasalanan. . .makasalanan na lampas sa sukatan"**
**TEV** **"upang sa gayon ang tunay na likas bilang kasalanan ay maaaring maihayag"**
**NJB** **"kasalanan, upang ipakita ang kanyang totoong kulay. . .ay may kakayahang tuparin ang lahat nitong makasalanang kapangyarihan"**

Ang masamang likas ng kasalanan ay maliwanag na nakit sa katotohanan na kinukuha nito ang mga bagay na mabuti, kapaki-pakinabang, at maka-Diyos bilang Kautusan ni Moises (cf. Awit 19, 119) at binaluktot ito sa isang kasangkapan ng sumpa at kamatayan (cf. Efeso 2:15; Colosas 2:14). Ang nalugmok na sangkatauhan na kinuha ang bawat mabuting kaloob ng Diyos ay gumamit na lagpas sa hangganang ipinagkaloob ng Diyos!

Pansinin ang dalawang *hina* (layunin) mga sugnay na isinaling "upang sa gayon" at "upang." Ang MGA PANG-UKOL ang nagbibigay-linaw sa layunin ng may-akda!

▣ **"lalong sala"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Paggamit ni Pablo ng mga Tambalang *Huper* sa 1:30. Ang kasalanan ay binigyang buhya upang ipakita ang persona na kalikasan ng kasamaan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Personal (Pansarili) na Kasamaan sa 16:20.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 7:14-20**

**14 Sapagka't nalalaman natin na ang kautusa'y sa espiritu: nguni't ako'y sa laman, na ipinagbili sa ilalim ng kasalanan. 15 Sapagka't ang ginagawa ko'y hindi ko nalalaman: sapagka't ang hindi ko ibig, ang ginagawa ko; datapuwa't ang kinapopootan ko, yaon ang *nais na* ginagawa ko. 16 Nguni't kung ang hindi ko ibig *gawin*, ang siyang ginagawa ko, ay sumasangayon ako kautusan na *inaaming* mabuti ang kautusan. 17 Kaya ngayo'y hindi ako ang gumagawa nito, kundi ang kasalanang tumitira sa akin. 18 Sapagka't nalalaman ko na sa akin, sa makatuwid ay sa aking laman, ay hindi tumitira ang anomang bagay na mabuti: sapagka't ang pagnanasa ay nasa akin, datapuwa't ang paggawa ng mabuti *ay* wala. 19 Sapagka't ang mabuti na aking ibig, ay hindi ko ginagawa: nguni't ang masama na hindi ko ibig, ay siya kong ginagawa. 20 Datapuwa't kung ang hindi ko ibig, ang siya kong ginagawa, ay hindi na ako ang gumagawa nito, kundi ang kasalanang tumitira sa akin.**

**7:14 "kautusa'y sa espiritu"** Ang Kautusan ng Diyos ay mabuti. Ito ay hindi suliranin (cf. vv. 12 &

16b).

▣ **"Ako ay nasa laman"** Ang salitang ito ay ginamit ni Pablo sa (1) isang walang kinikilingang diwa na nangangahulugang pisikal na katawan (cf. 1:3; 2:28; 4:1; 9:3,5); at (2) isang salungat na diwa na nangangahulugang nalugmok na likas ng sangkatauhan kay Adan (cf. v. 5). Ito ay di-tiyak kung ano ang tinutukoy nito.

▣ **"na ipinagbili sa ilalim ng kasalanan"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI na nangangahulugang "Ako ay naging at nagpapatuloy na ipagbilib sa pagkaalipin sa kasalanan." Ang kasalanan ay muling binigyang-buhay, dito bilang isang may-ari ng mga alipin. Ang kinatawan ng BALINTIYAK NA TINIG ay hindi tiyak. Ito ay maaaring tumukoy kay Satanas, sa kasalanan, kay Pablo, o sa Diyos.

Sa OT ang pangunahing salita upang kayagin ng Diyos ang sangkatauhan pabalik sa kanya ay "pagtubos" o "katubusan" (at kanilang magkasingkahulugan). Sa orihinal, ito ay nangangahulugang "bayaran upang ibalik" (at kanyang mga kasingkahulugan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:24). Ang salungat na konsepto ay ang pariralang ginamit dito, "ipinagbili sa mga kamay ng. . ." (cf. Hukom 4:2; 10:7; I Samuel 12:9).

**7:15-24** Ang anak ng Diyos mayroong "kalikasang pagka-Diyos" (cf. II Pedro 1:4), ngunit gayundin ang nalugmok na kalikasan (cf. Galacia 5:17). Maaaring, ang kasalanan ay ginawang walang-bisa (cf. Roma 6:6), ngunt ang karanasan ng tao ay sumusunod sa kabanata 7. Ang mga Hudyo nagsasabing sa bawat puso ng tao ay isang itim at isang putting aso. Ang isa na pinapakain ng mas marami ay ang isa na magiging mas malaki.

Sa aking pagbasa ng talatang ito, naramdam ako, sa karanasan, ang sakit ni Pablo habang kanyang inilalarawang ang pang-araw-araw na tunggalian ng ating dalawang kalikasan. Ang mga mananampalataya ay ay pinalaya na mula sa kanilang nalugmok sa kalikasan, ngunit, tinulungan tayo ng Diyos, tayo ay nagpapatuloy na pumayag sa pain. Ito ay kadalasang tunay na nakakagulat na ang masidhing espirituwal na digmaan ang nagsisimula pagkatapos ng kaligtasan. Ang paglago ay isang puno ng pag-igting (tensyon) na pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa Trinidad na Diyos at isang pang-araw-araw na pagtutunggali sa kasamaan (cf. 8:12-25,26; Galacia 5:16-18; Efeso 6:10-18; Colosas 3:5-10; see J. D. G. Dunn, *Jesus and the Spirit*).

**7:16,20 "kung"** Sila ay kapwa UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nakikita bilang totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin.

**7:18 "nalalaman ko na sa akin, sa makatuwid ay sa aking laman"** Si Pablo ay di-nagbibigay-diin na ang pisikal na katawan ay masama, ngunit ito ay isang lugar na pakikidigma sa pagitan ng nalugmok na likas nature at Espiritu ng Diyos. Ang mga Griyego ay pinanghahawakan na ang katawan, kaalinsabay ng lahat ng mga bagay, ay masama. Ito ay lumago sa pang-dalawahang maling pananampalataya ng Gnostisismo (cf. Efeso, Colosas at I Juan). Ang mga Griyego ninais na sisihin ang "ang pisikal" para sa mga suliraning espirituwal. Hindi tinitingnan ni Pablo ang labanang espirituwal sa mga salitang ito. Binigyang-buhay niya ang kasalanan at ginamit ang paghihimagsik ng sangkatauhan laban sa kautusan ngDiyos bilang bilang pagkakataon para sa pagsalakay ng kasamaan sa likas ng tao. Ang salitang "laman" sa mga sulat ni Pablo ay maaaring mangahulugang (1) ang pisikal na katawan na walang kinikilingang moralidad (cf. 1:3; 2:28; 4:1; 9:3,5) at (2) ang bumagsak na makasalanang kalikasan na naman mula kay Adan (cf. v. 5). Tingnan ang Natatanging Paksa: Laman (*sarx*) sa 1:3.

**7:20 "kasalanang tumitira sa akin"** Ito ay nakakawili na ang aklat ng Roma ay lubhang maliwanag na ipinapakita ang kasalanan ng sangkatauhan, ngunit hindi binanggit si Satanas hanggang 16:20. Hindi

maaring sisihin ng mga tao si Satanasa sa kanilang suliraning kasalanan. Tayo ay mayroong pagpili. Ang kasalanan ay binibigyang-buhay bilang isang hari, punong malupit, may-ari ng mga alipin. Tinutukso at inaakit nito tyao sa pagsasarili mula sa Diyos, ipahayag ang sarili sa kahit anong halaga. Ang pagbibigay-buhay ni Pablo sa kasalanan na naiugnay sa pagpili ng tao ay naglalarawan ng Genesis 4:7.

Ginagamit ni Pablo ang salitang "nananahan" ng maraming beses sa kabanatang ito (cf. vv. 17,18,20). Ang likas ng kasalanan ay hindi nawasak o natanggal sa kaligtasan, ngunit ginawang maaaring walang-bisa. Ang nagpapatuloy nitong kawalan ng kapangyarihan ay nakabatay sa ating pakikipagtulungan sa nananahang Espiritu (cf. 8:9,11). Pinagkalooban ng Diyos para sa mga mananampalataya lahat ng kailangan upang labanan ang binigyang-buhay (pampanitikan) at personal (si Satanas at ang pang-demonyo) na kasamaan. Ito ay ang presensiya at kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Sa pagtanggap natin ng walang-bayad kaloob na kaligtasan ng Diyos, lalo din, na kailangan nating tanggapin ang kaloob ng Diyos na mabisang paghahadlang ng Banal Espiritu. Ang kaligtasan at ang Kristiyanong buhay ay isang pang-araw-araw na pamamaraan na nagsisimula at nagtatapos sa mga pag-araw-araw na pagpili ng mga mananampalataya' daily decisions. Ipinagkaloob ng Diyos ang lahat ng ating pangangailangan: ang Espiritu (Roma 8), espirituwal na sandata (Efeso 6:11), kapahayagan (Efeso 6:17), at panalangin (Efeso 6:18).

Ang digmaan ay mabangis (Roma 7), ngunit ang digmaan na pinagtagumpayan na (Roma 8).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 7:21-25**

**21Kaya nga nasumpungan ko ang isang kautusan na, kung ibig kong gumawa ng mabuti, ang masama ay nasa akin. 22Sapagka't ako'y nagagalak sa kautusan ng Diyos ayon sa pagkataong loob: 23Datapuwa't nakikita ko ang ibang kautusan sa aking mga sangkap na nakikipagbaka laban sa kautusan ng aking pagiisip, at dinadala akong bihag sa ilalim ng kautusan ng kasalanan na nasa aking mga sangkap. 24Abang tao ako! sino ang magliligtas sa akin sa katawan nitong kamatayan? 25Nagpapasalamat ako sa Diyos sa pamamagitan ni Hesukristo na Panginoon natin. Kaya nga tunay kong ipinaglilingkod ang aking pagiisip, sa kautusan ng Diyos; datapuwa't ang laman ay sa kautusan ng kasalanan.**

**7:22 "kautusan ng Diyos"** Para sa mga Hudyo tumutukoy ito sa Kautusan of Moises. Para sa mga hindi Hudyo ito ay tumutukoy sa

1. ang patotoo ng kalikasan (cf. Roma 1:19-20; Awit 19:1-6)
2. ang panloob na moral na budhi (cf. Roma 2:14-15)
3. mga panlipunang pamantayan o pag-uugali

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"pagkataong loob"** |
| **NKJV** | **"sang-ayon sa panloob na tao"** |
| **NRSV, NJB** | **"sa aking kaloob-loobang sarili"** |
| **TEV** | **"aking panloob na pagkatao"** |

Pinag-iiba ni Pablo ang panglabas na tao (pisikal) sa panloob na tao (espirituwal) sa II Corinto 4:16. Sa kontekstong ito, ang parirala ay tumutukoy sa bahagi ni Pablo o ligtas na sangkatauhan na naninindigan sa kalooban at kautusan ng Diyos.

1. "ang Kautusan ay espirituwal," 7:14
2. "kung ano ang gusto kong gawin," 7:15
3. "Ako ay sumasang-ayon sa Kautusan, tinatanggap na ang Kautusan ay mabuti," 7:16
4. "ang paghiling ay naririto sa akin," 7:18
5. "ang mabuti na aking nais," 7:19
6. "Ako ay nagduduloy ng napakasama na hindi ko nais," 7:19

7. “Ginagawa ko ang mga bagay na hindi nais,” 7:20
8. “ang isa nag nagnanais na gumawa ng mabuti,” 7:21
9. “Ako ay maligayang sumasang-ayon sa Kautusan ng Diyos,” 7:22
10. “ang kautusan ng aking pag-iisip,” 7:23
11. “Ako ang aking sarili kasama ang aking isip ay naglilingkod sa kautusan ng Diyos,” 7:25

Ang kabanata 7 ay ipinapakita na ang kaalaman ng Diyos at Kanyang salita ay hindi sapat. Ang mga mananampalataya ay pangangailangan ng Espiritu (kabanata 8)!

**7:23** Mayroong tunay na pagkakaiba sa pagitan ng 6:2; 8:2 at 7:23. Ang talatang ito ay maliwanag na ipinapakia ang paggamit ni Pablo ng kautusan (*nomos*) ay tumutukoy sa (1) ang kautusan ng kasalanan (cf. vv. 21,25) at (2) ang kautusan ng Diyos (cf. vv. 22, 25). Mas maaga sa vv. 4,5,6,7,9 at 12 ginamit ni Pablo ang salita para sa OT. Si Pablo ay hindi siang sistematikong teolohiko. Siya ay nakikibaka sa konsepto ng “kautusan.” Sa isang pagkaunawa, ito ay kapahayagan ng Diyos, isang napakagandang kaloob sa sangkatauhan, gayunman sa iba ito ang siyang nagbibigay-kahulugan sa kasalanan at at maliwanag na nagtatakda ng hangganan sa sangkatauhan na hindi ito maisakatuparan. Ang mga hangganang ito ay hindi lamang ang kapahayagan sa OT (cf. Awit 19:7-14; 119, ngunit lahat ng pangmoral na pamatnubay: kapahayagang pangkalikasan (cf. Awit 19:1-6; Roma 1:18-3:31) o mga panlipunang pag-uugali at mga pamantayan. Ang mga tao ay mga rebedle na gustong maging lubos ang who want to be in complete pamamahalata sa kanilang mga buhay!

**7:24** Maaari ba itong isang pahayag mula sa isang naligtas na tao? Ang ilan ay nagsasabing hindi at, samakatuwid, ang kabanatang ito ay tumutukoy sa isang moral, rehiliyoso ngunit di-ligtas na mga tao. Ang iba ay nagsasabing oo, na ito ay tumutukoy sa pag-igting (tensyon) ng ebanghelyo, “ang nandito na at ang hindi pa” sa mga buhay ng mga mananampalataya. Ang eskatolohikong katuparan ay hindi pa naihahayag. Ang lumalagong mananampalataya ay nauunawaan ang puwang na ito ng may kalubhaan.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **“sa katawan nitong kamatayan”** |
| **NKJV, NRSV** | **“katawan nitong kamatayan”** |
| **TEV** | **“ang katawang ito na dinadala ako sa kamatayan”** |
| **NJB** | **“ang katawang ito na mapapahamak sa kamatayan”** |

Ang pisikal na katawan at pag-iisip ay hindi masama sa loob at sa kanilang mga sarili. Sila ay linikha ng Diyos para sa buhay sa mundong ito at sa pakikipag-ugnayan sa Kanya. Sila ay linikhang “napakabuti” (cf. Genesis 1:31). Ngunit, ang Genesis 3 ay binago ang sangkatauhan at ang mundo. Ito ay hindi ang mundo na ninanais ng Diyos na maging at hindi tayo ang mga tao na ninanais ng Diyos na maging. Ang kasalanan ay lubusang umepekto sa linikha. Ang kasalanan ay kinuha ang mabuti at binaluktot ito sa isang makasariling kasamaan. Ang katawan at pag-iisip ay naging lugar ng digmaan sa tukso at kasalanan. Nararamdaman ni Pablo ang digmaan ng may katindihan! Inaasam niya ang bagong panahon, ang bagong katawan, ang pakikipag-ugnayan sa Diyos (cf. 8:23).

**7:25** Ito ay isang buod at isang pagbabagong-kalagayan sa isang mas mataas na saligan ng Roma 8. Gayunman, kahit na sa kabanata 8 ang katulad na ganitong pag-igting (tensyon) ay makikita sa vv. 5-11.

Ang tanong sa mga nagpapaliwanag ay umiinog sa kung sino ang kinakausap ni Pablo?

1. Ang kanyang sarili at kanyang mga karanasan sa loob ng Judaismo
2. lahat mga Kristyano
3. Si Adan bilang isang halimbawa ng mga tao
4. Ang Israel at kangyang kaalaman sa Kautusan, ngunit nabigong sundin ito

Sa ganang akin, akin pagsasamahin ang #1 (vv. 7-13,25b) at #2 (vv. 14-25a). Tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal sa Roma 7:7-25.

Ang sakit at matinding paghihirap ng kabanata 7 ay tinumbasan at dinaig ng kadakilaan ng kabanata 8!

▣ **"Nagpapasalamat ako sa Diyos"** Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

**NATATANGING PAKSA: PAGPUPURI, PANALANGIN, AT PASASALAMAT NI PABLO SA DIYOS**

Si Pablo ay isang tao ng pagpupuri. Nalalaman niya ang Lumang Tipan. Ang bawat unang apat na mga pagkakahati (i.e., mga aklat) ng Awit ay natatapos sa mga doxolohiya (cf. Awit 41:13; 72:19; 89:52; 106:48). Pinapupurihan at itinatanyag niya ang Diyos sa maraming magkakaibang mga pamamaraan.

1. panimulang mga talata sa kanyang mga sulat
   a. panimulang mga pagbabasbas o mga pagbati (cf. Roma 1:7; I Corinto 1:3; II Corinto 1:2)
   b. panimulang mga pagpapala (*eulogētos*, cf. II Corinto 1:3-4; Efeso 1:3-14)
2. maikling mga bulalas ng pagpupuri
   a. Roma 1:25; 9:5
   b. II Corinto 11:31
3. Mga doxolohiya (makikilala sa pamamagitan ng paggamit ng [1] *doxa* {i.e., kaluwalhatian} at [2] "magpakailanman at kailanman")
   a. Roma 11:36; 16:25-27
   b. Efeso 3:20-21
   c. Filipos 4:20
   d. I Timoteo 1:17
   e. II Timoteo 4:18
4. Mga pasasalamat (i.e., *eucharisteō*)
   a. Mga pambungad ng sulat (cf. Roma 1:8; I Corinto 1:4; II Corinto 1:11; Efeso 1:16; Filipos 1:3; Colosas 1:3,12; I Tesalonica 1:2; II Tesalonica 1:3; Philemon v. 4; I Timoteo 1:12; II Timoteo 1:3)
   b. Panawagan sa pagbibigay ng pasasalamat (cf. Efeso 5:4,20; Filipos 4:6; Colosas 3:15,17; 4:2; I Tesalonica 5:18)
5. Maikling mga bulalas ng pagpapasalamat
   a. Roma 6:17; 7:25
   b. I Corinto 15:57
   c. II Corinto 2:14; 8:16; 9:15
   d. I Tesalonica 2:13
   e. II Tesalonica 2:13
6. Pangwakas na mga pagbabasbas
   a. Roma 16:20,24(?)
   b. I Corinto 16:23-24
   c. II Corinto 13:14
   d. Galacia 6:18
   e. Efeso 6:24

Nakikilala ni Pablo ang Diyos sa teolohiya at sa karanasan. Sa kanyang mga sulat, siya ay nagsimula sa panalangin at pagpupuri. Sa gitna ng kanyang mga pagpapahayag, siya ay nagbibigay ng papuri at pasasalamat. Sa pagwawakas ng kanyang mga sulat, palagian niyang naaalalang manalangin, magpuri at magpasalamat sa Diyos. Ang mga sulat ni Pablo ay humihinga ng pagpuri at pasasalamat. Nakikilala niya ang Diyos, kilala niya ang kanyang sarili, at nalalaman niya ang ebanghelyo.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Papaano maiuugnay ang kabanata 6 sa kabanata 7?
2. Ano ang kaugnayan ng kautusan ng Lumang Tipan sa mga mananampalataya ng Bagong Tipan? (cf. II Corinto 3:1-11; Hebreo 8:7, 13)
3. Ano ang dalawang mga paglalarawan ang ginamit ni Pablo sa mga kabanata 6 at 7 upang ilarawan ang ating pakikipag-ugnayan sa ating lumang buhay?
4. Ano ang kaugnayan ng mga Kristiyano sa Kautusan ni Moises?
5. Ipaliwanag sa iyong sariling mga salita ang pagkakaiba sa pagitan ng pangsariling talambuha at pangkinatawang mga teoriya ng pagpapaliwanag ng Roma 7:7-25.
6. Ang Roma 7 ba ay isang paglalarawan ng isang napahamak na tao, isang di-malagong mananampalataya o lahat ng mga mananampalataya?

# MGA TAGA-ROMA 8

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
| Ang Buhay sa Espiritu | Napalaya mula sa Nanananahang Kasalanan | Ang Pagkilos na Pagliligtas ng Diyos | Ang Buhay sa Espiritu | Ang Buhay sa Espiritu |
| 8:1-11 | 8:1-11 | 8:1-4 | 8:1-8 | 8:1-11 |
| | | Buhay sa Laman at Buhay sa Espiritu | | |
| | | 8:5-8 | | |
| | | 8:9-11 | 8:9-11 | |
| | | Ang Espiritu at ang Pag-aampon | | |
| 8:12-17 | 8:12-17 | 8:12-17 | 8:12-17 | 8:12-13 |
| | | | | Mga Anak ng Diyos |
| | | | | 8:14-17 |
| Ang Kaluwalhatiang Magaganap | Mula sa Paghihirap hanggang sa Kaluwalhatian | Ang Pag-asa ng Katuparan | Ang Panghinaharap na Kaluwalhatian | Kaluwalhatian na tulad ng Ating Patutunguhan |
| 8:18-25 | 8:18-30 | 8:18-25 | 8:18-25 | 8:18-25 |
| | | Ang Kahinaan ng Tao ay Napanatili | | |
| 8:26-30 | | 8:26-27 | 8:26-27 | 8:26-27 |
| | | | | Tinawag Tayo ng Diyos upang Makabahagi ng Kanyang Kaluwalhatian |
| | | 8:28-30 | 8:28-30 | 8:28-30 |
| Pag-ibig ng Diyos | Walang Hanggang Pag-ibig ng Diyos | Ang Ating Pagtitiwala sa Pag-ibig ng Diyos | Pag-ibig ng Diyos kay Kristo Hesus | Isang Imno sa Pag-ibig ng Diyos |
| 8:31-39 | 8:31-39 | 8:31-39 | 8:31-39 | 8:31-39 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)

A. Ang kabanatang ito ay ang kasukdulan ng pangangatuwiran ni Pablo na nagsimula sa1:18. Ito ay nagsimula na "walang kahatulan" (legal katatayuan) at nagwakas sa "walang paghihiwalay" (personal na pakikipag-ugnayan). Sa teolohiya, ito ay kumikilos mula sa pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pagpapaging-banal patungong pagkaluwalhati (cf. vv. 29-30).

B. Ito ang teolohikong paglago ni Pablo sa Diyos na nagkakaloob ng Espiritu sa mga mananampalataya (cf. pagpapakilala ni Juan sa Juan 14:12-31; 16:7-16). Ang Espiritu ay ang kinatawan ng BALINTIYAK NA PANDIWA sa v. 14 na nag-uugnay sa ebanghelyo na nagiging ganap sa mga buhay ng mga nalugmok na tao. Ang Espiritu ay mamamalagi kasama nila at sa kanila at magsisimula na anyuin si Kristo sa kanila. Ang kabanata 8 ay gumagamit ng salitang espiritu, *pneuma,* ng mahigit sa 21 beses habang ito ay lubusang di makita sa kabanata 7 (gayundin sa mga kabanata 3-6 at makikita lamang ng tatlo beses sa mga kabanata 1-2; ito ay mahirap na matiyak kung kailan ang *pneuma* ay tumutukoy sa pangtaong espiritu o sa Banal na Espiritu).

C. Sa buhay, ay mayroong dalawang mga pananaw (personal na mga pananaw sa mundo), dalawa uri ng pamumuhay, dalawang dapat unahin, dalawa daan (ang malapad na daan at ang makipot na daan) na dapat sundin ng mga tao, dito ay laman o Espiritu. Ang isa ay maghahatid sa kamatayan; ang isa ay sa buhay. Sa tradisyon, ito ay tinawag na "ang dalawang daan" ng pangkarunungang panitikan ng OT (cf. Awit 1 at Kawikaan 4:10-19). Walang hanggang buhay, buhay sa Espiritu, ay may kapansin-pansing mga katangian (i.e., na nasa laman laban sa nasa Espiritu).

Pansinin ang di pagkakakita kay Satanas sa kabuuan ng teolohikong konteksto (cf. Roma 1-8). Siya ay hindi nabanggit sa Roma hanggang sa16:20. Ito ay ang bumagsak na pang-Adanikong kalikasan ng sangkatauhan na siyang pinagtutuunan ng pansin dito. Ito ang paraan ni Pablo sa pagtatanggal ng dahilan ng mga bumagsak na sangkatauhan (i.e., "ang Demonyo ang nag-udyok sa akin na gawin ito!") sa higit sa karaniwang panunukso para sa kanilang paghihimagsik laban sa Diyos. Ang sangkatauhan ay may pananagutan!

D. Ang kabanatang ito ay napakahirap ipalangkas dahil sa ang kaisipan ay pinayabong sa pamamagitan ng paghahabi ng maraming mga sinulid ng katotohanan na pinagsama sa mga umuulit na tularan, na walang kontekstuwal na mga yunit.

E. Mga talatang 12-17 ay ipinababatid sa mga mananampalataya ang patungkol sa mapagkakatiwalaang katiyakan ng pananampalataya
   1. Ang una ay isang pagbabago sa pananaw sa mundo at pamumuhay na maisasakatuparan sa pamamagitan ng Espiritu.
   2. Ang pangalawa ay iyang ating pagkatakot sa Diyos ay napalitan ng isang diwa ng pampamilyang pag-ibig sa pamamagitan ng Espiritu.
   3. Ang pangatlo ay isang panloob na pagpapatunay ng ating pagiging anak sa pamamagitan ng

nanananahang Banal na Espiritu.

4. Ang pang-apat ay ang gayong pagpapatunay na may katiyakan sa gitna ng mga suliranin at mga pakikibaka sa nalugmok na mundong ito.

F. Ang mga talata 31-39 ay isang tagpo sa hukuman, na isang karaniwang pampanitikang pamamaraan ng mga propeta sa OT. Ang Diyos ay ang Hukom; si satanas ang taga-usig; si Hesus ang tagapagtanggol (*paraclete*); ang mga anghel ang mga manonood; at mananampalatayang sangkatauhan ay nasa ilalim ng mga pag-uusig ni Satanas (i.e., Job 1-2; Zacarias 3).
   1. Mga salitang panghukuman
      a. Laban sa atin (v. 31)
      b. magsasakdal (v. 33)
      c. umaaring-ganap (v. 33)
      d. hahatol (v. 34)
      e. namamagitan (v. 34)
   2. pag-uusig, "sino" (vv. 31,33,34 [tatlong beses],35)
   3. Ang patustos (probisyon) ng Diyos kay Kristo (vv. 32, 34b)
   4. Walang paghihiwalay sa Diyos
      a. Mga panlupang pangyayari (v. 35)
      b. sipi sa OT mula sa Awit 44:22 (v. 36)
      c. tagumpay (vv. 37,39)
      d. higit sa karaniwang mga pagkakataon o mga kinatawan (vv. 37-39)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 8:1-8**

**[1]Ngayon nga'y wala nang anomang hatol sa mga na kay Kristo Hesus. [2]Sapagka't ang kautusan ng Espiritu ng buhay na kay Kristo Hesus ay pinalaya ako sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan. [3]Sapagka't ang hindi magawa ng kautusan, na mahina sa pamamagitan ng laman, *ginawa* sa pagsusugo ng Diyos sa kaniyang sariling Anak na naganyong lamang salarin at *bilang isang pag-aalay* dahil sa kasalanan, ay hinatulan ng Diyos sa laman ang kasalanan: [4]Upang ang kahilingan ng kautusan ay matupad sa atin, na hindi nangagsisilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu. [5]Sapagka't ang mga ayon sa laman ay nangagsisitalima sa mga bagay ng laman; datapuwa't ang mga ayon sa Espiritu ay sa mga bagay ng Espiritu. [6]Sapagka't ang kaisipan ng laman ay kamatayan; datapuwa't ang kaisipan ng Espiritu ay buhay at kapayapaan. [7]Sapagka't ang kaisipan ng laman ay pakikipagalit laban sa Diyos; sapagka't hindi napasasaklaw sa kautusan ng Diyos, ni hindi nga maaaring *magawa*: [8]At ang nangasa laman ay hindi makalulugod sa Diyos.**

**8:1**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Ngayon nga'y"** |
| **NKJV, NRSV** | **"Samakatuwid ngayon nga'y"** |
| **TEV** | **"Mayroong"** |
| **NJB** | **"ang dahilan, samakatuwid"** |

Ito ay naiuugnay pabalik sa nakalipas na konteksto. Ang ilan ay nakikita itong nauugnay sa 7:24-25 ngunit ito ay tila pinakamainam na maibabalik nang higit na malayo sa 3:21-7:25.

▣ **"wala"** "wala" ay una sa Griyegong pangungusap. Ito ay pagbibigay-diin, "walang kahatulan" sa mga na kay Kristo (cf. vv. ), at sa kanilang lumalakad sang-ayon sa Espiritu (cf. vv. 4-11). Dito ay kapwa mga panig ng bagong kasunduan.

1. ito ay isang walang-bayad na kaloob kay Kristo
2. Mayroong isang pamumuhay, kinakailangang pang-kasunduang pagtugon

Ang pag-aaring-ganap (cf. 5:1-11) ay kapwa nilalayon (MAY PAHIWATIG) at panarili (PAUTOS). Ito ay kapwa isang kalalagayan at isang pamumuhay.

▣ **"hatol"** Ang salitang ito *katakrima* ay hindi kadalasang ginagamit sa Septuagint, ngunit ito ay nagpapaliwanag ng sumpa ng di-pagsunod ng Deuteronomio 27:26 (cf. Deuteronomio 27:26 na sinipi ng Galacia 3:10 na ito ay katumbas ng "sumpa"). Ito ay nangangahulugang "kaparusahan na sinusundan ng panghukumang hatol." Ito ay ang legal, pang-kautusang salungat ng pag-aaring-ganap. Ito ay isayng di-karaniwang salita sa mga sulat ni Pablo (cf. 5:16,18) at hindi ginamit kahit saan sa NT.

Ang konsepto ng paghahatol ay unang nakatuon kay Satanas na nag-uusig ng mga tao ng Diyos sa mga paglabag sa kasunduan at pagkatapos sa mga di-Israelita tulad ni Job (cf. Job 1-2). Ngunit ngayon ang mga mananampalataya ay namatay kasama ni Kristo sa kautusan (cf. Roma 6) at, samakatuwid, alinman sa kautusan o si Satanas ay walang batayang para sa mga pag-paparatang.

Ang King James Version ay idinagdag sa talata 1, "na hindi nangagsisilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu." Ang pariralang ito ay hindi makikita sa maraming sinaunang Griyegong mga kasulatan sa talata 1. Ang UBS[4] ay nagbibibigay sa pagkakatanggal na ito ng "A" na antas (tiyak). Ito ay makikita sa v. 4. Sa teolohiya, ito ay lubusang di-angkop v. 1, ngunit ganap na akma sa v. 4. Ang mga talata 1-3 ay tumutukoy sa pangkalagayang agpapaging-banal (MAY PAHIWATIG), habang ang mga talata 4-11 ay tumutukoy sa pang-karanasang pagpapaging-banal (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:4) o pagiging katulad ni Kristo (PAUTOS, tingnan ang tala sa 8:29). Pansin ang tala sa ibaba ng pahina 289 ni William R. Newell's sa *Rome Verse by Verse*. (Moody, 1938).

> "Ang *Revised Version* ay tumpak sa pagtanggal "na hindi nangagsisilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu." Yamang ang *King James Version*, sa mahigit na 300 daang tao ang nakalipas, marami, at pinakamabuti, pinakatama, sinaunang Griyegong mga kasulatan na taglay na natin, ang natuklasan; at masigasig, maka-Diyos na mga tao na patuloy na nangunguna sa nakakapagod ngunit mabungang gawa ng pagtatama ng mga kamalian na gumagapang sa pagkopya. Para sa atin, tulad ng nalalaman ng lahat, hindi natin taglay ang mga orihinal na manuskripto ng Banal na Kasulatan: Nalugod ang Diyos na ipagkait ang mga ito mula sa mga nilalang dahil ito ay magbubunga na nag pagsamba sa diyus-diyosan bilang mga anak ng tao.
>
> Kailangan nating isara ang talata 1 sa mga salitang "kay Kristo Hesus," sa apat na mga kadahilanan: (1) Ang katunayan ng mga Griyegong kasulatan ay napakalaki sa pagkiling ng pagtanggal ng sugnay "na hindi nangagsisilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu" mula sa talata 1,—bilang katunayan ay pangkalahatang isinasama ang mga salita sa talata 4, (2) ang espirituwal na kaalaman ay sumasang-ayon din, para sa pasimula ng mga salitang ito sa talata 1 ay ginagawang ang pagkaligtas sa panganib ay nakabatay sa ating lakad ng buhay, at hindi sa Espiritu ng Diyos. Ngunit ang lahat kay Kristo Hesus ay ligtas sa kahalutan, katulad ng malinaw na itinuturo sa buong mga sulat. Kung hindi, ang ating katiyakan ay nakabatay sa ating lakad, at hindi sa ating kalalagayan kay Kristo. (3) Ang sugnay ay maliwanag na inilagay sa hulihan ng talata 4,—na kung saan ang pamamaraan ng paglakad ng mananampalataya, hindi ang kanyang kaligtasan mula sa kahatulan, ang inilalarawan. (4) na ang sugnay at hulihan ng talata 1 sa King James ay isang *gloss* (tala na nasa gilid ng ilang kumopya) ang makikita, hindi lamang mula sa pagkakatanggal ng dakilang unsyanong mga kasulatang, Aleph, A, B, C, D, F, G; A, D (corr.); na may ilang mabuting mga kursiba at sinaunang mga salin (tingnan sa Olshausen, Meyer, Alford, J. F. at B., at ang pinakamahusay na pagtalakay ni Darby sa kanyang *Synopsis, in loc*); ngunit ito rin ay makikita mula sa pagkakahawig ng *gloss* na ito na tulad sa mga karagdagan na ginawa sa pamamagitan ng pagkatakot sa kautusan, na matatagpuan sa ibang mga talata.
>
> Na ang Diyos ay pinili na isalin ang Kanyang Salita at patuloy na maging makapangyarihan

ay nakikita mula sa paggamit ng Bagong Tipan ng Griyegong salin ng Hebreong Lumang Tipan, ang Septuagint.

Dapat nating pasalamatan ang Diyos sa mga matatapat na tao na naggugol ng kanilang buhay sa malalim na pag-aaral ng mga kasulatan na iniwan sa atin ng Diyos, at nagbigay sa atin ng kahanga-hangang buong salin na taglay natin. Kailangan nating itangi ang mga ganitong iskolar ng lubos at panghabang-buhay mula sa mga mapagpataas na "mga Makabago" (o, sa dating panahon, ang "*Higher Critics*"), na nagtatangkang sabihin sa atin kung ano ang *dapat* sabihin ng Diyos sa Bibliya, kaysa hangaring hanapin *ang* sinasabi ng Diyos na may malalim na pakumbabaan" (p. 289).

▣ **"sa mga na kay Kristo Hesus"** Ang pagkatangiang pariralang ito (i.e., isang *LOCATIVE OF SPHERE*) ni Pablo ay katumbas ng makabagong pahayag na "personal pakikipag-ugnayan." Nakikilala, minamahal, pinaglilingkuran at nagagalak kay Hesus si Pablo. Ang ebanghelyo ay kapwa isang mensahe na dapat panampalatayanan, at isang Persona na dapat tanggapin. Ang kapangyarihan na mabuhay ay inilathala mula sa kanyang pakikipag-ugnayan sa Nabuhay na Kristo, na kanyang natagpuan sa Daan ng Damascus (cf Gawa 9). Ang kanyang karanasan kasama si Hesus ang nanguna sa kanyang teolohiya kay Hesus. Ang kanyang karanasan ay inilathala hindi sa isang kinulong na mistisismo ngunit sa isang masiglang pang-misyong paglilingkod (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8). Ang makilala Siya ay ang paglingkuran Siya. Ang malagong Kristiyanismo ay isang mensahe, isang Persona, at isang pamumuhay! (Tingnan ang Tala sa 1:5)

**8:2 "ang kautusan ng Espiritu ng buhay. . . sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan"** Ito ay maaaring tumukoy sa

1. Ang pag-iiba sa pagitan ng ang kautusan ng kasalanan (cf. Roma 7:10,23,25) at ang bagong kautusan ng Diyos (cf. Roma 7:6,22,25)
2. "ang kautusan ng pag-ibig" (cf. Santiago 1:25; 2:8,12) laban sa "Ang Kautusan ni Moises" (cf. 7:6-12)
3. ang lumang panahon laban sa bagong panahon
4. lumang kasunduan laban sa bagong kasunduan (cf. Jeremias 31:31-34; ang NT aklat ng Hebreo)

Ang pamamaraang pag-iibang ito ay napanatili.

1. ang kautusan ng Espiritu ng buhay kay Kristo laban sa ang kautusan ng kasalanan at kamatayan, v. 2
2. sang-ayon sa laman laban sa sang-ayon sa Espiritu, vv. 4 & 5
3. mga bagay ng laman laban sa mga bagay ng Espiritu, v. 5
4. kaisipan sa mga bagay ng laman laban sa kaisipan sa mga bagay ng Espiritu, v. 5
5. kaisipan sa laman, laban sa kaisipan sa Espiritu, v. 6
6. sa laman laban sa Espiritu, v. 9
7. ang katawan ay patay laban sa ang espiritu ay buhay, v. 10
8. kailangan kang mamatay laban sa mabubuhay ka, v. 13
9. hindi ang espiritu ng pagkaalipin laban sa espiritu ng pagkupkop, v. 15

Ang NASB Study Bible (p. 1645) ay may nakakawiling tala sa pagkagamit ni Pablo sa salitang "kautusan" sa Roma.

1. Isang napanupil na kapangyarihan, 8:2
2. Ang kautusan ng Diyos, 2:17-20; 9:31; 10:3-5
3. ang Pentateuch, 3:21b
4. ang buong OT, 3:19
5. isang saligan (prinsipyo), 3:27

▣
**NASB, NRSV,**
**NJB** **"ay pinalaya ako"**
**NKJV, TEV** **"ginawa akong malaya"**

Ang mga talata 2-3 ay ang teolohikong mensahe ng kabanata 6. May maraming magkakaibang MGA PANGHALIP na makikita sa mga sinaunang Griyegong teksto

1. "ako" na makikita sa mga kasulatang A, D, K & P
2. "ikaw" na makikita sa א, B, F & G
3. "tayo" na makikita sa isang ansiyalong kasulatan, Ψ

Ang mga taga-tala ng UBS[4] ay ibinibigay ang "ikaw" (PANG-ISAHAN) na isang "B" na antas (halos tiyak). Ang UBS[3] ay binigyan ito ng isang "D" na antas (may malaking kahirapan).

Ang mga pagkakaiba sa mga kasulatan na may kinalaman sa MGA PANGHALIP "tayo," "ikaw," o "ako/tayo" ay umuulit sa mga sulat ni Pablo.

**8:3 "ang hindi magawa ng kautusan"** Ang Kautusan ni Moises ay mabuti at banal, ngunit ang sangkatauhan ay mahina at makasalanan (cf. 7:12, 16). Ang PANDIWA dito ay totoong PANG-URI na *adunaton*, na kadalasang nangangahulugang "hindi mangyayari" (cf. Mateo 19:26; Hebreo 6:4,18; 10:4; 11:6), ngunti it ay maaaring mangahulugang "walang lakas" (cf. Gawa 14:8; Roma 15:1). Ang Kautusan ay walang kakayahang magbigay ng katubusan (cf. Galacia 3:21). Sa kabaligtaran, ito lamang ay makapagbibigay ng kahatulan, kamatayan, at sumpa (cf. Galacia 3)!

▣ **"na mahina sa pamamagitan ng laman"** Ito ang batayang pangangatuwiran ni Pablo sa kabanata 7. Ang Kautusan ng Diyos ay mabuti at banal, ngunit ang makasalanan, bagsak, mapanghimagsik na sangkatauhan ay hindi maisasakatuparan ang mga kinakailangan. Si Pablo, di tulad ng mga Rabi, ay nagbigay-daan sa kahihinatnan ng Genesis 3. Karamihan ng mga Rabi ay ipinapalagay ang pag-uudyok ng kasamaan sa mundo sa Genesis 6.

▣ **"*ginawa* sa pagsusugo ng Diyos sa kaniyang sariling Anak"** Kung ano ang hindi magagawa ng bumagsak na sangkatauhan sa ilalim ng Lumang Kasunduan, ay ginawa ng Diyos sa ilalim ng Bagong Kasunduan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-36) sa pamamagitan ng Hesus (cf. Isaias 53; Juan 3:16). Sa halip na panlabas na pangangailangan, ang Diyos ay nagkaloob ng panloob na Espiritu at isang bagong puso at isang bagong isipan. Ang Bagong Kasunduang ito ay nakabatay sa pagsisisi at pananampalataya sa natapos na gawain ni Kristo, hindi sa pantaong pagpapagal (cf. Efeso 2:8-9). Gayunman, ang kapwa mga kasunduan ay inaasahan ang isang bagong pamumuhay na maka-Diyos (cf. Efeso 1:4; 2:10).

▣ **"a naganyong lamang salarin"** Ang katulad na katotohanang ito ay naihayag sa Filipos 2:7-8. Si Hesus ay may tunay na katawan ng tao (ngunit walang likas ng kasalanan, cf. Filipos 2:7-8; Hebreo 7:26). Siya ay tunay na kaisa natin. Siya ay tinukso sa lahat ng mga paraan katulad natin nguit walang kasalanan (cf. Hebreo 4:15). Nauunawaan Niya tayo. Siya ay namamagitan sa atin (cf. 8:34; Hebreo 7:25; 9:24).

▣ **"*bilang isang pag-aalay* dahil sa kasalanan"** Ang mga pahilis na salita ay ipinahiwatig sa NJB at sa tala sa ibaba ng NRSV. Ang katulad na konsepto ay naihayag sa II Corinto 5:21 at I Pedro 2:24. Si Hesus ay dumating upang mamatay (cf. Isaias 53:4-6,10-12; Marcos 10:45). Ang walang-salang (walang bahid) buhay ni Hesus ay naging isang pag-aalay sa kasalanan (cf. Juan 1:29) para sa lahat sangkatauhan (cf. Hebreo 10:6,8; 13:11).

▣ **"hinatulan ng Diyos sa laman ang kasalanan"** Ang pisikal na kamatayan ni Hesus ay

nagpatingkad at may kinalaman sa suliranin ng likas ng kasalanan ng sangkatauhan, hindi lamang ang mga pansariling gawa ng kasalanan (tulad ng ginawa sa Kautusan ni Moises). Ang Kanyang buhay, kamatayan, muling pagkabuhay, at pag-akyat sa langit ang nakapagpatupad ng walang hangang katubusang layunin ng Diyos (cf. Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29). Ipinakita Niya rin sa atin kung ang maaaring mangyari sa mga tao at dapat mangyari sa mga tao (cf. Juan 13:15; I Pedro 2:21).

**8:4** Ang talatang ito ay maaaring tumukoy sa Bagong Kasunduan (Tipan) (cf. Jeremias 31:33 & Ezekiel 36:26-27). Ito ay tumutukoy sa dalawang aspeto ng ating kaligtasan.

1. Naisakatuparan ni Hesus ang mga kinakailangan ng Lumang Kasunduan at sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya, ang katuwirang ito ay nailipat sa mga mananampalataya bilang isang walang-bayad kaloob na labas sa pansariling pagpupunyagi. Tinatawag natin itong pag-aaring-ganap o pangkalalagayang pagpapaging-banal.
2. Nagkakaloob sa Diyos sa mga mananampalataya ng isang bagong puso, isang bagong isipan, at isang bagong espiritu. Tayo ngayon ay lumalakad sa Espiritu, hindi sa laman. Ito ay tinatawag na "nagpapatuloy na pagpapaging-banal."

Ang Kristiyanismo ay siang bagong kasunduan na ang kapwa mga karapatan (ang kaloob na kaligtasan) at mga pananagutan (pagiging katulad ni Kristo, cf. 6:13).

Ang *Jerome Bible Commentary* (p. 315) ay gumawa ng gramatikong pagpuna na ang PANGKASALUKUYANG PANDIWARI na may dagdag na MĒ KATAGA ay nangangahulugan ng isang may pasubaling pahayag na nagpapahiwatig na ang isang mabisaing buhay Kristiyano buhay ay hindi kusang dadaloy mula sa bautismo. Tayo bilang mga tao ay may pagpili sa kaligtasan at isang pagpili sa pagiging katulad ni Kristo! Ang Espiritu ay nangunguna at tumutulong ngunit hindi namimilit ng pagsunod!

▣ **"na hindi nangagsisilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu"** Ang katulad na pag-iibang ito ay matatagpuan sa Galacia 5:16-25. Ang pagkautusang katuwiran ay kailangang samahan ng pamumuhay na katuwiran. Ang bagong puso at isipan ng Bagong Kasunduan ay hindi batayan ng ating kaligtasan, ngunit ang bunga nito. Ang walang hanggang buhay ay may kapuna-punang mga katangian (Mateo 7)!

**8:5** Pinag-iiba ni Pablo ang buhay sa "laman" at sa "Espiritu" sa vv. 5-8 ("ang mga gawa ng laman," cf. Galacia 5:19-21 sa "bunga ng Espiritu," cf. 5:22-25). Tingnan ang buong tala sa 8:2.

**8:6 "ang kaisipan ng"** Naisip ng mga Hudyo na ang mga mata at mga tainga ay bintana sa kaluluwa. Ang kasalanan ay nagsisimula sa buhay pag-iisip. Nagiging tayo ang nanananahan sa atin (cf. Roma 12:1-2; Filipos 4:8)!

Hindi lubusang sinunod ni Pablo ang tradisyunal na papanaw ng Rabi sa dalawag "mga layunin" (*yetzers*) sa mga tao. Para kay Pablo the mabuting layunin ay hindi makikita sa bumagsak na linikha, ngunit mula sa kaligtasan (pagbabagong-buhay). Para kay Pablo ito ay pananahan ng Banal Espiritu na nagsimula ng tunggaliang espirituwal (cf. Juan 16:7-14).

▣ **"buhay"** Ito ay (*zoē*) tumutukoy sa walang hanggang buhay, bagong panahong buhay.

▣ **"kapayapaan"** Sa orihinal, ang salitang ito ay nangangahulugang "ang pagbibigkis na magkasama kung ano man ang nasira" (cf. Juan 14:27; 16:33; Filipos 4:7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kapayapaan sa 5:1. May tatlong mga paraan ang sinasabi ng NT tungkol sa kapayapaan:

1. Ang layong katotohanan ng ating kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng Kristo (cf. Colosas 1:20)
2. Ang ating pansariling nararamdaman patungkol sa pagiging tama sa Diyos (cf. Juan 14:27;

16:33; Filipos 4:7)
3. Ang Diyos, na pinag-isa isang bagong katawan, sa pamamagitan ng Kristo, ang kapwa Hudyo at Hentil (cf. Efeso 2:14-17; Colosas 3:15)

**8:7-11** Inilarawan ni Pablo ang sangkatauhan na nasa labas ng Diyos sa maraming paraan.
1. Kaaway ng Diyos, v. 7
2. Hindi nagpapasakop sa Diyos, v. 7
3. Hindi pakapag-bigay lugod sa Diyos, v. 8
4. Patay sa espiritu na magbubunga ng walang hanggang kamatayan, vv.10-11

Tingnan ang katulad sa Roma 5:6, 8, at 10.

**8:7**
**NASB, NRSV** **"ang kaisipan ng laman ay pakikipagalit laban sa Diyos"**
**NKJV** **"ang mahalay na isip ay pag-aalit laban sa Diyos"**
**TEV** **"ang mga tao ay naging kaaway ng Diyos"**
**NJB** **"ang pananaw ng magulong likas ng tao ay sumasalungat sa Diyos"**

Pansinin na ang pariralang ito ay katulad sa "ang kaisipang nasa laman ay kamatayan" sa v. 6 at "silang naglalakad sang-ayon sa laman" ng v. 5. Pansinin, din, na ang likas ng nalugmok na tao ay kapwa isang kaisipan (pananaw sa munda) at isang pamumuhay (cf. 7:5). Tingnan ang Natatanging Paksa: Laman (*sarx*) sa 1:3.

▣ **"ni hindi nga maaaring *magawa*"** Ang nalugmok na sangkatauhan ay hindi lamang hindi pumili na sumunod sa Diyos, sila ay walang kakayahang sumunod sa Diyos. Ang nalugmok na sangkatauhan, na walang tulong sa Banal na Espiritu, ay hindi makakatugon sa mga espirituwal na bagay (cf. Isaias 53:6; I Pedro 2:24-25). Ang Diyos ang kailangang palaging magsisimula (cf. Juan 6:44,65). Hindi nito tinatanggal ang mga pagpiling pangkasunduan, ngunit maliwanag na inihahayag na mga tao ay mga tagatugon, hindi mga nagsisimula.

**8:8 "ang nangasa laman"** Ginagamit ni Pablo ang pariralang ito sa dalawang paraan.
1. Ang pisikal na katawan (cf. Roma1:3; 2:28; 4:1; 9:3,5)
2. Ang pagpupunyagi ng sangkatauhan na hiwalay sa Diyos (cf. Roma 7:5; 8:4-5)

Dito, ito ay #2. Ito ay tumutukoy sa mapanghimagsik, di-nananampalatayang sangkatauhan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Laman (*sarx*) sa 1:3.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 8:9-11**

**[9]Datapuwa't kayo'y wala sa laman kundi nasa sa Espiritu, kung gayo'y tumitira sa inyo ang Espiritu ng Diyos. Datapuwa't kung ang sinoma'y walang Espiritu ni Kristo, siya'y hindi sa kaniya. [10]At kung si Kristo ay nasa sa inyo, ang katawan ay patay dahil sa kasalanan; datapuwa't ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran. [11]Nguni't kung ang Espiritu niyaong bumuhay na maguli kay Hesus ay tumira sa inyo, ang bumuhay na maguli kay Kristo Hesus sa mga patay ay magbibigay buhay naman sa inyong mga katawang may kamatayan, sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu na tumitira sa inyo.**

**8:9 "kung"** Mayroong isang kalipunan ng mga PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI sa vv. 9,10,11,13 (dalawang beses),17 (dalawang beses). Silang lahat ay UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ipinagpapalagay ni Pablo na ang kanyang mga mambabasa sa iglesiya sa Roma ay mga Kristyano (cf. v. 9a).

▣ **"Espiritu ni Kristo"** Ang mga tao ay alinman sa may taglay ng Espiritu at ay, samakatuwid, mga mananampalataya o wala silang taglay na Espiritu at napahamak sa espirituwal. Natanggap natin ang lahat ng sa Banal na Espiritu sa kaligtasan. Hindi natin kailangan ang higit sa Kanya; kailangan Niya ang higit sa atin!

Ang mga pariralang "ang Espiritu" sa 9a; "ang Espiritu ng Diyos" sa 9b, at "the Espiritu ni Kristo" sa 9c ay lahat magkasingkahulugan.

**NATATANGING PAKSA: SI HESUS AT ANG ESPIRITU**

Mayroong pagkakatulad sa gawain ng Espiritu at ang Anak. Si G. Campbell Morgan ay sinabing ang pinakamahusay na pangalan ng para sa Espiritu ay "ang ibang Hesus" (samakatuwid, sila ay natatanging, walang hanggang persona). Ang sumusunod ay isang balangkas ng paghahambing ng gawa at mga titulo ng Anak at Espiritu.

1. Ang Espiritu ay tinawag na "Espiritu ni Hesus" o sa mga katulad na pahayag (cf. Roma 8:9; II Corinto 3:17; Galacia 4:6; I Pedro 1:11).
2. Kapwa tinawag sa katulad na mga salita
   a. "katotohanan"
      1) Hesus (Juan 14:6)
      2) Espiritu (Juan 14:17; 16:13)
   b. "tagataguyod"
      1) Hesus (I Juan 2:1)
      2) Espiritu (Juan 14:16,26; 15:26; 16:7)
   c. "Banal"
      1) Hesus (Lucas 1:35; 4:34)
      2) Espiritu (Lucas 1:35)
3. Kapwa namamalagi sa mga mananampalataya
   a. Hesus (Mateo 28:20; Juan 14:20,23; 15:4-5; Roma 8:10; II Corinto 13:5; Galacia 2:20; Efeso 3:17: Colosas 1:27)
   b. Espiritu (Juan 14:16-17; Roma 8:9,11; I Corinto 3:16; 6:19; II Timoteo 1:14)
   c. Ama (Juan 14:23; II Corinto 6:16)

**8:10 "kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI (*ei* kasama ang ipinalagay na MAY PAHIWATIG PANDIWA "maging"). Ipinapalagay ni Pablo na ang kanyang mga mambabasa (i.e., ang iglesiya sa Roma) ay

1. Pinananahanan ni Kristo
2. Taglay si Kristo sa kanilang kalagitnaan

▣ **"si Kristo ay nasa sa inyo"** Ang "inyo" ay PANGMARAMIHAN. Ang salitang "Kristo" ay tumutukoy sa nanananahang Anak/Espiritu (cf. Juan 14:16-17; Colosas 1:27). Ang mga tao ay may taglay na Anak/Espiritu o sila ay hindi mga Kristyano (cf. I Juan 5:12). Para kay Pablo, ang "kay Kristo" ay katulad sa teolohiya sa "nasa Espiritu."

▣ **"ang katawan ay patay dahil sa kasalanan"** Kahit mga Kristyano ay mamatay sa pisikal dahil sa kasalanan ni Adan, isang nalugmok na mundo, at pansariling paghihimagsik (cf. 5:12-21). Ang kasalanan ay palaging tinatakbo ang kaparaang ito. Ang espirituwal na kamatayan (cf. Genesis 3; Efeso 2:1) ay nagbunga sa pisikal na kamatayan (cf. Genesis 5; Hebreo 9:27, tingnan ang tala sa 8:13). Ang mga mananampalataya ay nabubuhay sa kapwa bagong panahon ng Espiritu (cf. Joel 2:28-29; Gawa 2:16) at ang lumang panahon ng kasalanan at paghihimagsik (cf. 21, 35).

▣ **"datapuwa't ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran"** May mga ilang pagtatalo sa mga salin at

mga tagapagbigay ng kahulugan sa kung ang "espiritu" ay tumutukoy sa pantaong espiritu (cf. NASB, ASV, NIV, Williams, Jerusalem Bible), o ang Banal na Espiritu (cf. KJV, TEV, REB, Karl Barth, C. K. Barrett, John Murray, at Everett Harrison).

Ang mas malaking konteksto ay pinapalawak ang ating kaunawaan sa maikling pariralang ito. Kahit na ang sinumang nagtiwala kay Kristo mamamay din dahil sa dahil sila na nabubuhay sa nalugmok sa mundo. Gayunman, dahil sa katuwiran na dumating sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus sila ay nagtaglay na ng walang hanggang buhay (cf. Efeso 2:4-6). Ito ay ang "nandito na ngunit wala pa" na pag-igting (tensyon) sa Kaharian ng Diyos. Ang lumang panahon at the bagong panahon ay nagpang-abot sa panahon.

▣ **"katuwiran"** Ang kontekstong ito ay maaaring tumukoy sa
1. Ang ibinilang na katuwiran (pag-aaring-ganap at pangkalalagayang pagpapaging-banal) na dumating sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo (cf. Roma 4)
2. ang bagong buhay sa Espiritu (nagpapatuloy na pagpapaging-banal) na siyang katunayan ng isang natubos na buhay

Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17.

**8:11 "kung"** Tingnan ang Tala sa talata 9.

▣ **"ang Espiritu niyaong bumuhay na maguli kay Hesus ay tumira sa inyo"** Sinong Persona ng Trinidad ang nanananahan sa mga mananampalataya? Karamihan ng mga Kristyano ay magbibigay ng sagot na "ang Espiritu." Ito ay may katiyakan, ngunit sa katotohanan, ang lahat ng Persona ng Trinidad ay nanananahan sa mga mananampalataya.
1. Ang Espiritu, Juan 14:16-17; Roma 8:11; I Corinto 3:16; 6:19; II Timoteo 1:14
2. Ang Anak, Mateo 28:20; Juan 14:20,23; 15:4-5; Roma 8:10; II Corinto 13:5; Galacia 2:20; Efeso 3:17; Colosas 1:27
3. Ang Ama, Juan 14:23; II Corinto 6:16

Ang pariralang ito ay isang pinakamahusay na pagkakataon na maipakita na ang NT kadalasang ibinibilang ang mga gawa ng pagtubos sa lahat na tatlong Persona ng Trinidad.
1. Ang Diyos Ama ay muling binuhay si Hesus (cf. Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; Roma 6:4,9; 10:9; I Corinto 6:14; II Corinto 4:14; Galacia 1:1; Efeso 1:20; Colosas 2:12; I Tesalonica 1:10)
2. Ang Diyos Anak ay muling binuhay ang Kanyang sarili (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18)
3. Ang Diyos Espiritu ay muling binuhay si Hesus (cf. Roma 8:11

Ang katulad na pagbibigay-diin sa Trinidad ay makikita sa vv. 9-11.

**NATATANGING PAKSA: ANG TRINIDAD**

Pansinin na ang mga pagkilos ng lahat ng tatlong mga Persona ng Trinidad sa nagkakaisang mga konteksto. Ang salitang "trinidad," na unang ginamit ni Tertullian, ay hindi isang biblikal na salita, ngunit ang kaisipan ay malaganap.

A. Ang mga Ebanghelyo
   1. Mateo 3:16-17; 28:19 (at mga katulad)
   2. Juan 14:26

B. Gawa – Gawa 2:32-33, 38-39

C. Pablo
   1. Roma 1:4-5; 5:1,5; 8:1-4,8-10
   2. I Corinto 2:8-10; 12:4-6
   3. II Corinto 1:21; 13:14

4. Galacia 4:4-6
5. Efeso 1:3-14,17; 2:18; 3:14-17; 4:4-6
6. I Tesalonica 1:2-5
7. II Tesalonica 2:13
8. Tito 3:4-6

D. Pedro – I Pedro 1:2
E. Hudas – vv. 20-21

Ang pagkamarami (*plurality*) ng Diyos ay ipinahiwatig sa OT.

A. Gamit ng MGA PANG-MARAMIHAN para sa Diyos
1. Ang pangalang *Elohim* ay PANGMARAMIHAN, ngunit kung ginamit sa Diyos palaging may PANG-ISAHANG PANDIWA
2. "Tayo" sa Genesis 1:26-27; 3:22; 11:7

B. Ang Anghel ng Panginoon ay isang nakikitang kinatawan ng pagka-Diyos
1. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16
2. Exodo 3:2,4; 13:21; 14:19
3. Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22
4. Zacarias 3:1-2

C. Ang Diyos at ang Kanyang Espiritu ay magkahiwalay, Gen. 1:1-2; Awit 104:30; Isaias 63:9-11; Ezekiel 37:13-14
D. Ang Diyos (YHWH) at ang Mesias (*Adon*) ay magkahiwalay, Awit 45:6-7; 110:1; Zacarias 2:8-11; 10:9-12
E. Ang Mesias at ang Espiritu ay magkahiwalay, Zacarias 12:10
F. Lahat ng tatlo ay nabanggit sa Isaias 48:16; 61:1

Ang pagka-Diyos ni Hesus at ang persona ng Espiritu ay nagdulot ng mga suliranin para sa mahigpit, *monotheistic*, naunang mga mananampalataya.

1. Tertullian – mababa ang Anak sa Ama
2. Origen – mababa ang esensyang pagka-Diyos ng Anak at ng Espiritu
3. Arius – itinanggi ang pagka-Diyos ng Anak at Espiritu
4. Monarchianismo – naniniawala sa isang sunod-sunod na pagpapahayag ng isang Diyos bilang Ama, Anak, pagkatapos ay Espiritu

Ang trinidad ay isang paglagong pangkasaysayan na pagbabalangkas ng mga biblikal na mga sangkap

1. ang buong pagka-Diyos ni Hesus, na katumbas ng sa Ama, ay pinagtibay noongA.D. 325 ng Konseho ng Nicea
2. ang buong persona at pagka-Diyos ng Espiritu na katumbas ng Ama at Anak ay pinagtibay ng Konseho ng Constantinople (A.D. 381)
3. ang doktrina ng trinidad ay lubusang naipahayag sa gawa ni Augustino, *De Trinitate*

May tunay na hiwaga dito. Ngunit ang NT ay tila nagpapatibay sa isang diwa ng Diyos na may tatlong personal na mga pagpapahayag.

▣ **"ay magbibigay buhay naman sa inyong mga katawang may kamatayan"** Ang PANDIWA ay isang PANGHINAHARAP TAHAS NA MAY PAHIWATIG ay nagtuturo sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Ang muling pagkabuhay ng kapwa si Hesus at Kanyang mga taga-sunod ay isang napakahalagang doktrina (cf. I Corinto 15:1ff; II Corinto 4:14). Binibigyang-diin ng Kristiyanismo na ang mga mananampalataya ay magkakaroon ng isang pangkatawang pag-iral sa walang hangan (cf. I Juan 3:2). Kung si Kristo ay muling binuhay ng Espiritu (cf. I Corinto 15:12-21), gayundin ang Kanyang mga taga-sunod (cf. v. 23).

▣
**NASB, NKJV,**

**NRSV,**
**NJB**
**REB, NET "sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu"**
**NRSV footnote "dahil sa Kanyang Espiritu"**
**TEV "sa pamamagitan ng presensiya ng Kanyang Espiritu"**

May mga pagkakaiba sa kasulatan na nauugnay sa gramatikong anyo ng pariralang ito.

1. DYENITIBO, MSS א, A, C, P[c]
2. AKUSATIBO, MSS B, D, F, G

Ang UBS[4] ay nagbibigay sa DYENITIBO na "B" (halow tiyak) na antas.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 8:12-17**
**12Kaya nga, mga kapatid, mga may utang tayo, hindi sa laman, upang mabuhay ayon sa**
**laman—13Sapagka't kung mangabuhay kayo ng ayon sa laman, ay mangamamatay kayo;**
**datapuwa't kung sa pamamagitan ng Espiritu ay pinapatay ninyo ang mga gawa ng laman, ay**
**mangabubuhay kayo. 14Sapagka't ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos, ay sila**
**ang mga anak ng Diyos. 15Sapagka't hindi ninyo muling tinanggap ang espiritu ng pagkaalipin sa**
**ikatatakot; datapuwa't tinanggap ninyo ang espiritu ng pagkukupkop, na dahil dito'y sumisigaw**
**tayo, Abba, Ama. 16Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga**
**anak ng Diyos: 17At kung mga anak, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana sa Diyos, at**
**mga kasamang tagapagmana ni Kristo; kung gayon nga makipagtiis tayo sa *kaniya*, upang tayo'y**
**lumuwalhati namang kasama *niya*.**

**8:12 "Kaya nga"** Si Pablo ay nagpapatuloy na maghanda ng mga kahihinatnan ng kanyang pagpapakilala sa vv. 1-11.

▣ **"mga may utang tayo"** Ito ay ang kabilang panig ng Kristiyanong kalayaan (cf. 14:1-15:13). Ito ay ang konklusyon na kinuha mula sa pagtalakay ng pagpapaging-banal sa vv. 1-11, na kapwa pagkalalagayan (MAY PAHIWATIG) at nagpapatuloy (PAUTOS, Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:4). Ito rin ay maliwanag ipinapakita na ang mga mananampalataya ay nakikihamok din sa lumang bumagsak na kalikasan (i.e., 6:12,19; 7:7-24; I Corinto 6:18-19; Efeso 6:10-19). Mayroong isang pagpili ang ginawa (panimulang pananampalataya) at nagpapatuloy na pagpili na dapat gawin (pamumuhay na pananampalataya)!

**8:13 "kung"** May mga kalipunan ng mga PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI sa vv. 9,10,11,13 (dalawang beses), at 17 (dalawang beses). Silang lahat ay mga UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Pablo assumed his readers in the Roman church were mga Kristyano living by the Espiritu. But there is a contingency (i.e., human cooperation).

▣ **"mangabuhay kayo ng ayon sa laman, ay mangamamatay kayo"** Kapwa MGA PANDIWARI sa v. 13 ay PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN, na nagpapahayag ng nagpapatuloy na pagkilos. Ang Bibliya ay nagpapahayag ng tatlong mga antas ng kamatayan.

1. espirituwal na kamatayan (cf. Genesis 2:17; 3:1-7; Efeso 2:1)
2. pisikal na kamatayan (cf. Genesis 5)
3. walang hanggang kamatayan (cf. Pahayag 2:11; 20:6,14; 21:8)

Ang isa na sinasabi sa talatang ito ay ang espirituwal kamatayan ni Adan (cf. Genesis 3:14-19) na humantong sa pisikal na kamatayan ng sangkatauhan (cf. Genesis 5).

Ang kasalanan ni Adan ang nagdala ng kamatayan sa karanasan ng mga tao (cf. 5:12-21). Ang bawat is sa atin ay piniling lumahok sa kasalanan na may pagkusa. Kung pinili natin na manatili dito,

ito ang papatay sa atin "magpakailanman" (cf. Pahayag 20:6, 14, "ang pangalawang kamatayan"). Bilang mga Kristyano kailangan nating mamatay sa pamamagitan ng isang pananampalatayang pagkilala kasama si Kristo sa kasalanan at sarili at mabuhay sa Diyos (cf. Roma 6).

▣ **"kung sa pamamagitan ng Espiritu ay pinapatay ninyo ang mga gawa ng laman, ay mangabubuhay kayo"** Katiyakan ng kaligtasan ng mga mananampalataya ay pinagtibay o pinatunayan sa pamamagitan ng kanilang Kristiyanong pamumuhay (cf. ang mga NT na aklat ng Santiago at I Juan). Ang mga mananampalataya ay hindi nabubuhay sa bagong buhay na ito sa kanilang sariling pagpupunyagi, ngunit sa pamamagitan ng pagiging kinatawan ng Espiritu (cf. v.14). Gayunman, kailangang nilang magpasakop sa pang-araw-araw sa Kanyang pamamahala (cf. Efeso 5:17-18; 6:10-18).

Sa kontekstong ito "ang mga gawa ng laman" ay nakita bilang buhay ng lumang makasalanang panahon (cf. Galacia 5:19-21). Ito ay hindi isang pagtatakwil ng walang katapusang pag-iral ng katawan (cf. 8:23), ngunit ang pag-iiba sa pagitan ng nanananahang Espiritu (bagong panahon) at ang nagpapatuloy na espirituwal na pakikihamok sa kasalanan (lumang panahon).

**8:14 "ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI, na nangangahulugan ng nagpapatuloy na paggabay mula sa Espiritu. Ang Espiritu inilalapit tayo kay Kristo (cf. Juan 6:44,65) at pagkatapos ay inaanyo si Kristo sa atin (cf. v. 29-30). Mayroong mas higit sa Kristiyanismo kaysa sa isang kapasyahan. Ito ay tunay na isang nagpapatuloy na pagiging-alagad (taga-sunod) (cf. Mateo 28:19) na nagsisimula sa isang kapasiyahan (cf. 10:9-13; Juan 1:12; 3:16). Hindi ito tumutukoy sa mga natatanging pangyayari, mga panahon, o mga ministeryo, ngunit pang-araw-araw na mga gawain.

▣ **"ang mga anak ng Diyos"** Ang PANGMARAMIHAN pariralang ito ay ginamit sa OT para sa mga anghel at bihira sa mga tao (tingnan ang Natatanging Paksa sa internet sa www.freebiblecommentary.org ). Ang PANG-ISAHAN ay ginamit kina Adan, Israel, ang kanyang Hari, at ang Mesias. Dito, ito ay tumutukoy sa lahat mga mananampalataya (cf. Galacia 4:6-7). Sa v. 14 ang Griyegong salita *huioi* (mga anak) ay ginamit, sa 16, *tekna* (mga anak). Sila ay ginamit na magkasingkahulugan sa kontekstong ito. Ang mga mananampalataya ay ay hindi na mga alipin ngunit mga miyembro ng pamilya (cf. vv. 15-17; Galacia 4:7).

**8:15 "ang espiritu"** Ang talatang ito, tulad ng v. 10, ay hindi tiyak. Ito ay maaaring tumukoy sa natubos na bagong espiritu ng sangkatauhan kay Kristo o sa Banal na Espiritu. Ang kapwa ay matatagpuan sa talata 16.

Mayroong maraming mga lugar sa mga sulat ni Pablo na ang gramatikong kayariang ito ay ginamit sa paglalarawan na kung ano ibinubunga ng Banal Espiritu sa mga indibidwal na mananampalataya.

1. Dito ay "hindi ang espiritu ng pagkaalipin," "isang espiritu ng mga pagkupkop," v. 15
2. "isang espiritu ng kahinahunan," I Corinto 4:21
3. "isang espiritu ng pananampalataya (pagkamatapat), II Corinto 4:13
4. "isang espiritu ng karunungan at ng kapahayagan," Efeso 1:17
5. "hindi isang espiritu ng pagkamahiyain," II Timoteo 1:7

Mayroong maraming mga lugar, lalo na sa I Corinto, kung saan ginagamit ni Pablo ang *pneuma* upang tukuyin ang kanyang sarili (cf. I Corinto 2:11; 5:3,14; 7:34; 16:8; at Colosas 2:5). Sa kontekstong ito, tiyak na ang vv. 10 at 15 ay pinakaakma sa kauriang ito.

▣ **"ang espiritu ng pagkaalipin sa ikatatakot"** Ang katangian ng lumang kalikasan ay pagkatakot (cf. Hebreo 2:15). Ang katangian ng bagong kalikasan ay inilalarawan sa vv. 14-17.

▣ **"pagkukupkop"** Ang kautusang Romano ay ginawa itong napakahirap na magkupkop, ngunit kung

maisakatuparan, ito ay magiging palagian (cf. Galacia 4:4-6). Ang talinghagang ito ay nagtataguyod sa teolohikong katotohanan ng katiyakan ng mga mananampalataya (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:2). Ang isang natural na anak ay maaaring tanggalan ng mana o mamamatay, ngunit hindi ang isang kinupkop. Ito ay isa sa mga tinatanging pampamilyang talinghaga ni Pablo upang ilarawan ang kaligtasan (cf. vv. 15, 23). Sina Juan at Pedro ay gumamit ng pampamilyang talinghaga na, "ipinanganak muli" (cf. Juan 3:3; I Pedro 1:3,23). Para sa buong tala, tingnan ang Galacia 4:5 sa internet sa www.freebiblecommentary.org .

▣ **"Abba"** Ang Aramaikong salitang ito ay kung ano ang tawag ng mga anak kanilang ama sa tahanan ("tatay" o "papa"). Si Hesus at ang mga Apostol ay nagsasalit ng Aramaiko (cf. Marcos 5:41; 14:36; I Corinto 16:22). Ang mga mananampalataya ay maaari nang lumapit sa Banal Diyos sa pamamagitan ng dugo ni Kristo, sa panananahan ng Espiritu na may isang matipay na pananampalataya at pampamilyang pagtitiwala (cf. Marcos 14:36; Galacia 4:6). Di ba ito nakakagulat na ang nalugmok na sangkatauhan ay maaaring tawagin ang Diyos, na Ama, at ang walang hanggang Kabanal-banala ay magnananis nito! Tingnan ang Natatanging Paksa: Ama sa 1:7.

**8:16 "Ang Espiritu rin"** Ang Griyego salita para sa Espiritu ay WALANG KASARIAN, samakatuwid, ang KJV ay isinalin ito bilang "ang Espiritu, sa kanyang sarili," ngunit ang Espiritu ay isang personal; Siya ay maaaring mamighati (cf. Efeso 4:30; I Tesalonica 5:19), so "sa Kanyang sarili (panlalaki)" ay isang mas mabuting salin. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Persona ng Espiritu sa 8:27.

▣ **"ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Diyos"** Ayon sa tala sa v. 13, ang isang aspeto ng katiyakan ng pananampalataya ay ang nagbago at nagbabagong buhay ng mga mananampalataya (cf. the NT books of Santiago at I Juan). Ang isa pang aspeto ng katiyakan ay ang panananahan ng Espiritu na pinalitang ang pagkatakot sa Diyos ng pampamiyang pag-ibig (cf. I Juan 4:17-18).

Pansinin ang mga saling RSV at NRSV at pagbabantas, "kapag tayo' umiiyak, Abba! Ama! Ito ay ang Espiritu mismo na nagdadala ng patotoo sa ating mga espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos" (cf. Galacia 4:6). Ipinapahiwatig nito na ang katiyakan ay dumadating kapag ang mga mananampalataya tumatawag sa Diyos, na Ama, sa pamamagitan ng Espiritu.

Ang panloob na patotoo ng Espiritu ay hindi naririnig, ngunit praktikal.

1. Makasalanang budhi sa kasalanan
2. Pagnanais na maging katulad ni Kristo
3. Pagnanais na maging kabilang sa pamilya ng Diyos
4. Pananabik sa salita ng Diyos
5. Pananaw sa pangangailangan ng pag-e-ebanghelyo
6. Pananaw sa pangangailangan para sa Kristiyanong alay na pagkakaloob (sakripisyo)

Mayroong mga uri ng panloob na pagnanais na nakapagkakaloob ng isang katunayan ng pananampalataya katunayan sa kaligtasan.

Ang katiyakan ng kaligtasan ay naibaling sa isang isyung denominasyonal.

1. Ang teolohiya ng Romano Katoliko ay itinatanggi ang pagiging maaari ng katiyakan sa buhay na ito ngunit ibinabatay ang tiwala sa pagiging miyembro ng "tunay" na iglesiya
2. Si John Calvin (tradisyong *Reform*) ay binatay ang katiyakan sa pagpili (predestinasyon), ngunit ang isa ay hindi maaaring makatiyak hanggang pagkalipas ng buhay na ito sa Araw ng Paghuhukom
3. Si John Wesley (tradisyong Metodista) ay binatay ang katiyakan sa isang lubos na pag-ibig (pamumuhay na higit sa kilalang kasalanan)
4. Karamihan ng mga *Baptist* ay nakahilig na ibatay ang katiyakan sa mga biblikal na mga pangako ng walang-bayad na biyaya (ngunit binabaliwala ang lahat ng mga paalala at mga

babala).

May dalawang mga panganib ang maiuugnay sa kabalingtunaang pagpapakilala ng NT sa Kristiyanong katiyakan.

1. Ang lalong pagbibigay-diin sa "minsang ligtas, palaging ligtas"
2. Ang lalong pagbibigay-diin sa pagpupunyagi ng tao na mapanatili ang kaligtasan.

Maliwanag na itinuturo ng Hebreo 6 ang "minsang lumabas, palaging nasa labas." Ang pagpupunyaging pantao (mabuti mga gawa) ay hindi pinananatiling ligtas ang mga mananampalataya (cf. Galacia 3:1-14). Ngunit ang mabuti mga gawa ay ang layunin ng Kristiyanong buhay (cf. Efeso 2:10). Sila ay mga likas na bunga ng pagtatagpo sa Diyos at pagtataglay ng nanananahang Espiritu. Sila ay mga katunayan ng sinumang tunay na kaligtasan.

Ang katiyakan ay hindi nangangahulugan na palambutin ang panawagan sa kabanalan ng Bibliya! Sa teolohiya, ang katiyakan ay nakabatay sa katangian at mga gawa ng Trinidad na Diyos.

1. Ang pag-ibig at awa ng Ama
2. Ang natapos na pag-aalay na gawain ng Anak
3. Ang panghihikayat ng Espiritu patungo kay Kristo at pagkatapos ay binubuo si Kristo sa mga nagsisising mga mananampalataya

Ang katunayan ng kaligtasang ito ay ang nabagong pananaw sa mundo, isang nabagong puso, isang nabagong pamumuhay at isang nabagong pag-asa! Hindi ito maaaaring maibatay sa isang nakalipas na madamdaming kapasyahan na walang katunayan sa pamumuhay (i.e., bunga, cf. Mateo 7:15-23; 13:20-22; Juan 15). Ang katiyakan, tulad ng kaligtasan, tulad ng Kristiyanong buhay ay nagsisimula sa isang pagtugon sa awa ng Diyos at nagpapatuloy na pagtugon habang-buhay. Ito ay isang nabagong at nagbabagong buhay ng pananampalataya!

▣ **"nagpapatotoo"** Ito ay isa pang *syn* na tambalan. Ang Espiritu ay kasamang nagpapatotoo sa espiritu ng mananampalataya. Si Pablo ay ginagamit ng tambalang salita ito sa 2:15; 8:16 at 9:1.

**8:17 "kung"** Mayroong isang kalipunan ng PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI sa vv. 9,10,11,13 (dalawang beses), at 17 (dalawang beses). Ang lahat ay mga UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ipinapalagay ni Pablo na ang kanyang mambabasa sa iglesiya sa Roma ay mga Kristiyano.

▣ Sa talatang ito mayroong tatlong tambalang mga salita na gumagamit ng *syn*, na nangangahulugang "magkasamang pakikilahok"

1. Ang mga mananampalataya ay kabahagi sa pagiging tagapagmana ni Kristo
2. Ang mga mananampalataya ay kabahagi sa paghihirap ni Kristo
3. mga mananampalataya ay magiging kabahagi sa kaluwalhatian kasama si Kristo

Mayroon pang mga tambalang *syn* sa vv. 22 (dalawang beses), 26,28. Ang Efeso 2:5-6 ay may tatlong *syn* tambalan na naglalarawan ng buhay ng mananampalataya kay Kristo.

▣ **"mga tagapagmana"** Ito ay pang pampamilyang talinghaga na naglalarawan ng mga mananampalataya (cf. 4:13-14; 9:8; Galacia 3:29). Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

**NATATANGING PAKSA: ANG MANA NG MGA MANANAMPALATAYA**

Ang Banal na Kasulatan ay nagsasabi patungkol sa mamanahin ng mga mananampalataya (cf. Gawa 20:32; 26:18; Efeso 1:4; Colosas 1:12; 3:24) na maraming mga bagay dahil sa kanilang pakikipag-ugnayan pampamilya kay Hesus na taga-pagmana ng lahat ng mga bagay (cf. Hebreo 1:2), at sila bilang kasamang taga-pagmana (cf. Roma 8:17; Galacia 4:7) ng

– kaharian (cf. Mateo 25:34, I Corinto 6:9-10; 15:50; Efeso 5:5)
– buhay na walang hanggan (cf. Mateo 19:29; Hebreo 9:15)
– mga pangako ng Diyos (cf. Hebreo 6:12)
– Ang pangangalaga ng Diyos sa Kanyang mga pangako (cf. I Pedro 1:4-5)

▣ **"mga kasamang tagapagmana"** Ito ay isa pang *sun* tambalang. Si Pablo ay nagbanggit ng maramin na ganitong mga bagong mga salitang sa kabanata 8 upang bigyang diin ang ibinahaging kamatayan at buhay ni Kristo at sa mga mananampalataya.

1. Mga kasamang tagapagmana, v. 17
2. Kasamang naghirap, v. 17
3. Kasamang magluluwalhati, v. 17

▣

**NASB, NKJV "kung gayon nga makipagtiis tayo sa kaniya"**
**NRSV "kung, sa katotohanan, tayo ay maghihirap kasama niya"**
**TEV "kung tayo ay magiging kabahagi ng mga pagtitiis ni Kristo"**
**NJB "kabahagi sa kanyang mga pagdurusa"**

Ang pagdurusa ay karaniwan sa mga mananampalataya sa isang nalugmok na mundo (cf. Mateo 5:10-12; Juan 15:18-21; 16:1-2; 17:14; Gawa 14:22; Roma5:3-4; 8:17; II Corinto 4:16-18; Filipos 1:29; I Tesalonica 3:3; II Timoteo 3:12; Santiago 1:2-4; I Pedro 4:12- 19). Si Hesus ang nagsimula ng tutularan (cf. Hebreo 5:8). Ang natirang bahagi ng kabanatang ito ay ang nagpapayabong ng paksang ito. Tingnan ang Natatanging Paksa: Bakit Nagdurusa ang mga Kristyano? sa 5:3.

▣ **"lumuwalhati namang kasama *niya*"** Sa mga sulat ni Juan kapag si Hesus ay nagpapahayag patungkol sa kanyang kamatayan, tintatawag Niya itong "nagiging naluluwalhati." Naluwalhati si Hesus sa pamamagitan ng Kanyang pagdurusa. Ang mga mananampalataya ay, sa kalalagayan at kadalasang sa karanasan, ay ibinabahagi ang mga pangyayari sa buhay ni Hesus (cf. Roma 6). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamamahala sa Kaharian ng Diyos sa 5:17-18.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 8:18-25**

**18 Sapagka't napatutunayan ko na ang pagtitiis sa panahong ito'y hindi karapatdapat maitumbas sa kaluwalhatiang mahahayag sa atin. 19 Sapagka't ang maningas na pagmimithi ng buong nilalang ay naghihintay ng pagkahayag ng mga anak ng Diyos. 20 Sapagka't ang buong nilalang ay nasakop ng kawalang kabuluhan, hindi sa kaniyang kalooban, kundi dahil doon sa sumakop sa kaniya, sa pagasa 21 Na ang buong nilalang naman ay magiging laya mula sa pagkaalipin ng kabulukan sa kalayaang maluwalhati ng mga anak ng Diyos. 22 Sapagka't nalalaman natin na ang buong nilalang ay humihibik at nagdaramdam na may kahirapan na kasama natin hanggang ngayon. 23 At hindi lamang gayon, kundi pati naman tayo na mayroong mga pangunahing bunga ng Espiritu, sa makatuwid baga'y tayo nama'y nangagsisihibik din sa ating sarili, sa paghihintay ng *ating* pagkukupkop, na dili iba't, ang pagtubos sa ating katawan. 24 Sapagka't tayo'y iniligtas sa pagasa: datapuwa't ang pagasa na nakikita ay hindi pagasa: kaya't sino nga ang umaasa sa nakikita *na*? 25 Datapuwa't kung nagsisiasa tayo sa hindi natin nakikita, kung magkagayo'y hinihintay nating may pagtitiis.**

**8:18 "napatutunayan"** Sa literal, ito ay nanganghulugang "nangangahulugan." Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Nagpapatuloy si Pablo na isaalang-alang ang mga kahihinatnan ng Kristiyanong pagdurusa. Ito ay salita sa pagtutuos sa pagdating sa isang konklusyon mula sa maingat na pananaliksik. Ito ay isang umuulit na paksa sa Roma (tingnan ang tala sa 2:3). Ang mga mananampalataya ay kailangang mamuhay sa liwanag ng mga espirituwal na katotohanan

na kanilang nauunawaan.

▣ **"ang pagtitiis"** Tayo ay makakakuha ng ideya ng pagtitiis (pagdurusa) na kinapapalooban ng paglilingkod kay Kristo mula I Corinto 4:9-12; II Corinto 4:7-12; 6:4-10; 11:24-27; Hebreo 11:35-38.

▣ **"sa panahong ito"** Ang mga Hudyo ay naniniwala na ang kasaysayan ng mundo ay nahati sa dalawang panahon, ang paulit-ulit na masamang panahon at ang panahon ng katuwiran na darating (cf. Mateo 12:32; Marcos 10:30). Inaasahan ng OT ang darating na Mesias upang itatag ang bagong panahong ito ng katuwiran. Gayunman, ang dalawang pagparito ni Kristo, ang isa bilang Tagapagligtas (pagkakatawang-tao) at ang pangalawa bilang Panginoon (Pangalawang Pagparito), ay nagdulot ng pagpapatong sa dalawang panahong ito. Ang mga mananampalataya ay nabubuhay sa pag-igting (tensyon) sa pagitan ng "nandito na" at "wala pa" sa Kaharian ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: This Age at the Age to Come at 12:2.

▣ **"karapatdapat. . .kaluwalhatian"** Kapwa ang mga salitang ito ay kaugnay sa konsepto ng OT sa bigat—ang mabigat ay mahalaga. "Ang karapatdapat" ay mula sa isang pangkalakal na salita na nangangahulugang "timbangin ng maraming-marami." Ang Hebreong salitang "kaluwalhatian" ay mula din sa isang salitang-ugat na "maging mabigat," sa diwa ng pagiging mahalaga, tulad ng ginto. Tingnan ang buong tala sa 3:23.

Ang salitang "kaluwalhatian" sa mga sulat ni Pablo ay mayroong eskatolohikong pag-aangkop (cf. II Corinto 4:16-18). Ito ay tumutukoy sa kaningningan at kapangyarihan ng nagbabalik na naluwalhating mabunying si Kristo (cf. Colosas 3:4). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa 3:23.

▣ **"mahahayag sa atin"** Ang BALINTIYAK NA (deponent) TINIG na ito ay tumutukoy kinatawan ng Diyos o ang Espiritu (cf. v. 20). Ang mga mananampalataya ay nabubuhay sa buhay na ito sa pamamagitan pananampalataya hindi sa paningin (cf. v. 24; I Corinto 2:9; 13:12; II Corinto 5:7; Hebreo 11:1).

Ang salita ay ginamit ng maraming beses sa Roma ni Pablo at nagbibigay-diin na ang katotohanan ay mula sa Diyos, hindi isang pagtuklas sa mga tao.

1. ang PANDIWA
   a. 1:17 – ang katuwiran ng Diyos ay naihayag (PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG)
   b. 1:18 – ang poot ng Diyos ay naihayag (PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG)
   c. 8:18 – ang darating na kaluwalhatian ay naihayag (AORIST NA BALINTIYAK NA PAWATAS)
2. ang PANGNGALAN
   a. 2:5 – sa araw ng poot at kapahayagan ng matuwid na kahatulan ng Diyos
   b. 8:19 – ang nilikha ang naghihintay ng masigasig para sa paghahayag ng mga anak ng Diyos
   c. 16:25 – sang-ayon sa kapahayagan ng hiwaga

**8:19 "ang maningas na pagmimithi ng buong nilalang ay naghihintay"** Ang pisikal na nilikha ay binigyang-buhay bilang isang tao na may isang nakadipang leeg na naghahanap sa kaligiran. Ang paglilikha ay naapektuhan ng masama nang sina Adan at Eba ay naghimagsik (cf. Genesis 3:17-19). Ang lahat ng linikha ay lubusang matutubos (maliban sa mga rebeldeng anghel, di-mananampalatayang mga tao, at ang kanilang inihandang lugar ng pagkahiwalay, cf. Bruce Corley at Curtis Vaughan, *Rome*, p. 95, tala sa ibaba 46).

Ang PANDIWANG "naghihintay na masigasaig" (PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG [deponent] MAY PAHIWATIG) ay makikita ng tatlong beses sa kontekstong ito.

1. v. 19 – ang nilikha ay naghihintay nang masigasig para sa bagong panahon
2 v. 23 – mga mananampalataya ay naghihintay nang masigasig para sa kanilang mga bagong

katawan

3. v. 25 – mga mananampalataya ay naghihintay nang masigasig sa pag-asa ng bagong panahon

Si Pablo ay gumagamit ng katulad na PANDIWA sa isang magkatulad na kaunawaan sa I Corinto 1:7; Galacia 5:5; Filipos 3:20. Ang Pangalawang Pagdating ay hindi isang nakakatakot na kaganapan para sa mga mananampalataya, ngunit isang pampamilyang pagtitipon!

**NATATANGING PAKSA: LIKAS NA MGA KAYAMANAN**

I. Panimula
  A. Ang lahat ng linikha ay ang pinag-uukulan o tanghalan para sa pangkikipag-ugnayang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan.
  B. Ito ay kabahagi sa pagkahulog (cf. Genesis 3:17; 6:1ff; Isaias 24:3-8; Roma 8:18-20). Gayundin, ito ay magbabahagi sa eschatolohikong katubusan (cf. Isaias 11:6-9; Roma 8:20-22; Pahayag 21-22).
  C. Ang makasalanan, nahulog na sangkatauhan ay ginahasa ang ang likas na kapaligiran na may maka-sariling paglisan. Ang sumusunod ay isang sipi mula sa *Ang Canon of Westminster* ni Edward Carpenter.

> ". . .ang walang habag na paglusob , sa isang kontekstong pang-mundo, sa sandaigdigan nakapalibot sa kanya—na ito ay sa palilikha ng Diyos—isang pagsalakay sa hangin na kanyang dinudumihan; ang mga natural na daan ng tubig na kanyang dinudunginsan; ang lupa na kanyang linalason; ang mga kagubatan na kanyang pinuputol, walang ingat na mahabang-salita ay nakaka-apekto sa walang pakundangang pagwasal na ito. Ang pagsalakay ay pira-piraso at hindi magkakatugma. Maliit na pagsa-alang-alang ang ibinabayad sa kahit anong panimbang ng kalikasan at samakatuwid, maliit na diwa ng tungkulin mula sa inutang ng isang salin-lahi papunta sa iba. Hindi lang nating inaani ang bunga ng polusyon at pagsasamantala ng ating mundo, ngunit ang ating mga susunod na saling-lahat ang mag-aani nang mas malala, di-napapawalang-bisang mga kasamaan (bunga).

II. Biblikal na sangkap
  A. Lumang Tipan
    1. Genesis 1-3
      a. Ang paglilikha ay isang natatangi lugar na linikha ng Diyos para sa pakikipag-unayan sa sangkatauhan (cf. Genesis 1:1-25).
      b. Ang paglilikha ay mabuti (cf. Genesis 1:4,10,12,18,21,25), oo nakapabuti (cf. Genesis 1:31). Ito ay nangangahulugang maging isang saksi sa Diyos (cf. Awit 19:1-16).
      c. Ang sangkatauhan ay ang is the pamutong na layunin ng paglilikha (cf Genesis 1:26-27).
      d. Ang sangkatauhan ay hinihinging magpamalas ng kapamahalaan (Hebreo, "lumakad") bilang isang tagapangasiwa sa Diyos (cf. Genesis 1:28-30; Awit 8:3-8; Hebreo 2:6-8). Ang Diyos ay at nananatiling Manlilikha/Tagapanatili/ Manunubos/Panginoong ng linikha (cf. Exodo 19:5; Job 37-41; Awit 24:1-2; 95:3-5; 102:25; 115:15; 121:2; 124:8; 134:3; 146:6; Isaias 37:16).
      e. Ang pangangasiwa ng sangkatauhan sa nilikha ay makikita sa Genesis 2:15, "payamanin ito at mangalaga at kalingain ito" (cf. Levitico 25:23; I Cronica 29:14).
    2. Mahal ng Diyos ang linikha, lalo na ang mga hayop.
      a. Mga kautusan ni Moises para sa tamang pakikitungo sa mga hayop
      b. Si YHWH ay nakikipaglaor sa mga Leviathan (cf. Awit 104:26)
      c. Ang Diyos ay nangangalaga ng mga hayop (cf. Jonah 4:11)
      d. Eskatolohikong presensya ng kalikasan (cf. Isaias 11:6-9; Pahayag 21-22)

3. Ang kalikasan, sa ilang banda, ay lumuluwalhati sa Diyos.
    a. Awit 19:1-6
    b. Awit 29:1-9
    c. Job 37-41
4. Ang kalikasan ay isang sa mga paraan na ang Diyos ay nagpapakita ng Kanyang pag-ibig at katapatan sa kasunduan.
    a. Deuteronomio 27-28; I Hari 17
    b. Sa lahat ng dako ng mga propeta

B. Bagong Tipan
1. Nakita ang Diyos bilang manlilikha. Mayroon lamang nag-iisang Manlilikha, ang Trinidad na Diyos (Elohim, Genesis 1:1; the Espiritu, Genesis 1:2; at Hesus, the NT). Ang lahat ay linikha
    a. Gawa 17:24
    b. Hebreo 11:3
    c. Pahayag 4:11
2. Si Hesus ang kinatawan ng Diyos sa paglilikha
    a. Juan 1:3,10
    b. I Corinto 8:6
    c. Colosas 1:16
    d. Hebreo 1:2
3. Si Hesus ay nagsasabi ng pagkalinga ng Diyos sa kalikasan sa isang di-ganap na paraan sa Kanyang mga pangangaral (sermon)
    a. Mateo 6:26,28-30, mga ibon ng himpapawid at mga liryo ng bukirin
    b. Mateo 10:29, mga maya
4. Ipinahayag ni Pablo na ang lahat mga tao ay may pananagutan para sa kanilang kaalaman sa Diyos sa linikha (i.e kapahayagan sa kalikasan, cf. Roma 1:19-20; Pahayag 21-22).

III. Pagwawakas (konklusyon)
A. Tayo ay nakatakda sa ganitong kaayusan ng kalikasan!
B. Ang makasalanang sangkatauhan ay inabuso ang kaloob na kalikasan ng Diyos na tulad ng sa lahat ng ibang mga mabubuting kaloob ng Diyos na kanilang taglay.
C. Ang kaayusan ng kalikasan ay di-magtatagal. Ito ay pupunta sa pagkalipas (II Pedro 3:7). Ililipas ng Diyos ang ating mundo sa isang pangkasaysayang *nexus*. Ang kasalanan ay tatakbo sa tinatahak nito, ngunit ang Diyos ang nagpasya ng hangganan nito. Ang nilikha ay matutubos (cf. Roma 8:18-25).

▣ **"ng pagkahayag"** Ang salitang ito ay nangangahulugang "hilahin pabalik ang tabing" sa gayon ay pagbubunyag o pagbibigay-alam. Ito ay rin ang titulo ng huling aklat ng Bagong Tipan, "ang pahayag." Ang Pangalawang Pagdating ay kadalasang tumutukoy sa isang pahayag o pagdating (cf. I Corinto 1:7-8; I Pedro 17,13).

▣ **"mga anak ng Diyos"** Ito ay isang karaniwang pampamilyang talinghaga na ginamit upang ilarawan ang mga Kristyano (cf. 8:14,16). Ipinapahayag nito ang Diyos bilang Ama at si Hesus bilang Kanyang natatanging anak (cf. Juan 1:18; 3:16,18; Hebreo 1:2; 3:6; 5:8; 7:28; I Juan 4:9).

Sa OT, ang Israel ang anak ng Diyos (cf. Osea 11:1), ang mga Hari din ay anak ng Diyos (cf. II Samuel 7). Ang kaisipang ito ay unang nabanggit sa NT sa Mateo 5:9 (gayundin sa cf. Juan 1:12; II Corinto 6:18; Galacia 3:26; I Juan 3:1,10; Pahayag 21:7).

**8:20**
**NASB, NKJV,**

| | |
|---|---|
| **NRSV** | **"sapagka't ang buong nilalang ay nasakop ng kawalang kabuluhan"** |
| **TEV** | **"sapagkat ang nilikha ay nahatulan upang maging walang kabuluhan"** |
| **NJB** | **"Hindi ito para sa anumang kasiraan sa bahagi ng paglalang na ginawa itong walang kakayahang maisakatuparan ang layunin nito"** |

Ito ay maaaring maisaling "walang-kabuluhan." Ito ay ginamit sa maraming pagkakaunawa sa Septuagint—walang-kahulugan, walang halaga, walang saysay, mga diyus-diyosan (mga idolo), at kawalang laman. Ang lahat ng linikha ay naging walang saysay para sa ninanais na layunin ng Diyos (cf. Genesis 3:17-19; Isaias 24:3-8), ngunit sa isang araw, ang Diyos ang magtatanggal ng sumpa sa Pagbagsak (cf. Pahayag 22:3). Hindi ito ang mundo na ninanais ng Diyos na maging!

▣ **"kundi dahil doon sa sumakop sa kaniya, sa pagasa"** Ang PANDIWA ay AORIST NA BALINTIYAK NA at tila tumutukoy sa Diyos (cf. NASB, NKJV, TEV). Ipinailalim Niya ang nilikha sa kawalang-saysay

1. dahil sa paghihimagsik ng tao
2. bilang isang pagtatangka na ibaling ang sangkatauhan sa Kanya (cf. Deuteronomio 27-29)

Ang may layuning kawalang-saysay na ito ay para sa isang sandaling panahon lamang (cf. Roma 11:11-32). Ang natubos na sangkatauhan ay may pangako ng isang pisikal na hinaharap (katawa at mundo).

Nalalaman ng Diyos ang paghihimagsik ni Adan. Pinahintulutan Niya itong mangyari at piniling gumawa kasama ang nalugmok na sangkatauhan sa isang lugmok na mundo. Hindi ito ang mundo na ninanais ng Diyos na maging. (cf. II Pedro 3:10; Pahayag 21:1-3). Tingnan ang mga tala sa "pag-asa" at 5:2.

**8:21 "ang buong nilalang naman ay magiging laya mula sa pagkaalipin ng kabulukan"** Ang kalikasan ay magiging bahagi ng walang hangan (cf. Isaias 11:6-10). Ang langit ay babalik upang lalanging muli ang mundo (cf. Mateo 5:18; 24:35; II Pedro 3:10; Pahayag 21:1). Ang hinaharap ay maaaring ang pagbabalik ng kaligayahan ng Eden; pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan, pansarili sa sarili, sangkatauhan sa mga hayop, at sangkatauhan sa mundo! Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos, sangkatauhan, at mga hayop (i.e., Isaias 11:6-9) sa pagsasama at pagkakasundo sa isang pagtatagpo sa hardin (cf. Genesis 1-2) at ang Bibliya ay magwawakas sa isang katulad na pamamaraan (cf. Pahayag 21-22).

▣ **"kabulukan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:23.

▣ **"sa kalayaang maluwalhati ng mga anak ng Diyos"** Sa v. 14 ang mga mananampalataya ay tinatawag na "ang mga anak ng Diyos," sa v. 16 "anak ng Diyos," at sa v. 17 "mga tagapagmana ng Diyos." In v. 18 ang eskatolohikong kaluwalhatian ng Diyos ay nahayag sa mga mananampalataya. Ngayon sa 19 ang linikha ay naghihintay para sa paghahayag ng mga anak ng Diyos dahil sa ito ay magbabahagi ng kanilang eskatolhikong kaluwalhatian (cf. v. 21). Ang pagpapanumbalik na ito ng nilikha, at lalo na ng mga tao, ay magpapahintulot sa layunin ng paglilikha na matupad—Diyos at sangkatauhan (na nilikha sa Kanyang larawan) sa malapit na pakikipag-ugnayan.

**8:22 "ang buong nilalang ay humihibik"** Ito ay pang tambalang *syn* ni Pablo, "dumadaing na magkasama." Maaaring nabanggit niya ang maraming ganito. Maaaring binabanggit niya ang Jeremias 12:4,11 (cf. Deuteronomio 27-29), ang kung saan ang lupain ng Israel ay namimighati dahil sa lagim na idinulot ng kasalanan ng tao.

Pansinin na ang "dumadaing" ay nabanggit ng tatlo beses sa kontekstong ito.

1. Ang nilikha ay dumadaing (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG) para sa pagdating ng bagong panahon, v. 22 (cf. vv. 19-21)
2. mga mananampalataya ay dumadaing para sa kanilang lubos at buong kaligtasan (i.e., a bagong katawan, cf. II Corinto 5:2,4), v. 23

3. ang Espiritu ang nagbibigay sa Kanyang sarili bilang unang bunga ng bagong panahon ay dumadating din (nananalangin para sa, PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG) mga mananampalataya, v. 26

▣ **"nagdaramdam na may kahirapan na kasama natin"** Sa pang-Hudyong kalipunan, ang konseptong ito ay kadalasang tinatawag na "mga sakit sa panganganak ng bagong panahon" (cf. Marcos 13:8). Ang pagbubukang-liwayway ng bagong araw ng katuwiran ay hindi magiging walang suliranin. Ang moral at espirituwal na mga kalalagayan ng nalugmok na mundong ito ay magiging palala nang palala (cf. Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21; II Tesalonica 2:1-12; at pansinin din ang pitong tatak, mga pakakak, at mga mangkok of Pahayag 5-18). Gayunman, ang mga salik ng pangangak ay mga sakit ng pag-asa at kaligayahan sa darating na panganganak, gayundin lalo na sa bagong panahon!

**8:23 "naman tayo. . . tayo naman. . . natin"** Ang MGA PANGHALIP ay nagbibigay-diin at inuulit.

▣ **"mga pangunahing bunga ng Espiritu"** Ang salitang ito (*aparchē*) sa teolohikya ay kasingkahulugan ng "tatak ng Espiritu" in II Corinto 1:22; at "ang pangako ng Espiritu" sa II Corinto 5:5; at Efeso 1:14.

Ang unang mga bunga sa OT ay isang pangako ng pag-aani na darating. Sila ay sumasagisag sa pagmamay-ari ng Diyos sa lahat ng mga ani (i.e., Deuteronomio 26:1-11). Ang Espiritu is ang unang mga bunga ng bagong panahon, gayundin si Hesus na siyang unang mga bunga ng muling pagkabuhay (cf. I Corinto 15:20). Ang mga mananampalataya ay, bilang mga anak ng Diyos, kahit na ngayon ay nakakaranas ng ilang mga kaligayahan ng langit sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na nanananahan kasama nila at sa kanila. Ito ay ang "nandito na" ngunit "wala pa" na pag-igting (tensyon) ng pagpapatong ng dalawang pang-Hudyong panahon. Ang mga mananampalataya ay mga mamamayan ng langit at mga tumitira sa mundo!

▣ **"tayo nama'y nangagsisihibik din sa ating sarili"** Ito ay tila tumutukoy sa pangdalawahang pag-igting (tensyon) sa pagitan ng "ang nandito na" at "ang wala pa" ng pagpapatong ng dalawang pang-Hudyong panahon (tingnan sina Gordon Fee at Douglas Stuart, *How To Read the Bible For All Its Worth*, pp. 145-148). Ang Kaharian ng Diyos ay nandito na ngunit hindi pa nalulubos. Ang mga mananampalataya ay may muling pagkabuhay na buhay, gayunma'y ay mamamatay parin sa pisikal (cf. II Corinto 5:2-4). Tayo ay naligtas mula sa kasalanan ngunit tayo patuloy na nakikihamok sa kasalanan (Roma 7; Efeso 6:10-18).

▣ **"a paghihintay ng *ating* pagkukupkop"** Ang pagkupkop ay isa sa mga itinatangging pampamilyang talinghaga ni Pablo para sa kaligtasan (cf. v. 15). Ang mga kaligtasan ng mga mananampalataya ay isang pamamaran na nagsisimula sa isang panimulang pagpapasiya ng pagsisisi at pananampalataya at lumalago sa isang pagiging katulad ni Kristo. Ang mga mananampalataya ay lubusang maliligtas hanggang dumating ang Araw ng Muling Pagkabuhay (cf. v. 30 at I Juan 3:2).

Ang salitang "pagkupkop" ay tinanggap sa ilang Griyegong kasulatan (cf. MSS $P^{46}$, D, F, G, at ilang mga saling ng Lumang Latin. Gayunman, ito ay isinasama sa א, A, B, C, ilang Lumang Latin, ang Vulgata, Syriac, Coptic, at mga saling Armeniano. Ang $UBS^4$ ay ibinibilang ang pagsasama nito bilang "A" (tiyak).

▣ **"ang pagtubos sa ating katawan"** Ang salitang ito ay nangangahulugang "bilhin pabalik." Ang konseptong ito ay ginamit sa OT upang ilarawan ang sinuman na pinalaya mula sa pagkaalipin ng isang kamag-anak (*go'el*). Ito ay ginamit na patalinghaga para sa pagpapalaya ng Diyos sa nalugmok na sangkatauhan mula sa pagkaalipin sa kasalanan. Ang halagang ibinayad ay buhay na walang kasalanan na nagkatawang-tao. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:24.

Ang Kristiyanismo, tulad ng Judaismo (cf. Job 14:14-15; 19:25-26; Daniel 12:2), binibigyang-diin na ang mga mananampalataya ay magkakaroon (gayunman ay hindi kinakailangang *humanoid*, cf. I Corinto 15:35-49) ng katawan sa walang hangang. Ang mga espirituwal na katawan ng mga mananampalataya ay magiging ganap na inihanda para sa buhay sa bagong panahon, buhay sa malapit na pakikipag-ugnaya kasama ang Diyos.

**8:24 "tayo'y iniligtas sa pag-asa"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Sa v. 23 ito ay tumutukoy sa ating panghinaharap na kaligtasan, ang v. 24 ay tumutukoy sa ating nakalipas na kaligtasan sa pamamagitan ng pagiging kinatawan ng Espiritu. Ang NT ay gumamit ng maraming MGA PANAHUNAN NG PANDIWA upang ilarawan ang kaligtasan (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 10:4).

1. AORIST, Gawa 15:11 (Roma 8:24; II Timoteo 1:9; Tito 3:5; at Roma 13:11 kasama ang AORIST NA MAY PANGHINAHARAP na pang-aangkop)
2. GANAP, Efeso 2:5,8
3. PANGKASALUKUYAN, I Corinto 1:18; 15:2; II Corinto 2:15; I Pedro 3:21; 4:18
4. PANGHINAHARAP (sa PANDIWANG PANAHUNAN o kontekstuwal na pagpapakilala), Roma 5:9,10; 10:9; I Corinto 3:15; Filipos 1:28; I Tesalonica 5:8-9; Hebreo 1:14; 9:28.

Samakatuwid, ang kaligtasan ay nagsisimula sa isang panimulang pananampalatayang pagpapasiya at naglalathala sa isang pamamaraan ng pamumuhay pananampalataya na balang-araw ay magiging lubos sa paningin (cf. I Juan 3:2).

**8:25 "pag-asa"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: PAG-ASA**

Si Pablo ay madalas gumamit ng salitang ito sa marami magkakaibang ngunit magkakaugnay na diwa. Kadalasan ito ay inuugnay sa kaganapan ng pananampalataya ng mananampalataya (e.g., I Timoteo 1:1). Ito ay maipapahayag bilang kaluwalhatian, walang hanggang buhay, hantungang kaligtasan, Pangalawang Pagdating, atbp. Ang kaganapan ay tiyak, ngunit ang sangkap ng panahon ay sa hinaharap at di-tiyak. Ito ay kadalasang inuugnay sa "pananampalataya" at "pag-ibig" (cf. I Corinto 13:13; I Tesalonica 1:3; II Tesalonica 2:16). Isang di-buong tala ng ilang mga paggamit ni Pablo ay:

1. Ang Pangalawang Pagbabalik (pagdating), Galacia 5:5; Efeso 1:18; 4:4; Tito 2:13
2. Si Hesus ang ating pag-asa, I Timoteo 1:1
3. Ang mananampalataya ay ihaharap sa Diyos, Colosas 1:22-23; I Tesalonica 2:19
4. Ang pag-asa ay natataan sa langit, Colosas 1:5
5. Pagtitiwala sa ebanghelyo, Colosas 1:23; I Tesalonica 2:19
6. Hantungang kaligtasan, Colosas 1:5; I Tesalonica 4:13; 5:8
7. Ang kaluwalhatian ng Diyos, Roma 5:2, II Corinto 3:12; Colosas 1:27
8. Ang kaligtasan ng mga Hentil kay Kristo, Colosas 1:27
9. Katiyakan ng kaligtasan, I Tesalonica 5:8
10. Walang hanggang buhay, Tito 1:2; 3:7
11. Mga bunga ng Kristiyanong paglago, Roma 5:2-5
12. Katubusan sa lahat ng linikha, Roma 8:20-22
13. Kapuspusan ng pagkukupkop, Roma 8:23-25
14. Titulo para sa Diyos, Roma 15:13
15. Ang nais ni Pablo sa mga mananampalataya, II Corinto 1:7
16. OT bilang isang gabay sa mga mananampalataya sa NT, Roma 15:4

▣ **"may pagtitiis"** Ang salitang ito *hupomonē* ay ginamit din sa 5:3 at 15:4-5. Ang mga kaligtasan ng mga mananampalataya ay isang pamamaraan ng paglago at sa isang araw ay magiging lubos (puspos). Ang pagtitiyaga (cf. Pahayag 2:8,11,17,26; 3:5,12,21; 21:7) ay ang kailangang biblikal na paninimbang

sa lubhang pagbibigay-diin sa ating "panimulang kaligtasan." Karamihan ng mga biblikal na katotohanan (i.e., Silanganing Panitikan, Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:27) ay ipinapahayag sa dalawahang, puna ng pag-igting (tensyon) na mga tambalan.

**NATATANGING PAKSA: ANG PANGANGAILANGAN NG PAGTITIS**

Ang biblikal na doktrina na may kaugnayan sa buhay Kristyano ay mahirap maipaliwanag dahil ipinapakita ito ang mga karaniwang silanganing *dialectical* na tambalan. Ang mga tambalang ito ay tila magkasalungat, ngunit kapwa biblikal. Ang mga Kristiyanong kanluranin ay gumawi sa pagpili ng isang katotohanan at baliwalain o pababain ang kabilang katotohanan. Hayaan mong aking ilarawan.

A. Ang kaligtasan ba ay isang panimulang pagpapasiya na pagkatiwalaan si Kristo o isang panghabang-buhay na pagtupad sa pagiging alagad ni Kristo?
B. Ang kaligtasan ba ay isang pagpili sa pamamagitan ng biyaya mula sa isang makapangyarihang Diyos o ang pananampalataya at pagsisisi ng tao bilang tugon sa isang alok ng Diyos?
C. Ang kaligtasan ba, na minsang matanggap, ay hindi na mawawala, o mayroong pangangailang para sa nagpapatuloy na pagpapagal?

Ang paksa ng pagtitiis ay puno ng pagtutol sa buong kasaysay ng iglesiya. Ang suliranin ay nagsisimula sa tila magkasalungat ng mga talata ng NT:

A. mga talata sa katiyakan
   1. mga pahayag ni Hesus (Juan 6:37; 10:28-29)
   2. mga pahayag ni Pablo (Roma 8:35-39; Efeso 1:13; 2:5,8-9; Filipos 1:6; 2:13; II Tesalonica 3:3; II Timoteo 1:12; 4:18)
   3. mga pahayag ni Pedro ( I Pedro 1:4-5)
B. mga talata sa pangangailangan ng pagtitiis
   1. mga pahayag ni Hesus (Mateo 10:22; 13:1-9,24-30; 24:13; Marcos 13:13; Juan 8:31; 15:4-10; Pahayag 2:7,17,20; 3:5,12,21)
   2. mga pahayag ni Pablo (Roma 11:22; I Corinto 15:2; II Corinto 13:5; Galacia 1:6; 3:4; 5:4; 6:9; Filipos 2:12; 3:18-20; Colosas 1:23)
   3. mga pahayag ng mak-akda ng Hebreo (2:1; 3:6,14; 4:14; 6:11)
   4. mga pahayag ni Juan (I Juan 2:6; II Juan 9)
   5. mga pahayag ng Ama (Pahayag 21:7)

Ang biblikal na kaligtasan ay nagmumula sa pag-ibig, awa, at biyaya ng isang makapangyarihan na Trinidad na Diyos. Walang tao ang maliligtas maliban na magsimulang kumulos ang Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang Diyos ang unang lalapit at magtatakda ng *panahonnda*, ngunit hinihingi na mga tao ay kailangang tumugon sa pananampalataya at pagsisisi, sa kapwa pasimula t pagpapatuloy. Ang Diyos ay gumagawa sa sangkatauhan sa isang kasunduang pakikipag-ugnayang. May mga tanging karapatan <u>at</u> mga pananagutan!

Ang kaligtasan ay inaalok sa lahat ng mga tao. Ang kamatayan ni Hesus ay tumugon sa suliraning kasalanan ng nalugmok na nilikha. Ang Diyos ay nagbigay ng isang daan at nais na ang lahat na nilalang ayon sa Kanyang larawan ay tumugon sa Kanyang pag-ibig at inilaan kay Hesus.

Kung gusto mong magbasa pa sa paksang ito mula sa pananaw na *non-Calvinistic*, tingnan sa

1. Dale Moody, *Ang Word of Truth*, Eerdmans, 1981 (pp. 348-365)
2. Howard Marshall, *Kept by the Power of God*, Bethany Fellowship, 1969
3. Robert Shank, *Life in the Son,* Westcott, 1961

Ang Bibliya ay tumutukoy sa dalawang magkaibang mga suliranin sa bahaging ito: (1) pagkuha sa katiyakan bilang lisensiya sa buhay na walang bunga, maka-sariling mga buhay at (2) himukin ang mga nakikihamok sa pang-gawain at pag-sariling kasalanan. Ang suliranin ay ang mga maling pangkat ay makakakuha ng maling mensahe at bumuo ng sistemang teolohikal sa mga iilang talata. May mga Kristiyanong may malubhang pangangailangan ng mensahe ng katiyakan, ang iba naman ay kailangan

ng mga mahigpit na babala! Saan pangkat ka kabilang?

**TALATA SA NASB (BINAGO): 8:26-27**

**26 At gayon din naman ang Espiritu ay tumutulong sa ating kahinaan: sapagka't hindi tayo marunong manalangin ng nararapat; nguni't ang Espiritu rin ang namamagitan dahil sa *atin* ng mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita; 27 At ang nakasisiyasat ng mga puso'y nakakaalam kung ano ang kaisipan ng Espiritu, sapagka't siya ang namamagitan dahil sa mga banal alinsunod sa *kalooban ng* Diyos.**

**8:26 "gayon din naman"** Ito ay mag-uugnay sa gawaing pamamagitan ng Espiritu na may "ang pagdaing at pag-asa" sa nabanggit sa vv. 18-25.

▣ **"ang Espiritu ay tumutulong"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG. Ang PANDIWA ay may dalawahang tambalang, *syn* (cf. v. 28) at *anti*. Ito ay pinakamainam na naisalin na "hawakang kasama." Ang salitang ito ay matatagpuan lamang dito at sa Lucas 10:40. Ang kabuuan ngTrinidad na Diyos ay para sa mga mananampalataya. Ang Ama ay ipinadala ang Anak upang mamatay para sa sangkatauhan (cf. Juan 3:160, at Siya ngayon ay namamagitan din para sa atin (cf. v. 34; Hebreo 7:25; 9:24; I Juan 2:1). Ang Espiritu ay nagdadala sa nalugmok na sangkatauhan kay Kristo at buuin si Kristo sa kanila (cf. Juan 16:8-15). Gayunman, ang PANDIWANG "tumutulong," ay nangangahulugang "hawakan ang sinuman," na nagpapahiwatig na ang mga mananampalataya ay mayroon ding bahagi sa pagtatalagang ng tulong ng Espiritu (pamamagitan).

▣ **"kahinaan"** Ang PANGNGALANG ito ay ginamit ni Pablo sa maraming pagkakaunawa (BAGD, p. 115).

1. Panghihina ng katawan o pagkakasakit, II Corinto 11:30; 12:5,9,10; Galacia 4:13; I Timoteo 5:23
2. Kinatatayuan ng tao, I Corinto 15:43; II Corinto 13:4
3. Paglalarawan para sa
   a. pagkamahiyain, I Corinto 2:3
   b. kahatulan, Roma 6:19
   c. kulang sa kaunawaang pang-relihiyon, Roma 8:26

Ang PANDIWA ay ginamit sa magkakatulad na mga pamamaraan.

1. Panghihina ng katawan, Filipos 2:26-27; II Timoteo 4:20
2. Kinatatayuan ng to, Roma 8:3; II Corinto 11:21; (note Mateo 8:17; sipi of Isaias 53:4)
3. Paglalarawan para sa
   a. Pang-relihiyon o moral na kahinaan, Roma 14:2; I Corinto 8:11-12
   b. Mahina sa pananampalataya, Roma 4:19; 14:1
   c. Panghihina ng loob at pagkatakot, II Corinto 11:29

Tandaang ang konteksto ang nagpapasiya ng kahulugan sa loob ng isang semantikong parametro. Ang talahulugan ay nagtatala lamang ng maaaring kahulugan at mga pagkagamit.

▣ **"ang Espiritu rin ang namamagitan dahil sa *atin* ng mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita"** Ang mga mananampalataya ay dumadaing sa kanilang pagkalugmok at ang Espiritu ay dumadating sa pamamagitan para sa kanila. Ang Espiritu sa loob ng mga natubos ay ipinapanalangin sila, at si Hesus na nasa kanang kamay ng Diyos ay nananalangin din para sa kanila, (cf. vv. 27,34; Hebreo 7:25; 9:24; I Juan 2:1). Ang pamamagitang ito ay nagpapalakas sa mananampalataya upang manalangin (cf. v. 15; Galacia 4:6). Ang talatang ito sa konteksto ay hindi tumutukoy sa espirituwal na kaloob ng pagsasalita ng mga wika, ngunit ang pamamagitan ng Espiritu sa Ama para sa mga

mananampalataya.

▣
**NASB, NRSV "hindi maisasaysay sa pananalita"**
**NKJV "na hindi maisawika"**
**TEV "na hindi maipahayag ng mga salita"**
**NJB "na hindi mailalagay sa mga salita"**

Ang salitang ito ay ang karaniwang salita para sa "pagsasalita," "wika" (cf. I Corinto 13:1) na may *ALPHA PRIVATIVE*. Ito ay makikita lamang dito sa NT. Ang isa pang anyo ng salitang ito ay ginamit sa Ebanghelyo ni Marcos para sa di-makapagsalita/walang imik na mga tao (cf. 7:37; 9:17,25).

▣ **"namamagitan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng Tambalang *Huper* sa 1:30.

**8:27 "nakasisiyasat ng mga puso"** Ito ay isang umuulit na paksa sa OT (cf. I Samuel 2:7; 16:7; I Hari 8:39; I Cronica 28:9; II Cronica 6:30; Awit 7:9; 44:21; Kawikaan 15:11; 20:27; 21:2; Jeremias 11:20; 17:9-10; 20:12; Lucas 16:15; Gawa 1:24; 15:8). Tunay na nakikilala tayo ng Diyos at patuloy na iniibig tayo (cf. Awit 139).

▣ **"namamagitan dahil sa mga banal"** Ang gawain ng Espiritu ay maliwanag na naipahayag saJuan 16:2-15. Ang isa sa kanila ay ang pamamagitan.

Ang salitang "mga banal" ay palaging PANGMARAMIHAN maliban sa Filipos 4:21na kung saan ito ay tumutukoy sa lahat mga mananampalataya. Ang mga Kristyano ay miyembro ng pamilya ng Diyos, ang katawan ni Kristo, ang bagong templong itinayo mula sa mga indibidwal na mga mananampalataya. Ito ay isang kinakailangang teolohikong pagtitimbang sa kanlurang (American) pagkamakasarili. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Banal sa 1:7.

**NATATANGING PAKSA: ANG PERSONA NG ESPIRITU**

Sa OT "ang Espiritu ng Diyos" (i.e., *ruach*) ay isang pwersa na tinutupad ang layunin ni YHWH, ngunit walang pahiwatig na ito ay personal (i.e., OT *monotheism*). Subalit, sa NT ang buong sariling katangian at persona ng Espiritu ay nakatala.

1. Siya ay maaaring pamumusungin (cf. Mateo 12:31; Marcos 3:29)
2. Siya ay nagtuturo (cf. Lucas 12:12; Juan 14:26)
3. Siya ay nagpapatotoo (cf. Juan 15:26)
4. Siya ay nanunumbat, naggagabay (cf. Juan 16:7-15)
5. Siya ay tinawag na "sino" (i.e., *hos*) (cf. Efeso 1:14)
6. Siya ay maaaring pamamanglawin (cf. Efeso 4:30)
7. Siya ay maaaring di-pagningasin (cf. I Tesalonica 5:19)

Ang mga talatang Trinidad ay nagpapahayag din ng tatlong persona.

1. Mateo 28:19
2. II Corinto 13:14
3. I Pedro 1:2

Ang Espiritu ay inuugnay sa mga gawain ng mga tao.

1. Gawa 15:28
2. Roma 8:26
3. I Corinto 12:11
4. Efeso 4:30

Sa pinaka panimula ng Gawa, binibigyan-diin ang gawain ng Espiritu. Ang Pentecost ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunito ayang bagong kabanata. Palaging na kay Jesus ang Espiritu.

Ang Kanyang bautismo ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunito ayang kabanata. Si Lucas ay inihanda ang iglesiya para sa isang bagong kabanata para mabisang gawain. Patuloy na si Hesus pinagtutuunan, Patuloy na ang Espiritu ang mabisang paraan at sa Ama, ang pag-ibig, kapatawarn at pagpapanumbalik ng lahat ng tao na linikha sa kanyang wangis ang layunin!

**TALATA SA NASB (BINAGO): 8:28-30**

**28At nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Diyos, sa makatuwid baga'y niyaong mga tinawag alinsunod sa *kaniyang* nasa. 29Sapagka't yaong mga nang una pa'y kaniyang nakilala, ay itinalaga naman niya *na maging* katulad ng larawan ng kaniyang Anak, upang siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid: 30At yaong mga itinalaga niya, ay kaniyang tinawag naman: at ang mga tinawag ay inaring-ganap naman niya: at ang mga inaring-ganap ay niluwalhati din naman niya.**

**8:28 "At nalalaman natin"** Ang PANDIWANG (*oida*) ito ay makikita ng apat na beses sa konstekstong ito.

1. Ang mga mananampalataya ay nalalaman na ang lahat ng nilikha ay dumadaing (v. 22)
2. Ang mga mananampalataya ay hindi nalalaman ang manalangin (v. 26)
3. Nalalaman ng Ama ang mga puso ng mga tao at ang kaisipan ng Espiritu (v. 27)
4. Nalalaman ng mga mananampalataya na ang lahat ng mga bagay ay magkakasamang gumagawa para sa mabuti (v. 28)

▣

**NASB, TCNT "ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip. . .sa Diyos"**
**NKJV, NRSV,**
**NET "lahat ng mga bagay"**
**TEV, NIV "sa lahat ng mga bagay ang Diyos ang gumagawa"**

Ang tekstuwal na tanong ay kung ilang beses makikita ang "*Theos*" (o "*Theon*") sa talatang ito?

Walang pangkasulatang pagkakaiba ang nauugnay sa pariralang "sa kanilang mga umiibig sa Diyos," ngunit isang pagkakaibang maiuugnay sa pariralang "nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti."

1. Ang ilang mga kasulatan ay nagdagdag ng "*ho Theos*" pagkatapos ng PANDIWA, P[46], A, B, 81, at ilang Coptic at mga saling Ethiopian.
2. Karamihan sa mga kasulatan ay tinggal ito, א, C, D, F, G, at the Vulgata, Peshitta, mga saling Armenian. Ang UBS[4] binigyan ng "B" antas ang pagtatanggal (halos tiyak).

Ang NASB ay isinama ito upang bigyang-diin ang punto ng pagkilos ng Diyos. Ito ay maaaring mula sa konteksto na ang pagiging kinatawan ng Espiritu ay ipinasok (cf. v. 27; NEB, REB).

▣ **"gumagawa sa ikabubuti"** Ito ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ito ay isa pang tambalan kasama ang *syn* (cf. v. 26). Samakatuwid, sa literal, ito ay nangangahulugang "ang lahat ng mga bagay ay nagpapatuloy na gumawa sa pakikipagtulungan sa bawa't-isa para sa ikakabuti." Ito ay isang napakahirap na konsepto sa isang mundo ng kasamaan at pagdurusa (ang dalawa aklat na makakatulong sa paksang ito ay *The Goodness of Diyos* nina Wenham at Hannah Whithall Smith, The Christian's Secret of a Happy Life). Ang "mabuti" dito ay nangangahulugan sa v. 29 bilang "maging katulad larawan ng Kanyang Anak." Ang pagiging katulad ni Kristo, hindi kasaganahan, kasikatan o kalusugan, di-mababagong plano ng Diyos sa bawat mananampalataya.

▣ **"ng mga nagsisiibig sa Diyos, sa makatuwid baga'y'niyaong mga tinawag alinsunod sa *kaniyang* nasa"** Ito ay dalawang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA PANDIWARI. Ito ang dalawang kalalagayan na nagpapahintulot sa mga mananampalataya na tingnan ang buhay, sa kahit anumang mga kalalagayan,

sa isang positibong liwanag (cf. v. 15). Pansinin muli ang kambal na aspeto ng kasunduan ng kalayaang pantao ("pag-ibig") at pagiging makapangyarihan ng Diyos ("tinawag").

Ang salitang "layunin" sa kaugnayan nito sa walang hanggang plano ng Diyos ay matatagpuan sa Roma 9:11; Efeso 1:11; 3:11; at II Timoteo 1:9. Ang Diyos ay may walang hanggang plano ng katubusan para sa nalugmok na sangkatauhan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pang-ebandyelikong Pakiling ni Bob sa 1:5.

**8:29-30** Ang MGA PANDIWA sa lahat ng mga talata ay AORIST NA TAHAS NA MAY MGA PAHIWATIG. Sila ay bumubuo ng isang tanikala mula sa panahon hanggang sa walan nang panahon. Nakikilala ng Diyos tayo at palagiang para sa atin at nais na tayo ay makasama Niya. Ito ay isang pangkalahatan, hindi pansariling konteksto. Ang pangkatapusang pagkilos ng pagkaluwalhati ay nasa hinaharap pa, ngunit sa konteksto ito ay ipinapahayag bilang isang naisakatuparang pangyayari.

**8:29 "una pa'y. . .nakilala"** Ginamit ni Pablo ang salitang ito ng dalawang beses, dito at 11:2. Sa 11:2 ito ay tumutukoy sa pangkasunduang pag-ibig ng Diyos para sa Israel bago pa ang panahon. Tandaan na ang salitang "makilala" sa Hebreo ay nauugnay sa malapit, personal na pakikipag-ugnayan, hindi sa mga kaalaman patungkol sa isang tao (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5). Dito, ito ay isinama sa isang tanikala ng mga pangyayari (cf. vv. 29-30). Ang salitang ito ay nauugnay sa predestinasyon (pagtatalaga). Gayunman, ito ay kailangang maihayag na ang pagkaalam ng Diyos sa simula ay hindi ang batayan ng pagpili dahil sa kung magkagayon, ang pagpili ay magiging batay sa panghinaharap na pagtugon ng nalugmok na sangkatauhan, na maaaring pantaong pagpupunyagi. Ang salitang ito ay matatagpuan din sa Gawa 26:5; I Pedro 1:2,20 at II Pedro 3:17.

▣ **"itinalaga"** Ang mga salitang "pagkakilalala" (*proginōsko*) o "pagtatalaga" (*proorizō*) ay kapwa tambalan na may PANG-UKOL na "bago" (*pro*) at samakatuwid, ay kailangang isalin na "makilala bago ang panahon," "maitalaga bago ang panahon," o "matatakan bago ang panahon."

Ang depinitibong talata sa pagkakilala sa NT ay Roma 8:28-30; Efeso 1:3-14 at Roma 9. Ang mga tekstong ito ay maliwanag na binibigyang-diin na ang Diyos ay nakapangyayari sa lahat (soberano). Siya ay nasa lubusang pamamahala ng lahat ng mga bagay, kabilang ang pantaong kasaysayan. May isang namamatnugot na plano ng katubusan ng Diyos na naisasakatuparan sa panahon. Gayunman, ang planong ito ay makatuwiran at hindi pumipili. Ito ay batay hindi lamang sa pagiging makapangyarihan at pagkakilala ng Diyos, ngunit sa kanyang di-nagbabagong katangian ng pag-ibig, awa at di-karapat-dapat na biyaya.

Kailangan tayong mag-ingat sa ating kanlurang (American) pagkamakasarili o ating ebadyelikong kasigasigan na kumukulay nitong napakagandang katotohanan. Kailangan din nating magbantay laban sa pagkakampi-kampi sa pangkasaysayan, teolohikong tunggalian sa pagitan ni Augustino laban sa Pelegio o Calvinismo laban sa Arminianismo.

Ang pagkakilala ay hindi isang doktrina na nangangahulugan na lagyan ng hangganan ang pag-ibig ng Diyos, biyaya, at awa o tanggalin ang ilan mula sa ebanghelyo. Ito ay nangangahulugang pagpapalakas sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng paghubog na kanilang mga pananaw sa mundo. Ang Diyos ay <u>para sa</u> lahat ng sangkatauhan (cf. Juan 3:16; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Ang Diyos ay ang nakapangyayari sa lahat ng mga bagay. Sino o ano ang makakapaghiwalay sa atin mula sa Kanya (cf. Roma 8:31-39)? Ang pagkakilala ay bumubuo ng isa sa dalawang paraan na makita ang buhay. Nakikita ng Diyos ang lahat ng kasaysayan bilang sa pangkasalukuyan; mga tao ay may hangganan sa panahon. Ang ating pananaw at kakayahan sa isipan ay may hanganan. Walang salungatan (kontradiksiyon) sa pagitan ng kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng sangkatauhan. Ito ay isang pangkasunduang kayarian. Ito ay isa pang halimbawa ng biblikal na katotohanan na ibinigay sa dalawahang pag-igting (tensyon) (tingnan ang Natatanging Paksa: Silanganing Panitikan sa 3:27. Ang

mga biblikal na doktrina ay kadalasang ipinapakilala mula sa magkakaibang mga pananaw. Sila ay kadalasang nakikita na may kabalintunaan. Ang katotohanan ay isang pagtimbang sa pagitan ng tila magkasalungat na tambalan. Hindi nating dapat tanggalin ang pag-igting (tensyon) sa pamamagitan ng pagpili sa isa sa mga katotohanan. Hindi nating dapat ihiwalay ang anumang biblikal na katotohanan sa isang teolohikong sistema na walang kaugnayan sa partikular na konteksto.

Ito ay rin ay mahalaga na idagdag na ang layunin ng pagpili ay hindi lang langit kapag tayo ay namatay, ngunit ang pagiging katulad ni Kristo ngayon (cf. Efeso 1:4; 2:10)! Tayo ay pinili upang maging "banal at walang kasalanan." Ang Diyos ang pumili para baguhin tayo upang makita ng iba ang pagbabago at tumugon sa pamamagitan pananampalataya sa Kanya kay Kristo. Ang pagkakilala ay hind isang personal na karapatan ngunit isang pangkasunduang pananagutan!

▣ **"itinalaga naman niya *na maging* katulad ng larawan ng kaniyang Anak"** Ito ay isang pangunahing katotohanan sa talatang ito. Ito ay ang layunin ng Kristiyanismo (cf. 8:9; II Corinto 3:118; Galacia 4:19; Efeso 1:4; 2:10; 4:13; I Tesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15). Ang kabanalan ay kalooban ng Diyos sa bawat mananampalataya. Ang pagpili ng Diyos ay sa pagiging katulad ni Kristo (cf. Efeso 1:4), hindi isang natatanging kalalagayan. Ang larawan ng Diyos na ibinigay sa sangkatauhan sa nilikha (cf. Genesis 1:26; 5:1,3; 9:6) ay ipinanumbalik (cf. Colosas 3:10). Tingnan ang Tala sa 8:21 at Natatanging Paksa: Tinawag sa 1:6.

▣ **"upang siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid"** Sa Awit 89:27 "panganay" ay isang titulo para sa Mesias. Sa OT ang panganay na lalaki ay may kataasan at natatanging karapatan. Ang salita ay ginamit sa Colosas 1:15 upang ipakita ang kataasan ni Hesus sa nilikha at sa Colosas 1:18 at Pahayag 1:5 upang ipakita ang kataasan ni Hesus sa muling pagkabuhay. Sa talatang ito ang mga mananampalataya ay, sa pamamagitan Niya, ay dinala sa Kanyang kataasan!

Ang salitang ito ay hindi tumutukoy sa pagkakatawang-tao ni Hesus, ngunit sa Kanya bilang puno ng isang bagong lahi (cf. 5:12-21), ang una sa isang kalipunan, ang tagapagtuklas ng ating pananampalataya, ang pinagmula ng pagpapala ng Ama sa pamilya ng pananampalataya! Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: PANGANAY**

Ang salitang "panganay" (*prōtotokos*) ay ginamit sa Bibliya sa maraming magkakaibang pagkagamit.

1. ang kaligiran sa OT nito ay tumutukoy sa pagiging handa bago maganap sa unang-ipinanganak na lalaki sa pamilya (cf. Awit 89:27; Lucas 2:7; Roma 8:29; Hebreo 11:28)
2. ang gamit nito sa Colosas 1:15 ay nagsasabing kay Hesus bilang una sa mga linikha na maaaring isang pagkabanggit sa OT sa Kawikaan 8:22-31, o ang kinatawan ng Diyos sa paglilikha (cf. Juan 1:3; I Corinto 8:6; Colosas 1:15-16; Hebreo 1:2)
3. ang gamit nito sa Colosas 1:18; I Corinto 15:20 (at dito) ay tumutukoy kay Hesus bilang panganay mula sa mga patay
4. ito ay isang titulo sa OT na ginamit sa Mesias (cf. Awit 89:27; Hebreo 1:6; 12:23). Ito ay isang titulo na nagsasama-sama ng maraming aspeto ng kalamangan at pagiging nasa gitna (sentral) ni Hesus.

Dito, ang konteksto #3 o #4 ang pinakaakma.

**8:30 "niluwalhati"** Ang Diyos ay kadalasang inilalarawan sa Bibliya sa salitang "kaluwalhatian." Ang salita galing mula sa isang pangkalakalang salitang-ugat na nangangahulugang "mabigat" at sa pagpapahiwatig, mahalag, tulad ng ginto. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:23. Sa teolohiya, ang Diyos ay tinutubos ang nalugmok na sangkatauhan sa pamamagitan ng isang kalipunan ng mga hakbang ay nakatala sa vv. 29-30. Ang huling hakbang ay "pagkaluwalhati." Ito ang magiging lubos na

kaligtasan ng mga mananampalataya. Ito ay mangyayari sa Araw ng Muling Pagkabuhay na kung saan ibinigay ang mga bagong espirituwal na katawan (cf. I Corinto 15:50-58) at magiging kaisa ng Trinidad na Diyos at bawat isa (cf. I Tesalonica 4:13-18; I Juan 3:2).

Kadalasang ang pamamarang nabanggit sa vv. 29-30 ay inilalagay sa mga kauriang teolohiko.

1. pag-aaring-ganap, v. 30 – napalaya mula sa kabayaran ng kasalanan (pagkupkop, mga taga-pagmana, vv. 16-17)
2. pagpapaging-banal (i.e., "pagtalima sa larawan ng Kanyang Anak"), v. 29 – napalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan (pamumuhay na katulad ng kay Kristo)
3. pagkaluwalhati, v. 30 – napalaya mula sa presensiya ng kasalanan (i.e., langit)

**TALATA SA NASB (BINAGO): 8:31-39**

**31Ano ang ating sasabihin sa mga bagay na ito? Kung ang Diyos *ay* kakampi natin, sino *ang***
**laban sa atin? 32Siya, na hindi ipinagkait ang kaniyang sariling anak kundi ibinigay dahil sa ating**
**lahat, bakit hindi naman ibibigay sa atin ng walang bayad ang lahat ng mga bagay? 33Sino ang**
**magsasakdal ng anoman laban sa mga hirang ng Diyos? Ang Diyos ay ang umaaring-ganap; 34Sino**
**ang hahatol? Si Kristo Hesus na namatay, oo, yaong nabuhay na maguli sa mga patay na siyang**
**nasa kanan ng Diyos, na siya namang namamagitan dahil sa atin. 35Sino ang maghihiwalay sa atin**
**sa pag-ibig ni Kristo? ang kapighatian, o ang kahapisan, o ang paguusig, o ang kagutum, o ang**
**kahubaran, o ang panganib, o ang tabak? 36Gaya ng nasusulat, "DAHIL SA IYO KAMI'Y PINAPATAY**
**SA BUONG ARAW; KAMI AY NABILANG NA PARANG MGA TUPA SA PATAYAN." 37Hindi, kundi sa lahat ng**
**mga bagay na ito tayo'y higit pa sa mga mapagtagumpay sa pamamagitan niyaong sa atin ay**
**umibig. 38Sapagka't ako'y naniniwalang lubos, na kahit ang kamatayan man, kahit ang buhay,**
**kahit ang mga anghel, kahit ang mga pamunuan, kahit ang mga bagay na kasalukuyan, kahit ang**
**mga bagay na darating, kahit ang mga kapangyarihan, 39Kahit ang kataasan, kahit ang kababaan,**
**kahit ang alin mang ibang nilalang, ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos, na**
**nasa kay Kristo Hesus na Panginoon natin.**

**8:31 "Ano ang ating sasabihin sa mga bagay na ito?"** Ito ay isang natatanging parirala kung saan si Pablo ay nagpapaliwanag ang kanyang pagtuligsang (diatribe) anyo ng pagpapakilala (cf. 3:5; 4:1; 6:1; 7:7; 9:14,30). Ang tanong na ito ay umuugnay sa nakaraang ibinigay na mga katotohanan. Ito ay di-tiyak kung gaano kalayo ang tinutukoy nito. Ito ay maaaring tumukoy sa 3:21-31 o 8:1 o 8:18. Dahil sa paggamit ng "samakatuwid" sa 8:1 at sa konteksto, 8:18 ay maaaring isang mabuting haka.

▣ **"Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Nakakamangha, sa gitna ng lahat ng ating pakikihamok sa kasalanan, ang Diyos ay para sa atin!

▣ **"sino *ang* laban sa atin"** Ang PANGHALIP na "sino" ay inulit sa vv. 33,34,35. Ito ay tumutukoy kay Satanas (na hindi binanggit ang pangalan hangang 16:20). Ang talatang ito, mula sa 31-39, ay gumagamit ng pampanitikang pamamaraan sa OT ng mga Propeta, isang panghukumang kaso (cf. Micah 1, 6). Dinala ni YHWH ang Kanyang mga tao sa isang hukuman para sa espirituwal na pangangalunya. Ito ay isang pagkabanggit sa Isaias 50:8-9.

Pansinin ang mga legal na salitang: "laban sa," v. 31; "isang pagsasakdal," v. 33; "pag-aaring-ganap," v. 33; "pagpaparusa," v. 34; at "namamagitan," v. 34. Ang Diyos ay ang hukom. Si Kristo ay ang manananggol. Si Satanas ay ang tagapag-usig (ngunit siya ay tahimik). Ang mga anghel ang pinuno ang hukuman bilang mga tagapagmasid (cf. I Corinto 4:9; Efeso 2:7; 3:10).

**8:32 "Siya, na hindi ipinagkait ang kaniyang sariling anak"** Ang Diyos Ama ay ibinigay sa nalugmok na sangkatauhan ang Kanyang pinakamabuti. Hindi niya iiwanan ang mga mananampalataya ngayon o

ibibigay sa kanila ang mas kakaunti (cf. Juan 3:16; Roma 5:8). Papaanong hindi tama ang konspeto ng isang mapaghiganting Diyos ng OT at isang mapagmahal na si Hesus! Ang pangwakas na kaloob na ito ay mapapaliwanag sa pahayag ng Diyos kay Abraham sa Genesis 22:12, 16. Ang mga rabi ay ginamit ang OT talatang ito upang itaguyod ang doktrina ng panghaliling katubusa para sa binhi ni Abraham.

▣ **"kundi ibinigay dahil sa ating lahat"** Ang salitang "lahat" sa talatang ito ay mahalaga. Si Hesus ay namatay para sa kasalanan ng mundo (cf. Lucas 2:10-11; Juan 3:16; 4:42; 11:51; I Timoteo 4:10; I Juan 2:2; 4:14). Ito ay naglalarawan ng tipolohiyang Adan-Kristo ng 5:12-21. Ang kamatayan ni Hesus ang lumutas ng suliraning ng kasalanan. Ngayon, ito ay isang "pananampalataya at pagtanggap" na suliranin.

▣ **"ibibigay sa atin ng walang bayad ang lahat ng mga bagay"** Ang PANDIWANG ito ay mula sa Griyegong salitang-ugat sa biyaya. "Ang lahat ng mga bagay" ay tumutukoy sa v. 17. Tingnan ang Tala sa 3:24.

**8:33-34 "magsasakdal. . . umaaring-ganap. . . hahatol. . . namamagitan"** Ang lahat ng mga ito ay mga legal na salita. Ang mga talatang 31-39 ay isang tagpo sa hukuman ng langit. Ito ay maaaring pagkabanggit sa Isaias 50:8-9.

**8:33 "mga hirang ng Diyos"** Si Hesus ay ang taong pinili ng Diyos para sa lahat ng mga tao (Barth). Ang pinakamaliwanag at pinakalubos na mga talata sa katotohanang ito sa NT ay Efeso 1:3-4 at Roma 9:14-26. Pinili ng Ama si Hesus upang piliin ang lahat ng sangkatauhan. Si Hesus ang "oo" ng Diyos sa "hindi" ng nalugmok na sangkatauhan!

**NATATANGING PAKSA: ELEKSYON/PREDESTINASYON AT ANG PANGANGAILANGAN PARA SA TEOLOHIKONG PAGTIMBANG**

Ang eleksyon o pagpili ay isang kahanga-hangang doktrina. Gayunpaman, hindi ito pagkakatawag sa pagpapaborito, ngunito ayang pagtawag na maging daluyan, isang kagamitan o paraan para sa katubusan ng iba! Sa Lumang Tipan ang salitang ay ginamit ng unang-una para sa paglilingkod; Sa Bagong Tipan ito ay ginamit ng unang-una para sa kaligtasan na umuusbong sa paglilingkod. Ang Bibliya ay kailanman hindi pinag-ayos ang waring magkasalungat sa pagitan ng dakilang kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng sangkatauhan, ngunit naniniwala sa kanila pareho! Ang mabuting halimbawa ng biblikal na tensyon ay ang Roma 9 para sa kapangyarihan ng Diyos sa pagpili at Roma 10 sa kinakailangang pagtugon ng sangkatauhan (cf. 10:11,13).

Ang susi sa teolohikong tensyon (pag-igting) na ito ay matatagpuan sa Efeso 1:4. Si Hesus ay pinili tao Diyos at lahat ay maaaring piliin sa Kanya (Karl Barth). Si Hesus ay oo ng Diyos sa pangangailangan ng makasalanang sangkatauhan (Karl Barth). Ang Efeso 1:4 ay nakakatulong din na linawin ang isyu sa pamamagitan ng pagsasaad na ang tunguhin ng predestinasyon ay hindi langit, kundi kabanalan (pagiging kagaya ni Kristo). Tayo ay madalas na naaakit sa mga benepisyo ng ebanghelyo at pinagwawalang-bahala ang mga pananagutan! Ang pagtawag ng Diyos (Eleksyon) ay para sa panahon at maging sa walang hanggan!

Ang mga doktrina ay dumarating na may kaugnayan sa ibang mga katotohanan, hindi bilang nag-iisa, walang kinalamang mga katotohanan. Isang magandang analogo ay ang mga konstelasyon laban sa nag-iisang bituin. Ang Diyos ay nagpapakita ng mga katotohanan sa silanganin, hindi kanluraning mga dyanra. Dapat nating alisin ang tensyon (pag-igting) na inihatid ng dyalektikal (kabalintunaan) mga paris ng mga doctrinal na katotohanan:

1. Predestinasyon laban sa malayang pagpili ng tao
2. Katiyakan ng mga mananampalataya laban sa pangangailangang magtiis

3. Orihinal na kasalanan laban sa pakusa na kasalanan
4. Kawalang kasalanan (perpeksyonismo) laban sa pagkakasala ng kaunti
5. Panimulang madaliang pag-aaring ganap laban sa progresibong pagpapaging banal
6. Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong pananagutan
7. Transendesiya ng Diyos laban sa katangian ng Diyos
8. Diyos bilang sukdulang di makikilala laban sa Diyos bilang makikilala sa Kasulatan
9. Ang Kaharian ng Diyos bilang pangkasalukuyan laban sa panghinaharap na kaganapan
10. Pagsisisi bilang regalo ng Diyos laban sa pagsisisi bilang kinakailangang maktaong tipanang pagtugon
11. Si Hesus bilang banal laban sa Hesus bilang tao
12. Si Hesus bilang kapantay sa Ama laban sa Hesus bilang nagpapailalim sa Ama

Ang teolohikal na konsepto ng "tipanan" ay pinag-isa ang dakilang kapangyarihan ng Diyos (na laging nagpapasimula at nagtatakda ng mg adyenda) na may inaatas na panimula at nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalatayang pagtugon mula sa mga tao. Maging maingat sa pagprupruwebang teksto sa isang panig ng kabalintunaan at pababain ang iba! Maging maingat sa pagsasaad lamang ng iyong paboritong doktrina o sistema ng teolohiya!

**8:34** Ang talatang ito ay nagtatala ng maraming mga dahilan kung bakit "walang kahatulan" (cf. v. 1).
1. Siya ay namatay
2. Siya ay muling nabuhay
3. Siya ay nasa kanang kamay ng Diyos
4. Siya ay namamagitan sa mga mananampalataya

Ang kamatayan ni Hesus ang nagbayad ng kaparusahan ng kasalanan (cf. Isaias 53; Marcos 10:45; II Corinto 5:21). Ang muling pagkabuhay ng Hesus ay nagpapakita ng pagtanggap ng Ama sa gawain ng Anak at nagbibigay ng pag-asa (Ang unang bunga sa kanilang mga natutulog) sa mukha ng pag-uusig at kamatayan. Ang pagkaluwalhati ni Hesus sa kanang kamay ng Ama at pamamagitan para sa mga mananampalataya ay nagbibigay sa kanila ng tapang na lumaban ng mabuting laban ng pananampalataya.

▣ **"kanan ng Diyos"** Ito ay isang anthromorpikong talinghaga (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:18). Ang Diyos ay walang taglay na isang pisikal na katawan. Siya ay "espiritu." Ang talinghagang ito ay nagpapahayag ng lugar ng kapangyarihan, kapamahalaan at pagiging mataas. Si Pablo ay kadalasang hindi ginagamit ang pagpapahayag (cf. Efeso 1:20; Colosas 3:1). Si Pablo ay maaaring sinisipi ang isang sinaunang Kristiyanong kredo sa v. 34 (cf. Filipos 2:6ff.; I Timoteo 3:16).

▣ **"namamagitan"** Nagpapatuloy ang gawain ni Hesus. Si Hesus ang namamagitan para sa atin (cf. Hebreo 4:4-16; 7:25; 9:24; I Juan 2:1) tulad ng ginagawa ng Espiritu (vv. 26-27). Ito ay mula sa salitang *paraclete*, na ginamit sa Espiritu sa Juan 14:16 at ng Anak sa I Juan 2:1. Ito ay isa pang pagkabanggit sa awit ng nagdurusang lingkod (cf. Isaias 53:12).

**8:35 "sa pag-ibig ni Kristo"** Ito ay kapwa PANARILING O NILALAYONG DYENITIBO. Ito ay maaaring alinman sa (1) pag-ibig ni Kristo para sa mga mananampalataya o (2) pag-ibig ng mga mananampalataya para kay Kristo. Ang bilang 1 ang pinakaakma sa kontekstong ito (at II Corinto 5:14) dahil sa pag-ibig ngmga mananampalataya para kay Kristo ay dumarating at lumilipas, ngunit ang pag-ibig ni Kristo's pag-ibig para sa ating ay tiyak at matatag.

Mayroong Griyegong pangkasulatang pagbabago na kaugnay ng pariralang ito.
1. Ang isang sinaunang Griyego teksto ay may "ang pag-ibig ng Diyos" (cf. MS א).
2. Ang isang sinaunang kasulatan ay pinagsasama sila, "ang pag-ibig ng Diyos kay Kristo" (cf. MS B).

3. Ang mga tagatala UBS[4] ay nagbigay sa "ang pag-ibig ni Kristo" na "A" na antas (tiyak). Ito ay makikita sa MSS C, D, F, G, at karamihan sa mga saling Latin at ang Vulgata at Peshitta.

▣ **"ang kapighatian, o ang kahapisan, o ang paguusig"** Ang mga Kristyano ay magkakaroon ng mga suliranin sa mundong ito, ngunit alinman sa mga suliranin o kapangyarihang masama ay hindi makakapaghiwalay sa kanila mula sa Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kapighatian sa 5:3.

**8:36** Ito ay isang sipi mula sa Awit 44:22. Sa Awit na ito, ang Diyos tinawag upang magkaloob ng pagpapalaya sa Kanyang mga nasasaktang tao.

**8:37**
**NASB "Hindi, kundi sa lahat ng mga bagay na ito tayo'y higit pa sa mga mapagtagumpay"**
**NKJV "Bagaman sa lahat ng mga bagay na ito tayo ay higit pa sa mga mananakop"**
**NRSV "Hindi, sa lahat ng mga bagay na ito tayo ay higit pa sa mga mananakop"**
**TEV "Hindi, sa lahat ng mga bagay tayo ay may buong tagumpay sa pamamagitan ng niya"**
**NJB "ito ay ang mga pagsubok sa pamamagitan na kung saan tayo ay nagtagumpay"**

Ito ay isang pinatinding anyo ng salitang "manakop." Si Pablo ay maaaring binanggit ang salitang ito (*huper* + *nikaō*). Ito ay isang napakagandang inihalong talinghaga, "ang tupang mananakop." Ang mga mananampalataya ay ay mga pananakop sa pamamagitan ng Kristo (cf. Juan 16:33; I Juan 2:13-14; 4:4; 5:4). Tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Pablo ng Tambalang *Huper* sa 1:30.

▣ **"sa pamamagitan niyaong sa atin ay umibig"** Ang PANGHALIP na ito ay maaaring tumukoy sa Ama o sa Anak.

**8:38 "ako'y naniniwalang lubos"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, na nangangahulugang "Ako ay naging at magpapatuloy na maniniwala."

▣ **"mga anghel"** Ang mga rabi ay iniisip na ang mga anghel ay nagseselos sa pag-ibig ng Diyos at pagpansin to sangkatauhan at, samakatuwid, ay kaaway sa kanila. Ang mga Gnostikong bulaang mangangaral ay binigyan-diin na ang kaligtasan ay makukuha lamang sa pamamagitan ng lihim na mga hudyat (pasword) sa pamamagitan ng mga nag-aaway ng mga anghel o *eons* (cf. Colosas at Efeso).

Si George Eldon Ladd ay mayroong mabuting buod ng mga salitang ginamit ni Pablo para sa mga anghel sa kanyang aklat *A Theology of the New Testament*:

> "Tinutukoy ni Pablo hindi lamang sa mabuti at masamang mga anghel, kay Satanas at sa mga demonyo; siya ay gumagamit ng ibang pangkat ng mga salita upang maghirang ng mga antas ng pang-anghel na mga espiritu. Ang terminolohiya ay ang mga sumusunod:
>
> 'mamuno' [*arche*], I Corinto 15:24; Efeso 1:21; Colosas 2:10
> 'mga namumuno' [*archai;* RSV, "mga pamunuan'], Efeso 3:10; 6:12; Colosas 1:16; 2:15; Roma 8:38
> 'Karapatan' [*exousia*], I Corinto 15:24; Efeso 1:21; Colosas 2:10
> 'mga karapatan' [*exousiai*; RSV, "mga kapangyarihan"], Efeso 3:10; 6:12; Colosas 1:16; 2:15
> 'Kapangyarihan' [*dynamis*], I Corinto 15:24; Efeso 1:21
> 'mga kapangyarihan' [*dynameis*], Roma 8:38
> 'mga trono' [*thronoi*], Colosas 1:16
> 'pagka-Panginoon' [*kyriotes*; RSV, "nakakakupan"], Efeso 1:21
> 'mga pagka-Panginoon' [*kyriotetes*], Colosas 1:16
> 'pangmundong namumuno sa kadilimang ito,' Efeso 6:12
> 'Ang espirituwal (mga kalipunan) na masama sa nga kalangitan ,' Efeso 6:12
> 'Ang kapangyarihan ng kadiliman,' Colosas 1:13

‘Bawat pangalan na pinangalanan,’ Efeso 1:21
‘panglangit, pang-mundo, at pailalalim na mga nilalang,’ Filipos 2:10” (p. 401).

Ito ay hindi tuwirang biblikal na kaalaman patungkol sa mga bumagsak na mga anghel sa OT na nauugnay sa mga demonyo sa NT. Marami ang nagpapalagay na sila magkatulad. Sa pang-Hudyong apokaliptikong panitikan, gayunman, ang demonyo ay ang espiritu ng Nephilim ng Genesis 6, na mga kalahating anghel at kalahating tao. Ang kanilang mga katawan ay winasak ng baha, samakatuwid, sila ay naghahap ng katawan! Ito ay isa lamang haka-haka. Ang Bibliya ay hindi sinasagot ang lahat ng ating mga tanong patungkol sa mga pinagmulan. Ang layuning ito ay ang katubusan ng sangkatauhan, hindi sa kanilang pagkamausisa!

▣ **“mga pamunuan. . . mga kapangyarihan”** Ito ay tumutukoy sa (1) sa masamng anghel o demonikong mga lakas sa panahong ito (cf. Efeso 2:2; 6:12; I Corinto 15:24; Colosas 1:16) o (2) maaaring isang di-taong mga kayarian ng bumagsak na mundo (relihiyon, pamahalaan, edukasyon, medisina, etc.) na nagpapahintulot sa nalugmok na sangkatauhan na maging malaya sa Diyos (cf. Hendrickus Berkhoff, *Principalities and Powers*). Tingnan ang Tala sa 13:1.

**NATATANGING PAKSA: *ARCHĒ***

Ang katagang “nasasakupan” ay ang Griyegong katagang *archē*, na ang ibig sabihin ay ang “simula” o “pinanggalingan” ng isang bagay.

1. pasimula ng nilikhang kaayusan (cf. Juan 1:1; I Juan 1:1; Hebreo 1:10)
2. ang pasimula ng ebanghelyo (cf. Marcos 1:1; Filipos 4:15; II Thesalonica 2:13; Hebreo 2:3)
3. unang mga saksi (cf. Lucas 1:2)
4. mga pasimulang tanda (mga himala, cf. Juan 2:11)
5. mga pasimulang mga prinsipyo (cf. Hebreo 5:12)
6. pasimulang katiyakan ayon sa mga katotohanan ng ebanghelyo (cf. Hebreo 3:14)
7. ang pasimula, Colosas 1:18; Pahayag 3:14

Ito’y dumating upang gamitin bilang “tuntunin” o “awtoridad”

1. ng mga pinunong namamahala sa sangkatauhan
   a. Lucas 12:11
   b. Lucas 20:20
   c. Roma 13:3; Tito 3:1
2. sa mga maka-anghel na awtoridad
   a. Roma 8:38
   b. I Corinto 15:24
   c. Efeso 1:21; 3:10; 6:12
   d. Colosas 1:16; 2:10,15
   e. Hudas v. 6

Ang mga huwad na gurong ito ay sinusuway ang lahat na awtoridad, makamundo man o makalanagit. Sila ay mga walang batas na mapagmalabis. Inilalagay nila ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga inaasam ng una kaysa sa Diyos, mga anghel, mga sibil na awtoridad, at mga pinuno ng iglesya.

**8:39 “Kahit ang kataasan, kahit ang kababaan”** Ang mga salitang ito ay ginamit para sa apogee at perigee ng mga butuin, na pinaniniwalang mga diyos na makapangyarihan sa mga buhay ng tao (astrolohiya). Pagkatapos, sila ay naging teknikal na mga salita sa hidwang pananampalataya na tinatawag na Gnostisismo para sa *eons* o mga antas ng mga anghel sa pagitan ng banal diyos at mas mababang diyos na bumuo ng makasalanang bagay.

▣ **“kahit ang alin mang ibang nilalang”** Sa literal, ito ay “nilalang na ibang uri” (*heteros*). Ang

konteksto ay nangangailangan na ito ay isang karagdagang sanggunian sa mga kapangyarihan ng mga anghel. Ang pagkakaiba sa pagitan ng Griyegong PANG-UKOL *heteros,* isa pang magkakaibang uri, at *allos*, isa pang katulad na uri, ay halos di na ginagamit sa Koine Griyego, ngunit ang kontekstong ito ay patuloy na nagpapakita ng isang pagkakaiba.

▣ **"na kahit. . . kahit. . . ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos"** Anong isang napakalaking pahayag ng katiyakan. Ang kabanatang ito ay nagsimula sa walang kahatulan at nagtapos sa walang paghihiwalay. Walang maaaring makaagaw ng kaligtasan sa mananampalataya. Gayunman, ang sinuman ay kailangang tumugon sa pasimula (cf. 3:21-31) at magpapatuloy (cf. mga kabanata 4-8). Ang Espiritu ay ang susi, ngunit may isang atas na may pasubaling pagtugon sa kasuduan. Ang pagsisisi at pananampalataya ay kinakailangan (cf. Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21), tulad din ang pagsunod at pagtitiis!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paanong maiuugnay ang kabanata 8 sa kabanata 7?
2. Kung wala nang kahatulan, ano ang magiging apekto ng kasalanan sa buhay ng mga mananampalataya?
3. Ang Espiritu o si Hesus ba ay nanananahan sa mga mananampalataya (v. 9)?
4. Papaanong naaapektuhan ang kalikasan ng kasalanan ng tao (vv. 19-22)? Ang kalikasan ba ay magiging bahagi ng langit (cf. Isaias 11:6- 10)?
5. Papaanong ang Espiritu ay nananalangin para sa atin (vv. 26-27)? Ito ba ay tumutukoy sa "pagsasalita ng mga wika?"
6. Papaanong masasabi ng Bibliya na ang lahat ng mga bagay ay gumagawa para sa ikakabuti ng isang masamang mundo (v. 28)? Bigyang-kahulugan ang "mabuti" (v. 29).
7. Bakit ang pagpapaging-banal ay iniwan ang tanikala ng mga teolohikong pangyayari laban sa 30?
8. Bakit ang vv. 31-39 ay sinasabing isang tagpo sa hukuman?
9. Magtala ng apat na bagay sa talata 34 na nagbibigay-diin patungkol kay Hesus.

# MGA TAGA-ROMA 9

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
| Ang Pagpili ng Diyos | Ang Pagtanggi ng Israel kay Kristo | Ang Suliranin ng Kawalang Pananampalataya ng Israel | Ang Diyos at Kanyang Bayan | Ang Mga Natataging Karapatan ng Israel |
| 9:1-5 | 9:1-5 | 9:1-5 | 9:1-5 | 9:1-5 |
| | Ang Pagtanggi ng Israel at Ang Layunin ng Diyos | Ang Pangako ng Diyos sa Israel ay Hindi Nabigo | | Iningatan ng Diyos ang Kanyang Pangako |
| 9:6-13 | 9:6-13 | 9:6-13 | 9:6-9 | 9:6-13 |
| | | | 9:10-13 | |
| | Ang Pagtanggi ng Israel at Kahatulan ng Diyos | Ang Karapatang Pagpili ng Diyos | | Ang Diyos ay Hindi Di-Makatuwiran |
| 9:14-18 | 9:14-29 | 9:14-18 | 9:14-18 | 9:14-18 |
| Ang Poot at Awa ng Diyos | | | Ang Galit at Awa ng Diyos | |
| 9:19-29 | | 9:19-26 | 9:19-21 | 9:19-21 |
| | | | 9:22-29 | 9:22-24 |
| | | | | Ang Lahat ay Hinulaan sa OT |
| | | | | 9:25-29 |
| | | 9:27-29 | | |
| Ang Israel at ang Ebanghelyo | Ang Kasalukuyang Kalalagayan ng Israel | Ang Tunay na Katuwiran ay sa pamamagitan ng Pananampalataya | Ang Israel at ang Ebanghelyo | |
| 9:30-10:4 | 9:30-33 | 9:30-10:4 | 9:30-10:4 | 9:30-33 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA** **(tingnan sa p. viii)**

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

**ANG KAUGNAYAN NG MGA KABANATA 9-11 SA MGA KABANATA 1-8**

A. Mayroong dalawang paraan ng pagkaunawa sa kaugnayan ng pampanitikang yunit sa mga kabanata 1-8.
   1. Ito ay isang lubusang hiwalay na paksa, isang teolohikong panaklong
      a. May isang marahas na pagkakaiba at kulang sa lohikong kaugnayan sa pagitan ng 8:39 at 9:1.
      b. Ito ay tuwirang may kaugnayan sa pangkasaysayang pag-igting (tensyon) sa iglesiya sa Roma sa pagitan ng nananampalatayang mga Hudyo at nananampalatayang mga Hentil. Ito ay maaaring may kaugnayan sa lumalagong pamumuno ng Hentil pamumuno sa Iglesiya.
      c. May maling pagkakaunawa sa pangangaral ni Pablo patungkol sa Israel (at sa Kautusan) at kanyang pagka-Apostol sa mga Hentil (pagkakaloob of walang bayad na biyaya), samakatuwid, tinatalakay niya ang paksa sa bahaging ito.
   2. Ito ay ang kasukdulan at lohikong pangwakas ng pagpapakilala ni Pablo sa ebanghelyo.
      a. Nagwakas si Pablo sa kabanata 8 na may pangako ng "walang makakapaghiwalay mula sa pag-ibig ng Diyos." Paano ang mga di-nananampalataya sa mga tao ng kasunduan?
      b. Sinasagot ng Roma 9-11 ang kabalintunaan ng ebanghelyo patungkol sa di-pananampalataya ng Israel!
      c. Pinapatungkulan ni Pablo ang isyung ito sa lahat sa pamamagitan ng sulat (cf. 1:3,16; 3:21,31 at 4:1ff).
      d. Inaangkin ni Pablo na ang Diyos ay totoo sa Kanyang Salita. Papaano ang Kanyang salita sa OT sa Israel? Ang lahat ba ng mga pangakong iyo ay mababaliwala at mawawalan ng saysay?

B. Mayroong maraming maaaring paraan na balangkasin pampanitikang yunit na ito
   1. sa pamamagitan ng paggamit ni Pablo ng isang ipinapalagay na taga-pagtanggi (diatribe)
      a. 9:6
      b. 9:14
      c. 9:19
      d. 9:30
      e. 11:1
      f. 11:11
   2. Ang Roma 9-11 ay bumubuo ng isang pampanitikang yunit (ang mga kabanata at mga bahagi ng talata ay hindi kinasihan at idinagdag lamang pagkatapos). Ito ay kailangang maipaliwanag nang magkasama bilang isang kabuuan. Gayunman, mayroong di kukulang sa tatlong pangunahing pagkakahati ang paksa.
      a. 9:1-29 (tumutuon sa pagiging makapangyarihan ng Diyos)
      b. 9:30-10:21 (tumutuon sa pananagutan ng tao)
      c. 11:1-32 (napapabilang, walang hanggan, pangkatubusang layuning ng Diyos)
   3. sa pamamagitan ng mga mga pangunahing paksa: isang mahusay na balangkas ng bahaging ito ng Roma ay matatagpuan sa mga bahagi ng talataan ng NKJV ng Thomas Nelson Publishers
      a. Ang pagtanggi ng Israel kay Kristo, 9:1-5

b. Ang pagtanggi ng Israel sa layunin ng Diyos, 9:6-13
c. Ang pagtanggi ng Israel sa paghatol ng Diyos, 9:14-29
d. Ang kasalukuyang kalalagayan ng Israel, 9:30-33
e. Ang Israel at ang ebanghelyo, 10:1-13
f. Ang pagtanggi ng Israel sa ebanghelyo, 10:14-21
g. Ang pagtanggi ng Israel ay hindi pangkalahatan, 11:1-10
h. Ang pagtanggi ng Israel ay hindi pangkatapusan, 11:11-36

C. Ang bahaging ito ay tulad ng isang pag-iyak mula sa puso na isang pagpapakilala sa isipan (lohikong balangkas). Ang pagsinta nito ay nagpapaalala sa isa ng pagkadurog ng puso ng Diyos sa mapanghimagsik na Israel sa Osea 11:1-4,8-9.

Sa maraming mga paraan ang sakit at kabutihan ng Kautusan sa kabanata 7 ay maihahanay sa mga kabanata 9-10. Sa kapwa kalagayan, ang puso ni Pablo ay nadudurog sa kabalintunaan ng kautusan mula sa Diyos na nagdala ng kamatayan sa halip na buhay!

D. Ang paggamit ni Pablo sa mahigit 25 mga sipi sa OT sa mga kabanata 9-11 ay nagpapakita ng kanyang pagnanais na ilarawan ang kabalintunaan ng Israel mula sa mga pinanggalingan sa OT, katulad ng kanyang ginawa sa kabanata 4, hinidi lamang sa pangkasalukuyang karanasan. Ang karamihan ng mga pisikal na mga angkan ni Abraham ay itinanggi ang Diyos, kahit na sa nakalipas (cf. Gawa 7; Nehemias 9).

E. Ang tekstong ito, tulad ng Efeso 1:3-14, ay tumutukoy sa walang hanggang mga layunin ng Diyos para sa katubusan ng lahat ng sangkatauhan. Sa una, ito ay tila naglalarawan sa pagpili ng Diyos sa ilang mga tao at pagtanggi sa iba (*supralapsarian Calvinism*), gayunman, sa aking palagay ang pagtuon ay hindi sa mga tao, ngunit sa walang hanggang planong katubusan ng Diyos (cf. Genesis 3:15; 12:3; Gawa 2:23; 3:18; 4:28; at 13:29, tingnan ang Natatangging Paksa sa 8:28).

Ang *The Jerome Biblical Commentary*, tomo 2, "The New Testament," na iniwasto nina Joseph A. Fitzmyer at Raymond E. Brown, ay nagsasabing:

> "Ito ay mahalagang maunawaan na sa simula, na ang pananaw ni Pablo ay panglahatan; hindi niya tinatalakay ang pananagutan ng mga tao. Kung tila imumungkahi niya ang tanong ng pagtatalaga ng Diyos, ito ay walang kinalaman sa pagtatalaga sa mga tao sa kaluwalhatian" (p. 318).

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) NG KABANATA 9

A. Anong napakatinding pagbabago sa saloobin ang nangyari sa pagitan ng kabanata 8 at kabanata 9.

B. Ang pampanitikang yunit na ito, sa teolohiya, (9-11) ay tumutukoy sa
1. Ang batayan ng kaligtasan
2; Ang layunin ng pagpili ng Diyos
3. Ang kawalan ng katapatan ng di-nananampalatayang Israel laban sa katapatan ni YHWH
4. Ang pagkasama sa lahat ng sangkatauhan sa katubusan ni Hesus

C. Ang kabanata 9 ay isa sa pinakamatibay na mga talata sa NT patungkol sa pagiging makapangyarihan ng Diyos (pagiging soberano) (i.e., ang ibang nilalang, Efeso 1:3-14) habang ang kabanata 10 ay maliwanag ang paulit-ulit na nagpapahayag ng malayang pagpili ng tao (cf. "bawat-isa" v. 4; "kahit sino" vv. 11,13; "lahat" v. 12 [dalawang beses]). Hindi kailanman sinubukang pagkasunduin ang teolohikong pag-igting (tensyon) na ito. Sila ay kapwa totoo! Karamihan ng mga doktrina sa Bibliya ay ipinapakilala sa isang kabalintunaan o dialektikong

tambalan. Karamihan ng mga sistemo sa teolohiya ay lohikal, ngunit ang pagpapatunay-talata ay isa lamang sa aspeto ng biblikal na katotohanan. Kapwa ang *Augustinianism* at *Calvinism* laban sa *semi-Pelagianism* at *Arminianism* ay may mga sangkap ng katotohanan at kamalian. Ang biblikal na pag-igting (tensyon) sa pagitan ng ng mga doktrina ay katanggap-tanggap kaysa isang patunay-talata, dogmatiko, makatuwiran, teolohikong sistema na pumipilit sa Bibliya sa isang kalipunan ng ipinapalagay ng pagpapaliwanag! Tingnan ang Natatangging Paksa: Silanganing Panitikan sa 3:27.

D. Ang 9:30-33 ay ang buod ng kabanata 9 at ang paksa ng kabanata 10.

E. Pansinin kung gaano karaming mga teksto sa OT ang ginamit ni Pablo upang mapatatag ang kanyang pangangatuwiran. Ipinapalagay nito ang isang pang-Hudyong mambabasa sa Roma.
1. v. 7 – Genesis 21:12
2. v. 9 – Genesis 18:10,14
3. v. 12 – Genesis 25:32
4. v. 13 – Malakias 1:2-3
5. v. 15 – Exodo 33:19
6. v. 17 – Exodo 9:16
7. v. 25 – Osea 2:23
8. v. 26 – Osea 1:10
9. v. 27 – Isaias 10:22
10. v. 28 – Isaias 10:23
11. v. 29 – Isaias 1:9
12. v. 33 – Isaias 28:16 at 8:14

May mas maraming mga sipi sa OT sa mga kabanata 9 at 11!

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:1-5**

**[1]Sinasabi ko ang katotohanang na kay Kristo, na hindi ako nagsisinungaling, na ako'y sinasaksihan ng aking budhi sa Banal na Espiritu, [2]Na mayroon akong malaking kalungkutan at walang tigil na karamdaman sa aking puso. [3]Sapagka't ako'y makapagnanasa na ako man ay itakuwil, *inihiwalay* mula kay Kristo dahil sa aking mga kapatid, na aking mga kamag-anak ayon sa laman. [4]Na pawang mga Israelita; na sa kanila ang pagkukupkop bilang mga anak, at ang kaluwalhatian, at ang mga tipan, at ang pagbibigay ng kautusan, at ang *templong* paglilingkod sa Diyos, at ang mga kapangakuan; [5]Na sa kanila ang mga magulang, at sa kanila mula ang Kristo ayon sa laman, na siyang lalo sa lahat, Diyos na maluwalhati magpakailan man. Amen.**

**9:1-2** Ang mga talatang 1 at 2 ay bumubuo ng isang pangungusap sa Griyego. Si Pablo ay nagbibigay ng maraming mga kadahilanan na maaari nilang malaman (ang iglesiya sa Roma) na siya ay nagsasabi ng katotohanan.
1. Ang kanyang pakikipag-isa kay Kristo, v. 1
2. Ang kanyang budhing pinapatnubayan ng Espiritu, v. 1
3. Ang kanyang malalim na saloobin sa Israel, v. 2

**9:1 "Sinasabi ko ang katotohanang na kay Kristo, na hindi ako nagsisinungaling"** Madalas gumawa si Pablo ng ganitong uri ng kapahayagan ng kanyang pagkamatapat (cf. II Corinto 11:10; Galacia 1:20; I

Timoteo 2:7) o isang katulad na patungkol sa Diyos bilang kanyang saksi (cf. Roma 1:9; II Corinto 1:23; 11:31; Filipos 1:8; I Tesalonica 2:5,10). Ito ay kanyang paraan ng pagbibigay-diin sa pagiging totoo ng kanyang mga katuruan at pangangaral. Ang karanasan sa daan sa Damasco ang nakapagpabago sa lahat ng bagay!

▣ **"aking budhi"** Ito ay tumutukoy sa diwang moral na ibinigay ng Diyos at pinangunahang ng Espiritu sa mga mananampalataya. Sa isang pagkaunawa, ito ay isang susing pinanggagalingan ng kapangyarihan para sa mga mananampalataya. Ito ay ang salita ng Diyos, na naunawaan at ginamit sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos sa ating mga isipan (cf. I Timoteo 1:5,19). Ang suliranin ay lumilitaw kapag ang mga mananampalataya—at para sa paksang iyon, ang mga di-mananampalataya—ay nagpapatuloy sa pagtanggi ng Salita at ng Espiritu; ngayon, na mas nagiging madali ang mangatuwiran sa kasalanan ng isa (cf. I Timoteo 4:2). Ang ating mga budhi ay maaaring maisalig sa kultura at karanasan.

**NATATANGING PAKSA: BUDHI (KONSENSYA)**

Kadalasang ginagamit ni Pablo ang salitang "budhi" sa mga sulat sa Corinto (cf. 4:4; 8:7, 10, 12; 10:25, 27, 28, 29; II Corinto 1:12; 4:2; 5:11). Ito ay tumutukoy sa moral na panloob na diwa sa kung ano ang angkop o di-angkop (cf. Gawa 23:1). Ang budhi ay maaaring maapektuhan ng ating mga nakalipas na pamumuhay, ng ating di-mabuting mga pagpili, o ng Espiritu ng Diyos. Ito ay hindi isang walang pagkakamaling gabay, ngunit tinutukoy nito ang mga hangganan ng pananampalataya ng isang tao. Samakatuwid, ang suwaying ang ating budhi, kahit na ito ay nasa kamalian o mahina, ay isang pangunahing suliranin ng pananampalataya.

Ang budhi ng mananampalataya ay nangangailangang lalong ianyo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at ng Espiritu ng Diyos (cf. I Timoteo 3:9). Hahatulan ng Diyos ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng liwanag na kanilang taglay (i.e., mahina o malakas), ngunit tayong lahat ay nangangailangang maging bukas sa Bibliya at sa Espiritu para sa lalo pang liwanag at lumalago sa growing in the kaalaman ng Panginoong Hesus Kristo. Tingnan ang mas lubos na tala ng "budhi" sa II Corinto 10:25. Tingnan ang Natatangging Paksa: Kahinaan.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"na ako'y sinasaksihan . . . sa Banal na Espiritu"** |
| **NRSV** | **"pinagtibay ito sa pamamagitan ng Banal na Espiritu"** |
| **TEV** | **"pinangunahan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu"** |
| **NJB** | **"sa pakikipag-isa sa Banal na Espiritu ay ipinapalagay ako"** |

Si Pablo ay naniniwala na siya ay may natatangging panawagan at at mandato mula sa Kristo (cf. Gawa 9:1-22; Galacia 1:1).

Ang MAKADIWA (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI, cf. 2:15) ay isang tambalan na may *sun* (lubhang pangkaraniwang kay Pablo). Siya ay naniniwala na ang kanyang bagong pagkaunawa ay sang-ayon sa

1. ang kapahayagan ni Kristo
   a. daan sa Damasco
   b. na itinuro sa Arabya (Nabetean)
2. pangloob ng patotoo ng Espiritu

Siya ay isang Apostol at nagsasalita ng may kapamahalaan mula sa Diyos (cf. I Corinto 7:25,40). Ibinahagi niya ang pighati ng Diyos sa di-pananampalataya at matigas na kalooban ng bansang Israel (cf. v. 2). Sila ay may nakapakaraming mga kalamangan (cf. vv. 4-5).

**9:3**
**NASB, NKJV,**

**NRSV** **“Sapagka't ako'y makapagnanasa . . . ”**
**TEV** **“Dahil sa kanilang kapakanan ako ay nagnanais”**
**NJB** **“Ako ay malugod na pumapayag . . . ”**

May lubhang malalim na saloobin si Pablo para sa kanyang bayan, Israel, na kung ang kanyang pagkahiwalay ay maaaring nakaapekto sa effect kanilang pagkakabilang, siya ay pumapayag, v. 3. Ang talatang ito ay may isang malakas, nagbibigay-diin na gramatikong pagkakayari (DI-GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG na may kapwa *autos* at *egō*, at isang PANGKASALUKUYANG PAWATAS). Ang katindihan at kabigatan ng kanyang panalangin ay lubhang katulad ng namamagitang panalangin ni Moises sa makasalanang Israel sa Exodo 32:30-35. Ito ay lubusang mauunawaan bilang isang kapahayagan ng pagnanais, hindi katotohanan. Ito ay katulad sa isang paggamit ng DI-GANAP NA PANAHUNAN sa Galacia 4:20. Tingnan ang Natatangging Paksa na sumusunod.

**NATATANGING PAKSA: ANG PANALANGING NAMAMAGITAN**

I. Panimula
- A. Ang panalangin ay mahalaga dahil sa halimbawa ni Hesus
  1. Pansariling panalangin, Marcos 1:35; Lucas 3:21; 6:12; 9:29; 22:31-46
  2. Paglilinis ng Templo, Mateo 21:13; Marcos 11:17; Lucas 19:46
  3. Tutularang panalangin, Mateo 6:5-13; Lucas 11:2-4
- B. Ang panalangin ay paglalagak sa tiyak na pagkilos ang ating pananampalataya sa isang personal, mapagkalingang Diyos na sa ating harapan, nakahanda, at may kakayahang kumilos sa ganang atin at sa iba, sa pamamagitan ng ating mga pangalangin.
- C. Ang Diyos ay may pangsariling pagtatakda sa Kanyang sarili upang kumilos sa mga panalangin ng Kanyang mga anak sa maraming saklaw (cf. Santiago 4:2)
- D. Ang pangunahing layunin ng panalangin ay ang ating pakikipag-ugnayan at panahon kasama ang Trinidad na Diyos.
- E. Ang saklaw ng panalangin ay kahit ano o kahit na sino na may kinalaman sa mga mananampalataya. Maaari tayong manalangin nang minsan, na nananampalataya, o paulit-ulit ang kaisipan o pangangailangan ay bumabalik.
- F. Ang Panalangin ay kinapapalooban ng maraming sangkap
  1. pagpuri at pagsamba sa Trinidad na Diyos
  2. pasasalamat sa Diyos para sa Kanyang presensya, pakikipag-ugnayan, at pagtutustos ng pangangailangan
  3. paghahayag ng ating pagiging makasalanan, kapwa sa nakalipas at kasalukuyan
  4. pagsusumamo para sa ating mga nadamang mga pangangailangan o mga pagnanais
  5. tagapamagitan sa ating mga pinanghahawakang mga pangangailangan ng iba sa harapan ng Ama
- G. Ang panalangin ng pamamagitan ay isang hiwaga. Iniibig ng Diyos ang ating mga pinapanalangin na higit kaysa sa atin, gayunman, ang ating mga panalangin ay kadalasang gumagawa ng isang pagbabago, pagtungon, o pangangailangan, hindi lang sa ating mga sarili, kundi sa kanila.

II. Biblikal na Sangkap
- A. Lumang Tipan
  1. Ilang mga halimbawa ng panalanging pamamagitan:
     - a. Pagsusumamo ni Abraham para sa Sodom, Genesis 18:22ff
     - b. Mga panalangin ni Moises para sa Israel
       - (1) Exodo 5:22-23
       - (2) Exodo 32:31ff
       - (3) Deuteronomio 5:5
       - (4) Deuteronomio 9:18,25ff

c. Si Samuel ay nanalangin para sa Israel:
   (1) I Samuel 7:5-6,8-9
   (2) I Samuel 12:16-23
   (3) I Samuel 15:11
d. Si David para sa kanyang anak, II Samuel 12:16-18

2. Ang Diyos ay naghahanap ng mga tagapamagitan, Isaias 59:16
3. Ang batid, hindi napagsisihang kasalanan o ang ugaling walang pagsisisi ay nakakaapekto sa ating mga panalangin
   a. Awit 66:18
   b. Kawikaan 28:9
   c. Isaias 59:1-2; 64:7

B. Bagong Tipan
   1. Ang gawaing pamamagitan ng Anak at Espiritu
      a. Hesus
         (1) Roma 8:34
         (2) Hebreo 7:25
         (3) I Juan 2:1
      b. Banal na Espiritu, Roma 8:26-27
   2. Ang gawaing pamamagitan ni Pablo
      a. Mga panalangin para sa mga Hudyo
         (1) Roma 9:1ff
         (2) Roma 10:1
      b. Mga panalangin para sa mga iglesiya
         (1) Roma 1:9
         (2) Efeso 1:16
         (3) Filipos 1:3-4,9
         (4) Colosas 1:3,9
         (5) I Tesalonica 1:2-3
         (6) II Tesalonica 1:11
         (7) II Timoteo 1:3
         (8) Filemon, v. 4
      c. Si Pablo ay humiling sa mga iglesiya na siya ay ipanalangin
         (1) Roma 15:30
         (2) II Corinto 1:11
         (3) Efeso 6:19
         (4) Colosas 4:3
         (5) I Tesalonica 5:25
         (6) II Tesalonica 3:1
   3. Ang gawaing pamamagitan ng iglesiya
      a. Panalangin sa isa't-isa
         (1) Efeso 6:18
         (2) I Timoteo 2:1
         (3) Santiago 5:16
      b. Panalanging ipinamamanhik para sa mga natatanging pangkat
         (1) Ating mga kaaway, Mateo 5:44
         (2) Mga Kristiyanong manggagawa, Hebreo 13:18
         (3) Mga namumuno, I Timoteo 2:2
         (4) Sa may-sakit, Santiago 5:13-16

(5) Sa mga tumalikod, I Juan 5:16

III. Mga batayan para sa mga tinugunang panalangin
   A. Ang ating pakikipag-ugnayan kay Kristo at sa Espiritu
      1. Manatili sa Kaniya, Juan 15:7
      2. Sa Kanyang pangalan, Juan 14:13,14; 15:16; 16:23-24
      3. Sa Espiritu, Efeso 6:18; Judas 20
      4. Ayon sa kalooban Diyos, Mateo 6:10; I Juan 3:22; 5:14-15
   B. Mga Dahilan
      1. Hindi nag-aalinglangan, Mateo 21:22; Santiago 1:6-7
      2. pakumbabaan at pagsisisi, Lucas 18:9-14
      3. Maling paghingi, Santiago 4:3
      4. Pagiging makasarili, Santiago 4:2-3
   C. Ibang mga aspeto
      1. Kasigasigan
         a. Lucas 18:1-8
         b. Colosas 4:2
      2. Palaging paghingi
         a. Mateo 7:7-8
         b. Lucas 11:5-13
         c. Santiago 1:5
      3. Hindi pagkakasundo sa tahanan, I Pedro 3:7
      4. Malaya sa mga batid na kasalanan
         a. Awit 66:18
         b. Kawikaan 28:9
         c. Isaias 59:1-2
         d. Isaias 64:7

IV. Teolohikong Paglalagom
   A. Anong isang tanging karapan. Anong isang pagkakataon. Anong isang tungkulin at pananagutan
   B. Si Hesus ang ating halimbawa. Ang Espiritu ay ating gabay. Ang Ama ay masugid na naghihintay.
   C. Maaari itong makapagpabago sa iyo, iyong pamilya, iyong mga kaibigan, at sa sanglibutan.

▣

**NASB** **"ay itakuwil, *inihiwalay* mula kay Kristo"**
**NKJV** **"tayo ay sinumpa mula kay Kristo"**
**NRSV** **"tayo ay sinumpa at inihiwalay mula kay Kristo"**
**TEV** **"ay nasa ilalim ng sumpa ng Diyos at inihiwalay mula kay Kristo"**
**NJB** **"pumapayag na maparusahan at maihiwalay mula kay Kristo"**

Ang panimulang etimolohiya ng "banal" ay upang ihiwalay para sa Diyos sa Kanyang paggamit. Ang katulad na konseptong ito ay nag-uugnay sa mga salita para sa "sumpa" (*anathema*, cf. I Corinto 12:3; 16:22; Galacia 1:8,9). Anumang bagay o sinumang ay inihiwalay para sa Diyos. Ito ay maaaring isang naaayong karanasan (cf. Levitico 27:28; Lucas 21:5) o isang salungat na karanasan (cf. Joshua 6-7; Roma 9:3), batay sa konteksto.

**NATATANGING PAKSA: SUMPA (*ANATHEMA*)**

Mayroong maraming salita sa Hebreo para sa "sumpa." Ang *Herem* (BDB 356) ay ginamit sa

anumang bagay na ipinagkaloob sa Diyos (cf. LXX bilang *anathema* (BAGD 54), Levitico 27:28), kadalasan para sa pagkawasak (cf. Deuteronomio 7:26; Joshua 6:17-18; 17:12). Ito ay isang salita na ginamit sa konsepto ng "banal digmaan." Sinabi ng Diyos na wasakin ang mga Cananeo at Jericho ay ang unang pagkakataon, ang "unang mga bunga."

Sa NT, ang *anathema* at kanyang mga kaugnay na anyo ay ginamit sa maraming magkakaibang kaunawan:

1. bilang isang kaloob o alay sa Diyos (cf. Lucas 21:5)
2. bilang isang panunumpa sa kamatayan (cf. Gawa 23:14)
   manumpa at mangako (cf. Marcos 14:71)
3. isang pormula ng sumpa na may kaugnayan kay Hesus (cf. I Corinto 12:3)
4. isang pagkakaloob sa isang tao o isang bagay sa kahatulan o pagwasak ng Diyos (cf. Roma 9:3; I Corinto 16:22; Galacia 1:8-9).

▣ **"na aking mga kamag-anak ayon sa laman"** Tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:3.

**9:4-5** Ang kalipunang ito ng MGA PARIRALANG PANGNGALAN ay nagpapahayag sa maliwanag na detalyat ang mga natatanging karapatan ng Israel. Ang kanilang di-pananampalataya ay dapat mas lalong sisihin ang lahat sa liwanag ng mga natatanging karapatan. Sa kanila na malaki na ibinigay, malaki ang hihingin (cf. Lucas 12:48)!

**9:4 "mga Israelita"** Ito ay ang pangkasunduang pangalan sa OT para sa binhi ni Abraham. Pagkatapos ng isang napakahalagang pagtatagpo sa Diyos ang pangalan ni Jacob ay binago sa Israel (cf. Genesis 32:28). Ito ay naging pagkalahatang titulo para sa Hudyong bansa. Ang etimolohiya nito ay maaaring maging "nawa ay magtiyaga si *El* (Diyos)" at sa pamamagitan ng pahiwatig, hindi sa pandaraya ni Jacob.

**NATATANGING PAKSA: ISRAEL (ang pangalan)**

I. Ang kahulugan ng pangalan ay di-tiyak (BDB 975).
   A. Si *El* ay Nanindigan
   B. Hayaang Manindigan si *El* (JUSSIVE)
   C. Si *El* ay Nag-iingat
   D. Hayaang makipaglaban si *El*
   E. Si *El* ay Nagpunyagi
   F. Siya na Nagpunyagi kasama ang Diyos (Genesis 32:28)
II. Mga Pagkagamit sa OT
   A. Ang pangalan ni Jacob (taga-pamalit, manununggab ng sakong, BDB 784, cf. Genesis 25:26) ay pinalitang pagkatapos na makipagbuno sa isang may espiritwal na katauhan sa ilog ng Jabok (cf. Genesis 32:22-32; Exodo 32:13). Kadalasang ang mga kahulugan ng mga Hebreo pangalan ay paglalaro sa mga tunog, hindi mga etimolohiya (cf. 32:28). Israel ang naging kanyang pangalan (e.g., Genesis 35:10).
   B. Ito ay ginamit bilang isang pangkalahatang pangalan para sa lahat ng kanyang labingdalawa mga anak (e.g., Genesis 32:32; 49:16; Exodo 1:7; 4:22; 28:11; Deuteronomio 3:18; 10:6).
   C. Ito ay ginamit sa pagtatalaga ng isang nabuo sa pamamagitan ng labingdalawang angkan bago ang pag-lisan (exodo) (cf. Genesis 47:27; Exodo 4:22; 5:2) at pagkatapos (cf. Deuteronomio 1:1; 18:6; 33:10).
   D. Pagkatapos ng nagkakaisang kaharian nina Saul, David, at Solomon ang mga angkan ay nahati

sa ilalim ni Rehoboam (cf. I Hari 12).

1. Ang pagkakaiba sa nagsimula kahit na bago pa ang opisyal na pagkakahati (e.g., II Samuel 3:10; 5:5; 20:1; 24:9; I Hari 1:35; 4:20)
2. Itinalaga sa mga hilagang angkan hanggang sa pagbagsak ng Samaria sa Asyria noong 722 B.C. (cf. II Hari 17).

E. Ginamit sa Juda sa ilang mga lugar (e.g., Isaias 1; Mikas 1:15-16).
F. Pagkatapos ng pagkatapon sa Asyria at Babilonya, ito ay muling naging panlahat na pangalan para sa lahat ng mga anak ni Jacob (e.g., Isaias 17:7,9; Jeremias 2:4; 50:17,19).
G. Ginamit ng mga karaniwang tao na may pagkakaiba (kabaligtaran) mula sa mga saserdote (cf. I Cronika 9:2; Ezra 10:25; Nehemias 11:3).

▣ **"na sa kanila ang pagkukupkop bilang mga anak"** Sa OT ang PANGMARAMIHAN ng "mga anak" kadalasan ay tumutukoy sa mga anghel (cf. Job 1:6; 2:1; 38:7; Daniel 3:25; Awit 29:1; 89:6-7), habang ang PANG-ISAHAN ay tumutukoy sa

1. Ang Hari ng Israel (cf. II Samuel 7:14)
2. Ang bansa (cf. Exodo 4:22,23; Deuteronomio 14:1; Osea 11:1)
3. Ang Mesias (cf. Awit 2:7)

Ito ay maaaring tumukoy sa mga tao (cf. Deuteronomio 32:5; Awit 73:15; Ezekiel 2:1; Osea 1:10. Genesis 6:2 ay hindi malinaw; ito ay maaaring alinman sa kanila). Sa NT ito ay tumutukoy sa isang tao na nabibilang sa pamilya ng Diyos.

Ang pangunahing talinghaga ni Pablo para sa kaligtasan ay "pagkupkop" (cf. Roma 8:15,23; Galacia 4:5; Efeso 1:5), habang kina Pedro at Juan's ay "ipinanganak muli." Sila ay kapwa mga pampamilyang talinghaga. Ito ay hindi isang pang-Hudyo, ngunit Romanong talinghaga. Ang pagkupkop ay isang napakamahal at ubos-panahong pamamaraang legal sa ilalim Romanong kautusan. Minsang makupkop ang tao ay itinuturing na isang bagong tao na hindi maaaring itakwil sa batas o patayin ng nagkupkop na ama.

▣ **"ang kaluwalhatian"** Ang Hebreong salitang-ugat ay nangangahulugang "maging mabigay" na isang talinghaga para sa anumang mahalaga. Dito, ito ay tumutukoy sa

1. Paghahayag ng Diyos sa Kanyang sarili sa Bundok ng Sinai (cf. Exodo 19:18-19)
2. Ang *Shekinah* na ulap ng kaluwalhatian na nanguna sa mga Israelita sa Panahon ng Paglalakbay sa Ilang (cf. Exodo 40:34-38)

Natatanging inihayag ni YHWH ang Kanyang sarili sa Israel. Ang presensya ni YHWH ay tumutukoy bilang Kanyang kaluwalhatian (cf. I Hari 8:10- 11; Ezekiel 1:28). Tingnan ang Natatangging Paksa sa 3:23.

▣ **"ang mga tipan"** Sa sinaunang Griyego mga kasulatan $P^{46}$, B, F, at G ang PANG-ISAHAN "kasunduan" ay ginamit. Gayunman, ang PANGMARAMIHAN ay sa MSS א, C, at ilang Lumang Latin, Vulgata, at Coptic na mga salit. Ang $UBS^4$ nagbibigay sa PANGMARAMIHAN ng isang "B" na antas (halos tiyak). Gayunman, ang PANGMARAMIHAN ay hindi kailanman ginamit sa OT. Mayroong maraming partikular na mga kasunduan sa OT: Adan, Noah, Abraham, Moises, at David. Yamang ang pagkakaloob ng Kautusan ay nabanggit sa susunod, ito ay maaaring tumutukoy sa Kadunduan kay Abraham, na kung saan nakita ni Pablo bilang saligan (cf. 4:1-25; Galacia 3:16-17) at inuulit nang maraming beses (i.e., Genesis 12, 15, 17) at sa bawat mga Patriarka.

**NATATANGING PAKSA: KASUNDUAN (TIPAN)**

Ang salitang OT na *berith* (BDB 136), kasunduan, ay hindi madaling ipaliwanag. Ito ay walang katulad na PANDIWA sa Hebreo. Ang lahat ng mga pagsisikap na makuha ang pinanggalingang etimolohikong kahulugan ay napatunayang hindi kapani-paniwala. Gayunman, ang maliwanag na nasa gitna ng konsepto ay nagtulak sa mga iskolar na pag-aralan ang pagkagamit ng salita na nagtatangkang malaman ang kanyang umiiral na kahulugan.

Ang kasunduan ay nangangahulugang ang isang tunay na Diyos ay nakikipag-ugnayan sa Kanyang nilalang na sangkatauhan. Ang konsepto ng kasunduan, tratado, o pinagsang-ayunan ay napakahalaga sapagkaunawa ng biblikal na kapahayagan. Ang pag-igting (tensyon) sa pagitan ng pagiging makapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili na tao ay maliwanag na makikita sa konsepto ng kasunduan. Ang ilang mga kasunduan ay nakabatay lamang sa katangian at mga pagkilos ng Diyos.

1. Ang paglalang mismo (cf. Genesis 1-2)
2. Ang panawagan kay Abraham (cf. Genesis 12)
3. Ang kasunduan kay Abraham (cf. Genesis 15)
4. Ang pagpapanatili at pangako kay Noah (cf. Genesis 6-9)

Gayunman, ang pinakalikas ng kasunduan ay nangangailangan ng pagtugon.

1. Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Adan ay kailangang sumunod sa Diyos at hindi kumain ng bunga ng puno sa gitna ng Eden
2. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Abraham ay kailangang iwan ang kanyang pamilya, sumunod sa Diyos, at manampalataya sa mga salinlahi sa hinaharap
3. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noah ay kailangang gumawa ng isang malaking bangka na malayo sa water at itipon ang mga hayop
4. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Moises ay inilabas ang mga Israelita sa Ehipto patungong Bundok ng Sinai at tumanggap ang tiyak na mga pamatnubay para sa pang-relihiyon at panlipunang pamumuhay na may mga pangako ng mga pagpapala at mga sumpa (cf. Deuteronomio 27-28)

Ang katulad na pag-igting (tensyon) na ito na kinapapalooban ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa sangkatauhan ay isinaalang-alang sa "bagong kasunduan." Ang pag-igting (tensyon) ay maaaring maliwanag na makita sa pagtutulad ng Ezekiel 18 sa Ezekiel 36:27-37 (pagkilos ni YHWH). Ang kasunduan ba ay sang-ayon sa mapagbiyayang pagkilos ng Diyos o inuudyukan ng pagtugon ng tao? Ito ang lumiliyab na isyu ng Lumang Kasunduan at ng Bago. Ang layunin ng dalawa ay iisa: (1) ang pagpapanumbalik ng pagkikipag-ugnayan kay YHWH na nawala sa Genesis 3 at (2) ang pagtatatag ng isang matuwid na bayan na magpapakita ng katangian ng Diyos.

Ang bagong kasunduan ng Jeremias 31:31-34 ay linulutas ang pag-igting (tensyon) sa pamamagitan ng pagtanggal sa pagsusumikap ng tao bilang paraan ng pagtatamo ng pagtanggap. Ang kautusan ng Diyos naging panloob na pagnanais sa halip na isang panlabas na titik ng kautusan. Ang layunin ng isang maka-Diyos, matuwid na tao ay nananatiling magkatulad, ngunit ang pamamaraan ay nagbabago. Ang nalugmok na sangkatauhan ay pinatunayan sa kanilang sarili na hindi sapat na maging aninag na larawan ng Diyos. Ang suliranin ay hindi sa kasunduan ng Diyos, ngunit ang pagiging makasalanan at mahina ng tao (cf. Roma 7; Galacia 3).

Ang katulad na pag-igting (tensyon) sa pagitan ng walang pasubali at may pasubaling mga kasunduan sa OT ay nananatili sa NT. Ang kaligtasan is lubos na walang bayad sa natapos na gawain ni Hesu Kristo, ngunit kailangan nito ang pagsisisi at pananampalataya (kapwa sa panimula at pagpapatuloy). Ito ay kapwa isang legal na pagpapahayag at isang panawagan sa pagiging katulad ni Kristo, isang nagpapahiwatig na kapahayagan ng pagtanggap at isang utos sa kabanalan! Ang mga mananampalataya ay hindi naligtas sa pamamagitan ng kanilang pagsusumikap, ngunit para sa pagsunod (cf. Efeso 2:8-10). Ang maka-Diyos na pamumuhay ay naging ang katunayan ng kaligtasan, hindi ang

paraan ng kaligtasan. Gayunman, ang walang hanggang buhay ay may kapuna-punang mga katangian! Ang pag-igting (tensyon) ay maliwanag na makikita sa Hebreo.

▣ **"ang pagbibigay ng kautusan, at ang *templong* paglilingkod sa Diyos"** Ito ay tumutukoy sa
1. ang pagtanggap ni Moises ng Kautusan sa Bundok ng Sinai (cf. Exodo 19-20)
2. ang Tabernakulo ng Panahon ng Paglalakbay sa Ilang (cf. Exodo 25-40 at Levitico)

▣ **"ang mga kapangakuan"** Inihayag ng Diyos ang Kanyang mga panghinaharap na plano (cf. 1:2; Gawa 13:32; Tito 1:2; Hebreo 1:1) sa pamamagitan ng OT.

Yamang "ang mga mga kasunduan" ay nabanggit kanina, "ang mga pangako" maaari ay tumutukoy sa Mesias (cf. v. 5, e.g., Genesis 3:15; 49:10; Deuteronomio 18:15,18-19; II Samuel 7; Awit 16:10; 118:22; Isaias 7:14; 9:6; 11:1-5; Daniel 7:13,27; Mikas 5:2-5a; Zacarias 2:6-13; 6:12-13; 9:9; 11:12).

Ang mga pangakong ito (mga kasunduan) ay kapwa walang pasubali at may pasubali. Sila ay walang pasubali ayon sa pagsusumikap ng Diyos (cf. Genesis 15:12-21), ngunit may pasubali sa pananampalataya at pagsunod ng sangkatauhan (cf. Genesis 15:6 at Roma 4). Ang Israel lamang ang may sariling kapahayagan ng Diyos bago ang pagdating ni Kristo (ngunit may hindi isinama tulad nila Job, Jethro).

**9:5 "ang mga magulang"** Ito ay tumutukoy kina Abraham, Isaac, at Jacob, ang mga Patriarka ng Genesis 12-50 (cf. Roma 11:28; Deuteronomio 7:8; 10:15).

▣ **"sa kanila mula ang Kristo ayon sa laman"** Ito ay tumutukoy sa pisikal na salinglahi ng Mesias (cf. 1:3, tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Mesias sa 1:4), ang Siyang Pinahiran, ang natatanging pinili lingkod ng Diyos na tutupad sa mga pangako at mga plano ng Diyos, (cf. 10:6).

Ang salitang "Kristo" ay isang Griyegong salin ng Hebreong "Siyang Pinahiran." Sa OT tatlong mga pangkat ng mga pinuno ang pinapahiran ng natatanging banal na langis.
1. mga hari ng Israel
2. mga punong saserdote ng Israel
3. mga propeta ng Israel

Ito ay isang sagisag ng pagpili at pagpapalakas ng Diyos sa kanila para sa paglilingkod sa Kanya. Si Hesus ang nakatupad sa lahat ng tatlong mga piniling katungkulan (cf. Hebreo 1:2-3). Siya ang lubos na kapahayagan ng Diyos dahil Siya ang Diyos na nagkatawang-tao (cf. Isaias 7:14; 9:6; Mikas 5:2-5a; Colosas 1:13-20).

Para sa "laman" tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:3.

▣

**NASB** **"ang Kristo ayon sa laman, na siyang lalo sa lahat, Diyos na maluwalhati magpakailan man"**

**NKJV** **"dumating ang Kristo, na nakakapangyari sa lahat, ang maluwalhating Diyos magpakailan man"**

**NRSV** **"dumating ang Mesias, na nakakapangyari sa lahat, Diyos na maluwalhati magpakailan man"**

**TEV** **"at Kristo bilang isang tao, na nabibilang sa kanilang lahi. May Diyos, na nakakapangyari sa lahat, luwalhatiin magpakailanmann"**

**NJB** **"dumating si Kristo na nakakapangyari sa lahat, Diyos na maluwalhati magpakailan man"**

Sa gramatika, ito ay maaaring doxolohiya sa Ama (TEV, na sumusunod sa pang-Hudyong

tradisyon), ngunit ang konteksto ay sumasang-ayon sa paninindigan ni Pablo's sa pagka-Diyos ni Hesus (ito ay hindi sumusunod sa huwaran ng mga pang-Hudyong doxolohiya kay YHWH sa LXX; tingnan si J. Murray, II, pp. 245-248). Madalas na hindi gumagamit ng *Theos* si Pablo para kay Hesus, ngunit ginagamit niya ito (cf. Gawa 20:28; II Tesalonica 1:12; Tito 2:13; Filipos 2:6). Ang lahat ng mga naunang mga Ama ng iglesiya ay ipinapaliwanag ang tekstong ito na tumutukoy sa Hesus. Bruce Metzger, *A Textual Commentary On the Greek New Testament*, pp. 520-522, ay nagpapakita na ang magkakaibang mga pagpipilian ay may kaugnayan sa kung saan ilalagay ang mga tanda sa pagbabantas. Ang sinaunang ansyanong mga kasulatan ay walang

1. pagsulat sa malaking titik
2. mga tanda sa pagbabantas
3. mga paghahati ng talataan
4. wala kahit na mga patlang sa pagitan ng mga salita

▣ **"na siyang lalo sa lahat"** Ito ay maaari ding isang naglalarawang pariralan para sa Diyos Ama o kay Hesus ang Anak. Hindi nito inilalarawa ang kapahayagan ni Hesus sa Mateo 28:19 at kay Pablo sa Colosas 1:15-20. Ang maharlikang pariralang ito ay nagpapakita ng kataasan ng kahangalan ng Israel na tanggihan si Hesus ng Nazaret.

▣ **"magpakailan man"** Sa literal, ang Griyegong pangwikaing pariralang "sa mga panahon" (cf. Lucas 1:33; Roma 1:25; 11:36; Galacia 1:5; I Timoteo 1:17). Ito ay isa sa maraming may kaugnayang mga parirala (1) "sa panahon" (cf. Mateo 21:19 [Marcos 11:14]; Lucas 1:55; Juan 6:5,58; 8:35; 12:34; 13:8; 14:16; II Corinto 9:9) o (2) "ng panahon ng mga panahon" (cf. Efeso 3:21). May tila walang pagkakaiba sa pagitan ng mga wikain para sa "walang hanggan." Ang salitang "mga panahon" ay maaaring PANGMARAMIHAN sa isang matalinghagang pagkakaunawa ng rabinikong panggramatikang kayarian na tinatawag na "ang maramihan ng kamaharlikahan" o ito ay maaaring tumutukoy sa konsepto ng maraming "mga panahon" sa pang-Hudyong pagkakaunawa ng "panahon ng kawalang-sala," "panahon ng kasamaan," "panahon na darating," o "panahon ng katuwiran."

▣ **"Amen"** Tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:25.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:6-13**

**6Datapuwa't *ito ay* hindi sa ang salita ng Diyos ay nabigo. Sapagka't hindi ang lahat ng *buhat***
**sa Israel ay mga taga Israel: 7Ni sapagka't sila'y binhi ni Abraham, ay mga anak na silang lahat:**
**kundi, KAY ISAAC TATAWAGIN ANG IYONG BINHI. 8Sa makatuwid, ay hindi mga anak sa laman ang**
**mga anak ng Diyos: kundi ang mga anak sa pangako'y siyang ibibilang na isang binhi. 9Sapagka't**
**ito ang salita ng pangako, AYON SA PANAHONG ITO'Y PARIRITO AKO, AT MAGKAKAROON SI SARA NG**
**ISANG ANAK NA LALAKE. 10At hindi lamang gayon; kundi nang maipaglihi na ni Rebeca *ang kambal***
**sa pamamagitan ng isa, ito nga'y ng ating ama na si Isaac- 11Sapagka't ang mga anak *na kambal***
**nang hindi pa ipinanganganak, at hindi pa nagsisigawa ng anomang mabuti o masama, upang ang layon ng Diyos ay mamalagi alinsunod sa *kanyang* pagkahirang, na hindi sa mga gawa, kundi doon**
**sa tumatawag, 12Ay sinabi sa kaniya, ANG PANGANAY AY MAGLILINGKOD SA BUNSO. 13Gaya ng**
**nasusulat, SI JACOB AY INIBIG KO, DATAPUWA'T SI ESAU AY AKING KINAPOOTAN.**

**9:6 "ang salita ng Diyos"** Sa kontekstong ito ang parirala ay tumutukoy sa mga pangkasunduang mga pangako sa OT. Ang mga pangako ng Diyos ay may katiyakan (cf. Bilang 23:19; Joshua 21:45; 23:14; II Hari 10:10; Isaias 40:8; 55:11; 59:21).

▣
**NASB, NRSV,**
**TEV, NJB "ay nabigo"**
**NKJV "ay walang pag-iral"**

Ang salitang ito (*ekpiptō*) ay ginamit sa Septuagint nang maraming beses para sa ilang mga bagay (cf. Isaias 6:13) o sa kaninuman (cf. Isaias 14:12) na bumagsak. Dito, ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nangangahulugan ng isang kalalagayan ng pag-iral na may matagal na mga kahahantungan (ngunit ito ay sinalungat). Tingnan ang tala sa itaas para sa katiyakan ng salita ng Diyos.

▣
**NASB "Sapagka't hindi ang lahat ng buhat sa Israel ay mga taga Israel"**
**NKJV "Dahil sila ay hindi lahat sa Israel na nasa Israel"**
**NRSV "Dahil hindi lahat ng Israelita ay totoong kabilang sa Israel"**
**TEV "Dahil hindi lahat ng tao ng Israel ay ang tao ng Diyos"**
**NJB "Hindi lahat ng nanggaling mula sa Israel ay sa Israel"**

Ang kahulugan ng ganitong kapahayagan ay umiikot sa magkakaibang biblikal na mga kahulugan ng salitang "Israel."

1. Ang Israel ay nangangahulugang mga anak ni Jacob (cf. Genesis 32:22-32)
2. Ang Israel ay nangangahulugang mga piniling tao ng Diyos (cf. TEV)
3. Sa epiritwal na Israel, ang Israel ay nangangahulugang ang iglesiya, (cf. Galacia 6:16; I Pedro 2:8,9; Pahayag 1:6) laban sa likas na Israel (cf. vv. 3-6)

Ilan lamang sa mga anak ni Abraham ay mga anak ng pangako (cf. v. 7). Kahit na ang mga Hudyo ay hindi kailanman naging tama sa Diyos na batay lamang sa kanilang salinglahi (cf. v. 7), ngunit sa kanilang pananampalataya (cf. 2:28-29; 4:1ff.; Juan 8:31-59; Galacia 3:7-9; 4:23). Ito ay the nananampalatayang natira (tingnan ang Natatanging Paksa sa 9:27-28) na tumanggap ng mga pangako ng Diyos at lumakad sa kanila sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. 9:27; 11:5).

Ang talata 6 ay nagsimula sa isang kalipunan ng inaakalang mga pagtanggi (cf. 9:14,19,30; 11:1). Ito ang nagpatuloy sa patuligsang ayos ni Pablo. Ito ay naghahatid ng katotohanan sa pamamagitan ng isang ipinapalagay na taga-tanggi (i.e., Malakias 1:2,6,7 [dalawang beses],12,13; 2:14,17 [dalawang beses]; 3:7,13,14).

**9:7** Ang pangalawang kalahati ng talatang ito ay isang sipi mula sa Genesis 21:12d. Hindi lahat ng mga anak ng Abraham ay mga anak ng kasunduang pangako ng Diyos (cf. Genesis 12:1-3; 15:1-11; 17:1-21; 18:1-15; Galacia 4:23). Ipinapakita nito ang pagkakaiba sa pagitan ng Ishmael at Isaac sa vv. 8-9, at Jacob at Esau sa vv. 10-11.

**9:8** Dito, si Pablo ay gumagamit ng salitang "flesh" na tumutukoy sa bansang pinanggalingan (cf. 1:3; 4:1; 9:3,5, tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:3). Kanyang pinag-iiba ang likas na mga anak ni Abraham (ang mga Hudyo ng 9:3) sa espiritwal na mga anak (mga anak ng pangako) ni Abraham (silang magtitiwala ipinangakong Mesias ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, cf. 2:28-29). Ito ay hindi katulad na pag-iiba sa8:4-11, na nalugmok na sangkatauhan laban sa tinubos na sangkatauhan.

**9:9** Ito ay isang sipi mula sa Genesis 18:10,14. Ang ipinangakong anak ("ang binhi") ay manggagaling mula kay Sarah at sa pagsisimula ng Diyos. Ito ay hahantong sa katapusan sa pagsilang ng Mesias. Si Isaac ay isang natatanging katuparan ng pangako ng Diyos kay Abraham sa Genesis 12:1-3 na mas maaaga ng labing-tatlong taon.

**9:10** Ang mga asawa nina Abraham, Isaac, at Jacob ay baog; sila ay hindi magkakaanak. Ang kanilang walang-kakayahan ang magkaroon ng isang anak ay isa sa mga paraan ng Diyos upang ipikita na Siya ang may kapamahalaan sa mga kasunduang pangako, ang linya ng Mesias.

Ang ibang paraan ay ang tunay na linya ng Mesias ay hindi kailanman nagmula sa pinakamatandang anak ng mga Patriarka (na inaasahan sa kultura). Ang susi ay pagpili ng Diyos (cf. vv. 11-12).

**9:11-12** Ang mga talatang 11-12 ay isang pangungusap sa Griyego. Ang talang ito ay kinuha mula sa Genesis 25:19-34. Ang halimbawang ito ay ginamit upang patunayan ang pagpili ng Diyos (cf. v. 16), hindi sa (1) saling-lahi ng tao o (2) kagalingan o mga natamo ng tao (cf. 16). Ito ang bagong kaparaanan ng ebanghelyo, ang bagong kasunduan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-36). Gayunman, ito ay kailangang maunawaan na ang pagpili ng Diyos ay hindi nangangahulugang pagtanggi, ngunit pagbilang! Ang Mesias ay manggagaling mula sa isang piniling binhi, ngunit Siya ay dumating para sa lahat (silang gumaganap ng pananampalataya, cf. 2:28-29; 4:3,22-25; kabanata 10).

**9:11 "ang layon"** Ito ay ang tambalang salitang *pro* na dinagdagan ng *tithēmi*, na mayroong maraming pagkakaunawa.

1. sa Roma 3:25
   a. ipagbigay-alam sa madla
   b. pampalubag-loob na kaloob
2. magplano sa simula pa
   a. kay Pablo, Roma 1:13
   b. ng Diyos, Efeso 1:9

Ang PANGNGALANG anyo (*prothesis*), na ginamit tekstong ito, ay nangangahulugang "ilagay sa una"

1. na ginamit sa tinapay ng templo, Mateo 12:4; Marcos 2:26; Lucas 6:4
2. na ginamit sa isang unang napagpasyahang, pangkatubusang layunin ng Diyos, Roma 8:28; 9:11; Efeso 1:5,11; 3:10; II Timoteo 1:9; 3:10

Ginagamit ni Pablo ang maraming tambalan ng mga salita na may PANG-UKOL *pro* (before) sa mga kabanata 8 at 9 ng Roma at Efeso 1 (ipinapakita nila ang planadong pagkilos ng Diyos).

1. *proginōskō* (nakilala pa nung una), Roma 8:29
2. *proorizō* (nagpanukala sa simula pa), Roma 8:29 (Efeso 1:5,11), 30 (Efeso 1:9)
3. *prothesis* (unang napagpasyahang layunin), Roma 9:11
4. *proetoimazō* (paunang salita sa simula pa), Roma 9:23
5. *prolegō* (sinabi noong una), Roma 9:29
6. *proelpizō* (umasa sa simula pa), Efeso 1:12

**9:12** Ito ay isang sipi mula sa propesiya ng Genesis 25:23 na may kaugnayan kina Esau at Jacob. Ito ay nagpapakita na sina Rebekah at Jacob ay ginawa ang tungkuling ng propesiya, hindi sa pansariling pakinabang, sa pagdaya kay Jacob patungkol sa pagpapala!

**9:13 "datapuwa't si Esau ay aking kinapootan"** Ito ay isang sipi mula sa Malakias 1:2-3. Ang "Napopoot" ay isang Hebreong kataga ng paghahambing. Ito ay tunog magaspang sa Ingles, ngunit ihalintulad ang Genesis 29:31-33; Deuteronomio 21:15; Mateo 10:37-38; Lucas 14:26; at Juan 12:25. Ang antromorpikong mga salita na "inibig" at "kinapootan" ay walang kaugnayan sa damdamin ng Diyos patungkol sa mga taong ito, ngunit ang Kanyang paglalagak sa isang linya ng Mesias at pangako. Si Jacob ay ang anak ng pangako sang-ayon sa propesiya ng Genesis 25:23. Si Esau, sa Malakias 1:2-3, ay tumutukoy sa bansa ng Edom (ang mga mga angkan ni Esau).

**NATATANGING PAKSA: INILARAWAN ANG DIYOS BILANG ISANG TAO (ANTROMORPIKONG WIKA)**

I. Ang uri ng wikang ito ay napaka-pangkaraniwan sa OT (ilang mga halimbawa)
   A. Mga pisikal na bahagi ng katawan
      1. mata – Genesis 1:4,31; 6:8; Exodo 33:17; Bilang 14:14; Deuteronomio 11:12; Zacarias 4:10
      2. kamay– Exodo 15:17; Bilang 11:23; Deuteronomio 2:15
      3. bisig – Exodo 6:6; 15:16; Bilang 11:23; Deuteronomio 4:34; 5:15
      4. tainga – Bilang 11:18; I Samuel 8:21; II Hari 19:16; Awit 5:1; 10:17; 18:6
      5. mukha – Exodo 32:30; 33:11; Bilang 6:25; Deuteronomio 34:10; Awit 114:7
      6. daliri – Exodo 8:19; 31:18; Deuteronomio 9:10; Awit 8:3
      7. tinig – Genesis 3:8,10; Exodo 15:26; 19:19; Deuteronomio 26:17; 27:10
      8. paa – Exodo 24:10; Ezekiel 43:7
      9. anyong tao – Exodo 24:9-11; Awit 47; Isaias 6:1; Ezekiel 1:26
      10. ang anghel ng Panginoon – Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 3:4,13-21; 14:19; Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22
   B. Mga pisikal na pagkilos
      1. pagsasalita bilang mekanismo ng paglalang – Genesis 1:3,6,9,11,14,20,24,26
      2. paglalakas (i.e., tunog ng) sa Eden – Genesis 3:8; 18:33; Habakuk 3:15
      3. pagsasara ng pinto ng Arko ni Noe – Genesis 7:16
      4. pagsasamyo ng mga handog – Genesis 8:21; Levitico 26:31; Amos 5:21
      5. pagdating pababa – Genesis 11:5; 18:21; Exodo 3:8; 19:11,18,20
      6. paglilibing kay Moises – Deuteronomio 34:6
   C. Mga pantaong damdamin (ilang mga halimbawa)
      1. panghihinayang/pagsisisi – Genesis 6:6,7; Exodo 32:14; Hukom 2:18; I Samuel 15:29,35; Amos 7:3,6
      2. galit – Exodo 4:14; 15:7; Bilang 11:10; 12:9; 22:22; 25:3,4; 32:10,13,14; Deuteronomio 6:5; 7:4; 29:20
      3. paninibugho (selos) – Exodo 20:5; 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15; 32:16,21; Joshua 24:19
      4. pananawa/pagkasuklam – Levitico 20:23; 26:30; Deuteronomio 32:19
   D. Pampamilyang mga salita (ilang mga halimbawa)
      1. Ama
         a. ng Israel – Exodo 4:22; Deuteronomio 14:1; 39:5
         b. ng hari – II Samuel 7:11-16; Awit 2:7
         c. mga talinghaga ng makaamang pagkilos – Deuteronomio 1:31; 8:5; 32:1; Awit 27:10; Kawikaan 3:12; Jeremias 3:4,22; 31:20; Osea 11:1-4; Malakias 3:17
      2. Magulang – Osea 11:1-4
      3. Ina – Awit 27:10 (paghahalintulad sa nagpapasusong ina); Isaias 49:15; 66:9-13
      4. Batang tapat na mangingibig – Osea 1-3

II. Mga dahilan para sa paggamit ng ganitong uri ng wika
   A. Isang pangangailang para sa Diyos na ihayag Niya ang Kanyang sarili sa mga taong nilalang. Ang pinaka malaganap na konsepto ng Diyos bilang isang lalake ay isang antropomorpismo dahil sa ang Diyos ay espiritu!
   B. Ang Diyos ay nagdadala ng pinakamakahulugang aspeto ng buhay ng tao at ginagamit ito upang ihayag ang Kanyang sarili sa makasalanang sangkatauhan (ama, ina, magulang, mangingibig)
   C. Bagamat kinakailangan, ang Diyos ay hindi kailangan na maging limitado sa anumang pisikal na anyo (cf. Exodo 20; Deuteronomio 5)

D. Ang sukdulang antropomorpismo ay ang pagkakatawang tao ni Hesus! Ang Diyos ay naging pisikal, nahahawakan (cf. I Juan1:1-3). Ang mensahe ng Diyos ay naging Salita ng Diyos (cf. Juan1:1-18)

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:14-18**

**[14]Ano nga ang ating sasabihin? Mayroon baga kayang kalikuan sa Diyos? Huwag nawang mangyari. [15]Sapagka't sinasabi niya kay Moises,** **AKO'Y MAAAWA SA AKING KINAAAWAAN, AT AKO'Y MAHAHABAG SA AKING KINAHAHABAGAN. [16]Kaya nga ito ay hindi *gumagawa ng nakabatay* sa may ibig, ni hindi sa tumatakbo, kundi sa Diyos na naaawa. [17]Sapagka't sinasabi ng Banal na Kasulatan tungkol kay Faraon,** **DAHIL SA LAYONG ITO, AY ITINAAS KITA, UPANG AKING MAIHAYAG SA PAMAMAGITAN MO ANG AKING KAPANGYARIHAN, AT UPANG ANG AKING PANGALA'Y MAITANYAG SA BUONG LUPA. [18]Kaya nga sa kaniyang ibig siya'y naaawa, at sa kaniyang ibig siya'y nagpapatigas.**

**9:14 "Ano nga ang ating sasabihin"** Madalas na ginagamit ni Pablo ang anyong patuligsang ito (cf. 3:5; 4:1; 6:1; 7:7; 8:31; 9:14, 19,30).

▣ **"Mayroon baga kayang kalikuan sa Diyos?"** Ang gramatika ay inaasahan ang isang "hindi" na kasagutan. Papaanong ang Diyos ay ginawamang may pananagutan ang mga tao kung ang pagiging makapangyarihan ng Diyos ay siyang batayan ng kapasyahan (cf. v. 19)? Ito ay isang hiwaga sa pagpili (eleksiyon). Ang susing pagbibigay-diin sa kontekstong ito ay ang Diyos ay malaya na gawin ang gusto niyan loobin sa sangkatauhan (mapanghimagsik na sangkatauhan), gayunman, ang kapangyarihan ng Diyos ay nahahayag sa kahabagan (tingnan ang tala sa v. 15), hindi sa walang katuwirang kapangyarihan.

Ito ay kailangan ding maihayag na ang pagkamakapangyarihan ng Diyos sa pagpili ay hindi batay sa kaalaman sa mga pagpili at mga pakilos ng tao sa hinaharap. Kung ito ay totoo, samakatuwid ang mga pagpili at pagkilos at kagalingan ay magiging batayan ng mga pagpili ng Diyos (cf. v. 16; I Pedro 1:2). Sa likod nito ay ang tradisyonal na pananaw ng Hudyo sa kasaganahan ng mga matuwid (cf. Deuteronomio 27-28; Job at Awit 73). Ngunit, pinili ng Diyos na pagpalain ang hindi karapat-dapat sa pamamagitan ng pananampalataya (hindi sa pagsusumikap, cf. 5:8). Nalalaman ng Diyos ang lahat ng mga bagay ngunit Kanyang pinili na takdaan ang Kanyang mga pagpili (1) sa kahabagan at (2) sa pangako. Mayroong isang kinakailangang pagtugon ng tao, ngunit ito ay sinusundan at sa wakas ay magpapatunay ng nakakapagpabagong-buhay na pagpili ng Diyos.

▣ **"Huwag nawang mangyari"** Ito ay isang hindi karaniwang OPTATIBONG ANYO na kadalasang ginamit ni Pablo para sa isang pagbibigay-diin na pagsalungat na madalas sa mga tanong ng kanyang pangtuligsang taga-tutol (cf. 3:4,6,31; 6:2,15; 7:7,13; 11:1,11 also I Corinto 6:15; Galacia 2:17; 3:21; 6:14). Ito ay maaaring isang Hebreo kataga.

**9:15** Ito ay isang sipi mula sa Exodo 33:19. Ang Diyos ay malayang kumilos sang-ayon sa Kanyang sariling pangkatubusang mga layunin. Kahit na si Moises ay hindi minarapat ang pagpapala ng Diyos (cf. Exodo 33:20). Siya ay isang mamamatay-tao (cf. Exodo 2:11-15). Ang susi ay ang Kanyang mga pagpili ay nasa kahabagan (cf. vv. 16,18-23; 11:30,31,32).

**9:15-16 "kahabagan"** Ang Griyegong salita (*eleos*, cf. vv. 15,16,18,23; 11:30,31,32) ay ginamit sa Septuagint (LXX) upang isalin ang natatanging Hebreo salita *hesed* (tandaang ang mga manunulat ng NT

ay mga palaisip na Hebreo na sumusulat sa Griyego ng lansangan), na nangangahulugang "matatag, matapat sa kasunduan." Ang kahabagan at pagpili (eleksiyon) ng Diyos ay pangmaramihan, pangsamahan, (mga Hudyo [Isaac], hindi mga Arabo [Ishmael]; Israel [Jacob], hindi Edom [Esau], ngunit nananampalatayang mga Hudyo at nananampalatayang mga Hentil, cf. v. 24) gayundin ang mga indibidwal. Ang katotohanang ito ay isa sa mga susi na magbubukas ng hiwag ng doktrina ng pagtatalaga (pangkalahatang katubusan). Ang isa pang susi sa konteksto ng mga kabanata 9-11 ay ang hindi nababangong katangian ng Diyos—kahabagan (cf. 9:15,16,18,23; 11:30,31,32), at hindi ang pagsusumikap ng tao. Ang kahabagan sa pamamagitan ng pagpili sa huli ay maaabot ang lahat na nananampalataya kay Kristo. Ang isa na nagbubukas ng pinto ng pananampalataya sa lahat (cf. 5:18-19).

**NATATANGING PAKSA: KAGANDAHANG-LOOB (*HESED*)**

Ang salitang ito ay may malawak na semantikong larangan. Ang BDB kinilala ito sa ganitong paraan (338-339).

A. Ginamit na may kinalaman sa mga tao
    1. kagandahang-loob sa kapwa tao (e.g., I Samuel 20:14; II Cronika 24:22)
    2. kagandahang-loob sa mga mahihirap at nangangailangan (e.g., Mikas 6:8)
    3. pagsinta (cf. Jeremias 2:2; Osea 6:4)
    4. anyo (cf. Isaias 40:6)

B. Ginamit na may kinalaman sa Diyos
    1. Pangkasunduang katapatan at pag-ibig
        a. "sa pagtubos mula sa mga kaaway at sa mga kaguluhan" (e.g., Jeremias 31:3; Ezra 27:28; 9:9)
        b. "sa pagpapanatili ng buhay mula sa kamatayan" (e.g., Job 10:12; Awit 86:13)
        c. "sa pagiging-buhay sa espiritu" (e.g., Awit 119:41,76,88,124,149,150)
        d. "sa pagtubos mula sa kasalanan" (cf. Awit 25:7; 51:3)
        e. "sa pag-iingat ng mga kasunduan" (e.g., II Cronika 6:14; Nehemias 1:5; 9:32)
    2. Naglalarawan ng isang banal na katangian (e.g., Exodo 34:6; Mikas 7:20)
    3. kagandahang-loob (kabutihan) ng Diyos
        a. "masagana" (e.g., Nehemias 9:17; Awit 103:8)
        b. "dakila sa hangganan" (e.g., Exodo 20:6; Deuteronomio 5:10; 7:9)
        c. "walang-hanggan" (e.g., I Cronika 16:34,41; II Cronika 5:13; 7:3,6; 20:21; Ezra 3:11)
    4. Mga gawa ng kabutihan (kagandahang-loob) (e.g., II Cronika 6:42; Awit 89:2; Isaias 55:3; 63:7; Panaghoy 3:22)

**9:17-18** Ang talata 17 ay isang makapangyarihang panglahat na sipi mula sa Exodo 9:16; ang talata 18 ay ang pangwakas na hinango mula sa sipi. Ang Faraon ay sinasabing naging matigas ang kanyang sariling puso sa Exodo 8:15,19,32; 9:34. Ang Diyos ay sinasabing nagpatigas ng kanyang puso sa Exodo 4:21; 7:3; 9:12; 10:20,27; 11:10. Ang halimbawang ito ay ginamit upang ipakita ang pagiging makapangyarihan ng Diyos (soberano) (cf. v. 18). Ang Faraon ang may pananagutan para sa kanyang mga pagpili. Ginamit ng Diyos ang pagiging mapagmataas ni Faraon, matigas na ulong katauhan upang maisakatuparan ang Kanyang kalooban para sa Israel (cf. v. 18).

Pansinin din na ang layunin ng pagkilos ng Diyos kay Faraon ay pangkatubusang ang layunin; at napapabilang sa saklaw. Sila ay nilalayon na:

1. Ipakita ang kapangyarihan ng Diyos (laban sa mga diyos ng kalikasayan at hayop ng Ehipto, gayundin ang ginagawa ng Genesis 1 sa mga diyus-diyong astral ng Babilonia)
2. Ihayag ang Diyos sa Ehipto at, sa pamamagitan ng pahiwatig, ang buong mundo (cf. v. 17)

Ang mga kanlurang (Amerikano) kaisipan pinapalaki ang mga sarili (bawat-isa), ngunit silangang kaisipan ay tumutuon sa pangangailangan ng panglahat na kabuuan. Ginamit ng Diyos si Faraon upang ihayag ang Kanyang sarili sa isang nangangailangang mundo. Gagawin Niya rin ito sa mga di-nananampalatayang Israel (cf. kabanata 11). Sa kontekstong ito, ang mga karapatan ng sinuman ay ay lumiliit sa liwanag ng mga pangangailangan ng kabuuan. Tandaan, ang pangkalahatang OT din na mga halimbawa ng:

1. Ang mga orihinal na anak ni Job na namatay dahil sa pagtalakay ng Diyos kay Satanas (cf. Job 1-2)
2. Ang mga namamatay na sundalo ng Israel dahil sa kasalanan ni Achan (cf. Joshua 7)
3. Ang unang anak ni David kay Bathsheba ay namatay dahil sa kasalanan ni David (cf. II Samuel 12:15).

Tayong lahat ay apektado ng mga pagpili ng iba. Ang panglahatang ito ay maaaring makita sa NT sa Roma 5:12-21.

▣ **"Sapagka't sinasabi ng Banal na Kasulatan. . ."** Ang pagbibigay katauhan sa Banal na Kasulatan ay isang paraan ng pagpapakita na ito ay buhay at may kaugnayan sa paksa (cf. 10:6-8). Binigyang-katauhan ni Pablo ang "kasalanan" at "kamatayan" sa Roma 6-7)!

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:19-26**

**[19]Sasabihin mo nga sa akin, Bakit humahanap pa siya ng kamalian? Sapagka't sino ang sumasalangsang sa kaniyang kalooban? [20]Nguni't, Oh tao, sino kang tumututol sa Diyos? Sasabihin baga ng bagay na ginawa doon sa gumawa sa kaniya, Bakit mo ako ginawang ganito? [21]O wala bagang kapangyarihan sa putik ang magpapalyok, upang gawin sa isa lamang limpak ang isang sisidlan sa ikapupuri, at ang isa'y sa ikahihiya. [22]Ano kung ang Diyos ay inibig na ihayag ang kaniyang kagalitan, at ipakilala ang kaniyang kapangyarihan, ay nagtiis ng malaking pagpapahinuhod sa mga sisidlan ng galit na nangahahanda na sa pagkasira: [23]At *Kanyang ginawa* upang maipakilala ang kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian sa mga sisidlan ng kahabagan, na kaniyang inihanda nang una pa sa kaluwalhatian, [24]*Maging* sa atin na kaniya namang tinawag, hindi lamang mula sa mga Hudyo, kundi naman mula sa mga Hentil? [25]Gaya naman ng sinasabi niya sa aklat ni Oseas, TATAWAGIN KONG AKING BAYAN NA HINDI KO DATING BAYAN; AT INIIBIG, NA HINDI DATING INIIBIG. [26]AT MANGYAYARI, NA SA DAKONG PINAGSABIHAN SA KANILA, KAYO'Y HINDI KO BAYAN, AY DIYAN SILA TATAWAGING MGA ANAK NG DIYOS NA BUHAY.**

**9:19 "sino ang sumasalangsang sa kaniyang kalooban"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nagbibigay-diin sa isang namamalaging katotohanan na may nagpapatuloy na bunga (cf. II Cronika 20:6; Job 9:12; Awit 135:6; Daniel 4:35). Ang pagtuligsa (diatribe) ay nagpapatuloy. Sa lohiya, ang pagsunod sa pagtuligsa ni Pablo ay ang pinakamahusay na paraan upang mabalangkas at maunawaan ang kaisipan ni Pablo. Tingnan ang pasimula sa kabanata, B., 1. Ang kalooban ng Diyos ay kailangang makita sa dalawang antas. Ang una ay ang Kanyang pangkatubusang mga plano para sa lahat ng nalugmok na sangkatauhan (cf. Genesis 3:15). Ang mga planong ito ay hindi maaapektuhan ng mga pansariling pagpili ng tao. Ngunit sa pangalawang antas, ang Diyos ang pumipili upang gamitin sa pagsasangkapan sa tao (cf. Exodo 3:7-9 at 10). Pinili ang mga tao upang maisakatuparan ang Kanyang mga plano (kapwa sa pag-ayon, Moises, at pagsalungat, Faraon).

**9:20-21** Ang larawang ito ay kinuha mula sa Isaias 29:16; 45:9-13; 64:8 at Jeremias 18:1-12. Ang talinghaga ni YHWH bilang isang tagahulma ay kadalasang ginamit para sa Diyos bilang manlilikha dahil ang sangkatauhan ay nagmula sa putik (cf. Genesis 2:7). Dinala ni Pablo ang kanyang punto ng pagiging makapangyarihan ng manlilikha sa pamamagitan ng ng paggamit ng tatlo pang mga tanong—ang unang

dalawa sa v. 20 at ang pangatlong sa v. 21. Ang huling tanong ay bumabalik sa paghahalintulad ng pasang-ayong pagpili ng Diyos kay Moises at pasalungat na pagpili sa Faraon. Ang katulad na pag-iiba ay makikita sa

1. Isaac – Ishmael, vv. 8-9
2. Jacob – Esau sa vv. 10-12
3. ang bansa ng Israel at ang bansa ng Edom sa v. 13

Ang katulad na pagkakahawig na ito ay pinaunlad upang ipaliwanag ang pangkasalukuyang kalalagayan ni Pablo sa mga nananampalataya at di-nananampalatayang Hudyo. Ang pasang-ayon na pagpili ng Diyos sa katapusan ay ipinapahayag sa pagsasama ng mga nananampalatayang Hentil (vv. 24-29, 30-33)!

Ang anyong pang-gramatika ay inaasahan ang

1. isang "hindi" na sagot sa tanong sa v. 20
2. isang "oo" na sagot sa tanong sa v. 21

**9:22 "kung"** Ito ay isang bahagyang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda, ngunit walang pangwakas na gramatika. Ang mga talatang 22-24 ay isang pangungusap sa Griyego. Ang talata 22 ay nagpapahayag ng pangkatubusang katangian ng Diyos. Ang Diyos ay ang Diyos ng katarungan. Panghahawakan Niyang ang sangkatauhan ay may pananagutan sa kanilang mga ginagawa. Ngunit Siya rin ay ang Diyos ng kahabagan. Ang sangkatauhan ay nararapat na mamatay (cf. 1:18-3:21). Ang kahatulan ay hindi mabuting balita! Ang katangian ng Diyos ay pangunahing kahabagan, hindi kapootan (cf. Deuteronomio5:9-10; 7:9; Osea 11:8-9). Ang Kanyang mga pagpili ay para sa katubusan (cf. Ezekiel 36:22-33). Siya ay magtitiyag sa mga makasalanang sangkatauhan (cf. Ezekiel 18). Ginagamit Niya pa nga ang kasamaan para sa Kanyang pangkatubusang mga layunin (e.g., Satanas, Faraon, Mangkukulam ng Endor, Assyria, Nebuchadnezzar, Cyrus, at sa kabanata 11, ang di-nananampalatayang Israel)!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"inibig na ihayag ang kaniyang kagalitan"** |
| **NKJV** | **"nagnanais na ihayag ang Kanyang poot"** |
| **NRSV** | **"minimithi niyang ipakita ang kanyang poot"** |
| **TEV** | **"kinailangang ipakita ang kanyang galit"** |
| **NJB** | **"ay handang ipakita ang kanyang galit"** |

Ipinapakita ng Diyos ang Kanyang poot upang makilala kapwa ang Kanyang kapangyarihan (cf. v. 22) at ang kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian (cf. v. 23). Ang pagkilos ng Diyos ay palaging may pangkatubusang mga layunin (maliban sa *Gehenna*, na siyang huling pagkakahiwalay ng mga di-pananampalataya at kasalanan).

▣ **"mga sisidlan ng galit"** Ang salitang ito ay pinagpapatuloy ang talinghaga ng putik ni Pablo mula sa vv. 20 at 21. Sila ay maliwanag na tumutukoy sa mga i-nananampalatayang tao na ginamit ng Diyos para isulang ang Kanyang plano ng katubusan.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"nangahahanda"** |
| **NRSV** | **"ay ginawang"** |
| **TEV** | **"napahamak"** |
| **NJB** | **"pinanukala"** |

Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang salita ay ginamit sa mga papirus (Moulton at Milligan) ng isang bagay na inihanda para sa kanyang buong kahihinatnan. Ang mapanghimagsik na di-pananampalataya ay may araw ng kanyang kahatulan at mga kalalabasan nito.

Gayunman, and Diyos ay pinili na gumamit ng mga di-mananampalataya upang tuparin ang Kanyang mas malawak, napapaloob, pangkatubusang mga layunin.

Si M. R. Vincent, *Word Studies*, tomo 2, ay nagsabing "Hindi akma sa Diyos para sa pagkawasak, ngunit sa isang MAKA-URI pagkaunawa, *handa*, *hinog* para sa pagkawasak, the pandiwari ay nangangahulugan ng isang pagkasalukuyang kalagayan na natatag sa nakalipas, ngunit hindi nagbibigay ng pahiwatig kung paano ito natatag" (p. 716).

▣ **"pagkasira"** Tingnan ang Natatangging Paksa sa 3:3.

**9:23 "upang maipakilala ang kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian sa mga sisidlan ng awa"** Ang layunin nitong sugnay ay nagpapakita ng walang hanggang layunin ng Diyos (i.e., kahabagan). Ang PANDIWA ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PASAKALI. Ipinakilala ng Diyos ang Kanyang mga kayamanan sa pagpapadala kay Hesus!

Kadalasan, si Pablo ay tumutukoy sa mga kayamanan ng

1. Kanyang kagandahang-loob at pagtitimpi at pagtitiyaga, Roma 2:4
2. Kanyang kaluwalhatian sa mga sisidlan ng kahabagan, Roma 9:23
3. Kanyang biyaya, Efeso 1:7
4. ang kaluwalhatian ng Kanyang pagmamana, Efeso 1:18
5. Kanyang biyaya sa kagandahang-loob sa atin kay Kristo, Efeso 2:7
6. Si Kristo sa mga Hentil, Efeso 3:8
7. Kanyang kaluwalhatian, Efeso 3:16
8. the kaluwalhatian ng hiwagang ito sa mga Hentil, na si Kristo sa inyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian, Colosas 1:27

▣ **"na kaniyang inihanda nang una pa sa kaluwalhatian"** Ang katulad na katotohanang ito ay ipihahayag sa Roma 8:29-30 at Efeso 1:4,11. Ang kabanatang to ay ang pinakamalakas ng pagpapahayag ng pagiging makapangyarihan (soberano) ng Diyos sa NT. Walang maaaring pagtatalo na ang Diyos ay ang may pagkalahatang tungkulin sa paglalang at katubusan! Ang dakilang katotohanang ito ay hindi dapat palambuting o pinuhin. Gayunman, kailangan itong itimbang sa pangkasunduang pagpili ng Diyos bilang isang paraan ng pakikipag-ugnayan sa taong nilalang, na linikha sa Kanyang larawan. Ito ay tiyakang totoo sa isang mga kasunduan sa OT, tulad ng Genesis 9:8-17 and15:12-21, ay walang pasubali at hindi na uugnay sa pagtugon ng tao, ngunit ang ibang mga kasunduan ay may pasubali sa pagtugon ng tao (i.e., Eden, Noah, Moises, David). Ang Diyos ay may planong pagtubos sa Kanyang nilalang, walang sinuman ang makakapagpabago ng planong ito. Pinili ng Diyos na hayaan ang mga tao lumahok sa kanyang mga plano. Ang pagkakataong ito para sa pakikilahok ay isang teolohikong pag-igting (tensyon) sa pagitan ng pagiging makapangyarihan ng Diyos (Roma 9) at ang malayag pagpili ng tao (Roma 10).

Hindi nararapat na pumili ng isang biblikal na pagbibigay-diin at pabayaan ang iba. Mayroong pag-igting (tensyon) sa pagitan ng mga doktrina dahil ang mga tao sa silangan ay ipinapakilala ang katotohanan sa dialektiko o puno ng pag-igting (tensyon) na mga tambalan. Ang mga doktrina ay kailangang hawakan sa ugnayan nito sa ibang doktrina. Ang katotohanan ay isang mosaic ng mga katotohanan.

Mayroong tiyak na hiwaga dito! Si Pablo ay hindi gumagawa ng lohikong pangwakas sa mga di-mananampalatayang handa (*kataptizō*) para sa kapootan (v. 22) at mga mananampalatayang handa (*proetoimazō*) para sa kaluwalhatian (v. 23). Ang pagpili ba ng Diyos ang nag-iisang salik o ang pagpili ng Diyos sang-ayon sa kahabagan para sa lahat, ngunit ang ilang ay tinanggihan ang Kanyang alok? Ang sangkatauhan ba ay may bahagi sa kanilang sariling hinaharap (cf. 9:30-10:21)? May mga labis na pangungusap sa magkabilang panig (Augustine - Pelagius). Para sa akin, ang konsepto ng kasunduan ay

kapwa pinagkakaisa sila na may pagpipigay-diin sa Diyos. Ang sangkatauhan ay maaari lamang tumugon sa mga pangunguna ng Diyos (e.g., Juan 6:44,65). Ngunit para sa akin, Ang katangian ng Diyos ay hindi pagbabago, ngunit mahabagin. Inaabot Niya ang lahat ng may kamalayang nilalang na tao na linikha sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26,27). Ako ay nakikibaka sa ginitong konteksto. Ito ay lubhang makapangyarihan, gayunman ito ay ipinipinta sa itim at puti. Ang pagtuon nito ay ang mga Hudyong di-pananampalataya, na nagbunga ng pagkasama ng mga Hentil (kabanata 11)! Ngunit hindi lamang ito ang teksto sa katangian ng Diyos!

▣ **"kaluwalhatian"** Tingnan ang tala sa 3:23.

**9:24** Ang talatang ito ay nagpapakita na ang layon ng pangako ng Diyos ay mas malawak kaysa sa lahi ng Israel. Ang Diyos ay nagpakita ng kahabagan sa sangkatauhan sang-ayon sa Kanyang pagpili. Ang pangako ng Genesis 3:15 ay may kaugnayan sa lahat sangkatauhan (dahil walang mga Hudyo hangang sa kabanata 12). Ang panawagan kay Abraham ay may kaugnayan sa lahat sangkatauhan, Genesis 12:3. Ang panawagan kay Israel bilang isang kaharian ng mga saserdote ay may kaugnayan sa lahat sangkatauhan (cf. Exodo 19:5-6)! Ito ang hiwaga ng Diyos, na nakakubli, ngunit ngayon ay lubusang inihayag (cf. Efeso 2:11-3:13; Galacia 3:28; Colosas 3:11).

Ang pagbibigay-diin ni Pablo sa v. 24 ay mailalarawan sa pamamagitan ng isang kalipunan ng mga sipi sa OT (vv. 25-29).

1. talata 25, Osea 2:23
2. talata 26, Osea 1:10b
3. talata 27, Isaias 10:22 at/o Osea 1:10a
4. talata 28, Isaias 10:23
5. talata 29, Isaias 1:9

**9:25-26** Sa konteksto ang talatang ito ay mula sa Septuagint (LXX) ng Osea 2:23 (na may kaunting mga pagbabago) at 1:10, na kung saan ay tumutukoy sa Sampung Angkan sa Hilaga, ngunit dito, si Pablo ay tumutukoy sa mga Hentil. Ito ay karaniwan sa paggamit ng mga may-akda sa NT sa OT. Nakita nila ang iglesiya bilang katuparan ng mga pangako sa Israel (cf. II Corinto 6:16; Tito 2:14; I Pedro 2:5-9). Sa konteksto ang talata sa Osea ay tumutukoy sa kawalan ng pananampalataya ng Israel. Kung ang Diyos ay maaaring ipanumbalik ang Sampung Angkan sa Hilaga na sumasamba sa diyus-diyosan, nakita ni Pablo ito bilang katunayan ng pag-ibig at pagpapatawad ng Diyos na sa isang araw ay maaaring maisama kahit na ang mga paganong sumasamba sa diyus-diyosan (mga Hentil).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:27-29**

[27]**At si Isaias ay sumisigaw tungkol sa Israel,** KUNG ANG BILANG MAN NG MGA ANAK NG ISRAEL AY MAGING TULAD SA BUHANGIN SA DAGAT, AY ANG NALALABI LAMANG ANG MALILIGTAS: [28]SAPAGKA'T ISASAGAWA NG PANGINOON ANG KANIYANG SALITA SA LUPA, NA TATAPUSIN AT PAIIKLIIN. [29]**At gaya ng sinabi nang una ni Isaias,** KUNG HINDI NAGIWAN SA ATIN NG ISANG BINHI ANG PANGINOON NG MGA HUKBO, TAYO'Y NAGING KATULAD SANA NG SODOMA, AT NAGING GAYA NG GOMORRA.

**9:27**
**NASB, NKJV,**
**NRSV, NJB "kung"**
**TEV "kahit na"**

Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI (*ean* na dinagdagan ng MAY PASAKALING PANAGANO), na nagpapahiwatig ng maaaring pagkilos.

**9:27-28** Ito ay isang maluwag na sipi mula sa Septuagint (LXX) ng Isaias 10:22-23. Ang Textus Receptus ay nagdagdag ng isang pangwakas na pariralang mula sa Septuagint ng Isaias 10:23. Ngunit ito ay wala sa sinaunang Griyegong mga kasulatan na P[46], א, A, at B, na nagpapakita na ito ay idinagdag sa isang isang mas huling karagdagan ng isang taga-sipi. Ang UBS[4] ay inaantasan ang kanyang pagkatanggal bilang "tiyak."

**9:27 "TULAD SA BUHANGIN SA DAGAT"** Ito ay isang bahagi ng matalinghaga, hyperbolikong wika ng mga pangako ng Diyos kay Abraham (cf. Genesis15:5; 22:17; 26:4).

▣ **"ANG NALALABI LAMANG ANG MALILIGTAS"** Ang salitang "nalalabi (natira)" na madalas na ginagamit ng mga propeta ng OT ay tumutukoy sa mga Israelita na kinuha sa pagkakatapon, ngunit ibabalik sa ipinangakong lupa sa pamamagitan ng Diyos. Sa paggamit ni Pablo ng salita, ito ay tumutukoy sa mga mga Hudyo na may pananampalatayang pakikipag-ugnayan sa Diyos at/o sa mga nakarinig ng ebanghelyo at tumugon sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo.

Kahit na sa loob ng Tipanang Israel ay nagaganap ang espiritwal na paghihiwalay, iilan lamang ang matuwid sa Diyos. Ang pagpili sa Israel ay hindi binabaliwala ang pangangailangan para sa isang pansariling pananampalatayang pagtugon (cf. Isaias 1:16-20).

Gumagamit sa Pablo ng parirala sa OT na sa una ay tumutukoy sa mga ipinatapon na Hudyo, na kakaunti lamang ang bumalik sa Palestina, na tumutukoy sa kanila na nakarinig ng ebanghelyo, ngunit ang malaking bilang nila ay hindi nananampalataya at tumanggap kay Kristo. Maliit na bahagdan lamang sa mga nakapakinig sa panahon ng unang siglo(mga Hudyo at mga Hentil) ang tumugon sa mensahe ng ebanghelyo. Silang gumawa nito ay tinawa ni Pablo na ang natira (o nalalabi).

**NATATANGING PAKSA: ANG NATIRA, TATLONG KAUNAWAAN**

Ang konsepto sa OT ng "isang matapat na natira" ay isang paulit-ulit na paksa sa mga Propeta (karamihan sa ika-walong siglong mga propeta at si Jeremias). Ito ay na ginamit sa tatlong kaunawaan:

1. silang mga nakaligtas sa Pagpapatapon (e.g., Isaias 10:20-23; 17:4-6; 37:31-32; Jeremias 42:15,19; 44:12,14,28; Amos 1:8)
2. silang nanatiling matapat kay YHWH (e.g., Isaias 4:1-5; 11:11,16; 28:5; Joel 2:32; Amos 5:14-15; Mikas 2:12-13; 4:6-7; 5:7-9; 7:18-20)
3. silang mga kabilang sa eskatolohikong pagbabago at muling paglalang (e.g., Amos 9:11-15)

Sa kontekstong ito, ang Diyos ay pumipili lamang ng ilan (silang may taglay na matapat na sigasig) sa mga natira (nakaligtas sa Pagkakatapos) upang makabalik sa Juda. Tulad ng nakita nating bago ang kabanatang ito, ang mga paksa ay mula sa alaala ng nakalipas ng Israel (v. 6). Binabawasan ng Diyos ang bilang upang Kanyang paipakita ang Kanyang kapangyarihan, pagtustos, at pagkalinga (e.g., si Gideon, Hukom 6-7).

**9:28**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"tatapusin at paiikliin"** |
| **NKJV** | **"tapusin. . .paikliin"** |
| **NRSV** | **"daglian at walang alinlangan"** |
| **TEV** | **"madaliang pagbayad ng kanyang buong utan"** |
| **NJB** | **"walang pag-aatubili o pagpapaliban"** |
| **REB** | **"magiging buod at pangwakas"** |
| **NIV** | **"may kabilisan at kawakasan"** |
| **NET** | **"lahatan at madalian"** |

Ang dalawang Griyegong mga salita na kasama sa isang paglalaro ng salita (ang mga tambalang *sun*

ay lubhang pangkaraniwang kay Pablo).

1. *suntelōn*, PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI ng
   a. *sun*
   b. *teleō*

   na sa karaniwan ay nangangahulugang "mapuspos" o "lubos na maisakatuparan" (cf. Marcos 13:4; Lucas 4:2,13; Gawa 21:27; Hebreo 8:8)
2. *suntemnōn*, PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI ng
   a. *sun*
   b. *temnō*

   na sa karaniwan ay nangangahulugang "paikliin" o "gawing madalian" (makikita lamang dito, ngunit may kaugnayang anyo sa Gawa 24:4)

Kung saan ginamit ang mga paglalaro ng tunog, sa konteksto lamang, hindi sa etimolohiya o mga pagtutulad, ay makakatulong.

Diyos ay may isang layunin at plano para sa kaligtasan ng Kanyang mga tunay na bayan at Kanyang kahatulan sa lahat ng iba!

Ang talatang ito ay mahirap mabigyan ng kahulugan dahil maraming mga nahuling mga tagasulat ang nagtanggkang magdagdag ng mga parirala upang linawin ang sa tingin nila ay kahulugan nito. Ang UBS[4] ay nagbibigay sa pinakamaikling teksto na "A" na antas (tiyak).

**9:29** Ito ay isang sipi mula sa the LXX ng Isaias 1:9, na tumuligsa sa pagiging makasalanan of bansang Israel.

▣ **"PANGINOON NG MGA HUKBO"** Ito ay isang titulo sa OT para kay YHWH, kadalasang isinasaling "Panginoon ng mga Hukbo" (cf. Santiago 5:4). Nababatay sa konteksto, ito ay tumutukoy sa Diyos sa isang pang-militar na pagkakaunawa, "pinunuo ng mga sundalo ng langit" (cf. Joshua 5:13-15), o sa pamamahalang pagkakaunawa, kadalasang konteksto ng isang astral na polyteismo ng Babilonya na nauugnay sa mga nasa kalawakan, "Panginoon ng Kalawakan." Ang mga bituin ay mga nilalang, hindi mga diyos; walang silang kapamahalaan o paghubog sa mga pangyayari (cf. Genesis 1:16; Awit 8:3; 147:4; Isaias 40:26).

**NATATANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA PAGKA-DIYOS**

A. *El* (BDB 42, KB 48)
   1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na sinaunang salita para sa pagka-Diyos ay di-tiyak, ngunit marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akadyanong salitang-ugat na, "maging malakas" o "maging makapangyarihan" (cf. Genesis 17:1; Bilang 23:19; Deuteronomio 7:21; Awit 50:1).
   2. Sa Cananeong panteon ang mataas na diyos ay *El* (Ras Shamrang mga teksto)
   3. Sa Bibliya, ang *El* ay hindi kadalasang tinatambal sa ibang mga salita. Ang mga pagsasamang ito naging paraan upang makilala ang Diyos.
      a. *El-Elyon* (Diyos na Kataas-taasan, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deuteronomio 32:8; Isaias 14:14
      b. *El-Roi* ("Diyos na nakakakita" o "Diyos na ipinahayag ang Sarili," BDB 42 & 909), Genesis 16:13
      c. *El-Shaddai* ("Diyos na Makapangyarian" o "Diyos ng Lahat ng Pagkahabag" o "Diyos ng bundok," BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
      d. *El-Olam* (ang walang-hanggang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay maiuugnay sa teolohiya sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16

e. *El-Berit* ("Diyos ng Kasuduan," BDB 42 & 136), Hukom 9:46

4. Ang *El* ay itinutumbas sa
   a. YHWH sa Awit 85:8; Isaias 42:5
   b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, "Ako ang *El*, ang *Elohim* ng iyong ama"
   c. *Shaddai* sa Genesis 49:25
   d. "panibugho" sa Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15
   e. "kahabagan" sa Deuteronomio 4:31; Nehemias 9:31;
   f. "dakila at kamangha-mangha" in Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemias 1:5; 9:32; Daniel 9:4
   g. "kaalaman" sa I Samuel 2:3
   h. "ang aking matibay na kanlungan" sa II Samuel 22:33
   i. "ang aking taga-paghiganti" sa II Samuel 22:48
   j. "ang nag-iisang banal" sa Isaias 5:16
   k. "lakas" sa Isaias 10:21
   l. "ang aking kaligtasan" sa Isaias 12:2
   m. "dakila at makapangyarihan" sa Jeremias 32:18
   n. "pagganti" sa Jeremias 51:56
5. Isang pagsasama ng lahat ng pangunahing mga pangalan sa OT para sa Diyos ay matatagpuan sa Joshua 22:22 (*El, Elohim, YHWH,* inulit)

B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)
1. Ang panimulang kahulugan nito ay "mataas," "itinaas," o "pinatayog pataas" (cf. Genesis 40:17; I Hari 9:8; II Hari 18:17; Nehemias 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Awit 18:13).
2. Ito ay na ginamit sa isang magkatulad na kaunawaan sa maraming ibang pangalan/titulo ng Diyos.
   a. *Elohim* – Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
   b. *YHWH* – Genesis 14:22; II am. 22:14
   c. *El-Shaddai* – Awit 91:1,9
   d. *El* – Bilang 24:16
   e. *Elah* – kadalasang ginagamit sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, na inuugnay sa *illair* (Aramaiko para sa "Mataas na Diyos") sa Daniel 3:26; 4:2; 5:18,21
3. Ito ay kadalasang ginagamit ng mga hindi Israelita.
   a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
   b. Balaam, Bilang 24:16
   c. Moises, na nagsasalita patungkol sa mga bansa sa Deuteronomio 32:8
   d. Ang Ebanghelyo ni Lucas sa NT, na sumusulat sa mga Hentil, ay gumagamit din ng Griyegong katumbas na *Hupsistos* (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Gawa 7:48; 16:17)

C. *Elohim* (PANGMARAMIHAN), *Eloah* (PANG-ISAHAN), na ginamit primarily in poetry (BDB 43, KB 52)
1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Lumang Tipan.
2. Ang salitang ito ay maaaring tumukoy sa Diyos of Israel o sa mga diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). Sa pamilya ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Joshua 24:2).
3. Ito maaaring tumukoy sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Awit 82:6).
4. Ang salitang *elohim* ay ginamit din sa ibang mga espiritwal na nilalang (mga anghel, ang mga demonyo) gaya sa Deuteronomio 32:8 (LXX); Awit 8:5; Job 1:6; 38:7.
5. Sa Bibliya ito ang unang titulo/pangalan para sa pagkaDiyos (cf. Genesis 1:1). Ito ay pansariling ginamit hanggang sa Genesis 2:4, na kung saan ito ay isinama sa YHWH. Ito ay pangunahing (teolohikal) na tumutukoy sa Diyos bilang manlilikha, tagapag-alalay, at tagapagtustos sa lahat ng buhay sa mundtong ito (cf. Awit 104).

   Ito ay kasingkahulugan sa *El* (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito ay maaring kahanay sa YHWH gaya ng sa Awit 14 (*Elohim*) ay saktong kagaya ng sa Awit 53 (YHWH), maliban sa pagababago sa

mga banal na pangalan.

6. Bagaman PANGMARAMIHAN at ginamit sa ibang mga diyos, ang salitang ito ay kadalasang itinatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit kadalasan itong may PANG-ISAHAN PANDIWA upang ipakilala ang monoteistikong paggamit.
7. Ang salitang ito ay matatagpuan sa mga bibig ng mga hindi Israelita bilang pangalan ng diyos.
   a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
   b. Balaam, Bilang 24:2
   c. Moises, nang nakipagusap sa mga bansa, Deuteronomio 32:8
8. Ito ay kataka-taka na ang pangkaraniwang pangalan para sa nag-iisang Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN! Kahit ito ay walang katiyakan, narito ang mga teoriya.
   a. Ang Hebreo ay may maraming MGA PANGMARAMIHAN, na kadalasang ginamit sa pagbibigay-diin. Ang malapit na may kaugnayan dito ay ang huling Hebreong pang-gramatikong katangian na tinatawag na "ang pangmaramihan ng maharlika," na kung saan ang PANGMARAMIHAN ay ginamit upang palakihin ang isang konsepto.
   b. Ito ay maaring tumutukoy sa konseho ng mga anghel, na siyang kinakatagpo ng Diyos sa langit at siyang Kanyang pinananahanan (cf. I Hari 22:19-23; Job 1:6; Awit 82:1; 89:5,7).
   c. Ito ay maari rin na nagpapakita ng NT na kapayahagan ng isang Diyos sa tatlong mga persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; sa Genesis 1:2 ang Espiritu ay umaakay, at mula sa NT si Hesus ay Diyos ang kinatawan ng Ama sa paglilikga (cf. Juan 1:3,10; Roma 11:36; I Corinto 8:6; Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).

D. YHWH (BDB 217, KB 394)

1. Ito ang pangalan na ipinapaliwanag ang pagka-Diyos bilang Diyos na gumagawa ng kasunduan; ang Diyos bilang taga-pagligtas, manunubos! Linabag ng sangkatauhan ang mga kasunduan, ngunit ang Diyos ay tapat sa Kanyang salita, pangako, kasunduan (cf. Awit 103).

   Ang pangalan na ito ay unang binanggit sa pagsasama ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Mayroon hindi dalawang pagtala ng paglalang sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagdidiin: (1) ang Diyos bilang manlilikha ng sanlibutan (ang pisikal) at (2) ang Diyos bilang natatanging manlilikha ng sangkatauhan. Ang Genesis 2:4-3:24 ay nagsimula sa natatanging kapahayagan patungkol sa isang mahalagang kalalagayan at layunin ng tao, gayundin ang suliranin ng kasalanan at rebelyon na sinamahan ng naiibang kalagayan.
2. Sa Genesis 4:26 sinabi na "ang tao ay nagsimulang tumawag sa pangalang ng Panginoon" (YHWH). Gayunman, sa Exodo 6:3 nagpapahiwatig ng maagang tipanan tao (ang mga Patriarka at ang kanilang mga pamilya) ay kilala lamang ang Diyos bilang isang *El–Shaddai*. Ang pangalangYHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang beses sa Exodo 3:13-16, esp. v. 14. Gayunman, ang mga kasulatan ni Moses ay madalas nagbibigay kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng popular na paglalaro ng salita, hindi ang pinagmulan ng salita (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong ilang mga teorya patungkol sa kahulugan ng salitang ito (kinuha mula sa IDB, tomo 2, pp. 409-11).
   a. mula sa isang Arabikong salitang-ugat na, "maipakita ang maalab na pag-ibig"
   b. mula sa isang Arabikong salitang-ugat na "ihipan" (YHWH bilang Diyos ng unos)
   c. mula sa isang Ugartong (Cananeo) salitang-ugat na "magsalita"
   d. sumusunod sa isang Phoenikong tatak, isang KAUSATIBONG PANDIWARI ang kahulugan ay ang Nag-iisang nagpapanatili," o "ang Nag-iisang nagtatatag"
   e. mula sa Hebreong *Qal* na anyo na "ang Isang siya," o "ang Nag-iisang na pangkasalukuyan" (sa panghinaharap na kahulugan, "ang Nag-iisa na magiging")
   f. mula sa Hebreong *Hiphil* na anyo "ang Isang nagduduloy na maging"
   g. mula sa Hebreong ugat "ang mabuhay" (e.g., Genesis 3:20), na ang ibig sabihin ay "ang nananatiling buha magpakailanman, o "ang Nag-iisang buhay kailanman"

h. mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro sa DI-GANAP na anyo na ginamit sa GANAP na pakahulugan, "Ako ay mananatili sa kung ano Ako" o "Ako ay mananatili sa kung ano meron Ako sa simula pa lang" (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Old Testament*, p. 67). Ang buong pangalan naYHWH ay madalas na ipinapakita sa pagdadaglat o posible ay isang orihinal na anyo.
   (1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16; Awit 89:9; 104:35)
   (2) *Yahu* ("iah" ang pagwakas ng mga pangalan, e.g., Isaias)
   (3) *Yo* ("Jo" ang simula ng mga pangalan, e.g., Joshua o Joel)

3. Sa huling mga Judaismo ang tipanang pangalan na ito ay naging napakabanal (ang tetragrammaton) na ang Hudyo ay natatakot na sabihin sa kadahilanang sila ay makalalabag sa kautusan ng. 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa "may-ari," "pinuno," "asawa," "panginoon"—adon o adonai (aking panginoon). Kung lalapit sila kay YHWH sa kanilang pagbabasa ng OT na maga teksto sinasalita nila ang "panginoon." Ito ang dahilan kung bakit ang YHWH ay naisulat sa Panginoon sa Ingles na mga salin.
4. As with *El*, ang YHWH ay madalas na isanasama sa ibang mga salita upang magbigay-diin sa ilang mga katangian ng Diyos ng Tipan ng Israel. Habang mayroon namang maraming maaaring pagsasama ng mga salita, narito ang mga ilan.
   a. *YHWH - Yireh* (si YHWH ang maglalaan, BDB 217 & 906), Genesis 22:14
   b. *YHWH - Rophekha* (si YHWH ang iyong manggagamot, BDB 217 & 950, *Qal* PANDIWARI), Exodo 15:26
   c. *YHWH - Nissi* (si YHWH ay aking watawat, BDB 217 & 651), Exodo 17:15
   d. *YHWH - Meqaddishkem* (si YHWH ang Isang nagpapaging-banal sa iyo, BDB 217 & 872, *Piel* PANDIWARI), Exodo 31:13
   e. *YHWH - Shalom* (si YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Hukom 6:24
   f. *YHWH - Sabbaoth* (si YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; kadalasan sa mga propeta
   g. *YHWH - Ro'I* (si YHWH ang aking pastol, BDB 217 & 944, *Qal* PANDIWARI), Awit 23:1
   h. *YHWH - Sidqenu* (si YHWH ang aking katuwiran, BDB 217 & 841), Jeremias 23:6
   i. *YHWH - Shammah* (si YHWH ay nandito, BDB 217 & 1027), Ezekiel 48:35

▣
**NASB "Kung hindi. . . nagiwan sa atin ng isang binhi"**
**NKJV "maliban kung. . .nag-iwan satin ng isang binhi"**
**NRSV "walang itinirang nakaligtas"**
**TEV "walang itinira sa atin kahit ilang saling-lahi"**
**NJB "walang itinira sa atin kahit na kaunting nakaligtas"**

Ang Hebreong teksto ng Isaias 1:9 ay may "natira," ngunit ang Septuagint ay isinalin itong "binhi" (NKJV). Ang kahatulan ng Diyos sa Israel ay palaging napapalampas ng (1) mga nananampalatayang matira o (2) ang linya ng Mesias. Napapalampas ng Diyos ang kakaunti upang maabot ang nakakarami.

▣ **"Sodoma. . .Gomorra"** Ang talata 28 ay may kaugnayan sa kahatulan ng Diyos. Ang mga talatang ito na tiyakang nagbabanggit ng dalawang paganong lungsod ay winasak ng Diyos sa Genesis 19:24-26, ngunit sila ay naging isang kataga para sa kahatulan ng Diyos (cf. Deuteronomio 29:34; Isaias 13:19; Jeremias 20:16; 49:18; 50:40; Amos 4:11).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:30-33**

**30 Ano nga ang ating sasabihin? Na ang mga Hentil, na hindi nangagsisisunod sa katuwiran, ay**

**nagkamit ng katuwiran, sa makatuwid baga'y ng katuwiran sa pananampalataya: [31]Datapuwa't ang Israel sa pagsunod sa kautusan ng katuwiran, ay hindi umabot sa kautusang *iyan*. [32]Bakit? Sapagka't hindi *nila ginawang hinanap ito* sa pamamagitan ng pananampalataya, kundi *ito ay* ayon sa mga gawa. Sila'y nangatisod sa batong katitisuran; [33]Gaya ng nasusulat, NARITO, INILALAGAY KO SA SION ANG ISANG BATONG KATITISURAN, AT BATONG PANGBUWAL: AT ANG SUMASAMPALATAYA SA KANIYA'Y HINDI MAPAPAHIYA.**

**9:30-31** Ito ay isang nakakatuwang pangwakas ng pagpiling layunin ng Diyos. Ang mga talatang 30-33 ay isang buod ng kabanata 9 at isang panimula sa kabanata 10. Ang mga mananampalatayang Hentil ay ginawang matuwid sa Diyos, ngunit hindi lahat ng mga Hudyo (cf. v. 6)!

Ang Diyos ay umuugnay sa lahat sangkatauhan sa isang pangkasunduang pamamaraan. Ang Diyos palagiang nagpapasimula at nagtatakda ng mga kalagayan. Ang mga tao ay kailangang tumugon sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya, pagsunod, at pagtitiyaga. Ang lahat ng tao ay maliligtas

1. sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos (soberano)
2. sa pamamagitan ng kahabagan ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya sa natapos ng gawain ng Mesias
3. sa pamamagitan ng isang pagkilos ng pansariling pananampalataya?

Para sa "ipagpatuloy" tingnan ang tala sa 14:19.

**9:30 "katuwiran"** Para sa pangkap ng salitang ito tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:17. Ang PANGNGALAN ay ginamit ng tatlo beses sa v. 30 at minsan sa v. 31. Ang "katuwiran" ng pananampalataya ay pinag-iba sa may "katuwiran" ng kautusan. Muli ang pagkakaiba ay sa pagitan ng lumang kasunduan at ng bagong kasunduan. Ang mga suliranin sa lumang kasunduan ay magbubukas ng pinto sa ebanghelyo para sa buong mundo sa kabanata 11.

**9:32 "ayon sa mga gawa"** Ang Textus Receptus ay nagdagdag ng "ng kautusan." Ito ay isang pagdagdag sa pamamagitan ng isang nahuling tagasipi. Palagiang ginagamit ni Pablo ang pariralang ito na "mga gawa ng kautusan" (cf. 3:20,28; Galacia 2:16; 3:2,5,10). Gayunman, ang sinaunang Griyegong mga kasulatan $P^{46}$, א*, A, B, F, at G ay tinanggal ang salita sa talatang ito. Ang $UBS^4$ ay nagbibigay ng antas sa mag maikling teksto na "B" (halos tiyak).

The susi sa katuwiran ng Diyos hindi ang pagsusumikap ng tao ngunit ang katangian at kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng Kristo. Ang pagiging matuwid ay isang kakayahang hindi matutupad ng nalugmok sangkatauhan, ngunit ito ay malayang ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo (cf. 3:21-31). Gayunman, kailangan itong tanggapin (cf. v. 33; Juan 1:12; 3:16; Roma 4:1ff; 10:9-13; Efeso 2:8-9). Ang katotohanang ito ay hindi natagpuan ng mga matapat, maka-relihiyon, moral na Hudyo (at lahat ng mga makakautusan)!

Si George Eldon Ladd sa kanyang aklat na *A Ang teolohiya of the New Testament*, ay gumawa ng magandang puna:

> "Ang katuruan ni Pablo patungkol sa Kautusan ay kadalasang inaaral mula sa pananaw ng pangkasaysayang karanasan ng sinuman kay Pablo bilang isang Hudyong rabi, o ng isang pangkaraniwang unang-siglo Hudyo sa ilalim ng Kautusan. Gayunman, ang kaisipan ni Pablo ay hindi kailangang makita bilang alinman sa isang pagpapahayag ng kanyang espiritwal na talambuhay, nor bilang isang paglalarawan ng maka-kautusan katangian ng unang-siglong Farisaismo, ngunit bilang isang teolohikong pagbibigay kahulugan sa pamamagitan ng isang Kristiyanong nag-iisip ng dalawang paraan ng katuwiran: legalismo at pananampalataya" (p. 495).

**9:33** Ito ay kinuha mula sa Isaias 28:16 kasama ng 8:14.

“Narito, aking inilalagay sa Sion na pinakapatibayan ang isang bato,” 28:16a
“pinakabatong katitisuran at pinaka malaking batong pangbuwal,” 8:14b
“at ang naniniwala sa Kanya ay hindi mabibigo,” 28:16b

Sa pamamagitan ng pagsasama ng mga talata sa ganitong paraan (rabinikong pamamaraan) binago niya ang kahulugan ng Isaias 28:16 mula sa paayon patungo sa pasalungat. Inayos ni Pablo ang OT para sa kanyang sariling mga layunin.

1. Pinili niya ang salin (LXX, MT, o kanyang sariling)
2. Binago niya ang mga sangunian (mula sa pagkatapon patungo sa mga Hentil)
3. Pinagsama niya ang mga teksto
4. Binago niya ang mga titulo at MGA PANGHALIP, na inuukol si YHWH kay Hesus

▣ **“ang sumasampalataya sa kaniya'y hindi mapapahiya”** Ito ay mula sa Isaias 28:16b. Ito ay sinipi din sa Roma 10:11 at katulad sa Joel 2:32, na sinipi sa Roma 10:13. Ang susi sa kaligtasan ay kapwa (1) ang layunin (ang sandigang-bato) at (2) ang personal na pagtanggap ng bawat-isa (pananampalataya sa Kanya). Tingnan ang Natatangging Paksa: Manampalataya sa 4:5.

▣ **“ISANG BATO”** Sa orihinal, ito ay isang titulo para sa Diyos (cf. Awit 18:1-2,31,46; Deuteronomio 32:18; I Samuel 2:2; Awit 28:1; 31:3; 42:9; 71:3; 78:35), ngunit ito ay dumating bilang isang titulo ng Mesias (cf. Genesis 49:24; Awit 118:22; Isaias 8:14; 28:16; Daniel 2:34-35, 44-45; Mateo 21:42-44). Ang susing sangkap ng pangkasunduang pangako ng Diyos (ang Mesias) hindi naunawaan at itinanggi (cf. I Corinto 1:23). Hindi naunawaan ng mga Hudyo, hindi lang ang layunin ng Mesias, ngunit ang panimulang mga kinakailangan ng kasunduan ng Diyos. Dumating si Kristo para sa mga Hudyo na sanhi ng katitisuran (cf. Isaias 8:14; Lucas 2:34), ngunit para sa mga mananampalataya, kapwa Hudyo at Hentil, Siya ay naging sandigang bato (cf. Isaias 28:16; I Pedro 2:6- 10).

**NATATANGING PAKSA: SANDIGANG BATO**

I. Mga Pagkakagamit sa OT
   A. Ang konsepto ng isang bato bilang isang matigas at matibay na bagay na nakagagawa ng isang mabuting saligan (pundasyon) ay ginamit upang ilarawan si YHWH (cf. Awit 18:2).
   B. Ito ay yumabong sa isang titulo ng Mesias (cf. Genesis 49:24; Awit 118:22; Isaias 28:16).
   C. Ito ay dumating upang katawanin ang isang kahatulan mula kay YHWH sa pamamagitan ng Mesias (cf. Isaias 8:14; Daniel 2:34-35,44-45).
   D. Ito ay yumabong sa isang talinghagang panggusali.
      1. Isang saligang bato, ang unang inilalagay, na siyang nagtitiyak at nagtatakda ng mga panulukan para sa natitiran bahagi ng gusali, ay tinatawag na “ang sandigang bago”
      2. ito ay maaaring tumutukoy sa panghuling bato na ilalagay, na humahawak sa pader na magkakasama, (cf. Zacarias 4:7; Efeso 2:20,21), ay tinatawag na “ang mataas na bato,” mula sa Hebreong *rush* (i.e., ulo)
      3. ito ay maaaring tumutukoy sa “susing bato,” na nasa gitna ng arko ng dadaanan ng pinto at humahawak sa bigat ng buong pader
II. NT Mga Pagkagamit
   A. Sinipi ni Hesus ang Awit 118 nang araming beses na tumutukoy sa Kanyang sarili (cf. Mateo 21:41-46; Marcos 12:10-11; Lucas 20:17)
   B. Ginami ni Pablo ang Awit 118 sa kaugnayan nito sa pagtanggi ni YHWH sa kawalang pananampalatay, mapanghimagsik na Israel (cf. Roma 9:33)
   C. Ginagamit ni Pablo ang konseptong sa isang “sandigang-bato” sa Efeso 2:20-22 na tumutukoy kay Kristo

D. Ginagamit ni Pedro ang konseptong ito kay Hesus sa I Pedro 2:1-10. Si Hesus ay ang sandigang-bato at ang mga mananampalataya ay mga buhay na bato (i.e., mga mananampalataya bilang mga templo, cf. I Corinto 6:19), na natatag sa Kaniya (i.e., Si Hesus ay ang bagong Templo, cf. Marcos 14:58; Mateo 12:6; Juan 2:19-20). Ang mga Hudyo ay tinanggihan ang tunay na sandigan ng kanilang pag-asa noong tinanggihan nila si Hesus bilang Mesias.

III. Mga Teolohikong Pamamahayag

A. Pinahintulutan ni David/Solomon na itayo ang templo. Sinabi Niya sa kanila na kapag iningatan nila ang kasunduan, sila ay Kaniyang pagpapalain at makakasama nila (cf. II Samuel 7), ngunit ngunit kung hindi nila gagawin, ang templo ay mawawasak (cf. I Hari 9:1-9)!

B. Ang Rabinikong Judaismo ay tumutuon sa anyo at ritwal at pinapabayaan ang personal na aspeto ng pananampalataya (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38). Naghahanaw ang Diyos ng isang pang-araw-araw, personal, maka-Diyos pakikipag-ugnayan sa mga nilikha sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27). Ang Lucas 20:17-18 ay naglalaman ng mga nakakatakot na mga salita ng kahatulan, tulad ng sa Mateo 5:20, papuntang Judaismo.

C. Ginamit ni Hesus ang konsepto ng isang templo na kumakatawan sa Kanyang pisikal na katawan (cf. Juan 2:19-22). Ito ay pinapatuloy at pinapalaki ang konsepto ng personal na pananampalataya kay Hesus bilang ang Mesias ay susi sa isang pakikipag-ugnayan kay YHWH (i.e., Juan 14:6; I Juan 5:10-12).

D. Ang kaligtasan ay nangangahulugan na ipanumbalik ang nasirang larawan ng Diyos sa sangkatauhan (Genesis 1:26-27 at kabanata 3) upang ang pagkikipag-ugnayan sa Diyos ay maaari. Ang layunin ng Kristiyanismo ay pagiging katulad ni Kristo ngayon. Ang mga mananampalataya ay kailangang maging mga buhay na bato (i.e., mga maliliit na templo na itinayo/itinulad kay Kristo).

E. Si Hesus ay ang sandigan ng ating pananampalataya at ang sandigang-bato ng ating pananampalataya (i.e., ang Alpha at Omega). Ngunit gayundin ang bato ng pagkatisod at bato ng pag pagdurusa. Ang Siya ay hindi matagpuan ay hindi ay hindi matagpuan ang lahat ng bagay. Walang maaaring panggitnang saligan dito!

**MGA TALAKAYANG TANONG**

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paanong ang kabanata 9 (pagtatalaga) ay may kaugnayan sa kabanata 10 (ang malayang pagpili ng sangkatauhan)?
2. Ano ang pangunahing paksa ng kabanata 9:1-29?
3. Hindi ba tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako sa Israel?
4. Itala ang mga natatanging karapatan na tinatamasa ng pambansang Israel (9:4-5).
5. Ang lahat ba ng mga Hudyo ay matuwid sa Diyos? Bakit o Bakit hindi (9:6)?

6. Kung ang tao ay pinilit na gawin ang kalooban ng Diyos, siya pa rin ba ya may pananagutan?
7. Papaanong ang “kahabagan” ang susi sa pagtatalaga (cf.  15, 16, 18, 23; 11:30-32)?

# MGA TAGA-ROMA 10

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **UBS[4]** | **NKJV** | **NRSV** | **TEV** | **NJB** |
| Ang Israel at ang Ebanghelyo | Kailangan ng Israel ang Ebanghelyo | Ang Tunay na Katuwiran ay sa pamamagitan ng Pananampalataya | Ang Israel at ang Ebanghelyo | Nabigong Makita ng Israel na Ginawa Tayo ng Diyos na Banal |
| 9:30-10:4 | | 9:30-10:4 | 9:30-10:4 | |
| | 10:1-13 | | | 10:1-4 |
| Ang Kaligtasan ay para sa Lahat | | | Ang Kaligtasan ay para sa Lahat | Ang Patotoo ni Moises |
| 10:5-13 | | 10:5-13 | 10:5-13 | 10:5-13 |
| | Tinanggihan ng Israel ang Ebanghelyo | May Pananagutan ang Israel para sa Kanyang Kabiguan | | Walang Maidadahilan ang Israel |
| 10:14-21 | 10:14-21 | 10:14-17 | 10:14-17 | 10:14-15 |
| | | | | 10:16-17 |
| | | 10:18-21 | 10:18-21 | 10:18-21 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

### MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)

A. Ang kabanata 10 ay tumutuon sa pagkakataon ng Israel na tumugon sa mapagbiyayaang paghahandog ni YHWH ng kaligtasan kay Kristo. Ang kabanata 9 ay tumatalakay sa pagpili ng Diyos sa mga Hudyo para sa layunin ng pagpili ng mundo (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6) ngunit ang mga Hudyo ay tumanggi na yakaping ang Kanyang pagpili (i.e., pangkasunduang

pagsunod, cf. Deuteronomio 27-29).

B. Si Pablo ay nagpapatuloy na gumamit ng OT upang gumawa ng kanyang panindigan para sa ebanghelyo (tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstwal, E ng kabanata 9). Ito ay mga katangian ng mga pang-apostol na mga pangangaral ng mga Gawa, na nakilala bilang ang *kerygma* (i.e., na ipapangaral). Tingnan ang Natatangging Paksa: ang *Kerygma* sa1:2.

C. Ang mga pinakamahalagang katotohanan ng 9:30-10:4 ay
   1. Ang mga Hentil ay may taglay ng katuwiran ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo
   2. Ang mga Hudyo ay walang taglay ng katuwiran ng Diyos dahil sa kanilang kakulangan ng pananampalataya kay Kristo
   3. Ang Kautusan ay hindi makakapagbigay ng katuwiran. Ito ay isang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo at hindi maaaring makamtan sa pamamagitan ng pagsusumikap ng tao (cf. 3:21-31)

D. Sina Bruce Corley at Curtis Vaughan sa *A Study Guide Commentary, Rome*, na inilathala ng Zondervan, pp. 115-116, ay may isang pantulong na balangkas sa mga kasalanan ng mga Hudyo
   1. Pangrelihiyong kayabangan, 10:2a
   2. espiritwal na pagkabulag, 10:2b, 3a
   3. pagkamakasarili, 10:3b
   4. walang pagsukong katigasan, 10:4a

   Gusto ko rin ang kanilang mga pangwakas na puna sa katapusan ng kabanata 9 patungkol sa kabanata 10, "Ang pagpili (eleksyon) ay nagaganap sa pangangaral ng krus (cf. I Tesalonica 1:4-10), na nagpapaliwanag kung papaano ang klasikong pagtatanggol pagiging soberano ng Diyos (9:6-29) ay maaaring sinusundan ng pinakadakilang talatang pang-misyon sa mga sulat ni Pablo (10:1-21). Ang pinakamataas na kautusan (mandato) na ipangaral ang ebanghelyo ay ang kaalaman na, sa paggawa nito, ang Diyos ay matapat sa pagdadala ng Kanyang mapagpiling layunin kay Kristo" (p. 114).

E. Tulad ng kabanata 9, ang kabanata 10 ay may napakaraming mga sipi sa OT.
   1. v. 5 – Levitico 18:5
   2. v. 6 – Deuteronomio 30:12 na may panimulang pagkabanggit sa Deuteronomio 9:4
   3. v. 7 – Deuteronomio 30:13 na may isang pagkabanggit sa Awit 107:26
   4. v. 8 – Deuteronomio 30:14
   5. v. 11 – Isaias 28:16
   6. v. 13 – Joel 2:32
   7. v. 15 – Isaias 52:7 o Nahum 1:15
   8. v. 16 – Isaias 53:1
   9. v. 18 – Awit 19:4
   10. v. 19 – Deuteronomio 32:21
   11. v. 20 – Isaias 65:1
   12. v. 21 – Isaias 65:2

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 10:1-4**

**[1]Mga kapatid, ang nais ng aking puso at ang aking panalangin sa Diyos ay patungkol sa kanila,**

**upang *sila'y* mangaligtas. [2]Sapagka't sila'y pinatotohanan ko na may mga pagmamalasakit sa Diyos, datapuwa't hindi ayon sa pagkakilala. [3]Sapagka't sa hindi nila pagkaalam ng katuwiran ng Diyos, at sa pagsusumakit na maitayo ang sariling kanila, ay hindi sila napasakop sa katuwiran ng Diyos. [4]Sapagka't si Kristo ang kinauuwian ng kautusan sa ikatutuwid ng bawa't sumasampalataya.**

**10:1 "Mga kapatid"** Ang salitang ito ay kadalasang ginamit ni Pablo upang ipakilala ang isang bagong paksa (cf. 1:13; 7:1,4; 8:12).

▣ **"ang nais ng aking puso at ang aking panalangin sa Diyos ay patungkol sa kanila, upang *sila'y* mangaligtas"** Naniniwala si Pablo na ang mga Hudyo ay maaaring maligtas at nag kanyang panalangin para sa kanila ay gumawa ng isang pagkakaiba. Ito ay isang nakakagulat na kasalungatan sa pagtatalaga noong una (predistinasyon! Tingnan ang Natatangging Paksa: Namamagitang Panalangin sa 9:3.

May isang pagkakaiba sa Griyegong kasulatan sa "patungkol sa kanila." Ang Textus Receptus ay inihalili ang "para sa Israel." Gayunman, ang katibayan ng kasulatan ay pumapanig sa "patungkol sa kanila" (MSS P[46], א[*], B, C, D[*], F, G). Ang UBS[4] ay binibigyan ito ng "A" na antas (tiyak).

**10:2 "sila'y may mga pagmamalasakit sa Diyos"** Ang pagkamatapat at kasigasigan ay hindi sapat (cf. vv. 3-4). Nalalaman ito ni Pablo nang mahusay (cf. Gawa 9:1; Galacia 1:14; Filipos 3:6)!

**10:2-3 "datapuwa't hindi ayon sa pagkakilala. Sapagka't sa hindi nila pagkaalam ng katuwiran ng Diyos"** Ang salitang "pagkaalam" (v. 2, *epiginōskō*) ay maaaring gumanap sa dalawang kaparaanan.

1. Ang mga Hudyo ay hindi nauunawaan ang isang walang bayad ebanghelyo (Griyegong pagkaunawa ng "pagkaalam")
2. Ang mga Hudyo ay walang pananampalatayang pakikipag-ugnayan saDiyos (Hebreong pagkaunawa ng "pagkaalam," cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5)

Ang mga Hudyo ay hindi mangmang sa pangangailangan sa isang pagtugon sa Diyos (vv. 16,18,19), ngunit kanilang pinalitan ang pagsusumikap ng tao para sa pananampalataya, na humahantong sa kayabangan, pagkamataas, at pagiging tangi (v. 3a)!

**NATATANGING PAKSA: MAKILALA (kadalasang paggamit ng Deuteronomio bilang isang huwaran)**

Ang Hebreong salitang "makilala" (BDB 393) ay may maraming pagkakaunawa (semantic fields) sa *Qal*.

1. upang malaman ang mabuti o masama – Genesis 3:22; Deuteronomio 1:39; Isaias 7:14-15; Jonas 4:11
2. upang makakilala sa pamamagitan ng pagkaunawa – Deuteronomio 9:2,3,6; 18:21
3. to know sa pamamagitan ng karanasan – Deuteronomio 3:19; 4:35; 8:2,3,5; 11:2; 20:20; 31:13; Joshua 23:14
4. upang isaalang-alang – Deuteronomio 4:39; 11:2; 29:16
5. upang makilala ng personal
    a. isang persona – Genesis 29:5; Exodo 1:8; Deuteronomio 22:2; 33:9
    b. isang diyos – Deuteronomio 11:28; 13:2,6,13; 28:64; 29:26; 32:17
    c. YHWH – Deuteronomio 4:35,39; 7:9; 29:6; Isaias 1:3; 56:10-11
    d. Pagtatalik – Genesis 4:1,17,25; 24:16; 38:26
6. isang natutunang kasanayan o kaalaman – Isaias 29:11,12; Amos 5:16
7. maging marunong – Deuteronomio 29:4; Kawikaan 1:2; 4:1; Isaias 29:24
8. Karunungan ng Diyos
    a. ni Moises – Deuteronomio 34:10

b. ng Israel – Deuteronomio 31:21,27,29

**10:3 "katuwiran ng Diyos"** Sa konteksto ng mga pariralang ito sa kabanata 9-11 ay tumutukoy sa pagtuturing ng tamang katatayuan ng (Roma 4) sa Kanyang sarili na tanging batay sa

1. Kanyang kahabagan
2. Sa natapos na gawain ni Kristo
3. Ang pag-uudyok ng Espiritu
4. Ang pagsisisi ng makasalanang sangkatauhan, pananampalatayang pagtugon at nagpapatuloy na pagsunod at pagtitiyaga

Ang isa ay tiyak na nauunawaan kung papaano nagkaroon ng maling pagkakaunawa ang mga Hudyo sa katuwiran ng Diyos. Ang OT ay nagbibigay-diin sa pagsunod sa Kautusan (cf. Deuteronomio 4:28-6:3,17,24-25). Kung ano ang kanilang nabigong kilalanin ay ang kinakailangang pagtimbang ng pananampalataya at pagsisisi (cf. Deuteronomio 5:29-30; 6:5). Ang Deuteronomio ay maliwanag na binibigyang-diin na ang Diyos ay kumilos para sa Israel hindi dahil sa kanilang katuwiran, ngunit dahil sa Kanyang katangian (cf. 9:6,7,13,24,27; 10:12-22; Ezekiel 36:22-38). Kahit na ang mga Cananeo ay hindi nawalan ng lupain dahil sa katuwiran ng Israel, ngunit dahil sa kanilang kasalanan (cf. 9:4-6; Genesis 15:16). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17.

▣ **"hindi sila napasakop sa katuwiran ng Diyos"** Ang PANDIWA ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, ngunit ito ay isinalin bilang isang PANGGITNANG TINIG (cf. TEV). Ang ginagawa ng PANGGITNANG TINIG ay kinuha ng BALINTIYAK NA TINIG saKoine Griyego. Ang konteksto ay ang magpapasiyang salik.

Sa literal, ito ay nangangahulugang "magpasakop" na isang panghukbong salita para sa isang pagsasalin ng kautusan. Sinubukan ng mga Hudyo na makamtam ang katuwiran ng Diyos, ngunit ito ay isang kaloob (cf. 3:24; 5:15; 6:23; Efeso 2:8-9). Nakita nang maliwanag ni Pablo ang katotohanang ito sa daan sa Damasco.

**NATATANGING PAKSA: PAGPAPASAKOP *(HUPOTASSŌ)***

Ang Septuagint ay gumagamit ng salitang ito ay upang isalin ang sampung magkakaibang Hebreong mga salita. Ang panimulang kahulugan nito sa OT ay "mag-utos" o "ang karapatan sa pag-uutos." Ito ay kinuha sa Septuagint (LXX).

1. Ang Diyos ay nag-uutos (cf. Levitico 10:1; Jonas 2:1; 4:6-8)
2. Si Moises ay nag-uutos (cf. Exodo 36:6; Deuteronomio 27:1)
3. Ang mga hari ay nag-uutos (cf. II Cronika 31:13)

Sa NT, ang kaunawaang ito ay nagpapatuloy sa Gawa 10:48, kung saan ang Apostol ang nag-uutos. Gayunman, ang bagong kahulugan ay yumabong sa NT.

1. Ang isang pagkusang aspeto ay pinaunlad (kadalasang PANGGITNANG TINIG)
2. Ang pagkilos ng sariling pagtatakda ay maaaring makita sa pagpapasakop ni Hesus sa Ama (cf. Lucas 2:51)
3. Ang mga mananampalataya ay nagpapasakop sa mga aspeto ng kultura upang ang ebanghelyo ay hindi magkaroon ng masamang epekto
    a. Ibang mga mananampalataya (cf. Efeso 5:21)
    b. Mga nananampalatayang asawang babae (cf. Colosas 3:18; Efeso 5:22-24; Tito 2:5; I Pedro 3:1)
    c. Ang mga mananampalataya sa paganong pamahalaan (cf. Roma 13:1-7; I Pedro 2:13)

Ang mga mananampalataya ay kumikilos sa layunin ng pag-ibig, para sa Diyos, para kay Kristo, para sa Kaharian, para sa kabutihan ng iba.

Tulad ng *agapaō* (pag-ibig) ang iglesiya ay pinuno ang salitang ito ng bagong kahulugan sang-ayon

sa pangangailangan ng Kaharian at ang mga panganganilangan ng iba. Ang salitang ito ay kumukuha ng isang bagong karangalan ng walang pag-iimbot, hindi sang-ayon sa isang utos, ngunit sa isang bagong pakikipag-ugnayan sa isang Diyos na ibinigay ang Sarili at Kanyang Mesias. Ang mga mananampalataya ay sumusunod at nagpapasakop para sa kabutihan ng lahat at ang pagpapala sa pamilya ng Diyos.

**10:4**
**NASB, NKJV,**
**NRSV** **"Sapagka't si Kristo ang kinauuwian ng kautusan"**
**TEV** **"sapagkat is Kristo ang nagdala sa kautusan sa isang katapusan"**
**NJB** **"ngunit ngayon ang kautusan ay dumating sa pagtatapos kay Kristo"**

Ang kapahayagang ito ay kaugnay sa Mateo 5:17-48. Ang tunguhin, layunin o katapusan (*telos*) ng Kautusan ay hindi kaligtasan, ngunit pananalig, at ang layunin ay nagpapatuloy (cf. Galacia 3:24-25). Ang mga teksto sa klasikong NT sa paksang ito ay Galacia 3:1-29 at ang aklat ng Hebreo.

Sa pagtalakay ng isyung ito, konteksto ay napakahalaga. Gumagamit si Pablo ng OT sa maraming magkakaibang mga paraan. Ang pagtalakay ng Kristiyanong buhay, ang OT ay ang kapahayagan ng Diyos (cf. Roma 15:4; I Corinto 10:6,11), ngunit tinatalakay ang kaligtasan ito ay walang bisa at lumipas na (cf. Hebreo 8:13). Ito ay dahil sa ito ay isang talinghaga para sa lumang panahon. Ang ebanghelyo ng pananampalataya kay Hesus ay ang bagong panahon ng Espiritu. Ang panaho ng Kautusan ay tapos na! Tingnan ang Natatangging Paksa: Mga Pananaw ni Pablo sa Kautusan ni Moises sa 13:9.

▣
**NASB, NKJV** **"sa ikatutuwid ng bawa't sumasampalataya"**
**NRSV** **"upang mayroong katuwiran sa bawat-isa na nananampalataya"**
**TEV** **"upang ang bawat-isa na nananampalatay ay ilagay na matuwid sa Diyos"**
**NJB** **"upang ang lahat na may pananampalataya ay aariing-ganap"**

Ang mga kabanata 9-11 ay kailangang maipaliwanag nang magkasama. Ang pagbibigay-diin ay sa kapangyarihan ng Diyos (pagiging soberano) na inihayag nang lubhang malakas sa kabanata 9 ay kailangang mapanghawakan sa pag-igting (tensyon) na may panawagan para sa lahat na nananampalataya sa kabanata 10 (cf. vv. 4,9,11,13; 3:22; 4:11,16).

Ang pagiging panlahat ng pag-ibig ng Diyos at pangkatubusang layunin ay ipinahayag sa Genesis 3:15 at mariing ipinahiwatig sa Genesis 12:3 at Exodo 19:5-6. Ang mga propeta ay kadalasang nagsasalita ng pankalahatang pag-ibig at plano ng Diyos na pag-isahin ang lahat sangkatauhan. Ang katotohanan na mayroong isang Diyos at Kanyang nilalang ang lahat ng mga tao sa Kanyang larawan ay nagkakaloob ng isang pangkalahatang paanyaya sa lahat upang maligtas. Gayunman, ang hiwaga ay walang sinuman ang maaaring tumugon maliban sa pagiging kinatawan ng Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ngayon, ang tanong ay nagigin, "Inilalapit ba ng Diyos ang lahat ng mga tao sa kaligtasan?" Ang kasagutan ay dapat na, "Oo!" (cf. Juan 3:16; 4:42; I Juan 2:2; 4:14; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Ang kalagim-lagim na kabalintunaan ng kasalanan, ang pagbagsak, at si Satanas ay sinasabi ng ilan na "Hindi." Nang nangaral si Pablo, ang ilang mga Hudyo ay tumugod, ang ilan ay hindi; ang ilang mga Hentil ay tumugon, ay ilan ay hindi!

Ang salitang "nananampalataya" (*pisteuō*) ay isinalin sa tatlong Ingles na mga salita, "mananampalataya," "pananampalataya," at "pagtitiwala." Ito ay PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN, na nagsasaad ng nagpapatuloy na pananampalataya. Ito ay hindi ang pagtanggap ng mga katotohanan (teolohiya, pangkasaysayang mga detalye, kabatiran ng ebanghelyo) na tumatanggap ng kaloob ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng Kristo. Ang NT ay isang kasunduan; ang Diyos ang nagtatakda ng adyenda at nagpapasimula ng kinakailangang pagtugon, ngunit ang isa ay kailangang tumugon sa panimulang pananampalataya at pagsisisi at nagpapatuloy na pananampalataya at pagsisisi. Pagsunod at pagpapagal

ay napakahalaga. Ang pagiging katulad ni Kristo at ministeryo ay ang layunin!

**NATATANGING PAKSA: MGA PANAHUNAN NG GRIYEGONG PANDIWA NA GINAMIT SA KALIGTASAN**

Ang kaligtasan ay hindi isang bunga, ngunit isang pakikipag-ugnayan. Ito ay hindi natapos kapag ang isang tao ay nagtiwala kay Kristo; ito ay nagsimula pa lamang! Ito ay hindi isang patakarang paneguro sa apoy, o isang tiket patungo sa langit, ngunit isang buhay na lumalago sa pagiging katulad kay Kristo. Mayroon tayong kasabihan sa Amerika na nagsasabi na habang tumatagal ang mag-asawang nabubuhay ng magkasama, mas lalo silang nagiging magkamukha. Ito ang layunin ng Kaligtasan!

**KALIGTASAN BILANG ISANG NATAPOS NA PAGKILOS (AORIST)**
- Gawa 15:11
- Roma 8:24
- II Timoteo 1:9
- Tito 3:5
- Roma 13:11 (isinasama sa AORIST NA na may isang PANGHINAHARAP na pag-aangkop)

**KALIGTASAN BILANG ISANG KALAGAYAN NG PAG-IRAL (GANAP)**
- Efeso 2:5,8

**KALIGTASAN BILANG ISANG NAGPAPATULOY NA PROSESO (PANGKASALUKUYAN)**
- I Corinto 1:18; 15:2
- II Corinto 2:15
- I Pedro 3:21

**KALIGTASAN BILANG ISANG PANGHINAHARAP KALUBUSAN (PANGHINAHARAP sa PANDIWANG PANAHUNAN o konteksto)**
- Roma 5:9,10; 10:9,13
- I Corinto 3:15; 5:5
- Filipos 1:28;
- I Tesalonica 5:8-9
- Hebreo 1:14; 9:28
- I Pedro 1:5,9

Samakatuwid, ang kaligtasan ay nagsisimula sa panimulang pananampalatayang kapasyahan (cf. Juan 1:12; 3:16; Roma 10:9-13), ngunit kailangan itong magbunga sa isang pamamaraan ng pamumuhay na pananampalataya (cf. Roma 8:29; Galacia 3:19; Efeso 1:4; 2:10), na balang-araw ay magiging lubos sa paningin (cf. I Juan 3:2). Ang huling kalalagayang ito ay tinatawag na pagkaluwalhati. Ito ay maaaring ilarawan bilang

1. panimulang kaligtasan—pag-aaring-ganap (naligtas mula sa kabayaran ng kasalanan)
2. nagpapatuloy na kaligtasan—pagpapaging-banal (naligtas mula sa sa kapangyarihan ng kasalanan)
3. katapusang kaligtasan—pagkaluwalhati (naligtas mula sa presensiya ng kasalanan)

**TALATA SA NASB (BINAGO): 10:5-13**

**5Sapagka't isinulat ni Moises na ang tao na gumagawa ng katuwirang ayon sa kautusan ay mabubuhay dahil dito. 6Datapuwa't sinasabi ng katuwiran ayon sa pananampalataya ang ganito, HUWAG MONG SABIHIN SA IYONG PUSO, SINO ANG AAKYAT SA LANGIT? (sa makatuwid baga'y upang ibaba si Kristo:) 7O, SINO ANG MANANAOG SA KALALIMLALIMAN? (sa makatuwid baga'y upang iakyat si Kristo mula sa mga patay.) 8Datapuwa't ano ang sinasabi nito? ANG SALITA AY MALAPIT SA IYO, SA IYONG BIBIG, AT SA IYONG PUSO: sa makatuwid baga'y ang salita ng pananampalataya na aming ipinangangaral: 9Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Hesus *bilang* Panginoon, at**

**sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Diyos sa mga patay ay maliligtas ka: [10]Sapagka't ang tao'y nanampalataya ng puso sa ikatutuwid; at ginagawa sa pamamagitan ng bibig ang pagpapahayag sa ikaliligtas. [11]Sapagka't sinasabi ng Banal na Kasulatan, ANG LAHAT NA SA KANIYA'Y NAGSISISAMPALATAYA AY HINDI MAPAPAHIYA. [12]Sapagka't walang pagkakaiba ang Hudyo at ang Griyego: sapagka't ang *Panginoon* din ay siyang Panginoon ng lahat, at managana sa yaman sa lahat ng sa kaniya'y nagsisitawag: [13]Sapagka't, ANG LAHAT NA NAGSISITAWAG SA PANGALAN NG PANGINOON AY MANGALILIGTAS.**

**10:5** Ang talatang ito ay isang pagkabanggit sa Levitico 18:5. Ang pangako nito ay may katiyakan. Kung ang isa ay maiingatan ang Kautusan, siya ay magiging katanggap-tanggap sa Diyos (cf. Lucas 10:28; Galacia 3:12). Ang suliranin ay ang sa Roma 3:9,10-18,19,23; 5:18; 11:32 na nagpapahayag ng katotohanan. Ang lahat ay nagkasala. Ang kaluluwa na nagkakasala ay mamamatay (cf. Genesis 2:17; Deuteronomio 30:18; Ezekiel 18:4,20). Ang lumang pangkasunduang landas ay sarado. Ito ay naging isang hatol ng kamatayan, isang sumpa (cf. 7:10; Galacia 3:13; Colosas 2:14).

**10:6-8** Ito ay isang pagkabanggit sa Deuteronomio 30:11-14 sa Septuagint (LXX), na binago ni Pablo para sa kanyang mga layunin. Ang tekstong ito sa orihinal ay isinawika ni Moises ay tumutukoy sa Kautusan (lalo na ang pagtugon sa konteksto sa pag-ibig at isang tinuling puso, cf. Deuteronomio 30:6,16,20), ngunit dito, ito ay tumutukoy sa pagkakatawang-tao, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Hesus (cf. v. 9; Efeso 4:9-10). Ang punto ni Pablo ay ang kaligtasan ay nakahandang makakamtan kay Hesus, ang Mesias, sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. Deuteronomio 30:15-20). Ito ay madali; ito ay inilaan; ito ay para sa lahat, na lubang kakaiba mula sa titik ng kautusan ni Moises.

**10:6 "Datapuwa't sinasabi ng katuwiran ayon sa pananampalataya"** Sa nakalipas, si Pablo ay binibigyan-buhay ang "kasalanan," "biyaya," at "Banal na Kasulatan," ngayon kanyang binibigyang-buhay ang "katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya." Ito ay sinasabi sa mga sipi sa OT sa vv. 6,7, at 8.

▣ **"PUSO"** Ang puso kumakatawan para sa pagninilay ng sarili. Tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:24.

▣ **"AAKYAT. . . MANANAOG"** Ang sangkatauhan ay hindi kailangang hanapin ang Kristo; ipinadala Siya ng Diyos sa madla para sa lahat. Ang paghahanap ng tao ay hindi kinakailangan.

**10:8 "ANG SALITA AY MALAPIT SA IYO"** Ito ay isang sipi mula sa Deuteronomio 30:14. Sa Deuteronomio 30:11 ay ang pagbibigay-diin na ang kalooban ni YHWH para sa Kanyang bayan, ang Israel, ay maaaring makamit (i.e., vv. 12-13). Ginagamit ni Pablo ang talata (vv. 11-14) upang bigyang-diin ang kagyat na pagkasumpong sa ebanghelyo!

**10:9 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI na nangangahulugan ng maaaring pagkilos sa hinaharap. Ang talata 9 ay ang nilallaman (*hoti*) ng mensahe ng pananampalataya.

▣ **"ipahahayag"** Ang tambalang salitang ito, *homologeō*, sa literal ay "sabihin" at "katulad," at nangangahulugang "pang-madlang pagsang-ayon" (magsalita nang malakas upang ang iba ay maaaring marinig). Ang isang pangmadlang pagpapahayag ng pananampalataya kay Kristo ay napakahalaga (cf. Mateo 10:32; Lucas 12:8; Juan 9:22; 12:42; I Timoteo 6:12; I Juan 2:23; 4:15). Ang pangmadlang pagpapahayag sa unang iglesiya ay ang bautismo. Ang kandidato ay maaaring magpahayag ng pananampalataya kay Kristo sa isang pormula na "Nananampalataya ako na si Hesus ay Panginoon." Tingnan ang Natatangging Paksa na sumusunod.

**NATATANGING PAKSA: PAGPAPAHAYAG NG KASALANAN**

A. Mayroong dalawang anyo ang katulad na Griyegong salitang-ugat na ginamit pagpapahayag ng kasalanan o pagpapahayag ng pananampalataya, *homolegeō* at *exomologe*. Ang tambalang salita ay mula sa *homo,* katulad; *legō*, magsalita; at *ex*, mula sa. Ang panimulang kahulugan ay sabihin ang katulad na bagay, sumang-ayon. Ang *ex* na ay nagdadagdag sa ideya ng pangmadlang pamamahayag.

B. Ang Ingles na mga salin ng pangkat ng salitang ito ay
   1. magpuri
   2. sumang-ayon
   3. magpahayag (cf. Mateo 7:23)
   4. pagtatapat
   5. paghingi ng kapatawaran

C. Ang pangkat ng salitang ito ay may dalawang tila magkaibang pagkakagamit
   1. magpuri (Diyos)
   2. aminin ang kasalanan

   Ito ay nahubog marahil mula sa pakiramdam ng sangkatauhan sa kabanalang ng Diyos at ang pagiging makasalanan ng tao. Ang pag-amin ng isang katotohanan ay ang pag-amin ng pareho.

D. Ang mga pagkagamit sa NT ng pangkat ng salita ay
   1. mangako (cf. Mateo 14:7; Gawa 7:17)
   2. pagsang-ayon o pagpayag sa isang bagay (cf. Juan 1:20; Lucas 22:6; Gawa 24:14; Hebreo 11:13)
   3. magpuri (cf. Mateo 11:25; Lucas 10:21; Roma 14:11; 15:9)
   4. pagsang-ayon sa
      a. isang persona (cf. Mateo 10:32; Lucas 12:8; Juan 9:22; 12:42; Roma 10:9; Filipos 2:11; I Juan 2:23; Pahayag 3:5)
      b. isang katotohanan (cf. Gawa 23:8; II Corinto 11:13; I Juan 4:2)
   5. gumawa ng isang pangmadlang pamamahayag ng (legal na pakahulugan na nahubog putungo sa relihiyong paninindigan, cf. Gawa 24:14; I Timoteo 6:13)
      a. walang pag-amin ng kasalanan (cf. I Timoteo 6:12; Hebreo 10:23)
      b. may pag-amin ng kasalanan (cf. Mateo 3:6; Gawa 19:18; Hebreo 4:14; Santiago 5:16; I Juan 1:9)

▣

**NASB** **"Hesus *bilang* Panginoon"**
**NKJV** **"ang Panginoon Hesus"**
**NRSV, TEV,**
**NJB** **"Hesus ay Panginoon"**

Ito ay ang teolohikong nilalaman ng pagpapahayag ng pananampalataya at liturhiya sa bautismo ng mga unang iglesiya. Ang paggamit ng "Panginoon" pagpapatibay ng pagka-Diyos ni Hesus (cf. Joel 2:32; Gawa 2:32-33,36; 10:36; I Corinto 12:3; II Corinto 4:5; Filipos 2:11; Colosas 2:6), habang ang ibinigay na pangalang "Hesus" ay nagpapatibay ng Kanyang pangkasaysayang pagkatao (cf. I Juan 4:1-3). Ang pagpapatibay ay gumaganap din bilang isang panawagan sa pagsunod /pagiging katulad ni Kristo.

Ang paggamit ng "Panginoon" may kaugnayan sa rabinikong pagpapalit ng YHWH na may *Adon* habang bumabasa ng Banal na Kasulatan. Tingnan ang Natatangging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos sa 9:29. Ito ay pinatunayan ng sipi mula sa Joel 2:32 na nasa v. 13.

Si Hesus ay pinagkalooban ng maraming makapangyarihang titulo.

1. Si Hesus ay ang Mesias/Kristo – Gawa 5:42; 9:22; 17:3; 18:5,28; I Corinto 1:23
2. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos – Mateo 4:3,6; Gawa 9:20; 13:33; Roma 1:4
3. Si Hesus ay Panginoon – tingnan sa itaas

**NATATANGING PAKSA: ANG PANGALAN NG PANGINOON**

Ito ay isang karaniwang parirala sa NT para sa personal na pagharap at masigasig na kapangyariha ng Trinidad na Diyos sa iglesiya. It ay hindi salamangka, ngunit isang pamamanhik sa katangian ng Diyos.

Kadalasang ang pariralang ito ay tumutukoy kay Hesus bilang Panginoon (cf. Filipos 2:11)

1. Sa pagpapahayag pananampalataya ng isang tao kay Hesus sa bautismo (cf. Roma 10:9-13; Gawa 2:38; 8:12,16; 10:48; 19:5; 22:16; I Corinto 1:13,15; Santiago 2:7)
2. sa isang pagpapaalis ng demonyo (cf. Mateo 7:22; Marcos 9:38; Lucas 9:49; 10:17; Gawa 19:13)
3. sa isang pagpapagaling (cf. Gawa 3:6,16; 4:10; 9:34; Santiago 5:14)
4. sa isang pagkilos sa ministeryo (cf. Mateo 10:42; 18:5; Lucas 9:48)
5. sa panahon ng pagdidisiplina ng iglesiya (cf. Mateo 18:15-20)
6. habang nangangaral sa mga Hentil (cf. Lucas 24:47; Gawa 9:15; 15:17; Roma 1:5)
7. sa panalangin (cf. Juan 14:13-14; 15:2,16; 16:23; I Corinto 1:2)
8. isang paraan na tumutukoy sa Kristiyanismo (cf. Gawa 26:9; I Corinto 1:10; II Timoteo 2:19; Santiago 2:7; I Pedro 4:14) Anuman ang ating gagawin bilang mga tagapahayag, mga lingkod, mga tumutulong, mga manggagamot, mga nagpapaalis ng demonyo, atbp., ginagawa natin sa Kanyang katangian, Kanyang kapangyarian, Kanyang mga pagtutustos—sa Kanyang Pangalan!

▣ **"sasampalataya ka sa iyong puso"** Ang pariralang ito ay katulad ng pagpapahayag ng pananampalataya, sa gayon ay nagbibigay ng kambal na mga aspeto ng pananampalataya. Ang biblikal na salitang "nananampalataya" (*pistis*, tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:3 at 4:5) ay kinapapalooban ng

1. personal na pagtitiwala (Hebreo)
2. pangkaalamang nilalaman (Griyego)
3. isang nagpapatuloy na kusang pagtitiwala (cf. Deuteronomio 30:20)

Ang salitang "puso" ay ginamit sa kanyang OT na kaunawaan ng buong pagkatao. Binanggit ni Pablo ang "bibig" at "puso" sa kontekstong ito dahil sa kanyang sipi mula sa Deuteronomio 30:14 na isinipi sa v. 8. Ito ay hindi nangangahulugan ng pagtatatag ng isang mahirap at mabilisang alitutunin na ang isa ay kailangang manalangin nang malakas upang maligtas.

▣ **"a binuhay siyang maguli ng Diyos sa mga patay"** Ang kristiyanismo ay tumitindig o nahuhulog sa katotohanan ng libingan na walang laman (cf. 4:24; 8:11; I Corinto 15). Ito ay isang pangunahing katotohanan sa mga pangangaral na pang-apostol sermons (*kerygma*, tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:2) ng Gawa (i.e., 2:31-32; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,37).

Ang pagbuhay ng Ama sa Anak ay katunayan ng Kanyang pagtanggap sa buhay, katuruan, at pag-aalay ni Hesus. Ang NT ay nagbibigay-diin na ang lahat ng tatlong Persona ng Trinidad ay kasangkot sa muling pagkabuhay ni Hesus.

1. Ang Ama – Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; Roma 6:4,9; 8:11; 10:9; I Corinto 6:14; II Corinto 4:14; Galacia 1:1; Efeso 1:20; Colosas 2:12; I Tesalonica 1:10
2. Ang Espiritu – Roma 8:11
3. Ang Anak – Juan 2:19-22; 10:17-18

**10:10 "sa ikatutuwid"** Ang layunin ng Diyos para sa bawat mananampalataya ay hindi lamang langit balang-araw, ngunit pagiging katulad ni Kristo ngayon! Ang isa pang malakas na talata sa pagtatalaga

(predestinasyon), Efeso 1:3-14, ay makapangyarihang binibigyang-diin ang katotohanang ito sa v. 4. mga mananampalataya ay pinili na maging banal at walang kapintasan! Ang pagpili ay hindi lamang isang doktrina, ngunit ito ay isang pamumuhay (cf. Deuteronomio 30:15-20).

Ang talata 10 ay ipinapaliwanag ang dalawahang pag-bibigay-diin ng Dakilang Komisyon (cf. Mateo 28:19-20), kaligtasan (gawing mga alagad) at katuwiran (turo ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo). Ang katulad na pagtimbang ay matatagpuan in Efeso 2:8-9 (isang walang bayad kaligtasan sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng Kristo) at a panawagan sa "mabubuting gawa" sa Efeso 2:10. Isang bayan sa Kanyang sariling larawan ay palaging ninanais ng Diyos.

**10:11** Ito ay isang sipi mula sa Isaias 28:16 kung saan idinagdag ni Pablo ang salitang "sinuman." Sa Isaias ito ay tumutukoy sa pananampalataya sa Mesias, sa Sandigang Bato ng Diyos (cf. 9:32-33). Gaya ng pagpapalaki ng Roma 9 sa pagiging makapangyarihan ng Diyos, kabanata 10ay pinapalaki ang pangangailangan ng bawat-isa, sinuman at lahat ng mga tao, na tumugon kay Kristo. Ang pangkalahatang pag-aalok ay maliwanag na makikita sa "bawat-isa" ng v. 4 at ang "kahit sino" of vv. 11, 13, at "lahat" ng v. 12 (dalawang beses)! Ito ay ang teolohikong pagtimbang sa mapagpiling (predestinasyon) pagbibigay-diin sa kabanata 9.

▣ **"sa kaniya'y nagsisisampalataya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na may PANG-UKOL na *epi* (cf. 4:24; 9:33; I Timoteo 1:16). Ang pananampalataya ay hindi lamang isang panimulang pagtugon, ngunit nagpapatuloy na pangangailangan para sa kaligtasan! Ito ay hindi lamang tamang teolohiya (mga katotohanan ng ebanghelyo) na nagliligtas, ngunit ang personal na pakikipag-ugnayan (persona ng ebanghelyo) na nagbubunga sa isang maka-Diyos na pamumuhay (ebanghelyo ng pamumuhay). Mag-ingat sa madaling paniniwala na naghihiwalay sa katotohanan mula sa buhay, pag-aaring-ganap mula sa pagpapaging-banal. Ang pananampalataya na nakapagliligtas ay isang pananampalataya na nananatili at nagbabago! Ang walang hanggang buhay ay may mga kapuna-punang katangian! Tingnan ang Natatangging Paksa: Pananampalataya sa 4:5.

▣
**NASB, TEV "hindi mapapahiya"**
**NKJV, NRSV "hindi mailalagay sa kahihiyan"**
**NJB "ay walang dahilan upang mapahiya"**

Silang mga nagtitiwala ("nananampalataya") kay Kristo ay hindi matatakwil. Ito ay isang sipi mula sa Isaias 28:16, na isang susi talata sa pagpapakilala ni Pablo sa 9:33.

**10:12 "Sapagka't walang pagkakaiba ang Hudyo at ang Griyego"** Ito ang pangunahing kahulugan ng Bagong Kasunduan (cf. Roma 3:22,29; Galacia 3:28; Efeso 2:11-3:13; Colosas 3:11). Ang Isang Diyos ay tinubos ang Kanyang napahamak na nilalang sa pamamagitan ng Kanyang sariling mga pagkilos. Ninanais Niya na ang lahat ng mga tao na nilikha sa Kanyang larawan ay lumapit sa Kanya at maging katulad Niya! Ang lahat ay maaaring lumapit sa Kanya!

Ang pangkalahatang kalikasan ng ebanghelyo ("lahat" na ginamit dalawang beses sa v. 12) ay nahahati sa dalawang paraan.

1. Walang pagkakaiba sa pagitan ng mga Hudyo at mga Hentil; ang lahat ay napahamak (cf. 3:9,19,22-23; 11:32)
2. Walang pagkakaiba sa pagitan ng mga Hudyo at mga Hentil; lahat ay maaaring maligtas

Tinanggal ng ebanghelyo ang lahat ng mga haldang sa tao(cf. Joel 2:28-29; I Corinto 12:13; Galacia 3:28; Colosas 3:11), kahit na papaano sa dako ng kaligtasan.

▣ **"managana sa yaman"** Kapag nag-iisip si Pablo patungkol sa biyaya ng Diyos kay Kristo, ginagamit

niya ang salitang "mga yaman" nang madalas (cf. 2:4; 9:23; 11:12 [dalawang beses],33; I Corinto 1:5; II Corinto 8:9; Efeso 1:7,18; 2:7; 3:8,16; Filipos 4:19; Colosas 1:27; 2:2).

**10:13** Ang kanyang kilalang sipi mula sa Joel 2:32 ay may dalawang bagong pagdidiin sa paggamit ni Pablo

1. sa Joel, ang pangalan ni YHWH ang ginamit, sina Pablo sa Roma at Pedro sa Gawa 2:21 ay pinalitan ng pangalan ni Hesus (pansinin din ang Juan 12:41 at Isaias 6:9-10; Filipos 2:9 at Isaias 45:22-25; Roma 9:33 at Isaias 8:13-14)
2. sa Joel, ang "naligtas" ay nagpapahiwatig ng pisikal na pagkakaligtas, sa Roma ito ay tumutukoy sa espiritwal pagpapatawad at walang hanggan kaligtasan

Ang konsepto sa OT ng "tumawag sa pangalan" ay nagpapahiwatig ng isang pangmadlang pagpapahayag ng pananampalataya sa isang tagpo ng pagsamba o panambahan. Ang katulad na konsepto ay makikita sa Gawa 7:59; 9:14,21; 22:16; I Corinto 1:2; II Timoteo 2:22. Tingnan ang Natatangging Paksa: Tinawag sa 1:6.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 10:14-15**

**[14]Paano nga silang magsisitawag doon sa hindi nila sinampalatayanan? at paano silang magsisisampalataya sa kaniya na hindi nila napakinggan? at paano silang mangakikinig na walang tagapangaral? [15]At paano silang magsisipangaral, kung hindi sila nga sinugo? gaya nga ng nasusulat, ANONG PAGKAGANDA NG MGA PAA NIYAONG MGA NAGDADALA NG MASASAYANG BALITA NG MGA BAGAY NA MABUTI!**

**10:14-15** May isang kalipunan ng mga tanong na sinusundan ng mga sipi sa OT na gumagawa ng punto na ang Israel ay hindi kailanman tumungon sa mga mensahe ni YHWH o mga mensahero (cf. Nehemias 9; Gawa 7). Ang Diyos ay nagpadala ng mga mensahero (mga propeta, mga apostol, mga mangangaral, mga guro, mga ebanghelista). Ang mga mensaherong ito ay mga pagpapala ng Diyos sa isang nangangailangang mundo. Gaya ng Diyos na mapagbiyayang ipinadala ang mga mensahero ng ebanghelyo messengers, ang mga makikinig ay kailangang tumugon nang nararapat sa kanilang mensahe. Pinagtibay ni Pablo ang kaisipang ito sa pamamagitan ng isang sipi mula sa Isaias 52:7. Pinalawig ni Pablo ang OT talatang ito upang tumutukoy sa mga mangangaral ng ebanghelyo.

Ang nakakapagligtas na pananampalataya ay may maraming mga sangkap: (1) isang mensahe na pananampalatayanan; (2) isang persona na tatanggapin; (3) isang panimulan at nagpapatuloy na pagsisisi at pananampalatayang pagtugon; (4) isang buhay ng pagsunod; at (5) pagtitiyaga (tingnan ang tala sa 1:5).

**10:15** Ito ay isang sipi mula sa Isaias 52:70. Ito ay ang dakilang komisyon ng Roma. Ang kaligtasan ay nanggagaling sa pamamagitan ng pakikinig ng ebanghelyo at pagtanggap ng ebanghelyo. Ang mga mangangaral ay ipinadala upang ang "lahat" ay maaaring maligtas!

Ang ilang sinaunang Griyegong mga teksto (i.e., MSS $\aleph^2$, D, F, G, at maraming mga salin) ay nagdadagdag ng isang pariralang mula sa LXX ng Isaias 52:7. Ang UBS[4] ay nagbibigay sa mas maikling teksto na isang "A" na antas (tiyak).

▣

**NASB, NKJV,**
**NRSV, NJB "Anong pagkaganda ng mga paa"**
**TEV "napakaganda ay ang pagdating"**
**NET "Napapahon ang pagdating"**
**NET tala sa ibaba "dumating na tamang oras o napapanahon"**

Ang salitang "maganda" ay ginamit sa isang matalinghagang pagkakaunawa. Dito, ito ay

tumutukoy sa "panahon," hindi sa itsura.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 10:16-17**

**[16]Datapuwa't hindi silang lahat ay nakinig ng masasayang balita. Sapagka't sinasabi ni Isaias,** PANGINOON, SINO ANG NANIWALA SA AMING BALITA? **[17]Kaya nga ang paniniwala'y** ***nanggagaling sa*** **pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Kristo.**

**10:16** Muli, ginamit ni Pablo ang mga pahayag ng propeta sa OT, na sa orihinal, ay tumutukoy sa mensahe ni YHWH sa Israel, upang tumutukoy sa ebanghelyo ni Hesus, ang Mesias. Sa pagtanggi ng mga Hudyo ng OT sa mensahe ng Diyos, gayundin ang pagtanggi ng mga Hudyo sa panahon ni Pablo. Ito ay isang sipi mula sa Isaias 53:1 ngunit sa teolohiya, ay may kaugnayan sa pagtanggi ng Israel sa mensahe ng Diyos sa Isaias 6:9-13.

**10:17** Ang ebanghelyo noong una ay isang mensahe (cf. Galacia 3:2). Ngunit ang mensaheng naipangaral ay naging isang personal na salita, "ang salita ni Kristo na tinanggap" (cf. Colosas 3:15-16).

▣ **"ng salita ni Kristo"** Dahil sa konteksto, ito ay dapat na tumutukoy sa mensahe patungkol kay Kristo na naipangaral. Ang pangangaral ng ebanghelyo ay ang paraan ng Diyos upang ipabatid ang Kanyang paghahandog kay Kristo sa mundo.

May isang pagbabago sa sinaunang Griyegong kasulatan sa puntong ito.

1. MSS $P^{46}$, $א^{*}$, B, C, $D^{*}$ ay may "ang salita ni Kristo"
2. MSS $א^{c}$, A, $D^{c}$, K, P ay may "ang salita ng Diyos"

Ang una ay ang pinaka hindi karaniwan (cf. Colosas 3:16) at, samakatuwid, maaaring orihinal (ito ay isa sa mga panimulang mga simulain ng kritisismong tekstuwal). Ang $UBS^4$ binibigyan ito ng "A" na antas (tiyak). Ito lamang ang ibang lugas na makikita ito sa NT. Ang pangalawa, "ang salita ng Diyos," ay makikita nang maraming beses (cf. Lucas 3:2; Juan 3:34; Efeso 6:17; Hebreo 6:5 at 11:3).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 10:18-21**

**[18]Datapuwa't sinasabi ko, Hindi baga sila'y nangakinig? Oo, tunay nga,** ANG TINIG NILA AY KUMALAT SA BUONG LUPA, AT ANG KANILANG MGA SALITA'Y HANGGANG SA MGA DULO NG SANGLIBUTAN. **[19]Datapuwa't sinasabi ko, Hindi baga nalalaman ng Israel? Unauna'y sinasabi ni Moises,** IPAMUMUNGKAHI KO KAYO SA PANINIBUGHO SA PAMAMAGITAN NIYAONG HINDI BANSA, SA PAMAMAGITAN NG ISANG BANSANG MANGMANG AY GAGALITIN KO KAYO. **[20]At si Isaias ay buong tapang na nagsasabi,** AKO'Y NASUMPUNGAN NILANG MGA HINDI NAGSISIHANAP SA AKIN; NAHAYAG AKO SA KANILANG MGA HINDI NAGSISIPAGTANONG TUNGKOL SA AKIN. **[21]Datapuwa't tungkol sa Israel ay sinasabi niya,** SA BUONG ARAW AY INIUNAT KO ANG AKING MGA KAMAY SA ISANG BAYANG SUWAIL AT MATUTOL.

**10:18** Ang talatang ito ay nagpapahayag na ang karamihan ng mga Hudyo ay nakapakinig ng mensahe at sila ay may pananagutan sa pagtanggi nito (isang mariing DALAWAHANG SALUNGAT NA Griyego parirala; ang tanong ay inaasahan ang isang "hindi" na tugo). Ang suliranin ay hindi sa kawalan ng kaalaman, ngunit ang kusang di-pananampalataya!

Sinipi ni Pablo ang Awit 19:4. Sa Awit na ito sa vv. 1-6 ay tumutukoy sa kapahayagan sa kalikasan (natural), na isinawika ng Diyos sa mga nilalang (cf. Roma 1-2). Binago ni Pablo

1. Ang pangkalahatang saksi ("sa lahat ng dako ng mundo" at "sa mga dulo ng mundo")
2. Ang paraan ng pagpapadala ng mensahe mula sa tahimik na tinig ng paglalang hanggang sa mangangaral ng ebanghelyo (mga apostol, mga propeta, mga ebanghelista, pastor, at mga guro, cf. Efeso 4:11), na tumutukoy sa natatanging kapahayagan (cf. Awit 19:8-14)

Ang pangunahing kaisipan ay ang mensahe ng ebanghelyo ay nakaabot na sa kilalang dako ng

mundo sa panahon ni Pablo (mundo ng Greco-Romano). Si Pablo ay gumagamit ng rabinikong hermenyutiko; kanyang binago ang orihinal na konteksto sa OT for kanyang teolohikong, polemikong mga layunin. Ito ay kailangan ding maihayag nang malinaw na ang paggamit ni Pablo sa OT, tulad ng ibang mga Apostol, ay tanging ginabayan ng Banal na Espiritu (cf. II Pedro 1:20-21). Ang mga mananampalataya ngayon, sa ilalim pagbibigay liwanag (iluminasyon) ng Espiritu, hindi maaaring tularan ang mga pamamaraang pagpapaliwanag ng mga manunulat sa NT.

**NATATANGING PAKSA: ILUMINASYON (PAGBIBIGAY LIWANAG)**

"Ang Diyos ay kumilos sa nakalipas upang malinaw na ipahayag ang Kanyang sarili sa sangkatauhan. Sa teolohiya ito ay tinatawag na kapahayagan. Siya ay pumili ng tiyak na mga tao na magtala at magpaliwanag ng sariling-kapahayagang ito. Sa teolohiya ito ay tinatawag na inspirasyon (pagkakasihan). Ipinadala Niya ang Kanyang Espiritu upang tulungan ang mga mambabasa na maunawaan ang Kanyang salita. Sa teolohiya ito ay tinatawag na iluminasyon. Ang suliranin ay lumilitaw kapag tayo ay nagsasabi na ang Espiritu ay sangkot sa pag-uunawa ng salita ng Diyos—kaya bakit mayroong napakaraming mga interpretasyon o pagpapaliwanag nito?

Bahagi ng suliranin ay nakasalalay sa paunang kaunawaan o personal na mga karanansan. Madalas na isang personal na adyenda ang tinatalakay sa pamamagitan ng paggamit sa Bibliya ng patunay na teksto o atomistikong kaugalian. Madalas ang teolohikong parirala ang ipinagpipilitan ng higit sa pagpapahintulot sa Bibliya na magsalita lamang sa ilang mga lugar at ilang piniling mga paraan. Ang iluminasyon ay hindi karaniwang ipinapantay sa inspirasyon bagamat ang Banal na Espiritu ay kasangkot sa bawat isa.

Ang pinakamainam na paglapit na pagtatangka sa pagsasaad ng pangunahing paksa sa isang talataan, ay hindi sa pagpapaliwanag sa bawat detalye ng teksto. Ang pangkasalukuyang kaisipan ay nagdadala ng orihinal na pangunahing katotohanan ng may-akda. Ang pagbabalangkas ng aklat o pampanitikang yunit ay makakatulong sa isa na sundan ang layunin ng orihinal na kinasihang may-akda. Walang tagapagsalin na kinasihan. Hindi natin muling magagawa ang pamamaraan ng pagpapaliwanag ng biblikal na manunulat. Kaya natin at dapat na tangkain na maunawaan kung ano ang kanilang sinasabi noong kanilang panahon at ipabatid ang katotohanang iyon sa ating sariling panahon. May mga bahagi ng Bibliya na may kalabuan o nakatago (hanggang sa tiyak na panahon o kapanahunan). May laging hindi pagkakasundo sa ilang mga teksto at mga paksa ngunit dapat nating malinaw na ilahad ang mga pangunahing katotohanan at hayaan ang kalayaan para sa indibidwal na pagpapaliwanag sa loob ng hangganan ng layunin ng orihinal na may-akda. Ang mga tagapagsalin ay dapat lumakad ng ayon sa liwanag na meron sila, laging bukas sa mas higit na liwanag mula sa Bibliya at sa Espiritu. Ang Diyos ang maghahatol sa atin batay sa antas ng ating kaunawaan at kung paano natin ipinamumuhay ang kaunawaang iyon.

**10:19-20** Ang mga Hudyo ay narinig ang mensahe (kapwa sa vv. 18 at 19 ay mga tanong na inaasahan ng isang "hindi" na sagot), kahit na mula kay Moises. Ang mga Hudyo ay narinig at ay may kakayahang umunawa ng napapabilang na mensahe ng pananampalataya patungkol sa pagiging matuwid ng lahat sa Diyos.

Sa mga talata, nagsalita ang Diyos sa Kanyang pagkasunduang bayan patungkol sa pagiging kabilang ng mga Hentil. Ito ay naisakatuparan sa pamamagitan ng isang sipi mula sa Deuteronomio 32:21 sa v. 19 at Isaias 65:1-2 sa vv. 20-21. Ang nakakagulat na pagiging kabilang ng mga Hentil ay nangahulugang pagpapasigla (sa pamamagitan ng panibugho) sa mga Hudyo sa pananampalataya (cf. 11:11,14).

**10:21** Ang kapahayagan ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Isaias 65:2 patungkol sa pagtanggi ng pangkasunduan bayan kay YHWH (cf. Isaias 65:1-7). Ang Diyos ay palaging matapat; ang Israel ay walang katapatan. Ang kanilang kawalan ng katapatan ay nagbunsod sa pansamantalang kahatulan sa

bansa gayundin sa bawat tao sa nakalipas, ngunit ang kanilang pagtanggi sa katuwiran ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo ay magbubung ng walang hanggan kahatulan!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Kung ang pagpili ng Diyos ay lubhang napakahalaga, bakit ipinapanalangin ni Pablo ang Israel sa 10:1? Bakit lubhang mariin ang 10:9-13 sa pangangailangan ng pagtugon ng tao?
2. Ano ang kahulugang ng v. 4? "Inilagay na ba ni Kristo sa katapusan ang kautusan?"
3. Itala ang mga sangkap ng nakapaloob sa pananampalataya sa10:9-10.
4. Bakit lubhang madalas magsipi so si Pablo mula sa OT? Paano ito maiuugnay nang pangunahin sa Hentil na iglesiya sa Roma?
5. Papaanong ang mga talata 11-13 ay may kaugnayan sa kabanata 9?
6. Papaanong ang mga talata 14-15 ay may kaugnayan pangmundong misyon?
7. Paanong ang malayang pagpili ng tao ay makikitang isang bahagi ng kaligtasan ng tao sa kabanata 10?

# MGA TAGA-ROMA 11

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **UBS[4]** | **NKJV** | **NRSV** | **TEV** | **NJB** |
| Ang Natira sa Israel | Ang Pagtanggi ng Israel ay Hindi Lubos | Ang Pagtanggi ng Israel ay Hindi Lubos | Ang Awa ng Diyos sa Israel | Ang Natira sa Israel |
| 11:1-10 | 11:1-10 | 11:1-10 | 11:1-6 | 11:1-6 |
| | | | 11:7-10 | 11:7-10 |
| Ang Kaligtasan ng mga Hentil | Ang Pagtanggi ng Israel ay Hindi Wakas | | | Ang mga Hudyo ay Maipapanumbalik sa Hinaharap |
| 11:11-12 | 11:11-36 | 11:11-12 | 11:11-12 | 11:11-12 |
| | | | Ang Kaligtasan ng mga Hentil | |
| 11:13-16 | | 11:13-16 | 11:13-15 | 11:13-15 |
| | | | | Ang mga Hudyo ay ang Patuloy na Piniling Bayan |
| | | Ang Talinghaga ng Puno ng Olibo | 11:16-18 | 11:16-24 |
| 11:17-24 | | 11:17-24 | | |
| | | | 11:19-24 | |
| Ang Pagpapanumbalik ng Israel | | Ang Lahat ng Israel ay Maliligtas | Ang Awa ng Diyos sa Lahat | Ang Kaligtasan ng mga Hudyo |
| 11:25-32 | | 11:25-32 | 11:25-32 | 11:25-29 |
| | | | | 11:30-32 |
| | | | Papurihan ang Diyos | Isang Imno sa Awa at Karunungan ng Diyos |
| 11:33-36 | | 11:33-36 | 11:33-36 | 11:33-36 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)

A. Ang kabanata 11 ang nagpapatuloy sa kabalingtunaang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng pagpili at ebanghelyo. Ang pagpili sa OT ay para sa paglilingkod, habang sa NT ay pagpili ay para sa kaligtasan (tingna mo ang iyong *concordance*!). Sa isang pagkakaunawa, ang mga mananampalataya ay tinawag na maging kapwa sa pamilya ng Diyos (NT) at mga lingkod (OT). Ang pagpili ay kapwa pagkalahatan at pansarili, paayon at pasalungat (Jacob/Israel-Esau/Edom; Moises/Faraon). Sa kahuli-hulihang, ang pag-igting (tensyon) ay hindi lamang sa pagitan ng pagiging makapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng tao, ngunit sa pinaka katangian ng Diyos. Ang mga kabanata 9-11 ay nagbibigay-diin mula at muli sa kahabagan ng Diyos at ang paghihimagsik ng nalugmok na sangkatauhan. Ang Diyos ay matapat, ang tao ay walang katapatan.

   Ang pagpili (eleksiyon) ay hindi isang doktrina upang itanggi ang ilan, ngunit isang batayan ng pag-asa, katiyakan at pagtitiwala para sa mga tumugon sa (1) mga pangako at (2) ang Anak ng Diyos na gumagawa ng kasunduan.

B. Sa kabanata 9, si Pablo ay nagpapahayag ng pagiging makapangyarihan at malaya ng Diyos. Kahit na sa isang kasunduang pakikipag-ugnayan, ang Diyos ay malaya. Sa kabanata 10, si Pablo ay nagpapahayag na ang mga Hudyo ay malaya na tanggapin o itanggi ang mga pangako ng Diyos at mga kasunduan. Yamang napatunayang sila ay walang katapatan at itinanggi ang pangako at kasunduan ng Diyos, sila ay, sa isang kaunawaan, ay tinanggihan ng Diyos. Gayunman, sa kabanata 11, si Pablo ay magpapatibay ng pagiging matapat ng Diyos, kahit na sa mukha ng kawalang katapatan ng Israel (cf. Deuteronomio 8).

C. Sa nakalipas, tulad ng sa kasalukuyan, isang Hudyong nananatili ay nanampalataya at tumupad ng pananampalataya sa Mesias ng Diyos. Si Pablo sa kanyang sarili ay isang halimbawa nito. Ang pagtanggi ng ilang di-nananampalatayang mga Hudyo ay nagpahintulot sa pagkakabilang ng mga nananampalatayang Hentil. Ang pagkakabilang ng mga Hentil ay magbubunga ng (1) buong bayan ng Diyos o (2) hustong bilang ng pinili ng Diyos, kapwa Hudyo at Hentil. Ang pagkakabilang ng Hentil ay mag-uudyok sa Israel na magtiwala sa Mesias ng Diyos, si Hesus.

D. Tulad ng sa mga kabanata 9 at 10, si Pablo ay gumagamit ng maraming mga sipi sa OT sa kabanata 11.
   1. v. 3 – I Hari 19:14
   2. v. 4 – I Hari 19:18
   3. v. 8 – Isaias 29:10 at Deuteronomio 29:4
   4. v. 9 – Awit 69:22
   5. v. 10 – Awit 69:23
   6. v. 26 – Isaias 59:20-21
   7. v. 27 – Isaias 27:9
   8. v. 34 – Isaias 40:13-14
   9. v. 35 – Job 35:7; 41:11

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:1-6**

**[1]Sinasabi ko nga, Itinakuwil baga ng Diyos ang kaniyang bayan? Huwag nawang mangyari. Sapagka't ako man ay Israelita, sa binhi ni Abraham, sa angkan ni Benjamin. [2]Hindi itinakuwil ng Diyos ang kaniyang bayan na nang una pa'y kinilala niya. O hindi baga ninyo nalalaman ang sinasabi ng *Banal na Kasulatan tungkol kay* Elias? kung paanong namamagitan siya sa Diyos laban sa Israel na sinabi: [3]Panginoon, PINATAY NILA ANG IYONG MGA PROPETA, GINIBA NILA ANG IYONG MGA DAMBANA; AT AKO'Y NAIWANG NAGIISA, AT HINAHANAP NILA ANG AKING BUHAY. [4]Datapuwa't ano ang sinasabi ng kasagutan ng Diyos sa kaniya? NAGTIRA AKO sa akin NG PITONG LIBONG LALAKE NA HINDI NANGAGSILUHOD KAY BAAL. [5]Gayon din nga sa panahong itong kasalukuyan ay may isang nalalabi ayon sa pagkahirang ng biyaya *ng Diyos*. [6]Nguni't kung ito'y sa pamamagitan ng biyaya, ay hindi na sa mga gawa: sa ibang paraan ang biyaya ay hindi biyaya.**

**11:1 "Itinakuwil baga ng Diyos ang kaniyang bayan"** Ang tanong na ito ay inaasahan ang isang "hindi" na sagot. Tinugon ni Pablo ang tanong na ito sa vv. 1b-10. Ang bahaging ito ay dapat na maiugnay sa nalipas na pangangatuwiran ni Pablo. Ang mga kabanata 9-11 ay bumubuo ng isang pampanitikang yunit, isang nagpapatuloy na pangangatuwiran.

Ang salitang isinalin na "itakuwil" (AORIST NA PANGGITNANG [deponent] MAY PAHIWATIG) sa panimula ay nangangahulugang "itanggi" o "itinapo." Ito ay na ginamit sa

1. Gawa 7:39 – sa Israel na nasa ilang na itinatakuwil ang pamumuno ni Moises
2. Gawa 13:46 – ang mga Hudyo ng sinagoga sa Pisidian Antioch ay itinanggi ang pangangaral ng ebanghelyo ni Pablo
3. I Timoteo 1:19 – ang ilang mga miyembro ng iglesiya sa Efeso ay tumanggi at gumagawa ng mga makakasira sa kanilang pananampalataya (i.e., sina Hymenaeus at Alexander)

Hindi itinakuwil ng Diyos ang Israel! Ang Israel ang nagtakuwil kay YHWH sa pamamagitan ng kanyang nagpapatuloy ng pagsuway, pagsamba sa diyus-diyosan, continued disobedience, idolatry, at ngayon ay makasariling legalismo.

Ito ay nakakawiling itala na ang sinaunang Griyegong papyrus na kasulatan, $P^{46}$ at ang mga unsyanong F at G have "pagkamana" sa halip na "bayan," na maaaring mula sa LXX ng Awit 94:14. Ang $UBS^4$ ay nagbibigay sa "bayan" na isang "A" na antas (tiyak).

▣ **"Huwag nawang mangyari"** Ito ang pangkatangiang paraan ni Pablo sa pagtanggi ng mga tanong ng ipinapalagay na taga-tanggi (diatribe, cf. 3:4,6,31; 6:2,15; 7:7,13; 9:14; 11:1,11).

▣ **"ako man ay Israelita"** Ginamit ni Pablo ang kanyang sarili upang patunayan ang pagkakaroon ng isang nananampalatayang Hudyo na nanatili (natira). Para sa lalo pang pagpapaliwanag ng pang-Hudyong kaligiran ni Pablo tingnan ang Filipos 3:5.

▣ **11:2 "Hindi itinakuwil ng Diyos ang kaniyang bayan"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Awit 94:14 (cf. Deuteronomio 31:6; I Samuel 12:22; I Hari 6:13; Panaghoy 3:31-32). Ito ay isang tiyak na sagot sa tanong ng v. 1.

▣ **"na kinilala niya"** Ito ay isang maliwanag na sanggunian sa pagpili ng Diyos sa Israel. Tingnan ang tala sa 8:29. Kinukuha nito ang pangangatuwiran pabalik sa kabanata 9, gayundin sa vv. 4-6. Ang susi ay hindi ang pagsusumikap ng Israel, ngunit ang pagpili ng Diyos. Ang Diyos ay matapat sa Kanyang mga pangako dahil sa kung sino Siya, hindi dahil sa pagsusumikap ng Israel (cf. Ezekiel 36:22- 32).

▣ **"ng sinasabi ng Banal na Kasulatan"** Ito ay isang sanggunian sa salaysay ng pagpunta ni Elias mula

sa Jezebel sa I Hari 19:10, na sinipi sa v. 3.

**11:4 "NAGTIRA AKO sa akin NG PITONG LIBONG LALAKE"** "sa akin" ay wala sa Masoretikong Hebreong teksto ng I Hari 19:18 (Hindi sinipi ni Pablo ang MT o ang LXX), ngunit idinagdag ni Pablo upang bigyang-diin ang pagpili ng Diyos. Ang mga natirang matatapat sa I Hari 19:18 ay tinitingnan mula sa pagpili ng Diyos, hindi sa kanilang pagtanggi sa pagsamba kay Ba'al.

Ang punto na ginagawa ni Pablo ay may isang maliit na pangkat ng mga mananampalataya kahit na sa kawalang pananampalataya, pagsamba sa diyus-diyosan ng Israel noong panahon ni Elias. Sa panahon ni Pablo, mayroon ding isang nananampalatayang nanatili (natira) sa Hudyong bayan (tingnan ang Natatangging Paksa sa 9:27-28). Sa bawat panahon, ilang mga Hudyo ay tumugon sa pamamagitan ng pananampalataya. Ipinapahayag ni Pablo ang mga nananampalatayang mga Hudyo ay pinapalakas sa pamamagitan ng kahabagan at biyaya ng Diyos (vv. 5-6).

▣ **"kay Baal"** Ito ay isang PAMBABAENG PANTUKOY na may PANGLALAKING PANGNGALAN. Ito ay dahil sa ang mga Hudyo ay palaging sinisingitan ng mga patinig na mula sa PAMBABAE Hebreong salita ang "kahihiyan" (*bosheth*) ang mga katinig ng mga pangalan ng mga paganong diyus-diyusan upang paglaruan sila.

**11:5-6** Sila ay mga susing talata. Sila ang umuugnay sa mga nakalipas na pagkilos ng Diyos sa OT sa kasalukuyang kalagayan. Ang kaugnayan ay ang pagpili ng Diyos sa pamamagitan ng kahabagan (cf. 9:15,16,18; 11:30,31,32). Ang biyaya ng Diyos ang may pagiging-una, ngunit ang pananampalataya ng tao ay kinakailangan (cf. Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21), gayunman, hindi ito batay sa kagalingan ng tao (cf. Efeso 2:8-9; II Timoteo 1:9; Tito 3:5). Ang mga katotohanang ito ay napakahalaga sa pangangatuwiran ni Pablo sa kabuuan ng mga kabanata 9-11.

**11:6 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang mga layunin. Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos (tingnan ang tala sa 3:24, cf. 6:23; Efeso 2:8-9).

▣ Ang KJV ay nagdagdag na isang pangwakas parirala sa v. 6, "Ngunit kung ito ay sa mga gawa, kung sa gayon ay hindi na ito sa: kung hindi ang gawa ay hindi na maituturing na gawa." Ang pariralang ito ay hindi kabilan sa karamihan ng sinaunang Griyegong mga kasulatan $P^{46}$, א*, A, C, D, G, o P, at ang Lumang Latin mga salin, ngunit dalawang magkakaibang mga anyo ng parirala ay makikita sa mga kasulatang א[c] at B. Ang UBS[4] ay inaantasan ang kanilang hindi pagsasama ng "A" (tiyak).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:7-10**

**[7]Ano nga? Ang hinahanap ng Israel ay hindi niya kinamtan; datapuwa't ito'y kinamtan ng pagkahirang, at ang mga iba'y pinapagmatigas: [8]Ayon sa nasusulat, BINIGYAN SILA NG DIYOS NG ESPIRITU NG PAGKAKATULOG, NG MGA MATANG HINDI NANGAKAKAKITA, AT NG MGA PAKINIG NA HINDI NANGAKAKARINIG, HANGGANG SA ARAW NA ITO. [9]At sinasabi ni David, ANG KANILANG DULANG NAWA'Y MAGING ISANG SILO, AT ISANG PANGHULI, AT ISANG KATITISURAN, AT ISANG KABAYARAN SA KANILA: [10]MANGANGLABO NAWA ANG KANILANG MGA MATA, UPANG SILA'Y HUWAG MANGAKAKITA, AT LAGING BALUKTUTIN MO NAWA ANG KANILANG GULUGOD.**

**11:7 "Ang hinahanap ng Israel ay hindi niya kinamtan"** Ito ay unang inilagay sa Griyegong pangungusap upang bigyang-diin ang kaisipan ni Pablo. Maraming mga Hudyo ay naghahangad na maging matuwid sa Diyos at sila ay naghahangad nito sa pagsusumikap ng pangrelihiyong ritwal, tanging karapatang panlahi, at sariling pagpupunyagi. Hindi nila natagpuan ang kanilang layunin! Walang laman ang makakaluwalhati sa harap ng Diyos (cf. I Corinto 1:29; Efeso 2:9).

▣
**NASB** **"datapuwa't ito'y kinamtan ng pagkahirang"**
**NKJV** **"ngunit ang pinili ay nakamtan ito"**
**NRSV** **"Nakamtan ito ng hinirang"**
**TEV** **"Ito ay ang maliit na pangkat lamang na pinili ng Diyos na nakahanap nito"**
**NJB** **"ngunit ang piniling kakaunti lamang"**

Ito ang konsepto sa OT ng "nanatili" (tingnan ang Natatangging Paksa sa 9:27-28), tumutukoy dito sa 7,000 ng I Hari 19:18. Ang susi ay hindi ang pagpupunyagi ng tao, lipi, o pagiging relihiyoso (v. 6), ngunit ang biyaya ng Diyos sa pagpili (paghirang) (cf. Efeso 1:3- 14).

▣ **"ang mga iba'y pinapagmatigas"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG (cf. II Corinto 3:14). Ang pahiwatig ay ang Diyos ay pinapagmatigas sila (cf. vv. 8-10). Ang kinatawan ng pagmamatigas ay ang isang masama. (cf. II Corinto 4:4). Ang "pinakatigas" (*pōroō*) ay isang medikong salita para sa katigasan ng loob o pagkabulag (cf. Roma 11:25; II Corinto 3:14; Efeso 4:18). Ang katulad na salitang ito ay ginamit ng mga Apostol sa Marcos 6:52. Ito ay isang magkakaibang Griyegong salita mula sa 9:18 (*sklērunō*) na kasalungat ng kahabagan (cf. Hebreo 3:8,15; 4:7).

Ang talatang ito ay napakaliwanag na at ang buod ng 11:1-6. Ang ilang pinili ay nanampalataya, ang ilang hindi pinili ay pinagmatigas. Gayunman, ang talatang ito ay hindi isinulat sa pagkakabukod, bilang isang teolohikong islogan. Ito ay bahagi ng isang nagpapatuloy na teolohikong pangangatuwiran. Mayroong isang pag-igting (tensyon) sa pagitan ng katotohanang naipahayag nang napakalinaw sa talatang ito at ang mga pangkalahatang paanyaya ng kabanata 10. Mayroong hiwaga dito. Ngunit ang kalutasan ay hindi salungating o bawasan ang alinman sa mga pagpipilian ng kalalagayan (dilema), ang kabalintunaang mga pamimilian.

**11:8-10** Ang mga talatang ito ay siping kinuha mula sa Isaias 29:10 (v. 8a), Deuteronomio 29:4 (v. 8b, ngunit hindi mula sa MT o the LXX) at Awit 69:22-23 (vv. 9-10). Sila ay tunay na naglalarawa ng panawagan at misyon ni Isaias sa isang pamanghimagsik na Israel sa 6:9-13. Si Isaias ay maaaring katawanin ang salita ng Diyos, ngunit hindi ang bayan ng Diyos, na hindi maaaring tumugo. Si Pablo ay nagbibigay ng patotoo sa OT sa pagpapatigas ng Diyos ng ilan gaya ng kanyang ginawa sa 9:13,15,17.

**11:8**
**NASB, NKJV** **"Binigyan sila ng Diyos ng Espiritu ng pagkakatulog"**
**NRSV, NJB** **"Binigyan sila ng Diyos ng espiritu ng katamaran"**
**TEV** **"Ginawang mapurol ng Diyos ang kanilang mga kaisipan at mga puso"**

Ang Griyegong salitang ito (*katanuxis*), na ginamit lamang dito sa NT, ay ginamit sa isang kagat ng insekto na nakakapagpadilim ng mga diwa sa pamamagitan ng paghihikayat ng sobrang pakiramdam.

**11:10 "MANGANGLABO NAWA ANG KANILANG MGA MATA, UPANG SILA'Y HUWAG MANGAKAKITA, AT LAGING BALUKTUTIN MO NAWA ANG KANILANG GULUGOD"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PAUTOS na sinusundan ng isang AORIST NA TAHAS NA PAUTOS. Ito ay isang hiwaga ng kapangyarihan ng Diyos at pangangailangang ng pagtugon ng sangkatauhan. Ang Diyos ay ang pinagmula ng lahat ng mga bagay, ang nagpasimula ng lahat ng mga bagay, gayunman, sa Kanyang makapangyarihang kalooban, nagpasya Siya na ang lahat ng mga tao, ang Kanyang pangunahing nillalang, na malayang makatugon sa Kanya. Silang hindi tutugon sa pananampalataya ay mapapatigas (i.e., kanilang pagpili, tinapos na) sa kanilang di-pananampalataya.

Sa kontekstong ito, si Pablo ay nagpapahayag ng walang hanggang plano para sa pagtubos sa lahat ng mga anak ni Adan. Ang mga hudyong di-pananampalataya ay magbubukas ng pinto ng pananampalataya sa mga Hentil at sa pamamagitan ng panibugho ay magpapanumbalik ng bansang

Israel! Ito ay ang plano ng pagsasama (cf. Efeso 2:11-3:13), hindi pagpapalayas! Ang pagpamamatigas ay nagdudulot ng isang mas dakilang pag-aani (i.e., Faraon)!

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:11-16**

**11Sinasabi ko nga, Nangatisod kaya sila upang mangahulog? Huwag nawang mangyari: datapuwa't sa pagkahulog nila'y *dumating* ang pagkaligtas sa mga Hentil, upang ipamungkahi sila sa paninibugho. 12Ngayon kung ang pagkahulog nga nila ay siyang kayamanan ng sanglibutan, at ang pagkalugi nila ay siyang kayamanan ng mga Hentil; gaano pa ang kapunuan nila? 13Datapuwa't nagsasalita ako sa inyong mga Hentil. Palibasa'y ako nga'y apostol ng mga Hentil, ay niluluwalhati ko ang aking ministeryo; 14Baka sa anomang paraan ay maipamungkahi ko sa paninibugho yaong aking mga kalaman, at maligtas ang ilan sa kanila. 15Sapagka't kung ang pagkatakuwil sa kanila ay siyang pakikipagkasundo ng sanglibutan, ano kaya ang pagtanggap *sa kanila*, kundi buhay mula sa mga patay? 16At kung ang pangunahing bunga *ng hain* ay banal, ay gayon din ang lahat: at kung ang ugat ay banal, ay gayon din ang mga sanga.**

**11:11 "Sinasabi ko nga"** Ito ay ang katulad ng retorikong pariralang sa 11:1. Ito ay nagpapatuloy na teolohikong pangangatuwiran ni Pablo sa isang kakaibang paraan. Sa vv. 1-10 hindi lahat ng Israel ay tinanggihan ng Diyos; sa vv. 11-24, ang pagtanggi ng Israel ay hindi palagian; ito ay panglayunin. Sa pamamagitan nito ang mga Hentil ay naging kabilang.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Nangatisod kaya sila upang mangahulog"** |
| **NKJV, NRSV** | **"Nangatisod upang sila mangahulog"** |
| **TEV** | **"Noong ang mga Hudyo nangatisod, sila ay nahulog sa kanilang kasiraan"** |
| **NJB** | **"Ang mga Hudyo nalugmok magpakailanman, o sila ay nagsitisod lamang"** |

Ang tanong na ito ay umaasa ng isang "hindi" na sagot. Ang di-pananampalataya ng Israel ay hindi isang permanenteng kalagayan.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"sa pagkahulog nila"** |
| **NKJV** | **"sa pamamagitan ng kanilang pagkahulog"** |
| **NRSV** | **"sa pamamagitan ng kanilang pagkatisod"** |
| **TEV** | **"Dahil sila ay nagkasala"** |
| **NJB** | **"kanilang pagkakahulog"** |

Sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa pagtanggi ng mga Hudyo kay Hesus bilang ang Mesias (cf. v. 12).

▣ **"*dumating* ang pagkaligtas sa mga Hentil"** Anong isang nakakagulat na kapahayagan na ito sa mga Hudyo ng unang siglo (cf. v. 12; Gawa 13:46; 18:6; 22:21; 28:28).

▣ **"upang ipamungkahi sila sa paninibugho"** Ang salitang "panibugho" ay makikita sa 10:19 at 11:14. Ang plano ng Diyos ng pagsasama ng mga Hentil ay naghahatid ng dalawang mga layunin.

1. Ang katubusan ng Diyos sa lahat ng sangkatauhan
2. Ang pagpapanumbalik ng Diyos ng isang nagsisising nanatili sa Israel sa pasariling pananampalataya

Sa aking sarili ako ay nagtataka kung ang #2 ay kinabibilangang ng

1. Isang pagbabalik-loob ng mga Hudyo sa huling araw (cf. Zacarias 12:10)
2. mga mananampalatayang Hudyo ng unang siglo at bawat siglo
3. makabagong mga sinagogang pang-Mesias ay maaaring ang ipinangakong katuparan

**11:12-14** Sa mga talatang ito, mayroong kalipunan ng sampung MGA PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na maiuugnay sa di-pananampalataya ng mga Hudyo na may kaugnayang sa pananampalataya ng Hentil. Ang mga talatang 12,14,15,16, 17,18,21,24 ay MGA UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI ay ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang layunin, habang ang vv. 22 at 23 ay MGA PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nagpapahiwatig ng maaaring pagkilos sa hinaharap.

**11:12**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"gaano pa ang kapunuan nila"** |
| **NKJV** | **"gaano pa karami ang kanilang kalubusan"** |
| **NRSV** | **"gaano pa karami ang magiging kahulugan ng kanilang buong pagkasama"** |
| **TEV** | **"Ngayon, gaano pa karami ang mga magiging pagpapala, kapag ang buong bilang ng mga Hudyo ay maisama"** |
| **NJB** | **"ngayo ay isipin kung gaano kalaki ang magiging pakinabang mula sa pagkaligtas nilang lahat"** |

Ang pinakabuod ng pagpapaliwanag ay ang kahulugan ng salitang "kanilang kapunuan." Ito ba ay may kaugnayan sa (1) mga Hudyo na naliligtas, vv. 14b, 26a, o (2) ang buong bilang ng napiling nananampalatayang mga Hudyo at mga Hentil?

**11:13 "nagsasalita ako sa inyong mga Hentil"** Ang mga kabanata 9-11 ay bumubuo ng isang pampanitikang yunit na sumasagot sa katanungang, "Bakit ang pang-Hudyong Mesias ay tinanggihan ng mga Hudyo?" Gayunman, ang katanungan ay nananatili kung bakit naramdaman ni Pablo sa sulat na ito, sa puntong ito ng kanyang pagpapakilala, upang tumugon sa katanungang ito.

Ang mga talatang 13-24, 25c ay tila nagpapaliwanag ng isang suliranin sa iglesiya sa Roma sa pagitan ng liping mga Hudyo at mga Hentil. Kung ito ay sa pagitan ng nananampalatayang mga Hudyo at nananampalatayang mga Hentil o nananampalatayang mga Hentil at di-nananampalatayang mga Hudyo (ang sinagoga) ay di-tiyak.

▣ **"ako nga'y apostol ng mga Hentil"** Naramdaman ni Pablo ang natatanging panawagan na maging lingkod (ministro) sa mundo ng mga Hentil (cf. Gawa 9:15; 22:21; 26:17; Roma 1:5; 15:16; Galacia 1:16; 2:7,9; I Timoteo 2:7; II Timoteo 4:17).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"niluluwalhati ko ang aking ministeryo"** |
| **NRSV** | **"naluluwalhati ko ang aking ministeryo"** |
| **TEV** | **"Ipinagmamalaki ko ang aking gawain"** |
| **NJB** | **"at ipinagmamalaki ko na ako'y sinugo"** |

Ang salitang "niluluwalhati" ay maaaring mangahulugang (1) pagpapasalamat; (2) pagmamataas sa; o maaaring (3) ginagawang malawang ang isang bagay. Ito rin ay maaaring maglarawan ng isang suliranin sa iglesiya sa Roma! Si Pablo (1) ay nalulugad na maglingkod sa mga Hentil o (2) nakita ang kanyang ministeryo na ginagawang may panibugho ang di-nananampalatayang mga Hudyo, na maaring magbunga ng kanilang kaligtasan (cf. 11,14 at 9:1-3).

**11:14 "maligtas ang ilan sa kanila"** Ito ang panawagang pang-ebanghelyo ni Pablo. Nalalaman niya na ang ilang ay maaaring tumugod sa pangangaral ng ebanghelyo (cf. I Corinto 1:21), habang ang iba ay hindi (cf. I Corinto 9:22). Ito ang hiwaga ng pagpili (eleksiyon) (OT at NT)!

**11:15** Ang pagtanggi (magkakaibang salita sa v. 1) ng piniling Israel sa OT ay bahagi ng plano ng Diyos para sa katubusan ng lahat ng sangkatauhan (*kosmos*). Ang pagiging makasarili, panliping

pagmamataas, at legalismo ng mga Hudyon ay maliwanag na nagpapatingkad ng pangangailangan para sa pananampalataya (cf. 9:30-33). Ang pananampalataya kay YHWH at Kanyang Mesias ay ang susi sa matuwid na katatayuan, hindi sa pang-relihiyong pagsusumikap ng tao. Ngunit tandaan na ang pagtanggi ng Israel ay para sa layunin ng pagtubos ng buong sangkatauhan. Walang lugar ang pagmamapuri sa tao alinman sa Hudyo o Hentil. Ito ay tila isang mensahe na kailangan marinig ng iglesiya sa Roma!

▣ **"siyang pakikipagkasundo ng sanglibutan"** Ito ay katulad sa teolohiya ng "ang katuwiran ng Diyos." Ang tambalang salita ay naggaling mula sa *kata* na dinagdagan ng *alassō* (magbago, mag-iba, o magbagong-anyo). Ito ay tumutukoy sa pagpapalit ng sumasalunggat para sa kapayapaan, samakatuwid, pagpapanumbalik ng kabutihang-loob (cf. Roma 5:11; 11:15; II Corinto 5:18,19). Hinahangad ng Diyos ang pagpapanumbalik ng pagkikipag-ugnayan sa Eden. Sinira ng kasalanan ang pagkikipag-ugnayan, ngunit si Kristo ay ang nagpanumbalik ng larawan ng Diyos sa nalugmok na sangkatauhan para sa lahat ng gumaganap ng pananampalataya. Sila ay pinagkasundo at tinanggap (pagkakatulad sa v. 15). Ang sangkatauhan ay hindi maaaring ipanumbalik at malapit na pakikipag-ugnayang ito, ngunit kaya at ginawa ng Diyos!

▣ **"kundi buhay mula sa mga patay"** Ang konteksto ay ipinapahayag sa bansang, samakatuwid

1. ang pariralang ito ay tumutukoy sa isang napanumbalik na bansang Israel
2. ang pariralang ito ay tumutukoy sa "buong bilang" ng mga Hudyo at mga Hentil (i.e., espiritwal na Israel, cf. 9:6; 11:25- 26)
3. ang pariralang ito (cf. 6:13) ay tumutukoy sa bagong panahong buhay, sa muling pagkabuhay?

Gusto ko ang #3. Para sa aking mga dahilan, tingnan ang "Napakahalagang Panimulang Lathala," sa aking komentaryo sa Pahayag sa internet sa www.freebiblecommentary.org.

**11:16 "kung ang pangunahing bunga *ng hain* ay banal"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang mga layunin. Ito ay isang pagkabanggit sa Bilang 15:17-21. Ito ay isang talinghaga na may pagkakatulad sa konsepto sa Ot ng Unang Mga Bunga (o ang ikapu) na ibinibigay sa Diyos upang ipakita na ang buong ani ay pag-aari Niya.

Ang sinaunang nananampalatayang Hudyo na naiwan ay may epekto sa buong bansa (cf. Genesis 18:27-33; II Cronika 7:14). Ang talinghaga ng "unang piraso" ay inihahalintulad sa "ang ugat" (cf. Jeremias 11:16-17), kapwa ay siyang tumutukoy sa mga nananampalataya sa Israel, lalo na sa mga Patriarka (i.e., "ang ugat" of vv. 16-17) ng OT (cf. v. 28).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:17-24**

**17Datapuwa't kung ang ilang mga sanga'y nangabali, at ikaw, na isang olibong ligaw ay isinanib ka sa kanila, at ikaw ay naging kabahagi nila sa ugat ng katabaan ng punong olibo;**
**18Huwag kang magpalalo sa mga sanga: datapuwa't kung magpalalo ka, ay *tandaan na* hindi ikaw ang nagkakandili sa ugat, kundi ang ugat ang *nagkakandili* sa iyo. 19Sasabihin mo nga, Ang mga**
**sanga ay nangabali upang ako ay makasanib. 20Mabuti; sa kawalan nila ng pananampalataya ay nangabali sila, at sa iyong pananampalataya'y nakatayo ka. Huwag kang magpalalo kundi**
**matakot ka: 21Sapagka't kung hindi nga pinatawad ng Diyos ang mga talagang sanga, ikaw man**
**ay hindi patatawarin. 22Masdan mo nga ang kabutihan at ang kabagsikan ng Diyos: ang kabagsikan ay sa nangahulog, datapuwa't ang kabutihan ng Diyos ay sa iyo, kung mamamalagi ka**
**sa kaniyang kabutihan: sa ibang paraan ay ikaw man ay puputulin. 23At sila naman, kung hindi**
**mangagsisilagi sa di pananampalataya ay mangakakasanib: sapagka't makapangyarihan ang Diyos upang sila'y isanib na muli. 24Sapagka't kung ikaw ay pinutol doon sa talagang olibong**
**ligaw, at laban sa kaugalian ay isinanib ka sa mabuting punong olibo; gaano pa nga ang mga ito, na *mga* talagang *sanga*, na mangakakasanib sa kanilang sariling punong olibo?**

**11:17-24** Nakakagulat na ang "ikaw" sa talatang ito ay PANG-ISAHAN (ang PANGMARAMIHAN ay muling makikita sa v. 25). Ano ang kahulugan nito?

1. isang Hentil bilang isang simbolo ng lahat ng mga Hentil
2. ang suliranin ay sa iglesiya sa Roma sa pagitan ng Hudyo at Hentil na pamumuno, samakatuwid, tumutukoy sa sa mga pinuno ng kasalukuyang Hentil na pamumuno (cf. vv. 18-20)

**11:17 "kung"** Tingnan ang tala sa 11:12-24.

▣ **"ang mga sanga'y nangabali"** Ito ay tumutukoy sa di-nananampalatayang mga Israelita (cf. vv. 18,19, "mga likas na sanga," v. 21).

▣ **"ang olibong ligaw"** Ito ay tumutukoy sa nananampalatayang mga Hentil itinatanggi ang pangangaral ng ebanghelyo.

▣ **"isinanib"** Si Pablo nagpapatuloy sa talinghagang pang-agrikultural na nagsimula sa v. 16. Ang paghugpong ng mga sanga ng mga olibong ligaw sa isang matatag na puno ay nakakatulong sa pagpaparami ng mga bunga.

▣ **"sa ugat ng katabaan"** Ang literal na orihinal pariralang, "ang ugat ng katabaan" (UBS[4] ay binibigyan ito ng "B" na antas [halos tiyak]), ay matatagpuan sa MSS א*, B, C. Mayroong maraming ibang pagbabasa sa mga Griyegong kasulatang tradisyon na sumusubok sa mapakinis ang asindetong ito (Bruce Metzger, *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, p. 526).

▣ **"punong olibo"** Ito ay isang sagisag ng bansang Israel (cf. v. 24; Awit 52:8; 128:3; Jeremias 11:16; Osea 14:6). Ito ang pangalawang talinghag ni Pablo sa OT upang ilarawan ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga Hudyo at mga Hentil.

**11:18 "Huwag kang magpalalo sa mga sanga"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Ang talatang ito, at ang vv. 13, 20, 25, ay nagpapahiwating na may isang suliranin sa iglesiya ng Roma sa pagitan ng nananampalatayang mga Hudyo at mga Hentil.

**11:19-20** Ang talatang 19 ay isa na namang diatribe (isang inaakalang tagatanggi). Ipinaliwanag ni Pablo kung bakit tinanggihan ang mga Hudyo. Ito ay dahil sa kanilang di-pananampalataya, hindi dahil sa inibig na mas higit ang mga Hentil! Ang mga Hentil ay isinama lamang dahil sa pag-ibig ng Diyos (cf. Genesis 3:15) at kanilang pananampalataya! Sila ay maaaring magdulot ng pagbabalik-loob ng mga Hudyo sa Diyos dahil sa panibugho (pagseselos) (cf. vv. 11,14).

**11:20**
**NASB** **"sa iyong pananampalataya'y nakatayo ka"**
**NKJV** **"at ikaw ay nakatindig sa pamamagitan ng pananampalataya"**
**NRSV** **"ngunit ikaw ay tumindig lamang sa pamamagitan ng pananampalataya"**
**TEV** **"habang ikaw ay nananatili sa lugar dahil ikaw ay nananampalataya"**
**NJB** **"kung ikaw ay nakahawak ng matatag, ito ay dahil lamang sa pananampalataya"**

Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Gayunman, ito ay sa konteksto ng sampung MGA PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Ang ating katatayuan sa harapan ng Diyos ay at nagpapatuloy sa pananampalataya. Kung pananampalataya ay titigil, ang ating katatayuan ay titigil. Ang kaligtasan ay isang panimulang pananampalatayang pagtugon; (2) isang katatayuan sa pananampalataya; (3) isang nagpapatuloy na proseso ng pananampalataya; at (4) isang panghuling kahahantungan ng

pananampalataya. Mag-ingat sa anumang teolohikong sistema na tumutuon sa isa lamang sa mga biblikal na mga katotohanan. Tingnan ang Natatangging Paksa: Mga Panahunan ng mga Griyegong Pandiwa na Ginamit para sa Kaligtasan sa 10:4.

Ang Diyos ay ang may-akda, nagpapasimula, nagpapatuloy, at nagwawakas ng kaligtasan, ngunit sa isang pang-kasunduang tularan. Pinili Niya na ang makasalanang sangkatauhan ay kailangang tumugon at magpatuloy sa pagtugod sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya sa bawat yugto ng paglakad. Inaasahan Niya ang pagsunod, pagiging katulad ni Kristo, at pagtitiyaga!

▣

**NASB** **"Huwag kang magpalalo kundi matakot ka"**
**NKJV** **"Huwag kang maging palalo, ngunit matakot ka"**
**NRSV** **"Upang hindi maging mapagmataas, ngunit tumindig nang may paghanga"**
**TEV** **"Ngunit huwag mong ipagmayabang ito; bagkus, ay matakot"**
**NJB** **"Kaysa maging mayabang ka, ikaw ay gagawin nitong may takot"**

Ang kapwa mga pahayag na ito ay MGA PANGKASALUKUYANG PAUTOS. Ang una ay may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Inihahayag nito ang isang suliranin sa iglesiya sa Roma. Ang kadahilanan para sa pagkatakot ay nahayag sa v. 21.

**11:21 "ikaw man ay hindi patatawarin"** Tulad ng Israel na tumalikod at lumayo mula kay YHWH sa mapagmataas na di-pananampalataya at pagtatanggal, ay gayundin ang iglesiya ay tatanggalin kung lilisanin niya ang pananampalataya kay Kristo sa pamamagitan ng mapagpataas na may sariling katuwiran. Sa panimulang pananampalataya ay kailangang sundan ng pamumuhay na pananampalataya (cf. Mateo 13:1-23; Marcos 4:1-12; Lucas 8:4-10). Ang pagmamataas kailangang palagiang tutulan. Tayo ay kung ano tayo sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos at tayo ay mga magkakapatid sa lahat ng nagtitiwala kay Kristo!

**NATATANGING PAKSA: APOSTASYA (*APHISTĒMI*) O PAGTALIKOD SA PANANAMPALATAYA**

Ang Griyegong salitang ito na *aphistēmi* ay may malawak na semantikong larangan. Gayunman, ang Ingles na salitang "apostasya" ay nanggaling sa salitang ito ay at may pagkiling ang kanyang pagkagamit na makabagong mambabasa. Ang konteksto, na palagian, ay ang susi, hindi ang isang paunang itinakdang kahulugan.

Ito ay isang tambalang salita mula sa pang-ukol na *apo*, na nangangahulugang "mula sa" o "malayo sa" at *histēmi*, "umupo," "tumayo," o "ayusin." Pansinin na ang mga sumusunod (di-teolohiko) na mga pagkakagamit:

1. alisin ng pisikal
   a. mula sa Templo, Lucas 2:37
   b. mula sa isang bahay, Marcos 13:34
   c. mula sa isang tao, Marcos 12:12; 14:50; Gawa 5:38
   d. mula sa lahat ng mga bagay, Mateo 19:27,29
2. alisin sa politika, Gawa 5:37
3. alisin sa pakikipag-ugnayan, Gawa 5:38; 15:38; 19:9; 22:29
4. alisin sa batas (diborsyo), Deuteronomio 24:1,3 (LXX ) at NT, Mateo 5:31; 19:7; Marcos 10:4; I Corinto 7:11
5. alisin ang utang, Mateo 18:24
6. ipakita ang hindi pag-aaruga sa pamamagitan ng pag-iwan, Mateo 4:20; 22:27; Juan 4:28; 16:32
7. ipakita ang pag-aaruga sa pamamagitan ng hindi pag-iwan, Juan 8:29; 14:18
8. bigyan ng pahintulot o permiso, Mateo 13:30; 19:14; Marcos 14:6; Lucas 13:8

Sa isang teolohikong pakahulugan ang PANDIWA ay mayroon ding malawak na pagkakagamit:

1. bawiin, patawarin, ipadala ang pagiging makasalanan, Exodo 32:32 (LXX); Bilang 14:19; Job 42:10 at NT, Mateo 6:12,14-15; Marcos 11:25-26
2. pagpigil mula sa kasalanan, II Timoteo 2:19
3. kalimutan ang paglayo mula sa
   a. Kautusan, Mateo 23:23; Gawa 21:21
   b. Pananampalataya, Ezekiel 20:8 (LXX ); Lucas 8:13; II Tesalonica 2:3; I Timoteo 4:1; Hebreo 2:13

Ang makabagong mga mananampalataya ay nagtatanong ng maraming teolohikong katanungan sa mga manunulat sa NT na hindi kailanman nila naisip. Ang isa dito ay maiuugnay sa makabagong pagkahilig na ihiwalay ang pananampalataya mula sa katapatan.

May mga tao sa Bibliya na may pakikipag-ugnayan sa bayan ng Diyos at may ilang bagay ang nangyari.

A. Lumang Tipan
   1. Silang nakarinig ng ulat ng labingdalawang (sampu) espiya, Bilang 14 (cf. Hebreo 3:16-19)
   2. Korah, Bilang 16
   3. Mga anak ni Eli, I Samuel 2, 4
   4. Si Saul, I Samuel 11-31
   5. Mga Bulaang Propeta (mga halimbawa)
      a. Deuteronomio 13:1-5 18:19-22 (mga paraan upang makilala ang isang bulaang propreta)
      b. Jeremias 28
      c. Ezekiel 13:1-7
   6. Mga Bulaang Propeta (babae)
      a. Ezekiel 13:17
      b. Nehemias 6:14
   7. Mga Masasamang Pinuno ng Israel (mga halimbawa)
      a. Jeremias 5:30-31; 8:1-2; 23:1-4
      b. Ezekiel 22:23-31
      c. Mikas 3:5-12

B. Bagong Tipan
   1. Ang Griyegong salitang ito sa literal, ay *lubusang pagtalikod.* Ang Luma at Bagong Tipan ay kapwa pinapatunayan ang isang pagtindi ng kasamaan at bulaang mga turo bago ang Pangalawang Pagdating (cf. Mateo 24:24; Marcos 13:22; Gawa 20:29,30; II Tesalonica 2:9-12; II Timoteo 4:4). Ang Griyegong salitang ito ay maaaring maglarawan ng mga salita ni Hesus sa Parabula ng mga Lupa na matatagpuan sa Mateo 13; Marcos 4; at Lucas 8. Ang mga bulaang mangangaral na ito ay maliwanag na hindi mga Kristiyano, ngunit sila ay nanggaling sa loob (cf. Gawa 20:29-30; I Juan 2:19); gayunman, sila ay may kakayahan na maakit at mabihag ang mga di-malagong mga mananampalataya (cf. Hebreo 3:12).

      Ang teolohikong katanungan ay kung ang mga bulaang mangangaral ay naging mga mananampalataya? Ito ay mahirap na sagutin dahil sila ay mga bulaang mangangaral sa mga lokal na iglesiya (cf. I Juan 2:18-19). Kadalasang ang ating teolohikong o denominasyonal na mga tradisyon ang sumasagot sa katangungang ito na walang partikular na sangunian sa mga teksto ng Bibliya (maliban sa paraan ng patunay na teksto na sumisipi ng isang talata na labas sa konteksto sa inaakalang patunay ng isang pagkatig ).
   2. Tila may pananampalataya
      a. Si Judas, Juan 17:12
      b. Si Simon Magnus, Gawa 8
      c. Silang nabanggit sa Mateo 7:13-23
      d. Silang nabanggit sa Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8
      e. Ang mga Hudyo sa Juan 8:31-59

f. Sina lexander at Hymenaeus, I Timoteo 1:19-20
g. Silang nasa I Timoteo 6:21
h. Sina Hymenaeus at Philetus, II Timoteo 2:16-18
i. Si Demas, II Timoteo 4:10
j. Mga bulaang guro, II Pedro 2:19-22; Judas vv. 12-19
k. Mga antikristo, I Juan 2:18-19
3. Walang bungang pananampalataya
a. I Corinto 3:10-15
b. II Pedro 1:8-11

Madalang nating maisip ang patungkol sa mga teksto dahil ating sistematikong teolohiya (Calvinismo, Arminianismo, atbp.) ang nag-aatas ng mandatong pagtugon. Huwag niyo akong paunang husgahan dahil aking tatalakayin ko ang paksang ito. Ang aking pag-aalala ay ang tamang hemenyutikong pamamaraan. Kailangan nating hayaang magsalita ang Bibliya sa atin at hindi sumubok na ihugis ito sa isang nakasanayang teolohiya. Ito ay madalas na nakakasakit at nakakagulat dahil ang higit sa ating teolohiya ay pang-demoninasyunal, pang-kultura o pang-ugnayan (magulang, kaibigan, pastor), hindi biblikal. Ang ilang kabilang sa Tao ng Diyos ay lumalabas na hindi dapat kabilang sa Tao ng Diyos (e.g., Roma 9:6).

**11:22 "ang kabutihan at ang kabagsikan ng Diyos"** Ang mga paraan ng Diyos ay palaging tila kabalintunaan sa nalugmok sangkatauhan (cf. Isaias 55:8-11). Mayroong mga bunga sa ating mga pagpili. Ang pagpili (eleksiyon) ng Diyos ay hindi pinabaliwala ang pananagutan ng sangkatauhan. Ang pagpili sa bansang Israel ay hindi nakakatiyak sa bawat-isang kaligtasan.

▣ **"kung mamamalagi ka sa kaniyang kabutihan"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na may isang PANGKASALUKUYANG MAY PASAKALI. Ang pagkakabalangkas na ito ay nangangahulugan na ang pagpapatuloy ng nananampalatayang Hentil ay may pasubali (ito ay ang kabilang panig ng pagiging makapangyarihan ng Diyos sa Roma 9); kailangan nating maging masikap na mapanatili ang ating pananampalataya (cf. Filipos 2:12-13). Ito ay tumutukoy sa pagpaparal (pagtitiyaga) ng kapwa pangkat at ang bawat-isa (cf. Galacia 6:9; Pahayag 2:7,17; 3:6,13,22). Ito ang hiwaga at pag-igting (tensyon) ng pagiging lahat at pagiging pansarili sa Bibliya. Sila ay kapwa mga pangako (sang-ayon sa katangian ng Diyos) at may pasubaling mga kasunduan (sang-ayon sa pagtugon ng tao). Tingnan ang Natatangging Paksa: Ang Pangangailangan sa Pagtitiyaga sa 8:25.

**11:23** Ang talatang ito ay sumusunod sa gramatiko at teolohikong tularan ng v. 22. Kung ang mga Hudyo magsisisi at manampalataya, sila ay mapapabilang. Kung ang mga Hentil tumigil sa pananampalataya, sila ay itatanggi (cf. v. 20). Ang panimulang pananampalataya kay Kristo at ang nagpapatuloy na pananampalataya sa Kanya ay napakahalaga para sa kanila.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:25-32**

**25Sapagka't hindi ko ibig, mga kapatid, na di ninyo maalaman ang hiwagang ito, baka kayo'y mangagmarunong sa inyong sariling mga haka, na ang katigasan ng isang bahagi ay nangyari sa Israel, hanggang sa pumasok ang kapunuan ng mga Hentil; 26At sa ganito'y ang buong Israel ay maliligtas: gaya ng nasusulat, MAGBUBUHAT SA SION ANG TAGAPAGLIGTAS; SIYA ANG MAGHIHIWALAY SA JACOB NG KALIKUAN: 27AT ITO ANG AKING TIPAN SA KANILA, PAGKA AALISIN KO ANG KANILANG MGA KASALANAN. 28Tungkol sa Ebanghelyo, ay mga kaaway sila dahil sa inyo: datapuwa't tungkol sa pagkahirang *ng Diyos*, ay mga pinakaiibig sila dahil sa mga magulang. 29Sapagka't ang mga kaloob at ang pagtawag ng Diyos ay hindi nagbabago. 30Sapagka't kung paanong kayo nang nakaraang panahon ay mga masuwayin sa Diyos, datapuwa't ngayon kayo'y nangagkamit ng habag sa pamamagitan ng kanilang pagsuway, 31Gayon din naman ang mga ito ay naging mga masuwayin**

**ngayon, upang sa pamamagitan ng habag na ipinagkaloob sa inyo, sila nama'y magkamit ngayon ng habag. [32]Sapagka't ang lahat ay kinulong ng Diyos sa kasuwayan, upang siya'y mahabag sa lahat.**

**11:25 "hindi ko ibig, mga kapatid, na di ninyo maalaman"** Ito ay isang pangkatangiang kataga ni Pablo (cf. 1:13; I Corinto 10:1; 12:1; II Corinto 1:8; I Tesalonica 4:13). Ito ay kadalasan pinasisimulan ang napakahalagang pagtalakay. Ito ay gumaganap tulad ng panimula ni Hesus na "Amen, Amen." Madalas na ginagamit ni Pablo ito upang simulan ang isang bagong paksa.

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV "hiwaga"**
**TEV "isang lihim na katotohanan"**
**NJB "isang nakatagong dahilan para sa lahat ng ito"**

**NATATANGING PAKSA: HIWAGA**

Ang Diyos ay pinagkaisang layunin para sa katubusan ng sangkatauhan kahit na bago pa ang pagkahulog (cf. Genesis 3). Ang mga pahiwatig ng planong ito ay naihayag sa OT (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; at ang pagkalahatang mga talata sa mga propeta). Gayunman, ang buong pakay na itoay hindi pa maliwanag (cf. I Corinto 2:6-8). Sa pagdating ni Hesus at ang Espiritu ito ay nagsisimula nang maging mas maliwanag. Ginamit ni Pablo ang salitang "hiwaga" upang ilarawan ang kabuuang pangkatubusan na planong ito (cf. Corinto 4:1; Efeso 6:19; Colosas 4:3; I Timoteo 1:9). Gayunman, ginamit niya ito sa maraming magkakaibang kaunawaan:

1. Isang bahagyan pagpapatigas ng Israel ang nagpahintulot sa mga Hentil na maisama. Ang pagdagsang ito ng mga Hentil ay gaganap bilang isang kaparaanan para sa mga Hudyo upang tanggapin si Hesus bilang ang Kristo ng propesiya (cf. Roma 11:25-32).
2. Ang ebanghelyo ay ipinakilala sa lahat ng mga bansa, na kung saan ang lahat ng kasama kay Kristo at sa pamamagitan ni Kristo (cf. Roma 16:25-27; Colosas 2:2).
3. Ang bagong katawan ng mga mananampalataya sa Pangalawang Pagdating (cf. I Corinto 15:5-57; I Tesalonica 4:13-18).
4. Ang pagwawakas ng lahat ng bagay kay Kristo (cf. Efeso 1:8-11).
5. Ang mga Hentil at mga Hudyo ay kasamang taga-pagmana (cf. Efeso 2:11-3:13).
6. Ang malapit na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Kristo at ng Iglesiya ay inilarawan sa mga pangkasal na mga salita (cf. Efeso 5:22-33).
7. Ang mga Hentil ay isinama sa bayan ng kasunduan at nanananahan sa pamamagitan ng Espiritu ni Kristo upang magbunga ng paglagong katulad kay Kristo, ito ay, pagpapanumbalik ng nasirang larawan ng Diyos sa nalugmok sangkatauhan (cf. Genesis 6:5,11-13; 8:21) ng Diyos sa tao (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6; Colosas 1:26-28).
8. Ang Anti-kristo sa huling panahon (cf. II Tesalonica 2:1-11).
9. Ang buod ng hiwaga sa mga unang iglesiya ay matatagpuan sa I Timoteo 3:16.

▣ **"baka kayo'y mangagmarunong sa inyong sariling mga haka"** Ito pa ang isang pahiwatig ng pag-igting (tensyon) sa mga iglesiya sa Roma (cf. v. 18).

▣
**NASB "na ang katigasan ng isang bahagi ay nangyari sa Israel"**
**NKJV "na ang isang pagpapatigas sa bahagi ay nangyari sa Israel"**
**NRSV "isang pagpapatigas na dumating sa bahagi ng Israel"**
**TEV "na nag katigasan ng ulo ng bayan ng Israel ay hindi mamamalagi"**
**NJB "Isang bahagi ng Israel ay naging bulag"**

Ang kapahayagang ito ay kailangang maiugnay sa lahat ng kabanata 11. Mayroong mga at magpapatuloy na ilang nananampalatayang mga Hudyo. Ang bahagyang pagkabulag na ito, na nasimulan sa pamamagitan ng Diyos (vv. 8-10) dahil sa pagtanggin ng mga Hudyo kay Hesus, ay umaakma sa plano ng Diyos sa tubusin ang lahat sangkatauhan. Ipinangako ng Diyos ang kaligtasan sa lahat (cf. Genesis 3:15). Pinili Niya si Abraham abutin ang lahat (cf. Genesis 12:3). Pinili niya ang Israel upang maabot ang lahat (cf. Exodo 19:5-6, tingnan ang Natatangging Paksa sa 8:28). Nabigo ang Israel sa kanyang pagsisikap na misyon dahil sa pagmamataas, kawalan ng pananampalataya at di-pananampalataya. Ninais ng Diyos na maabot ang mundo ng mga Hentil sa pamamagitan ng Kanyang pagpapala ng Israel (cf. Deuteronomio 27-29). Ang Israel ay hindi naisakatuparan ang Kasunduan, samakatuwid, ang pansamantalang kahatulan ng Diyos ay lumagpak sa kaniya. Ngayon, tinangan ng Diyos ang lubusang kahatulang ito at ginamit upang maisakatuparan ang Kanyang orihinal na layunin ng katubusan sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. vv. 30-31; Ezekiel 36:22-38).

▣ **"hanggang sa pumasok ang kapunuan ng mga Hentil"** Ang katulad na salitang ito (*pleroma*) is ginamit sa v. 12 para sa mga Hudyo. Kapwa ang mga talata ay nagsaasabi ng paunang pagkaalam at pagpili ng Diyos. Ang "hangang" ay nagsasabi ng isang hangganan ng panahon sa kapanahunan ito ng mga Hentil (cf. Lucas 21:24).

**11:26 "sa ganito'y ang buong Israel ay maliligtas"** May dalawang maaaring pagpapakahulugan.

1. Ito ay tumutukoy sa bansang Israel—hindi bawat isang mga Hudyo ngunit sa nakararami sa isang tiyak sa panahon sa kasaysayan.
2. Ito ay tumutukoy sa ilang pagkaunawa sa espiritwal na Israel, ang Iglesiya.

Ginamit ni Pablo ang konseptong ito sa Roma 2:28-29; Galacia 6:16; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6. "Ang buong takda ng mga Hudyo" sa 12 at "ang buong takda ng mga Hentil" sa v. 25 ay nasa isang pagkakatulad na ugnayan. Ito ay "lahat" sa kaunawaan ng pagpili ng Diyos hindi sa lahat sa kaunawaan bawat tao. Ang puno ng olibo ng pangako ay matatapos balang araw.

Ang ilang mga taga-pagsuri ay nagsasabi na ito ay kailangang tumutukoy sa bansang Israel lamang dahil

1. sa konteksto ng mga kabanata 9-11
2. sa mga sipi sa OT sa vv. 26-27
3. sa maliwanag na kapahayagan sa v. 28

Nananatili ang pag-ibig at pagnanais ng Diyos para sa mga likas na bindi ni Abraham na maligtas! Kailangan nilang dumating sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo (Zacarias 12:10).

Ang katanungan ay kung ang mga Hudyo na "pinatigas" ay magkakaroon ng pagkakataon sa huling panahon na tumugon ay hindi masasagot mula dito o sa anumang teksto. Bilang mga Amerikano, tayo ay nakabatay sa kultura na itanong ang pansariling mga katanungan ngunit ang Bibliya ay tumutuon sa pangkalahatang kabuuan. Ang lahat ng mga tanong tulad nito ay kailangang iiwan sa Diyos. Siya ay magiging matuwid sa Kanyang nilalang na Kanyang iniibig!

▣ **"gaya ng nasusulat"** Ito ay tumutukoy sa dalawang mga sipi mula sa Septuagint ng Isaias 59:20-21(v. 26) at 27:9 (v. 27). Ang kaparaanan ng kaligtasan ay ang pananampalataya kay Hesus ang Mesias. Walang planong B, planong A lamang. May isa lamang paraan upang maligtas (cf. Juan 10:7-18; 11:25-29;14:6).

**11:27** Isaias 27:9, na sinipi sa v. 27, ay pinagsasama ang pagpapanumbalik ng Israel Lupang Ipinangako (vv. 1-11) na may na may paanyaya sa tradisyunal na kaaway (mga bansang Hentil) na maibilang (cf. vv. 12-13). Kung ang pagpapanumbalik na ito ay literal, samakatuwid, ang millennium ang maaaring tumupad ng propesiyang ito. Kung ito ay matalinghaga, ang bagong kasunduan, ang hiwaga ng ebanghelyo, kung saan ang Hudyo at Hentil ay pinagsama sa pamamagitan ng pananampalataya sa

Mesias ng Diyos ang magiging layunin (cf. Efeso 2:11-3:13). Ito ay mahirap mapagpasyahan. Ang ilang propesiya sa OT ay tumutukoy sa Bagong Kasunduang iglesiya. Gayunman, ang Diyos matapat sa Kanyang mga pangako, kahit na hindi matapat ang mga tao (cf. Ezekiel 36:22-36).

**11:28** Ang talatang ito ay ipinapaliwanag ang kambal na aspeto ng pagpili (eleksiyon).

1. sa OT, ang pagpili ay para sa paglilingkod; pinili ng Diyos ang pagkakasangkapan sa tao para sa layunin ng pagtubos sa sangkatauhan
2. sa NT, ang pagpili ay maiuugnay sa ebanghelyo at walang hanggang kaligtasan; ang kaligtasang ito ng lahat ng mga tao na linikha sa larawan ng Diyos's larawan ay ang palagiang layunin (cf. Genesis 3:15)

Ang Diyos ay matapat sa Kanyang mga pangako. Ito ay totoo para sa mga mananampalataya ng OTat mga banal ng NT. Ang susi ay katapatan ng Diyos, hindi ng sangkatauhan, kahabagan ng Diyos, hindi sa pagsusumikap ng sangkatauhan. Ang eleksiyon ay para sa layunin ng pagpapala, hind sa pagtatangi!

▣ **"mga pinakaiibig sila dahil sa mga magulang"** Ito ang pangako ng Exodo 20:5-6 at Deuteronomio 5:9-10 at 7:9. Ang mga pamilya ay pagpapalain dahil sa pananampalataya ng mga nakaraang salinlahi. Pinagpala ang Israel dahil sa katapatan ng mga Patriarka (cf. Deuteronomio 4:37; 7:8; 10:15). Na ang Mesias ay magmumula sa Juda ay isa ring pangako kay David (cf. II Samuel 7). Gayunman, ito ay kailangan ding maihayag na kahit na ang "matatapat" ay hindi rin ganap nakatupad ng Kautusan (cf. Ezekiel 36:22-36). Ang pananampalataya—personal na pananampalataya, pampamilyang pananampalataya, ngunit hindi ganap na pananampalataya—ay katangap-tangap sa Diyos at maaaring maipasa sa pamamagitan ng mga pamilya (cf. I Corinto 7:8-16).

**11:29**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV** | **"Sapagka't ang mga kaloob at ang pagtawag ng Diyos ay hindi nagbabago"** |
| **TEV** | **"Sapagkat ang Diyos ay hindi nagbabago ng kanyang isip patungkol sa kanyang mga pinili at pinagpala"** |
| **NJB** | **"Hind kailanman binababawi ng Diyos ang kanyang mga kaloob o ipinapawalang-saysay ang kanyang pagpili"** |

Hindi ito tumutukoy sa espiritwal mga kaloob sa bawat-isa (cf. I Corinto 12), ngunit sa mga pangako ng Diyos sa kaligtasan, sa OT at NT. Ang pagpili (eleksiyon) ay umiiral. Ang katapatan ng Diyos ay ang pag-asa ng bansang Israel (cf. Malakias 3:6) at espiritwal na Israel!

**11:30-32** Ang mga talatang ito ay ang buod ng mga plano at mga layunin ng Diyos.

1. Sila ay palaging sang-ayon sa Kanyang kahabagan (tingnan ang tala sa 9:15-16), hindi sa nagkakataong determinismo. Ang salitang "kahabagan" ay ginamit nang apat na beses sa mas malaking kontekstong ito (cf. 9:15,16,18,23).
2. Hinatulan ng Diyos ang lahat ng mga tao. Ang mga Hudyo at mga Hentil ay lahat makasalanan (cf. 3:9,19,23; 5:11).
3. Ang Diyos ay ginamit ang pangangailangan ng sangkatauhan's need at inability bilang an pagkakataon to show kahabagan to <u>lahat</u> sangkatauhan (cf. v. 22). Muli ang konteksto ng "lahat" ay kailangang makita sa liwanag ng vv. 12 at 25-26. Hindi lahat ng mga tao ay tutugon sa alow ng Diyos, ngunit lahat ay kasama sa sakop ng katubusan (cf. 5:12-21; Juan 3:16). O, Diyos, mangyari nawa ito!!!

**11:30 at 31 "datapuwa't ngayon"** Malakas nitong ipinapahiwatig ang espiritwal na pagbabalik-loob ng bansang Israel sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus (cf. Zacarias 12:10). Tulad ng "di-

pananampalataya" ng mga Hentil ay nasupil ng kahahabagan ng Diyos, gayundin ang "di-pananampalataya" ng mga Hudyo.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:33-36**
**[33]Oh kalaliman ng mga kayamanan ng karunungan at ng kaalaman ng Diyos! oh di matingkalang mga hatol niya, at hindi malirip na kaniyang mga daan! [34]Sapagka't SINO ANG NAKAALAM NG PAGIISIP NG PANGINOON? O SINO ANG KANIYANG NAGING KASANGGUNI? [35]O SINO ANG NAGBIGAY NA UNA SA KANIYA, AT SIYA'Y BABAYARANG MULI? [36]Sapagka't kaniya, at sa pamamagitan niya, at sa kaniya, ang lahat ng mga bagay. Sumakaniya *nawa* ang kaluwalhatian magpakailan man. Amen.**

**11:33-36** Ito ang isa sa mga kamanga-mangang panandaliang doxolohiya ni Pablo. Si Pablo ay napuspos ng mga paraan ng Diyos: katapatan sa kasunduan, pagsasama sa kasunduan, kapuspusan ng kasunduan.

**11:33 "mga kayamanan"** Ito ay isang paboritong kataga para kay Pablo (cf. 2:4; 9:23; 10:12; 11:12,33; Efeso 1:7,8; 2:7; 3:8,16; Filipos 4:19; Colosas 1:27). Ang kahulugan ng ebanghelyo at ang pag-asa ng sangkatauhan ay ang masaganang kahahabagan ng katangian at plano ng Diyos (cf. Isaias 55:1-7).

▣ **"oh di matingkalang mga hatol niya, at hindi malirip na kaniyang mga daan"** Ito ay isang nararapat na doxolohiya sa kabalintunaang mga katotohanan ng mga kabanata 9-11 (cf. Isaias 55:8-11).

**11:34** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Isaias 40:13-14, kung saan ang Diyos ay pinalaya ang Kanyang bayan sa pamamagitan ng pagbabalik sa kanila mula sa pagkakatapon. Sa I Corinto 2:16, si Pablo ay sinipi ang katulad ng talatang ito ngunit ibinibilang ang titulong , "Panginoon," kay Hesus.

**11:35** Ito ay isang maluwag na sipi mula sa Job 35:7 o 41:11.

**11:36 "Sapagka't kaniya, at sa pamamagitan niya, at sa kaniya, ang lahat ng mga bagay"** Ang mga parirala ay tumutukoy sa Diyos Ama sa kontekstong ito (cf. I Corinto 11:12), ngunit lubhang katulad sa ibang mga talata sa NT na tumutukoy sa Diyos Anak (cf. I Corinto 8:6; Colosas 1:16; Hebreo 2:10). Pinaninindigan ni Pablo na ang lahat mga bagay ay mula sa Diyos at babalik sa Diyos.

▣ **"Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian magpakailan man"** Ito ay isang pangkatangian sa NT na pagpapala sa pagka-Diyos.
Ito ay tumutukoy
1. Minsan sa Ama (cf. 16:27; Efeso 3:21; Filipos 4:20; I Pedro 4:11; 5:11; Judas 25; Pahayag 5:13; 7:12)
2. Minsan sa Anak (cf. I Timoteo 1:17; II Timoteo 4:18; II Pedro 3:18; Pahayag 1:16) Tingnan ang Buong Tala sa 3:23.

▣ **"Amen"** Tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:25.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Papaanong hindi nakita ng Israel ang paraan ng kaligtasan?
2. Anong dalawang dahilan ang binigay ni Pablo upang patunayan na hindi tinanggihan ng Diyos Israel?
3. Bakit pinatigas ng Diyos ang mga puso ng Hudyo? Paano?
4. Ano ang kahulugan ng konsepto ng isang pang-Hudyong "naiwan" (vv. 2-5)?
5. Bigyan ng kahulugan ang salitang "hiwaga" sa NT.
6. Ano ang ibig-sabihin ng 11:26? Bakit? Paano ito maiuugnay sa 9:6?
7. Anong babala ang ibinigay ni Pablo sa mga Hentil na mananampalataya (vv. 17-24)?

# MGA TAGA-ROMA 12

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **UBS[4]** | **NKJV** | **NRSV** | **TEV** | **NJB** |
| Ang Bagong Buhay kay Kristo | Mga Buhay na Hain sa Diyos | Buhay na Nakalaan sa Diyos | Ang Buhay sa Paglilingkod sa Diyos | Espiritwal na Panambahan |
| 12:1-2 | 12:1-8 | 12:1-2 | 12:1-2 | 12:1-2 |
| | | | | Pagpapakumbaba at Pag-ibig sa Kapwa |
| 12:3-8 | | 12:3-8 | 12:3-8 | 12:3-13 |
| Mga Alituntunin ng Kristiyanong Pamumuhay | Kumilos nang Wasto na Tulad ng isang Kristiyano | Mga Pagtatagubilin | | |
| 12:9-21 | 12:9-21 | 12:9-13 | 12:9-13 | Pag-ibig sa Bawa't-isa kasama ang mga Kaaway |
| | | 12:14-21 | 12:14-16 | 12:14-21 |
| | | | 12:17-21 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

**MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA TALATA 1-8**

A. Pinasimulan nito ang praktikal na bahagi ng Roma (12:1-15:13). Ang mga sulat ni Pablo ay mga paminsan-minsang mga kasulatan, samakatuwid, sila ay kapwa pang-doktrina at pagpapairal na mga bahagi. Si Pablo ay sumulat upang talakayin ang isang lokal na suliranin o krisis. Yamang ang Roma 1-8 ay isang napakagandang pang-doktrinang buod, ang kanyang pang-etika at practikal na bahagi ay singtumbas ang kapangyarihan.

B. Ang teolohiyang walang pag-iral sa pamumuhay ay hindi sa Diyos (cf. Mateo 7:24-27; Juan 13:17; Roma 2:13; Santiago 1:22, 25; 2:14-26). Maliwanag na tinuturo ni Pablo ang isang walang bayad kaligtasan sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus, ngunit ang walang bayad na kaloob na ito ay nangangahulugang ng isang sukdulang pagbabago sa ating mga buhay! Ang kaligtasan ay walang bayad, ngunit ito ay kailangang sinusundan ng isang lubusang pagiging katulad ni Kristo! Hindi natin dapat subukang paghiwalayin ang pag-aaring-ganap mula sa pagpapaging-banal!

C. Ang mga talatang 1-2 ay bumubuo ng isang panimula sa buong practikal na bahagi. Ito ay ang batayan para sa buhay na pinangungunahan ng Espiritu (i.e., kabanata 8).

D. Ang mga talatang 3-8 ay tinatalakay ang espiritwal pagkakaloob. Ang ating lubos na pagiging mabunga kay Kristo ay kailangang mag-udyok ng paglilingkod para sa Diyos (cf. Deuteronomio 6:4-5; Mateo 22:37) at sa kapwa (cf. Levitico 19:18; Mateo 19:19). Ang mga kaloob na ito ay nagbibigay-diin sa ating pakikipag-isa kay Kristo at ating magkakaibang kaloob (cf. Efeso 4:1-10). Ang mga mananampalataya ay kailangang magpunyagi para sa pagkakaisa, hindi sa pagkakatulad. Tayo ay pinapalakas ng Diyos upang maglingkod sa bawat-isa (cf. I Corinto 12:7,11; Efeso 4:11-13)!

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 12:1-2**

**[1]Samakatuwid, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Diyos, *na siya* ninyong espirituwal na paglilingkod ng pagsamba. [2]At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Diyos.**

▣ **"Samakatuwid"** Ginamit ni Pablo ang mga salitang ito sa mahalagang pagpapalit ng mga paksa sa kanyang pagpapakilala ng mga katotohanan ng ebanghelyo sa aklat ng Roma.

1. sa 5:1ff, binuod nito ang "pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya"
2. sa 8:1ff, binuod nito ang kaugnayan ng mga mananampalataya sa kasalanan, na tinatawag na pagpapaging-banal
3. 12:1ff ito ay nag-uugnay sa praktikal na pag-iral ng pag-aaring-ganap at pagpapaging-banal sa pang-araw-araw na buhay ng mga mananampalataya

**12:1**
**NASB "ipinamamanhik ko sa inyo"**
**NKJV "pinamamanhik ko sa inyo"**
**NRSV, TEV "nagsasamo ako sa inyo"**
**NJB "nakikiusap ako sa inyo"**

Ang pariralang ito ay kapwa magiliw at matatag. Ito ay isang panawagan sa isang naaayong pamumuhay. Madalas gamitin ni Pablo ang salitang ito (cf. 12:1;15:30; 16:17; I Corinto 1:10; 4:16; 16:15; II Corinto 2:8; 5:20; 6:1; 10:1; 12:8; Efeso 4:1; Filipos 4:2; I Tesalonica 4:10; I Timoteo 1:3; Filemon vv. 9-10).

▣ **"mga kapatid"** Ginagamit ni Pablo ang salitang ito upang magsimula ng bagong paksa.

▣ **"alangalang sa mga kahabagan ng Diyos"** Sa LXX ito ay naglalarawan ng mahabaging likas ni

YHWH (cf. Exodo 34:6).Dito, ito ay tumutukoy sa pang-doktrinang pagpapatuloy ng mga kabanata 1-11. Mayroong isang maliwanag na pagbibigay-diin sa Roma sa "kahabagan" (both *oikīeirō* at *eleeō*) ng Diyos sa pakikitungo sa nalugmok sangkatauhan (cf. 9:15,16,18,23; 11:30,31,32; 12:8; 15:9). Dahil ang biyaya at kahabagan ng Diyos ay inalay nang walang-bayad, mga mananampalataya ay kailangan mamuhay ng maka-Diyos na pamumuhay (cf. Efeso 1:4; 2:10) bilang pasasalamat, hindi sa kahusayan (cf. Efeso 2:8-9). Ang bagong mga buhay (i.e., Colosas 3:9,10,12) ay nagbabaling sa ito sa pananampalataya kay Kristo!

▣ **"na iharap"** Ito ay isang AORIST NA PAWATAS. Ito ay isa sa maraming pag-aalay na mga salita na ginamit sa kontekstong ito: pag-aalay, v. 1; banal, v. 1; katanggap-tanggap, v. 1. Ang katulad na konseptong ito ay ipinahayag sa 6:13,16,19. Ang sangkatauhan ay ibibigay ang kanyang sarili sa Diyos o kay Satanas. Gaya ni Kristo na ibinigay ang Kanyang sarili na natatangi upang gawin ang kalooban ng Ama, kahit na sa kamatayan sa krus, ang Kanyang mga taga-sunod ay kailangan ding tularan ang Kanyang walang pag-iimbot na pamumuhay (cf. II Corinto 5:14-15; Galacia 2:20; I Juan 3:16).

▣ **"ang inyong mga katawan"** Ang kristiyanismo ay lubhang kakaiba sa pilosopiyang Griyego, na ipinapalagay na ang pisikal na katawan ay masama. Ito ay ang lugar ng panunukso ngunit ito ay walang kinikilingan sa moralidad. Ang salitang "katawan" ay tila katulad ng "kaisipan" sa v. 2. Ang mga mananampalataya ay kailangang ilaan ang kanilang buong pagkatao sa Diyos (cf. Deuteronomio 6:5; I Corinto 6:20) katulad ng kanilang paglaan nito sa nakalipas sa kasalanan (cf. Roma 6).

▣**"isang buhay"** Ito ay sukdulang naiiba sa mga patay na mga handog sa pang-Hudyo o mga templo (cf. 6:13; Galacia 2:20).

Ito rin ay kailangang mapag-iba mula sa asetisismo (ang mabagsik ang pagtrato sa pisikal na katawan para sa mga pang-relihiyong layunin). Ito ay hindi pagkukulong, pagpaparusa, pagkasoltero ng katawan ang isinusulong, ngunit isang masiglang buhay ng paglilingko at pag-ibig na katulad kay Kristo.

▣ **"at haing banal"** Ang salitang "banal" ay nangangahulugang "ihiwalay para sa paglilingkod sa Diyos." Ang pagtuon ng salitang ito sa kontekstong ito ay sa paglalaan at pagiging handa ng mananampalataya na gamiting ng Diyos para sa Kanyang mga layunin.

**NATATANGING PAKSA: BANAL**

I. Ang Lumang Tipan
   A. Ang etimolohiya ng salitang *kadosh* (BDB 872) ay di-tiyak, maaaring sa Cananeo. Ito ay maaaring bahagi ng salitang-ugat na (i.e., *kd*) nangangahulugang "hatiin." Ito ang pinagmulan ng kilalang kahulugan na "hiniwalay (mula sa kulturang Cananeo, cf. Deuteronomio 7:6; 14:2,21; 26:19) para sa paggamit ng Diyos."
   B. Ito ay nag-uugnay presensiya ng Diyos sa mga bagay, mga lugar, mga panahon, at mga tao. Ito ay hindi ginamit sa Genesis, ngunit naging pangkaraniwang sa Exodo, Levitico, at Bilang.
   C. Sa propesiyang panitikan (lalo na sa Isaias at Osea) ang personal na sangkap ay nauna nang ipinakilala, ngunit ang hindi binigyang-diin ay nagmumula sa unahan. Ito ay naging isang paraan ng pagtatalaga ng diwa ng Diyos (cf. Isaias 6:3). Ang Diyos ay banal. Ang Kanyang pangalan na kumakatawan sa Kanyang katangian ay Banal. Ang Kanyang mga tao na naghahayag ng Kanyang katangian sa isang nangangailangang mundo ay banal (kung kanilang sinunod ang kasunduan sa pananampalataya).
   D. Ang kahabagan at pag-ibig ng Diyos ay hindi mahihiwalay mula sa teolohikong mga konsepto ng mga kasunduan, katarungan, at mahalagang katangian. Narito ang pag-igting (tensyon) sa

Diyos patungo sa isang di-banal, makasalanan, mapanghimagsik na sangkatauhan. Mayroong isang nakakaaliw na artikulo sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos bilang "mahabagin" at Diyos bilang "banal" sa Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 112-113.

II. Ang Bagong Tipan
   A. Ang mga manunulat ng NT (maliban kay Lucas) ay mga palaisip na Hebreo, ngunit naimpluwensyahan ng Koine Griyego (i.e., ang Septuagint). Ito ay ang Griyegong salin ng OT, hindi Klasikong Griyegong panitikan, kaisipan, o relihiyon ang namamahala sa kanilang talasalitaan (bokabularyo).
   B. Si Hesus ay banal dahil Siya ay Diyos at tulad ng Diyos (cf. Lucas 1:35; 4:34; Gawa 3:14; 4:27,30). Siya ay Banal at Isang Matuwid (cf. Gawa 3:14; 22:14). Si Hesus ay banal dahil Siya ay walang kasalanan (cf. Juan 8:46; II Corinto 5:21; Hebreo 4:15; 7:26; I Pedro 1:19; 2:22; I Juan 3:5).
   C. Dahil ang Diyos ay banal, ang Kanyang mga anak ay dapat maging banal (cf. Levitico 11:44-45; 19:2; 20:7,26; Mateo 5:48; I Pedro 1:16). Sapagkat si Hesus ay banal, ang Kanyang mga taga-sunod ay dapat maging banal (cf. Roma 8:28-29; II Corinto 3:18; Galacia 4:19; Efeso 1:4; I Tesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15). Ang mga Kristiyano ay naligtas upang maglingkod sa pagiging katulad (wangis) ni Kristo (kabanalan).

▣ **"na kaayaaya sa Diyos"** Ito ay tumutukoy sa isang nararapat na paghahandog sa OT (cf. v. 2). Ito ay katulad sa konsepto ng "walang kasalanan," kapag ginamit ito ay tumutukoy sa tao (cf. Genesis 6:9; 17:1; Deuteronomio 18:13; Job 1:1).

▣

**NASB "na siya ninyong espirituwal na paglilingkod ng pagsamba"**
**NKJV "na siya ninyong katanggap-tanggap na paglilingkod"**
**NRSV "na siya ninyong espiritwal na pagsamba"**
**TEV "Ito ay ang tunay na pagsamba sa dapat niyong ihandog."**
**NJB "sa isang paraan na siyang katanggap-tanggap sa mga nag-iisip na nilalang"**

Ang salitang ito [*logikos*] ay kinula mula sa *logizomai,* na nangangahulugang "mangatuwiran" (cf. Marcos 11:31; I Corinto 13:11; Filipos 4:8). Sa kontekstong ito, ito ay maaaring mangahulugang makatuwiran o katanggap-tanggap. Ngunit ang salita ay ginamit din sa isang kaunawaang "espiritwal," tulad ng sa I Pedro 2:2. Ang diwa ay tila sa isang kinusang pag-aalay ng tunay na sarili laban sa patay o ritwal na mga paghahandog ng mga patay na mga alay na hayop. Ninanais ng Diyos na ang ating buhay sa pag-ibig at paglilingkod sa Kanya, hindi sa mga pormal na alituntunin na hindi nakakapagpaunlad ng pang-araw-araw na pamumuhay.

**12:2 "huwag kayong magsiayon"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS (o GANAP NA PANGGITNANG) na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Mayroong isang pag-iiba sa v. 2 na katulad sa isa ng Filipos 2:6-8, sa pagitan ng panlabas na nagbabagong anyo (*schema*, 2:8) at ang panloob ng nagbabagong diwa (*morphe*, 2:6-7). Ang mga mananampalataya ay hinihikayat na hindi na magpatuloy na pagiging katulad ng nagbabagong nalugmok na sistema ng mundo (ang lumang panahon ng paghihimagsik) kung saan sila ay nananatiling hiwalay sa pisikal, ngunit maging lubusang nabago sa pagiging katulad ni Kristo (ang bagong panahon ng Espiritu).

▣ **"sa sanglibutang ito"** Sa literal, ito ang salitang "panahon." Ang mga Hudyo ay nakita ang dalawang mga panahon (cf. Mateo 12:32; Marcos 10:30; Lucas 20:34-35), ang kasalukuyang masamang panahon (cf. Galacia 1:4; II Corinto 4:4; Efeso 2:2) at ang panahon na darating (cf. Mateo 28:20; Hebreo

1:3; I Juan 2:15-17). Ang mga mananampalataya ay nabubuhay sa panahon ng puno sa pag-igting (tensyon) kung saan ang mga panahong ito ay nakakagulat na naging magkasanib. Dahil sa dalawang mga pagdating niKristo, mga mananampalataya ay nabubuhay sa "nandito na at wala pa" na pag-igting (tensyon) ng Kaharian ng Diyos na kapwa sa kasalukuyan at sa panghinaharap.

**NATATANGING PAKSA: ANG PANAHONG ITO AT ANG DARATING NA PANAHON**

Ang mga propeta sa OT ay tinitingnan ang hinaharap bilang bilang isang kadugtong ng kasalukuyan. Para sa kanila ang hinaharap ay pagpapanumbalik ng heograpikong Israel. Gayunpaman, kahit nakita nila ito bilang isang bagong araw (cf. Isaias 65:17; 66:22). Na may nagpapatuloy na pananadyang pagtanggi kay YHWH sa pamamagitan ng mga inapo ni Abraham (maging pagkatapos ng pagkakatapon) isang bagong tularan ang nabuo sa pang-Hudyong intertestamental na panitikang apoliptiko (i.e., I Enoch, IV Ezra, II Baruch). Ang mga kasulatang ito ay nagsimulang alamin ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang panahon: ang kasalukuyang makasalanang panahon na pinangibabawan ni Satanas at ang daarating na panahon ng katuwiran na pinapangibabawan ng Espiritu at pinasinayan ng Mesias (madalas na isang dinamikong mandirigma).

Sa lugar na ito ng teolohiya (eskatolohiya) mayroong kapansin-pansin na pagbabago. Tinatawag ito ng mga teolohiyo na "umuunlad na kapahayagan." Ang NT ang nagpapatibay sa bagong kosmikong katotohanan ng dalawang panahon (i.e., isang pansamantalang dualismo).

| **Hesus** | **Pablo** | **Hebreo** |
|---|---|---|
| Mateo 12:32 | Roma 12:2 | 1:2 |
| Mateo 13:22 & 29 | I Corinto 1:20;2:6,8;3:18 | 6:5 |
| Marcos 10:30 | II Corinto 4:4 | 11:3 |
| Lucas 16:8 | Galacia 1:4 | |
| Lucas 18:30 | Efeso 1:21; 2:1,7; 6:12 | |
| Lucas 20:34-35 | I Timoteo 6:17 | |
| | II Timoteo 4:10 | |
| | Tito 2:12 | |

Sa NT na teolohiya ang dalawang pang-Hudyong panahon na ito ay nagsanib sapagkat sa di-inaasahan at di napansing pagtataya ng dalawang pagdating ng Mesias. Ang pagkakatawang tao ni Hesus ay tumupad sa propesiya sa OT ng pagpapasinaya ng bagong panahon (Daniel 2:44-45). Gayunpaman, ang OT ay nakita rin ang Kanyang pagdating bilang isang Hukom at Manlulupig, ngunit Siya ay dumating una bilang Nagtitiis na Tagapaglingkod (cf. Isaias 53; Zacarias 12:10), mapagpakumbaba at mababang-loob (cf. Zacarias 9:9). Siya ay babalik sa kapangyarihan na gaya ng hinuhula ng OT (cf. Pahayag 19). Ang dalawang-yugto ng katuparang ito ay nagdulot sa Kaharian na maging narito (pinasinayaan), ngunit panghinaharap (hindi pa lubusang nararanasan). Ito ay ang pag-igting sa NT na narito na, ngunit hindi pa!

▣ **"magiba kayo"** Ang mga mananampalataya ay kailangang mangagbago (cf. 6:4; 7:6; II Corinto 5:17; Galacia 6:15; Efeso 4:22-24; Colosas 3:10), hindi lamang nakabatid! Ang gramatikong anyo ng salitang ito ay maaaring PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS, "magpatuloy sa pagbabago ng inyong sarili" o PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS, "magpatuloy na mangagbago." Ito rin ay totoo sa "magsiayon" sa v. 2a. Para sa isang katulad ng pag-iiba, paghambingin ang Ezekiel 18:31 (pangako at pagkilos ng tao) sa Ezekiel 36:26-27 (kaloob ng Diyos). Kapwa ay kailangan!

Isang anyo na katulad ng salitang it para sa "bumubuo o umaanyo" ay ginamit ni Hesus sa Pagbabagong-anyo (cf. Mateo 17:2), kung saan ang Kanyang tunay na diwa ay naihayag. Ang tunay ang diwang pagka-Diyos (cf. II Pedro 1:3-4) ay umaanyo sa bawat mananampalataya (cf. II Corinto 3:18; Efeso 4:13).

▣ **"sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip"** Ito ay mula sa Griyegong salitang-ugat na para

sa bago sa katangian (*kainos*) hindi bago sa panahon (*chronos*). Para sa mga Hudyo ang mga diwa sa pagkakita at pagdinig ay ang mga bintana ng kaluluwa. Kung ano ang iniisip ng isa, ang isa ay nagiging. Pagkatapos ng kaligtasan, dahil pananahanan ng Espiritu, mga mananampalataya ay may isang bagong pananaw (cf. Efeso 4:13,23; Tito 3:5). Ang bagong biblikal na pananaw na ito sa mundo, kaalinsabay sa pananahanan ng Espiritu, ay ang nakakapagpabago ng pag-iisip at pamumuhay ng bagong mga mananampalataya. Ang mga mananampalataya ay tumitingin sa katotohanan sa isang lubusang kakaibang paraan dahil ang kanilang mga pag-iisip ay pinapalakas ng Espiritu. Ang isang bagong tinubos, pag-iisip na pinangungunahan ng espiritu ay magbubunga ng bagong pamumuhay! Ito ay siyang ipinangakong bagong kasunduan (cf. Jeremias 31:31-34).

**NATATANGING PAKSA: MAGPANIBAGO (*ANAKAINŌSIS*)**

Ang Griyegong salitang ito sa kanyang magkakaibang anyo (*anakainoō, anakainizō*) ay may dalawang panimulang mga kahulugan.

1. "magdulot sa isang bagay na maging bagong at maging kakaiba (i.e., mas mainam)" – Roma 12:2; Colosas 3:10
2. "magdulot ng isang pagbabago sa isang nakalipas na piniling kalalagayan" – II Corinto 4:16; Hebreo 6:4-6

(kinuha mula sa Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, tomo 1, pp. 157, 594)

Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek Testament*, ay nagsasabi na ang ang salitang ito ay (i.e., *anakkainōsis*) hindi matatagpuan sa Griyegong panitikan na mas maaga kay Pablo. Maaaring si Pablo ang lumikha ng salitang ito sa kaniyang sarili (p. 34).

Si Frank Stagg, *New Testament Theology*, ay may isang nakakawiling puna.

> "Ang muling kapanganakan at pagbabago ay nasa Diyos lamang. *Anakkainōsis*, ang salita para sa "pagpapanibago o pagbabago," ay isang pangngalang pagkilos, at ito ay ginamit sa Bagong Tipan, kasama ang mga pandiwang anyo, upang ilarawan ang isang nagpapatuloy na pagbabago, tulad ng sa Roma 12:2, 'magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip' at 2 Corinto 4:16, 'ang aming pagkataong loob ay nababago sa araw-araw.' Colosas 3:10 ay inilalarawan ang 'bagong tao' bilang 'bagong pagkatao, na nagbabago sa kaalaman ayon sa larawan niyaong lumalang sa kaniya.' Samakatuwid, ang 'bagong tao,' ang 'pagbabago ng buhay,' ang 'muling kapanganakan,' o 'pagpapanibago,' sa paanong paraan man tawagin, ay matutunton sa isang panimulang pagkilos at isang nagpapatuloy na pagkilos ng Diyos bilang tagapagbigay at tagapagpatuloy ng walang hanggang buhay" (p. 118).

▣ **"upang mapatunayan ninyo kung alin ang kalooban ng Diyos"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAWATAS. Ang salita (*dokimazō*) ay ginamit na may kahulugan na "subukin na may isang pananaw patungong pagsang-ayon." Tingnan ang Natatangging Paksa sa 2:18.

Ang kalooban ng Diyos ay ang lahat ay maliligtas sa pamamagitan ng Kristo (cf. Juan 6:39-40), at pagkatapos ay mabuhay ng tulad ni Kristo (cf. Roma 8:28-29; Galacia 4:19, Efeso 1:4; 4:13,15; 5:17-18). Kristiyanong katiyakan (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:2) ay sang-ayon sa

1. mga pangako ng isang mapagkakatiwalaang Diyos
2. panananahan ng Banal na Espiritu (cf. Roma 8:14-16)
3. ang nabago at nagbabagong buhay ng mananampalataya (cf. Santiago & I Juan) "walang bunga, walang ugat" (cf. Mateo 13:1-9, 19- 23)

▣ **"kung alin ang kalooban ng Diyos"** Tingnan ang Natatangging Paksa na sumusunod.

**NATATANGING PAKSA: ANG KALOOBAN (*thelēma*) NG DIYOS**

**EBANGHELYO NI JUAN**

- Si Hesus ay dumating upang tuparin ang kalooban ng Ama (cf. 4:34; 5:30; 6:38)

- upang buhayin sa huling panahon yaong lahat ng binigay ng Ama sa Anak (cf. 6:39)
- na lahat ay manampalataya sa Anak (cf. 6:29,40)
- mga sinagot panalangin na may kaugnayan sa pagtupan ng kalooban ng Diyos (cf. 9:31 at I Juan 5:14)

**ANG SINOPTIKONG EBANGHELYO**

- ang pagtupad ng kalooban ng Diyos ay napakahalaga (cf. Mateo 7:21)
- ang pagtupad ng kalooban ng Diyos ay ginagawang isang kapatid kay Hesus (cf. Mateo 12:50; Marcos 3:35)
- hindi kalooban ng Diyos na ang sinoman ay mapahamak (cf. Mateo 18:14; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9)
- Ang Kalbaryo ay kalooban ng Ama para kay Hesus (cf. Mateo 26:42; Lucas 22:42)

**MGA SULAT NI PABLO**

- ang pagiging ganap at paglilingkod ng lahat ng mananampalataya (cf. Roma 12:1-2)
- ang mga mananampalataya ay naligtas mula sa masamang panahong ito (cf. Galacia 1:4)
- Ang kalooban ng Diyos ay ang Kanyang planong pangkatubusan (cf. Efeso 1:5,9,11)
- ang mga mananampalataya ay dumaranas at nabubuhay ng puspos ng Espiritu (cf. Efeso 5:17-18)
- ang mga mananampalataya ay puspos ng karunungan ng Diyos (cf. Colosas 1:9)
- ang mananampalataya ay ginawang ganap at lubos (cf. Colosas 4:12)
- ang mga manamanpalataya ay pinagpapaging banal (cf. I Tesalonica 4:3)
- ang mga mananampalataya ay laging nagpapasalamat sa lahat ng bagay (cf. I Tesalonica 5:18)

**MGA SULAT NI PEDRO**

- ang mga mananampalataya ay gumagawa ng tama (i.e., nagpapasakop sa mga awtoridad sibil) at manapay napapatahimik ang mga hangal na tao, nagbibigay daan sa pageebanghelyo (cf. I Pedro 2:15)
- ang mga mananampalataya ay nagdurusa (cf. I Pedro 3:17; 4:19)
- ang mananampalataya ay hindi namumuhay ng makasariling pamumuhay (cf. I Pedro 4:2)

**MGA SULAT NI JUAN**

- ang mga mananampalataya ay nanatili magpakailanman (cf. I Juan 2:17)
- ang mga mananampalataya ang susi sa panalanging tinugon (cf. I Juan 5:14)

▣ **"kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos"** Ito ay kumakatawan sa kalooban ng Diyos para sa mga mananampalataya pagkatapos kaligtasan (cf. Filipos 4:4-9). Ang layunin ng Diyos sa bawat mananampalataya ang paglagong katulad ni Kristo ngayon (cf. Mateo 5:48).

▣ **"lubos"** Ang salitang ito ay nangangahulugang "malago, tinuruang lubos upang maisakatuparan ang isang itinakdang gawain," "hinog" o "ganap." Hindi ito nangangahulugang "walang kasalanan." Ito ay ginamit sa

1. mga bisig at mga paa na nabali ngunit gumaling at napanumbalik sa pakinabang ito
2. mga lambat na napunit ngunit nagtagpian at naging kagamit-gamit muli sa paghuli ng isda
3. mga maliliit na manok na ngayon ay nasa hustong gulang na para mapunta sa palengke bilang mga pamprito
4. mga bapor na binuo para sa paglalayag

**TALATA SA NASB (BINAGO): 12:3-8**

**3 Sapagka't sinasabi ko, sa pamamagitan ng biyaya na sa akin ay ibinigay, sa bawa't tao sa inyo,**

**na huwag magisip sa kaniyang sarili ng totoong matayog kay sa nararapat niyang isipin; kundi magisip na may kahinahunan, ayon sa kasukatan ng pananampalataya na ibinahagi ng Diyos sa bawa't isa. [4]Sapagka't kung paanong sa isang katawan ay mayroong tayong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ay hindi pareho ang gawain: [5]Ay gayon din tayo, na marami, ay iisang katawan kay Kristo, at mga sangkap na samasama sa isa't isa. [6]At yamang may mga kaloob na nagkakaibaiba ayon sa biyaya na ibinigay sa atin, *ang bawat isa ay nagtutuparan nang naaayon*, kung propesiya, ay manganghula tayo ayon sa kasukatan ng ating pananampalataya; [7]O kung ministeryo, ay gamitin natin ang ating sarili sa ating ministeryo; o ang nagtuturo, ay sa kaniyang pagtuturo; [8]O ang umaaral, ay sa kaniyang pagaral: ang namimigay, ay magbigay na may magandang-loob; ang nagpupuno, ay magsikap; ang nagpapakita ng kahabagan ay magsaya.**

**12:3** Ang mga talatang 1-2 ay nagpapatingkad ng pangangailangan para sa isang "bagong kaisipan." Sa v. 3 mayroong isang makaapat na paglalaro sa salitang "mag-isip." Sa *The Zondervan Study Guide Commentary, Rome,* nina Bruce Corley at Curtis Vaughan ay gumawa ng ganitong pagmamasid:

> "Malabis na pag-iisip. . .wastong pag-iisip. . .panglayuning pag-iisip. . .mahinahong pag-iisip" (p. 138).

Ang pagtatanging ito ay makakatulong.

Ang talatang ito, tulad ng 11:13-24, ay maaaring ipaliwanag

1. ang pag-igting (tensyon) sa iglesiya sa Roma sa pagitan ng nananampalatayang mga Hudyo at nananampalatayang mga Hentil
2. ang katotohanan na sinulat ni Pablo sa Roma mula sa Corinto (sa pagkatapos ng kanyang pangatlo pangmisyong paglalakbay), na kung saan siya ay nakatagpo ng mapagmataas, mapagmaranya sa sarili na mga mananampalataya

▣ **"sa pamamagitan ng biyaya na sa akin ay ibinigay"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang biyaya ay dumating mula sa Diyos sa nakalipas, natapos na pangyayari (i.e., ang pagtatagpo sa daan sa Damasco). Sa kontekstong ito, ang "biyaya" ay may kaugnayan sa espiritwal pagkakaloob (cf. 15:15; I Corinto 3:10; 15:10; Galacia 2:9; Efeso 3:7-8), hindi ang kaloob ng katuwiran (cf. Roma 4). Ito ay tumutukoy sa pagkaligtas at panawagan ni Pablo na maging apostol sa mga Hentil (cf. Gawa 9:15; Roma 1:1,5; Galacia 1:15- 16; 2:7-8; Efeso 3:1-2,8; I Timoteo 2:7; II Timoteo 4:17).

▣ **"sinasabi ko sa bawa't tao sa inyo"** Ang babala ng v. 3 ay para sa lahat ng mga Kristiyano, hindi lamang sa pinuno.

▣ **"na huwag magisip sa kaniyang sarili ng totoong matayog"** Tingnan ang Natatangging Paksa: Ang Paggamit ni Pablo ng Tambalang *Huper* sa 1:30.

▣ **"ayon sa ibinahagi ng Diyos sa bawa't isa"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Hindi pinili ng mga mananampalataya ang kanilang mga spiritwal na kaloob (cf. I Corinto 7:17; 12:11; Efeso 4:7). Ibinigay ito sa pamamagitan ng Espiritu at sa kaligtasan para sa pangkalahatang kabutihan (cf. I Corinto 12:7). Ang mga kaloob ng Espiritu ay hindi mga sagisag ng kahusayan na nagtataas sa isang tao, ngunit tuwalya ng paglilingkod upang ang bawat mananampalataya ay maaaring makapaglingkod sa katawan ni Kristo, ang iglesiya.

▣ **"kasukatan ng pananampalataya"** Ito ay tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na gumanap nang mabisa sa kanilang espiritwal na pagkakaloob (cf.6). Upang maging malusog, espiritwal na pagkakaloob ay kailangang maisakatuparan sa pamamagitan ng bunga ng Espiritu (cf. vv. 9-12; Galacia 5:22-23). Ang mga kaloob ay mga ministeryo ni Hesus na ibinahagi sa Kanyang mga taga-sunod, habang ang bunga ay nag kaisipan ni Kristo. Ang kapwa ay kailangan para sa mabisang paglilingkod (ministeryo).

**12:4** Ito ay isang pangkaraniwang talinghaga sa mga sulat ni Pablo. Ang pagtutulungan sa katawan ng tao ay naglalarawan ng pagkakaloob sa iglesiya (cf. I Corinto 12:12-27; Efeso 1:23; 4:4,12,16; 5:30; Colosas 1:18,24; 2:19). Ang kristiyanismo ay pangkalahatan at pang-isahan!

**12:5 "tayo, na marami, ay iisang katawan kay Kristo"** Ang talatang ito ay nagbibigay-diin sa pagkakaisa at pagkakaiba ng mga mananampalataya. Ito ay ang pag-igting (tensyon) ng espiritwal na pagkakaloob sa loob ng iglesiya. Ang pag-ibig ng kabanata ng I Corinto 13 ay tumatalakay sa pag-igting (tensyon) ng pagkakaiba ng pagkakaloob (cf. I Corinto 12 at 14). Ang mga Kristiyano are wala sa paligsaha, ngunit sa pagtutulungan sa Dakilang Komisyon!

**12:6-8** Ang mga talatang ito ay bumubuo ng isang pangungusap sa Griyego na may dalawang MGA KATAGA ngunit walang pangunahing PANDIWA. Ito ay kadalasan isinasalin bilang isang PANGATLONG PANAUHANG PAUTOS, "gamitin natin."

**12:6 "mga kaloob. . .biyaya"** Ang mga salitang "mga kaloob" (*charismata*) at "biyaya" (*charis*) ay magkatulad na Griyegong salitang-ugat, na nangangahulugang "malayang ibinibigay." Tingnan ang tala sa 3:24. Ang mga kaloob ng Espiritu ay nakatala sa I Corinto 12; Roma 12; Efeso 4 at I Pedro 4. Ang talaan at kanilang pagkakaayos ay hindi magkakatulad, samakatuwid, sila ay kinatawan lamang, hindi lubusan. Ang Bibliya ay hindi kailanman tinuturuan ang mga mananampalataya kung papaano makikilala ang kanilang espiritwal na kaloob (mga). Ang pinakamainam na di-biblikal na Kristiyanong karunungan sa isyung ito ay matatagpuan sa mga prinsipyo na makikita sa InterVarsity Press' booklet ni Paul Little na tinatawag na *Affirming the Will of God*. Ang katulad na mga gabay para sa pag-alam ng kalooban ng Diyos ay gumaganap sa pagkaalam ng sinuman sa bahagi ng mabisang paglilingkod. Tila ang pagkaalam na ang mga mananampalataya ay pinagkalooban ay mas mahalaga kaysa pagtuklas kung paano sila pinagkalooban o kung anong partikular na kaloob ang ibinigay sa kanila.

▣ **"kung"** Ito ay *eite* (cf. vv. 6,7 [dalawang beses], 8), kung isinalin ay "kung. . .kung" o "kahit. . .kahit" sa kahulugan. Ito ay sinusundan ng walang PANDIWA sa talatang ito (cf. I Corinto 3:22; 8:5; II Corinto 5:10), ngunit kadalasan ay sinusundan ng isang PANGKASALUKUYANG MAY PAHIWATIG (cf. I Corinto 12:26; II Corinto 1:6) at ay, samakatuwid, isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinapalagay ang pag-iral ng mga espiritwal na kaloob na ito.

▣ **"propesiya"** Hindi ito nauugnay sa propesiya sa OT bilang kapahayagang (kinasihan) mga mensahe mula sa Diyos. Sa OT, mga propeta ang nagsulat ng Banal na Kasulatan (inspirasyon). Sa NT, ito ay isang pagkilos ng pamamahayag ng katotohanan ng Diyos. Ito rin ay maaaring kapalooban ng hula (cf. Gawa 11:27-28; 21:10-11). Ang pagtuon ay hindi sa bagong nilalaman ngunit ang pagpapaliwanag ng mensahe ng ebanghelyo at paano ito mailalapat ngayon. Mayroong maraming paggamit sa salita. Ito maaaring tumukoy sa isang pagganap ng pagsasanay ng mga mananampalataya, (cf. I Corinto 14:1,39) at isang partikular na espiritwal na kaloob (cf. I Corinto 12:28; 14:29; Efeso 4:11). Ang katulad na paggamit nito ay maaaring makita sa mga sulat ni Pablo sa Corinto na naisulat sa halos magkasabay na panahon (cf. I Corinto 12:10,12; 13:8; 14:1, 5,29,39).

**NATATANGING PAKSA: PROPESIYA NG BAGONG TIPAN**

I. Hindi ito tulad ng propesiya sa OT (BDB 611), na may rabinikong pakahulugan ng kinasihang kapahayagan mula kay YHWH (cf. Gawa 3:18,21; Roma 16:26). Ang mga propeta lamang ang maaaring magsulat ng Banal na Kasulatan.
   A. Si Moises ay tinawag na propeta (cf. Deuteronomio 18:15-21).

B. Ang mga pangkasaysayang aklat (Joshua - Hari [maliban sa Ruth]) ay tinawang na "mga naunang propeta" (cf. Gawa 3:24).
C. Ang mga properta ay inilalagay sa tungkulin ng Punong Saserdote bilang pinanggagalingan ng kaalaman mula sa Diyos (cf. Isaias - Malakias)
D. Ang pangalawang pangkat ng Hebreong kanon ay "ang mga Propeta" (cf. Mateo 5:17; 22:40; Lucas 16:16; 24:25,27; Roma 3:21).

II. Sa NT, ang konsepto ay ginamit sa maraming magkakaibang mga paraan.
A. tumutukoy sa mga propeta sa OT at kanilang kinasihang mensahe (cf. Mateo 2:23; 5:12; 11:13; 13:14; Roma 1:2)
B. tumutukoy sa a mensahe for an individual rather than a corporate group (i.e., mga propeta sa OT spoke primarily to Israel)
C. tumutukoy sa kapwa kay Juan the Baptist (cf. Mateo 11:9; 14:5; 21:26; Lucas 1:76) at Hesus bilang tagapagpahayag ng Kaharian ng Diyos (cf. Mateo 13:57; 21:11,46; Lucas 4:24; 7:16; 13:33; 24:19). Inaangkin din ni Hesus na siya ay lalong dakila sa mga propeta (cf. Mateo 11:9; 12:41; Lucas 7:26).
D. Iba pang mga propeta sa NT
   1. naunang buhay ni Hesus na natala sa Ebanghelyo ni Lucas (i.e., mga ala-ala ni Maria)
      a. Elizabeth (cf. Lucas 1:41-42)
      b. Zacarias (cf. Lucas 1:67-79)
      c. Simeon (cf. Lucas 2:25-35)
      d. Ana (cf. Lucas 2:36)
   2. Mapanuyang hula (cf. Caiaphas, Juan 11:51)
E. tumutukoy sa isang taong nagpapahayag ng ebanghelyo (ang mga tala ng mga kaloob ng pagpapahayag sa I Corinto 12:28-29; Efeso 4:11)
F. tumutukoy sa isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesiya (cf. Mateo 23:34; Gawa 13:1; 15:32; Roma 12:6; I Corinto 12:10,28-29; 13:2; Efeso 4:11). Minsan, ito ay maaaring tumukoy sa mga kababaihan (cf. Lucas 2:36; Gawa 2:17; 21:9; I Corinto 11:4-5).
G. tumutukoy sa apokaliptikong aklat ng Pahayag (cf. Pahayag 1:3; 22:7,10,18,19)

III. NT mga propeta
A. Hindi sila nagbibigay ng kinasilang kapahayagan na katulad ng kaunawaan sa ginawa ng mga propeta sa OT (i.e., Banal na Kasulatan). Ang kapahayagang ito ay maaaring dahil sa paggamit ng pariralang "ang pananampalataya" (i.e., isang pagkaunawa sa isang ganap ng ebanghelyo) na ginamit sa Gawa 6:7; 13:8; 14:22; Galacia 1:23; 3:23; 6:10; Filipos 1:27; Judas 3,20.

   Ang konseptong ay maliwanag na mula sa buong pariralang na ginamit sa Judas 3, "ang pananampalatayang minsan at para sa lahat na inilagak sa mga banal." Ang "minsan para sa lahat" na pananampalataya ay tumutukoy sa mga katotohanan, mga doktrina, mga konsepto, mga katuruan sa pananaw ng mundo ng Kristiyanismo. Ang minsan-ibinigay na pagbibigay-diin ay ang batayan para sa pagtatakda ng teolohikong inspirasyon sa mga sulat sa NT at hindi pagpapahintulot sa mga nahuli o iba pang mga sulat na maituring na kapahayagan. May mga maraming hindi malinaw, di-tiyak, at malabong bahagi sa NT, ngunit mga mananampalataya ay naninindigan sa pamamagitan ng pananampalataya na ang bawat bagay na "kinakailangan" para sa pananampalataya at pagsasagawa ay kasama na may sapat na kaliwanagan sa NT. Ang konseptong ito ay naglalarawan ng tinatawag na "ang pangkapahayagang tatsulok"
   1. Inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa kasaysayang panahon-kalawakan (KAPAHAYAGAN)
   2. Pinili Niya ang tiyak na mga taong manunulat upang itala at ipaliwanag ang Kanyang

mga gawa (INSPIRASYON)

3. Ibinigay Niya ang Kanyang Espiritu upang buksan ang mga isipan at puso ng mga tao sa pagkakaunawa ng mga sulat na ito, hindi sa kahulugan, ngunit sapat para sa kaligtasan at isang mabisang Kristiyanong buhay (ILUMINASYON O PAGBIBIGAY LIWANAG). Ang punto nito ay tinakda (o limitado) ang inspirasyon sa mga manunulat ng Banal na Kasulatan. Wala nang sumunod pang mga makapangyarihang sulat, pangitain, o kapahayagan. Ang kanon ay sarado na. Mayroon na tayo ng lahat ng katotohanan na kailangan natin upang tumugon ng naaayon sa Diyos. Ang katotohanang ito ay pinakamainam na makikita sa pagkakaisa ng mga manunula ng bibliya is best seen in the agreement of biblical writers laban sa di-pagsang-ayon ng isang matapat, maka-Diyos na mga mananampalataya. Walang makabagong manunulat o tagapagsalit ang may antas ng maka-Diyos na pamumuno kaysa sa mga ginawa ng manunulat ng Banal na Kasulatan.

B. Sa isang mga paraan, ang mga propeta sa NT ay katulad ng mga propeta sa OT.
   1. Paghula sa mga panghinaharap na pangyayari (cf. Pablo, Gawa 27:22; Agabus, Gawa 11:27-28; 21:10-11; ibang hindi pinangalanang mga propeta, Gawa 20:23)
   2. Ipahayag ang kahatulan (cf. Pablo, Gawa 13:11; 28:25-28)
   3. Mga pang-sagisag ng pagkilos na maliwanag na naglalarawan ng isang pangyayari (cf. Agabus, Gawa 21:11)

C. Minsan, sila ay nagpapahayag ng mga katotohanan ng ebanghelyo sa paraang paghuhula (cf. Gawa 11:27-28; 20:23; 21:10-11), ngunit hindi ito ang pangunahing pinagtutuan. Ang pagbibigay hula sa I Corinto ay payak na pagpapahayag ng ebanghelyo (cf. 14:24,39).

D. Sila ang kaalinsabay na paraan ng Espiritu upang ihayag ang mga napapanahon at praktikal na gamit ng katotohanan ng Diyos sa bawat bagong kalagayan, kultura, o yugto ng panahon (cf. I Corinto 14:3).

E. Sila ay masigasig sa mga unang iglesiya ni Pablo (cf. I Corinto 11:4-5; 12:28,29; 13:29; 14:1,3,4,5,6,22,24,29,31, 32,37,39; Efeso 2:20; 3:5; 4:11; I Tesalonica 5:20) at binanggit sa *Didache* (naisulat noong huling bahagi ng unang siglo o ng pangalawang siglo, di-tiyak ang petsa) at sa Montanismo ng pangalawa at pangatlong siglo sa hilagang Aprika.

IV. Tumigil na ba ang mga kaloob sa NT?

A. Ang tanong na ito ay mahirap sagutin. Makakatulong na maliwanagan ang isyu sa pagbibigay kahulugan sa layunin ng mga kaloob. Sila ba ay ginagamit upang patunayan ang panimulang pangangaral ng ebanghelyo o sila ba ay nagpapatuloy na paraan para sa iglesiya upang paglingkuran ang sarili at ang nalugmok na mundo?

B. Tumitingin ba ang tao sa kasaysayan ng iglesiya upang sumagot sa tanong o ang NT mismo? Walang pahiwatig sa NT na ang mga espiritwal na kaloob ay pansamantala lamang. Silang nagtatangkang gamitin ang I Corinto 13:8-13 upang talakayin ang isyung ito ay inaabuso ang layunin ng may-akda sa mga talata, na nagbibigay-diin na ang lahat ng bagay maliban sa pag-ibig ay lilipas.

C. Ako ay natutukso na sabihin na yamang ang NT, hindi ang kasaysayan ng iglesiya, ay ang awtoridad (o may kapangyarihan), ang mga mananampalataya ay kailangang manindigan na ang mga kaloob ay nagpapatuloy. Gayunman, ako ay naniniwala na ang kultura ay nakakaapekto sa pagbibigay ng kahulugan (interpretasyon). Ang ilan ay napaka-liwanag na mga teksto ay hindi na akma ngayon (i.e., ang banal na halik, mga kababaihang nagsusuot ng belo, mga iglesiyang nagpupulong sa mga tahanan, atbp). Kung ang kultura ay nakakaapekto sa mga teksto, gayundin, bakit hindi sa kasaysayan ng iglesiya?

D. Ito ay isang tiyak na tanong na hindi masasagot ng tahasan. Ang ilang mga mananampalataya ay magtataguyod ng "paghinto" at ang iba ay "di-paghinto." Sa bahaging

ito, tulad ng maraming isyung pangkahulugan, ang puso ng mananampalataya ang susi. Ang NT ay hindi malinaw at kultural. Ang kahirapan na mapagpapasyahan ang mga teksto ay apektado ng kultura/kasaysayan at kung saan ang para sa lahat ng panahon at para sa lahat ng mga kultura (cf. Fee at Stuart's *How to Read the Bible for All Its Worth*, pp. 14-19 at 69-77). Dito ay kung saan ang pagtalakay ng kalayaan at pananagutan, na makikita sa Roma 14:1-15:13 at I Corinto 8-10, ay napakahalaga. Kung paano nating masasagot ang tanong ay mahalag sa dalawang paraaan.

1. Ang bawat mananampalataya ay kailangang lumakad sa pananampalataya sa liwanag na kanilang taglay. Tinitingnan ng Diyos ang ating puso at mga motibo.
2. Ang bawat mananampalataya ay kailangang hayaan ang iba pang mga mananampalataya na lumakad sa kanilang pagkaunawa sa pananampalataya. Kailangang magkaroon ng pagpaparaya sa loob ng mga bibilikal na hangganan. Nais ng Diyos na tayo ay mag-ibigan sa bawa't-isa tulad ng Kanyang ginawa.

E. Sa paglalagaom ng isyu, ang Kristiyanismo ay isang buhay ng pananampalataya at pag-ibig, hindi isang perpektong teolohiya. Ang isang pakikipag-ugnayan sa Kanya na tumitimo sa ating pakikipag-ugnayan sa iba ay mas mahalaga kaysa pangkahulugang paksa o lubusang pagganap ng kautusan (kredo).

▣ **"ayon sa kasukatan ng ating pananampalataya"** Ito ay nag-uugnay ng tuluyan sa v. 3, "ayon sa kasukatan ng pananampalataya na ibinahagi ng Diyos" (cf. Efeso 4:7). Ito ay kailangang maiugnay sa mas malaking konteksto na may kinalaman sa kung paano gagamit ng pinagkaloob ang mga mananampalataya. Ito ay maiuugnay sa mga pag-uugali, mga motibo at sigasig ng mga mananampalataya sa pagtupad sa kanilang mga personal na gawain na ibinigay ng Diyos, nasiyang karaniwang bunga ng Espiritu na nakatala sa Galacia 5:22-23.

**12:7**
**NASB "kung ministeryo"**
**NKJV, NRSV "o ministeryo, gamitin nating sa ating ministeryo"**
**TEV "kung ito ay sa paglilingkod, kailangan nating maglingkod."**
**NJB "kung sa pangangasiwa, samakatuwid ay gamitin natin sa pangagasiwa"**

Ang mga makabagong salin ay nagkakaiba dahil walang tiyak na katumbas sa Ingles ang Griyegong sa salitang ito (*diakonia*). Ito ay maaaring mangahulugang (1) praktikal na paglilingkod o (2) pangangasiwa (cf. Gawa 6:1; I Corinto 12:5,28). *The Analytical Greek Lexicon Revised* ni Harold K Moulton, ay tinuringan ito bilang "isang pagpapatupad, paglilingkod (ministeryo), o katungkulan" sa Roma 12:7; I Corinto 12:5; Colosas 4:17; II Timoteo 4:5" (p. 92). Ang kontekstwal na pagtuon sa pagtulong sa ibang mga mananampalataya.

▣ **"mga nagtuturo. . .pagtuturo"** Ang kaloob na ito (*didaskō*) ay nakatala sa I Corinto 12:28 at 14:26. Ito ay nauugnay sa mga propeta sa Gawa 13:1 at sa mga pastor sa Efeso 4:11. Nakita ng unang iglesiya na ang mga taong pinagkalooban ay gumaganap sa mga magkakatulad na pamamaraan. Ang pangangaral, pagbibigay ng propesiya, pag-e-ebanghelyo, at pagtuturo, lahat ay pagpapahayag ng ebanghelyo, ngunit may magkakaibang pagbibigay-diin at mga pamamaraan.

**12:8 "umaaral. . .pag-aaral"** Ang salitang ito (*parakaleō*) ay may kaugnayan pagtuturo (cf. I Timoteo 4:13). Maaaring ito ay ang kasanayan kung saan ang katotohanan ay pinapairal sa buhay. Ito ngayon ay maiuugnay sa Efeso 4:15,16 "pagsasabi ng katotohanan sa pag-ibig. . .ang katawan na itinatyo ang sarili sa pag-ibig."

▣ **"magbigay na may magandang-loob"** Tingnan ang Natatangging Paksa na sumusunod.

**NATATANGING PAKSA: MAPAGKALOOB/MATAPAT (*HAPLOTES*)**

Ang salitang ito (*haplotes*) ay may dalawang pakahulugan, "mapagkaloob" o "matapat." Ito ay isang talinghagang may kaugnayan sa pananaw.

Sa OT ang mata ay ginamit bilang talinghaga sa motibo sa dalawang kaparaan.

1. Masamang mata (maramot, cf. Deuteronomio 15:9 at Kawikaan 23:6; 28:22)
2. Mabuting mata (mapagkaloob, cf. Kawikaan 22:9)

Sinundan ni Hesus ang pagkagamit nito (cf. Mateo 6:22-23; 20:15). Ginamit ni Pablo ang salitang ito sa dalawang kaunawaan.

1. "kapayakan, pagkamatapat, kadalisayan" (cf. II Corinto 1:12; 11:3; Efeso 6:5; Colosas 3:22)
2. "pagkabukas-palad" (cf. Roma 12:8; II Corinto 8:2; 9:11,13)

▣ **"ang nagpupuno, ay magsikap"** Ito ay tumutukoy sa Kristiyanong pamumuno, sinuman sa naglalakbay o lokal.

▣ **"ang nagpapakita ng kahabagan ay magsaya"** Ito ay tumutukoy sa pagtulong sa maysakit at nangangailangan. Wala dapat kaibahan sa pagitan ng dokrinal na pangangaral at mga pangangailangang panlipuan ng nananampalatayang komunidad. May dalawang bahagi ang isang barya. Walang "panlipunang ebanghelyo," ebanghelyo lamang!

## MGA TALAKAYANG TANONG SA MGA TALATANG 1-8

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang nakapaloob sa paghahandog ng iyong katawan bilang isang buhay na hain (v. 1)?
2. Ang bawat mananampalataya ba ay may isang espiritwal na kaloob (vv. 3-8; I Corinto 12:7)? Kung ganon, sila ba ang pumipili kung ano ang gusto nila?
3. Ano ang layunin ng mga espiritwal na kaloob?
4. Mayroon bang kompletong tala ng mga kaloob sa Bibliya?
5. Paano makikilala ng isa ang kanyang kaloob?

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA TALATANG 9-21

A. Ang bahaging ito ay pinakamahusay na taguriang "Mga Kristiyanong Gabay para sa Pakikipag-ugnayan sa Kapwa." Ito ay isang praktikal na pagtalakay ng pag-ibig (cf. Mateo 5-7; I Corinto 13 at I Juan 3:18; 4:7-21).

B. Ang kabanata 12 ng Roma ay lubhang katulad sa nilalaman at balangkas saI Corinto 12-13. Kaagad pagkatapos ng pagtalakay ng espiritwal mga kaloob ay sinundang ng isang babala patungkol sa kayabangan at isang pagbibigay-diin sa praktikal na pamumuhay pag-ibig.

C. Ang konteksto ay tumutukoy sa
   1. Ating mga ugnayan sa ibang mga Kristiyano (cf. 12:9-13). Ito rin ay tinatalakay sa 14:1-15:13 at sa I Corinto 8:11ff; 10:23-33
   2. Ating mga ugnayan sa mga di-mananampalataya o kahit na mas marahil, sa ibang mga Kristiyano kung saan ay may di-pagkakasundo (cf.12:14-21). Ang bahaging ito tila sumasalamin sa Aral ni Hesus sa Bundok (cf. Mateo 5-7).
   3. Bahaging ito ng talata ay tila hindi likas dahil ang mga sakop (mga pakikipag-ugnayan) nagpapatong

D. Ang talatang ito ay napangibabawan ng nagpapatuloy na mga kautusan sa pamumuhay (MGA PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS, cf. v. 4 [tatlong beses], 16, 20 [dalawang beses], 21 [dalawang beses] at sa PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA KATAGA na ginamit sa kaunawaan ng MGA PAUTOS ng pitos beses). Ang kaligtasan ay isang walang bayad na kaloob na biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng natapos na gawa ni Kristo at ang panghihikayat ng Espiritu, ngunit minsang tanggapin, ito ay isang pangakong pagtupad at pamumuhay na ang halaga ay lahat ng bagay! Ang pagtawag kay Hesus na "Panginoon" ay hindi isang talinghaga (cf. Lucas 6:46)!

E. Ang talatang ring ito ay may maraming PANGKASALUKUYANG MGA KATAGA na ginamit sa kaunawaan ng mga PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy, vv. 14, 16 (dalawang beses), 17, 19 at 21. Ang mga Kristiyano ay nabubuhay na sa labas ng mga hangganan! Sa isang pagkakaunawa, ang kasalanan ay maaaring mangahulugan bilang pagkuha sa mga kaloob ng Diyos na higit sa kanilang mga hangganang tinakda ng Diyos.

F. Ang Kristiyanismo ay kailangang maging "bukas"— bukas ang kaisipan, mapagbigay, bukas-puso at bukas sa lahat (cf. Santiago 2).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 12:9-13**
[9]***Hayaang* ang pagibig ay *maging* walang pagpapaimbabaw. Kapootan ninyo ang masama; makisanib kayo sa mabuti. [10]Sa pagibig sa mga kapatid ay mangagmahalan kayo; sa kapurihan ay ipagpauna ng isa't isa ang iba; [11]Huwag mga tamad sa pagsusumikap; maningas sa espiritu; mapaglingkod sa Panginoon; [12]Mangagalak sa pagasa; magmatiisin sa kapighatian; magmatiyagain sa pananalangin; [13]Mapagdamay sa mga kailangan ng mga banal; maging mapagpatuloy.**

**12:9 "*Hayaang* ang pagibig ay *maging* walang pagpapaimbabaw"** Sa Griyego teksto, walang nag-uugnay na mga salita (*asyndeton*) sa kontekstong ito na lubhang hindi karaniwan sa Koine Griyego. Ito ay maaaring naglalarawan ng Hebreong gramatikong anyo sa likod ng mga Pinagpala sa Mateo 5. Ang pang-gramatikong anyong ito ay magbibigay-diin sa bawat-isang bilang isang katotohanan na nakakatindig mag-isa.

"Ang pagkukunwari" ay isang pang-teatrong salita para sa "pagsasalita sa likod ng maskara." Ang pag-ibig ay hindi paglalaro ng pagkilos o huwad (cf. II Corinto 6:6). Ang pag-ibig ay ang katangian ng mga mananampalataya (cf. Juan 13:34-35; 15:12,17; I Juan 3:11,18; 4:7-21) dahil ito ang katangian ng Diyos.

▣ **"Kapootan ninyo ang masama"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na

ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS. Ang mga mananampalataya ay kailangang magulat at mag-alsa sa masama (cf. I Tesalonica 5:21-22). Kadalasan na nagugulat lamang tayo sa mga kinahinatnan na tuluyang nakaapekto sa <u>ating</u> mga buhay.

▣

**NASB, NKJV** **"makisanib kayo sa mabuti"**
**NRSV** **"manindigan kung ano ang mabuti"**
**TEV** **"panghawakaan kuang ano ang mabuti"**
**NJB** **"lumapit sa kung ano ang mabuti"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA (ngunit na ginamit sa isang PANGGITNANG pagkaunawa) PANDIWARI na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS—"maidikit sa" (cf. LXX of Genesis 2:24; Gawa 8:29 at also Filipos 4:8; I Tesalonica 5:21-22). Pansinin ang pangangailangan ng pagsisikap at pagtitiyaga!

**12:10**

**NASB** **"Sa pagibig sa mga kapatid ay mangagmahalan kayo"**
**NKJV** **"Maging mabuti sa pakikitungo sa bawat-isa na may pag-ibig sa kapatid"**
**NRSV** **"Mag-ibigan kayo na may pag-sinta sa bawat-isa"**
**TEV** **"Mag-ibigan kayo nang mainit bilang mga Kristiyano"**
**NJB** **"Ibigin niyo ang bawat-isa tulad ng dapat ginagawa ng mga kapatid"**

Ito ay isang tambalang Griyegong salita (*phileo* + *storge*) na pinagsasama "pag-ibig sa kapatid" sa"pag-ibig sa pamilya" at ito ay ginamit lamang sa NT. Ang mga Kristiyano ay isang pamilya. Tayo ay inuutusan na ibigin ang bawat-isa (cf. I Tesalonica 4:9).

Ito ay unang kalipunan ng MGA DATIBO na inilagay unang bahagi ng Griyegong pangungusap para sa pagbibigay-diin.

▣

**NASB** **"sa kapurihan ay ipagpauna ng isa't isa ang iba"**
**NKJV** **"sa karangalan ay ibinibigay ang pagpapauna sa bawat-isa"**
**NRSV** **"higitan ang bawat-isa sa pagpapakita ng karangalan"**
**TEV** **"at maging masigasig na ipakita ang pag-unawa sa bawat-isa"**
**NJB** **"magkaroong ng isang malalim na pag-unawa sa bawat-isa"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PANDIWARI na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS. Ang mga mananampalataya ay kailangang pakitunguha ang ibang kasama sa kasunduan bilang mas mahalaga kaysa sa kanilang mga sarili (cf. Efeso 4:2; Filipos 2:3).

**12:11**

**NASB** **"Huwag mga tamad sa pagsusumikap"**
**NKJV** **"hindi nahuhuli sa kasipagan"**
**NRSV** **"huwag mahuli sa kasigasigan"**
**TEV** **"gumaw nang mabuti at huwag maging tamad"**
**NJB** **"gumawa para sa Panginoon na walang kapagurang pagpupunyagi"**

Ang tunay na pag-ibig nagbubunga ng dakilang kalakasan (cf. Galacia 6:9).

▣

**NASB, NKJV** **"maningas sa espiritu"**
**NRSV** **"masigasig sa espiritu"**
**TEV** **"may isang pusong puno ng debosyon"**
**NJB** **"may dakilang kasigasigan sa espiritu"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS. Sa literal, ito ay "pakuluan." Ito ay maaaring tumutukoy sa espiritu ng taong naligtas o ang panananahan ng Banal na Espiritu (RSV, cf. Gawa 18:25; Pahayag 3:15- 16).

▣ **"mapaglingkod sa Panginoon"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS. May isang pagbabago sa kasulatan dito. Ang ilan sa kanlurang pamilya ng Griyegong mga kasulatan (MSS D[*,3], F, at G) ay binabasa ang "sa panahon" (*kairos*) sa halip na "sa Panginoon" (*kurios*). Ang pagkakaiba ay maaaring nagbibigay-diin sa paglilingkod sa Panginoon at Kanyang iglesiya habang pagkakataon ay nandito (cf. Juan 9:4; Efeso 5:16).

Sa lahat ng pagkakataon ang pagkalito ay nangyari dahil ang *kurios* ay mali ang pagkakaintindi o mali ang pagkakabasa. Ang pinaka mainam at pinakamatandang Griyegong mga kasulatan P[46], א, A, at B ay may "paglilingkod sa Panginoon." Ang UBS[4] ay inaantasan ang "Panginoon" bilang "tiyak" (A).

**12:12 "Mangagalak sa pagasa"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS (cf. 5:2).

Ang salitang "pag-asa" ay kadalasang ginamit na may kaugnaya sa Pangalawang Pagdating (cf. 5:2; 8:24; 15:13; I Tesalonica 5:8). Ito ay hindi pag-asa sa Ingles sa pagkaunawa ng isang kahilingan, ngunit sa kaunawaan sa NT ng isan tiyak na pangyayari, ngunit may hindi malinaw na sangkap ng panahon. Tingnan buong mga tala sa 4:18 at 5:2.

▣ **"magmatiisin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS. Ang salita ay nangangahulugang "masigla, kusa, matatatag na pagpapagal."

▣ **"sa kapighatian"** Tulad ng 5:3,5 ang "pag-asa" ay inuugay sa kapighatian (*thlipsis*). Ito ang pamantayan para sa mga taga-sunod ni Kristo sa isang nalugmok na mundo (cf. Mateo 5:10-12; Juan 16:1-3; 17:14; Gawa 14:22; Roma 5:3-4; 8:17; II Corinto 4:16- 18; 6:3-10; 11:23-30; Filipos 1:29; I Tesalonica 3:3; II Timoteo 3:12; Santiago 1:2-4; I Pedro 4:12-16). Kailangan nating itong huwag hanapi o huwag layuan! Tingnan ang Natatangging Paksa: Mga Kapighatian sa 5:3.

▣ **"magmatiyagain sa pananalangin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS. Ang panalangin ay isang espiritwal na disiplian at kaloob na kinikilala ang aktibong kamay ng Diyos sa kasaysayan. Ang mga mananampalataya ay maaaring umantig sa isang mapagmahal na Ama sa langit. Pinili ng Diyos na takdaan ang Kanyang sarili sa mga panalangin ng Kanyang mga anak (cf. Gawa 1:14; 2:42; 6:4; Efeso 6:18-19; Colosas 4:2). Ginagawa nito ang panalangin na isang kamangha-manghang pananagutan. Tingnan *Three Crucial Questions About Spiritual Warfare* ni Clinton Arnold, pp. 43-44, 187-188.

**12:13**

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"Mapagdamay sa mga kailangan ng mga banal"** |
| **NKJV** | **"dumadamay sa mga pangangailangan ng mga banal"** |
| **TEV** | **"nagbabahagi ng kanilang ari-arian sa mga nangangailangang kapwa mga Kristiyano"** |
| **NJB** | **"magbahagi sa banal na bayan ng Diyos na nangangailangan"** |

Ang Griyegong PANDIWA NA *koinōneō* ay nangangahulugang "pagkikipag-ugnayan sa." Ang salitang ito may malawak na saklaw na kahulugan kay Pablo. Kabilang dito ay kapwa ang pagkikipag-ugnayan sa ebanghelyo at mga pisikal na pangangailangan (cf. Galacia 6:6). Ito rin ginagamit sa pagbabahagi ng paghihirap ni Kristo (cf. Filipos 3:8-10; I Pedro 4:13) at ni Pablo (cf. Filipos 4:14). Ang pakikipag-isa kay Kristo ay nangangahulugang pakikipag-isa sa Kanyang mga tao sa bawat antas! Tingnan ang Natatangging Paksa: Mga Banal sa 1:7.

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS (cf. Kawikaan 3:27; Galacia 6:10). Ang mga mananampalataya ay gumagawa ng masigasig upang magkaroon ng mas higit para sa kapwa, sa pangalan ni Hesus (cf. II Corinto 8:11-12; Efeso 4:28).

**NATATANGING PAKSA: *KOINŌNIA***

Ang salitang "pagkikipag-ugnayan" (*koinōnia*) ay nangangahulugang

1. Malapit na kaugnayan sa isang persona
   a. sa Anak (cf. I Juan 1:6; I Corinto 1:9)
   b. sa Espiritu (cf. II Corinto 13:13; Filipos 2:1)
   c. sa Ama at sa Anak (cf. I Juan 1:3)
   d. sa ibang mga kapatid sa kasunduan (cf. I Juan 1:7; Gawa 2:42; Galacia 2:9; Filemon 17)
2. Malapit na kaugnaya sa mga bagay o mga pangkat
   a. sa ebanghelyo (cf. Filipos 1:5; Filemon 6)
   b. sa dugo ni Kristo (cf. I Corinto 10:16)
   c. hindi sa kadiliman (cf. II Corinto 6:14)
   d. sa paghihirap (cf. Filipos 3:10; 4:14; I Pedro 4:13)
3. kaloob o pagbabahaging ginawa sa isang mapagkaloob na pamamaraan (cf. Roma 12:13; 15:26; II Corinto 8:4; 9:13; Filipos 4:15; Hebreo 13:16)
4. biyaya na kaloob ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo, na naipanumbalik ang pakikipag-ugnayan ng sangkatauhan sa Kanya at sa kanyang mga kapatid

Binibigyang-diin nito ang pahalang na pakikipag-ugnayan (tao sa tao) na idinala sa atin ng patayong pakikipag-ugnayan (tao sa Lumikha). Ito rin ay nagbibigay-diin sa pangangailangan at kaligayahan ng Kristiyanong komunidad. Ang mga panahunan ng pandiwa ay nagbibigay-diin ang simula at pagpapatuloy ng karanasang ito sa komunidad (cf. 1:3 [dalawang beses],6,7). Ang Kristiyanismo ay pangkalahatan!

▣ **"maging mapagpatuloy"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS. Sa literal, ito ay "pagtataguyod ng mabuting pagtanggap" (tingnan ang tala sa 14:19, cf. I Timoteo 3:2; Tito 1:8; Hebreo 13:2; I Pedro 4:9). Ang gawaing ito ay lubhang napakahalaga sa naunang iglesiya dahil dahil sa masamang reputasyon ng "mga bahay panuluyan." Ito, sa pangkalahatan ay tumutukoy sa pagpapatira at pagpapakain sa mga naglalakbay ng mga Kristiyanong ministro.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 12:14-21**

**14 Pagpalain ninyo ang mga sa inyo'y nagsisiusig; pagpalain ninyo, at huwag ninyong sumpain.
15 Makigalak kayo sa nangagagalak; makiiyak kayo sa nagsisiiyak. 16 Mangagkaisa kayo ng pagiisip.
Huwag ninyong ilagak ang inyong pagiisip sa mga bagay na kapalaluan, kundi makiayon kayo sa mga bagay na may kapakumbabaan. Huwag kayong mga pantas sa inyong sariling mga haka.
17 Huwag kayong mangagbayad sa kanino man ng masama sa masama. Isipin ninyo ang mga bagay na kapuripuri sa harapan ng lahat ng mga tao. 18 Kung maaari, ayon sa inyong makakaya, ay
magkaroon kayo ng kapayapaan sa lahat ng mga tao. 19 Huwag kayong mangaghigantihan, mga iniibig, kundi bigyan ninyong daan ang galit *ng Diyos*: sapagka't nasusulat, AKIN ANG PAGHIHIGANTI; AKO ANG GAGANTI, sabi ng Panginoon. 20 KAYA'T KUNG ANG IYONG KAAWAY AY MAGUTOM, PAKANIN MO; KUNG SIYA'Y MAUHAW, PAINUMIN MO: SAPAGKA'T SA PAGGAWA MO NG GAYON AY MGA BAGA NG APOY ANG IBUBUNTON MO SA KANIYANG ULO. 21 Huwag kang padaig sa masama, kundi bagkus daigin mo ng mabuti ang masama.**

**12:14 "Pagpalain ninyo ang mga sa inyo'y nagsisiusig"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na ginamit dalawang beses sa talatang ito. Nakuha natin ang salitang Ingles na "parangal" mula

sa salitang, “pagpalain” (cf. Mateo 5:44; Lucas 6:28; I Corinto 4:12; Santiago 3:9- 12; I Pedro 3:9). Sa $P^{46}$ (The Chester Beatty Papyri) at kasulatan B (Vaticanus), “inyo” ay iniwan sa paggawa ng kapahayagang mas isama o upang ilagay ito sa ibang paraan, isang mas pangkalahatang kapahayagan. Para sa “pag-uusig” tingnan ang tala sa 14:9.

▣ **“huwag ninyong sumpain”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Ito ay tumutukoy sa pagtawag sa pangalan ng Diyos sa panalangin para sa paghihiganti (katulad sa mga sumpa sa I Corinto 12:3). Hindi ito tumutukoy sa kawalang-galang (cf. Efeso 4:29; I Pedro 3:9).

**12:15 “Makigalak kayo sa nangagagalak; makiiyak kayo sa nagsisiiyak”** Ang dalawang MGA PANGKASALUKUYANG PAWATAS ay ginamit sa kaunawaan ng mga PAUTOS. Ang mga Kristiyano ay isang pamilya. Ang mga mananampalataya ay wala sa isang paligsahan, ngunit kailangang makitungo sa bawat-isa sa pamilyang pag-ibig. Dahil sa kontekstong ito ng vv. 14-21, ito ay maaaring ipinapaliwanag ang pagtugon ng mga mananampalataya sa di-nananampalatayang komunidad na ginamit na pangkulturang pagkakataon o mga pangyayari para sa pagkakataong makapag-ebanghelyo.

**12:16**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **“Mangagkaisa kayo ng pagiisip”** |
| **NRSV** | **“Mabuhay kayo ng mapaya sa bawat-isa”** |
| **TEV** | **“Magkaroon ng magkatulad na pagmamalasakit sa bawat-isa”** |
| **NJB** | **“Makitungo sa bawat-isa na may katulad na kagandahang-loob”** |

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS (cf. 15:5; II Corinto 13:11; Filipos 2:2). Ang talata 16 ay maaaring makita sa kaugnayan nito tunggalian sa pagitan ng

1. nananampalatayang mga Hudyo at nananampalatayang mga Hentil sa iglesiya sa Roma (cf. 11:13-24)
2. ang sinaunang panahong tungalian sa pagitan ng mga antas sa lipunan
3. ang pagkakaiba sa espiritwal na mga kaloob
4. mga pangsaling-lahing tradisyon at mga pansariling pagtatangi

▣ **“Huwag ninyong ilagak ang inyong pagiisip sa mga bagay na kapalaluan, kundi makiayon kayo sa mga bagay na may kapakumbabaan”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy.

The salitang “pakumbabaan” ay maaaring PANGLALAKING o WALANG KASARIAN. Kung ito ay WALANG KASARIAN samakatuwid, ang salin kailangang basahing “tanggapin nang may pakubabaan ang mga tungkulin”; kung PANGLALAKI, “makisama sa mga mahihirap o mapagpakumbabang mga tao.”

▣ **“Huwag kayong mga pantas sa inyong sariling mga haka”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy (cf. Kawikaan 3:7; Isaias 5:21; I Corinto 10:12; Galacia 6:3). Ang mga mananampalataya hindi kailangang kumilos na mas mataas sa bawat-isa o may kayabangan sa di-nananampalatayang komunidad.

**12:17 “Huwag kayong mangagbayad sa kanino man ng masama sa masama”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Ito ay para sa Diyos upang itakdang matuwid ang mga bagay, hindi ang mga mananampalataya (cf. Kawikaan 20:22;

24:29; Mateo 5:38-48; Lucas 6:27; I Tesalonica 5:15; I Pedro 3:9).

▣ **"Isipin ninyo ang mga bagay na kapuripuri sa harapan ng lahat ng mga tao"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS (cf. II Corinto 8:21; I Tesalonica 5:22; at I Timoteo 3:7). Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Kawikaan 3:4 sa Septuagint (LXX). Ang mga mananampalataya ay nabubuhay sa isang mata patungo sa pag-e-ebanghelyo sa mga di-mananampalataya. Huwag tayong gagawa ng mga bagay na magkapagpapatisod o makapagpapalayo sa isang di-mananampalataya (cf. I Corinto 9:19-23). Kahit na ang ating mga pinakamalalim na panindigan ay kailangang maihayag sa isang may pag-ibig na paraan.

**12:18 "Kung maaari, ayon sa inyong makakaya, ay magkaroon kayo ng kapayapaan sa lahat ng mga tao"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang mga layunin. Ito ay sinusundan ng susunod na sugnay ng isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS. Hindi ito ang palagiang pagpili ng mga mananampalataya, ngunit ipinapahiwatig ng gramatika na ito maaaaring madalas (cf. Marcos 9:50; II Corinto 13:11; I Tesalonica 5:13).

**12:19 "Huwag kayong mangaghigantihan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na may SALUNGAT NA KATAGA na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS, na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Itatakday ito ng Diyos sa isang araw (cf. Levitico 19:18; Deuteronomio 32:35; Hebreo 10:30).

▣ **"sapagka't nasusulat"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, na isang Semitikong pangwikaing paraan na pagtukoy sa kinasihang Banal na Kasulatan. Ang katagang ito ng inspirasyon ay katulad ng "tulad ng sinabi ng Panginoon" (cf. I Corinto 14:21 at II Corinto 6:17). Ito ay isang sipi mula sa Deuteronomio 32:35.

**12:20 "Kaya't kung ang iyong kaaway"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan ng maaaring pagkilos sa hinaharap. Ang mga kaaway ay darating!

▣ **"mga baga ng apoy ang ibubunton mo sa kaniyang ulo"** Ito ay isang pagkabanggit sa Kawikaan 25:21-22. Ang mga teoriya ng pagpapaliwanag ay:

1. Ito ay isang pangkulturang kataga maaaring mula sa Ehipto na nangangahulugang ang kagandahang-loob ay ang pinakamabuting paraan sa kawaay na maging isang kaibigan. Ito pa rin ang Kristiyanong pagtugon mapanghimasok na kasamaan (cf. Mateo 5:44).
2. "Ang nagbabagang apoy" ay tila kumakatawan sa kahihiyan sa isang di tamang mga pagkilos ng isa, na maliwanag na naihayag sa liwanag ng pag-ibig at pagpapatawad ng kapwa (cf. Ambrosiaster, Augustine at Jerome).
3. Si Origen at Chrysostom ay sinabing ito ay tumutukoy sa Kristiyanong kagandahang-loob na nagbubunga sa Diyos na hatulan kahit na ang mas mahigpit ang mga di-nagsisisi (cf. the *Jerome Biblical Commentary*, tomo 2, p. 326).

Ang lahat ng mga teoriya sa itaas ay ganoon lamang. Ang susi ay pambuod na kapahayagan ni Pablo sa v. 21.

**12:21 "Huwag kang padaig sa masama, kundi bagkus daigin mo ng mabuti ang masama"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS at PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang ating pagtugon sa di-makatarungang pakikitungo ay magpapasiya at magpapaliwanag ng antas ng ating sariling panloob kapayapaan at kaligayahan. Ang kapaitan ay isang espiritwal na kanser. Kailangang ibigay ito ng mga mananampalataya sa Diyos.

▣ **"masama"** Ito ay alinman sa PANGLALAKI, samakatuwid, isang sanggunian sa isang masama (tingnan ang Natatangging Paksa sa 16:20), o ito ay maaaring WALANG KASARIAN at ay tumutukoy sa masama sa pangkalahatan (cf. 12:9; I Tesalonica 5:21-22). Ito ay isang pangkaraniwang kalabuan sa NT (cf. Mateo 5:37; 6:13; 13:19,28; Juan 17:15; II Tesalonica 3:3; I Juan 2:13-14; 3:12; 5:18-19).

Kailangan itong matandaan na ang layunin ng mga bagong pag-uugali at mga pagkilos ay ebangelismo!

## MGA TALAKAYANG TANONG SA MGA TALATANG 9-21

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit may napakaraming PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA sa vv. 9-21?
2. Itala ang lahat ng mga utos sa mga talatang ito na magkakahiwalay na haligi. Mayroong kahanga-hangang mga tala na kinapapalooban ng praktikal, pang-araw-araw na pagiging katulad ni Kristo!
3. Bakit lubhang mahirap malaman ang mga talata na tumutukoy sa pakikitungo ng mga Kristiyano sa mga mananampalataya at ang tumutukoy sa kanilang pakikitungo sa mga di-mananampalataya?

# MGA TAGA-ROMA 13

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **UBS[4]** | **NKJV** | **NRSV** | **TEV** | **NJB** |
| Pagsunod sa mga Alituntunin | Pagpapasakop sa Pamahalaan | Ang Kristiyano at ang Estado | Mga Tungkulin tungo sa mga Pang-Estadong Kapangyarihan | Pagpapasakop sa Kapangyarihang Sibil |
| 13:1-7 | 13:1-7 | 13:1-7 | 13:1-5 | 13:1-7 |
| | | | 13:6-7 | |
| Pag-ibig sa Kapataid | Ibigin ang Iyong Kapwa | Ang Pag-ibig ang Tumutupad sa Kautusan | Tungkulin sa Bawa't-isa | Pag-ibig at Pakikihamok |
| 13:8-10 | 13:8-10 | 13:8-10 | 13:8-10 | 13:8-10 |
| Ang Paglapit ng Araw ni Kristo | Isakbat si Kristo | Ang Nalalapit ng Pangalawang Pagdating ni Kristo | | Ang mga Anak ng Liwanag |
| 13:11-14 | 13:11-14 | 13:11-14 | 13:11-13 | 13:11-14 |
| | | | 13:14 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

**MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA TALATA 1-7**

A. Kung ang kabanata 12 ay pangunahing may kinalaman sa mga Kristiyano at kanyang kasamang mga mananampalataya (vv. 9-13) at ang ibang tao sa lipunan (vv. 14-21), ang kabanata 13:1-7 ay tumutukoy na pangunahin sa mga Kristiyano at ang sibil na pamahalaan. Gayunman, walang kontekstwal na paghahati sa pagitan ng ng mga paksang ito. Nakita sila ni Pablo bilang iisa. Walang paghihiwalay sa banal at sekular na mga bagay. Ang lahat ng buhay ay pag-aari ng Diyos. Ang mga mananampalataya ay mga katiwala sa bawat bahagi. Ang kaugnayan sa sa

pagitan ng dalawang mga kabanatang ito ay maaaring makita sa 12:18.

B. Ang pagkakaunawa ng mga mananampalataya sa lugar ng pamahalaang sibil ay maaaring iba-iba. Sa OT, ang pamahalaan ay lumago sa linya ni Cain (cf. Genesis 4:16-22). Ang tore ng Babel (cf. Genesis 11) ay may kaugnayan sa pagtatangka at sariling pamumuno ng sangkatauhan na hiwalay sa Diyos. Ang sa pagkahari sa loob ng Israel ay nangangahulugan ng paghahari ng Diyos sa pamamagitan ng kautusan ng Diyos at sa pamamagitan ng isang itinalagang mas mababang pastol (ang Hari), ngunit ito ay hindi nagtagumpay dahil sa kasalanan ng sangkatauhan. Tinalakay ni Hesus ang tamang lugar ng pamahalaan sa Mateo 22:21 at Marcos 12:17 ay mahalaga. Ito ay nakakagulat na hindi nabanggit ni Pablo ang mga salita ni Hesus sa kontekstong ito (bagaman ang vv. 1-7 at 11 ay tila katulad ng Mateo 22:15-22 at 39). Mayroong tamang tungkulin na ibinigay ng Diyos par sa pamahalaan sa isang nalugmok na mundo. Kadalasang ang mga Apostol ay napipilitan sa pagsisikap kung paano iugnay ang, kapamahalaan, sa kapwa sibil at pang-relihiyon. Pinapatunayan nito na maging isang paayon at pasalungat na gawain na nakabatay sa mga pagkilos ng mga taong na pamamahala. Si Pablo ay kapwa ipinagtatanggol at pinaparusaan ng pamahalaan. Gayunman, si Juan, sa Pahayag, ay nagsasabing na ang pamahalaan ay ang Dakilang Patutot (cf. Pahayag 17)!

Kailangan nating itaguyod ang pamahalaan maliban na ito ay lumalabag sa ating mga budhi na pinangungunahan ng Espiritu o humihingi ng sukdulang pagkampi. Ang kaayusang sibil ay mas kanais-nais kaysa sa kaguluhan (cf. II Tesalonica 2:6-7).

C. Ang katulad na paksang ito ay tinatalakay sa Tito 3:1 at I Pedro 2:13-17.

D. Ang Judaismo ay isang legal na relihiyon sa ilalim ng Romanong pamahalaan ng unang siglo. Ang Kristiyanismo ay itinuturing na isang sekta sa loob nito sa maraming mga taon (cf. Gawa 18:12-16). Ito ay nagdulot ng legal na pagkupkop sa mga pang-misyong gawain sa mga naunang mga taon. Ang isang layunin ngGawa ay upang ipakita na ang Kristiyanismo ay hindi isang pampolitikong banta sa Roma. Nagkaloob ang Roma ng isang pandaigdigang kapayapaan at katatagan (*pax Romana*) kung saan lumaganap ang ebanghelyo (cf. I Timoteo 2:1-2).

E. Ang talatang ito ay pinapaigting ang liwanag ng mga pansariling karanasan ni Pablo sa mga may kapangyarihan. Ito rin ay maaaring isama sa bahaging ito dahil sa
   1. Mga pag-igting sa loob ng iglesiya sa Roma na may kaugnayan sa mga kautusan ng pamahalaan (e.g., pagbabawal sa mga ritwal pang-Hudyo). Ito ay maaaring nagdulot sa ilang mga nananampalatayang Hudyo na lisanin ang kapitolyo (e.g., Aquila at Priscilla, cf. Gawa 18:2). Ang kanilang pagkakawala ay nagdulot sa pamumuno ng nananampalatayang Hentil.
   2. Mga pag-igiting sa Roma na dahil sa pangangaral ng ebanghelyo sa malaking pang-Hudyong komonidad sa Roma. Ang manunulat sa kasaysayan na si Suetonius, *Life of Claudius* 25.2, ay tinala na ang pinatapon ng Emperador ang mga Hudyo mula sa kapitolyo noong in A.D. 49 dahil paulit-ulit na kaguluhan na dinudulot ng isang "Chrestus." Ito ay maaaring isang pagbabago ng pagbabaybay sa Latin ng Kristo (Christos).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 13:1-7**

**[1] Ang bawa't tao'y magpapasakop sa matataas na kapangyarihan: sapagka't walang kapangyarihan na hindi mula sa Diyos; at ang mga kapangyarihang yao'y hinirang ng Diyos.**

**[2]Kaya nga't ang sinumang sumasalangsang sa kapangyarihan, ay sa utos ng Diyos sumasalangsang: at ang mga nagsisalangsang ay magsisitanggap ng kahatulan sa kanilang sarili. [3]Sapagka't ang mga pinuno ay hindi kilabot sa gawang mabuti, kundi sa masama. At ibig mo bagang mawalaan ng takot sa may kapangyarihan? gawin mo ang mabuti, at magkakamit ka ng kapurihan sa kaniya: [4]Sapagka't siya'y ministro ng Diyos sa ikagagaling mo. Datapuwa't kung ginagawa mo ang masama, ay matakot ka; sapagka't hindi walang kabuluhan ang pagdadala niya ng tabak: sapagka't siya'y ministro ng Diyos, tagapaghiganti sa ikagagalit sa gumagawa ng masama. [5]Kaya nga't dapat na kayo'y pasakop, hindi lamang dahil sa kagalitan, kundi naman dahil sa budhi. [6]Sapagka't dahil dito ay nagsisipagbayad naman kayo ng buwis; sapagka't sila'y mga *tagapangasiwa* ng paglilingkod sa Diyos, na nagsisipamahalang walang patid sa bagay na ito. [7]Ibigay ninyo sa lahat ang sa kanila'y nararapat: buwis sa *dapat buwisan*; ambag sa dapat ambagan; takot sa dapat katakutan; puri sa dapat papurihan.**

**13:1 "Ang bawa't tao'y magpapasakop"** Ito ay (1) isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS kahulugan, "nagpapatuloy na ginawang nagpapasok" o (2) PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS, "magpasok sa kanyang sarili" (cf. Tito 3:1; I Pedro 2:13). Ang "magpasop" ay isnag pang-militar na salita na ginamit upang ilarawan ang tanikala ng kautusan. Sinasabihan ni Pablo ang lahat ng mga mananampalataya. Binibigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay dapat magpasakop sa bawat-isa (cf. Efeso 5:21).

Sa ating panahon, ang pagpapasakop ay tila tulad ng isang pasalungat na salita. Ito ay isang salita na naglalarawan ng kapwa isang pagpapakumbaba at isang malalim na pagkaunawa sa nasasakupan ng Diyos at ang lugar natin dito. Si Hesus ay sinasabing nagpasakop sa (1) Kanyang mga magulang sa mundo (cf. Lucas 2:51) at (2) Kanyang Amang nasa langit (cf. I Corinto 15:28). Siya ang ating gabay sa bahaging ito!

Tingnan ang Natatangging Paksa: Pagpapasakop sa 10:3.

▣ **"sa matataas na kapangyarihan"** Bagaman si Pablo na gumamit ng salitang ito (*exousia*) sa ibang mga konteksto ay tumutukoy sa pang-anghel na kapangyarihan, kadalasang pang-demonyo (cf. 8:38; Colosas 1:16; 2:10,15; Efeso 1:21; 3:10; 6:12), dito sa kontekstito ay kinakailangan ang "mga pamamahalang sibil" (cf. I Corinto 2:6,8; Tito 3:1; I Pedro 2:13). Ang Bibliya ay tila nagpapahiwatig na ang mga kapangyarihang pang-anghel ay nasa likod ng mga pantaong pamahalaan. (Daniel 10 at ang LXX ng Deuteronomio 32:8, "Noong ang Kataas-taasan ay hinati ang mga bansa, noon hiniwalay Niya ang mga anak ni Adan, siya ay nagtakda ng hangganan ng mga bansa sang-ayon sa bilang ng mga anghel ng Diyos." Tingnan si Oscar Cullman, *Christ and Time* at Hendrikus Berkhof, *Christ and the Powers*). Ngunit ang mga namumunong pamahalaan ay gumaganap sa ilalim Diyos (cf. vv. 1b,4a, at 6). Tingnan ang Natatangging Paksa na sumusunod.

**NATATANGING PAKSA: KAPANGYARIHAN O KAPAMAHALAAN (*EXOUSIA*)**

Ito ay nakakawiling tingnan ang paggamit ni Lucas ng *exousia* (kapamahalaan, kapangyarihan, o legal na karapatan).

1. sa 4:6, si Satanas ay inaangkin ang kakayahang magbigay ng kapamahalaan kay Hesus.
2. sa 4:32,36, ang mga Hudyo ay namamangha kung paano magturo si Hesus gamit ang Kanyang pansariling kapamahalaan.
3. sa 9:1, Kanyang ibinigay ang Kanyang kapangyarihan at kapamahalaan sa Kanyang mga Apostol.
4. sa 10:19, Ibinigay Niya ang Kanyang kapangyarihan sa pitumpung mga misyonero.
5. sa 20:2,8, ang pangunahing tanong ng kapamahalaan ni Hesus ay tinatanong.

6. sa 22:53, ang kasamaan ay may pinahintulot na kapangyarihan upang sumpain at patayin si Hesus.

Bagaman hindi sa Lucas, sa panimula sa Dakilang Komisyon ni Mateo, "lahat ng kapangyarihan ay pinagkaloob sa Akin sa langit at sa lupa," ay isang kamangha-manghang kapahayagan (Mateo 28:18).

Ang kasagutan ni Hesus sa kanilang tanong ay maaaring

1. Diyos's spoken mga salita at Kanyang
   a. bautismo (Lucas 3:21-22)
   b. pagpapalit-anyo (Lucas 9:35)
2. propesiyang natupad sa OT
   a. angkan ni Juda (cf. Genesis 49:10)
   b. pamilya ni Jesse (cf. II Samuel7)
   c. ipinanganak sa Bethlehem (cf. Mikas 5:2)
   d. ipinanganak sa ika-apat na emperyo (Roma) ng Daniel 2
   e. tinulungan ang mahihirap, bulag, nangangailangan (Isaias)
3. ang Kanyang pagpapahayag ng masamang espiritu ay naghahayag ng Kanyang kapangyarihan at kapamahalaan ay Satanas at kanyang kaharian.
4. ang Kanyang pagpapabuhay ng patay ay nagpapakita ng Kanyang kapangyarihan sa pisikal na buhay at kamatayan.
5. Ang lahat ng Kanyang mga himala ay nagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan at kapamahalaan sa pansamantala, sa kalawakan, at sa pisikal.
   a. kalikasan
   b. mga pagpapakain
   c. mga pagpapagaling
   d. mga pagbabasa ng isip
   e. paghuli ng isa

**NATATANGING PAKSA: PAMAHALAAN NG TAO**

I. PANIMULA
   A. Pakahulugan – Ang pamahalaan ay sangkatauhang inayos ang kanilang sarili upang magbigay at siguraduhin ang nararamdamang mga pangangailangan (i.e., Genesis 4 at 11). Ang mga tao ay mga panlipunang nilalang (maging bago pa ang Pagbagsak (cf. Genesis 2:18). Mga pamilya, mga tribo, mga bansa ay nagbibigay sa ating ng komunidad.
   B. Layunin – Ang Diyos ay ninais ay ang kaayusan ang mas kanais nais kay sa anarkya.
      1. Ang Mosaic legislasyon, parikular ang Sampung Utos, ay kalooban ng Diyos para sa lipunan ng sangkatauhan. Ito ay nagbabalanse sa pagsamba at buhay.
      2. Walang anyo o istruktura ng pamahalaan ang itinataguyod ng Kasulatan, bagamat ang sinaunang teokrasya ng Israel ay ang inaasahang anyo sa kalangitan. Wala alinman sa demokrasya o maging kapitalismo ang biblikal na katotohana. Ang mga Kristyano ay dapat umakto ng nararapat sa kung anumang sistemang pamahalaan matatagpuan nila ang kanilang mga sarili. Ang layunin ng ebanghelyo at ministeryong Kristyano, ay hindi rebolusyon. Lahat ng mga pamahalaan ay napaparam!
   C. Pinangmulan ng pamahalaan ng tao
      1. Ang Romanong Katolisismo ay naninindigan na ang pamahalaan ng tao ay isang likas na pangangailangan, maging bago pa ang Pagbagsak. Si Aristotle ang marahil unang nagsiguro sa saligang ito. Sinabi niya na, "ang tao ay isang politikal na hayop" at sa pamamagitan nito ibig niyang sabihin na ang pamahalaan " ay umiiral para sa pagpapalaganap ng mabuting buhay."
      2. Ang Protestantismo, lalo na si Martin Luther, ay naninidigan na ang pamahalaan ng tao ay

namana sa Pagbagsak. Tinawag niya itongt "ang Kaharian ng kaliwang kamay ng Diyos." Sinabi niya na "ang paraan ng Diyos na upang makontrol ang masasamang tao ay dapat ilagay ang masasamang tao sa ilalim ng kontrol."

3. Si Karl Marx ay nanindigan na ang pamahalaan ay isang paraan na kung saan ang ilang mga elitista ay panatilihin ang masama sa ilalim ng pagkokontrol. Para sa kanya, ang pamahalaan at relihiyon ay gumaganap ng parehong tungkulin.

II. KAGAMITANG BIBLIKAL

A. Lumang Tipan

1. Ang Israel ay ang huwaran na magagamit sa langit. Sa sinaunang Israel si YHWH ay ang Hari. Ang Teokrasya ay ang salitang ginamit upang ilarawan ang direktang pamumuno ng Diyos (cf. I Samuel 8:4-9).
2. Ang kapangyarihan ng Diyos sa pamahalaan ng tao ay maaring makita ng malinaw sa Kanyang pagtatalaga
   a. lahat mga hari, Daniel 2:21; 4:17,24-25
   b. ang paghahari ng Mesias, Daniel 2:44-45
   c. Nebuchadnezzar (neo-Babylon), Jeremias 27:6; Daniel 5:28
   d. Cyrus II (Persia), II Cronika 36:22; Ezra 1:1; Isaias 44:28; 45:1
3. Ang mga tao ng Diyos ay dapat na magpasakop at gumalang maging sa mga nananakop at nananahang pamahalaan:
   a. Daniel 1-4, Nebuchadnezzar (neo-Babylon)
   b. Daniel 5, Belshazzar (neo-Babylon)
   c. Daniel 6, Darius (Persia)
   d. Ezra at Nehemias (Persia)
4. Ang pinanumbalik na Judah ay dapat na manalangin para kay Cyrus at sa paghahari ng kanyang mga kaapu-apuhan
   a. Ezra 6:10; 7:23
   b. Ang mga Hudyo ay dapat na manalangin para sa awtoridad na sibil na si, Mishnah, Avot. 3:2

B. Bagong Tipan

1. Si Hesus ay nagpapakita ng paggalang sa mga pamahalaan ng tao
   a. Mateo 17:24-27; Nagbayad Siya ng buwis sa Templo (relihiyoso at sibil na mga awtoridad ay dapat na iisa, cf. I Pedro2:17)
   b. Mateo 22:15-22; Marcos 12:13-17; Lucas 20:20-26, Siya ang nagtuyog ng lugar para sa buwis ng Roma at magkagayon ay Romanong sibil na awtoridad
   c. Juan 19:11, Ang Diyos ay pumapayag sa awtoridad sibil
2. Ang mga salita ni Pablo ay may kaugnayan sa mga pamahalaan ng tao
   a. Roma 13:1-5, ang mga mananampalataya ay dapat na magpasakop sa mga awtoridad sibil sapagkat sila ay itinatag ng Diyos
   b. Roma 13:6-7, ang mga mananampalataya ay dapat na magbayad ng mga buwis at parangalan ang mga awtoridad sibil
   c. I Timoteo 2:1-3, mga mananampalataya ay dapat ipanalangin ang mga awtoridad sibil
   d. Tito 3:1, ang mga mananampalataya ay dapat na magpasailalim sa mga awtoridad sibil
3. Ang mga salita ni Pedro kaugnay sa sa mga pamahalaan ng tao
   a. Mga Gawa 4:1-31; 5:29, Si Pedro ay Juan sa harap ng Sanhedrin (ito ay nagpapakita ng biblikal na pamarisan para sa pagsuway sibil)
   b. I Pedro 2:13-17, ang mga mananampalataya ay dapat na magpasakop sa mga awtoridad sibil para sa ikabubuti ng lipunan at para sa ebanghelismo
4. Ang mga salita ni Juan kaugnay sa mga pamahalaan ng tao
   a. Pahayag 17, ang babaeng mababa ang lipat sa Babylon ay tumatayo para sa

makataong pamahalaan isinaayos at gumagawa ng hiwalay sa Diyos
b. Pahayag 18, ang babaeng mababa ang lipad sa Babylon ay sinira

III. PAGLALAGOM

A. Ang pamahalaan ng tao (sa makasalanang sanglibutan) ay itinakda ng Diyos. Hindi ito "ang banal na karapatan ng mga Hari," ngunit ang banal na tungkulin ng pamahalaan. Walang isang anyo ang itinataguyod ng higit sa iba.
B. Ito ay isang relihiyosong tungkulin para sa mga mananampalataya na tupdin at ipagdasal ang mga sibil awtoridad.
C. Nararapat para sa mga mananampalataya na sumuporta sa pamahalaan ng tao sa pamamagitan ng pagbubuwis na may kasamang nararapat na paggalang na saloobin.
D. Ang pamahalaan ng tao ay para sa layuning sibil na kaayusan. Sila ang lingkod ng Diyos para sa gawaing ito.
E. Ang pamahalaan ng tao ay hindi sukdulan. Ito ay limitado sa kanyang awtoridad. Ang mga mananampalataya ay dapat na kumilos alang-alang sa kanilang mga konsensya sa pagtatakwil sa awtoridad sibil kung ito ay lumalagpas na sa hangganan ng itinakdang banal na pagtatalaga sa kanya. Gaya ng isinasaysay ni Augustine sa *The City of God*, tayo ay mga mamayan ng dalawang kaharian, isa ang pansamantala at isa ay eternal. (cf. Filipos 3:20). Mayroon tayong responsibilidad sa pareho, ngunit ang kaharian ng Diyos ang sukdulan! Mayroong parehong indibidwal at sama-samang pokus sa ating responsibilidad sa Diyos.
F. Dapat nating palakasin ang loob ng mga mananampalataya sa demokratikong sistema na aktibong makipagtulungan sa proseso ng pamahalaan at isakatuparan, kung possible, ang mga katuruan ng Kasulatan.
G. Ang panlipunang pagbabago ay dapat na pangunahan ng indibidwal na pagbabalik-loob. Walang tunay na magtatagal na ekatolohikal na pag-asa sa pamahalaan ng tao. Lahat ng mga pamahalaan ng tao, bagamat ninais at ginamit ng Diyos, ay makasalanang ekspresyon ng makataong organisasyon na hiwalay sa Diyos. Ang konseptong ito ay ipinahayag sa pagkakagamit ni Juan ng mga salita "ang sanglibutan" (i.e., I Juan 2:15-17).

▣
**NASB "ang mga kapangyarihang yao'y hinirang ng Diyos"**
**NKJV "na umiiral ay itinalaga sa pamamagitan ng Diyos"**
**NRSV "na sila ay itinalaga sa pamamagitan ng Diyos"**
**TEV "na inilagay sa pamamagitan ng Diyos"**
**NJB "na itinalaga sa pamamagitan ng Diyos"**

Ito ay isang PAIKOT-IKOT NA GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang pang-gramatikong anyong ito ay nagbibigay-diin na ang Diyos ay nasa likod ng lahat ng pantaong kapamahalaan (cf. Juan 19:11; Daniel 2:21; 4:17). Hindi ito tumutukoy sa "maka-Diyos na karapatan ng Hari," ngunit sa kalooban ng Diyos para sa kaayusan. Hindi ito nagbibigay-diin sa isang partikular na uri ng pamahalaan, ngunit ang pamahalaan mismo. Ang kaayusang sibil ay mas mabuti kaysa kaguluhan (cf. v. 6).

**13:2 "ang sinuman sumasalangsang sa kapangyarihan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI. Ito ay tumutukoy sa isang pansariling kinaugaliang paghihimagsik laban sa isang naitatag na kaayusan, sa literal, "pagtatalaga sa sarili sa pagsasalansang" (cf. Gawa 18:6; Santiago 5:6). Sa Marcos 12:17, maliwanag na ipinahayag ni Hesus ang saklaw ng kapwa ang pamahalaan at iglesiya. Sa Gawa 5:25-32, makikita natin kung anong nangyari sa mga pamahalaan kapag lumagpas sa kanilang mga hangganan.

▣ **"sumasalangsang. . . nagsisalangsang"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG at a

GANAP NA TAHAS NA PANDIWARI. Ito ay nagpapahayag ng isang napagpasyahan o naitatag na paghihimagsik. Ang Diyos ay nagkaloob ng kaayusan sa nalugmok na mundong ito (cf. vv. 4,6). Ang sumalansang sa kaayusan ay sumasalansang sa Diyos, maliban kung ang mga sibil kapangyarihan ay humakbang nang higit sa ibinigay na hangganan ng Diyos. Ang tunay na espiritwal isyu ay ang pagpapasakop sa may kapangyarihan. Ang nalugmok na sangkatauhan ay nagnanais ng pagsasarili!

▣ **"magsisitanggap ng kahatulan sa kanilang sarili"** Ang KJV isinasalin ang "kahatulan" bilang "kapahamakan." Ang salitang ito ay pinaigting ang kanyang kahulugan sa Ingles simula noong A.D. 1611. Ang NKJV ay isinalin ito bilang "kahatulan." Sa konteksto ito ay maaaring tumutukoy sa (1) kahatulan ng Diyos o (2) pagpaparusang sibil (cf. v. 4). Ang mga taong ito ay nagdala ng kahatulan sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kanilang mga pag-uugali at mga pagkilos laban sa may kapangyarihan (cf. Juan 3:17-21).

**13:3** Tingnan ang magkatulad na puna sa I Pedro 2:14.

▣ **"mga pinuno"** Tingnan ang Natatangging Paksa: *Archē* sa 8:38.

▣ **"may kapangyarihan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 13:1.

**13:4 "Sapagka't siya'y ministro ng Diyos sa ikagagaling mo"** Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay kumikilos laban sa gumagawa ng masama datapwat ang mananampalataya ay pinagbabawalan sa kanyang pansariling paghihiganti (cf. 12:17-19). Sinabi ni Marthin Luther na "Ang paraan ng Diyos sa pagpipigil sa masamang tao ay sa paglalagay ng masamang tao sa kapangyarihan."

▣ **"kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugang maaaring pagkilos sa hinaharap.

▣
**NASB "sapagka't hindi walang kabuluhan ang pagdadala niya ng tabak"**
**NKJV "sapagkat hindi niya dinala ang tabak sa walang kabuluhan"**
**NRSV "para sa may kapangyarihan, hindi dinala ang tabak ng walang kabuluhan"**
**TEV "kanilang kapangyarihan upang magparusa ay tunay"**
**NJB "it ay hindi sa kawalan na ang kanilang sagisag ng kapangyarihan ay tabak"**

Ang salitang "tabak" (*machaira*) ay tumutukoy sa isang maliit na Romanong espada na ginamit isa parusang kamatayan (cf. Gawa 12:2; Roma 8:35). Ang talatang ito at Gawa 25:11 ay nagbibigay ng batayan sa Bagong Tipan para sa parusang kamatayan, habang ang Genesis 9:6 ay maliwanag na ipinapahayag ang pananaw ng Lumang Tipan. Ang pagkatakot ay isa sa mabisang panghadlang sa kaguluhan!

▣ **"sapagka't siya'y ministro ng Diyos, tagapaghiganti"** Ang salita para sa tagapaghiganti (*ekdikos*) ay ginamit na maraming beses sa OT. Ito ay kahit na ginamit sa unang bahagi ng Levitico 19:18. Sa OT kung ang isang tao ay pumatay ng isa pang tao, kahit na di sinasadya, ang pamilya ng tao ay may karapatang ipatupad ang "mata-sa-mata" na paghihiganti (ang tagapaghiganti ng dugo). Si Pablo ay tila inuugnay ang kaugalian sa OT sa kapangyarihan ng sibil na pamahalaan.

Sa I Tesalonica 4:6, ang Diyos ay sinasabing tagapaghiganti, na sumusunod sa Roma 12:19. Ito ay kapwa tinutukoy sa Deuteronomio 32:35 (cf. Hebreo 10:30).

**13:5 "Kaya nga't dapat na kayo'y pasakop"** Mayroong dalawang kadahilanan ang ipinahayag (1) upang tumakas sa kaparusahan, alinman sa Diyos o sa mga namamahalang sibil na kapangyarihan at (2) para sa mga budhi ng nananampalataya.

▣ **"dahil sa budhi"** Walang katumbas na salita sa OT ang Griyegong salita na "budhi" maliban sa Hebreong salita na "dibdib" na nagpapahiwatig ng kaalaman sa sarili at kanyang mga motibo. Sa orihinal, ang Griyegong salita ay tumutukoy sa kamalayang may kaugnayan sa limang diwa. Ito ay dumating upang gamitin sa panloob na mga diwa (cf. Roma 2:15). Ginagamit ni Pablo ang salitang ito nang dalawang beses sa kanyang mga pagsubok sa Gawa (i.e., 23:1 at 24:16). Ito ay tumutukoy sa kanyang kaunawaan na hindi niya nalalamang nalabag niya ang anumang hayag na tungkulin sa Diyos (cf. I Corinto 4:4).

Ang budhi ay isang lumalagong pagkaunawa sa mga motibo at pagkilos ng mga mananampalataya sang-ayon sa

1. Isang biblikal na pananaw sa mundo
2. Ang panananahan ng Espiritu
3. Isang buhay na kaalaman sang-ayon sa salita ng Diyos

Ito ay ginawang posible sa pansariling (personal) pagtanggap ng ebanghelyo.

**13:6 "dahil dito ay nagsisipagbayad naman kayo ng buwis"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG, kahit na sa anyo, ito ay maaaring isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS (cf. JB). Ito ay isang halimbawa ng pananagutan ng Kristiyanong sa mga sibil na pamamahala nang tiyakan dahil ang kapangyarihan ng pamahalaan ay mga lingkod ng Diyos (cf. vv. 1-2).

**13:7**

**NASB** **"Ibigay ninyo sa lahat ang sa kanila'y nararapat: buwis. . .; ambagan. . .; takot. . .; puri"**

**NKJV** **"magbigay samakatuwid sa lahat na sa kanilay nararapat; buwis. . .; ambagan. . .; takot. . .; dangal"**

**NRSV** **"magbayad sa lahat kung ano ang nararapat—buwis. . .; kita. . .; paggalang. . .; danal"**

**TEV** **"Magbayad, pagkatapos, kung ano ang inutang sa kanila; bayaran sila ng iyong pansarili at mga buwis sa pag-aari, at palabas respect at honor para sam lahat"**

**NJB** **"Magbayad sa bawat pinuno ng pamahalaan na kung saan may karapatan siyang humingi—kung ito ba ay tuwirang buwis o di-tuwiran, takot o hdangal"**

Ito ay maaaring tumutukoy sa dalawang magkahiwalay na mga kapamahalaang sibil (cf. RSV), ngunit marahil ang ibigsabihin ay ang mga Kristiyano ay mabibigay sa kapwa buwis at igalang ang mga kapamahalaang sibil dahil sila ay gumaganap bilang mga ministro ng Diyos (cf. 1,4 [dalawang beses],6; Mateo 22:15-22).

Ang dalawang mga salitang, "buwis" at "ambagan" are ginamit na magkasingkahulugan dito (kahit na ang TEV ay gumawa ng pagkakaiba). Kung susuriin sa etimolohiya (ang orihinal na kahulugan), ang una ay tumutukoy sa mga buwis na ibinabayad ng isang nasakop na bansa (cf. Lucas 20:22) at ang pangalawa ay sa mga pansariling (personal) na mga buwis (cf. Mateo17:25; 22:17,19).

**MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA TALATA 13:8-14**

A. Maaaring maunawaan ang vv. 1-7 bilang isang sariling pagpasok na pampanitikang konteksto. Gayunman, ang paksa ng "utang" sa v. 7 ay tila itinuloy sa isang magkaibang pagkakaunawa sa v. 8. Ang mga mananampalataya ay may-utang na pananagutan sa estado; mga mananampalataya ay may utang na pananagutan din sa ibang tao.

B. Ang mga talatang 8-10 ay isang pinagkaisang kaisipan, tulad ng vv. 11-14. Sila ay nagpapatuloy

sa pagtalakay mula sa kabanata 12 ng pananagutan ng Kristiyano sa pag-ibig sa kapwa.

C. Ang paggamit ni Pablo ng Sampung Utos sa OT bilang isang moral na gabay sa mga mananampalataya ng Bagong Kasunduan ay nagpapakita ng nagpapatuloy na pag-iral ng OT sa bahagi ng maka-Diyos na pamumuhay (pagpapaging-banal), hindi kaligtasan (pag-aaring-ganap, cf. Galacia 3). Si Pablo ay tila pinagsasama ang maraming mga pinangagalingan upang makabuo ng kanyang mga gabay pang-etika:
   1. Ang mga salita ni Hesus
   2. Ang gabay ng Espiritu
   3. Ang Lumang Tipan
   4. Ang kanyang rabinikong pagsasanay
   5. Ang kanyang kaalaman sa mga palaisip na Griyego (lalo na ang mga Stoic)

   This characterized the "kautusan of pag-ibig"— pag-ibig for Diyos, pag-ibig for sangkatauhan, service to Diyos, service to sangkatauhan!

D. Ang mga talatang 11-14 ay mayroong isang eskatolohikong (katapusan ng panahon) pag-aankop. Ang pag-iiba ng kadiliman at liwanag ay itinatangi sa pang-Hudyong panitikan, kasama ang Dead Sea Scrolls. Ito rin ay pangkaraniwan sa mga sulat nina Juan at Pablo. "Ang nandito na" laban sa "ang wala pa" na pag-igting (tensyon) ng Kristiyanong buhay ay ang pampasigla sa maka-Diyos na pamumuhay. Ang "bagong panahon" (Kaharian ng Diyos) ay pinasinayana at sa hinaharap ay magkakaroon ng kapuspusan. Ang talatang ito ay katulad sa I Tesalonica 5:1-11.

E. Ang mga talatang 13-14 may isang nakakapagpabagong buhay a epekto kay Augustino sa tag-init ng A.D. 386. Sinabi niya, sa kanyang *Confessions* 8:29, "Wala na akong idadagdag sa pagbasa, o wala na kong kakailanganin pa; kaagad, sa dulo ng pangungusap na ito, isang maliwanag na ilaw ang dumaloy sa aking puso at lahat ng kadiliman ng pagdududa ay naglahong lahat."

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 13:8-10**

**[8]Huwag kayong magkautang ng ano pa man sa kanino man, maliban na sa mangagibigan kayo: sapagka't ang umiibig sa kaniyang kapuwa'y nakaganap na ng kautusan. [9]Sapagka't ito, HUWAG KANG MANGANGALUNYA, HUWAG KANG PAPATAY, HUWAG KANG MAGNANAKAW, HUWAG KANG MANANAKIM, AT KUNG MAYROON PANG IBANG UTOS, ay nauuwi sa salitang ito, sa makatuwid baga'y IBIGIN MO ANG IYONG KAPUWA NA GAYA NG SA IYONG SARILI. [10]Ang pagibig ay hindi gumagawa ng masama sa kaniyang kapuwa: ang pagibig nga ay siyang katuparan ng kautusan.**

**13:8 "Huwag kayong magkautang ng ano pa man sa kanino man"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may isang SALUNGAT NA KATAGA na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Ang mariing pariralang ito ay may dalawang PASALUNGAT. Ito ay maaaring may kaugnayan sa isyu ng pagbubuwis (vv. 6-7). Ang pinansiyal na pagkakautang ay palaging isang emosyonal at maaaring espiritwal na pagtuyo. Mag-ingat sa kamunduhan. Ninanakaw nito sa mga mananampalataya ang kanilang kakayahan sa pagtulong sa mga Kristiyanong kapakanan at pansariling pagkakawang-gawa. Gayunman, ang talatang ito hindi maaaring gamitin bilang isang patunay na teksto para sa "walang pautang na mamimili." Ang Bibliya ay kailangang maipaliwanag sa liwanag ng kanyang sariling araw. Ito ay hindi isang pang-umagang Amerikanong pahayagan! Ang mga talatang 8-10 ay nagbibigay-diin sa pagiging-una ng ating pag-ibig sa ating kapwa (1) bilang mga kapatid sa kasuduan (Mateo 22:39-40; Juan 13:34-35) at (2) bilang mga kapwa-tao (cf.

Mateo 5:42; Galacia 6:10).

Ang NIDNTT, tomo 1, p. 668, ay gumagawa ng pagsusuri na ang PANDIWANG "pagkakautang" ay may dalawang kaunawaan.

1. Sa mga ebanghelyo, it ay ginagamit sa isang pagkakautang
2. Sa sulat ni Pablo, ito ay ginamit na isang pananagutan. Sa tekstong ito, si Pablo ay tila pinagsasama ang mga kapahulugang ito.

▣ **"maliban na sa mangagibigan kayo"** Ito ay ang susing kaisipan ng vv. 8-10 (cf. Juan 13:34; 15:12; Roma 12:10; I Corinto 13; Filipos 2:3-4; I Tesalonica 4:9; Hebreo 13:1; II Pedro 1:7; I Juan 3:11; 4:7, 11-12).

▣ **"ang umiibig sa kaniyang kapuwa"** Ang PANDIWANG ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Hindi ito tumutukoy sa nahiwalay o mga pana-panahon paggawa ng pag-ibig, ngunit sa isang pamumuhay ng pag-ibig na tulad kay Kristo.

Ang salitang "kapwa" sa literal ay, "isa pan sa magkaibang uri" (*heteros*), kahit na ang pagkakaiba sa pagitan ng *heteros* at *allos* (isa pang sa katulad na uri) ay mahirap makita sa Koine Griyego. Sa kontekstong, ito ay maaaring tumutukoy sa isang kapwa, sa pinakamalad na maaaring mga salita, mananampalataya o hindi (cf. Lucas 12:14-21; 10:25-37). Gayunman, ang sipi mula sa Levitico 19:18 sa konteksto ay tumutukoy sa isa pang kasama sa kasunduan (isang kasamang Israelita).

Ang mga Kristiyano ay dapat ibigin ang mga Kristiyano bilang mga kapatid at napahamak na tao bilang mga maaaring kapatid (cf. Galacia 6:10). Ang kristiyanismo ay isang pamilya. Ang bawat miyembro ay nabubuhay at naglilingkod para sa kalusugan at paglago ng kabuuan (cf. I Corinto 12:7).

▣

**NASB, NKJV,**
**NRSV "nakaganap na ng Kautusan"**
**TEV "nakasunod sa Kautusan"**
**NJB "naisakatuparan ang inyong mga pananagutan"**

Ang ganitong pangkaraniwang Griyego PANDIWA (*pleroō*) ay maaaring isalin sa maraming paraan. Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na maaaring isalin bilang "ito ay naganap na at magpapatuloy na maisakatuparan." Si Robert Hanna, *A Grammatical Aid to The Greek New Testament*, ay sinipi si A. T. Robertson at tinawag itong "isang gnomikong ganap (tumutukoy sa isang kinaugaliang katotohanan, na naging palasak sa pamamagitan ng tumanggap)" (p. 28). Ito ay inulit sa v. 10 (cf. Galacia 5:14; 6:2).

**13:9** Ito ay hindi di-karaniwan kay Pablo na gumamit ng Kautusan ni Moises (Exodo 20:13-17 o Deuteronomio 5:17-21 at Levitico 19:18) upang pasiglahin ang mga mananampalataya ng Bagong Kasunduan. Sa Efeso 6:2-3, Si Pablo rin ay gumagamit ng isa sa mga Sampung Utos bilang isang pag-uudyok sa mga Kristiyano (cf. I Timoteo 1:9-10). Ang tekstong ito sa OT ay hindi isang paraan ng kaligtasan, ngunit ito pa rin ay isang nahayag na kalooban ng Diyos para sa mga tao sa pakikitungo sa Diyos at bawat-isa (cf. Roma 15:4; I Corinto 10:6,11). Maaaring sinipi mula sa OT, ay paraan ni Pablo sa pag-uugnay sa kapwa Hudyo at Hentil mga mananampalataya sa Iglesiya sa Roma. Ang paggamit na ito sa salitang "natupad" ay may kaugnayan din sa pagtalakay ni Hesus ng Kautusan sa Mateo 5:17.

Ito ay maaari na tumutukoy sa kautusan sa pangkalahatan, kautusan bilang panlipunang pamantayan, at hindi partikular sa Kautusan ni Moises (cf. JB). Gayunman, ang katotohanan na si Pablo ay sumipi mula sa OT sa v. 9 ay nagpapahiwatig ng isang sanggunian sa Kautusan ni Moises. Pansinin ang pag-ibig lamang, hindi ang pagtupad sa kautusan ng tao, ay tunay na maaaring makatupad ng Kautusan! Tingnan ang mga Natatangging Paksa sa ibaba.

Levitico 19:18 ay ginamit sa dalawang mahalagang paraan.

1. Si Hesus ay gumagamit nito sa pang-ungay na *shema* (i.e., Deuteronomio 6:4-6) bilang isang buod ng kabuuan ng Kautusan (cf. Mateo 22:37-40; Marcos 12:29-31; Lucas 10:27).
2. Para kay Pablo, ito ay gumaganap bilang isang buod ng pangalawang kalahati ng Sampung Utos (i.e., pakikipag-ugnayang tao sa kanyang mga kasama sa kasunduan (cf. Galacia 5:14), na sumusunod sa pagpuna ni Hesus sa Mateo 7:12 at Lucas 6:31.

**NATATANGING PAKSA: MGA PANANAW NI PABLO SA KAUTUSAN NI MOSES**

Ito ay mabuti at mula sa Diyos (cf. Roma 7:12,16).

A. Ito ay hindi paraan sa katuwiran at pagtanggap ngDiyos (ito ay maaaring maging isang sumpa, cf. Galacia. 3).
B. Ito pa rin ay kaloobaan ng Diyos para sa mga mananampalatay dahil ito ay sariling kapahayagan ng Diyos (Si Pablo ay malimit na bumabanggit ng OT upang usugin at/o himukin ang mga mananampalataya).
C. Ang mga mananampalataya ay tinuruan ng OT (cf. Roma 4:23-24; 15:4; I Corinto 10:6,11), ngunit hindi nangaligtas sa OT (cf. Gawa 15; Roma 4; Galacia 3; Hebreo).
D. Ito ay umiiral sa bagong kasunduan para:
    1. ipakita ang pagiging makasalanan (cf. Galacia 3:15-29)
    2. gabayan ng tinubos na sangkatauhan sa lipunan
    3. ipaalam ang mga wastong pagpapasiya na maka-Kristiyano

Nandito sa teolohikal na pagtatalakay mula sa pagsumpa at pagkamatay patungong pagpapala at pananatili na nagdudulot na suliranin sa pagsubok na pag-unawa ng pananaw ni Pablo sa kautusan ni Moses. Sa A Man in Christ, si James Stewart ay ipinakita ang kabalintunaan ng pag-iisip at pagsulat in Pablo:

> ""Karaniwan mong aasahan ang isang taong magtatakda sa kanyang sarili na bumuo ng kaisipan at katuruan upang maayos nang may kahigpitan hanga't maaari ang mga kahulugang kanyang ginamit. Aasahan mo siyang maglayon nang may katumpakan sa pag-aaral ng parilala ng kanyang mga pangunahing kaisipan. Maaari mong angkinin na ang isang salita, na ginamit na minsan ng iyong manunulat sa isang natatanging kahulugan, ay kailangang madala ang kahulugan saanman. Ngunit kung titingnan mo ito galing kay Pablo, ito ay kabiguan. Karamihan sa pag-aaral ng parilala ay maluwang, hindi mahigpit. . . 'Ang kautusan ay banal' kanyang sinulat, 'Ako'y nalulugod sa kautusan ng Diyos ayon sa pagkataong loob' (cf. Roma 7:12,22) ngunit ito ay malinaw sa ibang aspeto ng *nomos* na magduduloy sa kanyang sabihin sa ibang banda, 'Si Kristo ang nagtubos mula sa sumpa ng kautusan (cf. Galacia 3:13)" (p. 26).

**NATATANGING PAKSA: MGA TALA SA EXODUS 20**

**EXODUS 20:13, PAGPATAY**

I. KONTEKSTO
    A. Ito ay kinakailangang matandaan na kahit na mga kautusan na tila may isang panlipunang likas ay tunay na pang-relihiyon. Ang pagiging mataas ng Diyos sa paglalang at katubusan ay naaaninag sa mga kautusang ito. Ang utos na huwag pumatay ay, sa wastong pagtuon, isang salita patungkol sa larawan ng Diyos sa bawat taong nilalang at pagkalinga at pagmamalasakit sa buhay ng tao.
    B. Ito ay kinakailangang matandaan na ang bawat kautusan ay ipinapaliwanag ang komunidad pananampalataya. Ang pagbabawal sa pagkitil ng isang buhay sa isang illegal na paraan ay pangunahin at orihinal na nakatuan sa may nananampalatayang komunidad. Ang kinakasangkutan

nito ay kasinglawak ng sangkatauhan!

II. PAG-AARAL NG SALITA NG MGA MAHAHALAGANG KATAGA

A. "Pagpatay"

1. Ito ay isang di-karaniwang salita (*rasah*) para sa pagkitil ng buhay, na ginamit ng 46 na beses lamang sa OT. May dalawa pang mas higit na pangkaraniwang mga salita.
   a. *Harag*, na ginamit ng 165 na beses
   b. *Hemit*, na ginamit ng 201 beses
2. Ang salita (*Rasah*) ay tila may isang orihinal na limitadong kahulugan at isang pinalawak na kahulugan.
   a. Sa orihinal, ito ay may kaugnayan sa pagkitil ng buhay ng isang kasama sa kasunduan sa isang legal, pinaghandaan paraan, na kadalasang naiuugnay sa "sa tagatubos na kamang-anak" o "*go'el*." Ang paggamit na ito ay kinapapalooban ng pinaghandaan ngunit sa isang kaunawaan ng legal na paghihiganti (cf. Bilang 35:30-34; Levitico 24:13-23). Sa katotohana, ang <u>Lex Talionis</u>, "mata sa mata," (cf. Genesis 9:5-6) ay isang paraan upang lagyan ng hangganan ang paghihiganti. Pagkatapos nito, ang mga lungsod ng kanlungan (Deuteronomio 4:41; Joshua 20:3) ay naitatag upang ang kasapi ng kasunduan na di-sinasadya o marubdog na pumatay sa ibang kasapi ng komunidad ay maaaring tumakas sa galit ng mga pamilya ng biktima.
   b. Pagkatapos, ang salita ay ginami upang tumutukoy sa motibo o ugali sa likod ng pagkitil ng isang buhay. Ang konsepto ng "pagiging sadya" ay naging higit sa lahat! (cf. Exodo 21:12-14; Bilang 35:11,22; Deuteronomio 28:24).
   c. Ang pagkakaibang ito ay naging mas naging makabuluhan sa kautusang ito. Ito ay tila sa konteksto na tumutukoy lamang sa iba na nasa loob ng komunidad ng kasunduan. Ito ay may kaugnayan sa tagatubos na kamang-anak, o tagaganti ng buhay. Gayunman, ang salita ay ginamit sa mga nahuling talata na sumasalamin sa Sampung Utos, Osea 4:2 at Jeremias 7:9, ay tumutukoy sa isang mamamatay-tao. Ang salitang ito ay nag-uugnay hindi lamang sa kautusan ngunit sa motibo. Ito lumalawak mula sa kapwa hanggang sa kasamang sangkatauhan.
3. Ang salitang ito ay tiyak na hindi kaugnay sa ating makabagong isyu ng parusang kamatayan o digmaan. Ang mga Hudyo ay hindi kailanman nagkaroon ng suliranin sa paglipol sa komunidad o banal digmaan (o, para sa paksang ito, di-banal na digmaan!).
4. Ang pinakamagaling na salin para sa ating makabagong kultura ay "pinaghandaang pagpatay."

III. MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)

A. Ang ika-anim, ika-pito, at ika-walong utos ay mayroong dalawang Hebreo mga salita lamang. Sila ay napakaiksi at tiyak.

B. Ang buhay, tulad ng lahat ng buhay, ay may kaugnayan sa Diyos. Kung paano tayo nakikitungo sa iba ay ipinapaliwanag ang ating kaisipan patungkol sa Diyos

IV. MGA PAGKAKATULAD SA BAGONG TIPAN

A. Hesus

1. Ang Kanyang pagpapalawak ang kautusang iton (cf. Mateo 5:21-26) ay nagbibigay sa atin ng wastong pag-aangkop sa ating makabagong pagtalakay tungkol sa kung paano iaangkop ang tekstong ito sa sating panahon.
2. Maliwanag na ikinilos ni Hesus ang Sampung Utos mula sa sakop ng pagkilos sa sakop ng mga motibo. Tayo ay kung ano ang ating iniisip! "Tulad ng iniisip ng tao sa kanyang puso, ay gayon nga siya." Ang ating buhay kaisipan ay lubhang napaka-nauukol at mahalaga

kaysa sa karaniwan nating ibinibigay na paniniwala dito.

B. Juan
1. I Juan. 3:15, ang katulad na konseptong ito ng pagkagalit na itinuturing na pagpatay ay ipinahayag.
2. Ang Griyego mga salita na ginamit sa Mateo 5:21ff at I Juan 3:15 ay magkakaiba ngunit ang kahulugan ay makatulad.
3. Pansinin ang paayong aspeto sa I Juan 4:19-21.

V. MGA KATOTOHANAN SA PAGPAPAIRAL

A. Kahit na ang di-sinasadyang pagpatay ay maaaring makatakas sa maghihiganti ng buhay sa pamamagitan ng pagtakas sa isang lungsod ng kanlungan (cf. Bilang 35; Joshua 20), kailangan niyang magpayad ng multa ng pagkakakulong sa lungsod na iyon hanggang sa kamatayan ng Punong Saserdote. Ang mga bunga ng kanyang ginawa ay mananatili pa rin!

B. Kahit na ang talatang ito ay hindi tuwirang mauugnay sa pagpapatiwakal, tulad ng sa sa sinauna, ay marahil hindi naisip ang ganitong pangyayari, ang teksto ay patuloy na magbibigay ng espiritwal na tuntunin patungkol sa kahalagahan ng buhay ng tao at ang pagiging makapangyarihan at layunin ng Diyos para sa buhay ng tao na linikha sa Kanyang larawan. Ang tekstong ito ay nagsasabi ng isang malakas na salita sa ating panahon sa bahaging ito!

C. Ang tekstong ito ay hindi, gayunman, ay nagpapahayag ng isang tiyak na salita sa makabagong makabagong tanong ng: (1) parusang kamatayan o (2) digmaan. Para sa Israel, ang mga bagay na ito ay hindi masama sa kanilang sarili. Ang mga Israelita ay kasangkot sa kapwa mga pagkilos na ito. Nananatili, ang prinsipyo ng kahalagahan ng buhay na ginawa sa larawan ng Diyos at sa ilalim Kanyang kapangyarihan ay isang mahalagang katotohanan sa usaping ito

D. Ang tekstong ito ay hindi nagpapahayag ng isang salita patungkol sa dangal at kabanalan ng buhay ng! Tayong mga nasa nananampalatayang comunidad ay mga katiwala, hindi lamang sa ating mga sariling pagkilos, ngunit sa ating lipunan. Ang kaloob ng buhay ay kapwa pansarili at pangkalahatan.

Tayo ay may pananagutan para sa pisikal, panlipunan, at sikolohikal na pag-aabuso ng ating mga sariling katawan yamang tayo ay pisikal, panlipunan at sikolohikal na pag-aabuso ng iba sa ating komunidad. Ito ay natatanging totoo sa isang kultura tulad ng sa atin na tayo ay pinahihintulutan na magsalita at, samakatuwid, baguhin ang sistema. Tayo ay mga tagapag-ingat ng ating kapwa!

**EXODUS 20:14, PANGANGALUNYA**

I. KONTEKSTO

A. Ito ay maliwanag na ang mga kautusan ay may kaugnayan sa isang paggalang para sa Diyos na makikita sa paggalang para sa buhay ng kapwa, maybahay, at pagmamay-ari (cf. Jeremias 5:8). Ito ay napapatunay sa pamamagitan ng magkakaibang kaayusan ng mga kautusang ito sa Septuagint.

B. Ang pagkakatulad sa Deuteronomiyo ay nagpapakita ng kaangkupan ng paghiram ng sinaunang katotohanang ito sa ating kultura.

C. Bilang paggalang para sa mga magulang ay makikita bilang isang susi sa isang matibay na lipunan, gayundin, ay sa utos na ito.

D. Ang kautusang ito ay nagpapahiwatig din ng pagmamay-ari at kapangyarihan ng Diyos sa ating pagkasarian at pampamilyang buhay.

E. Ang kautusang ito ay tila sumasang-ayon sa sa Genesis 2:24 bilang kautusan bilang 4 ay sang-ayon sa Genesis 2:1-3.

II. PAG-AARAL NG SALITA

A. Ang pangunahing salita sa tekstong ito ay "pangangalunya." Ito ay napakahalaga na ang isa ay maunawaan ang salitang ito ay sa liwanag ng sinaunang Hebreong kultura.

1. Ang salitang ito ay may pagkakaiba sa isang konteksto sa OT na "pakikiapid." Ang pangangalunya ay nag-uugnay sa isang tao sa pakikipag-ugnayan sekswal kahit kasal na. Ang salitang "pakikiapid" ay kapwa nagpapahiwatig na ang dalawang tao ay hindi kasal (cf. Kawikaan 29:3; 31:3). Ang pagkakaibang ito ay nawala sa mga Griyegong salita sa NT.
2. Ito ay maaaring ipaliwanag ang dahilan para sa pagbibigay-diin sa pagiging may-asawa dahil ito ay nag-uugnay sa kahalagahan ng karapatan sa mana na kinapapalooban pangako ng Diyos "na lupain." Kada 50 taong (Jubilee) ang lahat ng lupa ay ibinabalik sa kanilang orihinal na may-ari sa tribo.
3. Ang pangangalunya ay itinatakwil bago ang pagpapatupad ng kautusan ni Moises (cf. Genesis 12:10ff; 26:7ff; 39:9).
4. Ang pangangalunyo ay nakita bilang isang kasalanan laban sa:
   a. Kapwa – Exodo 20:14; Deuteronomio 5:18
   b. Kasalan – Levitico 18:20
   c. Diyos – Genesis 20:1-13; 26:7-11
5. Ito ay pinaparusahan ng kamatayan para sa kapwa panig:
   a. Levitico 20:10
   b. Deuteronomio 22:22-24
   c. Ezekiel 16:40 (talinghaga)
   d. Mga mahigpit na paalala ay matatagpuan sa Kawikaan 1-9

III. KAUGNAYAN SA NT

A. Si Hesus ay ginamit ang Levitico 19:18 bilang isang buod ng Lumang Pahayag (cf. Lucas 10:27). Ito ay nagpapatunay na ang Sampung Utos ay may kaugnayan sa ating pakikisama sa kapwa.

B. Pinaigting ni Hesus ang kautusang iot sa Mateo 5:28. Nilagyan Niya ng diin ang motibo kaysa sa pagkilos. Ang mga Hudyo ay nakita ang kaisipan bilang ang gitna ng kaluluwa. Kung ano ang iniisip ng isa ay kung ano talaga siya (Kawikaan 23:7). Ginagawa nito ang Sampung Salita na halos imposibleng maisakatuparan—yan ang layunin! (cf. Galacia 2:15-3:29).

IV. MAKABAGONG PAG-AANGKOP

A. Ang kasal ay maaaring ang pinakamainam na makabagong pagkakatulad ng isang panghabang-buhay na pananampalataya pangako sa pangalan ng Diyos. Ito ay ang ating pinaka mainam na pagkakataon na maunawaan ang mga katotohana ng mga konsepto ng kasunduan sa OT (Malakias 2:14). Ang ating paggalang para sa ating mga asawa sa lahat ng aspeto, kasama ang seksuwalidad ng tao, ay makakatulong sa atin na maunawaan ang kahulugan ng talatang ito.

B. Ang pagiging matatag at matapat ng kasal, tulad ng paggalang sa mga magulang, ay isang pangunahing haligi ng panlipunang lakas at pananatili.

C. Ito ay nangangailangan ng pagbibigay-diin na ang pangkasarian (sekswalidad) ng tao ay isang kaloob mula sa Diyos. Ito ay Kanyang kaisipan at kalooban para sa tao. Ang mga gaway ay hindi para sumalungat sa kalayaan o kaligayahang tao ngunit upang ibigay ang ilang maka-Diyos na mga gaway para sa nalugmok na tao. The bounds are revealed for our long-salita benefit at happiness. Although man has abused sexuality, bilang he has lahat ng Diyos's mga kaloob, it is still a powerful drive within humankind which must be sa ilalim Diyos's control at guidance.

D. Ang kasarian (sex) ay kailangang mabantayan upang ang kasagraduhan ng tao (babae o lalaki) ay igalang dahil sila ay nilikha sa larawan ng Diyos. Ang ating nalugmok na pagtuon sa "ako"

ay lubhang napakaliwanag sa bahaging ito.

**EXODUS 20:15, PAGNANAKAW**

I. PANGKALAHATANG KAALAMAN
   A. Tulad ng ibang kautusan sa Sampung Utos, ang ating pananampalataya, pag-ibig, at paggalang para sa Diyos ay kailangang makita sa kabanalan at sekular na mga aspeto ng ating pang-araw-araw na buhay. Ito ay kasuklam-suklam sa Diyos na angkinin na kilala Siya at pagkatapos, inaabuso ang ating kasama sa kasunduan (cf. I Juan 4:20-21; 2:7-11).
   B. Ang kautusang ito ay hinahangad is meant to help maintain the pagkikipag-ugnayan of the kasunduan komunidad. The quality of this espiritwal pagkikipag-ugnayan will attract a confused at seeking world to our Diyos which is the layunin of Banal na Kasulatan.
   C. Tulad ng pagtuon ng ibang kautusan sa pagkamay-ari ng Diyos sa lahat ng buhay, tayo rin, ay gawin ito. Tayo ay mga katiwala, hindi mga may-ari. Ang ating nalugmok pagnanasa sa mga bagay-bagay, na walang pag-aatubili, ay nasa likod ng ganitong pagbabawal (cf. Awit 50:10-12).

II. PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA
   A. Ito ay ang pangatlong utos sa pangalawang kalahati ng Sampung Utos na binubuo lamang ng dalawang mga salita sa Hebreo.
   B. Ang layon ng pagbabawal ay wala. Ito ay kadalasang itinataguyod sa pamamagitan ng:
      1. Ang konteksto ng dalawang naunang mga kautusan na nauugnay sa mga parusang kamatayan.
      2. Ang pagkakaroon ng akmang katulad na mga talata sa kapwa sa pinakamalapit (Exodo 21:16) at malayo (Deuteronomio 24:7). Tingnan din sa Genesis 37.
   C. Gayunman, ang maikling anyo ay maipagtatanggol din
      1. Ito ay naitala para sa atin sa pamamagitan ng inspirasyon
      2. Pinapalawak nito ang saklaw ng kautusan
      3. Mayroon din isang katulad na talata sa pinakamapit na konteksto na nag-uugnay pagnanakaw—Exodo 22:1ff.
      4. Si Hesus ay tila sinisipi ang talatang ito na may sanggunian sa pagnanakaw (cf. Mateo 19:18).
   D. Ang pagnanakaw ay pinapatawan din ang kaparusahan sa loob ng ibang mga sinaunang kautusan kodigo ngunit kadalasang parusa ay kamatayan, kapinsalaan, o pagbabalik ng 30 beses.
   E. May isang mahahalagang mga talata ng nagbibigay-kahulugan at nagpapaliwanag ng katotohanang ito:
      1. Levitico 19:1-18—"Dapat kang maging banal, dahil Ako ang Panginoon mong Diyos ay banal"
         a. Ang ating pamumuhay ay kailangang sumalamin sa pampamilyang mga katangian ng ating Ama at ating Diyos (cf. v. 18).
         b. Ang ating pananampalataya ay kailangang makaapekto sa ating pang-araw-araw na pamumuhay, kapwa sa mga paayong pagkilos at pasalungat na pagbabawal, kapwa nalalaman sa pamamagitan ng tamang mga motibo (cf. v. 17).
         c. Ang kahababagan para sa itinakwil at nangangailangan, vv. 9-10, 13, ay kasinghalaga ng pagtangging siraan ang ating kapwa, v. 11.
      2. Amos 8:4-7–Napopoot ang Diyos sa pagsasamantala!
      3. Mikas 6:6-8–Ninanais ng Diyos ang wastong motibo sa lahat ng ating mga pagkilos. Kung bakit hindi tayo nagnanakaw ay ang isyu!
      4. Exodo 22:1ff–Kadalasang ang nawawalang katotohanan sa ating makabagong pagtalakay ng

pagnanakaw ay pagbabayad-pinsala! Palaging may kabayaran ang kasalanan!

III. MGA KATOTOHANAN SA PAGPAPAIRAL

A. Si Joy Davidman, asawa ni C. S. Lewis, ay nagsulat ng isang magandang aklat patungkol sa Sampung Utos. Kanyang isinalin ang kautusang ito "Huwag mong tatangkaing kumuha ng anumang bagay para sa wala." Ito ay tiyakang pinapalawak ang nasasakop na higit sa ating mga ari-arian. Sinabi niya rin na "ang ari-arian ay hindi kasalanan o hindi maikakait na karapatan, ngunit isang utang, isang pagtitiwala mula sa Diyos."

B. Ang pagnanakaw, tulad ng lahat ng iba pang kasalanan ng nalugmok puso, ay isinaalang-alang sa pamamagitan ng isang bagong puso, Efeso 4:28. Ito ay nakakamangha kung paano ang lumang likas ng "pagkuha" ay nagiging bagong likas ng "pagpapahagi!"

C. Ang ating paggalang para sa Diyos ay maliwanag na makikita sa ating paggalang sa iba pang mga kasamahan sa kasunduan! Ang katotohanang ito ay lumililin sa Sampung Utos.

D. Modern man steals in maraming ways!

MGA TALAKAYANG TANONG

1. Papaanong makabagong tao ay gumagawa ng pagnanakaw?
2. Paano maiuugnay ang pagbabayad-pinsala sa pagsisisi?
3. Paano maiuugnay ang talataang ito sa pananaw ng kapitalismo sa pagmamay-ari?

**EXODUS 20:17, PAG-IIMBOT**

I. PANIMULA

A. Ito ay maaaring makita ang ugnayan sa pagitan ng ng huling limang mga kautusan na sumusunod:
   1. Ang bilang 6, 7, at 8 ay nagbabawal ng pagpinsala sa isang kasama sa kasunduan sa isang hayag na pagkilos.
   2. Ang bilang 9 ay nagbabawal ng pagpinsala ng isang kasama sa kasunduan sa pananalita.
   3. Ang 10 ay nagbabawal ng pagpinsala ng isang kasama sa kasunduan sa isip.

B. Ito ay totoo na ang gawa ng pag-iimbot ay sumisira sa tao na nag-iimbot, hindi sa layon, ang kapwa. Gayunman, ito ay maaarin na ang kautusang ito na ang mga pag-iisip ay itutuloy sa mga pagkilos.

C. Maraming nakakita sa kautusang ito bilang isang natatangging konsepto na makikita lamang titik ng sinaunang Kautusan ng Israel at na siyang wala sa ibang mga titik ng Kautusan ng Sinaunang Malapit sa Silangan. Ang bagong konseptong ito ay ang pagbabawal ng kaisipan. Ito ay totoo na ang Israel ay naunawaan na ang buhay ay pinagsimulan ng mga masasamang gawi (cf. Kawikaan 23:7; Santiago 1:14-15). Gayunman, ang talatang ito ay tila maiuugnay sa mga kaisipan na lumalabas sa mga pagkilos. Maraming mga talata ang gumamit ng salitang "pag-iimbot" na may kaugnaya sa pagkilos (cf. Deuteronomio 7:25; Joshua 7:21; Mikas 2:2).

D. Kung ito ay totoo na ang pagbibigay-diin ay inilagay sa una at sa huli, ang tunay na kahalagahan ng kautusang ito ay makikita. Ang natatanging pagsama sa Diyos is una, ngunit ang ating mga pag-uugalit at mga motibo sa patungkol sa mga bagay ng mundong ito ay makakaapeto sa ating tunay na debosyon sa Diyos. Ang kambal na pagbibigay-diin ay makikita din sa pangangaral ni Hesus sa bundok, Mateo 6:33—" Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; (cf. vv. 19-32) at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo."

II. PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

A. Exodo 20:17 at Deuteronomio 5:21, kahit na payak na magkatulad, ay mayroong maraming

mahalagang pagkakaiba:

1. Ang asawang babae ay isinama sa isang mas malaking konsepto ng "bahay" o isang pag-aari ng tao sa Exodo 20 habang siya ay inilagay sa isang hiwalay, tila sa pagkauna, na kaurian sa Deuteronomio 5.
2. Ang talata sa Exodo 20 ay may Hebreong salita na "pag-iimbot" na nangangahulugang "pagnanais na makuha," ngunit Deuteronomio 5 ay may pangalawang salita, "pagnanais" gayundin ang "pag-iimbot." "Ang pag-iimbot" ay nagpapahayag ng pagnanais na may kaugnayan sa isang pagkilos na makuha ang bagay na ninanais ngunit ang "pagnanais" ay tila tumutuon sa pag-uugali lamang.
3. Gayundin, Exodo 20, ay isinulat sa mga anak ng Israel habang sila ay nasa panahon ng kanilang paglalakbay sa ilang, ay walang pagkabanggit ng "bukid" sa mga tala ng mga pagmamay-ari habang sa Deuteronomio 5 ay muling ipinapahayag ang katulad na mga kautusan para sa isang palagiang lipunan ng Ipinangakong Lupa.

B. Ang salitang "pag-iimbot" ay isang walang pinapanigan na salita. Ito maaaring tumukoy sa pagnanaisa sa mga mabubuting bagay (cf. Awit 19:10; I Corinto 12:31).

C. Ang di-wastong pagnanais ay ang ugat na dahilan ang pagkahulog ni Satanas, Adan at Eba at lahat tayo. Binigyang diin ni Pablo ang kayang pansariling pakikihamok sa pag-iimbot sa Roma 7:7-8. Ang pag-iimbot ay karaniwang isang walang kasiyahan at kakulangan sa pagtitiwala sa pagkalinga at pagtutustos ng Diyos.

D. Maraming mga talata sa NT na maiuugnay sa pag-iimbot:

1. Ang suliranin ng tao ay ang kawalang kasiyahan at pagiging sakim (cf. Lucas 12:15; I Timoteo 6:8-10).
2. Ang pag-iimbot ay kasama sa tala ni Hesus ng nagpapadungis na kasalanan (cf. Marcos 7:17-23; I Corinto 5:10; Efeso 5:5; Colosas 3:5).

III. MGA KATOTOHANAN SA PAGPAPAIRAL

A. Ang kasagutan sa mahalay na pagkasakim at kawalang kasiyahan ay:

1. Pag-ibig – Roma 13:8-10
2. Pagiging panatag – Hebreo 13:5; Filipos 4:11-13 (at pagbabahagi, Filipos 4:14)

B. Ang kautusan sa sinasabing "ihinto" ngunit si Kristo lamang ang nagbigay sa atin ng paraan upang tumigil! Sa Kanya kaya nating magtimpi sa ating buhay pag-iisip sa ilang antas.

C. Natataman ng Diyos ang ating mga puso at mga kaisipan

1. I Chronicles 28:9
2. Kawikaan 20:27
3. Awit 139:1,23
4. Jeremias 17:10
5. Roma 8:27
6. Pahayag 2:23

D. Ang mga bagay ay hindi masama, ngunit kapag sila ay naging una, sila ay nagiging kasalanan. Ang mga bagay ay hindi hanggang wakas o walang hanggan; ang sangkatauhan ay nilikha sa larawan ng Diyos! Ang pag-iimbot ay nakakaapekto sa komunidad ng kasunduan sa mga mapanira at mapangwasak na paraan!

MGA TALAKAYANG TANONG

1. Ano ang pag-iimbot?
2. Paano nag-iimbot ang makabagong tao?
3. Ang ating kaisipan ba ay nagkakasala?
4. Bakit ang kaisipan ay lubhang mahalaga sa Kristiyanong buhay?

| 5. Bakit ang kautusan sa Exodo 20:17 ay may pagkakaiba sa isa na nasa Deuteronomio 5:21? |
|---|

▣ **"Sapagka't ito"** Ito ay isang sanggunian sa Sampung Utos o ang Dekalogo. Ang pagkakaayos ng talang ito sa pangalawang kalahati ng Sampung Utos ay sinusundan ang Griyegong kasulatan B, na tinawag na Vaticanus. Ito ay ay bahagyang naiiba sa Masoretikong Hebreong Teksto ng Exodo 20 at Deuteronomio 5. Ang pangalawang kalahati ng Sampung Utos ay tumutukoy sa pagkikipag-ugnayan ng Israel sa bawat-isa sang-ayon sa kanilang pakikipag-ugnayan kay YHWH.

▣ **"at kung mayroon pang ibang utos"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang mga layunin. May iba pang mga kautusan. Ang pariralan ay nangangahulugang "kung may iba pang mga kautusan sa labas ng Dekalogo" Sa ibang mga salita, ito ay bumubuo sa lahat ng Kautusan ni Moises o maaaring "kautusan" sa pangkalahatan.

Mayroong isang pagbabago sa tradisyon ng Griyego kasulatan kung ilan at sa kung anong ayos naitala ang Sampung Utos na ito. Ang Judaismo ay may isang paraan ng pagbibilang; ang mga Katoliko at mga Protestante ay may magkakaibang pagbibilang. Ang kahulugan ng talata ay hindi apektado ng sa pagkakaibang ito, na tototo sa pangkalahatan ng mga pagbabago sa kasulatan.

▣ **"ay nauuwi sa salitang ito"** Ito ay isang sipi mula sa Levitico 19:18. Ito ay sinipi nang maraming beses sa mga Ebanghelyo (cf. Mateo 5:43; 19:19; 22:39; Marcos 12:31 at Lucas 10:27). Tinawag ito ni Hesus na pangalawang dakila o pangunahing kautusan. Ito ay sinipi din sa Galacia 5:14 at Santiago 2:8. Kung ang isa ay inibig ang Diyos, iibigin niya ang mga iniibig ng Diyos (i.e., ang sangkatauhan ay nilikha sa Kanyang larawan, cf. Genesis 1:26-27).

▣ **"IBIGIN MO ANG IYONG KAPUWA NA GAYA NG SA IYONG SARILI"** Ang mga mananampalataya ay kailangang ibigin ang kanilang sarili gaya ng pag-ibig ng Diyos sa kanila bago nila ibigin at tanggapi ang iba. Ang nararapat na pag-ibig sa sarili ay hindi masama. Ang pangunahing katotohanan sa bahaging ito ay maliwanag na naipahayag—ibigin ang kapwa (cf. v. 10). Silang mga nahipo ng walang-pag-iimbot at pag-aalay na pag-ibig ay iibig din sa iba sa katulad na paraan (cf. I Juan 3:16). Ito ang pinakabuod ng pagiging katulad ni Kristo (ang napanumbalik na larawan ng Diyos.) Sa harap ng ganitong uri ng pag-ibig, hindi na kakailanganin ang "kautusan."

**TALATA SA NASB (BINAGO): 13:11-14**

**11*Gawin* ito, yamang nakikilala ang panahon, na ngayo'y kapanahunan nang magsigising kayo sa pagkakatulog: sapagka't ngayon ay lalong malapit na sa atin ang kaligtasan kay sa nang tayo'y magsisampalataya nang una. 12Ang gabi ay totoong malalim, at ang araw ay malapit na: iwaksi nga natin ang mga gawa ng kadiliman, at ating isakbat ang mga sandata ng kaliwanagan. 13Magsilakad tayong mahinhin, gaya ng sa araw; huwag sa katakawan at paglalasing, huwag sa kalibugan at sa kahalayan, huwag sa mga pagkakaalit at pagkakainggitan. 14Kundi bagkus isakbat ninyo ang Panginoong Hesukristo, at huwag ninyong paglaanan ang laman, upang masunod ang mga kahalayan *nito*.**

**13:11**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"*Gawin* ito"** |
| **NKJV** | **"at *gawain* ito"** |
| **NRSV** | **"Bukod dito"** |
| **TEV** | **"Kailangan mong gawin ito"** |
| **NJB** | **"Bukod sa"** |

Ito ay isang paraan ng pag-uugnay sa sumusunod (vv. 11-14) sa kung ano ang sinusundan (vv. 9-10). Maging tagagawa ng salita, hindi lamang tagapakinig (cf. Santiago 1:22,23,25)! Ang pag-ibig ay kailangang mailagay sa gawa.

▣ **"yamang nakikilala ang panahon"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA PANDIWARI. Ang salitang ito para sa panahon (*kairos*) ay ginamit sa kaunawaan ng isang natatanging yugto sa panahon, hindi pangkaraniwang panahon (*chronos*). Ang mga mananampalataya ay kailangang mabuhay sa (1) liwanag ng muling pagbabalik ni Kristo anumang oras at (2) ang bagong panahon ay nagsimula na.

▣ **"na ngayo'y kapanahunan na"** Ang talinghagang ito, "ang kapanahunan" (na madalas gamitin sa Ebanghelyo ni Juan), ay tumutukoy sa isang natatanging pagkakataon (na katulad sa *kairos*) sa pangkatubusang plano ng Diyos (cf. 3:26; I Corinto 7:29; 10:11; Santiago 5:8; I Pedro 4:7; Pedro 3:9-13; I Juan 2:18; Pahayag 1:3; 22:10). Ito ay na ginamit sa kapwa mga panahon ng pagkamatay sa krus at muling pagbabalik ni Hesus.

▣ **"pagkakatulog"** Ang salitang ito ay ginamit dito sa kabalintunaan ng pagpapabayang moral at espiritwal (cf. Efeso 5:8-14; I Tesalonica 5:6). Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa isang tiyak na konteksto. Mag-ingat sa isang walang pagbabagong kahulugan. Ang lahat ng mga salita ay may maraming maaaring mga kahulugan (semantikong larangan).

▣ **"sapagka't ngayon ay lalong malapit na ang kaligtasan"** Ang kaligtasan ay isang panimulang pagtugon at isang pamamaraan (tingnan ang Natatangging Paksa sa 10:14). Ang kaligtasan ay hindi malulubos hanggang ang mga mananampalataya ay taglay na ang kanilang bagong mga katawan (cf. I Juan 3:2; I Tesalonica 4:13-18; Hebreo 9:28; I Pedro 1:5). Sa teolohiya, ito ay tinatawag na "pagkaluwalhati" (Roma 8:30). Ito ay ang pag-asa ng bawat salinlahi ng mga Kristiyano na asahan ang pagbabalik ng Panginoon sa kanyang panahon (cf. Lucas 21:28). Si Pablo ay isang pasubali (cf. I Tesalonica 4:15).

▣ **"nang tayo'y magsisampalataya nang una"** Kristiyanismo ay nagsisimula sa isang kapasyahan (kagyat na pag-aaring-ganap at pagpapaging-banal), ngunit kailangang magbung ng isang maka-Diyos na pamumuhay (nagpapatuloy na pagpapaging-banal, tingnan ang Natatangging Paksa sa 6:4) at natatapos sa pagiging katulad ni Kristo (pagkaluwalhati). Ang isa ay kailangang tanggapin ang alok ng Diyos kay Kristo (cf. Juan 1:12; 3:16; Roma 10:9-13). Ang panimulang kapasyahan ay hindi ang katapusan, ngunit ang simula!

**13:12 "Ang gabi ay totoong malalim"** Ito ay tumutukoy sa pangkasalukuyang masamang panahon na nagpapatuloy nang wasakin at palitan (cf. I Corinto 7:29-31; 10:11; Santiago 5:8; Efeso 5:8,14; I Juan 4:7; II Juan 2:17-18; Pahayag 1:3; 22:10). Tingnan ang Natatangging Paksa sa 12:2. Si Pablo, at lalo na si Juan, ay gumagamit sa pag-iiba sa pagitan ng dilim at liwanag, tulad ng pagkagamit sa Dead Sea Scrolls.

▣ **"ang araw ay malapit na"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ito ang mga huling araw (cf. Filipos 4:5; Santiago 5:9). Tayo na ay nasa mga huling araw buhat noong si Hesus ay nagkatawang-tao. Sila ay matatapos hanggang sa Kanyang maluwalhating pagbabalik. Ang lahat ng mga mananampalataya simula noong unang siglo ay magugulat sa ganito kahabang pagpapaliban ng pagbabalik ni Kristo. Gayunman, ang bagong panahon ay nagsimula na kay Kristo.

Ang pagtala ang kalapitan ng pagbabalik ni Kristo ay kinuha mula sa "Mahalagang Panimula" sa aking komentaryo sa Pahayag. Tingnan ito ng walang bayad sa internet sa www.freebiblecommentary.org.

"**ANG IKA-ANIM NA PAG-IGTING** (ang nalalapit na pagbabalik ni Kristo laban sa napagpalibang *Parousia*)

Karamihan ng mga mananampalataya ay tinuruan na si Hesus ay malapit nang dumating, biglaan, at hindi inaasahan (cf. Mateo 10:23; 24:27,34,44; Marcos 9:1; 13:30). Ngunit ang bawat umaasang salin-lahi ng mga mananampalataya hanggang ngayon ay nagkamali! Ang pagiging malapit (kamadalian) ng pagdating ni Hesus ay isang makapangyarihang ipinangakong pag-asa sa bawat salin-lahi, ngunit isang katotohanan sa isa lamang (at ang isa ay ang isang inuusig). Ang mga mananampalataya ay kailangang mabuhay bilang kung Siya ay darating bukas, ngunit isakatuparan at isagawa ang Dakilang Komisyon (cf. Mateo 28:19-20) kung Siya ay magtatagal pa.

Ang ilang mga talata ng mga Ebanghelyo (cf. Marcos 13:10; Lucas 17:2; 18:8) at I at II Tesalonica ay sang-ayon sa isang pinagpalibang Pangalawang Pagdating (*Parousia*). May mga ilang pangkasaysayang mga pangyayari na kailangan muang mangyari:

1. Paglaganap ng ebanghelyo sa buong mundo (cf. Mateo 24:15; Marcos 13:10)
2. Ang kapahayagan ng "ang tao ng Kasalanan" (cf. Mateo 24:15; II Tesalonica 2; Pahayag 13)
3. Ang dakilang tagapag-usig (cf. Mateo 24:21,24; Pahayag 13)

Mayroong isang panglayuning kalabuan (cf. Mateo 24:42-51; Marcos 13:32-36)! Mabuhay nang araw-araw na kung ito na ang iyong huli ngunit magplano at magsahay para sa panghinaharap na ministeryo!"

▣ **"iwaksi. . . isakbat"** Ito ay AORIST NA PANGGITNANG MAY MGA PASAKALI, na nagbibigay ng tala ng kawalang katiyakan. Ang pahiwatig ay "ikaw sa sarili mo'y tumabi muna. . .ilagay mo nang minsalan o tiyakan." Kapwa ang Diyos at sangkatauhan ay gumaganap sa kapwa sa pag-aaring-ganap (pagsisisi at pananampalataya) at pagpapaging-banal (maka-Diyos na pamumuhay). Ang pananamit na talinghagang ito ay lubhang pangkaraniwan sa mga sulat ni Pablo. Ang mga mananampalataya ay kailangang tanggalin ang kanilang mga pantulog na kasuotan at ilagay ang kanilang gayak sa pakikidigma (cf. Efeso 4:22-25; Colosas 3:10,12,14). Tayo ay mga Kristiyanong kawal na naghahanda para sa pang-araw-araw na pakikidigmang espiritwal (cf. Efeso 6:10-18). Tingnan ang tala sa NIDNTT, tomo 1, pp. 315-316.

▣ **"ng mga sandata ng kaliwanagan"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Isaias 59:17. Ang mga mananampalataya ay kailangang may katiyakan sa paglalagay sa baluti at mga sandata ng katuwiran (cf. II Corinto 6:7; 10:4; Efeso 6: 11,13; I Tesalonica 5:8). Ang mga sandata ng Diyos ay magagamit ng mga mananampalataya ngunit kailangan nilang

1. Kilalanin ang kanilang pangangailangan
2. Kilalanin ang pagtustos ng Diyos
3. Ipatupad ito nang pansarili at may pagkukusa sa kanilang pang-araw-araw na kaisipan at buhay

Mayroong pang-araw-araw na espiritwal na pakikidigma! Tingnan si Clinton F. Arnold, *Three Crucial Questions About Spiritual Warfare*.

**13:13 "Magsilakad tayong mahinhin"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PASAKALI, sa literal, ay "lumakad." Ito ay isang Hebreong kataga para sa pamumuhay (cf. Efeso 4:1,17; 5:2,15). Ginamit ito ni Pablo nang mahigit 33 beses.

Ang tala ng mga kasalanan sa talatang ito ay binubuo ng tatlong pares ng dalawang salita. Ang mga salita ay mayroong semantikong pagpapatong. Ito ay maaaring sila ay magkasingkahulugan. Tingnan ang Natatangging Paksa: Mga Bisyo at Mga Kabutihan at 1:28-32.

Ang mga salitang ito ay maiuugnay sa pag-igting (tensyon) sa pagitan ng nananampalatayang mga Hudyo at mga Hentil sa iglesiya sa Roma. Ang bagong Hentil na mga mananampalataya ay maaaring nagpapatuloy sa (1) ilan sa kanilang imoral na paganong mga pagsamba o (2) kumikilos ng may pagmamataas laban sa mga bumabalik na nananampalatayang mga pinunong Hudyon na lumisan nang

pansamantala dahil sa kautusan ni Nero na nagpapahinto ng lahat ng pang-Hudyong mga ritwal sa Roma.

▣ **"huwag sa katakawan at paglalasing"** Ito ay tumutukoy sa seksuwal na imoralidad na maiuugnay sa mga paganong pagrelihiyong ritwal sa paglalasing. Sa tala ng mga kasalanan ng laman sa Galacia 5:21, ang mga salitang ito ay nakatala rin ng magkakaagapay.

▣ **"huwag sa kalibugan at sa kahalayan"** Ang tambalang ito ay tila pumapatong sa unang tambalan. Ang pangalawang salita ay ginagamit nang malawak sa NT (cf. Marcos 7:22; II Corinto 12:21; Galacia 5:19; Efeso 4:19; I Pedro 4:3; II Pedro 2:7). Kung ang unang tambalan ay tumutuon sa paglalasing, and tambalang ito ay tumutuon sa sekswal na imoralidad, kahit na ang isang panlipunang di mapigil na pagpapabaya sa kahalayan.

▣ **"huwag sa mga pagkakaalit at pagkakainggitan"** Ang mga salitang ito ay nagpapahayag ng tunggalian sa pagitan ng mga tao (cf. Galacia 5:20). Ito ay maaaring naging bunga ng hindi nararapat na gawain ng unang dalawang tambalan. Kung ito ay ipinapahayag sa mga Kristiyano (cf. I Corinto 3:3; Col 3:8), sila ay naglalarawan ng ilang mga paganong gawaing pangrelihiyon na kailangang ihinto sa mga buhay ng mga mananampalataya. Gayunman, sa konteksto, ang talatang ito ay isang pag-iiba sa mga mananampalataya, kay sa kaunawaang ito, ito ay maaaring isang babala.

**13:14 "isakbat ninyo ang Panginoong Hesukristo"** Ang talinghagang ito ay nag-uugnay sa maharlikang balabal ng haring si Hesus na ngayon ay inilagay sa mga balikat ng mga mananampalataya (katatayuang pagpapaging-banal). Ang tinitingnan ito ng ilang mga iskolar bilang isang pagkabanggit sa kasuotang pambautismo. Ang kasuotang talinghaga ay unang nabanggit sa v. 12. Ito ay isang paraan ng pagpapakita ng bagong kalalagayan ng mga mananampalataya kay Kristo. Ito rin ay nagbibigay-diin sakatotohanan na ang mga mananampalataya ay kailangang ipatupad ang kanilang bagong pamumuhay na pinili (nagpapatuloy na pagpapaging-banal) dahil sa kanilang bagong katatayuan kay Kristo (cf. Efeso 4:22,24; Colosas 3:8). Sa Galacia 3:27, ang katotohanang ito ay maipapahayag bilang isang kapahayagan ng katotohanan, NA MAY PAHIWATIG; dito, ito ay ipinapahiwatig bilang isang PAUTOS (AORIST NA PANGGITNA), isang kautusan.

Ang pag-igting (tensyon) na ito sa pagitan ng MAY PAHIWATIG na apahayagan at PAUTOS ay isang pag-igting (tensyon) sa pagitan ng ating kalalagayan kay Kristo at ating pagsusumikap na taglaying ang kalalagayan (tingnan ang Natatangging Paksa sa 6:4). Tayo ay mga "banal" (mga binanal) sa sandali ng kaligtasan, ngunit tayo ay pinapaalahanan na maging "banal." Ito ay isang biblikal na kabalintunaan ng isang ganap at walang bayad na kaligtasan kay Kristo at ang kornetang panawagan para sa pagiging katulad ni Kristo!

▣ **"huwag ninyong paglaanan ang laman"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA. Ang pang-gramatikong anyong ito ay kadalasang nangangahulugang na ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Ito ay tila ipinapahiwatig na ang ilang mga Kristiyano sa Roma ay namumuhay ng hindi nararapat na mga moral na buhay. Ito ay maaaring isang pagpapatuloy mula sa kanilang mga paganong panambahang gawain.

Napakahirap ipaliwanag ang mga katuruan sa NT patungkol sa makalamang Kristiyanismo. Ang mga may-akda ng NT ay ipinakilala ang kalalagayan ng sangkatauhan sa itim at putting mga salita. Ang makalaman (karnal) na Kristiyano ay isang pasalungat na mga salita. Gayunman, it ay isang katotohanan ng ating "nandito na" ngunit "wala pa" na mga buhay. Inuri ni Pablo ang sangkatauhan sa tatlong mga pangkat (I Corinto 2:14-3:1):

1. Mga natural na tao (napahamak na sangkatauhan), 2:14
2. Mga espiritwal na tao (naligtas na sangkatauhan), 3:1
3. Mga tao ng laman (makalamang ng Kristiyano o mga batang Kristiyano), 3:1

▣ **"upang masunod ang mga kahalayan *nito*"** Nalalaman din ni Pablo nang may kainaman ang nagpapatuloy na mga panganib ng ating nalugmok na likas kay Adan (cf. Roma 7; Efeso 2:3), ngunit nagkaloob si Hesus sa atin ng kapangyarihan at pagnanais na mabuhay para sa Diyos (cf. Roma 6). Ito ay isang nagpapatuloy na pagpupunyagi (cf. 8:5-7; I Juan 3:6-9). Tingnan ang Natatangging Paksa: Laman (*sarx*) sa 1:3.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang kapahayagan ni Pablo patungkol sa pamahalaan ay lubhang sukdulan sa mga naunang mga Kristiyano?
2. Ang mga Kristiyano ba ay kailangang magpasakop sa bawat uri ng pamahalaan?
3. Ang mga Kristiyano ba ay kailangang magpasakop sa bawat pangangailangang legal sa pamahalaan?
4. Ang talata 1 ba ay nagtuturo ng maka-Diyos na karapata ng mga hari?
5. Si Pablo ba ay nagpapahayag ng bagong katwiran sa teolohiya o may isang bang pagkasunod sa mga salita ni Hesus sa Mateo 22:21?
6. Ang hindi ba pagsunod sa pamahalaan ay kailanman ay pinangatwiranan para sa mga mga Kristiyano (cf. Gawa 5:25-32)?
7. Paano maiuugnay ang talata 4 sa isyu ng parusang kamatayan?
8. Palagi bang tama ang budhi ng Kristiyano (cf. v. 5)?
9. Sang-ayon sa talata 8, ang mga mananampalataya ay hindi dapat magkaroon ng *credit cards*?
10. Ang talata 8 ay nagpapahayag ba ng pag-ibig to ibang mga Kristiyano o sa lahat ng tao?
11. Bakit ginamit ni Pablo ang Sampung Utos bilang isang pampasigla sa mga mananampalataya sa Bagong Tipan?
12. Bakit kailangang itala ni Pablo ang mga nakakakilabot na mga kasalanan kaugnay sa mga mananampalataya?
13. Papaanong ang isa "ay mailalagay ang Panginoon Hesus Kristo?"

# MGA TAGA-ROMA 14

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
| Huwag mong Hahatulan ang inyong Kapatid | Ang Kautusan ng Kalayaan | Iginagalang ng Pag-ibig ang Pag-aatubili ng Iba | Huwag mong Hahatulan ang Iba | Pag-ibig sa mga Nag-aatubili |
| 14:1-12 | 14:1-13 | 14:1-4 | 14:1-4 | 14:1-12 |
| | | 14:5-6 | 14:5-12 | |
| | | 14:7-9 | | |
| | | 14:10-12 | | |
| Huwag kang Gumawa ng Ikakatisod ng Iyong Kapatid | Ang Kautusan ng Pag-ibig | | Huwag kang Gumawa ng Ikababagsak ng Iba | |
| 14:13-23 | | 14:13-23 | 14:13-18 | 14:13-21 |
| | 14:14-23 | | | |
| | | | 14:19-23 | |
| | | | | (14:22-15:6) |
| | | | | 14:22-23 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

**MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA TALATA 1-12**

A. Ang kabanatang ito ay nagtatanggkang itimbang ang kabalintunaan ng Kristiyanong kalayaan at pananagutan. Ang pampanitikang yunit ay hanggang sa 15:13.

B. Ang suliranin na sumiklab sa kabanatang ito ay maaaring ang pag-igting (tensyon) sa pagitan ng Hentil at Hudyong mga mananampalataya sa iglesiya ng Roma (o maaaring ang pangkasalukuyang karanasan ni Pablo sa Corinto). Bago sa kaligtasan, ang mga Hudyo ay may pagkahilig na maging maka-kautusan (legalisko) at ang mga pagano ay may pagkahilig na maging imoral. Tandaan, ang kabanatang ito ay ipinapahayag sa mga matatapat na taga-sunod ni Hesus. Ang kabanatang ito ay hindi naghahayag sa mga makalaman (karnal) na mananampalataya (cf. I Corinto 3:1). Ang pinakamataas na motibo ay maiuukol sa kapwa mga pangkat. Mayroong panganib sa mga sukdulang ng kapwa mga panig. Ang pagtalakay na ito ay hindi isang pag-aabuso para sa mapagpiling legalismo ng o maranyang kalayaan (liberalismo).

Tandaang si Pablo ay sumulat sa Roma mula sa Corinto. Ang suliranin doon ay isang salu-salong espiritu, ngunit dito, may mga magkakaibang uri ng mga mananampalataya.

C. Ag mga mananampalataya ay kailangang maging maingat na hindi gawin ang kanilang teolohiya o etika bilang pamantayan para sa lahat ng ibang mga mananampalataya (cf. II Corinto 10:12). Ang lahat ng mga mananampalataya ay kailangang lumakad sa liwanag na kanilang taglay ngunit unawain na ang kanilang teolohiya ay hindi agad-agad ang teolohiya ng Diyos. Ang lahat ng mga mananampalataya ay apektado pa rin ng kasalanan. Kailangan nating magpalakasan, hikayatin, at turuan ang bawat isa mula sa Banal na Kasulatan, katwiran, at karanasan, ngunit palaging nasa pag-ibig. Mas higit ang nalalaman ng isang tao, mas higit niyang nalalaman siya ay walang nalalaman (cf. I Corinto 13:12)!

D. Ang ugali at mga motibo ng isa sa harapan ng Diyos ay ang tunay na susi sa sa paghuhusga sa mga pagkilos ng mga mananampalataya. Ang mga Kristiyano ay tatayo sa harapan ni Kristo upang hatulan kung papaano natin pinakitunguhan ang bawat-isa (cf. vv. 10,12 at II Corinto 5:10).

E. Sinabi ni Martin Luther na, "Ang Kristiyanong tao ay isang pinakamalayang Panginoon ng lahat, sumasailalim sa wala; ang Kristiyanong tao ay ang pinakamasunuring lingkod ng lahat, nagpapailalim sa lahat." Ang biblikal katotohanan ay kadalasang pinapakilala sa isang puno ng pag-igting (tensyon) na kabalintunaan.

F. Ang mahirap ngunit napakahalagang paksang ito ay tinalakay sa loob ng buong pampanitikang yunit ng Roma 14:1-15:13 at gayundin sa I Corinto 8-10 at Colosas 2:8-23. Isang pantulong na aklat para sa akin sa bahaging ito ay sina Gordon Fee at douglas Stuart, *How To Read the Bibliya For All Its Worth*, pp. 75-86.

G. Gayunman, ito ay kailangang maihayag na ang pluralismo sa gitna ng matatapat na mga mananampalataya ay hindi isang masamang bagay. Bawat mananampalataya ay may mga kalakasan at mga kahinaan. Ang bawat isa ay kailangang lumakad sa liwanag na kanyang taglay, palagiang bukas sa Espiritu at sa Bibliya para sa mas higit na liwanag. Sa yugtong ito ng pagkakita sa isang madilim na baso (I Corinto 13:8-13), ang isa ay <u>kailangang</u> lumakad sa pag-ibig (v. 15) at kapayapaan (vv. 17,19) para sa pagkatuto ng bawat-isa.

H. Ang mga titulong "mas malakas" at "mas mahina" na ibinibigay ni Pablo sa mga pangkat na kinikilingan nila sa <u>atin</u>. Ito ay hindi tiyak na layunin ni Pablo. Kapwa mga pangkat ay matatapat na mga mananampalataya. Hindi tayo nagtatangkang hubugin ang ibang mga Kristiyano sa ating sarili! Tinatanggap natin ang bawat-isa kay Kristo!

I. Ang buong pangangatuwiran ay maaaring ibalangkas bilang
   1. Tanggapin ang bawat-isa dahil tinanggap tayo ng Diyos kay Kristo (cf. 14:1,3; 15:7);

2. Huwag nating hatulan ang bawat-isa dahil Kristo lamang ang ating Panginoon at Hukom (cf. 14:3-12);
3. Ang pag-ibig ay mas mahalaga sa pansariling kalayaan (cf. 14:13-23);
4. Ang pagsunod sa halimbawa ni Kristo at pagbaba ng iyong karapatan para sa ikatututo at ikabubuti ng iba (cf. 15:1-13).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 14:1-4**

**[1]Datapuwa't ang isang mahina sa pananampalataya ay tanggapin ninyo, *ngunit* hindi upang *sa layunin na* pagtalunan ang kaniyang pagaalinlangan. [2]May tao na may pananampalataya na makakain ang lahat ng mga bagay: nguni't ang mahina'y kumakain ng mga gulay *lamang*. [3]Ang kumakain ay huwag magwalang halaga sa hindi kumakain; at ang hindi kumakain ay huwag humatol sa kumakain: sapagka't siya'y tinanggap ng Diyos. [4]Sino kang humahatol sa alila ng iba? Sa kaniyang sariling panginoon ay natatayo siya o nabubuwal. Oo, patatayuin siya; sapagka't makapangyarihan ang Panginoon na siya'y maitayo.**

**14:1**
**NASB "Datapuwa't tanggapin"**
**NKJV "Tanggapin"**
**NRSV, TEV "Salubungin"**
**NJB "Bigyan ng isang pagsalubong"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS (cf. 15:1). Ito ay isang nagpapatuloy na kautusan na may pagbibigay-diin sa paksa. Ang PANGHALIP na "ninyo" ay nasa Griyegong PANDIWA, ngunit ipinapahiwatig sa Ingles at ay tumutukoy sa "malakas" na mga Kristiyano (cf. 15:1). Ipinapahiwatig ni ang dalawang pangkat sa iglesiya sa Roma. Ito ay may kaugnayan sa (1) pag-igting (tensyon) sa pagitan ng nananampalatayang mga Hudyo at mga Hentil (cf. 15:7-21) o (2) nagkakaibang uri ng personalidad. Ang buong kontekstong ito ay tumutukoy sa tunay, tapat na mga mananampalataya; ang ilan ay malakas, ang ilan ay mahina sa kanilang pananampalataya. Ang pananampalataya na ginamit dito ay sa kaunawaan ng ebanghelyo at kanyang sukdulang bago at malayang mga kahihinatnan.

▣
**NASB, NKJV "ang isang mahina sa pananampalataya"**
**NRSV, TEV "silang mahina sa pananampalataya"**
**NJB "Kung ang pananampalataya ng isang tao ay hindi ganoon kalakas"**

Ang pariralang ito ay nagbibigay-diin sa pamamagitan ng pagiging nasa unahan nito (i.e., inilagay na una sa Griyegong teksto). Sa literal, ito ay "mahina sa pananampalataya." Ang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN na tumutuon sa katotohanan na ito ay isang katangian ng pamumuhay. Ito ay tumutukoy sa isang pangkautusang pag-iisip. Ang mga napakamasuring (iskrupoloso) Kristiyanong mananampalataya ay inilalarawan sa kabanatang ito sa tatlong paraan:

1. Pagbabawal sa pagkain (cf. 14:2,6,21)
2. Pagbibigay-diin sa mga natatanging araw (cf. 14:5-6)
3. Pagbabawal sa alak (cf. 14:17,21)

Ang katulad na mga uri ng taong ito ay nabanggit din sa Roma 15:1 at I Corinto 8:9-13; 9:22. Maging naingat na hindi iuri ang inyong sarili nang agaran bilang isang malakas o mahinang Kristiyano. Kadalasang mga mananampalataya ay mahina sa isang larangan at malakas sa iba.

Ang pananaw ni Pablo sa mga bagay na ito ay lubhang kakaiba sa Galacia 4:9-10 at Colosas 2:16-23. Ang mga tekstong ito ay naglalarawan ng mga kaasalan at at mga katuruan ng mga bulaang mangangaral. Sa Roma ito ay matatapat na mga mananampalataya na may mga napakamasuring budhi.

Maraming mga taga-pagpaliwanag ang nag-iisip na ang "mahina sa pananampalataya" ay tumutukoy sa mga Hudyong mananampalataya (i.e., Judaizers) at kanilang nagpapatuloy na pagbibigay-diin sa pagsunod sa Kautusan ni Moises na naunawaan sa mga rabinikong tradisyon (i.e., Talmud). Ito ay tiyak na umaakma sa #1 at #2 sa talatang isa, ngunit ito ay hindi umaakma sa #3. Sa dahilang ito, sa aking palagay, isang tiyak na uri ng personalidad ay mas higit na akma sa konteksto. Ito ay maaaring tumutukoy sa Hudyo o Hentil na mga mananampalataya na ang mga nakalipas na tradiyon ay humahawak ng malakas na pag-yanig!

**NATATANGING PAKSA: KAHINAAN**

Nandito ang pagkakaiba. Ipinagmamayabang ng mga bulaang mangangaral ang kanilang mga natamo at patalumpating paraan, ngunit nalalaman ni Pablo ang halaga ng "kahinaan" (*astheneō*). Pansinin kung paanong ginamit ang mga salitang ito (o kanilang iba-t-ibang nayon) nang madalas sa I at II Corinto.

| **Mayabang** | **Mahina** |
|---|---|
| I Corinto 1:29,31 | I Corinto 1:25,27 |
| 3:21 | 2:3 |
| 4:7 | 4:10 |
| 5:6 | 8:7,9,10,11,12 |
| 9:15,16 | 9:22 |
| II Corinto 1:12,14 | 11:30 |
| 5:12 (dalawang beses) | 12:22 |
| 7:4,14 (dalawang beses) | 15:43 |
| 8:24 | II Corinto 10:10 |
| 9:2,3 | 11:21,29,30 |
| 10:8,13,15,16,17 | 12:5,9,10 (dalawang beses) |
| 11:12,16,17,18,30 | 13:3,4 (dalawang beses), 9 |
| 12:1,5,6,9 | |

Ginagamit ni Pablo ang konsepto ng kahinaan sa maraming magkakaibang paraan.

1. kahinaan ng Diyos, I Corinto 1:25
2. mahina sa mundo, I Corinto 1:27
3. Kahinaan at takot ni Pablo, I Corinto 2:3; 9:22; II Corinto 11:29,30; 12:5
4. Si Pablo at kanyang pangkat pang-misyon, I Corinto 4:10; II Corinto 11:21
5. mahinang mananampalataya (cf. Roma 14:1-15:13), I Corinto 8:7,9,10,11,12; 9:22
6. pisikal na sakit, I Corinto 11:30
7. bahagi ng katawan ng tao, I Corinto 12:22
8. pisikal na katawan, I Corinto 15:43
9. pisikal na presensya ni Pablo o kanyang mga patalumpating kasanayan, II Corinto 10:10
10. Ang kahinaan ni Pablo pinapalaki ng lakas ng Diyos, II Corinto 12:9,10; 13:4,9
11. Ang mensahe ni Kristo sa pamamagitan ng Pablo, II Corinto13:3
12. Pisikal na katawan ni Kristo, II Corinto 13:4

▣
**NASB "*ngunit* hindi upang *sa layunin na* pagtalunan ang kaniyang pagaalinlangan"**
**NKJV "ngunit hindi sa pakikipagtala sa mga bagay na alinlangan"**
**NRSV "ngunit hindi para sa layunin ng pag-aaway ng mga opinyon"**
**TEV "ngunit hindi sa pagtatalo sa kanila patungkol sa kanilang mga pansariling opinyon"**
**NJB "na hindi magsisimula ng pagtatalo"**

Ang mga mananampalataya ay kailangang lubusang tanggapin ang ibang mga mananampalataya na hindi nila sinasang-ayunan hindi tatanggkaing baguhin sila! Kinakailangan nito ang kalayaan ng budhi

bilang batayan ng pagkikipag-ugnayan, hindi isang ipinatupad na pagkakatulad. Ang lahat ng mga mananampalataya ay nagpapatuloy. Kailan nilang bigyan ng panahon ang Espiritu na kumilos at humubog sa bawat isa sa paglago, ngunit kahit na sa paglago, hindi sila lahat magkakasundo.

**14:2** Ang pagkain (diyeta) ay tumutukoy sa sa talatang ito para sa mga pang-relihiyong mga layunin, hindi sa kalusugan. Ang suliranin sa pagkain ay nagbuhat mula sa dalawang maaaring pinanggalingan (1) mga kautusang sa pang-Hudyong pagkain (cf. Levitico 11) o (2) pagkaing inialay sa mga paganong mga diyus-diyosan (cf. I Corinto 8-10). Maliwanag na tinuturo ni Pablo na ang pagkain ay hindi ang sumisira sa isang tao. (cf. Mateo 15:10-20; Marcos 7:14-23). Ang katotohanang ito ay nailarawan sa pamamagitan ng panitain ni Pedro patungkol sa Kornelio sa Gawa 10.

**14:3 "Ang kumakain ay huwag magwalang halaga"** "Hindi isinaalang-alang na may paghamak" ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS ng *ezoutheneō* na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy.

"Ang paghamak" sa literal ay "gumawa ng liwanag na," "ilagay sa wala," o "ibilang na walang halaga" (cf. 14:10; Lucas 18:9; I Corinto 6:4; 16:11; II Corinto 10:10; Galacia 4:14; I Tesalonica 5:20). Ang mga mananampalataya ay kailangang magbantay laban sa isang lumalapot sa sariling-katuwiran. Ang malakas sa pananampalataya ay kailangang hindi maggawa ng hatol sa mahina sa pananampalataya.

▣ **"humahatol"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Ang mahina sa pananampalataya ay kailangang itigil ang pagpataw ng kahatulan sa mga pagkilos ng kanilang mga kapatid na hindi sumasang-ayon sa kanila.

▣ **"sapagka't siya'y tinanggap ng Diyos"** Ito ay isang AORIST NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Ang katulad na salita ay isinaling "tinanggap" sa v. 1. Ang batayan para sa pagtanggap sa bawat-isa ng mga mananampalataya ay Diyos sa pamamagitan ni Kristo (15:7) na tumanggap sa kanila. Sa konteksto, ang v. 3 ay pagkadakang nagsasabi sa mga napakamasuring, mga Kristiyanong mahina sa pananampalataya.

**14:4 "Sino ka"** Ito ay isang pagbibigay-diin sa Griyego, tumutukoy sa mahinang kapatid na lalaki at kapatid na babae.

▣ **"ang alila"** Ito ang salitang *oiketēs*, na nabuo mula sa salitang *oikos*, na nangangahulugang "bahay," samakatuwid, ito ay isang alipin o lingkod sa bahay (cf. Lucas 16:13; Gawa 10:7; Roma 14:4; I Pedro 2:18). Ito ay na ginamit sa kaunawaan nito sa Septuagint (cf. Genesis 9:25; 27:37; 44:16,33; 50:18). Ito ay hindi ginamit bilang nangingibabaw na salita para sa alipin o lingkod sa NT, na *doulos*; ito ay maaari ding mangahulugang mga alipin at mga lingkod sa bahay.

Ang pangangatuwiran ni Pablo dito ay ang bawat mananampalataya ay isang alipin/lingkod ni Kristo. Siya nag kanilang "panginoon" at Siya at Siya lamang ang gagabay sa kanila at panghahawakang sila ang may pananagutan para sa kanilang mga pagkilos at mga motibo (cf. II Corinto 5:10).

▣ **"Sa kaniyang sariling panginoon ay natatayo siya o nabubuwal"** Sa konteksto, si Pablo ay nagsasalita sa mga mapagsuri, ngunit ang kapahayagan ay maliwanag na tumutukoy sa kapwa pangkat. Ang mga mananampalataya ay mas maiging kunin ang mga salubsob sa kanilang sariling mga mata (cf. Mateo 7:1-15).

▣ **"patatayuin siya; sapagka't makapangyarihan ang Panginoon na siya'y maitayo"** Ito ay isang napakagandang pangako (cf. 5:1-2; Judas 24-25). Kinapapalooban nito ang pakikipagtulungan ng bawat

mananampalataya (cf. I Corinto 15:1-2). Tingnan ang Natatangging Paksa: Tindig sa 5:2.

Mayroong isang pagkakaiba sa Griyegong kasulatan sa yugtong ito. Ang NKJV, na sumusunod sa ansyanong mga kasulatan D, F, G, 048 at 0150, gayundin ang Vulgata, na may "Diyos" (*Theos*), gayunman, MSS $P^{46}$, א, A, B, C, P ay may "Panginoon" (*kurios*). Ang $UBS^4$ ay inaantasan ang "Panginoon" bilang tiyak (A).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 14:5-9**

**5 May taong nagmamahal sa isang araw ng higit kay sa iba: may ibang nagmamahal sa bawa't araw *na magkatulad*. Bawa't isa'y magtibay sa kaniyang sariling pagiisip. 6 Ang nagmamahal sa araw, ay minamahal ito sa Panginoon; at ang kumakain, ay kumakain sa Panginoon, sapagka't siya'y nagpapasalamat sa Diyos; at ang hindi kumakain, ay hindi kumakain sa Panginoon, at nagpapasalamat sa Diyos. 7 Sapagka't ang sinoman sa atin ay hindi nabubuhay sa kaniyang sarili, at sinoman ay hindi namamatay sa kaniyang sarili. 8 Sapagka't kung nangabubuhay tayo, sa Panginoon tayo'y nangabubuhay; o kung nangamamatay tayo, sa Panginoon tayo'y nangamamatay: kaya't sa mabuhay tayo, o sa mamatay man, tayo'y sa Panginoon. 9 Sapagka't dahil dito ay namatay si Kristo at nabuhay na maguli, upang siya'y maging Panginoon ng mga patay at gayon din ng mga buhay.**

**14:5 "May taong nagmamahal sa isang araw ng higit kay sa iba"** Ang ilang tao ay patuloy na lubhang palaisip sa mga petsa patungkol sa relihiyon (i.e., tiyak na mga araw o taunang mga pangyayari, cf. Galacia 4:10; Colosas 2:16-17). Ang lahat ng mga araw ay pangtay-pantay na pag-aari ng Diyos . Walang mga natatanging araw. Walang "sekular" laban sa "sagrado." Ang lahat ay banal!

▣ **"Bawa't isa'y magtibay sa kaniyang sariling pagiisip"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS. Ito ang susi sa kapayapaan sa bahaging ito. Ang mga pansariling paninindigan ng mga mananampalataya ay ang panguna sa kanilang mga pagkilos (cf. v. 23), ngunit hindi para sa lahat na ibang mga mananampalataya. Ang Diyos ay hindi nabubuhay sa aking teolohikong kahon. Ang aking teolohiya ay hindi kinakakilangang sa Diyos!

**14:6 "sa Panginoon"** Ang DATIBONG pariralang ito ay ginamit nang tatlong beses sa v. 6 at dalawang beses sa v. 8. Ang lahat ng pagpili sa buhay ng matapat na mga mananampalataya ay kailangan gawin "sa Panginoon" (cf. Efeso 6:7 at Colosas 3:23), hindi lamang sa mga sariling pagpili, denominasyonal o pampamilyang tradisyon, o mga opinyon!

**14:7 "Sapagka't ang sinoman sa atin ay hindi nabubuhay sa kaniyang sarili"** Walang Kristiyano ay isang pulo. Ang mga Kristiyano ay nabubuhay sa pangunguna at pangunahin kay Kristo (cf. v. 8). Ang pagkilos ng mga mananampalataya ay nakakaapekto sa iba. Sila ay bahagi ng isang malaking espiritwal na pamilya. Samakatuwid, kailangan nilang lagyan ng hangganan ang kanilang pansariling kalayaan sa pag-ibig (cf. I Corinto 10:24,27-33). Kailangan nilang hayaan ang bawat isa na lumago sa pansariling kalayaan. Ang legalismo ay naghahatid ng magkakatulad na pansariling katuwiran na hindi sa Diyos. Ang pinakamagaspang na salita at mga paghatol ni Hesus ay ibinaling sa mga pansariling matuwid na mga Fariseo.

**14:8 "kung. . .kung"** Ito ay dalawang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugang maaaring pagkilos sa hinaharap. Ang mga mananampalataya ay naglilingkod sa Panginoon sa lahat at bawat maaaring pagkakataon o pangyayari (cf. Efeso 6:7; Colosas 3:23)!

**14:9 "Panginoon ng mga patay at gayon din ng mga buhay"** Ito ay isang di-karaniwang pagkakaayos ng mga salitang ito. Ang kanilang pagkakaayos ay sumasalamin sa kamatayan at muling pagkabuhayan ni

Hesus. Siya ngayon ay Soberano sa dalawang nasasakupan.

Ang katotohanang ito ay bumubuo ng teolohikong kadahilaan kung bakit ang mga Kristiyano ay kailangang mabuhay hindi para sa kanilang sarili, ngunit gayundin para sa ibang mga mananampalataya. Hindi nila pagmamay-ari ang kanilang sarili; sila ay binili ng may halaga. Sila ay mga lingkod ni Hesus, na namatay para sa kanilang kasalanan, na sila ay maaaring hindi na maging alipin sa kasalanan, ngunit sa Diyos (cf. Roma 6). Ang mga mananampalataya ay dapat tularan ang buhay ng pag-ibig na paglilingkod ni Hesus sa pamamagitan ng pagpatay sa kanilang makasariling mga pagnanais (cf. II Corinto 5:14-15; Galacia 2:20; I Juan 3:16).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 14:10-12**

**[10]Datapuwa't ikaw, bakit humahatol ka sa iyong kapatid? at ikaw naman, bakit pinawalaang halaga mo ang iyong kapatid? sapagka't tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukuman ng Diyos.**
**[11]Sapagka't nasusulat, BUHAY AKO, SABI NG PANGINOON, SA AKIN ANG BAWA'T TUHOD AY LULUHOD, AT ANG BAWA'T DILA AY MAGPAPAHAYAG SA DIYOS. [12]Kaya nga ang bawa't isa sa atin ay magbibigay sulit sa Diyos ng kaniyang sarili.**

**14:10 "Datapuwa't ikaw"** Ito ay pinauna para sa pagbibigay-diin.

▣ Ang dalawang katanungan ng v. 10 ay mga pagtuon ng vv. 1-12. Ang dalawang pangkat na tinutukoy sa v. 3 ay muling pinag-iba. Ang isang pangkat ay "humahatol," ang ibang pangkat ay isinaalang-alang "na may paghamak." Kapwa mga pag-uugali ay di-karapat-dapat para sa "mga alipin!" Ang kanilang Panginoon, si Hesus Kristo, ang tanging Isa lamang na may karapatang "pumula" o "tumungin pababa." Para sa mga mananampalataya ang pagkilos bilang hukom (1) ay pangangamkam sa lugar ng Diyos at (2) panimula at hindi pa tapos.

▣ **"tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukuman ng Diyos"** Ang katulad na katotohanang ito ay ipinapahayag sa I Corinto 5:10. Ang mga mananampalataya ay magpapaliwanag sa Panginoon kung paano nila pinakitunguhan ang bawat-isa. Si Hesus ay gaganap bilang maka-Diyos na Hukom (cf. Mateo 25:31-46).

Ang NKJV ay may "ang luklukang ng hukuman ni Kristo." Ang Griyegong mga kasulatan pumapanig sa KJV ay mga naunang tagapagtama ng sinaunang ansyanong Griyegong mga kasulatan $\aleph^2$, at $C^2$. *Theos* ay nasa MSS א, B, C, D, F at G. Ang mga tagapagsulat ay maaaring binaago ang Griyegong teksto upang tumalima sa II Corinto 5:10. Ito ay maaari din na nag mga tagapag-sulat ay binago ang talatang ito upang itanggi ang naunang pananaw kay Kristo na tinatawag na "adopsyonismo." Mayroong maraming pagbabago sa teksto na tila ginawa upang gawin ang teksto na mas ayon sa kaugalian (orthodox)(cf. Bart D. Ehrman's *The Orthodox Corruption of Scriptures*, na inilathala ng Oxford University Press, 1993), pp. 90-91. Ang UBS[4] ay nagbibigay sa *Theos* ng isang "B" na antas (halos tiyak).

**14:11 "Sapagka't nasusulat"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ito ay isang natatanging Hebreong kataga na ginamit upang ilarawan ang kinasihang mga sipi sa OT. Ito ay isang pagkabanggit sa Isaias 45:23, na sinipi din sa Filipos 2:10- 11.

▣ **"Buhay ako"** Ito ay isang pormula ng panunumpa na isang paglalaro ng salita sa Pangkasunduan pangalan para sa Diyos, YHWH, na isang anyon ng Hebreong PANDIWA "naging" (cf. Exodo 3:14). Siya ang nabubuhay magpakailanman at taging nabubuhay na Diyos. Samakatuwid, Siya ay sumusumpa sa pamamagitan ng Kanyang sariling pag-iral. Tingnan ang Natatangging Paksa: Mga Pangalan ng Pagka-Diyos sa 9:29.

**14:12 "Kaya nga ang bawa't isa sa atin ay magbibigay sulit sa Diyos ng kaniyang sarili"** Ang mga

Kristiyano ay hahatulan (cf. II Corinto 5:10), at ang pamumula sa mga kapatid ay magiging bahagi ng karanasang yaon. Ang ilang sinaunang Griyegong mga kasulatan ay tinanggal ang "sa Diyos." Ito ay maliwanag na ipinahiwatig sa pamamagitan ng konteksto. Ang pagkakaibang ito ay maaaring nahikayat ng pagbabago sa 10. Ang UBS[4] ay nagbibigay ng kanyang pagsama (i.e., MSS א, A, C, D) na "C" na antas (mahirap magpasiya).

**MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA TALATA 14:13-23**

A. Ang pakso kung papaano ang pakitunguhan ng mga Kristiyano ang bawat isa ay nagsimula sa vv. 1-12. Ito ay sang-ayon sa katotohanan na dapat lubusang tanggapin ang lahat ng mga uri ng mga Kristiyano dahil Kristo, na kanilang tanging panginoon at hukom, na tulubsang tinatanggap ang dalawang pangkat. Kadalasang espiritwal na mga bagay ay mahala sa isang pangkat dahil sa kanilang nakalipas, kanilang uri ng pag-uugali, kanilang mga magulang, kanilang pansariling pagpili, kanilang mga karanasan, atbp. ay hindi mahalaga sa Diyos.

B. Ang pangalawang bahaging ito ng pagtalakay ng Kristiyanong kalayaan at pananagutan ay pinapalaga ang paksang ito mula sa magkakaibang pananaw. Ang mga talatang ito ay ang pag-ibig ng mananampalataya para sa Diyos, kay Kristo, na siyang nag-uudyok sa kanya na umibig sa kapwa mga Kristiyano. Gaya ng pag-aalay ni Hesus ng Kanyang buhay para sa mga mananampalataya, sila rin ay kailangang mag-alay ng kanilang kalayaan para sa kanila (i.e., ibang mga mananampalataya) na kung saan Siya ay namatay (cf. II Corinto 5:13-14; I Juan 3:16). Ang pagbibigay-diin sa pag-ibig bilang ang panimulang motibo sa Kristiyanong buhay ay makikita din sa 13:8-10 sa pakikipag-ugnayan ng mananampalataya sa mga di-mananampalataya.

C. Ang katotohanan na ang lahat ng mga bagay sa pisikal na mundo ay malinis ay napakahirap tanggapin sa ilang mga Kristiyano. Kadalasan, kahit na ang mga mananampalataya ay ibinabaling nag sisi sa kasalanan sa "mga bagay" sa halip na ang kanilang mga sarili (i.e., "demonyong inumin"). Si Pablo ay paulit-ulit na ipinapahayag na ang lahat ng mga bagay ay malinis (cf. 14:14,20; I Corinto 6:12; 10:25-26; I Timoteo 4:4; Tito 1:15). Ang kanyang mga pahayag ay sinusundan ang mga katuruan ni Hesus pagtungkol sa pagkain sa Marcos 7:18-23. Ang malinis at di-malinis na pagkain ay ginamit bilang isang paglalarawan kay Pedro sa pagtanggap ng Diyos kay Cornelio sa Gawa 10:15.

D. Ang bahaging ito ay pangunahing ipinahahayag sa "malakas na kapatid." Tinatanggap ni Pablo ang kalahating katotohanan ng kapahayagan na ang "lahat ng mga bagay ay malinis," ngunit idinagdag na ang lahat ng mga bagay ay hindi nakakapagtatag o nakakapagpatibay ng pamilya ng Diyos (cf. I Corinto 6:12; 10:23). Ang kalayaan ng malakas na kapatid ay maaaring makasira sa ibang mga Kristiyano. Ang mga mananampalataya ay tagapag-ingat ng kanilang kapwa mga mananampalataya, sa pamamagitan ni Kristo at para kay Kristo.

E. Ito ay lubhang nakakawili na si Pablo ay hindi ipinahayag o ipinahiwatig na ang "mas mahinang kapatid " ay nasa isang espiritwal na proseso na magbibigay-daan sa pagiging isang "malakas na kapatid." Ang buong pagtalakay na ito ay hindi inihahayag ang paglago ng biyaya, ngunit ang pagiging una sa pag-ibig sa pagitan ng magkakaibang mga kaunawaan ng Kristiyano. Ang pagkabilang ng mga mananampalataya sa isa sa dalawang mga pangkat ay higit na batay sa uri ng personalidad, pagsasanay pang-relihiyon, at mga pansariling mga karanasan kaysa sa "tama" o "mali." Ang tungkulin ng mananampalataya ay hindi ang pagbabago ng iba ngunit pag-ibig at paggalang sa ibang pangkat. Ito ay ang isyu ng puso, hindi ng isip. Ang Diyos ay umiibig, tumatanggap at ipinagkaloob ang Kanyang Anak para sa lahat ng sangkatauhan, para sa kapwa

pangkat.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TALATA SA NASB (BINAGO): 14:13-23**

**[13]Samakatuwid, huwag na nga tayong mangaghatulan pa sa isa't isa: kundi bagkus ihatol ninyo
ito, na ang sinoman ay huwag maglagay ng katitisuran sa daan ng kaniyang kapatid o kadahilanan
ng ikararapa. [14]Nalalaman ko, at naniniwala akong lubos kay Hesus na Panginoon, na walang
anomang bagay na marumi sa kaniyang sarili: maliban na doon sa nagaakala na ang anomang
bagay ay marumi, sa kaniya'y marumi ito. [15]Sapagka't kung dahil sa pagkain ang iyong kapatid ay
naghinanakit ay hindi ka na lumalakad ayon sa pagibig. Huwag mong ipamahamak sa iyong
pagkain yaong pinagkamatayan ni Kristo. [16]Samakatuwid, huwag nga ninyong pabayaan na
pagsalitaan ng masama ang inyong kabutihan: [17]Sapagka't ang kaharian ng Diyos ay hindi ang
pagkain at paginom, kundi ang katuwiran at ang kapayapaan at ang kagalakan sa Banal na
Espiritu. [18]Sapagka't ang sa ganitong *paraan* na naglilingkod kay Kristo ay kalugodlugod sa Diyos,
at pinatutunayan ng mga tao. [19]Kaya nga sundin ang mga bagay na makapapayapa, at ang mga
bagay na makapagpapatibay sa isa't isa. [20]Huwag mong sirain ang gawa ng Diyos dahil sa pagkain.
Tunay na ang lahat ng mga bagay ay malilinis; gayon man ay masama sa tao ang kumakain ng
laban sa kaniyang budhi. [21]Mabuti ang huwag kumain ng lamangkati, ni uminom ng alak, *ni
gumawa ng anoman* na katitisuran ng iyong kapatid. [22]Ang pananampalataya mo na nasa iyo ay
ingatan mo sa iyong sarili sa harap ng Diyos. Mapalad ang hindi humahatol sa kaniyang sarili sa
bagay na kaniyang sinasangayunan. [23]Nguni't siyang nagaalinlangan ay hinahatulan kung siya'y
kumakain, sapagka't hindi *siya kumakain* sa pananampalataya; at ang anomang hindi sa
pananampalataya ay kasalanan.**

**14:13 "huwag na nga tayong mangaghatulan pa sa isa't isa"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PASAKALI na may SALUNGAT NA KATAGA na nagpapahiwatig ng paghinto ng isang pagkilos na nagpapatuloy. Hindi ito isang babala ngunit isang pagbabawal. Ito ay lubhang katulad sa v. 16. Ang salitang "paghatol" ay ginagamit na ni Pablo nang 5 beses sa vv. 1-12 at ngayon, apat pang beses sa vv. 13-23.

**NATATANGING PAKSA: DAPAT BANG HUMATOL ANG MGA KRISTIYANO SA ISA'T-ISA?**

Ang paksang ito ay kailangang tingnan sa dalawang mga paraan.

1. ang mga mananampalataya ay pinagsasabihan na huwag humatol sa isa't-isa (cf. Mateo 7:1-5; Lucas 6:37,42; Roma 2:1-11; Santiago 4:11-12)
2. ang mga mananampalataya ay pinagsasabihang timbangin ang mga namumuno (cf. Mateo 7:6,15-16; I Corinto 14:29; I Tesalonica 5:21; I Timoteo 3:1-13; at I Juan 4:1-6)

Ilang pamantayan para sa naangkop na pagtitimbang ay maaaring makatulong.

1. Ang pagtitimbang ay kailangang para sa layunin ng paninindigan (cf. I Juan 4:1 – "pagsusuri" na mayroong pananaw patungo sa pagsang-ayon)
2. Ang pagtitimbang ay kailangang gawin nang may pakumbabaan at kaamuhan (cf. Galacia 6:1)
3. Ang pagtitimbang ay kailangang hindi tumuon sa mga isyu ng pangsariling pagkatig (cf. Roma 14:1-23; I Corinto 8:1-13; 10:23-33)
4. Ang pagtitimbang ay makakikilala ng mga namumunong "walang pagtangan sa mga pagpula" mula sa loob ng iglesiya o komunidad (cf. I Timoteo 3).

▣ **"huwag maglagay ng katitisuran sa daan ng kaniyang kapatid o kadahilanan ng ikararapa"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAWATAS na may SALUNGAT NA KATAGA na nagpapahiwatig ng paghinto ng isang pagkilos na nagpapatuloy. Ang katulad na katotohanan ay naihayag sa v. 21 at I Corinto

8:9.

Ang salitang “sagabal” ay tumutukoy sa anumang bagay sa daan na nagdudulot sa isa na matisod. Ang salitang “sagabal na katitisuran” sa literal, ay tumutukoy sa isang pagsisimula ng kaparaanan sa isang pain panghuli sa hayop.

Mayroong isang pangkalahatang aspeto sa Kristiyanismo. Tayo ang taga-ingat, pampasigla at kaibigan ng kapwa mga mananampalataya. Ang pananampalataya ay pamilya!

**14:14**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **“Nalalaman ko, at naniniwala akong lubos kay Hesus na Panginoon”** |
| **NKJV** | **“Nalalaman ko at naniniwala ako sa Panginoon Hesus”** |
| **NRSV** | **“Nalalaman ko at nahihikayat sa Panginoon Hesus”** |
| **TEV** | **“Ang aking pakikipag-isa sa Panginoon Hesus ang gumagawa ng katiyakan”** |
| **NJB** | **“Ngayon nalalaman kong lubusan, lalo na, at ako ay nagsasalita para sa Panginoon Hesus,”** |

Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA anyon ng *oida,* na ginamit sa kaunawaan ng isang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN kaalinsabay ng isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Sa literal, ito ay nangangahulugang, “Ako ay nagpapatuloy na malaman at naging at patuloy na maniniwala.” Ito ay isang muling pagpapahayag ng katotohanan sa vv. 5b at 22-23. Ang pagkakaunawa ng mga mananampalataya sa espiritwal na mga bagay ay nagmula sa kanilang pakikipag-ugnayan kay Hesus sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Sila ay kailangang mabuhay sa liwanag na kanilang taglay.

▣ “**na walang anomang bagay na marumi sa kaniyang sarili”** Ang katulad na katotohanang ito ay nailarawan sa Gawa 10:9-16. Ang mga bagay ay hindi masama, ang mga tao ang masama. Wala sa paglalang ang masama sa at para sa kanyang sarili (cf. v. 20; Marcos 7:18-23; I Corinto 10:25-26; I Timoteo 4:4 at Tito 1:15 )!

▣ **“maliban na doon sa nagaakala na ang anomang bagay ay marumi, sa kaniya'y marumi ito”** Ito ay nangangahulugang marumi sa kaunawaang pang-relihiyon. Ang mga mananampalataya ay kailangang suriin ang kanilang mga pagkilos sa pamamagitan ng kanilang mga budhi (cf. vv. 5,22-23). Kahit na kung sila ay may maling kabatiran sa isang isyu o pagkilos, kailangan silang lumakad sa liwanag na kanilang taglay sa harap ng Diyos. Sila rin ay kailangang huwag humatol sa ibang mga mananampalataya sa pamamagitan ng kanilang liwanag, lalo na sa hindi malinaw na mga paksa (cf. 14:1,3,4,10,13).

**14:15 “Sapagka't kung dahil sa pagkain ang iyong kapatid ay naghinanakit”** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang mga layunin. Ang pag-ibig, hindi mga karapatan; pananagutan, hindi kalayaan ang nagpapasya ng ating pamumuhay.

Ito ay nag-uugnay sa (1) pang-Hudyong mga batas sa pagkain (cf. Levitico 11) o (2) pagkaing inialay sa diyus-diyosan (cf. I Corinto 8-10). Ang talata 20 ay nagpapahayag ng katotohanang ito nang lubhang maliwanag.

▣ **“hindi ka na lumalakad ayon sa pagibig”** Ito ay kadalasang tinatawag na “ang kautusan ng kalayaan” (cf. Santiago 1:25; 3:12), “ang maharlikang kautusan” (cf. Santiago 2:8), o “ang kautusan ni Kristo” (cf. Galacia 6:2). Mayroong mga pananagutan at mga gabay sa Bagong Kasunduan!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **“Huwag mong ipamahamak sa iyong pagkain yaong pinagkamatayan ni Kristo”** |
| **NRSV** | **“Huwag mong hayaang sirain ng iyong pagkain yaong pinagkamatayan ni Kristo”** |
| **TEV** | **“Huwag mong hayaan ang iyong kinakain na sirain ang taong pinagkamatayan ni** |

**Kristo"**

**NJB** **"Ikaw ay tiyakang hindi malaya na kainin ang nagugustuhan mo kung ito ay nangangahulugan ng pagbagsak ng sinuman na pinagkamatayan ni Kristo"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Ito ay isang napakalakas na parirala. Ang kalayaan ng ilang mga Kristiyano ay kailangang hindi magduloy ng pagkasira sa ibang mga Kristiyano! Ito ay hindi tumutukoy sa pagkawala ng kaligtasan, ngunit pagkawala ng kapayapaan, katiyakan, at mabisang ministeryo. Tingnan si F. F. Bruce, *Answers To Questions*, pp. 88-89.

Ang salitang "sirain" ay ang Griyegong salita na *lupeō*, na nangangahulugang "magdulot ng dalamhati, pighati, o sakit" (tulad sa LXX). Ginagamit ni Pablo ang salitang ito karamihan sa II Corinto (cf. 2:2,4,5; 6:10; 7:8,9,11). Ang sirain ay isang napakalakas na salin. Ito ay hindi tumutukoy sa pagkawala ng kaligtasan, ngunit ang paghuhusga ng Banal na Espiritu sa mga lumalabag sa mga pansariling panindigan ng isang tao. Kung ang pagkilos ng mananampalataya ay hindi nanggagaling mula sa pananampalataya sila ay kasalanan (cf. v. 23).

**14:16**

**NASB** **"Huwag nga ninyong pabayaan na pagsalitaan ng masama ang inyong kabutihan"**

**NKJV, NRSV** **"huwag niyong hayaang ang mabuti ay salitain bilang masama"**

**TEV** **"huwag niyong hayaang ang tinuring niyong mabuti ay makakuha ng isang masamang pangalan"**

**NJB** **"hindi mo kailangang ipagkasundo ang iyong mga natatanging karapatan"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na nangangahulungang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Ang kalayaan ay madaling magagawang lisensiya sa kasalanan!

Ang "mabuting bagay" sa talatang ito ay tumutukoy sa mga pagkilos ng malakas na mananampalataya. Kung ang isang malakas Kristiyanong kumikilos sa kanyang kalayaan kung saan ay paraan na ang mahinang mga mananampalataya ay maaapektuhan ng negalibo at mapipinsala sa espiritwal, ang "mabuting bagay" ay naging isang pagkakataon para sa kasamaan!

Ang talatang ito ay tila binababago ang pagtuon mula sa kung papaano makikitungo ang mga Kristiyano sa bawat-isa pagtungo sa maaaring isang paguukol para sa mga di-mananampalataya (cf. v. 18b). Ang PANDIWA ay mula sa salitang "paglapastangan" (sinabi) na kadalasang ginamit ng mga di-mananampalataya.

**14:17 "ang kaharian ng Diyos"** Ito lamang ang paggamit ng pariralang ito sa Roma. Ito ay isang madalas na paksa ni Hesus. Ito ay isang katotohanan dito at ngayon gayundin sa isang panghinaharap na kapuspusan (cf. Mateo 6:10).

Ang pangkalahatang buhay ng katawan ni Kristo ay mas mahalaga kaysa sa pagsasanal ng pansariling kalayaan! Tingnan ang Natatangging Paksa na sumusunod.

**NATATANGING PAKSA: ANG KAHARIAN NG DIYOS**

Sa OT ang YHWH ay itinuturong Hari ng Israel (cf. I Sam. 8:7; Awit 10:16; 24:7-9; 29:10; 44:4; 89:18; 95:3; Isaias 43:15; 44:6) at ang Mesias bilang ulirang hari (cf. Awit 2:6; Isaias 9:6-7; 11:1-5). Sa pagkapanganak ni Hesus sa Bethlehem (6-4 B.C.) ang kaharian ng Diyos ay bumasag sa kasaysayan ng tao na may bagong kapangyarihan at pagtutubos (bagong tipan, cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:27-36). Si Juan Bautista ay ipinahayag ang pagiging malapit ng kaharian (cf. Mateo 3:2; Marcos 1:15). Si Hesus ay malinaw na nagturo na ang kaharian ay makikita sa Kanya ay sa Kanyang mga katuruan (cf. Mateo 4:17,23; 9:35; 10:7; 11:11-12; 12:28;16:19; Marcos 12:34; Lucas 10:9,11; 11:20; 12:31-32;16:16; 17:21). Subalit ang kahiran ay sa hinaharap (cf. Mateo 16:28; 24:14; 26:29; Marcos 9:1; Lucas 21:31; 22:16,18).

Sa Sinoptikong paghahanay sa Marcos at Lucas nakikita natin ang talata na, "ang kaharian ng Diyos." Ang karaniwang paksang ng mga katuruan ni Hesus ay nagsasangkot ng pangkasalukuyang paghahari ng Diyos sa puso ng mga tao, na balang araw ay mararanasan at mangyayari sa buong daigdig. Ito ay makikita sa panalangin ni Hesus sa Mateo 6:10. Si Mateo, na sumulat para sa mga Hudyo, mas pinili ang talata na hindi gumagamit ng pangalan ng Diyos (Kaharian ng Langit), habang si Marcos at Lucas, na sumusulat sa mga Hentil, ay gumamit ng pangkaraniwang pagtatalaga , used the common designation, isang paggamit ng pangalan ng pagka-Diyos.

Ang una at huling mga sermon ni Hesus, at karamihan sa Kanyang mga parabula, ay tumatalakay sa paksang ito. Ito ay tumutukoy sa pagahahari ng Diyos sa mga puso ng mga tao ngayon! Ito'y nakakabigla na si Juan ay gumagamit ng talatang ito ng dalawang beses lamang (at hindi kailanman sa parabula ni Hesus). Sa ebanghelyo ni Juan ang "walang hanggang buhay" ay ang susing talinghaga.

The pag-igting (tensyon) sa talatang ito ay dahilan sa dalawang pagbabalik ni Kristo. Ang OT ay tumuon lamang sa isang pagbabalik ng Mesias ng Diyos—isang pangmilitar, panghukom, at dakilang pagbabalik—ngunit ang NT ay nagpapakita na Siya ay dumating ng unang beses bilang isang Nagdurusang Tagapaglingkod ng Isaias 53 at mapagpakumbabang hari ng Zacarias 9:9. Ang dalawang pang-Hudyong panahon, ang panahon ng kasamaan at ang bagong panahon ng katuwiran, ay nagpatong. Si Hesus ay kasalukuyang naghahari sa mga puso ng mga mananampalataya, ngunit balang-araw ay maghahari sa buong sanlibutan. Siya ay darating ng gaya ng sa paghuhula ng OT! Ang mga mananampalataa ay namumuhay sa "nangyari na" laban sa "ang hindi pa" sa Kaharian ng Diyos (cf. Gordon D. Fee at Douglas Stuart's *How to Read The Bible For All Its Worth*, pp. 131-134).

▣ **"kundi ang katuwiran at ang kapayapaan at ang kagalakan sa Banal na Espiritu"** Ito ay ang Espiritu na nagbibigay ng mga katangian sa bawat-isang mga mananampalataya at ang nananampalatayang komunidad. Ito ang mga katangian ng pamilya ng Diyos, panlabas at panloob.

Ang salitang "katuwiran" ay ginamit dito ni Pablo sa isang natatanging kaunawaan. Tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:17. Kadalasang para sa kanyo, ito ay naglalarawan ng ibinilang na katuwiran, isang legal (forensic) na pagpapahayag ng Diyos ng kapatawara ng mga mananampalataya at kalalagayan kay Kristo (cf. 3:21-31; 4). Ang makasalanang sangkatauhan ay hindi lamang ibinilang na matuwid,sila ay naging matuwid. Ito ay kapwa isang kaloob at isang layunin, MAY PAHIWATIG at PAUTOS, isang pagkilos ng pananampalataya at isang buhay ng pananampalataya! Tingnan ang Natatangging Paksa sa 6:4.

**14:18** Ang mga mananampalataya na linalagyan ng hangganan ang kanilang mga kailangan para sa kapakanana nf mas mahinang mga mananampalataya ay isang paglilingko kay Kristo mismo. Walang mas malakas na paraan upang ihayag ang ating pag-ibig kay Hesus kaysa pag-ibig, pagkalinga, at kinukupkop silang kinamatayan Niya.

▣ **"pinatutunayan ng mga tao"** Ito ay maaaring isang paraan ng pagbibigay-diin na nag pag-ibig ng Kristiyanong sa bawat-isa ay maaaring magbukas ng pinto ng ministeryo at patotoo sa mga di-nananampalatayang komunidad (cf. v. 16; II Corinto 8:21; I Pedro 2:12). Kung paano nating pinakitunguhan ang bawat-isa sa loob ng komunidad ng pananampalataya ay isang makapangyarihang patotoo, maging pasalungat o paayon.

**14:19 "kaya nga sundin natin"** Ang salitang ito, *diōkō*, isang kataga sa OT na pangkaraniwang sa Septuagint at pangkaraniwan din sa mga sulat ni Pablo, ay nangangahulugang "sundan nang may pagkasabok" o "masigasig na pagpupunyagi na matamo." Ginagamit ni Pablo ang salitang ito sa Roma 9:30,31; 12:13; at dito sa kaunawaan ng "magpatuloy," ngunit sa 12:14 para sa kanilang nagmamalupit sa mga mananampalataya (cf. I Corinto 4:12; even of himself, 15:9; II Corinto 4:9; Galacia 1:13,23; Filipos 3:6).

Ito ay maaaring isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG (MSS א, A, B, F, G, L &

P) o isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PASAKALI (MSS C, D) na ginamit sa kaunawaan ng isang PAUTOS. Ang UBS[4] ay inilalagay na MAY PASAKALI sa kanyang teksto, ngunit binibigyan ito ng isang "D" na antas (na may malubhang kahirapan).

Pansinin ang mga bagay na dapat sundin ng mga Kristiyano.

1. Magiliw na pagtanggap, 12:13
2. Ang mga bagay na gumagawa para sa kapayapaan at nagtataguyod ng bawat-isa.14:19
3. pag-ibig, I Corinto 14:1
4. pagiging katulad ni Kristo, Filipos 3:12,14
5. kung ano ang mabuti sa bawat at para sa lahat ng tao, I Tesalonica 5:15
6. katuwiran, kabutihan, pananampalataya, pag-ibig, pagtitiyaga, at kaamuhan, I Timoteo 6:11
7. katuwiran, pananampalataya, pag-ibig at kapayapaan, na may panawagan sa Panginoon mula sa isang dalisay na puso, II Timoteo 2:22

▣ **"ng mga bagay na makapapayapa, at. . .makapagpapatibay sa isa't isa"** Ito ay kailangang ang layunin ng mananampalataya sa lahat ng bagay (cf. Awit 34:14; Hebreo 12:14). Ang isang pansariling kalayaan at teolohikong pagkaunawa ay kailangang pangunahanan ang tatag at paglago ng katawan ni Kristo (cf. 15:2; I Corinto 6:12; 14:26; Efeso 4:12). Tingnan ang Natatangging Paksa: Pagpapalakas at 15:2.

**14:20 "Huwag mong sirain ang gawa ng Diyos"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasan ay nangangahulugang itigil ang pagkilos na nagpapatuloy. Ito ay isang malakas TAMBALANG PANDIWA (*kata* + *luō*). Ito ay ginamit lamang ng tatlong beses sa mga sulat ni Pablo (cf. II Corinto 5:1 para sa kamatayan at Galacia 2:18 sa kaunawaan dito, wasakin). May isang paglalaro sa salit ng "itatag" sa v. 19 at ang salitang ito, sa literal, ay nangangahulugang "pilasin." Kapwa ay mga talinghaga sa pagkakayari.

Ano ang "paggawa ng Diyos" sa kontekstong ito? Ito ay hindi tumutukoy sa pagiging malago, ngunit ang pagkilos ng Espiritu sa buhay ng mga "mahinang" mananampalataya. Wala sa kontekstong ito o I Corinto 8-10 na sinabi ni Pablo sa isang pangkat na tumutulong sa ibang pangkat na tumatalima o nagbabago!

▣ **"Tunay na ang lahat ng mga bagay ay malilinis"** Tingnan ang tala sa v. 14.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"gayon man ay masama sa tao ang kumakain ng laban sa kaniyang budhi"** |
| **NKJV** | **"ngunit ito ay masama para sa tao na kumain na may pagkakasala"** |
| **NRSV** | **"ngunit ito ay mali para sayo na na bumagsak ang iba sa kung ano ang kinakain mo"** |
| **TEV** | **"ngunit ito ay mali na kumain ng kahit ano na magdudulot sa sinuman na mahulog sa kasalanan"** |
| **NJB** | **"ngunit ito ay naging masama kung sa pagkain, ginanawa mong nagkakasala ang iba"** |

Ang talatang ito ay ang pangunahing katotohanan sa kabanatang ito (cf. I Corinto 10:25-26; Tito 1:15).

Ito ay tumutukoy sa pagkaing inalay sa diyus-diyosan (cf. I Corinto 8-10). Ang pagkain ay hind mabuti o masam, ngunit kung ang isang mahina sa mananampalataya, na iniisip na hindi ito karapat-dapat, nakikita ang ibang Kristiyanong kumakain nito at kumain din, na ito ay sa pang-moral na walang kinikilingan ay naging masama dahil linabag ni ang kanyang pansariling budhi ng kalooban ng Diyos (cf. v. 23).

Karamihan ng Ingles na mga salin ay inuugnay ang sugnay na ito sa "mas malakas na kapatid" sa kanilang pagkain, isang mas mahinang mananampalataya ay nahikayat. Ang Katolikong salin ng New American Bibliya ay nagbibigay ng ibang opsyon at inuugnay ang sugnay sa "mas mahinang kapatid," "ngunit ito ay mali para sa isang tao na kumain ng pagkain na labag sa kanyang budhi." In konteksto ang

unang opsyon ang tila pinakamainam ngunit ang kalabuan ay maaaring may layunin at tumutukoy sa kapwa sa vv. 22-23.

**14:21** Ito ay isang salita sa "malakas na mga kapatid." Ito lamang ang batayan sa Bibliya para sa teolohikong konsepto ng "buong pagbabawal" mula sa tiyak mga pagkain o mga inumin. Ang mga malalakas na mga Kristiyano ay kailangang lagyan ng hangganan ang kanilang kalayaan para sa kanilang Kristiyanong mga kapatid at matatapat na tagapagsuri (naliligaw na mga tao). Ang karamihang sa ganitong mga pansariling hangganan ay kultural, pang-rehiyon at/o denominasyonal.

Ang dalawang ito ay AORIST NA TAHAS NA PAWATAS na may SALUNGAT NA KATAGA na nagpapahiwatig na "huwag simulan ang pagkilos." Ang ilan ay ipinaliwanag na ang mga AORISTS ay tumutukoy lanag sa tiyak na mga pangyayari (cf. I Corinto 8-10). Maliwanag na ang pagkain at pag-inom ay maaaring hindi ipagbawal.

**14:22**

**NASB** **"Ang pananampalataya mo na nasa iyo ay ingatan mo sa iyong sarili sa harap ng Diyos. Mapalad ang hindi humahatol sa kaniyang sarili sa bagay na kaniyang sinasangayunan."**

**NKJV** **"Mayroon ka bang pananampalataya? Iharap mo ito sa iyong sarili sa harap ng Diyos. Mapalad ang hindi humahatol sa kaniyang sarili sa bagay na kaniyang sinasang-ayunan."**

**NRSV** **"Ang pananampalataya na taglay mo, ay bilang iyong sariling panindigan sa harap ng Diyos. Mapalad silang walang dahilan na hatulan ang kanilang sarili dahil sa kung ano ang kanilang sinang-ayunan."**

**TEV** **"Hayaan mong ang mga mananampalataya patungkol sa paksang ito, pagkatapos, sa pagitan ng iyong sarili at Diyos. Mapalad silang hindi nakakaramdam ng paggiging makasalaan kapag sila ay gumagawa ng isang bagay na hinatulan nilang tama!"**

**NJB** **"Hawakan mo ang iyong sa sariling pananampalataya, tulad ng iyong sarili at Diyos—at isaalang-alang ang tao na mapalad na nakakagawa ng kanyang kapasyahan na hindi lumalabag sa kanyang budhi."**

Ito ay muling pagpapahayag na ang mga mananampalataya ay kailangang mabuhay sa liwanag na pinangungunahan sa kanilang sariling Banal na Espiritu, at mga budhi na nabigyang kaalaman ng bibliya (cf. v. 5). Kailangang silang lumakad sa liwanag na kanilang taglay; ngunit hindi bilang upang ayusin ang pananampalataya ng kanyang mananampalataya. Ang talata 22 ay nag-uugnay sa "mas malakas na kapatid," habang talata 23 ay nag-uugnay sa isang "mas mahinang kapatid."

Ang talata 22 ay nagsimula na may pagkakaiba sa kasulatan. Ito ay maaaring isang tanong (NKJV) o isang kapahayagan (NASB, NRSV, TEV, at JB).

▣ **"sinasangayunan"** Tingnan ang Natatangging Paksa sa 2:18.

**14:23 "nguni't siyang nagaalinlangan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI. Ito ay tumutukoy sa mga lubhang mapangsuring Kristiyano ng v. 3.

▣ **"ay hinahatulan"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG mula sa *kata* + *krinō*, kahulugan

1. "inilagay sa isang may kasalanang liwanag sa pamamagitan ng pag-iiba" (cf. Harold K. Moulton, *The analytical Greek Lexicon Revised*, p. 216)
2. "hindi paghahatol, ngunit ang kaparusahan sa sumusunod na pangungusap" (cf. Roma 5:16,18; 8:1 [cf. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek Testament*, p. 328])

Dito, ito ay tumutukoy sa paglabag sa isang budhi at nagbubunga sa sakit na kaugnay sa pag-uudyok ng

Banal na Espiritu.

▣ **"kung siya'y kumakain"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI.

▣ **"at ang anomang hindi sa pananampalataya ay kasalanan"** Sa hindi malinaw na bahaging ng bibliya, ang kasalanan ay isang paglabag sa ating budhi, hindi isang paglabag sa kautusan. Kailangan nating lumakad sa liwanag na ating taglay—palagiang buksan sa mas maraming liwanag mula sa Bibliya at ang Espiritu.

Ang pagkaunawa ng mga mananampalataya sa kalooban ng Diyos (ang kaunawaan ng "pananampalataya" sa kontekstong ito) ang kailangang magpasya sa kanilang mga pagkilos. Ito ay maaaring para sa mga malalagong mga mananampalataya na panghawakan ang magkakaibang mga pananaw sa mga isyu na hindi malinaw sa bibilya at kapwa na maging kalooban ng Diyos.

▣ Ang ilang Griyegong mga kasulatan ay may doxolohiya ng16:25-27 sa pagwawakas ng kabanata 14. Ang ilan ay mayroong nito sa kapwa lugar. Ang isang papyrus na kasulatan, $P^{46}$, ay mayroon nito sa pagwawakas ng kabanata 15. Mayroong anim na magkakaibang mga lugar sa doxolohiyang ito sa Griyegong kasulatang tradisyon ng Roma. Para sa buong pagtalakay sumangguni sa, *A Textual Commentary of the Greek New Testament ni* Bruce M. Metzger, inilathala ng United Bible Societies, pp. 533-536. Nandito ang isang maikling buod ng mga teoriya.

1. Sinabi ni Origen an isang sinaunang erehe sa Roma, si Marcion, ay tinanggal ang dalawang mga kabanata ng Roma. Ito ang magpapaliwanag ng doxolohiya sa kabanata 14.
2. Ang ibang mga iskolar ay nagpapalagay na sinulat ni Pablo ang isang anyo ng Roma na ipinadala sa Roma, mga kabanata 1-14, at pagkatapos ay nakita ang pangangailangan na magpadala ng katulad na sulat sa Efeso; mga kabanata 1-16. Ang mahabang tala ng mga pansariling pagbati (kabanata 16) ay ipinapaliwanag ang Efeso, hindi Roma.
3. Ang mga pagbati sa kabanata 16 ay para sa mga mananampalataya na nasa daan sa Roma dahil sina Aquila at Priscilla ay nasa Efeso at hindi kailanman naitalang bumalik sa Roma.
4. Ang doxolohiya ay hindi orihinal at idinagdag sa pamamagitan ng tagasulat pagkatapos para sa pangliturhiyang mga layunin sa pangmadlang panambahan.

M. R. Vincent, *Word Studies*, tomo 2, ay nakakawili.

"Laban sa mga teoriyang ito ay ang mahigpit na katotohanan na sa kilalang extant MSS ni Pablo (humigit-kumulang tatlong daan) lahat ng MSS dito ay pinagsama, kasama ang lahat ng pinakamahalaga, pinagkaloob ang mga kabanatang ito na natanggap sa koneksiyon at kaayusan r, na may hindi pagsasama sa doxolohiya" (p. 750).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ilarawan ang "mahinang" kapatid? Pinapahiwatig ba ni Pablo na sila ay hindi ganap ang paglago?
2. Papaano maiuugnay ang Kristiyanong kalayaan sa Kristiyanong pananagutan?
3. Ang bawat bagay ba sa kalikasan ay "malinis" o walang kinikilingan sa moralidad (vv. 14, 20)?

4. Bakit napakahalaga ng tanong sa pagkain sa Corinto (cf. I Corinto 8, 10), tandaang si Pablo ay sumulat sa Roma mula sa Corinto?
5. Ipaliwanag ang kaugnayan sa pagitan ng kaalaman, kalayaan, at pag-ibig sa kabanatang ito.
6. Saan nating ibabatay ang ating pagkikipag-ugnayan sa iglesiya?
7. Saan natin ibabatay ang ating pansariling mga pagpili at mga pagkilos?
8. Paano makaaapekto ang ating mga pagkilos sa iba? Ano ang hinihingi nito sa atin?
9. Paano natin malalaman ang wastong Kristiyanong etika?
10. Maaari ba ang malagong mga Kristiyano ay hindi sasang-ayon at kapwa magiging katanggap-tanggap sa Diyos?

# MGA TAGA-ROMA 15

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **UBS[4]** | **NKJV** | **NRSV** | **TEV** | **NJB** |
| Magbigay-lugod sa Iyong Kapwa Tao, Hindi sa Iyong Sarili | Nagdadala ng Kabigatan ng Iba | Ang Malakas ang Kailangang Dalhin ang Mahihina | Magbigay-lugod sa Iba, Hindi sa Iyong Sarili | (14-22-15:6) |
| 15:1-6 | 15:1-6 | 15:1-6 | 15:1-6 | |
| Ang Ebanghelyo para sa mga Henti at gayundin sa mga Hudyo | Luwalhatiin ang Diyos nang Sama-sama | | Ang mga Hentil ng Ebanghelyo | |
| 15:7-13 | 15:7-13 | 15:7-13 | 15:7-12 | 15:7-13 |
| | | | 15:13 | |
| Ang Pang-Misyong Pagtatalaga ni Pablo | Mula sa Herusalem hanggang sa Ilirico | Mga Personal na Tala | Ang Dahilan ng Pagsulat ni Pablo nang may Lubhang Katapangan | Ministeryo ni Pablo |
| 15:14-21 | 15:14-21 | 15:14-21 | 15:14-21 | 15:14-16 |
| | | | | 15:17-21 |
| Ang Plano ni Pablo na Dumalaw sa Roma | Ang Planong Dumalaw sa Roma | | Ang Plano ni Pablo na Dumalaw sa Roma | Ang Plano ni Pablo |
| 15:22-29 | 15:22-23 | 15:22-29 | 15:22-29 | 15:22-26 |
| | | | | 15:27-29 |
| 15:30-33 | | 15:30-33 | 15:30-33 | 15:30-33 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA TALATANG 1-13

A. Ang pagtalakay patugkol sa Kristiyanong kalayaan at pananagutan ay nagpapatuloy sa 15:1-13 mula sa kabanata 14.

B. Ang buong pangangatuwiran ng14:1-15:13 ay maaaring mabalangkas bilang
   1. Tanggapin ang bawat isa dahil tinanggap tayo ng Diyos kay Kristo (cf. 14:1,3; 15:7)
   2. Huwag mong hatulan ang bawat-isa dahil si Kristo ang atin lamang na Panginoon at Hukom (cf. 14:3-12)
   3. pag-ibig ay mas mahalag kaysa pansariling kalayaan (cf. 14:13-23)
   4. sundan ang mga halimbawa ni Kristo at ilagak ang iyong mga karapatan para sa pagkakatatag at ikabubuti ng iba (cf. 15:1-13)

C. 15:5-6 ay ipinapaliwanag ang tatlong-tuping layunin ng buong konteksto of 14:1-15:13
   1. Mabuhay ng may pagkakaisa sa bawat-isa
   2. Mabuhay sang-ayon sa halimbawa ni Kristo
   3. Sa may pinagkaisang puso at labi ay naghahandog ng nagkakaisang papuri sa Diyos

D. Ang katulad na pag-igting (tensyon) sa pagitan ng pansariling kalayaan at pangkalahatang pananagutan ay matatalakay sa I Corinto 8- 10.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 15:1-6**

**1Tayo ngang malalakas ay nararapat mangagbata ng kahinaan ng walang lakas, at huwag *lamang* tayong mangagbigay lugod sa ating sarili. 2Bawa't isa sa atin ay magbigay lugod sa kaniyang kapuwa, sa kaniyang ikabubuti sa ikatitibay. 3Sapagka't si Kristo man ay hindi nagbigay lugod sa kaniyang sarili; kundi gaya ng nasusulat, ANG MGA PAGALIPUSTA NG MGA NAGSISIALIPUSTA SA IYO, AY NANGAHULOG SA AKIN. 4Sapagka't ang anomang mga bagay na isinulat nang una ay nangasulat dahil sa ikatututo natin, upang sa pamamagitan ng pagtitiis at pagaliw ng Banal na Kasulatan ay mangagkaroon tayo ng pagasa. 5Loobin nawa ng Diyos ng pagtitiis at paggiliw, na kayo ay magkaisa ng pagiisip sa isa't isa ayon kay Kriskay Hesus: 6Upang kayo na may isang pagiisip sa pamamagitan ng isang bibig ay luwalhatiin ninyo ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesukristo.**

**15:1**

**NASB** **"Tayo ngang malalakas ay nararapat mangagbata ng kahinaan ng walang lakas"**
**NKJV** **"Tayo ngayon na malakas ay kailangang dalhin na may mga pag-aatubili ang mahina,"**
**NRSV** **"Tayo na malakas ay kailangang itayo ang mga nahuhulog na mahina"**
**TEV** **"Tayo na malakas sa pananampalataya ay kailangang tumulong sa mahina na buhatin ang kanilang mga kabigatan"**
**NJB** **"Tayo na malakas ay may tungkulin tumulong sa pagkaligalig ng mga mahina"**

Ito ang dalawang PANGKASALUKUYANG PAWATAS na ginamit sa kaunawaan ng MGA PAUTOS. Ang pagkabanggit ng malakas at mahina ay nagpapakita na ang kabanata 15 ay nagpapatuloy na pagtalakay na nagsimula sa 14:1. Ito ay tila sumasalamin sa pag-igting (tensyon) sa loob ng Iglesiya sa Roma, at lahat ng mga iglesiya, na nasa daan ng mga Kristiyano nabubuhay sa kanilang pamumuhay na

1. Mga bahaging hindi malinaw sa Bibliya
2. Mga kinakailangan sa OT
3. Reaksyon sa mga isyung di-moral, at pangkultura

Isang mabuting aklat na malaki ang naitulong sa akin sa bahaging ito ay si Gordon Fee, *Gospel and Spirit*.

Para sa makabagong Ingles na mga mambabasa, ang paglagal ng tatak ng dalawang pananaw na "malakas" at "mahina" ay para kilingan ang mga pangkat. Hindi ito ang layunin ni Pablo. Ang malakas na pangkat ay tumutukoy sa kanilang napalaya na mula sa isang patakaran o maka-ritwal na pang-relihiyong buhay. Ang kanilang pakikipag-ugnayan sa Diyos ay hindi umaasa sa kawalanan ng katiyakan sa pagsasakatuparan ng tiyak mga layunin o iniiwasan ang tiyak na ipinagbabawal sa relihiyon. Ang ibang pangkat ay ganap ding isang Kristiyano, at isang lubusan tinanggap, at isang lubusang nagtitiwala ng mga pangkat ng mga mananampalataya. Gayunman, na kanilang tiningnan ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng pangrelihiyong mga kaisipan ng kanilang mga nakalipas na karanasan. Ang mga Hudyong mga mananampalataya ay kumikiling sa paghawak ng Lumang Kasunduan mga gawain ng Judaismo. Ang mga naligtas ng mga pagano ay itinutuloy ang ilan sa kanilang mga lumang (pagano) pagrelihiyong kaisipan at mga kasanayan. Ngunit pansining si Pablo ay hindi tiwanag ito sa kanyang isipan ang mga mananampalatayang may "kasalanan." Ito lamang ay kapag kanilang sinuway ang kanilang mga budhi na naging kasalanan (cf. v. 23).

Ang salitang *adunatos*, "walang lakas" (cf. Gawa 14:8) ay maiuugnay sa salitang *astheneō* (cf. 14:1,21; I Corinto 8:7,10,11,12; 9:22), na nangangahulugan ding "walang lakas."

Ang tekstong ito ay nagpapahiwatig na ang mga Kristiyano ay hindi dapat pahintulutan ng masama ang ibang mga Kristiyano, ngunit kailangang may pag-ibig na "pagkalinga" at "kumilos na kasama" ang bawat isa. Ang salitang, "magdala" ay ginamit din ni Hesus, "pagpapasan ng krus" sa Juan 19:17 at Lucas 14:27. Nalalaman ni Pabloang mga pag-igting na maaaring mangyari sa mga maka-relihiyong tao. Siya ay tinuruan sa ilalim ni Gamaliel, na siyang isang rabbi ng liberal na school of Hillel.

▣ **"at huwag *lamang* tayong mangagbigay lugod sa ating sarili"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pangkilos na nagpapauloy. Ang pagiging makasarili ay isang tiyak na tanda ng pagiging bata pa; na sumusunod sa halimbawa ni Kristo (cf. v. 3; Filipos 2:1-11) ay isang tanda ng lumalago. Muli, ito ay ang malakas na pinagpapahayagan (cf. 14:1,14,16,21,27). Hindi nito ipinapahiwatig na sila ay mayroon lahat ng pananagutan sa pagpapanatili ng pagkikipag-ugnayan. Ang mahina ay ipinahayag din sa 14:3, 20, 23; 15:5-6,7.

**15:2 "Bawa't isa sa atin ay magbigay lugod sa kaniyang kapuwa"** Ito ay ang ating "kapwa" na ginamit sa kaunawaan ng kapwa Kristiyano. Hindi nito pinapahiwatig ang pansariling pagkakasundo ng mga panindigan, ngunit ang isan ay hindi itinutulay ang pansariling mga pagtatangi o mga opinyon sa hindi malinaw na mga bahagi. Ang pagkakaisa at paglago ng katawan ni Kristo, hindi pansariling kalayaan, ay higit sa lahat (cf. I Corinto 9:19-23; 10:24-33; Efeso 4:1-16).

▣
**NASB** **"sa kaniyang ikatitibay"**
**NKJV** **"pangunguna sa pagpapatibay"**
**NRSV** **"para sa mabuting layunin ng pagmamatibay ng kapwa"**
**TEV** **"para sa pagbabatibay sa kanila sa pananampalataya"**
**NJB** **"tulungan silang maging mas malakas na mga Kristiyano"**

Ito ang pangunahing paksa ng kabanata 14 (cf. 14:16,19). Ito rin ay isa sa mga pagsusulit para sa espiritwal na mga kaloob na makikita sa I Corinto 10:23; 12:7; 14:26; Efeso 4:29.

Sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa mas malakas na mananampalataya na binibigyan ng hangganan sa pag-ibig para sa layunin pagtulong sa kapwa. Ang mga Kristiyano ay lumalago sa pananampalataya. Sina Joseph A. Fitzmyer at Raymond E. Brown, ed., *The Jerome Biblical Commentary*, tomo 2, ay may isang nakakawiling puna sa talatang ito.

"Ang pariralang ito ay kadalasang kinukuha upang mangahulugang 'patibayin siya' (ang kapwa),

tumutukoy sa pansariling pagpapaunlad sa kapwa Kristiyano. Ngunit ang pagsaalang-alang ni Pablo ay madalas gumagamit ng talinghaga sa pagbuo sa kanyang mga sulat sa isang pangkabuuang diwa, ang pariralang walang duda ay may isang panlipunan, pangkalahatang kahulugan, dito rin (cf. I Corinto 14:12; Efeso 4:12; Roma 14:19)" (p. 328).

**NATATANGING PAKSA: NAGPAPATIBAY**

Ang salitang ito *oikodomeō* at kanyang ibang anyo ay madalas na ginamit ni Pablo. Sa literal, ito ay nangangahulugang "magtatag ng isang bahay" (cf. Mateo 7:24), ngunit ito ay ginamit na patalinghaga para sa:

1. katawan ni Kristo, ang iglesiya, I Corinto 3:9; Efeso 2:21; 4:16
2. pagpapatibay ng
   a. mga mahinang kapatid, Roma 15:1
   b. kapwa, Roma 15:2
   c. bawa't-isa, Efeso 4:29; I Tesalonica 5:11
   d. ang mga banal para sa gawain, Efeso 4:11
3. tayo ay nagpapatatag o nagpapatibay sa pamamagitan ng
   a. pag-ibig, I Corinto 8:1; Efeso 4:16
   b. pagtatakda ng pansariling kalayaan, I Corinto 10:23-24
   c. pag-iwas sa mga haka-haka, I Timoteo 1:4
   d. pagtatakda sa mga magsasalita sa mga panambahang paglilingkod (mga umaawit, mga guro, mga propeta, mga nagsasalit ng mga wika, at mga taga-pagsalin), I Corinto 14:3-4,12
4. ang lahat ng mga bagay ay kailangang makapagpatibay
   a. kapangyarihan ni Pablo, II Corinto 10:8; 12:19; 13:10
   b. buod na mga pahayag sa Roma 14:19 at I Corinto 14:26

**15:3 "Sapagka't si Kristo man"** Kristo ay ating tularan at halimbawa. Ang katotohanan ding ito ay ipinapahayag sa v. 5; Filipos 2:1-11; I Pedro 2:21; I Juan 3:16.

▣ **"gaya ng nasusulat"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, na isang kataga para sa OT Banal na Kasulatan. Ito ay isang sipi mula sa Awit 69:9. Sa pamamagitan ng tinutukoy na halimbawa ni Kristo (hindi niya ginawa para sa Kanyang sarili, cf. Filipos 2:5-8) sa karagdagan sa sipi sa OT, si Pablo ay gumagamit ng dalawang pinakamahalagang sanggunian ng pamumuna sa naunang iglesiya (cf. Newman at Nida, *A Translator's Handbook on Paul's Letter to the Rome*, p. 271). Ang walang pag-iimbot ni Kristo gaya ng Kanyang pagtangan sa kasalanan ng lahat ng mundo ay ating halimbawa (cf. I Juan 3:16).

Tila inuugnay ni Pablo ang
1. ang pagtangan ni Hesus ng kahihiyan bilang ang Mesias
2. ang pagtangan ni Pablo ng kahihiya ng ebanghelyo

Mayroong halaga na dapat bayaran sa paglilingkod sa Diyos sa isang nalugmok na mundo.
1. Ang pagtanggi at pagkapako sa krus ni Hesus
2. Sinasabi ni Pablo ang kanyang pagtanggi at pag-uusig sa II Corinto 4:7-12; 6:3-10; 11:23-33. Pablo, din, sa huli ay pinugutan ng ulo

**15:4 "Sapagka't ang anomang mga bagay na isinulat nang una ay nangasulat dahil sa ikatututo natin"** Ang OT ay sinulat din sa mga mananampalataya ng NT (cf. Roma 4:23-24; 15:4; I Corinto 9:10; 10:6,11). Ito ay kinalaman sa bagong kasunduan ng mga mananampalataya (cf. II Timoteo 2:15; 3:16-17). Mayroong pagpapatuloy, ngunit gayundin ang di-pagpapatuloy sa pagitan ng Luma at Bagong

Tipan.

▣ **"upang sa pamamagitan ng pagtitiis at pagaliw ng Banal na Kasulatan"** Pansinin kung papaanong ang katotohanan ng Salita ng Diyos at pagtugon sa pamumuhay ng mga mananampalataya ay pinagsama. Ang pananampalataya at pagsasagawa ay magkabigkis sa bawat-isa (cf. 5). Sila ay nagbunga sa pagtitiwala sa buhay, sa kamatayan, at at ang ipinangakong pag-asa ng pagbabalik ni Kristo.

▣ **"mangagkaroon tayo ng pag-asa"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PASAKALI, na nagpapahiwatig na ang ating pag-asa ay nakabatay sa mga pagkilos na nabanggit nang una sa v. 4. Sa NT, "pag-asa" ay kadalasang tumutukoy sa Pangalawang Pagdating kapag ang ating kaligtasan ay malulubos (cf. Roma 8:30; I Juan 3:2). Ang Griyegong salita ay walang mga pakahulugan ng mga walang katiyakan na tulad ng Ingles salita. Ang Pangalawang Pagdating ay isang tiyak pangyayari na may di-tiyak na elemento ng panahon.

Si Pablo ay madalas gumagamit ng salitang ito ay sa maraming magkakaibang ngunit na may kaugnayan mga pagkaunawa. Kadalasang ito ay maiuugnay sa pagkalubos ng pananampalataya ng mga mananampalataya. Ito ay maaaring maihayag bilang kaluwalhatian, walang hanggan buhay, pangwakas na kaligtasan, Pangalawang Pagdating, etc. Ang kapuspusan ay tiyak ngunit ang elemento ng panahon ay sa hinaharap at di-tiyak. Ito ay kadalasang maiuugnay sa "pananampalataya" at "pag-ibig" (cf. I Corinto 13:13; I Tesalonica 1:3; II Tesalonica 2:16). Isang hindi buong talaan ng paggamit ni Pablo:

1. Ang Pangalawang Pagdating, Galacia 5:5; Efeso 1:18; 4:4; Tito 2:13
2. Si Hesus ay ating pag-asa, I Timoteo 1:1
3. Pagtitiwala sa ebanghelyo, Colosas 1:23
4. Ang pangwakas na kaligtasan, Colosas 1:5; I Tesalonica 4:13; 5:8
5. Ang kaluwalhatian ng Diyos, Roma 5:2, II Corinto 3:12; Colosas 1:27
6. Ang katiyakan ng kaligtasan, I Tesalonica 5:8
7. Ang walang hanggang buhay, Tito 1:2; 3:7
8. Ang katubusan ng lahat na nilalang, Roma 8:20
9. Ang pananampalataya, Roma 8:23-25, 15:4
10. Ang Titulo ng Diyos, Roma 15:13
11. pagnanais ni Pablo para sa mga mananampalataya, II Corinto 1:7

**15:5 "Loobin nawa ng Diyos"** Ito ay isang bihirang AORIST NA TAHAS NA OPTATIBO, na nagpapahayag ng isang kahilingan o panalangin.
Ang panalangin ni Pablo, vv. 5-6, ay may dalawang mga kahiligan.

1. Upang maging isang kaisipan (cf. 12:16; II Corinto 13:11; Filipos 2:2)
2. Upang magkaroon ng isang tinig ng pagpuri (cf. vv. 6, 7,9)

▣ **"ang Diyos na nagkakaloob ng pagtitiis at paggiliw"** Ito ay isa pang paglalarawang titulo ng Diyos (cf. 15:13; I Corinto 1:3). Ang mga katangian ng Diyos ay dumating sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan (cf. v. 4). Tingnan ang Natatangging Paksa: Ang Pangangailangan sa Pagtitiyaga sa 8:25.

**15:6 "ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesukristo"** Ito ay ang buong titulo sa NT ng pagka-Diyos (cf. II Corinto 1:3; Efeso 1:3; Colosas 1:3; I Pedro 1:3; pansinin ang isnag katulad na titulo sa 1:7). Ito ay hindi ang Diyos ng pilosopikal na pangangailangan, ngunit ng kapahayagan. Pansinin ang dalawang mga titulo ng Diyos sa panalangin ni Pablo sa vv. 5-6.

1. ang Diyos ng pagtitiyaga at pagbibigay-sigla
2. Ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesus Kristo

Tingnan ang mga Natatangging Paksa: Pagtitiyaga sa 8:25 at Ama sa 1:7.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 15:7-13**

[7]**Sa ganito'y mangagtanggapan kayo, gaya naman ni Kristo na tinanggap kayo sa kaluwalhatian ng Diyos.** [8]**Sapagka't sinasabi ko na si Kristo ay ginawang ministro ng pagtutuli dahil sa katotohanan ng Diyos, upang kaniyang mapagtibay ang mga pangakong *ibinigay* sa mga magulang,** [9]**At upang ang mga Hentil ay makaluwalhati sa Diyos dahil sa kaniyang kahabagan; gaya ng nasusulat, KAYA NGA'T IKAW AY AKING PUPURIHIN SA GITNA NG MGA HENTIL. AT AAWIT AKO SA IYONG PANGALAN.** [10]**At muling sinasabi niya, MAKIGALAK KAYO, KAYONG MGA HENTIL, SA KANIYANG BAYAN.** [11]**At muli, PURIHIN NINYO ANG PANGINOON, KAYONG LAHAT NG MGA HENTIL; AT PURIHIN SIYA NG LAHAT NG MGA BAYAN.** [12]**At muli, sinasabi ni Isaias, MAGKAKAROON NG UGAT KAY JESSE, AT SIYA'Y LILITAW UPANG MAGHARI SA MGA HENTIL; AY SA KANIYA MAGSISIASA ANG MGA HENTIL.** [13]**Puspusin nga kayo ng Diyos ng pagasa ng buong kagalakan at kapayapaan sa pananampalataya, upang kayo'y managana sa pagasa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.**

**15:7**
**NASB, TEV "mangagtanggapan kayo"**
**NKJV "tanggapin ang bawat-isa"**
**NRSV "malugod na pagtanggap sa bawat-isa"**
**NJB "makitungo sa bawat is sa katulad na pangkaibigang paraan"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS. Ang mga mananampalataya ay kailangang magpatuloy na tanggapin ang bawat isa dahil si Kristo tinanggap sila! Ang katulad na katotohanang ito ay matatagpuan sa 14:1. Gayunman, dito ay sinisimulan ang isang kalipunan ng mga talata sa OT patungkol sa pagtanggap ng Diyos sa mga Hentil (cf. vv. 9-12). Maaaring inaaninag nito ang pag-igting (tensyon) sa loob ng Iglesiya sa Roma.

Ang kristiyanismo ay pinapakilala ng pagbibigay sa sarili ng mga mananampalataya sa iba (cf. 1:12; 12:5,10,16; 13:8; 14:13,19; 15:5,7,14; 16:16).

▣ **"gaya naman ni Kristo na tinanggap kayo"** Ito ay isang AORIST NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Nandito ang motibo at lakas ng mga pagkilos ng mga mananampalataya patungo sa kapwa (cf. 14:3). Sa kabanata 14 ang pagtuon ay nasa

1. Si Kristo bilang Panginoon at Hukom, vv. 1-12
2. Si Kristo bilang ating halimbawa ng pag-ibig ng pabibigay ng sarili, vv. 13-23

Tinanggap tayo ni Hesus, kailangan nating tanggapin ang kapwa!

▣ **"sa kaluwalhatian ng Diyos"** Tingnan ang tala sa 3:23.

**15:8 "si Kristo ay ginawang ministro ng pagtutuli"** Si Hesus ang katuparan ng Diyos sa mga propesiya sa OT(cf. Mateo 10:6; 15:24). Ito ay maaaring tumukoy sa pag-igting (tensyon) sa Iglesiya sa Roma sa pagitan ng nananampalatayang mga Hudyo at nananampalatayang mga Hentil.

▣
**NASB "dahil sa katotohanan ng Diyos, upang kaniyang mapagtibay ang mga pangakong ibinigay sa mga magulang"**
**NKJV "para sa katotohanan ng Diyos, upang pagtibayin ang mga pangako na ibinigay sa mga ama"**
**NRSV "sa kapakanan ng katotohanan ng Diyos, upang pagtibayin ang mga pangako na ibinigay sa mga patriarka"**
**TEV "sa kapakanan ng mga Hudyo, upang ipakita na matapat ang Diyos, upang gawing**

**totoo ang kanyang mga pangako sa kanilang mga ninununo"**

NJB **"upang ang Diyos ay matapat na maisakatuparan ang mga pangako na ibinigay sa mga patriarkay"**

Ito ay maaaring kaugnay ng OT kasunduan ng Diyos na ipinangako sa Israel (cf. 4:16). Gayunman, ito ay maaaring tumutukoy sa sa mga pangako ng Diyos upang tubusin ang lahat sangkatauhan (cf. Genesis 3:15, 12:3, Exodo 19:5-6; Isaias 2:2-4; 56:7; 66:18-24). Ang hiwaga ng ebanghelyo ay ang plano ng Diyos na palagiang pinagkakaisa ng Hudyo at Hentil sa pamamagitan ni Kristo (cf. Efeso 2:11-3:13).

Ang mensahe sa NT ay isang sa pag-asa sa OT, hindi lubusang bagong bagay. Ang dakilang misyon ni Kristo ay para (1) tupari sa Israel ang kanyang ipinangakong pag-asa at (2) buksan ang pintuan sa mga Hentil (cf. Roma 3:29-30; 9:30; 10:11- 12,16-20; 11:25,32; 16:25; Efeso 2:11-3:21). Sa pagkabigo ng Israel sa kanyang pang-ebangelistikong misyon na maihayag ang Diyos at maakit ang mga Hentil sa pananampalataya, pinalakas ni Hesus ang isang bagong espiritwal Israel (cf. 9:6; Galacia 6:16) upang ganapin ang pangkalahatang layuning ito (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Juan 3:16; Gawa 1:8).

▣ **"mapagtibay"** Tingnan ang Natatangging Paksa sa 4:16.

**15:9-12** Ito ay isang kalipunan ng mga sipi sa OT upang ipakita na ang mga Hentil ay palagiang bahagi ng plano ng Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang mga Pang-ebanghelyong Pagkiling ni Bob sa1:5, cf. 10:16-20). Ito ay isang kalipunan ng mga sipi sa OT mula sa

1. v. 9 – Awit 18:49 o II Samuel 22:50
2. v. 10 – Deuteronomio 32:43
3. v. 11 – Awit 117:1
4. v. 12 – Isaias 11:1,10

Pansinin dito na ang sipi mula sa bawat bahagi Hebreong kanon: Kautusan, mga Propeta, at mga Sulat.

**15:9 "ay makaluwalhati sa Diyos dahil sa kaniyang kahabagan"** Ang kahabagan ng Diyos ay ang teolohikong susi sa pagtatalaga sa Roma (predistinasyon) (cf. 9:15,16,18,23) at pagsaama ng mga Hentil (cf. 11:30,31,32; 15:9). Ito ay kahabagan ng Diyos maliligtas ang Israel. Ito ay kahabagang ng Diyos nagliligtas ng nananampalatayang mga Hentil. Ang kaparaanan ay hindi sa pagsusumikap ng tao (cf. Roma 9), ngunit ang mapagbiyaya, di-nagbabagong katangian ng Diyos (cf. Exodo 34:6; Nehemias 9:17; Awit 103:8,4; Joel 2:13) at ang pangako ng Mesias (cf. Isaias 11:1,10).

Ito ay nakakawili na ang mga Hentil "makakapagluwalhati" sa Diyos sa pamamagitan ng

1. paghingi ng kapatawaran/pagpuri
2. pag-awit

Kapag ang isang mananampalataya ay umaawit sa Diyos, siya ay humihingi ng kapatawaran/ nagpapahayag ng pananampalataya! Ang mga Imno, tulad ng mga Credo, ay tamang paraan ng paghingi na kapatawaran (cf. 10:9-13).

**15:13 "nga kayo ng Diyos ng pagasa"** Ito ay pangwakas doxolohiya sa pampanitikang yunit na nagsimula sa 14:1. Ito ay isa pang napakagandang titulo para sa pagka-Diyos—ang Diyos ng pag-asa.

**15:13 "Puspusin nga kayo. . .ng buong kagalakan at kapayapaan"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA OPTATIBO, na nagsasabing ang panalangin ni Pablo ay para sa mga mananampalataya sa Roma. Pansinin ang pagkakaroon ng "lahat"(cf. 5:1-2; 14:17).

▣

**NASB, NKJV, NRSV** **"sa pananampalataya"**

**TEV** **"sa pamamagitan ng inyong pananampalataya sa Kanya"**

**NJB "sa inyong pananampalataya"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAWATAS. Ito ay nagpapahayag ng pagtitiwala sa pagtitiyaga sa pamamagitan ng nagpapatuloy na pananampalataya kay Kristo, sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, na nagpapahinga sa personal na kaligayahan at kapayapaan. Ang pananampalataya kay Kristo hindi lamang isang panimulang pagtugon ngunit pamumuhay na pagtugon.

▣ **"upang kayo'y managana sa pagasa"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAWATAS ng *perisseuō*, na pangunahin ay nangangahulugang "lagpas at mataas." Para sa "pag-asa" tingnan ang tala sa 15:4.

**NATATANGING PAKSA: MANAGANA (*perissevō*)**

Madalas gamitin ni Pablo ang salitang ito.

1. Ang katotohanan ng Diyos ay nananagana sa Kanyang kaluwalhatian, Roma 3:7
2. Ang walang bayad na kaloob sa biyaya sa isang tao, si Hesus Kristo ay nananagana, Roma 5:15
3. Ang mga mananampalataya ay nananagana sa pag-asa, Roma 15:13
4. Ang mga mananampalataya ay hindi pinupuri ng Diyos sa pamamagitan ng pagkain o hindi pagkain ng partikular na pagkain, I Corinto 8:8
5. Ang mga mananampalataya ay nananagana sa pagpapatatag ng iglesiya, I Corinto 14:12
6. Ang mga mananampalataya ay nananagana sa gawain ng Panginoon, I Corinto 15:58
7. Ang mga mananampalataya ay kabahagi ng masagana sa paghihirap ni Kristo at masagana sa kaginhawaan kay Kristo, II Corinto 1:5
8. Ang gawain ng katuwiran ay nananagana sa kaluwalhatian, II Corinto 3:9
9. Ang pasasalamat ng mga mananampalataya ay upang managana sa kaluwalhatian ng Diyos, II Corinto 4:15
10. Ang pananagana ng mga mananampalataya sa kaligayahan, II Corinto 8:2
11. Ang mga mananampalataya ay nananagana sa bawat bagay (pananampalataya, pahayag, kaalaman, kasigasigan, at pag-ibig), gayundin ang kaloob para sa iglesiya sa Herusalem, II Corinto 8:7
12. Ang lahat ng biyaya ay nananagana sa mga mananampalataya, II Corinto 9:8
13. Ang masaganang pasasalamat ng mga mananampalataya sa Diyos, II Corinto 9:12
14. Ang mga yaman ng biyaya ng Diyos ay labis-labis sa mga mananampalataya, Efeso 1:8
15. Ang pag-ibig ng mga mananampalataya ay lalo pang mananagana, Filipos 1:9
16. Ang pagtitiwala ng mga mananampalataya kay Pablo ay nananagana kay Kristo, Filipos 1:26
17. Magtamo ng pananagana, Filipos 4:12,18
18. Ang nag-uumapaw na pasasalamat ng mga mananampalataya, Colosas 2:7
19. Ang lumalago at nananaganang pag-ibig ng mga mananampalataya sa bawat-isa, I Tesalonica 3:12
20. Nananagana sa maka-Diyos na pamumuhay, I Tesalonica 4:1
21. Managana sa pag-ibig para sa kapwa mga mananampalataya, I Tesalonica 4:10

Ang pagkaunawa ni Pablo sa biyaya ng Diyos kay Kristo ay "lagpas at mataas," gayundin, ay ang pangangailangan para sa mga mananampalataya na lumakad sa "lagpas at mataas" na biyayang ito at pag-ibig sa kanilang pang-araw-araw na buhay!

▣ **"sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu"** Ang Banal na Espiritu ay ang Persona ng Trinidad na umiiral sa Bagong Panahon. Walang may lilipas na halaga o epekto ang magaganap ng wala Siya (cf. 15:19; I Corinto 2:4; I Tesalonica 1:5). Tingnan ang Natatangging mga Paksa at 8:9 at 8:11.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang pinakamahalagang katotohanan saRoma 14:1-15:13?
2. Bakit sinipi ni Pablo ang mga talata sa OT sa mga talata 9-12? Anong dakila katotohanan ang kanilang tinuturo?

## MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA TALATANG 14-33

A. Sa maraming paraan ang pagsasara ng sulat ay katulad sa kanyang pagbubukas, 1:8-15
   1. Itinatanghal nito ang kanilang pananampalataya (cf. 1:8)
   2. Ipinagtatanggol ni ang pagka-Apostol ni Pablo ng ebanghelyo sa mga Hentil (cf. 1:13,14)
   3. Nagbibigay-diin ito sa pagnanais ni Pablo na makadalaw sa kanila (cf. 1:10,13)
   4. Ipinapahayag nito ang pagnanais ni Pablo na sila ay tutulong sa kaniya sa kanyang pagdaan sa ibang mga rehiyon na hindi pa na-ebanghelyo (Spain, cf. 1:13)

B. Muli, mayroon isang pahiwatig ng pag-igting (tensyon) sa Iglesiya sa Roma sa pagitan ng nananampalatayang mga Hudyo at nananampalatayang mga Hentil na binanggit o pinahiwatig o to o pinaalam at kabuuan ng sulat, ngunit lalo na sa mga kabanata 9-11, 14:1-15:13.

C. Mayroon ding pahiwatig ng pag-igting (tensyon) sa mga unang iglesiya patungkol sa katatayuan ng pagka-Apostol ni Pablo. Tila ipinagtatanggol niya ang kanyang sarili sa vv. 15-19; 1:2,5.

D. Ang pampanitikang yunit ay nagtataglay ng dalawang paksa.
   1. Ang pang-apostol, pang-ebanghelyo, nakatuon sa Hentil na gawain ni Pablo (cf. vv. 14-21)
   2. Ang mga plano ng paglalakbay, upang maisakatuparan ang layunin ay maaaring dalhin sa Roma (cf. vv. 22-33)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 15:14-21**
**[14]At ako naman sa aking sarili ay naniniwalang lubos tungkol sa inyo mga kapatid ko, na kayo naman ay mangapuspos ng kabutihan, pinuspos ng lahat ng kaalaman, na ano pa't makapagpapaalaala naman kayo sa isa't isa. [15]Nguni't sinulatan ko kayo na may dakilang kalayaan na bilang pagpapaalaala sa inyo, dahil sa biyaya na sa akin ay ibinigay ng Diyos, [16]Upang ako'y maging ministro ni Kriskay Hesus sa mga Hentil, na nangangasiwa bilang saserdote sa Ebanghelyo ng Diyos, upang ang mga Hentil ay maging kalugodlugod *kong* handog, palibhasa'y pinapaging banal ng Banal na Espiritu. [17]Mayroon nga akong ipinagmamapuri kay Kriskay Hesus sa mga bagay na nauukol sa Diyos. [18]Sapagka't hindi ako nangangahas magsalita ng anomang mga bagay, maliban na sa mga ginawa ni Kristo sa pamamagitan ko, na nagbunga sa pagtalima ng mga Hentil, sa salita**

**at sa gawa, [19]Sa bisa ng mga tanda at ng mga kababalaghan, sa kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos; ano pa't buhat sa Herusalem, at sa palibotlibot hanggang sa Ilirico, ay aking ipinangaral na lubos ang Ebanghelyo ni Kristo; [20]Aking nilayon na maipangaral ang Ebanghelyo, hindi doon sa napagbalitaan *na* kay Kristo, upang huwag akong magtayo sa ibabaw ng pinagsaligan ng iba; [21]Kundi, gaya ng nasusulat, MAKAKAKITA SILANG MGA HINDI DINATNAN NG MGA BALITA TUNGKOL SA KANIYA, AT SILANG HINDI NANGAKAPAKINIG, AY MANGAKAKATALASTAS.**

**15:14**

**NASB** **"At ako naman sa aking sarili ay naniniwalang lubos tungkol sa inyo mga kapatid ko"**
**NKJV** **"Ngayon, ako nagtitiwala sa aking sarili patungkol sa inyo, aking mga kapatid"**
**NRSV** **"Ako sa aking sarili ay nakakaramdam ng pagtitiwala sa inyo, aking mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae"**
**TEV** **"Aking mga kaibigan: Ako sa aking sarili ay nakakaramdam ang pagtitiwala sa inyo"**
**NJB** **"Ito ay hindi dahil sa ako ay may anumang alinlangan sa inyo, aking mga kapatid, sa kabilang banda, ako ay may katiyakan sa inyo"**

Ang "Ako" (*auto egō*) ay lubhang mariin sa Griyego. Si Pablo ay tunay na pinapupurihan ang iglesiyang ito ("naniniwalang lubos," GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG).

Si Pablo ay nagbibigay-diin sa tatlo bagay patungkol sa mga Kristiyano sa Roma sa v. 14.

1. Sila ay puno ng kabutihan (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG)
2. Sila ay puno ng kaalaman (GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI)
3. Sila ay may kakayahang magpaalala sa bawat-isa PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI

Ang talatang ito ay nagpapahiwatig na si Pablo ay hindi magdadala ng isang bagong mensahe sa kanila, ngunit nagpapaliwanag at nagbibigay-linaw sa mabuting balita na kanila nag narinig at tinanggap (cf. v. 15).

▣ **"na kayo naman ay mangapuspos ng kabutihan, pinuspos ng lahat"** Tulad ng "Ako sa aking sarili" ay pagbibigay-diin sa unang parirala, "kayo sa inyong sarili" ay pagdidiin dito. Ang salitang "lubos" (*mestos*) ay nangangahulugang "puno ng" o "sagana." Ginamit ni Pablo ang salitang ito nang dalawang beses lamang, kapwa sa Roma (1:29; 15:14).

Ang salitang "napuno" (*plēroō*) ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ginamit ni Pablo ang salitang ito nang madalas sa Roma (cf. 1:29; 8:4; 13:8; 15:13,14,19). Ginagamit niya rin ang PANGNGALAN *plērōma* nang madalas sa Roma (cf. 11:12,25; 13:10; 15:29), ngunit hindi kailanman ang PANG-URI sa kahit ano sa kanyang mga sinulat.

Ito ay pagnanais ni Pablo na ang buong ebanghelyo ay lubusang mapuna ang mga mananampalataya sa naguumapaw na pag-ibig at paglilingkod. Ang mga mananampalataya may lahat ng kailangan nila kay Kristo. Kailangan nilang lubusang sang-ayunan at tanggapi ang katiyakang ito.

▣ **"mangapuspos ng kabutihan, pinuspos ng lahat ng kaalaman"** Mayroong dalawang paraan upang maunawaan ang mga salitang ito: (1) na sila ay nauugnay sa konteksto ng pinakamalapit na pampanitikang yunit ng 14:1-15:13—ang pag-ibig ng mananampalataya sa bawat isa sa gitna na mga pagkakaiba sa pagitan ng mga Kristiyano sa mga hindi malinaw na bahagi ng Bibliya. Ito ay maaaring mapatunayan sa pamamagitan ng pangkalahatang paggamit ng salitang "mabuti" sa 14:16; 15:2 at dito o (2) na maiuugnay ito sa kabuuan ng ebanghelyo ng pananampalataya at kasanayan, *orthodoxy*, at *orthopraxy*.

▣ **"makapagpapaalaala naman kayo sa isa't isa"** Ang iglesiya pinanukala ng Diyos upang palakasin at magpaalala sa bawat-isa (cf. I Corinto 12:7; Colosas 3:16; I Tesalonica 5:14; II Tesalonica 3:15). Tayo ay nagligtas upang maglingko, maglingkod sa Diyos sa pamamagitan ng paglilingkod sa bawat-isa! Tayo ay dapat mabuhya para sa kalusugan at paglago ng katawan!

**15:15 "sinulatan ko kayo na may dakilang kalayaan"** Sumulat si Pablo ng kanyang sulat sa Roma mula sa Corinto. Siya ay inaatake ng isa sa mga paksyon sa iglesyang iyo dahil sa kanyang pagiging matapang sa kanyang mga sulat, ngunit mahina sa katauhan. Ang PANDIWANG anyo ng salitang ito "matapang" ay matatagpuan sa II Corinto 10:2,12; 11:21. Ang pagiging matapang ni Pablo ay dumating mula sa kanyang kaligtasan, panawagan, at kaalaman ng ebanghelyo.

▣ **"dahil sa biyaya na sa akin ay ibinigay ng Diyos"** Tinutukoy ni Pablo ang biyaya ng Diyos (cf. 1:5; 12:3; Corinto 3:10; 15:10; Galacia 2:9; at Efeso 3:7-8) na tumawag sa kanya, nagligtas sa kanya, nagkaloob sa kanya, at nagsugo sa kanya sa mga Hentil (cf. 11:13; 15:16). Ito ay isang paraan ng pagbibigay-diin sa kanyang pagka-Apostol at awtoridad (cf. 1:1,5).

**15:16 "ministro. . . nangangasiwa. . . handog. . . kalugodlugod"** Ang mga talatang 16 at 17 ay naglalaman ng maraming pangsaserdoteng mga salita at mga parirala. Ang "Ministro (lingkod)" ay ginagamit sa pang-saserdoting paglilingkod sa v. 27. Ito ay na ginamit sa paglilingkod ni Kristo sa Hebreo 8:2. Nakita ni Pablo ang kaniyang sarili bilang isang saserdoteng (cf. Filipos 2:17) nag-aalay sa mga Hentil sa Diyos, na siyang layunin ng Israel (cf. Exodo 19:5-6; Isaias 66:20). Ang iglesiya ay pinagkalooban ng ganitong pang-ebanghelyong gawain (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8). Ang iglesiya ay tinawag sa mga salita sa OT ng pagkasaserdote sa I Pedro 2:5,9 at Pahayag 1:6.

▣ **"ang ebanghelyo ng Diyos** Ito ay hindi lamang ang ebanghelyo ni Hesus (cf. Marcos 1:1; Roma 1:16; 15:19; I Corinto 9:12,18; Corinto 2:12; 4:4; 9:13; 10:14; Galacia 1:7, etc.), ngunit karapat-dapat ding tawaging "ang ebanghelyo ng Diyos" (cf. Marcos 1:14; Roma 15:16; II Corinto 11:7; I Tesalonica 2:2,8,9; I Pedro 4:17). Ito ay ang paghantong sa puso ng Diyos na ipinangako mula sa Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6 at hinulaan ng napakadalas sa Isaias (i.e., Isaias 2:2-4; 51:4,5).

▣ **"pinapaging-banal ng Banal na Espiritu"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI kahulugan, "naging at nagpapatuloy na pinapaging-banal sa pamamagitan ng Banal na Espiritu." Ito ay maaari muling magpahayag ng pag-igting (tensyon) sa pagitan ng Hudyo at Hentil na mgga mananampalataya sa iglesiya sa Roma. Maliwanag na naihayag ni Pablo sa mga bansa (mga Hentil) na naging at nagpapatuloy na maging lubusang pagsang-ayon at nakalaan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (cf. I Corinto 6:11).

**15:17-19** Pansinin ang nagkakaisang pagkilos ng Trinidad na Diyos: sa Diyos (cf. v.17); kay Kristo (cf. v. 17); at sa kapangyarihan ng Espiritu (cf. v. 19). Pansinin din ang tatlo mga Persona ng pagka-Diyos sa v. 30. Kahit na ang salitang "Trinidad" ay hindi biblikal, ang konsepto ay biblikal (cf. Mateo 3:16-17; 28:19; Gawa 2:33-34; Roma 8:9-10; I Corinto 12:4-6; II Corinto 1:21; 13:14; Efeso 1:3-14; 4:4-6; Tito 3:4-6; I Pedro 1:2). Tingnan ang Natatangging Paksa: Ang Trinidad sa 8:11.

**15:18-19** Tinala ni Pablo ang magkakaibang paraan sa kanyang Hentil na gawain na naging mabisa (1) sa pamamagitan ng salita; (2) sa pamamagitan ng gawa; (3) sa mga tanda; (4) sa mga kababalaghan; at (5) lahat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu.

Isang tala patungkol sa isang pagkakaiba sa kasulatan na may kaugnayan sa #5, "ang Espiritu" (i.e., MS B): ang ilang Griyegong mga teksto ay nagdagdag ng "ang <u>Banal na Espiritu</u>" (i.e., MSS A, D*), ang ilan ay may "ang Espiritu <u>ng Diyos</u>" (i.e., MSS $P^{46}$, א, $D^1$). Tulad ng marami sa mga pagkakaiba, ang pagdagdag na ito , o di-kinasilhang paglilinaw, ay hindi makakaapekto sa katotohanan ng talata. Ito ay kadalasang nagtatangkang ilagay sa pamantayan ang pagbigkas saNT sa pamamagitan ng nahulig mga tagasulit na kumopya ng teksto. Ang $UBS^4$ ay nagbibigay sa "Espiritu ng Diyos" na isang "C" na antas (mahirap na pagpasyahan).

**15:18 "na nagbunga sa pagtalima ng mga Hentil"** Ang layunin ng Diyos ay palagian na ang kanyang bayan ay iaaniag ang Kanyang katangian. Ang ebanghelyo ni Hesus ay nagpapanumbalik ng larawan ng Diyos na nawala sa Pagkahulog sa Genesis 3. Ang malapit napagkikipag-ugnayan sa Diyos ay napapakita sa pamamagitan ng maka-Diyos na katangian. Ang layunin ng Kristiyanismo ay pagkikipag-ugnayan sa Diyos at pagiging katulad ni Kristo, ngayon!

▣ **"sa salita at sa gawa"** Ito ay tumutukoy sa gawain ni Pablo, hindi ang pagsunod ng mga Kristiyano sa Roma. Ito ay maliwanag na naiuugnay sa kapangyarihan ng Espiritu sa v. 19.

**15:19 "Sa bisa ng mga tanda at ng mga kababalaghan"** Ito ang dalawang mga salita na lumalabas na magkasama nang maraming beses sa Gawa (cf. 14:8- 10; 16:16-18, 25-26; 20:9-12; 28:8-9), na naglalarawan ng kapangyarihan ng Diyos na gumagawa sa pamamagitan ng ebanghelyo (cf. II Corinto 12:12). Sila ay lumalabas na magkasingkahulugan. Tiyakan sa kung ano ang pinapatungkulan nito—mga himala o kaligtasan—ay di-tiyak. Dito muli, ito ay maaaring maging isang pahiwatig sa pag-igting (tensyon) sa pagka-Apostol ni Pablo. Gaya ng pagpapatunay ng Diyos sa mga gawa ng Labindalawa sa Herusalem, pinatunayan Niya rin ang gawa ni Pablo sa mga Hentil sa pamamagitan ng mga kapuna-punang tanda.

▣ **"aking ipinangaral na lubos ang Ebanghelyo ni Kristo"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA PAWATAS ng *plēroō* (cf. v. 14). Ipinapahiwatig nito na naniniwala sa Pablo na natapos na ang kanyang pangangaral na gawain sa silangang Mediteraneano (cf. v. 23).

▣ **"sa palibotlibot hanggang sa Ilirico"** Ang Romanong lalawigan na ito, ay kilala rin bilang Dalmatia, ay matatagpuan sa silangang dako ng Dagat Adriatico na hilagang kanluran ng peninsula ng Grecia (Macedonia). Ang mga Gawa ay hindi kailanman tinala si Pablo bilang mangangaral doon ngunit siya ay inilagay sa bahaging iyon (cf. 20:1-2). "Sa malayong hangganan" ay maaaring mangahulugang "sa hangganan ng" o "sa dako ng."

**15:20 "Aking nilayon na maipangaral ang Ebanghelyo, hindi doon sa napagbalitaan *na* kay Kristo"** Ito ay akma sa pang-misyong gawain ni Pablo (cf. I Corinto 3:10; II Corinto 10:15-16). Nais niyang marating ang mga pagano na hindi pa nagkaroon ng pagkakataon na makarinig at tumanggap ng ebanghelyo. Kadalasan niyang pinipili ang malaki, estratehikong mga lungsod ng Emperyo ng Roma upang siya ang natatag na iglesiya ay maaaring mag-ebanghelyo at magturo ng disipulo sa kanilang mga nakapaligid na dako.

**15:21** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint (LXX) ng Isaias 52:15 na nagsasabing ang mga Hentil ay narinig ang patungkol sa Diyos. Pinili ni Pablo ang propesiyang ito bilang kanyang pang-misyong pamamaraan.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 15:22-29**

**22Kaya't madalas namang napigil ako ng pagpariyan sa inyo: 23Datapuwa't ngayon, na wala nang dako sa mga lupaing ito, at malaon nang panahong ako'y may nasang pumariyan sa inyo, 24Pagparoon ko sa Espana ay paririyan ako (sapagka't inaasahan kong makikita ko kayo sa aking paglalakbay, at ako'y sasamahan ninyo patungo doon, pagkatapos na magkamit ng kaunting kasiyahan sa pakikisama sa inyo). 25Nguni't ngayon, sinasabi ko, ako'y pasasa-Herusalem, upang mamahagi sa mga banal. 26Sapagka't minagaling ng Macedonia at ng Acaya na gumawa ng isang ambagang laan sa mga dukha sa mga banal na nasa Herusalem. 27Oo, ito'y kalugodlugod sa kanilang *gumagawa nang lubusan*; at sila'y may utang na loob sa kanila. Sapagka't kung ang mga Hentil ay naging mga kabahagi sa**

**kanilang mga bagay na ayon sa Espiritu, nararapat naman nilang paglingkuran ang mga yaon sa mga bagay na ayon sa laman. [28]Kung maganap ko nga ito, at aking matatakan na sa kanila ang bungang ito, ay magdaraan ako sa inyong patungo sa Espana. [29]At nalalaman ko na, pagpariyan ko sa inyo, ay darating akong puspos ng pagpapala ni Kristo.**

**15:22 "Kaya't. . .namang"** Ang dahilang ito ay naipaliwanag sa v. 20.

▣ **"madalas. . .napigil ako ng pagpariyan sa inyo"** Ito ay isang DI-GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Siya ay hinadlangang muli at muli (cf. 1:13). Ang kinatawan (ahente) ay hindi naihayag. Ito ay maaaring ang Diyos, si Satanas, masamang tao, o ibang pang-ebanghelyong pagkakataon.

Tandaang si Pablo ay sumulat sa Roma habang siya ay nasa Corinto. Sa Corinto, ang mga kaaway ni Pablo ay inaatake siya dahil hindi niya naisakatuparan ang kanyang mga plano sa paglalakbay. Sir Pablo ay tunay na naapektuhan ng mga atake mula sa loob ng iglesiya sa Corinto. Maaaring nabanggit niya ang ang kanyang plano sa paglalakday ay nahadlangan at nahadlangan.

**15:23 "Datapuwa't ngayon, na wala nang dako sa mga lupaing ito"** Ang talatang ito ay kailangang kunin sa limitadong geograpikong kaunawaan ng Asya Minor o ang Silangang Dako ng Mediteraneano. Si Pablo ay hindi nangaral sa bawat-isa, saan mang dako, ngunit sa ilan lamang.

▣ **"at malaon nang panahong ako'y may nasang pumariyan sa inyo"** Madalas na ipinapahayag ni Pablo ang kanyang pagnanais na madalaw ang Roma (cf. 1:10-15; Gawa 19:21; 23:11).

Mayroong isang pagbabago sa Griyegong kasulatan sa pagkakataong ito na hindi naitala sa mga mahalang tala sa baba ng UBS[4]. Ang sinaunang Griyego mga kasulatan MSS P[46], א, A, D, F, G & L ay may "maraming" (*polus*) na ginamit sa v. 22, ngunit MSS B, C & P ay may "maraming" (*ikanos*). Maaaring sa mga nahuling mga tagapagsulat ay naligalig sa matigas na pangungusap ni Pablo.

**15:24 "Pagparoon ko sa Espana"** Ninanais ni Pablo na magtungo sa kanlurang rehiyon ng Emperyong Romano (cf. II Corinto 10:16). Siya ay nakalaya mula sa mula sa pagkakabilanggo sa Roma pagkatapos ng pagsasara ng mga Gawa at tumungo sa ikaapat na pang-misyong paglalakbay. Ang mga liham pastoral (I Timoteo, II Timoteo, at Tito) ay isinulat sa ikaapat ng paglalakbay na ito. Mayroong maaaring isang sanggunian sa II Timoteo 4:10 kung saan ang ilang Griyegong ansyanong mga kasulatan, א, C at ang Latin Vulgata at Coptic mga salin, ay may "Gaul." Si Clemente ng Roma (tingnan ang Ad. Corinto 5:7), na sumulat bago magtapos ang unang siglo, sa kanyang "Liham sa taga-Corinto," 5:7, ay nagbibigay-diin na si Pablo ay naglakbay sa "mga nasasakupan ng Kanluran."

▣ **"at ako'y sasamahan ninyo patungo doon,"** Ang pariralang ito ay naging isang teknikal na kataga sa iglesiya para sa pagtulong sa mga naglalakbay na mga misyonero sa kanilang susunod pupuntahang pangangaral (cf. Gawa 15:3; I Corinto 16:6, 11; II Corinto 1:16; Tito 3:13; III Juan 6). A Roma ay hindi nakaambag para sa pagsaklolo para sa iglesiya sa Herusalem, ngunit sila ay maaaring makatulog sa pananalapi para sa pang-misyong paglalakbay ni Pablo sa kanluran.

**15:25 "upang mamahagi sa mga banal"** Ang salitang ito ay kadalasang ginamit na may kaugnayan sa paglilikom ng salapi (cf. v. 31; I Corinto 16:15; II Corinto 8:4; 9:1). Tingnan ang Natatangging Paksa: Mga Banal sa 1:7.

**15:26 "isang ambagang laan sa mga dukha sa mga banal na nasa Herusalem"** Si Pablo ay tumatanggap ng ambagang ito (tingnan ang Natatanging Paksa: *Koinōnia* at 12:13) sa maraming mga taon mula sa (1) Galatia at Asya Minor (cf. I Corinto 16:1-4), at (2) Macedonia at Achaia (cf. II Corinto 8-9). Nakuha niya ang palagay na ito mula sa iglesiya sa Antioko (cf. Gawa 11:30; 12:25). Ito ay

nangangahulugang tumulong pag-isahin ang dalawang dako ng naunang iglesiya—Hudyo at Hentil. Ang mga iglesiyang Hentil ay inilalarawan bilang "natuwa" na gawin ito (cf. vv. 26 at 27). Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: PAGKAGUTOM**

I. Panimula
   A. Ang pagkagutom ay isa sa pangkasalukuyang paalala ng nalugmok na kalalagayan ng sangkatauhan at paglalang.
   B. Ang pagkagutom ay isang aspeto ng suliraning masama at paghihirap. Ito ay tuwirang maipagpapalagay sa sangkatauhan, hindi sa Diyos. Bagaman ginagamit ng Diyos ang mga agrikultural na pagpapala o mga sumpa bilang isang gatimpala at pagpaparuas sa Kanyang Kasunduang Bayan (Deuteronomio 27-28), ito ay hindi totoo para sa mga di-mananampalataya sa pangkalahatan (Mateo 5:45). Ang pagkagutom ay isa pang halimbawa ng pagiging sakim, makasarili, maka-mundong sangkatauhan. Ang suliranin ng pagkagutom ay hindi talaga sa pagkain, ngunit sa pag-uudyok at mga inuuna ng tao.
   C. Ang pagkagutom ay isang pagkakataon para sa natubos na sangkatauhan na paliwanagin ang pag-ibig ng Diyos. Ang reaksyon ng mga mananampalataya sa pisikal na pangangailangan sa Iglesiya at sa mundo ay nagpapakita kung sino talaga tayo.

II. Biblikal na Sangkap
   A. Lumang Tipan
      1. Si Moises
         a. Isa sa tatlong maaaring mga ikapu sa sinaunang Israel ay para sa mahihirap (Deuteronomio 14:28-29)
         b. Ang Kautusan ay nagkakaloob ng natatanging mga panustos para sa mahirap upang kumain (Exodo 23:11; Levitico 19:10; 23:22; Deuteronomio 24:19-22)
         c. Ang Kautusan ay nagtakda para sa natatanging, hindi mahal na mga alay para sa mahihirap (Levitico 14:21)
         d. Ang Israel ay may pagkahabag at bukas-kamas na pag-uugali sa mga mahihirap at nangangailangan (Deuteronomio 15:7-11, cf. Job 29:16; 30:25; 31:16-23)
      2. Pangkarunungang Panitikan
         a. May mga natatanging mga pagpapala ang nakalaan para sa mga tumutulong sa mahihirap (Awit 41:4)
         b. Ang tulungan ang mahirap ay pagtulong sa Diyos (Kawikaan 14:31; 17:5; 19:17)
      3. Ang mga Propeta
         a. Hinihingi ng Diyos ang pagsamba sa Kanya sa anyo ng panlipunang katarungan at pagkahabag sa nangangailangan (Isaias 58:6-7; Mikas 6:8)
         b. Ang isang tanda ng mensahe ng Diyos ay ito ay ipapahayag sa mga mahihirap at nangangailangan (Isaias 61:1-2)
         c. Ang mga properta ng Diyos ay dumadaing sa panlipunang pagsasamantala (Amos 2:6-8; 5:10-13; Mikas)
   B. Bagong Tipan
      1. Ang mga Ebanghelyo
         a. Ang pagtulong para sa mahihirap poor ay pinapaalala (Marcos 10:21; Lucas 3:11)
         b. Ang paghatol ay sang-ayon sa ating panlipunang pag-ibig sa ibang tao sa pangalan ni Hesus. Sa katotohanan, ang pagtulong sa iba ay pagtulong kay Hesus (Mateo 25:31-46)
         c. Marcos 14:7 ay lubhang di-naunawaan kapag ito ay pagbibigay-diin ng paliwanag sa pagkukulang ng malasakit ni Hesus para sa mahihirap. Ang talatang ito ay nangangahulugang pagbibigay-diin sa Kanyang pagiging-walang katulad, hindi upang

ibaba ang mahihirap.

   d. Isaias 61:1-2 ay ipinapaliwanag na ang mga tatanggap ng mensahe ng Diyos ang mga itinakuwil sa lipunan (Lucas 4:18; 7:22; 14:21).

2. Si Pablo
   a. Natutunan ni Pablo mula sa Antioch ng Syria ang konsepto ng isang natatanging pag-ibig na pag-aalay para sa mahihirap sa iglesiya sa Herusalem (Roma 15:26; I Corinto 16:1; II Corinto 8:4,6,19; Galacia 2).
   b. Si Pablo ay nagbibigay-diin sa biyaya, pananampalataya, at mga gawa (Efeso 2:8-10).
3. Si Santiago (Pangkarunungang Panitikan sa NT)
   a. Ang pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng Kristo na walang panlipunang pagmamalasakit ay may karamdaman (Santiago 2:14-17).
   b. Sinabi niya pa ang ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay!
4. Si Juan
   a. Ang aklat ng I Juan ay nagpapahayag na ang Kristiyanong katiyakan ay sang-ayon sa isang nabagong buhay ng pananampalataya at paglilingkod (I Juan 3:17-18).

III. Pangwakas

A. Ang paghihirap at pangangailangan ng tao ay may kaugnayan sa kasalanan ng sangkatauhan. Mayroong maraming mga aspeto sa pagkagutom:
   1. Hangal na pag-uugali (Kawikaan 19:15)
   2. Kaparusaan ng Diyos (Deuteronomio 27-28)
   3. may kaugnayan sa espiritwal na paglilingkod (II Corinto 11:27)
   4. mga pangkulturang pangyayari (katakawan, paglilihi, etc).
   5. mga materyal na pangyayari (pagkagutom, pagbaha, pag-ulan ng yelo, etc).

B. Ang Diyos ay tunay na kumakalinga para sa mga tao. Iniibig niya ang mga nangangailangan sa isang natatanging paraan!

C. Ang pagkilos ng Iglesiya ay ang katugunan ng Diyos pangangailagan ng tao(pisikal at espiritwal)
   1. tuwiran, pansariling pagkilos
   2. pangkalahatang/pang-iglesyang pagkilos
   3. pulitikal na kapisanan para sa pagbabago

D. Kailangan natin ng mapanuring paghuhusga sa ating kultura at pansariling pagpapauna sa liwanag ng Banal na Kasulatan (II Corinto 8-9).

E. Kailangan natin ang ating mga mata, puso, at kamay na bukas sa pangangailangan ng tao sa tahanan at ibang bansa; sa iglesiya at sa mundo.

F. Ang pagtulong ay kailangang may kaugnayan sa kung sino tayo kay Kristo sa liwanag ng Dakilang Komisyon (Mateo 28:18-20). Ang pagtulong ay kailangang kapwa pisikal at espiritwal.

**15:27 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang pampanitikang layunin. Kung ang mga Hentil ay kabahagi ng espiritwal na mga pagpapala ng mga Hudyo (cf. Roma 10-11), sila ay dapat na tumulong sa pisikal na pangangailangan ng pinagsimulang iglesiya sa Herusalem.

**15:28**

**NASB** **"kung maganap ko nga ito, at aking matatakan na sa kanila ang bungang ito"**
**NKJV** **"kung maisakatuparan ko na ito at maitatak sa kanila ang bungang ito"**
**NRSV** **"kapag natapos ko na ito, at napadala ko na sa kanila dapat na tinipon"**
**TEV** **"kapag natapos ko na ang gawaing ito at naibalik sa kanila ang lahat ng salapi na inambag para sa kanila"**
**NJB** **"kapag nagawa ko na ito at naiibigay nang opisyal kung ano naiambag"**

Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PANDIWARI at isang AORIST NA PANGGITNANG PANDIWARI. Ang

pampanitikang pagkabanggit sa pangkaraniwang paraan ng patatatak ng isang pakete na nagtitiyak ng kaligtasan ng kanyang nilalaman. Ito ay maaaring isang paraan kay Pablo na ipahayag na ang lahat ng salapi na ipinagkaloob ay ipapadala at matatanggap. Upang matiyak ito, sinama niya ang maraming kinatawan mula sa mga nagpadalang iglesiya (cf. Gawa 20:4).

Para sa "tatak" tingnan ang Natatangging Paksa sa 4:11.

**15:29** Pansinin ang salitang *plēroō* / *plērōma* na muling ginamit. Tingnan ang tala sa v. 14.

▣ **"puspos ng pagpapala ni Kristo"** Ang pariralang ito ay tumutukoy sa pagpapalang ibinubunga ng pangangaral/ pagtuturo ng ebanghelyo. Ito ay hindi tumutukoy sa isang panalangin sa kontekstong ito.

Ang ilang sinaunang Griyego mga teksto ay sinubukang linawin ang pagkaunawang ito sa pamamagitan ng pagdadagdag ng pariralang, "ang pagpapala ng ebanghelyo ni Kristo" (MS $A^2$, NKJV). Ang mas maikling teksto ay matatagpuan sa MSS א*, A, B, C, D, F, G, P. Ang $UBS^4$ ay nagbibigay sa mas maikling pagbasa na isang "A" na antas (tiyak).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 15:30-33**

**30Ngayo'y ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, alangalang sa Panginoon nating Hesukristo, at sa pagibig ng Espiritu, na kayo'y makipagsikap na kasama ko sa inyong mga pananalangin sa Diyos patungkol sa akin; 31Upang ako'y maligtas sa mga hindi nagsisisampalataya na nangasa Judea, at *nang* ang aking pamamahagi sa Herusalem ay maging kalugodlugod sa mga banal; 32Upang sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos, ako'y makarating sa inyo na may kagalakan, at ako'y makipamahinga sa inyo *na may kasariwaan*. 33Ngayon ang Diyos ng kapayapaan ay sumainyo nawang lahat. Amen.**

**15:30 "ipinamamanhik ko sa inyo. . . na kayo'y makipagsikap na kasama ko"** Sila ay malakas na Griyegong mga salita. Ang una ay ginamit din sa 12:1. Ang pangalawang ay ginamit sa pakikihamok ni Hesus sa Gethsemane. Naunawaan ni Pablo ang isang malalim na pangangailangan para sa panalangin para sa kanyang sarili at kanyang gawaing pang-ebanghelyo (cf. II Corinto 1:11; Efeso 6:18-20; Colosas 4:3; I Tesalonica 5:25; II Tesalonica 3:1). Ang kanyang karanasan sa Herusalem ay napatunayang mahirap (cf. v. 31). Dumating siya sa Roma, ngunit hindi sa paraan na kanyang inakala Tingnan ang Natatangging Paksa: Pamamagitang Panalangin sa 9:3.

**15:30-33** Ang panalangin ni Pablo ay nagpapahayag ng tatlong naisin.

1. Na siya ay maaaring mapalaya mula sa kanyang mga kaaway sa Juda (cf. Gawa 20:22-23)
2. Na ang kaloob mula sa mga iglesiyang Hentil ay tanggapin nang mahusay ng iglesiya sa Herusalem (cf. Gawa 15:1ff; 21:17ff)
3. na siya ay maaaring dumalaw sa Roma sa kanyang pagpunta sa Espanya

**15:30 "na kayo'y makipagsikap na kasama ko"** Ang salitang ito ay ginamit lamang dito sa NT. Ito ay isang tambalan ng *sun* (kasama ng) at a*gōnizomai* (makipaglaban, makipag-away, magsumikap nang may kasigasigan, cf. I Corinto 9:25; Colosas 1:29; 4:12; I Timoteo 4:10; 6:12). Ang malakas na PAWATAS ay tumatawag sa iglesiya sa Roma na to agresibong makidalamhati kay Pablo sa panalangin patungkol sa pagtanggap ng mga Hentil na kaloob ng nagsimulang iglesiya sa Herusalem.

**15:31 "sa mga hindi nagsisisampalataya"** Ito ay tumutukoy sa pang-Hudyong paglaban o maaaring ang mga Judaizer, ngunit hindi ang iglesiya sa pangkalahatan (cf. 11:30,31).

**15:32** Ang panalangin ni Pablo ay nagtapos sa dalawa pang mga kahilingan: (1) na sila ay dumating sa kanila ng may kaligayahan at (2) siya ay maaaring magkaroon ng panahon na makapahinga kasama nila (AORIST NA PANGGITNANG [deponent] MAY PASAKALI ng *sunanapauomai*, dito lamang sa NT, ngunit

ginamit sa Isaias 11:6. Sinipi ni Pablo ang Isaias 11:1,10 sa v. 12). Kailangan ni Pablo ang isang panahon ng matahimik na pamamahinga at pagpapagaling kasama ng mga malalagong mga mananampalataya (cf. II Corinto 4:7-12; 6:3-10; 11:23-33)! Hindi niya ito nakuha, gayunpaman. Ibinilanggo sa paglilitis at mga taon na nasa paiitan ang naghihintay sa kanya sa Palestina.

Ang talatang ito may maraming pagbabago sa kasulatan.

**15:33 "ang Diyos ng kapayapaan"** Ito ay isang napakagandang titulo para sa Diyos (cf. 16:20; II Corinto 13:11; Filipos 4:9; I Tesalonica 5:23; II Tesalonica 3:16; Hebreo 13:20).

▣ **"Amen"** Tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:25.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Papaanong ang OT ay isang pakinabang sa mga mananampalataya sa NT (vv. 4-5; I Corinto 10:6,11)?
2. Bakit sinipi ni Pablo ang OT sa vv. 9-12? Anong dakilang katotohanan ang tinuturo nito?
3. Saan sa bahaging ito ng Roma maaaring makita ang pag-igting (tensyon) sa pagitan ng Hudyo at Hentil?
4. Saan sa bahaging ito ng Roma makikita ang pag-igting (tensyon) patungkol sa pagka-Apostol ni Pablo?
5. Ang ang dahilan ni Pablo sa mga handog na ibibigay ng mga Hentil na iglesiya na para sa iglesiya sa Herusalem (vv. 15- 28)?
6. Ano ang pang-misyong pamamaraan ni Pablo? Bakit niya gustong pumunta ng Espanya?
7. Paano at bakit inilarawan ni Pablo ang kanyang gawain bilang sa isang saserdote (v.16) na nag-uugnay sa Israel bilang isang Kaharian ng mga saserdote (Exodo 19:5-6) o sa iglesiya (I. Pedro 2: 5,9; Pahayag 1:6)?
8. Sinagot ba ng Diyos ang panalangin ni Pablo sa mga talata 30-33?

# MGA TAGA-ROMA 16

| MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **UBS[4]** | **NKJV** | **NRSV** | **TEV** | **NJB** |
| Mga Personal na Pagbati | Ipinagtiwala si Kapatid na Febe | Mga Pagbati | Mga Personal na Pagbati | Mga Pagbati at mga Mabuting Hangarin |
| 16:1-2 | 16:1-2 | 16:1-2 | 16:1-2 | 16:1-2 |
| | Pagbati sa mga Banal sa Roma | | | |
| 16:3-16 | 16:3-16 | 16:3-16 | 16:3-5a | 16:3-5a |
| | | | 16:5b-7 | 16:5b-16 |
| | | | 16:8-11 | |
| | | | 16:12-15 | |
| | | | 16:16 | |
| | Iwasan ang Taong Pinanggagalingan ng di-pagkakasundo | | Mga Huling Tagubilin | Isang Babala at Unang Pahabol |
| 16:17-20 | 16:17-20 | 16:17-20 | 16:17-20a | 16:17-20 |
| | | | 16:20b-21 | |
| | Mga Pagbati mula sa mga Kaibigan ni Pablo | | | Ang mga Huling Pagbati at Pangalawang Pahabol |
| 16:21-23 | 16:21-24 | 16:21 | | 16:21-23 |
| | | 16:22 | 16:22 | |
| | | 16:23 | 16:23 | |
| Doxolohiya | Pagbabasbas | | Pangwakas na Panalangin ng Pagpuri | Doxolohiya |
| 16:25-27 | 16:25-27 | 16:25-27 | 16:25-26 | 16:25-27 |
| | | | 16:27 | |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata

3. Pangatlong Talata

4. At iba pa

**MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO) SA TALATA 1-27**

A. Pansinin na ang lahat ng mga kababaihan sa pagwakas na bahaging ito ay mga kamanggagawa ni Pablo sa ebanghelyo (cf. Filipos 4:3): si Febe sa v. 1; si Prisca sa v. 3; si Maria sa v. 6; Junia (o Junias—kung siya nga, siya ay isang lalaki) sa v. 7; sina Trifena at Trifosa sa v. 12; si Persida sa v. 12; "kanyang ina" sa v. 13; si Julia sa v. 15; at "kanyang kapatid na babae" sa v. 15. Mag-ingat sa katuruan sa larangan ng mga kababaihan sa gawain. Ang lahat ng mga mananampalataya ay may kaloob (cf. I Corinto 12:7,11), mga naglilingkod sa lahat ng panahon (cf. Efeso 4:12).

Sa talang ito, mayroon tayong isang babaeng diakono, si Febe, at a maaaring babaeng-apostol, si Junia (cf. Joel 2:28; Gawa 2:16-21). Napakahirap malaman kung paano hahawakan ang isyung ito sa bibliya dahil sa tila kabalintunaang mga pahayag ni Pablo tulad ng I Corinto 11:4-5 na inahahalintulad sa 14:34.

B. Pansinin ang maaaring panglahing mga kaligiran ng mga pangalang ito
   1. nananampalatayang mga Hudyo: Aquila, Prisca, Andronico, Junias, Maria [ang ilang MSS ay may Mariam];
   2. Mga pangalan ng Romanong maharlikang pamilya: Prisca, Ampliatus, Apeles, Narciso, Julia, Filologo;
   3. Mga pangalan ng Hudyong maharlikang pamilya: Aristobulo, Herodion.

C. Ang mga talatang 1-16 ay mga personal na pagbati ni Pablo, habang ang mga talata 17-20 ay kanyang mga pangwakas na babala laban sa mga bulaang mangangaral. Sa mga talata 21-23 ang pangkat na pangmiyson ay nagpapadala ng mga pagbati mula sa Corinto.

D. Ang pagtalakay ng kabanata 16 sa *Tyndale New Testament Commentary* ni F. F. Bruce ay napakalaking tulong. Kung ikaw ay nagnanais ng isang detalyadong pag-aaral sa mga pangalan na matatagpuan sa kabanatang ito, basahin ang mga pahina 266- 284.

E. May ilang pag-aalinlangan patungkol sa kung saan nagsasara ang sulat. Ang isang pagsasara ay makikita nang maraming beses sa hulihan ng mga kabanata 14, 15 (MS $P^{46}$) at 16, sa sinaunang Griyegong mga kasulatan. Gayunman, ang tradisyonal na pagsaara ng 16:25-27 ay makikita sa MSS $P^{61}$, א, B, C at D gayundin sa Griyego teksto na ginamit ni Clemente ng Roma (A.D. 95).

Ang talata 24 ay hindi makikita sa mga lumang Griyegong mga kasulatan, $P^{46}$, $P^{61}$, א, A, B, C, o kahit na sa Latin Vulgata o ang Griyego teksto na ginamit ni Origen ng Alexandria. Para sa isang buong pagtalakay ng mga pagkakaiba, tingnan si Bruce M. Metzger, *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, pp. 533-536.

**PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA**

**TALATA SA NASB (BINAGO): 16:1-2**

**1 Ipinagtatagubilin ko sa inyo si Febe na ating kapatid na babae, na lingkod sa iglesiya na nasa**

**Cencrea: [2]Upang tanggapin ninyo siya sa Panginoon, ayon sa nararapat sa mga banal, at tulungan ninyo siya sa anomang bagay na magiging kailangan niya sa inyo: sapagka't siya nama'y naging katulong ng marami, at ng aking sarili naman.**

**16:1 "Ipinagtatagubilin ko sa inyo"** Ang mga talatang 1-2 ay gumaganap bilang isang sulat ng pagtatagubilin para kay diakonong si Febe. Siya ang maaaring nagdala ng sulat ni Pablo sa Roma. Maraming ibang mga halimbawa ng mga ganitong mga sulat panimula o pagtatagubilin sa NT (cf. Gawa 18:27; I Corinto 16:3; II Corinto 3:1; 8:18-24; at Filipos 2:19-30).

▣ **"Febe"** Ang kanyan pangalan ay nangangahulugang "maliwanag" o "makinang."

▣

**NASB, NKJV "na lingkod sa iglesiya"**
**NRSV "isang diakono sa iglesiya"**
**TEV "na naglilinkod sa iglesiya"**
**NJB "isang diakonesa sa iglesiya"**

Ito ay ang salitang *diakonos*. Ito ay isang AKUSATIBONG PANG-ISAHAN PAMBABAENG anyo. Ito ay ang Griyegong salita para sa lingkod/alipin. Ito ay ginamit (1) kay Kristo sa15:8; Marcos 10:45; (2) kay Pablo sa Efeso 3:7; Colosas 1:23,25; at (3) sa mga diakono sa Filipos 1:1; I Timoteo 3:11.

May katibayan sa kapwa sa NT at sa mga sinaunang mga sulat ng iglesiya pagkatapos na masulat ang buong bibliya para sa tanggapan ng mga babaeng diyakono. Isa pang halimbawa ng mga kababaihan sa gawain ng lokal na iglesiya sa NT ang "ang talaan ng mga balong babae" sa mga sulat pastoral (cf. I Timoteo 3:11; 5:3-16). Ang RSV, Amplified, at Phillips na mga salin ay may "babaeng diakono" sa 16:1. Ang NASB at NIV ay mayroon ito sa tala sa ibaba. Ang NEB ay may "siyang humahawak ng tanggapan." Ang lahat ng mga mananampalataya tinawag, pinagkalooban, mga lingkod sa lahat ng panahon (cf. Efeso 4:12). Ang ilan ay tinawag sa mga tungkulin sa pamumuno ng gawain. Ang ating tradisyon ay kailangang magpaubaya sa Banal na Kasulatan! Ang mga sinaunang diyakono at diyakonesa ay mga lingkod, hindi mga pinunong lupon.

Si M. R. Vincent, *World Studies*, tomo 2, pp. 752 at 1196, ay nagsasabi na ang *Apostolical Constitutions*, na mula sa huling bahagi ng pangalawa o unang bahagi ng pangatlong siglo, ay ginagawa ang pagkakaiba sa pagitan ng mga tungkulin at ordinasyon ng mga babaeng tumutulong sa iglesiya.

1. Mga babaeng diyakono (diyakonesa)
2. Mga balo (cf. I Timoteo 3:11; 5:9-10)
3. Mga birhen (cf. Gawa 21:9 at maaaring I Corinto 7:34)

Mga nakapaloob na tungkulin

1. pagkalinga para sa may sakit
2. pagkalinga para sa mga pinagmamalupitang pisikal
3. pagbisita sa mga nasa bilangguan para sa pananampalataya
4. pagtuturo sa mga bagong mananampalataya
5. pagtulong sa pagbabautismo ng mga kababaihan
6. ilang namamahala sa mga babaing miyembro ng iglesiya

**NATATANGING PAKSA: KABABAIHAN SA BIBLIYA**

I. Ang Lumang Tipan
   A. Sa pang-kultura, ang mga babae ay ipinalalagay na pagmamay-ari
      1. isinasama sa listahan ng pagmamay-ari (Exodo 20:17)
      2. pagtrato sa mga babaing alipin (Exodo 21:7-11)
      3. ang mga panata nga mga babae ay maaaring ipawalang-bisa ng isang lalaking may

panlipunang pananagutan (Bilang 30)
    4. mga kababaihang sinasam sa digmaan (Deuteronomio 20:10-14; 21:10-14)
  B. Sa praktikal na paraan,  mayroong pagkakapantay
    1. ang lalaki at babae ay linikha sa larawan ng Diyos (Genesis 1:26-27)
    2. igalang ang ama at ina (Exodo 20:12 [Deuteronomio 5:16])
    3. paggalang sa ina at ama (Levitico 19:3; 20:9)
    4. ang mga lalaki at mga babae ay maaaring maging  mga Nazareo (Bilang 6:1-2)
    5. ang mga anak ng babae ay may karapatang magmana (Bilang 27:1-11)
    6. bahagi ng tao ng kasunduan (Deuteronomio 29:10-12)
    7. sundin ang mga turo ng ama at ina (Kawikaan 1:8; 6:20)
    8. ang mga anak na lalaki at anak na babae ni (pamilyang Levita) ay pinangungunahan ang pag-awit sa Templo (I Chronicles 25:5-6)
    9. ang mga anak na lalaki at mga anak na babae ay magbibigay na propesiya sa bagong panahon (Joel 2:28-29)
  C. Ang mga kababaihan ay nasa mga tungkuling pamumuno
    1. Ang kapatid ni Moises, si Mirriam, ay tinawag na isang propeta (Exodo 15:20-21 saka tingnan sa Mikas 6:4)
    2. mga babaing pinagkalooban ng Diyos na maghabi ng mgkagamitan para sa Tabernakulo (Exodo 35:25-26)
    3. isang babae, si Deborah, isa ring Propeta (cf. Hukom 4:4), ay nanumo sa lahat ng angkan (Hukom 4:4-5; 5:7)
    4. Si Huldah ay isang propeta na tinawag ni Haring Josias upang basahin at bigyang ng interpretasyon ang bagong tagpong “Aklat ng Kautusan” (II Hari 22:14; II Cronika 34:22-27)
    5. Si Reyna Ester, isang maka-Diyos na babae, ay iniligtas ng mga Hudyo sa Persya
II. Ang Bagong Tipan
  A. Sa pang-kultura, ang mga babae sa kapwa Judaismo at sa nasasakupang ng *Greco-Roman* ay mga pangalawang uring mamamayan na may kakaunting mga karapatang o pribilehiyo (hindi kasama ang Macedonia).
  B. Mga kababaihan sa mga tungkuling pamumuno
    1. Sina Elizabet at Maria, maka-Diyos sa babaing naglalaan para sa Diyos (Lucas 1-2)
    2. Si anna, maka-Diyos na babaing naglilingkod sa Templo (Lucas 2:36)
    3. Si Lydia, mananampalataya at pinuno sa isang bahay iglesiya (Gawa 16:14,40)
    4. Ang apat na birheng anak ni Felipe ay mga propeta (Gawa 21:8-9)
    5. Febe, diyakonesa ng inglesiya sa Cenchrea (Roma 16:1)
    6. Si Prisca (Priscilla), kamanggagawa ni Pablo at guro ni Apollos (Gawa 18:26; Roma 16:3)
    7. Maria, Trifena, Trifosa, Persida, Julia, Kapatid ni Nereo, maraming mga kababaihang kamanggagawa ni Pablo (Roma 16:6-16)
    8. Si Junia (KJV), maaaring isang babaing apostol (Roma 16:7)
    9. Sina Euodia at Syntyche, kamanggagawa ni Pablo (Filipos 4:2-3)
III. Paano maninimbang ng mga makabagong mananampalataya sa mga magkakaibang halimbawa?
  A. Paano malalaman ang pang-kasaysayan at pang-kulturang katotohanan, na maaaring maiangkop sa orihinal na konteksto, mula sa mga walang hangang katotohanang makabuluhan sa lahat ng iglesiya, lahat ng mga mananampalatay sa lahat ng panahon?
    1. Kailangan nating malaman ang layunin ng orihinal na kanasihang may-akda nang  may kataimtiman.  Ang Bibliya ay ang Salita ng Diyos at ang tanging paggagalingan para sa pananampalataya at kasanayan.
    2. Kailangan nating pagtuunan ng pansin ang mga malinaw na kinasihang mga talata na may

mga pinabatayan sa kasaysayan.

a. ang cultus (i.e., ritwal at liturhiya) ng Israel (cf. Gawa 15; Galacia 3)
b. unang siglong Judaismo
c. Malinaw na mga pahayag ni Pablo sa I Corinto na may pinagbabatayan sa kasaysayan
   (1) ang sistemang legal ng paganong Roma (I Corinto 6)
   (2) ang pananatili ang pagkaalipin (I Corinto 7:20-24)
   (3) pagkasoltero (I Corinto 7:1-35)
   (4) ang mga birhen (I Corinto 7:36-38)
   (5) ang pag-aalay ng pagkain sa diyus-diyosan (I Corinto 8; 10:23-33)
   (6) ang mga kahiya-hiyang mga pagkilos sa Hapunan ng Panginoon (I Corinto 11)

3. Ang Diyos ay lubusan at maliwanag na inihahayag ang Kanyang sarili sa isang partikular na kultura, sa isang partikular na panahon. Kailangan nating pagtuunan ang kapahayagan, ngunit hindi lahat ng aspeto ng kanyang pangkasaysayang pagtulong. Ang Salita ng Diyos ay isinulat sa mga salita ng tao, na ipinahahahayag sa isang partikular na kultura sa isang to a particular na panahon.

B. Ang Biblikal na interpretasyon ay kailangang hanapin ang orihinal na layunin ng may-akda.Ano ang kanyang sinasabi sa kanyang panahon? Ito ay binagbabatayan at napakahalaga para sa tamang interpretasyon. Ngunit ngayon, kailangan nating maiangkop ito sa ating panahon. Ngayon, nandito ang suliranin ng mga kababaihan sa pamumuno (ang tunay na suliranin sa interpretasyon ay maaring magbigay kahulugan sa salita. May mas higit bang mga ministeryo kaysa sa mga pastor na mikikita sa pamumuno? Nakikita ba ang mga diyakonesa o babaing propeta bilang mga namumuno?) Ito ay lubhang maliwanag kay Pablo, sa I Corinto 14:34-35 at I Timoteo 2:9-15, na nagpapahayag na mga babae ay hindi dapat mamumuno sa pangmadlang panambahan! Ngunit paano ko iaangkop ito ngayon? Hindi ako papayag na ang kultura ni Pablo o ang aking kultura ang magpatahimik sa Salita ng Diyos and Kaniyang kalooban. Maaaring ang panahon ni Pablo ay napakalimitado, ngunit gayundin naman ang aking panahon ay napaka-bukas. Ako ay nakakaramdam ang pagkabalisa sa pagsasabing ang mga salita at mga katuruan ni Pablo ay may pasubali, pang-unang siglo, at mga katotohanang pang-lokal na kalagayan. Sino ako upang hayaan kong aking isip o aking kultura ay kalimutan ang isang kinasihang may-akda?!

Gayunman, ano ang aking gagawin kung may mga biblikal na halimbawa ng mga kababaihang namumuno (kahit na sa mga sulat ni Pablo, cf. Roma 16)? Isang mabuting halimbawa nito ay pagtalakay ni Pablo sa pang-madlang panambahan sa I Corinto 11-14. Sa 11:5 tila pinahihintulutan niyang mangaral at manalangin sa kababaihan sa pangmadlang panambahan na may takip ang kanilang mga ulo, ngunit sa 14:34-35 inutusan niya silang manatiling manahimik! Sila ay mga diyakonesa (cf. Roma 16:1) at mga propetang babae (cf. Gawa 21:9). Dito sa pagkakaibang ito ay nagpapahintulot sa akin ng kalayaan na kilalanin ang mga puna ni Pablo (bilang pag-uugnay sa pagbabawal sa mga kababaihan) na limitado sa unang siglong Corinto at Efeso. Sa kapwa mga iglesiya, may mga suliranin sa mga babaing gumaganap ng kanilang bagong-tuklas na kalayaan (cf. Bruce Winter, *After Paul Left Corinth*), na maaaring magdulot ng kahirapan para sa mga iglesiya na maabot ang lipunan kay Kristo. Ang kanilang kalayaan ay kailangang limitahan upang ang Ebanghelyo ay maging mas mabisa.

Ang aking pahahon ay kabaliktaran ng kay Pablo. Sa aking kapanahunan ang Ebanghelyo ay maaaring maging limitado kung if ipapahayag, ang mga sinanay na kababaihan ay hindi pinahihintulutang magbahagi ng Ebanghelyo, hindi pahihintulutang mamuno! Ano ang sukdulang layunin ng pangmadlang panambahan? Di ba ito ebanghelyo at pagiging alagad? Maaari bang maparangalang at malugod ang Diyos sa mga babaing namumuno? and pleased with women leaders? Ang Bibliya sa kabuuan ay tila nagsasabing "oo"!

Nais kong sumang-ayon kay Pablo; ang aking teolohiya ay pangunahing kay Pablo. Hindi

ko kagustuhang maging sobrang mahikayat o mapatakbo ng makabagong peminismo! Subalit, Sa aking palagay ang iglesiya ay naging mabagal na tumugon sa mga biblikal na katotohanan, tulad di-kaangkupan ng pang-aalipin, kapootang pang-lahi, pagkapanatiko, and *sexism*. Ito rin ay naging mabagal na tumugon ng naaayon sa pang-aabuso sa kababaihan sa makabagong mundo. Ang Diyos kay Kristo ay pinalaya ang mga alipin at kakabaihan. Hindi ako maglalakas-loob na hayaan ang isang talatang naka-ugat sa kultura ang gumapos sa kanila.

Isa pang punto: bilang isang tagapagsuri, nalalaman kong ang Corinto ay isang napakagulong iglesiya. Ang mga kaloob na *charismatic* ay pinahahalagahan at pinaparangalan. Ang kababaihan ay maaaring nasilo nito. Naniniwala din ako na ang Efeso ay apektado ng mga bulaang guro na nananamantala sa kababaihan at ginagamit sila bilang pamalit na mga tagapagsalita sa mga bahay-iglesiya sa Efeso.

C. Mga mungkahi para sa karagdagang pagbasa
*How to Read the Bible For All Its Worth* nina Gordon Fee at Doug Stuart (pp. 61-77)
*Gospel and Spirit: Issues in New Testament Hermeneutics* ni Gordon Fee
*Hard Sayings of the Bible* nina Walter C. Kaiser, Pedro H. Davids, F. F. Bruce, at Manfred T. Branch (pp. 613-616; 665-667)

▣ **"iglesiya"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: IGLESIYA (*EKKLESIA*)**

Ang Griyegong salitang ito na, *ekklesia*, ay galing sa dalawang salita na, "na labas" at "tinawag," samakatuwid, ang salita ay nagpapahiwatig sa kanilang mga tinawag ng Diyos. Ang naunang iglesiya ay kinuha ang salitang ito mula sa sekular na pagkagamit (cf. Gawa 19:32,39,41) at dahil sa ang pagkagamit sa Septuagint ng salitang ito ay para sa "pagtitipun-tipon ng mga tao" ng Israel (*Qahal*, BDB 874, cf. Bilang 16:3; 20:4). Ginamit nila ito para sa kanilang mga sarili bilang isang pagpapatuloy ng mga OT na tao ng Diyos. Sila ang bagong Israel (cf. Gawa 2:28-29; Galacia 6:16; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6), ang katuparan ng pandaigdigang misyon ng Diyos (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8).

Ang salitang ito ay ginamit sa maraming pagkakaunawa sa mga Ebanghelyo at Gawa.

1. Sekular na pagpupulong sa bayan, Gawa 19:32,39,41
2. pangkalahatang tao ng Diyos kay Kristo, Mateo 16:18 at Efeso
3. isang lokal na pagtitipon ng mga mananampalataya kay Kristo, Mateo 18:17; Gawa 5:11 (sa mga talatang ito ang iglesiya na nasa Herusalem)
4. pinag-sama-samang mga tao ng Israel, Gawa 7:38, sa pagpapahayag ni Stefano
5. ang mga tao ng Diyos sa isang dako, Gawa 8:3 (Judah o Palestino)

▣ **"Cencrea"** Ito ay isa sa dalawang mga pantalan sa Corinto. Ang isang ito ay na silangang dako (cf. Gawa 18:18).

**16:2 "Upang tanggapin ninyo siya sa Panginoon, ayon sa nararapat"** Ito ay isang AORIST NA PANGGITNANG [deponent] NA MAY PASAKALI of *prosdechomai*, na nangangahulugang "tanggapin ng maluwag bilang isang panauhin" (cf. Filipos 2:29). Pinagkatiwalaan ni Pablo ang babaeng ito at ninais na ang iglesiya ay tanggapin siya at tulungan siya sa gana nang kanya. Ang lubusang katotohanan na kanyang kailangang sabihin ay nagpapakita ng pangkultural klima.

▣ **"mga banal"** Ang salitang ito ay nangangahulugang "isang binanal." Inilalarawan nito hindi lamang ang kalalagayan ng mga mananampalataya kay Hesus, ngunit gayundin ang pag-asa sa kanilang mga

maka-Diyos na pamumuhay, nagpapatulay na pagtatagi sa kanilang bagong banal na kalalagayan kay Kristo. Ang salitang "banal" ay palaging nasa PANGMARAMIHAN maliban minsan sa Filipos (4:21) at kahit na nadito, ito ay nasa pangkalahatang kaunawaan. Ang maging isang Kristiyanong maging bahagi ng isang komunidad ng mananampalataya, isang pamilya, isang katawan. Ang makabagong iglesiya sa kanluran ay bumababa ang pangkalahatang aspeto nito ng biblikl na pananampalataya! Tingnan ang Natatangging Paksa: Mga Binanal sa 1:7.

▣ **"tulungan ninyo siya sa anomang bagay na magiging kailangan niya sa inyo"** Mayroong dalawang MAY MGA PASAKALI. Ang una, *paristēmi* (AORIST NA TAHAS), ay nangangahulugang "manindigan upang tumulong." Ang pangalawa, *chrēzō* (PANGKASALUKUYANG TAHAS), ay nangangahulugang "tumulong kahit ano pa ang kinakailangan" (cf. II Corinto 3:1).

Ito ay tumutukoy sa materyal na panustos para sa mga naglalakbay na mga ministro. Ito ang layunin ng mga sulat ng tagubilin.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"ay naging katulong ng marami"** |
| **NRSV** | **"ay naging tagapagpala ng marami"** |
| **TEV** | **"para sa kanynag sarili ay naging isang mabuting kaibigan sa maraming tao"** |
| **NJB** | **"siya ay tumitingin sa dakila at maraming tao"** |

Ang salitang ito, *proistatis*, ay matatagpuan lamang dito NT. Ito ay maaaring tumutukoy sa pisikal o pinansyal na tulong. Ang salitang ito sa orihinal ay tumutukoy sa isang mayamang tagataguyod. Yamang si Febe ay maglalakbay sa Roma (cf. v. 1) at tumulong sa marami (cf. v. 2), ito ay maaaring totoo sa kanya sa kasaysayan.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 16:3-16**

**3Batiin ninyo si Prisca at si Aquila na aking mga kamanggagawa kay Kristo Hesus, 4Na ipinain ang kanilang mga leeg dahil sa aking buhay; na sa kanila'y hindi lamang ako ang nagpapasalamat, kundi naman ang lahat ng mga iglesiya ng mga Hentil: 5At *batiin* ninyo ang iglesiya na nasa kanilang bahay. Batiin ninyo si Epeneto na minamahal ko, na siyang pangunahing bunga ng Asya kay Kristo.**
**6Batiin ninyo si Maria, na lubhang nagpagal sa inyo. 7Batiin ninyo si Andronico at si Junias, na aking mga kamag-anak, at mga kasama ko sa pagkabilanggo, na siyang mga bantog sa mga apostol, na sila nama'y nangauna sa akin kay Kristo. 8Batiin ninyo si Ampliato na aking minamahal sa Panginoon. 9Batiin ninyo si Urbano na aming kamanggagawa kay Kristo, at si Estaquis na minamahal ko. 10Batiin ninyo si Apeles na subok kay Kristo. Batiin ninyo ang mga *kasangbahay* ni Aristobulo. 11Batiin ninyo si Herodion na aking kamag-anak. Batiin ninyo ang mga *kasangbahay* ni Narciso, yaong nangasa Panginoon. 12Batiin ninyo si Trifena at si Trifosa, na nangagpapagal sa Panginoon. Batiin ninyo si Persida na minamahal, na lubhang nagpagal sa Panginoon. 13Batiin ninyo si Rufo na hinirang na tao sa Panginoon, at ang kaniyang ina at akin. 14Batiin ninyo si Asincrito, si Flegonte, si Hermes, si Patrobas, si Hermas, at ang mga kapatid na kasama nila. 15Batiin ninyo si Filologo at si Julia, si Nereo at ang kaniyang kapatid na babae, at si Olimpas, at ang lahat ng mga banal na kasama nila. 16Mangagbatian kayo ng banal na halik. Binabati kayo ng lahat ng mga iglesiya ni Kristo.**

**16:3 "Prisca at Aquila"** Tinatawag siya ni Lucas na "Priscilla." Siya ay kadalasang pinapangalanan pagkatapos ng kanyang asawang lalaki, na hindi pangkaraniwan sa kultura (cf. Gawa 18:18, 26; I Corinto 16:19; II Timoteo 4:19). Maaaring siya ay kabilang sa mga maharlika sa Roma o nangingibabaw na personalidad ng mag-asawang ito. Kapwa si Pablo at mga mag-asawang ito ay mga gumagawa ng tolda o gumagawa ng balat. Tinawag sila ni Pablo na "kasamang kamanggagawa kay Kristo Hesus." Siya ay maaaring narinig ang mga kalakasan at kahinaan ng iglesiya sa Roma mula sa mag-asawang ito.

**16:4 "ipinain ang kanilang mga leeg"** Ito ay isang kataga mula sa salita para sa isang "palakol ng berdugo." Ang Bibliya ay tahimik sa kung ano ang ibigsabihin ni Pablo sa pariralang ito.

▣ **"na sa kanila'y hindi lamang ako ang nagpapasalamat, kundi naman ang lahat ng mga iglesiya ng mga Hentil"** Si Pablo ay nagpapasalamant para sa pagkakaibigan at masiglang pagtulong ng mag-asawang ito. Kanya pa ngang pinalawak ang kanilang paglilingkod sa "lahat ng mga iglesiya ng mga Hentil." Anong isang malawak na pagpapatunay at pasasalamat ! Ito ay maaaring tumutukoy sa kanilang napagpapasigla at nakapagpapabatid na gawain kay Apollos (cf. Gawa 18:24-28).

**16:5 "ang iglesiya"** Ito ay tumutukoy sa tao, hindi sa isang gusali. Ang salita ay nangangahulugang "silang mga tinawag." Sa Griyego OT, ang Septuagint (LXX), ang salitang ito ay ginamit upang isalin ang Hebreong salita *qahal*, na naisalin sa "pagtitipon ng tao." Ang naunang Iglesiya ay nakita ang kanilang sarili bilang ang likas na kahalili at katuparan ng OT na "pagtitipon ng bayan ng Israel," at hindi isang panatikong pumalit na pangkat. Tingnan ang Natatangging Paksa sa 16:1.

▣ **"na nasa kanilang bahay"** Ang mga naunang Kristiyano ay nagkikita sa mga tahanan (cf. 16:23; Gawa 12:12; I Corinto 16:19; Colosas 4:15 at Filemon 2). Ang mga gusali ng iglesiya ay hindi lumitaw hanggang sa pangatlong siglo A.D.

▣ **"Epeneto"** Ang pangalan ng tao ng nangangahulugang "pinuri."

▣ **"na siyang pangunahing bunga"** Ito rin ay sinabi sa sambahayan ni Stephanas sa I Corinto 16:15.

▣ **"ng Asya"** Ito ay tumutukoy sa Romanong lalawigan na binubuo ng kanlurang isang-katlo ng makabagong Turkiya.

**16:6 "Maria, na lubhang nagpagal sa inyo"** Walang anuman ang pagkakilala sa taong ito. Siya ay maaaring naging isang misyonero mula sa iglesiya sa Roman. Lubhang maraming kahanga-hanga, maka-Diyos mga mananampalataya ang di-kilala sa atin ngunit kilalang-kilala ng Diyos.

**16:7 "mga kasama ko sa pagkabilanggo"** Ang mga makabagong iskolar ay hindi tiyak sa kung anong pagkabilanggo ang tinutukoy dito. Si Pablo ay lubhang nagdusa para sa kanyang pananampalataya (cf. II Corinto 4:8-11; 6:4-10; 11:25-28). Siya ay nabilanggo sa Philippi, Caesarea, Roma, at maaaring sa ibang mga lugar din (cf. Efeso, I Corinto 15:32; II Corinto 1:8).

▣ **"Junias"** Ang pangalang ito ay maaaring PANGLALAKI o PAMBABAE, na kailangang malaman sa pamamagitan ng mga tanda sa tuldik. Mayroong mga pagbabago sa Griyegong kasulatan na, "*Iounian,*" ay matatagpuan sa MSS א, A, B, C, D, F, G & P, ngunit walang tanda sa tuldik. Ang tuldik na anyong PAMBABAE ay matatagpuan sa MSS $B^2$, $D^2$, at 0150. Ang maagang papyrus na kasulatan $P^{46}$ at ilang Vulgata at Coptic na mgga salin, gayundin ang Griyegong mga teksto na ginamit ni Jerome, ay may "*Ioulian*" na PAMBABAE. Ang ilang mga iskolar ay nagpapalagay na ito ay isang kamalian sa pagsulat. Ang PAMBABAENG anyong ito ay makikita sa 16:15. Ito ay maaaring ang dalawang tao na pinangalanan sa v. 7 ay

1. dalawang Hudyong mga mananampalataya na kasama ni Pablo na nakabilanggo
2. isang kapatid na lalake at kapatid na babae
3. isang asawang lalaki at isang asawang babae

Kung ito ay PAMBABAE at ang pariralang "ang mga apostol" ay tumutukoy sa isang mas malawak na

paggamit ng mga salita na higit sa "Labindalawa," samakatuwid ito ay isang babaeng apostol.

Ito rin ay nakakawili na ang pagbabaybay ng "Junias" ay hindi makikita kahit saan sa Romanong Roman panitikan o mga tatak, ngunit ang pangalang "Junia" ay lubhang pangkaraniwang. Ito ay isang Romanong pamilyang pangalan. Para sa mas higit na kaalaman sa mga kababaihan sa gawain tingnan ang *Women Leaders and the Church*, ni Linda L. Belleville, pp. 188 talaan sa baba 42.

▣

**NASB "na siyang mga bantog sa mga apostol"**
**NKJV "na siyang pinupuna sa mga apostol"**
**NRSV "na siyang sikat sa mga apostol"**
**TEV "sila ay kilalang-kilala sa mga apostol"**
**NJB "sa mga katangi-tanging mga apostol"**

Ito ay maaaring tumukoy sa Labindalawa, kung ang dalawang ito ay bantog sa kanila, o sa isang mas malawak na pangkat ng mga ministro na kilala bilang "mga apostol" (cf. Gawa 14:4, 14; 18:5; I Corinto 4:9; Galacia 1:19; Filipos 2:25; I Tesalonica 2:6). Ang konteksto ay nagpapahiwatig ng mas malawak na gamit nit, tulda ng sa Efeso 4:11, ngunit ang TIYAK NA PANTUKOY ay nagpapahiwatig ng Labindalawa. Tingnan ang Natatangging Paksa: Sinugo (*Apostellō*) sa 1:1.

▣ **"na sila nama'y nangauna sa akin kay Kristo"** Ito ay maliwanag na nangangahulugan sa sila ay naligtas at abala sa paglilingko kay Kristo bago pa ang karanasan sa daang Damasco ni Pablo.

**16:8-16** Ang mga pangalan sa bahaging ito ay hindi kilala sa pag-aaral. Sila ay mga minamahal ng Diyos at ni Pablo, ngunit ang kanilang mga pangalan at paglilingkod ay hindi nakatala sa NT o naunang Kristiyanong panitikan. Ang kapansin-pansin ay mayroong paghahalo ng (1) mga pangkaraniwang pangalan ng mga alipin; (2) maharlikang mga Romano; at (3) mga pangalan ng Hudyong pamilya. May mga kalalakihan at mga kababaihan. Sila ay mayayamang malayang tao at naglalakbay na mga mangangaral. May mga banyaga mula sa Persya. Ang lahat ng sagabal ay nawawala sa iglesiya ni Hesus Kristo (cf. 3:22; 10:12; Joel 2:28-32 [Gawa 2:14-21]; I Corinto 12:11; Galacia 3:28; Colosas 3:11)!

**16:8 "Ampliato"** Ang pangalang ito, tulad ni Prisca at Junia, ay isnag kilalang pangalan ng Romanong pamilya.

▣ **"na aking minamahal sa Panginoon"** Ang salitang "minamahal" ay ginamit ng Diyos Ama para kay Hesus ang Anak sa Mateo 3:17 at 17:5, na maaaring maging isang titulo mula sa mga Awit ng Lingko ni f Isaias (cf. Mateo 12:18, sinisipi ang Isaias 42:1). Gayunman, ginagamit ito ni Pablo upang magpahayag sa mga mananampalataya (cf. 1:7; 16:8,9; I Corinto 4:14,17; 15:58; Efeso 6:21; Filipos 2:12; Colosas 4:7,9,14; I Timoteo 6:2; Filemon v. 16).

**16:9 "Urbano"** Ang pangalan ay nangangahulugang "naninirahan sa lungsod" o "taga-lungsod."

▣ **"kay Kristo"** Ito ay isang umuulit na parirala, gaya ng "sa Panginoon," sa kabuuan ng kabanata. Ang mga manggagawang Kristiyanong ay bahaging lahat ng isang pamilya, isang Tagapagligtas.

▣ **"Estaquis"** Ito ay isang di-karaniwang pangalan na nangangahulugang "puso (tainga)" (ng butil). Natagpuan ng Arkeoholiya ang pangalang ito ay kaugnay sa pamily ng Caesar.

**16:10 "na subok kay Kristo"** Ang pangwikaing pariralang ito ay tumutukoy sa isang tao na nakaranas ng mga pagsubok at nanatiling matapat. Tingnan ang Natatangging Paksa sa 2:18.

▣ **"ang mga kasangbahay"** Ang ilang mga iskolar ay nagpapanukala na ang pariralang ito ay tumutukoy sa mga alipin sa isang pantahanang paglilingko sa Aristobulo at hindi ng mga miyembro ng pamilya, at ang katulad ay totoo sa pariralan sa v. 11, "silang mga kasangbahay ni Narciso."

▣ **"ni Aristobulo"** Ang ilang mga iskolar (Lightfoot) ay nagpapanukala na ito ang kapatid na lalaki ni Herod Agrippa I (kung saan sa Gawa 12 ay pinapatay si Apostol Santiago). Kung ganoon, ipinapakita nito kung papaano nagsimulang lumaganap ang ebanghelyo sa maharlikang Idumeanong pamilyang ito.

**16:11 "Herodian"** Ito ay maaaring naging isang alipin ng pamilya ni Herodes.

▣ **"ang mga kasangbahay ni Narciso"** Ito ay maaaring tumutukoy sa kilalang lingkod ni Emperador Claudius. Kung ganito nga, ipinapakita nito kung papaano nagsimualng lumaganap ang ebanghelyo sa maharlikang Romano.

**16:12 "Trifena"** Ang pangalang ito ay nangangahulugang "pihikan."

▣ **"Trifosa"** Ang pangalang ito ay nangangahulugang "maselan." Sila ay maaaring mga magkapatid na babae, kahit na kambal.

▣ **"na lubhang nagpagal"** Ang salita ay may kapahulugang ng pagpapagal "hanggang sa yugto ng kapaguran."

▣ **"Persida"** Ito ay nangangahulugang "babaeng Persyano."

**16:13 "Rufo"** Ang pangalang ito ay nangangahulugang "pula" o "pulang ulo." Mayroong isang tila killalang Rufo sa Roma (cf. Marcos 15:21). Kung siya ay maaaring kakilala sa taong ot ay di-tiyak ngunit tiyak na maaari.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"na hinirang na tao sa Panginoon"** |
| **NKJV, NRSV** | **"pinili sa Panginoon"** |
| **TEV** | **"na katangi-tangingi sa paglilingkod sa Panginoon"** |
| **NJB** | **"isang piniling lingkod ng Panginoon"** |

Sa literal, ito ay "ang pinili." Dito, ang salita ay nag-uugnay hindi lamang sa panawagan ng Diyos, ngunit gayundin sa kanyang pamumuhay paglilingkod. Kanyang ina ay pinakitunguhan si Pablo ng may dakilang pag-ibig.

**16:14 "Hermes"** Ito ang pangalan ng diyos ng suwerte. Ito ay isang lubhang pangkaraniwang pangalan ng alipin sa mundo ng unang siglo Greco-Romano.

**16:15 "ang lahat ng mga banal"** Tingnan ang Natatangging Paksa: Mga Banal sa 1:7.

**16:16 "banal na halik"** Walang mas maagang katibayan ng kung sino ang humalik kanino, o kailan, o saan. Sa sinagoga, na ang anyo ng pagbati ay nagpatuloy sa iglesiya, ang paghalik sa pisngi ng lalaki sa mga lalaki, at ang mga kababaihan ay humalik sa mga kababaihan (cf. I Corinto 16:20; II Corinto 13:12; I Tesalonica 5:26; I Pedro 5:14). Ang ganitong uri ng pagbati ay naging isang suliranin sa loob ng iglesiya dahil sa maling pagkakaunawa ng mga di-mananampalataya at, samakatuwid, ito ay nahinto sa mga

iglesiya, kahit na nabanggit ito ni Justin Martyr noong pangalawang siglo.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 16:17-20**

**17Ngayo'y ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, na tandaan ninyo yaong mga pinanggagalingan ng pagkakabahabahagi at ng mga katitisuran, laban sa mga aral na inyong nangapagaralan: at kayo'y magsilayo sa kanila. 18Sapagka't ang mga gayon ay hindi nagsisipaglingkod sa Kristong Panginoon, kundi sa kanilang sariling tiyan; at sa pamamagitan ng kanilang mabuting pananalita at maiinam na mga talumpati ay dinadaya ang mga puso ng mga walang malay. 19Sapagka't ang inyong pagtalima ay naging bantog sa lahat ng mga tao. Kaya't nagagalak ako tungkol sa inyo: datapuwa't ibig ko na kayo'y maging marunong sa kabutihan, at musmos sa kasamaan. 20At si Satanas ay dudurugin ng Diyos ng kapayapaan sa madaling panahon sa ilalim ng inyong mga paa. Ang biyaya nawa ng ating Panginoong Hesukristo ay sumainyo.**

**16:17** Ang babalang ito ay tila pumasok sa konteksto nang di inaasahan. Gayunman, maaaring isinama ito ni Pablo bilang pag-iiba sa maka-Diyos na naglalakbay na mga minstro. Dito ay isang talaan ng vv. 17-18 na kung ano ang mga ginagawa ng mga bulaang mangangaral.

1. Sila ay nagpapakilos sa mga pagwawatak-watak
2. Sila ay naglalagay ng mga sagabal sa daan ng mananampalataya
3. Sila ay nagtuturo ng salungat sa mga alituntuning ibinigay ng iglesiya
4. Sila ay naglilingkod sa kanilang sariling katakawan
5. Nililinlang nila ang mga puso ng di-naghihinalang mga tao sa pamamagitan ng kanilang makilis, at nagbibigay-puring pagsasalita

Ang talaang ito ay walang kaugnayan sa mahina at malakas na mga mananampalataya of 14:1-15:13.

▣ **"kayo'y magsilayo sa kanila"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ito ay isang umuulit na paksa (cf. Galacia 1:8-9; II Tesalonica 3:6,14; II Juan 10).

**16:18**

**NASB, NRSV**

| | |
|---|---|
| **TEV** | **"kanilang sariling tiyan"** |
| **KJV** | **"kanilang sariling puson"** |
| **NJB** | **"kanilang sariling katakawan"** |

Sa literal, ito ay "mga tiyan" (cf. Filipos 3:19; Tito 1:12). Ang mga bulaang mangangaral ay pinipihit ang lahat ng bagay sa kanilang sariling kapakinabangan.

▣ **"a pamamagitan ng kanilang mabuting pananalita at maiinam na mga talumpati"** Ang mga bulaang guro ay kadalasang kaakit-akit sa pisikal at may malakas na personalidad (cf. Colosas 2:4). Sila ay may napaka-lohikal sa kanilang pagtatanghal. Mag-ingat! Ang ilang maaaring biblikal na pagsusuri upang malaman ang mga bulaang mangangaral ay makikita sa Deuteronomio 13:1-5; 18:22; Mateo 7; Filipos 3:2-3, 18-19; I Juan 4:1-3.

▣ **"dinadaya ang mga puso ng mga walang malay"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nangangahulugang nagpapatuloy na panlilinlang. Ang mga tila bago o musmos na mga mananampalataya ay madaling matutukso ("walang karanasan sa kasamaan").

**16:19 "ang inyong pagtalima ay naging bantog sa lahat ng mga tao"** Ito ay tumutukoy sa 1:8. Ito ay isa sa mga hyperbole (pagpapahigit) ni Pablo.

▣ **"maging marunong. . . a kabutihan, at musmos sa kasamaan"** Ipinapaliwanag nito ang katuruan ni Hesus (cf. Mateo 10:16; Lucas 10:3).

**16:20 "ang Diyos ng kapayapaan"** Ito ay isang kamangha-manghang titulo para sa Diyos (cf. 15:33; II Corinto 13:16; Filipos 4:9; I Tesalonica 5:23 at Hebreo 13:20).

▣ **"si Satanas ay dudurugin. . .sa madaling panahon sa ilalim ng inyong mga paa"** Ito ay isang pagkabanggit sa Genesis 3:15. Ang pakikipag-ugnayan ng mga mananampalataya kasama ang Mesias ay nagbibigay din ng tagumpay (cf. I Juan 5:18-20). Ito ay isang nakakasindak na pangako at pananagutan. Sa kontekstong ito, si Satanas ay ginagawang halimbawa ang pagduruda at pagkakahati-hati na mula sa bulaang mangangaral na nagbubunga sa iglesiya na mawala ang kanyang pagtuon sa dakilang komisyon. Sa likod ng mga bulaang mangangaral ay ang demonyo! Ang ebanghelyo, gayunpaman, ay nagwawaksi ang kadiliman at kasamaan para sa kanila na tinatanggap ito at ipinamumuhay ito. Para sa isang mabuting aklat sa paksang ito, tingan ang *Three Crucial Questions About Spiritual Warfare*, ni Clinton E. Arnold.

**NATATANGING PAKSA: PERSONAL (PANSARILING) KASAMAAN**

Ito ay isa sa pinakamahirap na paksa sa maraming mga kadahilanan.

1. Ang OT ay hindi naghahayag ng punong kaaway ng mabuti, ngunit isang lingkod ni YHWH na nagbibigay sa sangkatauhan ng isang kapalit at nagbibintang sa sangkatauhan sa kawalang katuwiran (A. B. Davidson, *Old Testament Ang teolohiya,* pp. 300-306).
2. Ang konsepto sa isang personal na punong kaaway ng Diyos ay lumago sa mga panitikang *inter-biblical* (wala sa kanon) sa ilalim ng inpluwensiya ng relihiyong Persiyano (*Zoroastrianism*). Ito, sa kabilang banda, ay malaki ang inpluwensiya sa rabinikong Judaismo.
3. Ang NT ay pinaunlad ang paksa ng OT sa nakakagulat na katapangan, ngunit sa mga piling, mga uri.

Kung ang isa ay lalapit sa pag-aaral ng kasamaan mula sa pananaw ng teolohiyang biblikal (bawat aklat o may-akda o genre ay may bukod na pag-aaral at pagbabalangkas) kung gayon ay may mga iba't-ibang mga pananaw sa kasamaan ay nahahayag.

Kung, subalit, ang isa ay lalapit sa pag-aaral sa kasamaan mula sa isang di-biblikal o labas sa bibliyang paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silangang mga relihiyon, kung gayon maraming pag-unlad sa NT ay anino sa Persyanong dualismo at espiritualismo ng *Greco-Roman*.

Kung ang isa ay may paunang-pagpapalagay ng pagtitiwala sa kapamahalaan ng Banal na Kasulatan, gayunman ang pag-unlad ng NT ay kailangang tingnan bilang isang lumalagong kapahayagan. Ang mga Kristiyano ay kailangang magbantay laban sa pagpayag na ang kwentong Hudyo o panitikang Ingles (i.e., Dante, Milton) na lalong malinawagan ang mga kaalaman. May mga tiyak sa hiwaga at kalabuan sa bahaging ito ng kapahayagan. Pinili ng Diyos na hindi ihayag ang lahat ng aspeto ng masama, ang panimula, ang layunin, ngunit kanyang inihayag ang pagkatalo nito!

Sa OT ang salitang Satanas (BDB 966) o tagapag-usig ay tila maiuugnay sa tatlong magkakaibang pangkat.

1. Mga taong tagapag-usig (I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,23,25; Awit 109:6)
2. Mga anghel na tagapag-usig (Bilang 22:22-23; Zacarias 3:1)
3. Mga demonyong tagapag-usig (I Cronika 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Noon lamang mga huling bahagi ng panahon sa pagitan ng dalawang tipan, ang ahas sa Genesis 3 ay naiugnay kay Satanas (cf. Aklat ng Karunungan 2:23-24; II Enoch 31:3), at sumunod na naging rabinikal na pamimilian (cf. *Sot* 9b and *Sanh*. 29a). Ang "mga anak ng Diyos" ng Genesis 6 ay naging masamang anghel sa I Enoch 54:6. Sila ang naging simula ng kasamaan sa rabinikal na teolohiya. Binanggit ko ito, hindi upang bigyang-diin ang katumpakang teolohikal, ngunit upang ipakita ang kanyang paglago. Sa NT ang mga pangyayari sa OT ay inuugnay sa mala-anghel, personal na kasamaan (i.e., Satanas) sa II

Corinto 11:3; Pahayag 12:9.

Ang pinagmulan ng personal na kasamaan ay mahirap o imposibleng (nababatay sa iyong pananaw) malaman mula sa OT. Isang dahilan nito ay nag malakas na paniniwala ng Israel sa iisang Diyos (cf. I Hari 22:20-22; Eccl. 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Ang lahat ng sanhi ay inuukol sa Diyos upang maipakita ang Kanyang pagiging tangi at pagiging mataas (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Ang mga pinagmulan ng maaaring kaalaman ay (1) Job 1-2, kung saan si Satanas ay isa sa mga "anak ng Diyos" (i.e., mga anghel) o (2) Isaiah 14; Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na mga haring nasa malapit na silangan (Babilonya at Tiro) ay ginamit upang ilarawan ang kayabangan ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Mayroon akong magkahalong damdamin patungkol sa paglapit na ito. Si Ezekiel ay gumagamit ng mga talinghaga ng Hardin ng Eden hindi lang sa hari ng Tirobilang si Satanas (cf. Ezekiel 28:12-16), ngunit gayundin para sa hari ng Ehipto bilang Puno ng Pagkaalam ng Mabuti at Masama (Ezekiel 31). Subalit, ang Isaias 14, partikular sa vv. 12-14, ay tila naglalarawan ng isang paghihimagsik ng mga anghel sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay nais na ihayag sa atin ang partikular na kalikasan at pinagmulan ni Satanas ito ay lubhang di-ganap na paraan o lugar na gawin ito. Kailangan nating magbantay laban sa pagpapasikat ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliliit, malabong mga bahagi ng iba't-ibang mga tipan, mga may-akda, mga aklat, at mga uri ng panitikan at ang pagsasama nila bilang mga piraso ng isang palaisipang pang-Diyos.

Si Alfred Edersheim (*The Life and Times of Jesus the Messiah*, tomo 2, dagdag-dahon XIII [pp. 748-763] at XVI [pp. 770-776]) ang nagsabing na ang rabinikal na Judaismo ay lubhang naimpluwensiyahan ng Persyanong dualimso at mga demonyong pagpapalagay. Ang mga rabi ay hindi isang mabuting paggagalingan ng katotohanan para sa bahaging ito. Si Hesus ay radikal ang paghihiwalay sa mga katuruan ng Sinagoga. Sa aking pang-unawa ang rabinikal na pagkakaunawa sa pagpapagitan sa mga anghel at ang pagsalungat ng pagbibigay ng kautusan ka Moises sa Bundok ng Sinai ay nagbukas ng pintosa kaunawaanng isang punong anghel na kaaway ni YHWH gayundin ang sangkatauhan. Mayroong dalawang mataas na diyos ang Persyanong (*Zoroastrian*) dualismo, *Ahkiman* at *Ormaza*, mabuti at masama. Ang dualismong ito ay umunlad sa isang may hangganang pang-Hudyong dualismo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na nagpapatuloy na pahayag sa NT tulad ng paglago ng kasamaan, ngunit hindi upang ipaliwanag nang husto katulad ng sinasabi ng mga rabi. Isang magandang halimbawa nito ay ang "digmaan sa kalangitan." Ang pagbagsak ni Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga detalye ay hindi binigay. Kahit na kung ano ang binigay ay may lambong ng genre na *apocalyptic* (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagaman si Satanas ay natalo na at ipinatapon sa mundo, siya pa rin ay gumaganap bilang isang lingkod ni YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Kailangan nating pigilin ang pagkasabik sa bahaging ito. May isang personal na lakas ng tukso at kasamaan, ngunit mayroon pa ring iisang Diyos at ang sangkatauhan ay may pananagutan sa kanyang mga pagpili. Mayroong isang Espirituwal na pakikidigma, kapwa bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maaari lamang dumating at manatili sa at pamamagitan ng Trinidad na Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at matatanggap!

▣ **"Ang biyaya nawa ng ating Panginoong Hesukristo ay sumainyo"** Ito ay isang pangkaraniwang pasasara ni Pablo (cf. I Corinto 16:23; II Corinto 13:14; Galacia 6:18; Filipos 4:23; Colosas 4:18; I Tesalonica 5:28; II Tesalonica 3:18 at gayundin sa Pahayag 22:21). Ito ay maaaring sinulat sa kanyang sariling kamay. Ito ay kanyang paraan ng pagpapatunay ng kanyang mga sulat (cf. II Tesalonica 3:17; I Corinto 16:21; Colosas 4:18).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 16:21**
[21]**Binabati kayo ni Timoteo na aking kamanggagawa; at *gayundin* ni Lucio at ni Jason at ni Sosipatro, na aking mga kamag-anak.**

**16:21-23** Ang mga talatang ito ay isang pahabol. Ang mga kamanggagawa ni Pablo sa Corinto ay nagpapadala ng kanilang mga pagbati.

**16:21 "Lucio"** Ito ay maaaring si
1. Lucas ang manggagamot (cf. Colosas 4:14), o maaaring isang kataga para sa "isang mataas ang pinag-aralan"
2. Lucio ng Cireno (cf. Gawa 13:1)
3. Isang di-kilalang Kristiyano

▣ **"Jason"** Ito ay maaaring ang Jason na tinirahan ni Pablo ang tahanan sa kanyang pagpunta sa Tesalonica (cf. Gawa 17:5-9).

▣ **"Sosipatro"** Ang taong ito ay maaaring ang Sopater ng Berea sa Gawa 20:4.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 16:22**
[22]**Akong si Tercio, na sumusulat ng sulat na ito, ay bumabati sa inyo sa Panginoon.**

**16:22 "22Akong si Tercio, na sumusulat ng sulat na ito"** Si Pablo ay gumamit ng isang manunulat (*amanuensis*) upang isulat ang kanyang mga sulat (cf. I Corinto 16:21; Galacia 6:11; Colosas 4:18; II Tesalonica 3:17). Sa aking palagay, si Pablo ay may malabong paningin at hindi makapagsulat sa maliliit, makipot na pagsulat na kinakailangan upang mapanatili ang mga susulatan sa isang dahon ng papyrus o bulumbon ng balat (cf. Galacia 6:18)!

**TALATA SA NASB (BINAGO): 16:23-24**
[23]**Binabati kayo ni Gayo na pinanunuluyanan ko, at ng buong iglesiya. Binabati kayo ni Erasto na ingat-yaman ng bayan, at ng kapatid na si Cuarto.** [24]**Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo ay sumainyong lahat. Amen.**

**16:23 "Gayo"** Ito ay maaaring si
1. Gayo Titius Justus ng Gawa 18:7
2. Gayo ng Derbe (cf. Gawa 19:29; 20:4; I Corinto 1:14)
3. ang Gayo ng III Juan v. 1

▣ **"na pinanunuluyanan ko, at ng buong iglesiya"** Ito ang mabuting pagtanggap na kinakailangan sa iglesiya. Ang ilang mga mananampalataya na may mga mapagkukunan ay pinapahintulutan ang mga naglalakbay ng mga ministrong Kristiyano na tumira sa silid. Ang ilan, tulad ng taong ito, ay maaaring buksang ang kanyang tahanan para sa pagdadausan ng mga pagtitipon. Ang mga bahay iglesiya ay ang pamantayan sa mahigit na isang daang taon. Tingnan ang Natatangging Paksa: Iglesiya (*Ekklesia*) sa 16:1.

▣ **"Erasto na ingat-yaman ng bayan"** Siya rin ay binanggit sa Gawa 19:22; II Timoteo 4:20. Siya ay may gawain sa paglalakbay na kaugnay kay Pablo.

▣ **"Cuarto"** Ang pangalang ito sa Latin ay nangangahulugang "pang-apat." Siya ay maaaring ang kapatid ni Tertio, na sa Lati ay nangangahulugang "pangatlo" (cf. v. 22).

**16:24** Ang talatang ito ay hindi matatagpuan sa naunang Griyegong mga kasulatan, P[46,61], א, A, B, C, at 0150. Ito ay matatagpuan sa ilang Griyegong mga kasulatan pagkatapos ng 16:23 at ang iba, pagkatapos ng 16:27. Ito ay maliwanag na hindi orihinal ni Pablo. Ito ay tinanggal sa NASB, NRSV, TEV at NJB mga salin. Ang UBS[4] ay nagbibigay ng antas na "tiyak" (A) sa kanyang pagkatanggal. Ito ay isang pagtatangkang isara ang sulat at may kaugnayan sa suliranin ng pangwakas na doxolohiya na nasa hulihan ng kabanata 14, 15, at 16 sa maraming sinaunang Griyegong mga teksto.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 16:25-27**

**[25]At ngayon sa kaniya na makapangyarihan na sa inyo'y makapagpapatibay ayon sa aking Ebanghelyo at sa pangangaral ni Hesukristo, ayon sa pahayag ng hiwaga na natago sa katahimikan nang panahong walang hanggan. [26]Datapuwa't nahayag na ngayon, at sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan ng mga propeta, ayon sa ipinagutos ng Diyos na walang hanggan, ay ipinakilala sa lahat ng mga bansa upang *pangunahang* magsitalima sa pananampalataya: [27]Sa iisang Diyos na marunong, sa pamamagitan ni Hesukristo, na sumasa kaniya ang kaluwalhatian magpakailan man. Amen.**

**16:25-27** Ito ay iisang pangungusap sa Griyego. Ang pagbabasbas na ito ay maaaring matagpuan sa sinaunang Griyego mga kasulatan, kapwa sa hulihan ng kabanata 14 at kabanata 15. Ang kontekstong ito ay isang paglalagaom ng pangunahing mga paksa ng aklat maaaring naisulat sa sariling kamat ni Pablo.

Ang ilan ay naniniwala na ang doxolohiyang ito ay maaaring naging

1. ang pabalat na sulat para sa inuulit na sulat ng Efeso
2. para sa kanila na nasa daan papuntang Roma dahil
   a. Hindi pa nabisita ni Pablo ang Roma, gayunpaman siya ay nagsabi ng pabati sa dalawampu't-anim na tao
   b. Ang abanata 16 ay ang unang pagkabanggit ng mga bulaang mangangaral
   c. Ang doxolohiyang ito ay makikita sa Griyegong mga kasulatan at maraming magkakaibang mga lugar.

Ito ay maaari ding ginawa ni Pablo sa dalawang sipi, mga kabanata 1-14 to Roma, mga kabanata 1-16 sa Efeso. Kadalasang ang mga pagbibigay-diin na ito ay nasasagot sa pamamagitan ng

1. ang katotohanan na maraming sa mga sinaunang manggagawang Kristiyanon ay naglalakbay
2. ang katotohanan na wala sa Griyegong kasulatan ng Roma ay walang kabanata 16
3. maaari na ang mga bulaang mangangaral ay ipinahiwatig sa 14:1-15:13

**16:25 "sa kaniya na makapangyarihan"** Ito ay isa pang napakagandang titulo para sa Diyos na ginamit ng tatlong beses sa NT (cf. Efeso 3:20; Judas 24).

Pansinin kung papaano pinapatibay ng Diyos ang mga mananampalataya.

1. Ang pagpapakilala ng ebanghelyo ni Pablo
2. Ang pangangaral patungkol kay Hesus Kristo
3. Ang paghahayag ng walang hanggang plano ng kaligtasan ng Diyos na itinagong lihim (hiwaga)

Sa mga mananampalataya ay pinag-ibayo sa pamamagitan ng kaalaman ng ebanghelyo. Ang ebanghelyong ito ay ngayon ginawang may pakinabang sa lahat!

▣ **"ng hiwaga"** Ang Diyos ay may isang pinag-kaisang layunin para sa katubusan ng sangkatauhan kahit na bago pa ang pagbagsak (cf. Genesis 3). Ang mga pahiwatig ng planong ito ay nahayag sa OT (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; at ang pangkalahatang mga talata ng mga propeta). Gayunman ang buong layunin ay hindi paliwanag (cf. I Corinto 2:6-8). Sa pagdating ni Hesus at ngEspiritu ito ay masisimulang mas lalong luminaw. Ginamit ni Pablo ang salitang "hiwaga" upang ilarawan ang ganitong kabuuang pangkatubusang plano (cf. I Corinto 4:1; Efeso 2:11-3:13; 6:19; Colosas 4:3; I Timoteo 1:9).

Gayunman, ginamit niya ito sa maraming magkakaibang kaunawaan.

1. Isang bahagyang pagpapatigas sa Israel upang pahintulutang isama ang mga Hentil. Ang pagdagsang ito ng mga Hentil ay kikilos bilang isang kaparaanan para sa mga Hudyo upang tanggapin si Hesus bilang ang Kristo ng propesiya (cf. Roma 11:25-32).
2. Ang ebanghelyo ay ipinakilala sa mga bansa, kung saan ang lahat ay isinama kay Kristo at sa pamamagitan ng Kristo (cf. Roma 16:25-27; Colosas 2:2).
3. Ang mga bagong katawan ng mga mananampalataya sa Pangalawang Pagdating (cf. I Corinto 15:5-57; I Tesalonica 4:13-18).
4. Ang pagwawakas ng lahat ng mga bagay kay Kristo (cf. Efeso 1:8-11).
5. Ang mga Hentil at mga Hudyo ay kasamang mga tagapagmana (cf. Efeso 2:11-3:13).
6. Ang malapit na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Kristo at ng Iglesiya ay inilarawan sa mga salita ng pag-iisang-dibdib(cf. Efeso 5:22-33).
7. Ang mga Hentil ay kasama sa mga tao ng kasunduan at nanananahan sa pamamagitan ng Espiritu ni Kristo upang magbunga ng isang paglagong katulad ni Kristo, na, ipanumbalik ang ang napinsalang larawan ng Diyos sa nalugmok na sangkatauhan (cf. Genesis 6:5, 11-13; 8:21) ng Diyos sa tao (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6; Colosas 1:26-28).
8. Ang Anti-Kristo sa katapusan ng panahon (cf. II Tesalonica 2:1-11).
9. Isang buod ng naunang iglesiya ng hiwaga ay matatagpuan sa I Timoteo 1:16.

**16:26 "nahayag na ngayon"** Ang hiwagang ito o plano ng Diyos ngayon ay maliwanag na nahayag sa lahat sangkatauhan. Ito ay ang ebanghelyo ni Hesus Kristo (cf. Efeso 2:11-3:13).

▣ **"at sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan"** Inihayag ng Diyos ang hiwagang ito sa persona at gawain ni Hesus. Ito ay nauna nang sinabi sa pamamagitan ng mga propeta sa OT. Ang pagkatatag ng iglesiya sa NT na binubuo ng nananampalatayang mga Hudyo at mga Hentil ay palaging na panukala ng Diyos (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Jeremias 31:31-34).

▣ **"walang hanggang Diyos"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: WALANG HANGGAN**

Si Robert B. Girdlestone, sa kanyang aklat na *Synonyms of the New Testament*, ay may nakakawiling puna sa salitang "walang hanggan":

> "Ang pang-uring *aiōnios* ay ginamit na mahigit sa apatnapung beses sa NT tungkol sa *walang hanggan buhay*, na ipinagpapalagay nang bahagya bilang pangkasalukuyang kaloob, nang bahagya bilang isang pangako para sa hinaharap. Ito ay maiuukol din sa walang-hanggang pag-iral ng Diyos sa Roma 16.26; sa hindi matatapos na bisa na katubusa ni Kristo sa Hebreo 9.12, 13.20; at sa nakalipas na mga panahon sa Roma 16.25, 2 Timoteo 1,9, Tito 1.2.
>
> Ang salitang ito is na ginamit na may sanggunian sa *walang hanggang apoy,* Mateo 18.8,25. 41, Judas 7; *walang hanggang kaparusahan,* Mateo 25.46; *walang hanggang kahatulan* o *paggagawad ng hatol*, Marcos 3.29, Hebreo 6.2; *walang hanggan pagkawasak*, 2 Tesalonica 1.9. Ang salita sa mga talatang ito ay nagpapahiwatig ng kawakasan, at tila nangangahulugan na kapag ang mga kahatulan ay naipataw na, ang panahon ng pagsubok, ay magbabago, o ang pagkakataon na makuhang muli ang kapalaran ng isa, ay maglalaho na nang lubusan at magpakailanpaman. Kakaunti ang nalalaman natin patungkol sa hinaharap, patungkol sa kaugnayan ng buhay ng tao sa iba pang nabubuhay, at patungkol sa moral na kabigatan ng di-pananampalataya, bilang pagtingin sa liwanag ng walang-hangan. Kung, sa kabilang banda, ito ay mali na idagdag ang salita ng Diyos, sa kabila ay kailangan nating hindi magbawas mula dito;

at kung tayo ay nalilito sa ilalim ng doktrina of walang hanggang kaparusahan bilang nasasaad sa Banal na Kasulatan, kailangan nating maging malugod sa paghihintay, manatili sa Ebanghelyo ng pag-ibig ng Diyos kay Kristo, habang kinikilala na mayroong isang madilim na kaligiran na hindi nating maintindihan" (pp. 318-319).

▣ **"ay ipinakilala sa lahat ng mga bansa"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ito ay inilagay sa huli sa Griyegong pangungusap para sa pagbibigay-diin. Ipinakilala ng Diyos ang alok ng ebanghelyo sa buong mundo, na Kanyang palagiang layunin (cf. Genesis 3:15)!

▣

**NASB** **"*pangunahang* magsitalima sa pananampalataya"**
**NKJV** **"para pagsunod sa pananampalataya"**
**NRSV** **"upang magbungga ng pagsunod sa pananampalataya"**
**TEV** **"pangunahan sa pagsunod sa pananampalataya"**
**NJB** **"dalhin sila sa pagsunod sa pananampalataya"**

May mga magkakaibang paraan upang maunawaan ang pariralang ito; ito ay maaaring tumutukoy sa

1. doktrina patungkol kay Kristo
2. pagtitiwala kay Kristo
3. pagsunod sa ebanghelyo kapwa sa pagsisimula at pagpapatuloy

Ang pagsunod (cf. 1:5) ay kailangang isama sa teolohiya sa konsepto ng pagsisisi at pananampalataya (cf. Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21).

**16:27 "Sa iisang Diyos na marunong"** Ito ay isang pagkabanggit sa monoteismo (tingnan ang Natatangging Paksa sa 3:30, cf. Deuteronomio 6:4-5). Ang Kristiyanismo ay may iisang Diyos lamang, katulad ng sa Judaismo, gayunman, ang lubos na pagka-Diyos ni Hesus at ang lubos na persona ng Espiritu ay mag-uudyok sa atin sa "nagkakaisang-tatlo," Trinidad (tingnan ang Natatangging Paksa sa 8:11).

▣ **"ang kaluwalhatian magpakailan man"** Tingnan ang tala sa 3:23.

▣ **"Amen"** Tingnan ang Natatangging Paksa sa 1:25.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano nakilala ni Pablo ang lahat ng mga tao sa iglesiya sa Roma yamang hindi pa siya nakakarating doon?
2. May kahit ano bang biblikal na katunayan para sa mga kababaihang diyakono (cf. 16:1; I Timoteo 3:11; 5:3-16)?

3. Ano ang implikayon na sobrang daming mga kababaihan ang nakatala sa kabanatang ito?
4. Ilarawan ang mga pamamaraan at mensahe ng mga bulaang mangangaral (vv. 17-18).

# DAGDAG NA DAHON ISA

## MGA MAIKLING KAHULUGAN NG MGA GRIYEGONG PANG-GRAMATIKONG SALITA

Ang Griyegong Koine, ay madalas na tinawag na Griyegong Hellenistic, ay ang pangunahing wika sa mundo ng Mediteraneo simula pa sa pagsakop ni Alexander na Dakila (336-323 B.C..) at nagtagal ng mahigit walong daang taon (300 B.C.-A.D. 500). Ito ay hindi lamang pinagaan, klasikong Griyego, ngunit sa maraming paraan ay isang mas bagong anyo ng Griyego na nagging ikalawang wika sa mundo ng Ancient Near East sa Mediteraneo.

Ang Griyego ng Bagong Tipan ay naiiba sa ilang mga kaparaanan sapagkat ang mga gumagamit nito, maliban kay Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo, ay marahil gumamit ng Aramaic bilang kanilang pangunahing wika. Samakatwid, ang kanilang mga kasulatan ay naimpluwensyahan ng mga kataga at mga istrukturang anyo ng Aramaic. At saka, sila ay bumasa at sumipi ng Septuagint (Griyegong salin ng Lumang Tipan) na siya rin namang isinulat sa Griyegong Koine. Ngunit ang Septuagint ay isinulat rin ng mga iskolar na Hudyo na ang inang salita ay hindi Griyego.

Ito ay nagsisilbing paalala na hindi natin maaring itulak ang Bagong Tipan sa isang mahigpit na istrukturang balarital. Ito ay isang naiiba at mayroong labis na pagkakahawig sa (1) ang Septuagint; (2) mga pang-Hudyong kasulatan gaya ng kay Josephus; at (3) ang papyri na natagpuan sa Ehipto. Paano natin ngayon tatangkain ang isang pang-balarilang pag-aaral sa Bagong Tipan?

Ang pang-balarilang katangian ng Griyegong Koine at Griyegong Koine ng Bagong Tipan ay sunod-sunuran. Sa maraming kaparaanan ito ay panahon g pagpapakasimple ng balarila. Ang kaugnay na kahulugan ang ating mas nakalalamang na gabay. Ang mga salita ay mayroong lamang kahulugan sa mas malaking kaugnay na kahulugan, samakatwid, ang pang-balarilang kayarian ay maari lamang maunawaan sa pamamagitan ng (1) partikular na pamamaraan ng may akda; at (2) sa isang partikular na kaugnay na kahulugan. Walang konklusibong kahulugan sa mga anyo at kayarian ng Griyego ang maaari.

Ang Koine na Griyego ay una sa lahat ay isang berbal na wika.. Madalas ang susi sa pagbibigay ng kahulugan ay ang uri at anyo ng mga PANDIWARI. Sa madalas na pangunahing sugnay ang PANDIWA ay mauunang makita, na nagpapakita ng pagiging mataas nito. Sa pagsusuri ng mga Griyegong PANDIWA tatlong mga bahagi ng kaalaman ang dapat punahin (1) ang batayang pagbibigay diin sa PANAHUNAN, TINIG at PANAGANO (morpolohiya); (2) ang batayang kahulugan ng partikular na PANDIWA (leksikograpya); at (3) ang daloy ng kaugnay na kahulugan (palaugnayan).

I. PANAHUNAN

A. Ang Panahunan o aspeto na nagsasangkot sa ugnayan ng mga PANDIWA sa isang natapos na pagkilos o di natapos na pagkilos. Ito ay madalas na tinatawag na "GANAP" at "DI-GANAP."
   1. Ang mga GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa paglitaw ng isang pagkilos. Walang karagdagang kaalaman ang ibinigay maliban na isang bagay ang nangyari! Nagsimula ito, ang pagpapatuloy o pagtatapos ay hindi tinalakay.
   2. DI-GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa nagpapatuloy na pagganap ng isang pagkilos. Ito ay maaring ilarawan sa mga terminong taluhabang aksyong, tagalang pagkilos, progresibong pagkilos, atbp.

B. Ang mga panahunan ay maaring maipapangkat sa kung paano ang may akda nakikita ang pagkilos na nagproprogreso
   1. Naganap na = AORIST
   2. Ito'y naganap at ang bunga ay nanatili = GANAP
   3. Ito'y nagaganap sa nakalipas at ang mga bunga ay nanatili, ngunit hindi ngayon = LIPAS NA GANAP
   4. Ito ay nagaganap = PANGKASALUKUYAN
   5. Ito ay nagaganap na = DI-GANAP
   6. Ito ay magaganap = PANGHINAHARAP

   Isang konkretong halimbawa kung paano ang mga salitang PANAHUNAN ay makakatulong sa pagbibigay ng kahulugan ay ang salitang "ligtas." Ito ay ginamit ng ilang magkakaibang panahunan upang ipakita ang parehong pagganap at pagtatapos:
   1. AORIST – "naligtas" (cf. Roma 8:24)
   2. GANAP – "ay iniligtas at ang bunga ay nagpapatuloy" (cf. Efeso 2:5,8)
   3. PANGKASALUKUYAN – "inililigtas" (cf. I Corinto 1:18; 15:2)
   4. PANGHINAHARAP – "ay ililigtas" (cf. Roma 5:9, 10; 10:9)

C. Sa pagtutuon sa PANDIWANG PANAHUNAN, ang mga tagapagsalin ay tumitingin sa dahilan ng pagpili orihinal na may akda sa pagpapahayag ng kanyang sarili sa ilang mga PANAHUNAN. Ang pamantayan "walang mga pagarbo" na panahunan ay ang AORIST. Ito ay regular "di-tiyak," "di-markado," o "walang hudyat" na anyo ng PANDIWA. Ito ay maaring gamitin sa malawak na magkakaibang mga paraan na kung saan ang kaugnay na kahulugan ay matutukoy. Ito ay payak na paglalahad ng isang bagay ay nangyari. Ang nakalipas na aspeto ng oras ay nilalayon lamang sa INDIKATIBONG PANAGANO. Kung may ibang PANAHUNAN ang ginamit, isang bagay ang mas tiyak na binibigyan diin. Ngunit bakit?
   1. GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang natapos na pagkilos na may nanatiling mga bunga. Sa ilang mga kaparaanan ito ay isang pagsasama ng AORIST at PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Madalas ang pokus ay sa pananatili ng mga bunga o ang pagkokompleto ng isang gawa (halimbawa: Efeso 2:5 & 8, "kayo ay nangagligtas at patuloy na nangangagligtas").
   2. LIPAS NA GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay kagaya ng GANAP maliban sa ang mga nananitiling mga bunga ay nawala na. Halimbawa: Juan 18:16 "si Pedro ay nakatayo sa pintuan sa labas."
   3. PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang di-kompleto o di-perpektong pagkilos. Ang pokus ay madalas sa pagpapatuloy ng isang pangyayari. Halimbawa: I Juan 3:6 & 9, "Ang sinomang nananahan sa Kaniya ay hindi nagkakasala." "Ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala."
   4. DI-GANAP NA PANAHUNAN. Sa panahunang ito ang ugnayan sa PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN ay kahawig sa ugnayan sa pagitan ng GANAP at ang LIPAS NA GANAP. Ang DI-GANAP ay nagsasalita sa di-kompletong pagkilos na nangyayari ngunit ngayon ay nawala na o ang simula ng isang pagkilos sa nakalipas. Halimbawa: Mateo 3:5, "Nang magkagayo'y nilabas siya ng Jerusalem" o "nang magkagayon ang buong Jerusalem ay nagsimulang lumabas patungo sa kanya."
   5. PANGHINAHARAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang pagkilos na madalas ay inuumang sa panghinaharap na saklaw ng panahon. Ito ay tumutuon sa potensyal na paglitaw ng isang pangyayari kaysa sa isang aktwal na paglitaw nito. Ito ay madalas na nagsasalita sa katiyakan ng isang pangyayari. Halimbawa: Mateo 5:4-9, "Mapapalad ang

mga. . . nila ang. . .”

## II. TINIG

A. TINIG ay naglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng pagkilos ng PANDIWA at ng SIMUNO nito.

B. TAHASANG TINIG ay ang normal, inaasahan, di-binigyan diin na paraan ng pagsasaysay na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA.

C. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nangangahukugan na ang simuno ay nakakatatanggap ng pagkilos ng PANDIWA na ginawa ng isang panlabas na ahente. Ang panlabas na ahente na gumawa ng pagkilos ay itinuro sa Griyegong NT sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga PANG-UKOL at mga kaso:

1. isang personal na direktang ahente sa pamamagitan ng *hupo* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo1:22; Mga Gawa 22:30).
2. isang personal at kagyat na ahente sa pamamagitan ng *dia* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo 1:22).
3. isang di-personal na ahente na madalas sa pamamagitan ng *en* na may kasamang KASANGKAPANG KASO.
4. minsan alinman sa personal o di-personal na ahente sa pamamagitan ng KASANGKAPANG KASO lamang.

D. Ang PANGGITNANG TINIG ay nangangahulugan na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA at siya rin direktang sangkot sa pagkilos ng PANDIWA. Ito ay madalas na tinawag na tinig ng pinahigpit na personal na interest. Ang konstruksyon na ito ay nagbibigay diin sa simuno ng sugnay o pangungusap sa ilang mga paraan. Ang konstruksyon na ito ay hindi matatagpuan sa Ingles. Ito ay may malawak na posibilidad ng mga kahulugan at mga salin sa Griyego. Ang ilang mga halimbawa ng anyong ito ay:

1. PASARILI – ang direktang pagkilos ng simuno sa mismong sarili. Halimbawa: Mateo 27:5 “binitay ang sarili.”
2. INTENSIBO – ang simuno gumagawa ng pagkilos sa kanyang sarili. Halimbawa: II Corinto 11:14 “si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan.”
3. RESIPROKAL – ang paglalato ng dalawang mga simuno. Halimbawa: Mateo 26:4 “At sila'y sangagsanggunian.”

## III. PANAGANO (O “MODA”)

A. Mayroong apat na mga PANAGANO sa Koineng Griyego. Sila ay nagpapahiwatig ng ugnayan ng PANDIWA sa katotohanan, kahit man lang sa sariling isipan ng may. Ang mga PANAGANO ay nahahati sa dalawang malawak na kategorya: na siyang nagpapahiwatig ng katotohanan (INDIKATIBO) at siya rin nagpapahiwatig na maaaring mangyari(PASAKALI, PAUTOS at OPTATIBO).

B. Ang INDIKATIBO PANAGANO ay ang normal na PANAGANO sa pagpapahayag ng pagkilos na nangyari na or nangyayari na, kahit man lang sa isipan ng may akda. Ito lamang ang Griyegong panagano na nagpapahayag ng isang tiyak na oras, at maging dito ang aspetong ito ay pangalawa lamang.

C. Ang PASAKALING PANAGANO ay nagpapahayag ng panghinaharap na pagkilos. Isang bagay na hindi pa nangyayari, ngunit ang may pagkakataon na ito ay mangyayari. Ito ay may higit na pagkakapareho sa PANGHINAHARAP INDIKATIBO. Ang pagkakaiba ay ang PASAKALI ay nagpapapahayag ng ilang antas ng pag-aalinlangan. Sa Ingles ito ay madalas na ipinapahayag ng mga terminong “maari,” “nais,” “marahil,” or “puwede.”

D. Ang OPTATIBO PANAGANO ay nagpapahayag ng isang hiling na kanilay-nilay na posible. Ito ay itinuturing na isang hakbang palayo mula sa katotohanan kaysa sa PASAKALI. Ang OPTATIBO ay nagpahayag ng posibilidad sa ilalim ng ilang mga kondisyon. Ang OPTATIBO ay bihira sa Bagong Tipan. Ang pinakamadalas na pagkakagamit ay sa tanyag na parirala ni Pablo, “Maaring ito’y huwag nawa” (KJV, “Nagbabawal ang Diyos”), ginamit ng labinlimang beses (cf. Roma 3:4, 6, 31; 6:2, 15; 7:7, 13; 9:14; 11:1, 11; I Corinto 6:15; Galacia 2:17; 3:21; 6:14). Ang ibang mga halimbawa ay matatagpuan sa Lucas 1:38, 20:16, Mga Gawa 8:20, at I Thesalonica 3:11.

E. Ang PAUTOS PANAGANO ay nagdidiin sa isang utos na isang maaari, ngunit ang pagdidiin ay sa layunin ng tagapagsalita. Ito’y nagsasaysay lamang ng bolisyonal na posibilidad at ikinondisyon sa pagpipilian ng iba pa. Mayroong isang espesyal na gamit ang PAUTOS sa mga panalangin at sa ikatlong persona na mga kahilingan. Ang mg autos na ito ay matatagpuan lamang sa PANGKASALUKUYAN at AORIST NA PANAHUNAN sa NT.

F. Ang ilang mga balarila ay nagkategorya sa mga PANTUKOY sa ibang uri ng PANAGANO. Sila ay napaka-karaniwan sa Griyegong NT, madalas na binigyan kahulugan bilang isang PANDIWANG PANG-URI. Sila ay isinalin na kasabay sa pangunahing PANDIWA kung saan sila ay inuugnay. Ang isang malawak na mga uri ay posible sa pagsasalin ng mga PANTUKOY. Pinakamuhasay na konsultahin ang ilang mga salin na Ingles. *The Bible in Twenty Six Translations* na inilatha ng Baker ay isang malaking tulong dito.

G. The AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang normal o “di-minarkahang” paraan sa pagtatala ng isang pangyayari. Alinmang ibang PANAHUNAN, TINIG o PANAGANO ay may ilang mga parikular na nagpapakahulugang kahalagahan na ang orihinal na may-akda na nais na ipagbigay-alam.

IV. Para sa isang tao na hindi pamilyar sa Griyego ang mga sumusunod na tulong pag-aaral ay magbibigay ng kinakailangang kaalaman:

A. Friberg, Barbara at Timothy. *Analytical Greek New Testament*. Grand Rapids: Baker, 1988.

B. Marshall, Alfred. *Interlinear Greek-English New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1976.

C. Mounce, William D. *The Analytical Lexicon to the Greek New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1993.

D. Summers, Ray. *Essentials of New Testament Greek*. Nashville: Broadman, 1950.

E. Mga pinaniniwalang sulating pang akademya sa mga kurso para sa Koine Griyego ay makukuha sa pamamagitan ng Moody Bible Institute sa Chicago, IL.

## V. MGA PANGNGALAN

A. Sa palaugnayan, ang PANGNGALAN ay inuuri sa pamamagitan ng KASO. Ang KASO ay ang binagong tono ng anyo ng isang PANGNGALAN na nagpapakita ng ugnayan nito sa PANDIWA at sa ibang mga bahagi ng pangungusap. Sa Koineng Griyego marami sa mga tungkulin ng KASO ay ipinahihiwatig sa pamamagitan ng PANG-UKOL. Dahil sa ang anyong KASO ay nagawang alamin ang ilang magkakaibang mga ugnayan, ang PANG-UKOL ay nakalinang upang ibigay ang mas malinaw na pagkakahiwalay ng mga posibling mga tungkuling ito.

B. Griyegong KASO ay inuuri sa mga sumusunod na walong mga paraan:
   1. Ang PALAGYONG KASO ay ginamit para pagpapangalan at ito ay madalas sa ang SIMUNO ng pangungusap o sugnay. Ito rin ay ginamit para sa PANAGURING PANGNGALAN at mga PANG-URI na may kasamang pagdugtong na mga PANDIWA "upang maging" o "maging."
   2. Ang DYENITIBONG KASO ay ginamit para sa paglalarawan at madalas nagtatalaga ng isang katangian o kalidad sa salita kung saan ito inuugnay. Ito ay sumasagot sa katanungang, "Anung uri?" Ito ay madalas na nagpapahayag sa pamamagitan ng paggamit ng Ingles na PANG-UKOL "ng."
   3. Ang ABLATIBONG KASO ay gumamit ng kaparehong binagong tonong anyo na gaya ng sa DYENITIBO, ngunit ito ay ginamit upang ilarawan ang pagkakahiwala. Ito ay madalas na naitalang pagkakahiwalay mula sa isang punto ng panahon, lawak, pinagmulan o antas. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng paggamit sa Ingles ng PANG-UKOL "mula."
   4. Ang DATIBONG KASO ay ginamit upang ilarawan ang personal na interest. Ito ay maaring magtala ng isang positibo o negatibong aspeto. Madalas ito ay ang DI-TUWIRANG LAYON. Ito ay madalas na ipinapahayag sa Ingles sa PANG-UKOL na "upang."
   5. Ang LOKATIBONG KASO ay katulad sa binagong tonong anyo na gaya ng sa DATIBO, ngunit ito ay naglalarawan sa posisyon o lokasyon sa lawak, oras o lohikal na mga pagtatakda. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL "sa, nasa, malapit sa, kasama ng, habang, sa pamamagitan ng, sa ibabaw ng, at sa tabi ng ."
   6. Ang PANGKASANGKAPANG KASO ay katulad ng binagong tonong anyo na DATIBO at LOKATIBO KASO. Ito ay nagpapahayag ng mga kaparaanan o kaugnayan. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL, "sa pamamagitan ng o "kasama ng."
   7. Ang AKUSATIBO KASO ay ginamit upang ilarawan ang konklusyon ng isang pagkilos. Ito ay nagpapahayag ng pagtatakda. Ang pangunahing gamit nito ay TUWIRANG LAYON. Ito ay sumasagot sa tanong na, "Gaano kalayo?" o "Hanggang saan ang?"
   8. Ang BOKATIBONG KASO ay ginamit para sa direktang pananalita.

## VI. PANGATNIG AT PANG-UGNAY

A. Ang Griyego ay isang napakatumpak na wika sapagakat ito ay mayroon napakaraming mga pang-ugnay. Sila ay nagdudugtong ng mga kaisipan (SUGNAY, PANGUNGUSAP, at TALATA). Sila ay napakakariniwan na ang kanilang pagkawala (asendeton) ay madalas ay may eksehital na kahalagahan. Sa katotohanan, ang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY na ito ay nagpapakita ng direksyon sa kaisipan ng may akda. Sila ay madalas na krusyal sa pag dedetermina ng kung ano ang kanyang eksaktong nais na ipagbigay alam.

B. Narito ang isang listahan ng ilang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY at ang kanilang mga kahulugan (ang imormasyon na ito ay madalas na nakikita mula sa H. E. Dana at Julius K.

Mantey's *A Manual Grammar of the Greek New Testament*).

1. Panahunang PANG-UGNAY
   a. *epei, epeidē, hopote, hōs, hote, hotan* (PAS.) – "kailan"
   b. *heōs* – "habang"
   c. *hotan, epan* (PAS.) – "kapag"
   d. *hōs, achri, mechri* (PAS.) – "hanggang"
   e. *priv* (PAW.) – "bago"
   f. *hōs* – "mula pa," "kapag," "habang"
2. Lohikal na PANG-UGNAY
   a. Layunin
      (1) *hina* (PAS.), *hopōs* (PAS.), *hōs* – "upang ang," "na ang"
      (2) *hōste* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) – "na ang"
      (3) *pros* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) o *eis* (PANTUKOY NA AKUSATIBO PAWATAS) – "na ang"
   b. Resulta (mayroong isang malapit na kaugnayan sa pagitan ng gramtikal na mga anyo sa layunin at bunga)
      (1) *hōste* (PAWATAS, ito ang napakakariniwan)– "upang ang," "kaya"
      (2) *hiva* (PAS.) – "nang sa gayon
      (3) *ara* – "kaya"
   c. Pansanhi o dahilan
      (1) *gar* (sanhi/epekto o dahilan/konlusyon) – "para," "sapagkat"
      (2) *dioti, hotiy* – "sapagkat"
      (3) *epei, epeid*s*, hōs* – "dahil sa"
      (4) *dia* (may akusatibo) at (may PANTUKOY NA infin.) – "sapagkat"
   d. Imperensiyal
      (1) *ara, poinun, hōste* – "samakatuwid"
      (2) *dio* (pinakamalakas na imperensiyal na PANGATNIG) – "sa kung aling salaysay," "sa gayon," "samakatuwid"
      (3) *oun* – "samakatuwid," "kaya," "kung gayon," "dahil dito"
      (4) *toinoun* – "nang naaalinsunod"
   e. Kasalungat o pagkakaiba
      (1) *alla* (malakas na KASALUNGAT) – "ngunit," "maliban"
      (2) *de* – "ngunit," "gayunman," "muna," "sa kabilang dako"
      (3) *kai* – "ngunit"
      (4) *mentoi, oun* – "gaynman"
      (5) *plēn* – "higit kailanman" (karamihan sa Lucas)
      (6) *oun* – "gayunman"
   f. Paghahambing
      (1) *hōs, kathōs* (nagpapakilala ng KOMPARATIBONG MGA SUGNAY)
      (2) *kata* (sa mga tambalan, *katho, kathoti, kathōsper, kathaper*)
      (3) *hosos* (sa Mga Hebreo)
      (4) *ē* – "kaysa"
   g. Nagpapatuloy or serye
      (1) *de* – "at," "ngayon""
      (2) *kai* – "at"
      (3) *tei – "at"*
      (4) *hina, oun* – "ns"
      (5) *oun* – "kung gayon" (sa Juan)

3. Mariin na mga pagkakagamit
    a. *alla* – “katiyakan,” “o,” “sa katotohanan”
    b. *ara* – “talaga,” “tiyak,” “totoo”
    c. *gar* – “ngunit talaga,” “tiyak,” “talaga”
    d. *de* – “talaga”
    e. *ean* – “kahit na”
    f. *kai* – “kahit na,” “talaga,” “totoo”
    g. *mentoi* – “talaga”
    h. *oun* – “totoo,” “sa anomang paraan ”

## VII. KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP

A. Ang KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay isa sa nagtataglay ng isa o higit pang mga kondisyonal na mga sugnay. Ang balaritang istrukturang ito ay tumutulong sa pag-iinterpret sapagkat ito ay nagbibigay ng mga kondisyon, dahilan o mga sanhi kung bakit ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA lumitaw o hindi lumitaw. Mayroong apat na mga uri ng mga KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Sila ay lumisan mula sa iniisip na totoong perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin na siyang hiniling lamang.

B. Ang UNANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay nagpapahayag ng pagkilos o tanging siyang inisip na totoo mula sa perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin bagamat ito ay ipinahayag na may kasamang “ kung.” Sa ilang mga kaugnay na kahulugan ito ay maaring maisalin sa “ dahil sa” (cf. Mateo 4:3; Roma 8:31). Gayunpaman, hindi ito nangangahulugang nagpapahiwatig na ang lahat ng mga UNANG MGA URI ay totoo sa katotohanan. Madalas sila ay ginamit upang gumawa ng isang puntong pang argumento o upang pagliwanagin ang sang kasinungalingan (cf. Mateo 12:27).

C. Ang IKALAWANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay madalas na tinatawag na “salungat sa katotohanan.” Io ay nagsasaysay ng isang bagay na hindi totoo sa katotohanan upang gumawa ng isang punto. Mga halimbawa:
    1. “Ang taong ito, kung siya'y isang propeta ay nakikilala niya kung sino at kung ano ang babaing ito na sa kaniya'y humihipo, na siya'y makasalanan” (Lucas 7:39)
    2. “Sapagka't kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisisampalataya kayo sa akin; sapagka't tungkol sa akin siya'y sumulat.” (Juan 5:46)
    3. “Sapagka't ako baga'y nanghihikayat ngayon sa mga tao o sa Diyos? o ako baga'y nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? kung ako'y magbibigay-lugod pa sa mga tao, ay hindi ako magiging alipin ni Cristo.” (Galacia 1:10)

D. Ang IKATLONG URI ay nagsasalita sa posibleng panghinaharap na pagkilos. Ito ay madalas na nagpapalagay sa probabilidad ng pagkilos na yaon. Ito ay kadalasang nagpapahiwatig ng isang katiyakan ng anumang mangyari. Ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA ay isang katiyakan ng anumang mangyari sa “kung” na sugnay. Mga halimbawa mula sa I Juan: 1:6-10; 2:4,6,9,15,20,21,24,29; 3:21; 4:20; 5:14,16.

E. Ang IKAAPAT NA URI ay ang pinakamalayo na inalis mula sa posibilidad. Ito ay bihira sa NT. Sa katunayan, walang kompletong IKAAPAT NA URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na kung saan ang parehong mga parte ng kondisyon ay tumutugma sa depinisyon. Isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa pambungad na sugnay ay sa I Pedro 3:14. At isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa nagtatapos na sugnay ay sa Mga

Gawa 8:31.

VIII. MGA IPINAGBABAWAL

A. Ang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may kasamang MĒ KATAGA ay madalas (ngunit eksklusibo) ay mayroong pagdidiin sa pagpapatigil ng isang pagkilos na nasa pagganap na. Ilang mga halimbawa: "Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa. . ." (Mateo 6:19); "Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay. . ." (Mateo 6:25); "huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan. . ." (Roma 6:13); "huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos. . ." (Efeso 4:30); at "huwag kayong magsipaglasing ng alak. . ." (5:18).

B. Ang AORIST PASAKALI na may kasamang MĒ KATAGA ay may pagdidiin sa "huwag man lang simulant o magsimula sa isang pagkilos." Ilang mga halimbawa: "Huwag ninyong isiping. . ." (Mateo 5:17); "Kaya huwag kayong mangabalisa. . ." (Mateo 6:31); "Huwag mo ngang ikahiya. . ." (II Timoteo 1:8).

C. Ang DOBLENG NEGATIBO na may kasamang PASAKALI PANAGANO ay isang napakamariing pagnenegatibo. "Hindi kailanman, kailanma'y hindi" o "hindi sa ilalim ng anomang kalagayan." Ilang mga halimbawa: "hindi siya makakakita magpakailan man ng kamatayan" (Juan 8:51); "kailan man ay hindi. . ." (I Corinto 8:13).

IX. ANG PANTUKOY

A. Sa Koineng Griyego ang TAHASANG PANTUKOY "ang" ay gamit na gaya ng sa Ingles. Ang batayang tungkulin nito ay gaya ng sa "isang panturo" isang daan upang hikayatin ang atensyon patungo sa isang salita, pangalan o parirala. Ang gamit ay nag-iiba mula sa may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang TAHASANG PANTUKOY ay maaring rin may tungkulin
1. bilang isang sumasalungat na aparato gaya ng sa isang demostratibo na PANGHALIP;
2. bilang isang tanda na tumutukoy sa isang nakalipas na ipinakilalang SIMUNO o katauhan;
3. bilang isang daan upang matukoy ang SIMUNO sa isang pangungusap na may kasamang pandugtong na PANDIWA. Mga halimbawa: "Ang Diyos ay Espiritu" (Juan 4:24); "Diyos ay ilaw" (I Juan 1:5); "Ang Diyos ay pag-ibig" (4:8,16).

B. Ang Koineng Griyego ay walang DI-TAHASANG PANTUKOY gaya ng sa Ingles "a" o "isang." Ang pagkawala ng TAHASANG PANTUKOY ay maaring nangangahulugang
1. isang pagtuon sa mga katangian o kalidad ng isang bagay
2. isang pagtuon sa kategorya ng isang bagay

C. Ang NT na mga may akda ay nag-iiba ng malaki sa kung paano ang mga PANTUKOY ay gamitin.

X. MGA PARAAN NG PAGPAPAKITA NG PAGDIDIIN SA GRIYEGONG BAGONG TIPAN

A. Ang mga pamamaraan para sa pagpapakita ng pagdidiin ay nagkakaiba iba mula sa mga may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang pinaka hindi nagbabago ay pormal na mga manunulat ay sina Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo.

B. Ating ipinalalagay sa simula na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang pamantayan at

hindi minarkahan para sa pagdidiin, ngunit anomang ibang PANAHUNAN, TINIG, o PANAGANO ay mayroong mahalagang pakahulugan. Hindi ito pagpapahiwatig na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay hindi madalas na ginamit sa isang mahalagang gramatikong pang-unawa. (Halimbawa: Roma 6:10 [dalawang beses]).

C. Pagkakasunud-sunod ng salita sa Koineng Griyego
   1. Ang Koineng Griyego ay ang binagong tonong wika na kung saan ay hindi nakabatay, gaya ng Ingles, sa pagkakasunod-sunod ng salita. Samakatuwid, ang may –akda ay maaring mag-iba iba sa normal na inaasahang pagkakasunod-sunod upang ipakita ang
      a. kung ano ang nais na bigyan diin ng may akda sa mga mambabasa
      b. kung ano ang iniisip ng may akda na magbibigla sa mga mambabasa
      c. kung ano ang malalim na nararamdaman ng may akda sa isang bagay
   2. Ang normal na pagkakasunod-sunod ng salita sa Griyego ay nananatiling hindi naayos na isyu. Gayumpaman, ang dapat na normal na pagkakaksunod-sunod ay:
      a. para sa pandugtong na mga PANDIWA
         (1) PANDIWA
         (2) SIMUNO
         (3) KAPUPUNAN
      b. para sa TRANSITIBONG PANDIWA
         (1) PANDIWA
         (2) SIMUNO
         (3) LAYON
         (4) INDIREKTANG LAYON
         (5) PANG-UKOL NA PARIRALA
      c. para sa PANGNGALAN PARIRALA
         (1) PANGNGALAN
         (2) PANURING
         (3) PANG-UKOL NA PARIRALA
   3. Ang pagkakasunod-sunod ng salita ay maaring lubusang napakahalaga na eksehital na punto. Mga halimbawa:
      a. "kanang kamay ay ibinigay nila sa akin at si Barnabas ng pakikisama." Ang pariralang "kanang kamay ng pakikisama" ay hinati at ibinunga upang maipakita ang kahalagahan nito (Galacia 2:9).
      b. "kasama ni Kristo" ay inilagay sa unahan. Ang Kanyang kamatayan ay sentro (Galacia 2:20).
      c. "Ito ay paunti-unti at sa sa iba't ibang paraan sa" (Hebreo 1:1) ay inilagay sa unahan. Ganito kung paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasalungat, hindi sa paggamit ng katotohanan ng kapahayagan.

D. Kadalasan sa ilang mga antas ang pagbibigay diin ay naipapakita sa pamamagitan ng
   1. Ang paguulit-ulit ng mga PANGHALIP na siyang PANGKASALUKUYANG na sa anyong binagong tono ng PANDIWA. Mga halimbawa: "Ako,ang Aking sarili, ay tiyak na magpapasainyo. . ." (Mateo 28:20).
   2. Ang kawalan ng inaasahang PANGATNIG, o ibang nagdudugtong na kagamitan sa pagitan ng mga salita, parirala, sugnay o mga pangungusap. Ito ang tinatawag naasyndeton ("o hindi nalimitahan"). Ang nagdudugtong na kagamitan ay inaasahan, kaya ang kawalan nito ay magaakit ng atensyon. Mga halimbawa:
      a. Ang Beatitudes, Mateo 5:3ff (nagbibigay diin sa tala)
      b. Juan 14:1 (bagong paksa)
      c. Roma 9:1 (bagong seksyon)

d. II Corinto 12:20 (nagbibigay diin sa tala)
3. Ang paguulit-ulit sa mga salita o parirala ay ipinapakita sa isang ibinigay na kaugnay na kahulugan. Mga halimbawa: "upang bigyan lugod ang Kanyang kaluwalhatian" (Efeso 1:6,12 & 14). Ang pariralang ito ay ginamit upang ipakita ang gawa ng bawat isa sa persona ng Trinidad.
4. Ang paggamit ng idioma o salita (tunog) ay paglalaro sa pagitan ng mga salita
   a. euphemisismo – naghahalili sa mga salita para sa sensitibong mga paksa, gaya ng "tuloy" para sa kamatayan (Juan 11:11-14) o "paa" para sa ari ng lalaki (Ruth 3:7-8; I Samuel 24:3).
   b. kaliguyan – naghahalili sa mga salita para sa pangalan ng Diyos, gaya ng "Kaharian ng langit" ( Mateo 3:21) o "isang tinig mula sa kalangitan" (Mateo 3:17).
   c. Mga Talinghaga
      (1) imposibleng kalabisan (Mateo 3:9; 5:29-30; 19:24)
      (2) mahinahong mga pananalita (Mateo 3:5; Mga Gawa 2:36)
      (3) pagsasatao (I Corinto 15:55)
      (4) ironya (Galacia 5:12)
      (5) mala-tulang sipi (Filipos 2:6-11)
      (6) paglalaro ng tunog sa pagitan ng mga salita
         (a) "iglesya"
            (i) "iglesya" (Efeso 3:21)
            (ii) "pagkakatawag" (Efeso 4:1,4)
            (iii)"tinawag" (Efeso 4:1,4)
         (b) "malaya"
            (i) "malayang babae" (Galacia 4:31)
            (ii) "kalayaan" (Galacia 5:1)
            (iii)"malaya" (Galacia 5:1)
   d. idyomatikong wika – ang wika na kadalasang kultural at espesipikong wika:
      (1) matalinghagang pagkakagamit ng "pagkain" (Juan 4:31-34)
      (2) matalinghagang pagkakagamit ng "Templo" (Juan 2:19; Mateo 26:61)
      (3) Hebreong kataga ng pakikiramay, "galit" (Gen. 29:31; Deut. 21:15; Lucas 14:36; Juan 12:25; Roma 9:13)
      (4) "Lahat" laban sa "marami' Ikumpara Isa. 53:6 ("lahat") sa 53:11 & 12 ("marami"). Ang mga salita ay kasingkahulugan ng sa Roma 5:18 at19 ipakita.
5. Ang pagkakagamit ng isang buong makaiwakng parirala sa halip ng isang salita. Halimbawa: "Ang Panginoong Hesukristo."
6. Ang ispesyal na pagkakagamit ng *autos*
   a. kapag may kasamang PANTUKOY (katangiang posisyon ito ay isinalin na "katulad."
   b. kapag walang kasama na PANTUKOY (Panaguring posisyon) ito ay isinalin bilang isang INTENSIBO PANARILING PANGHALIP—"kanyang sarili," "siya mismo," o "mismo."

E. Ang di-Griyegong pagbabasa ng Bibliya ng mag-aaral ay makakakilala ng mga pagdidiin sa ilang mga paraan:
   1. Ang paggamit ng isang analitikal na leksikon at interlinyar na Griyego/Ingles na teksto.
   2. Ang paghahambing ng mga Ingles na salin, partikular mula sa nagkakaibang mga teorya ng mga salin. Halimbawa: paghahambing sa "salita-sa-salita" na salin (KJV, NKJV, ASV, NASB, RSV, NRSV) na may kasamang isang "dinamikong katumbas" (Williams, NIV, NEB, REB, JB, NJB, TEV). Ang mabuting tulong dito ay ang *The Bible in Twenty-Six Translations* na inilathala ng Baker.

3. Ang paggamit ng *The Emphasized Bible* ni Joseph Bryant Rotherham (Kregel, 1994).
4. Ang paggamit ng isang napakaliteral na salin
   a. *The American Standard Version* of 1901
   b. *Young's Literal Translation of the Bible* ni Robert Young (Guardian Press, 1976).

Ang pag-aaral ng balarila ay isang matrabaho ngunit kinakailangan para sa isang nararapat na pagpapakahulugan. Ang maikiling pagpapaliwanag na ito, mga puna at mga halimbawa ay ninais na makapagbigay lakas ng loob at ihanda ang di-Griyegong mambabasa sa paggamit ng mga gramatikong mga puna na inilatag sa bolyum na ito. Tunay na ang mga paliwanag na ito ay lubhang pinagaan. Hindi dapat ito gamitin sa isang dogmatiko, di-nababalukotot na pamamaraan, ngunit bilang isang batong hahakbangan para sa mas higit na kaunawaan ng palaugnayan sa Bagong Tipan. Puno ng pag-asang ang mga paliwanag na ito ay makakapag enganyo sa mga mambabasa na maintindihan ang mga puna ng ilang mga tulong pag-aaral gaya ng mga teknikal na mga puna ng Bagong Tipan.

Dapat nating mapatunayan ang ating mga pagbibigay ng kahulugan batay sa mga kasangkapan ng mga kaalaman na matatagpuan sa mga teksto ng Bibliya. Ang balarila ay isa sa pinakanakakatulong sa mga kasangkapang ito; ang ilang mga kasangkapan ay makasaysayang tagpuan, kaugnay na kahulugan sa panitikan, pangkasalukuyang pagkakagamit ng salita, at mga katulad na mga talata.

# DAGDAG NA DAHON DALAWA

## TEKSTWAL NA KRITISISMO

Ang paksang ito ay tatalakayin sa kaparaanang maipaliwanag ang mga punang tekstwal na matatagpuan sa komentaryong ito. Ang mga sumusunod na balangkas ang siyang gagamitin

I. Ang tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
   A. Lumang Tipan
   B. Bagong Tipan
II. Maikling pagpapaliwanag sa mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" na tinawag din na "tekstwal na pagsusuri."
III. Mga pinagmulang mungkahi para sa mas higit pang pagbabasa

I. Ang Tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
   A. Lumang Tipan
      1. Masoretic na talata (MT) – Ang Hebreong pangkatinig na talata ay inilatag ni Rabi Aquiba noong A.D. 100. Ang mga patinig na punto, mga pantig, mga punang marhinal, punktwasyon at mga puntong aparato ay nagsimulang idinagdag noong ikaanim na siglo A.D. at natapos noong ikasiyam na siglo A.D. Ito ay ginawa ng pamilya ng mga Hudyong iskolar na kilala bilang mga Masoretes. Ang anyong tekstwal na kanilang ginamit ay siyang kapareho sa Mishnah, Talmud, Targums, Peshitta, at Vulgata.
      2. Septuagint (LXX) – Sinasabi ng tradisyon na ang Septuagint ay nabuo ng 70 Hudyong iskolar sa loob ng 70 araw para sa silid aklatan ng Alexandria sa ilalim ng pangunguna ni Haring Ptolemy II (285-246 B.C.) Ang salin ay inaakalang hiniling ng isang pinunong Hudyo na naninirahan sa Alexandria. Ang tradisyong ito ay nagmula sa " Liham ni Aristeas." Ang LXX ay madalas nakabatay sa nagkakaibang mga Hebreong tekstwal na tradisyon mula sa mga talata ni Rabi Aquiba (MT).
      3. Dead Sea Scrolls (DSS) – Ang Dead Sea Scrolls ay naisulat noong panahon ng Roman (200 B.C. to A.D. 70) ng isang sekta ng mga Hudyong makakahiwalay na tinawag na "Essenes." Ang mga Hebreong kasulatan, na matatagpuan sa ilang mga lugar sa paligid ng Dead Sea, ay nagpapakita na ilang mga pagkakaiba sa pamilyang Hebreong tekstwal sa likod ng kapwa MT at LXX.
      4. Ilang mga partikular na mga halimbawa sa kung paano ang paghahahambing ng mga talatang ito ay nakatulong sa mga tagapagsalin na maunawaan ang Lumang Tipan
         a. Ang LXX ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
            (1) ang LXX ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang natigilan dahil sa <u>iyo</u>."
            (2) ang MT ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang namangha sa <u>iyo</u>"
            (3) sa Isaias 52:15 ang pagkakaiba ng panghalip ng LXX ay napatunayan
               (a) LXX, "kaya maraming bansa ang hahanga sa kanya"
               (b) MT, "kaya babasbasan niya ang maraming bansa"
         b. Ang DSS ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
            (1) ang DSS ng Isaias 21:8, "gayun nga ang tagamasid ay umiyak, sa moog na bantayan ako ay nakatayo. . ."
            (2) ang MT ng Isaias 21:8, "At siya'y umungal na parang leon: Oh Panginoon, ako'y tumatayong lagi sa moog na bantayan kung araw. . ."
         c. Parehong ang LXX at DSS ay nakatulong na malinawan ang Isaias 53:11
            (1) LXX & DSS, "pagkatapos ng paghihirap ng kanyang kaluluwa siya'y makakakita ng liwanag, siya ay masisiyahan"

(2) MT, "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan"

B. Bagong Tipan

1. Higit sa 5,300 kasulatan ng lahat o mga bahagi ng Griyegong Bagong Tipan ay natitira pa. Mahigit 85 ay isinulat sa papyri at 268 na mga kasulatan at isinulat ang lahat sa malalaking titik (ansiyalo). Sa kalaunay, noong ikasiyam na siglo A.D. isang pinakalat na babasahin (minuscule) ang nabuo. Ang mga Griyegong mga kasulatan sa nakasulat na anyo ay may bilang na humigit 2,700 kopya. Mayroon rin din tayong mahigit sa 2100 na mga kopya ng tala ng talata ng Kasulatan na ginamit sa pagsamba na tinawag nating mga leksyonaryo.
2. Mahigit sa 85 Griyegong kasulatan na naglalaman ng mga parte ng Bagong Tipan na isinulat sa mga Papayrus ay inilagay sa mga museo. Ang ilan ay may nagmula pa noong ikalawang siglo A.D. ngunit ang ang karamihan ay nagmula pa noong ikatlo at ikaapat na siglo. Wala sa mga MSS na ito ang naglalaman ng buong Bagong Tipan. Dahil sa ito ay pinakamatandang mga kopya Bagong Tipan hindi ito dagliang nangangahulugang sila ay may kakaunting kaibahan ng kopya. Marami sa mga ito ay mabilisang kinopya para sa lokal na paggamit. Ang pag-iingat ay hindi isinigawa sa proseso. Samakatuwid, sila ay nagtataglay ng maraming kaibahang kopya.
3. Ang Codex Sinaiticus, na kilala sa pamamagitan ng Hebreong titik א (aleph) o (01), na natagpuan sa monasteryo ng St. Catherine sa Mt. Sinai ni Tischendorf. Ito ay may petsa na mula pa noong ikaapat na siglo A.D. at nagtataglay ng kapwa LXX ng OT at Griyego ng NT. Ito ay isang "ang Alexandrian Teksto"na uri.
4. Ang Codex Alexandrinus, kilala bilang "A" o (02), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na natagpuan sa Alexandria, Ehipto.
5. Ang Codex Vaticanus, na kilala bilang "B" o (03), na natagpuan sa silid-aklatan ng Vatican sa Rome at may petsa na mula sa kalagitnaan ng ikaapat na siglo A.D. Ito ay naglalaman ng kapwa LXX ng Lumang Tipan at Griyegong Bagong Tipan. Ito ay sa "ang Alexandrian Teksto" na uri.
6. Ang Codex Ephraemi, na kilala bilang "C" o (04), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na bahagyang nasira.
7. Ang Codex Bezae, na kilala bilang "D" o (05), isang ikalima o ikaanim na siglong Griyegong kasulatan. Ito ang pangunahing kinatawan na tinatawag na "Ang Kanluraning Teksto." Ito ay naglalaman ng maraming karagdagan at prinsipal na Griyegong saksi para sa King James na salin.
8. Ang NT MSS ay maaring maipangkat sa tatlo, maaaring apat, na mga pamilya na nagsasalo ng tiyak na mga katangian.
   a. Alexandrian na Teksto na mula sa Ehipto
      (1) $P^{75}$, $P^{66}$ (about A.D. 200), na nagtatala ng mga Ebanghelyo
      (2) $P^{46}$ (about A.D. 225), na nagtatala ng mga sulat ni Pablo
      (3) $P^{72}$ (about A.D. 225-250), na nagtatala ng Pedro at Hudas
      (4) Codex B, called Vaticanus (about A.D. 325), na sumasaklaw sa buong OT at NT
      (5) Si Origen ay nagsipi mula sa ganitong uring talata
      (6) ibang mga MSS na nagpapakita na ganitong uring talata ay ang mga א, C, L, W, 33
   b. Kanluraning na Teksto mula sa Hilagang Africa
      (1) sipi mula sa mga ama ng iglesya sa Hilagang Africa, Tertullian, Cyprian, at ang Lumang Latin na salin
      (2) sipi mula kay Irenaeus

(3) mga sipi mula kay Tatian at ang Lumang Syriac na salin
(4) Ang Codex D "Bezae" ay sumunod sa ganitong uring talata.

c. Ang Silanganing Byzantine na talata mula sa Constantinople
   (1) ang talatang uring ito ay naipakita sa mahigit 80% ng 5,300 MSS
   (2) sinipi ni mga ama ng iglesya sa Antioch Syria, Cappadoceans, Chrysostom, at Therodoret
   (3) ang Codex A, sa mga Ebanghelyo lamang
   (4) ang Codex E (ikawalong siglo) para sa buong NT
d. ang ikaapat na maaaring uri ay "Caesarean" mula sa Palestina
   (1) ito ay pangunahing makikita lamang sa Marcos
   (2) ilang mga saksi dito ay ang $P^{45}$ at W

II. Ang mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" or "Tekstwal na Krtisismo."
   A. Paano ang mga kaibahan ay lumitaw
      1. di-sinangguni o aksidental (malawak na kalamangan ng mga paglitawa
         a. kamalian ng mata sa kamay na pagkopya na nagbabasa ng dalawang pagkakataon ng dalwang magkaparehong mga salita at magkagayon ay nagtatanggal sa lahat ng mga salita sa pagitan (homoioteleuton)
            (1) kamalian ng mata sa pag-alis ng isang dalawahang titik o parirala (haplograpiya)
            (2) kamalian ng isip sa pag uulit ng isang parirala o linya ng isang Griyegong talata (dittograpiya)
         b. kamalian ng tainga sa pagkopya ng pasalitang pagdidikta na kung saan ang pagkakamali sa baybay ay lumitaw (itacism). Madalas ang pagkakamaling baybay ay nagpapahiwatig o nagbabaybay kaparehong tunog na Griyegong salita
         c. ang pinakasinaunang mga Griyegong talata ay walang mga kabanata o pagkakahiwalay ng mga talata, maliit o walang bantas at walang pagkahati-hati sa pagitan. pagkahati-hati sa pagitan ng mga salita maaaring hatiin ang mga titik sa ibat-ibang lugar na bumubuo ng magkaibang salita.
      2. intensyonal
         a. ang mga pagbabago ay ginawa upang malago ang gramatikal na anyo ng kinopyang talata
         b. ang mga pagbabago ay ginawa upang dalhin ang talata sa pagkakaayon sa ibang mga biblikal na mga talata (pagtutugma ng mga kahilera) changes were made by combining two or more variant readings into one long combined Teksto (conflation)
         c. ang mga pagbabago ay ginawa upang itama ang naisip na suliranin sa talata (cf. I Corinto 11:27 at I Juan 5:7-8)
         d. ilang mga karagdagang kaalaman patungkol sa makasaysayang tagpuan o nararapat na interpretasyon ng talata at inilagay sa gilid ng isang tagasulat ngunit inilagay ito sa talata ng ikalawang tagasulat (cf. Juan 5:4)

   B. Ang pinagsasaligang mga simulain ng tekstwal na pagsusuri (lohikal na panuntunan para sa pagpapasya ng orihinal na pagbasa ng isang talata kapag mayroong mga kaibahan)
      1. ang pinaka hindi akma o pinakahindi karaniwang gramitikong talata ang may probabilidad na orihinal
      2. ang pinakamaikling talata ang may probabilidad na orihinal
      3. ang mas nakakatandang talata ay binibigyan ng higit na bigat dahil sa makasaysayang kalapitan nito sa orihinal, kung ang lahat ng bagay ay pantay
      4. Ang MSS na may heograpikal na pagkakaiba ay madalas ay may orihinal na pagbasa

5. ang may mahinang doktrinang mga talata, lalo na yaong may kinalaman sa pangunahing teolohikal na diskusyon ng panahon ng pagbabago ng kasulatan, gaya ng sa Trinidad sa I Juan 5:7-8, ay mas kinikilingan.
6. ang mga talata na maaring makapagpaliwanag ng pinakamahusay sa pinagmulan ng ibang mga kaibahan
7. dalawang sipi na makakatulong na maipakita ang balance sa nakakagambalang mga kaibahan
   a. J. Harold Greenlee aklat sa, *Introduction to New Testament Textual Criticism*, p. 68:
      "Walang doktrinang Kristyano ang nakabitin sa isang pinagtatalunang talata; at ang mag aaral ng NT ay dapat na pagbawalan sa pagnanasa na ang kanyang talata na maging mas higit na ortodoks o mas higit na malakas sa doktrina kaysa sa inspiradong orihinal."
   b. W. A. Criswell sinabihan si Greg Garrison ng *The Birmingham News* na siya (Criswell) hindi naniniwala na ang bawat salita sa Bibliya ay kinasihan, "hindi lahat ng bawat salita na naibigay sa modernong publiko sa pamamagitan ng mga siglo ng tagasalin." Criswell nagsabi: "Ako ay lubos na mananampalataya ng Tekstwal na pagsusuri. Gaya nyan, naisip ko, sa huling kalahati ng ikalabing anim na kabanata ng Marcos ay erehya: hindi ito kinasihan, ito lamang ay inibento. . .Kapag ikinumpara mo yaong mga kasulatan mula pa sa dati, walang ganoong bagay na gaya ng paglalagom ng Aklat ng Marcos. Isang tao ang nagdagdag nito..."

      Ang patriyarka ng SBC na naniniwala sa walang kamalian ay nagaangkin din ng " interpolasyon" ay kitang kita din sa Juan 5, ang salaysay ni Hesus sa tangke ng Bethesda. At tinalakay niya ang dalawang magkakaibang mga tala ng pagpapakamatay ni Hudas (cf. Mateo 27 at Mga Gawa 1): "Ito lamang ay dalawang magkaibang pananaw ng pagpapakamatay," sinabi ni Criswell. "Kung ito ay nasa Bibliya, mayroong kapaliwanagan para dito. Ang dalawang salaysay ng pagpapakamatay ni Hudas ay nasa Bibliyale." Idinagdag pa ni Criswell, "Ang Tekstwal na pagsusuri ay isang nakagigilalas na agham sa kanyang sarili. Hindi ito ephemeral, ito ay may kinalaman. Ito ay dinamiko at sentral…"

III. Mga suliraning pang-Kasulatan (Tekstwal na pagsusuri)

A. Mga suhestyong pinagkukunan para sa mas higit pang pagbabasa

1. *Biblical Criticism: Historical, Literary and Tekstoual*, ni R.H. Harrison
2. *The Text of the New Testament: Its Transmission, Corruption and Restoration* ni Bruce M. Metzger
3. *Introduction to New Testament Textual Criticism*, ni J. H Greenlee

# DAGDAG NA DAHON TATLO

## TALAHULUNGANAN

**Adoptionism (Adopsyonismo)**. Ito ang isa sa mga maagang pananaw ukol sa kaugnayan ni Hesus sa pagka-Diyos. Iginiit nito na si Hesus ay isa lamang na pangkaraniwang tao sa lahat ng bagay at inampon lamang siya ng Diyos Ama ng siya's bininyagan (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11) o nang Siya ay nabuhay muli (cf. Roma 1:4). Dahil naging kapuri-puri ang buhay ni Hesus, inampon siya ng Diyos Ama bilang "anak" Niya (cf. Roma 1:4; Filipos 2:9) sa isang bahagi ng kanyang buhay (bautismo, pagkabuhay muli). Ito ay menoryang pananaw ng isang batang simbahan at noong ika-walong siglo. Imbis na ang Diyos ang naging tao (ang Pagkakatawang-tao), binaligtad ito at ngayon ang tao ay naging Diyos! Napakahirap sabihin kung papaano si Hesus, na Diyos Anak, na bathala na bago pa man ipinanganak, ay ginantimpalaan o pinuring mabuti ng Diyos Ama dahil sa kanyang ulirang pamumuhay. Kung Siya ay Diyos na, papaano pa Siya gagantimpalaan? Kung Siya ay banal na bago pa man ipinanganak, paano pa daragdagan ang karangalan Niya? Kahit na mahirap natin maintindihan, kahit papaano ay pinarangalan ng Diyos Ama si Hesus sa isang di-pangkaraniwang paraan dahil sa Kanyang ganap na pagpapatupad ng kagustuhan ng Diyos Ama.

**Alexandrian School (Paaralang Alexandriano)**. Ang paraan na ito ng pagpapaliwanag ng Bibliya ay umusbong at lumaki sa Alejandria, sa Egipto, sa ikalawang siglo A.D. Ginamit nito ang mga saligang alituntunin sa pagpapaliwanag ni Philo, na isang tagasunod ni Plato. Ito ay madalasang tinatawag na paraang pang-talinghaga o pang-alegorya (allegorical method). Namuno ang paraan na ito sa simbahan hanggang sa panahon ng Pagbabago o Repormasyon. Ang mga pinaka-may-kakayahang tagapagsulong nito ay sina Origen at Agustino. Tignan ang ginawa ni Moises Silva, "*Has The Church Misread The Bible?*" (Academic, 1987)

**Alexandrinus (Alexandrino)**. Ang manuskrito na Griyego na ito na mula sa ika-limang siglo at nagmula sa Alejandria, sa Egipto, ay naglalaman ng Matandang Tipan, Apokripa, at halos lahat ng Bagong Tipan. Ito ay isa sa ating mga pangunahing saksi sa buong Bagong Tipan na nasa wikang Griyego (maliban sa ilang bahagi ng Mateo, Juan, at 2 Mga Taga-Corinto). Kapag ang manuskritong ito, na pinangalanan bilang "A", at ang manuskritong pinangalanan bilang "B" (Vaticanus) ay nagkasundo sa isang pagbasa, ito ay itinuturing na isang orihinal ng karamihan ng mga iskolar sa halos lahat ng pagkakataon.

**Allegory (Alegorya o Talinghaga)**. Ito ay isang uri ng pagpapaliwanag ng Bibliya na nagsimula sa Hudaismo ng Alejandria. Ito'y pinatanyag ni Philo ng Alejandria. Ang saligang tulak nito ay ang pagnanais na gawing makabuluhan ang Banal na Kasulatan sa sariling kultura o sistema ng pilosopiya sa pamamagitan ng pag-wawalang-bahala sa kasaysayang kinalalagyan ng Bibliya at/o pati ang pampanitikang kahulugan nito. Laging hinahanapan nito ng nakatago o espiritwal na kahulugan ang bawat teksto sa Banal na Kasulatan. Kailangang aminin na si Hesus, sa Mateo 13, at si Pablo, sa 4 Mga Taga-Galacia, ay minsanang gumagamit ng alegorya o talinghaga upang magpahiwatig ng katotohanan. Kaya lang, ito ay nasa anyo ng typology, hindi limitado sa alegoría.

**Analytical lexicon (Analytical Lexicon)**. Ito'y isang uri ng kagamitang pananaliksik na tinutulungan sinuman na kilalanin ang bawat Griyegong anyo sa Bagong Tipan. Ito'y isang talaan ng mga anyo at saligang kahulugan na naka-ayos ayon sa baybayin na Griyego. Kapag sinamahan ng isang pagsasalin na interlinear (interlinear translation), pinapahintulutan ang mga nananampalatayang

hindi nakapag-babasa ng Griyego na suriin ang mga anyong balarila at syntaktika na Griyego sa loob ng Bagong Tipan.

**Analogy of Scripture (Pagkatulad ng Banal na Kasulatan)**. Ito ang parirala na ginagamit upang isalarawan ang paningin na ang buong Bibliya ay inspirasyon ng Diyos at, samakatwid, ay hindi salungat nguni't bumubuo pa. Ang mapagpalagay na panindigan na ito ang batayan para sa paggamit ng magkatulad na mga sipi sa pagpapaliwanag ng teksto sa Bibliya.

**Ambiguity (Walang Katiyakan)**. Tumutukoy sa pagka-walang katiyakan na nanggagaling mula sa isang kasulatan na maaaring may dalawa o higit pa sa dalawang kahulugan o bagay na tinutukoy ng sabay. Maaaring si Juan ay gumagamit ng walang katiyakan (double entendres).

**Anthropomorphic (Antropomorpiko)**. Nangangahulugan na "mayroong mga katangian na may kinalaman sa mga tao." Ang katawagang ito ay ginagamit na panglarawan sa ating wikang pang-relihiyon ukol sa Diyos. Ito ay nanggaling sa katawagang Griyego para sa "sangkatauhan." Ang ibig sabihin nito ay nagsasalita tayo tungkol sa Diyos na para Siyang tao. Ang Diyos ay isinasalarawan sa pamamagitan ng mga katawagang may kinalaman sa pisikal, sosyolohikal, at sikolohikal na aspeto ng pagkatao (cf. Genesis 3:8; 1 Hari 22:19-23). Subalit ito ay pagkatulad (analogy) lamang. Gayon pa man, wala tayong mga ibang kategorya o katawagan na magagamit kung hindi iyong sa pang-tao. Samakatwid, ang ating kaalaman sa Diyos ay totoo, nguni't limitado.

**Antiochian School (Paaralan sa Antioch)**. Isang paraan ng pagpapaliwanag ng Bibliya na umusbong at lumaki sa Antioch, sa Syria, ng ika-tatlong siglo A.D. bilang sagot sa pamamaraang talinghaga (allegorical method) ng Alejandria, sa Egipto. Ang saligang tulak nito ay ang pag-pokus sa makasaysayang kahulugan ng Bibliya. Ipinapaliwanag nito ang Bibliya bilang isang normal at gawang-tao na panitikan. Ang paaralan na ito ay nasama sa alitan sa pagitan ng dalawang paningin kay Kristo: kung Siya ba ay may dalawang pagkatao (Nestorianismo) o isa lamang (buong Diyos at buong tao). Tinawag ito na hidwang paniniwala ng Iglesiyang Katoliko Romano at lumipat sa Persia, nguni't ang paaralan na ito ay naging maliit lamang ang halaga. Ang saligang panuntunang hermenyutika na nito ay naging mga panuntunan sa pagpapaliwanag ng mga Classical Protestant Reformer (Luther at Calvin).

**Antithetical (Antithetical)**. Ito ang isa sa tatlong mapanlarawang katawagan na ginagamit upang ipakilala ang kaugnayan sa pagitan ng mga linya ng tulang Hebreo. May kinalaman ito sa mga linya ng tula na magkatumbalik ang ibig sabihin (cf. Kawikaan 10:1, 15:1). Panitikang Apokaliptiko. Nananaig ito, at maaari ngang bukod-tangi ito, sa genre ng mga Hudyo. Ito ay isang uri ng panunulat na may nakatagong kahulugan na ginagamit sa mga panahon ng pagsalakay at pananakop sa mga Hudyo ng mga banyagang makapangyarihan. Ipinapalagay nito na isang pansarili at mapagligtas na Diyos ang gumawa at namamahala sa mga pandaigdigang pangyayari, at ang Israel ay may bukod-tanging halaga sa Kanya. Ipinapangako ng panitikang ito ang tagumpay dahil sa tanging tulong ng Diyos. Ito ay mapagsagisag at mapag-likhang-isip na maraming gamit na katawagan na may mga nakatagong kahulugan. Madalas nitong ipinapahiwatig ang katotohanan sa pamamagitan ng mga kulay, bilang, pangitain, panaginip, tulong ng mga anghel, mga lihim at naka-kodigong mga salita, at madalas na matalim na dualismo sa pagitan ng kabutihan at kasamaan. Ang ilan sa mga uri o genre nito ay (1) sa Matandang Tipan, Ezekiel (mga kabanata 36-48), Daniel (mga kabanata 7-12), Zacarias; at (2) sa Bagong Tipan, Mateo 24; Marcos13, II Thesalonica 2 at Pahayag.

**Apologist (Apologetics)**. Galing ito sa salitang-ugat na Griyego para sa “pananggol na legal” ("legal defense"). Ito ay isang tiyak na disiplina sa loob ng teolohiya na naghahangad magbigay ng katibayan at mga makatwirang paliwanag para sa Kristyanong pananampalataya.

***A priori (A priori)***. Kasingkahulugan nito ang katawagang “pagpapalagay” o “palagay.” Kinakabilangan ito ng pangangatwiran mula sa mga dating tinatanggap na kahulugan, alituntunin o panindigan na inakalang totoo. Ito ang mga bagay na tinanggap na wala man lamang pagsisiyasat o pagsusuri.

**Arianism (Aryanismo)**. Si Arius ay isang pari sa simbahan sa Alejandria, sa Egipto, na nabuhay mula sa ika-tatlo hanggang sa maagang bahagi ng ika-apat na siglo. Iginiit niyang si Hesus ay dati nang buhay bago pa man ipanganak, nguni’t hindi siya banal (hindi kasingtulad ng diwa ng Diyos Ama), marahil bilang pagsunod sa Mga Kawikaan 8:22-31. Hinamon siya ng obispo ng Alejandria, na nagsimula (A.D. 318) ng isang alitan na nagtagal ng maraming taon. Ang Arianismo ang naging opisyal na pananampalataya ng Silangang Simbahan (Eastern Church). Tinuligsa ng Sanggunian ng Nicaea (Council of Nicaea) si Arius noong A.D. 325 at pinanindigan ang buong pagkakapantay at kabanalan ng Anak.

**Aristotle (Aristotle)**. Isa siya sa mga pilosopo ng Grecia noong unang panahon, isang mag-aaral ni Plato at guro ni Alexander the Great. Ang kanyang impluho , kahit na ngayon, ay nakakaabot sa lahat ng sulok ng mga makabagong pag-aaral. Ito ay dahilan sa kanyang pagbibigay-diin sa pagkakaroon ng karunungan sa pamamagitan ng pagmamasid at pagbubukod-bukod. Ito ang isa sa mga aral ng siyentipikong paraan.

**Autographs (mga Autograp)**. Ito ang pangalan na binigay sa mga orihinal na kasulatan ng Bibliya. Nawala na ang lahat ng mga orihinal at sulat-kamay na manuskrito. Ang natira na lamang ay mga kopya. Ito ang pinagmulan ng marami sa mga pagkakaibang kasulatan ng mga manuskrito na Hebreo at Griyego at ng mga lumang salin.

**Bezae (Bezae)**. Ito ang Griyego at Latin na manuskrito ng ika-anim na siglo A.D. Pinangalanan ito bilang “D.” Nilalaman nito ang mga Ebanghelyo at ilan sa mga Pangkalahatang Sulat. Nakikilala ito sa dami ng mga idinagdag na sulat. Binubuo nito ang batayan para sa “Textus Receptus,” ang pangunahing manuskrito na Griego na nasa likod ng King James Versión.

**Bias (Pagkiling)**. Ito ang katawagan na ginagamit upang isalarawan ang malakas na hantad tungo sa isang bagay o pananaw. Ito ang paningin na kung saan ang kawalang-pagkiling sa isang bagay o pananaw ay imposibleng gawin. Ito ay isang panindigan na di-matwid.

**Biblical Authority (Kapamahalaan ng Bibliya)**. Ang katawagang ito ay ginagamit sa isang natatanging pagpapakahulugan. Ipinapaliwanag ito bilang pagkakaintindi sa sinabi ng orihinal na manunulat sa kanyang panahon at ang paggamit ng katotohanang ito sa ating panahon. Ang Autoridad ng Bibliya ay kadalasang pinapaliwanag bilang pagtingin sa Bibliya bilang ating isa at natatanging gabay na dapat paniwalaan. Gayon pa man, dahil sa naglabasang mga hindi tamang paliwanag ngayon, nilimatahan ko ang kuro-kuro o konsepto sa Bibliya sa paliwanag gamit ang mga aral ng paraang pang-kasaysayan at pang-gramatika (historical-grammatical method).

**Canon (Kanon)**. Ito ay isang katawagang ginagamit upang isalarawan ang mga kasulatan na pinaniniwalaang bukod-tanging binigyan-sigla. Ito ang ginagamit kapag tumutukoy sa mga Banal na Kasulatan mula sa mga Matanda at Bagong Tipan.

**Christocentric (Christocentric)**. Ito ay isang katawagan na ginagamit upang ilarawan ang kahalagahan ni Hesus. May kinalaman ang paggamit ko nito sa konsepto na si Hesus ang Diyos ng buong Bibliya. Siya ang tinuturo ng Matandang Tipan at Siya ang katuparan at layunin nito (cf. Mateo 5:17-48).

**Commentary (Komentaryo)**. Ito ay isang madalubhasang uri ng aklat ng pananaliksik. Binibigay nito ang pangkalahatang kaalaman na nasa likod ng isang aklat ng Bibliya. Pagkatapos, ipinapaliwanag ang kahulugan ng bawat seksyon ng aklat. Ang iba ay naka-pokus sa paggamit, habang ang iba ay mas teknikal ang paraan ng pakikitungo sa mga teksto. Ang mga aklat na ito ay nakakatulong, ngunit dapat gamitin lamang matapos mong gumawa ng iyong panimulang pag-aaral. Ang mga pagpapaliwanag ng komentarista ay hindi dapat tanggapin ng walang panunuri. Ang paghahambing ng ilang mga paliwanag/komentaryo mula sa mga iba-ibang teolohikang paningin ay kadalasang nakakatulong.

**Concordance (Concordance)**. Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik para sa pag-aaral ng Bibliya. Itinala nito ang bawat paglitaw ng bawat salita sa mga Matanda at Bagong Tipan. Ito ay nakakatulong sa ilang paran: (1) pag-alam ng salitang Hebreo o Griyego na nasa ilalim ng kahit na anong tanging salita sa Ingles; (2) paghahambing ng mga sipi na kung saan ang parehong salita sa Hebreo o Griyego ay ginamit; (3) ipinapakita kung saan ang dalawang magkaibang katawagang Hebreo o Griyego ay isinalin sa parehong salitang Ingles; (4) pinapakita kung gaano kadalas ginamit ang ilang mga salita sa ilang mga aklat o ng ilang mga manunulat; (5) tinutulungan kang hanapin ang isang sipi sa Bibliya (cf. Walter Clark's *How to Use New Testament Griyego Study Aids*, p. 54-55).

**Dead Sea Scrolls** (**Mga Balumbon ng Papel mula sa Patay na Dagat).** Tumutukoy ito sa isang serye ng mga lumang-lumang kasulatan sa Hebreo at Arameo na natagpuan malapit sa Patay na Dagat noong 1947. Sila ang mga aklatang pang-relihiyon ng isang sekta ng Hudaismo sa unang siglo. Dahil sa bigat ng pananakop ng Roma at mga digmaan ng mga zelotes noong mga 60 A.D., itinago nila ang mga balumbon ng papel sa loob ng mga bangang tinakpang mabuti at ipinasok ang mga banga sa mga kuweba o butas. Natulungan nila tayong intindihin ang makasaysayang kapaligiran ng Palestina noong unang siglo at pinatunayan na walang-kamali-mali ang Masoretic Talata, hanggang sa maagang B.C. kapanahunan man lamang. Sila ay pinangalanan sa daglat na "DSS."

**Deductive (Pangangatuwiran)**. Ang paraang ito ng lohika ay kumikilos, sa pamamagitan ng katwiran, mula sa mga pangkalahatang alituntunin patungo sa mga tiyak na paggamit. Ito ang salungat ng *inductive reasoning*, na nilalarawan naman ang siyentipikong paraan, mula sa mga napagmasdan na bagay patungo sa mga kalahatang palagay o teyorya.

**Dialectical (Dialektiko)**. Ito'y isang paraan ng pangangatwiran na kung saan ang magkasalungat o kabalintunaan ay magkaigting na hinawakan, habang naghahanap ng isang sagot na kinabibilangan ng dalawang bahagi ng kabalintunaan. Maraming doktrina sa Bibliya ang may mga diyalektikong pares: kapalaran--malayang kalooban; kaligtasan—pagtitiyaga; pananampalataya—mga gawain; pasya—pagka-disipulo; kalayaang Kristyano—pananagutang Kristyano.

**Diaspora (Diaspora)**. Ito ang teknikal na katawagang Griyego na ginamit ng mga Hudyo sa Palestina upang ilarawan ang mga ibang Hudyo na nakatira at namumuhay sa labas ng heograpiyang

handandangan ng Ipinangakong Lupain.

**Dynamic equivalent (Dinamikong Pagtutumbas)**. Ito ay pangalan ng isang teoriya sa pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tignan bilang isang "continuum" mula sa "salita sa salita" na pagkakaayon, na kung saan may ipinapalit na salitang Ingles sa bawat salitang Hebreo o Griyego, hanggang sa "pakahulugan sa ibang pangungusap" ("paraphrase") na kung saan ang kahulugan o ideya lamang ang isinalin na kaunti lang ang saalang-alang sa orihinal na pananalita o parirala. Sa pagitan ng dalawang teoriyang ito ay ang "dynamic equivalent" na sumusubok na mataimtim na turingin ang orihinal na teksto, nguni't nakasalin sa mga makabagong gramatikong anyo at idioma. Ang isang magandang pagtalakay na ginawa sa mga iba't-ibang teoriya ng pagsasalin ay matatagpuan sa mga gawa nina Fee at Stuart na pinamagatang, "How To Read the Bible For All It's Worth," sa p. 35, at gawa ni Robert Bratcher na pinamagatang "*Introduction to the TEV*."

**Eclectic (Eklektiko)**. Ang katawagang ito ay ginagamit kapag may kaugnayan sa pagpuna sa teksto. Tumutukoy ito sa pagsasanay ng pagpipili ng mga pagbasa mula sa iba't-ibang manuskritong Griyego upang makarating sa isang teksto na ipinapalagay na malapit sa orihinal na autograph. Di nito tinatanggap ang paningin na mayroong iisang pamilya ng mga manuskritong Griyego na nakuha ang mga orihinal.

**Eisegesis (Eisegesis)**. Ito ang salungat ng "exegesis." Kung ang "exegesis" ay ang "tulungang palabasin" ang layunin ng orihinal na manunulat, ang ipinapahiwatig naman ng katawagang ito ay ang "pagtulong paloob" ng isang banyagang ideya o pananaw.

**Etymology (Etimolohiya)**. Ito ay isang bahagi ng pag-aaral ng salita na sinusubukang matiyak ang orihinal na kahulugan ng isang salita. Mula sa kahulugang ugat na ito, ang mga magpakatanging gamit nila ay madaling kilalanin. Sa pagpapaliwanag, hindi etimolohiya ang pokus, kung hindi ang kasalukuyang kahulugan at gamit ng isang salita.

**Exegesis (Exegesis)**. Ito ang teknikal na katawagan para sa pagsasanay ng pagpapaliwanag ng isang particular na sipi. Ang ibig sabihin nito ay "tulungang palabasin" (mula sa teksto), nagpapahiwatig na ang ating layon ay intindihin ang layunin ng orihinal na manunulat na isinaalang-alang ang makasaysayang kapaligiran, kontekstong literary, palaugnayan, at kahulugan ng salita nang panahong iyon.

**Genre (Genre)**. Ito ay isang katawagang Pranses na nagpapakilala ng ilang uri ng panitikan. Ang layunin ng katawagang ito ay ang paghahati ng mga anyo ng panitikan sa mga kategorya na may mga parehong katangian: makasaysayang pagsasalaysay, tula, kawikaan, apokaliptiko, at pagbakautusan.

**Gnosticism (Nostisismo)**. Karamihan ng ating kaalaman sa hidwang paniniwalang ito ay nanggaling sa mga kasulatang gnostiko ng ikalawang siglo. Gayon pa man, ang mga nagsisimula pa lang na mga ideya ay nandoon na sa unang siglo (at maging bago pa doon). Ang ilang sa mga aralang inihatag ng mga Valentian at Cerithian Gnosticism ng ikalawang siglo ay: (1) ang bagay at espirito ay parehong walang-hanggan (isang dualismo na ontolohikal). Ang bagay ay masama, ang epsirito ay mabuti. Ang Diyos, bilang espirito, ay hindi dapat nag-huhulma ng masamang bagay; (2) may mga emanasyon (mga napakatagal na panahon o antas ng pagka-anghel) sa pagitan ng Diyo at bagay. Ang huli o ang pinakamababa ay si YHWH ng Matandang Tipan na gumawa sa sansinukob (kosmos); (3) si Hesus ay isang emanasyon tulad ni YHWH ngunit nasa

mas mataas na antas, mas malapit sa tunay na Diyos. Ang iba ay nilagay Siya sa pinaka-itaas, nguni't mas mababa sa Diyos at tiyak na hindi Diyos na nagkatawang tao (cf. Juan 1:14). Kung ang bagay ay masama, hindi maaaring nagkaroon ng katawang tao si Hesus at nanatiling Banal. Siya ay espiritwal na multo (cf. 1 Juan 1:1-3; 4:1-6); at (4) ang pagkakaligtas ay nakamit sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus na may kasamang Natatanging kaalaman, na maaaring malaman lamang ng mga Natatanging tao. Ang kaalaman (mga hudyat) ay kailangan upang makadaan sa mga kalagayang pang-langit. Ang kautusan ng Hudyo ay kailangan din upang maabot ang Diyos. Ang mga mapandayang guro ng Gnostika ay may minungkahing dalawang magkasalungat na sistemang etikal: (1) para sa iba, ang pamumuhay ay walang kinalaman sa pagkaligtas. Para sa kanila, ang pagkaligtas at espiritwal ay ipinaloob sa mga lihim na kaalaman (mga hudyat) sa pamamagitan ng mga kalagayang pang-anghel (mga eon); o (2) para sa iba, ang pamumuhay ay mahalaga sa pagkaligtas. Binigyan-diin nila na ang pamumuhay asetiko o mapagpakasakit ay katibayan ng totoong pagka-espiritwal.

**Hermeneutics (Hermenyotiko)**. Ito ang teknikal na katawagan para sa mga alituntunin na gumagabay sa exegesis. Ang hermeneutic na pang-Bibliya, o banal, ay kadalasang nahahati sa dalawang kategorya: mga kalahatang alituntunin at mga Natatanging alituntunin. Ang mga ito ay may kinalaman sa iba't-ibang uri ng panitikan na natatagpuan sa Bibliya. Ang bawat uri (genre) ay may sarili at bukod-tanging mga gabay, nguni't may binabahaginan silang mga pangkaraniwang palagay at mga paraan ng pagpapaliwanag. Mataas na uri ng Pagpuna. Ito ang paraan ng pagpapaliwanag na pang-biblia na naka-pokus sa makasaysayang kapaligiran at literary structure ng isang particular na uri ng aklat pang-biblia.

**Idiom (Kataga o Idyoma)**. Ito ang salitang ginagamit para sa mga parirala na natatagpuan sa iba't-ibang cultura na may mga Natatanging kahulugan na walang kinalaman s asa kadalasang kahulugan ng mga individual na katwagan. Ang ilan sa mga modernong halimbawa: "katakot-takot ang ganda noon" o "alam mo, papatayin mo ako sa (ginagawa)." Mayroon ping ganitong uri ng mga parirala ang Bibliya.

**Illumination (Pagbibigay tanglaw o Iluminasyon)**. Ito ang pangalang binigay sa konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

**Inductive (Pangangatwirang Pasaklaw)**. Ito ay isang paraan ng lohika o pangangatwiran na nagsisimula muna sa mga partikular o maliliit na bagay papunta sa kabuoan. Ito ang paraang empirical ng bagong siyensya. Ito ang pamamaraan na ginamit ni Aristotle.

**Interlinear (Interlinear)**. Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik na tumutulong sa mga taong hindi makabasa ng salitang pang-biblia na masuri ang kahulugan at balangkas nito.Kaagad na nilalagay ang Ingles na salin sa antas na salita sa salita sa ilalim ng orihinal na wikang biblia. Itong kagamitan na ito, kapag isinama sa "analytical lexicon," ang magbibigay ng mga anyo at saligang kahulugan sa Hebreo at Griyego.

**Inspiration (Kinasihan o Inspirasyon)**. Ito ang konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pag-gabay sa mg manunulat ng biblia na isulat ng walang-

kamalian ang Kanyang pahayag o kapahayagan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

**Language of Description (Wika ng Paglalarawan)**. Ito ay ginagamit sa koneksiyon ng mga wika kung saan ang Lumang Tipan ay nakasulat. Binabanggit nito an gating mundo sa mga salitang humaharap sa limang sentido. Ito ay hindi isang siyentipikong deskripsiyon at hindi rin itinakdang maging ganoon.

**Legalism (Legalismo)**. Ang kilos na ito ay maiuuri sa sobrang pagdiin ng mga patakaran o ritwal. Ito ay karaniwang umaasa sa gawa ng mga tao at sa mga regulasyon bilang pagtanggap ng Diyos. Karaniwang nitong naibababa ang Kaugnayan at itinataas ang paggawa na parehong mahahalagang aspeto sa Kaugnayang kasunduan sa pagitan ng banal na Diyos at makasalanang sangkatauhan.

**Literal (Literal)**. Ito ay isang pangalan para sa pamamaraan ng hermeneutics mula sa Antioch na *Textually-focused* at makasaysayan. Ang ibig sabihin nito ay ang interpretasyon ay may kasamang normal at litaw na kahulugan ng wika ng tao, kahit na kinikilala pa rin nito ang pagkakaroon ng wikang matalinghaga.

**Literary Genre (Pampanitikang Genre)**. Tinutukoy nito ang mga bukod-tanging anyo ng maaaring magawa ng komunikasyong pantao, gaya ng mga tula o makasaysayang pagkukuwento. Ang bawat klase ng panitikan ay mayroong sariling Natatanging pamamaraang hermeneutical, kasama sa mga karaniwang prinsipyo para sa lahat ng nakasulat nga literatura.

**Literary Unit (Pampanitikang Yunit)**. Ito ay tumutukoy sa mga pangunahing bahagi ng pag-iisip ng isang aklatng biblikal. Maaari itong maglaman ng kaunting mga berso, mga talata o mga kabanata. Ito ay isang bahaging luluan ang sarili na may isang pangunahing paksa.

**Lower Criticism (Mababang Kritisismo)**. Tingnan ang Kritisismong Tekstwal.

**Manuscript (Manuskrito o Kasulatan)**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa iba't ibang mga kopya ng Griyegong Bagong Tipan. Ito ay karaniwang nahahati sa iba't ibang mga uri sa pamamagitan ng (1) materyales kung saan sila nakasulat (papyrus, balat), o (2) ang mismong uri ng sulatin (lahat ay malalaking letra o *running script*). Ito ay naka-daglat ng "MS" (iisa) o "MSS" (higit sa isa).

**Masoretic Text (Masoretic Text)**. Ito ay tumutukoy sa mga Hebreong kasulatan ng Lumang Tipan na gawa ng mga Hudyong iskolar na naglalaman ng mga puntong katinig at iba pang talang tekstwal noong ika-siyam na siglo AD. Binubuo nito ang "basic" na teksto ng ating Ingles na Lumang Tipan. Ang teksto nito ay makasaysayang naikumpirma ng Hebreong MSS, lalo na si Isaiah, mula sa mga *Dead Sea scrolls*. Ito ay naka-*daglat* bilang "MT".

**Metonymy (Metonimi)**. Ito ay isang matalinhagang pagsasalita kung saan ang pangalan ng isang bagay ay ginagamit upang mailarawan ang isa pang bagay na may kinalaman dito. Halimbawa, ang ibig sabihin ng "Ang takuri ay kumukulo" ay "Ang tubig sa loob ng takuri ay kumukulo."

**Muratorian Fragments (Muratorian Fragments)**. Ito ay listahan ng mga aklatng kanonikal ng Bagong Tipan. Ito ay naisulat sa Roma bago ang 200 AD. Pareho nitong naibibigay sa ang dalawampu't pitong mga aklat gaya ng Protestant NT. Malinaw nitong naipapakita na ang mga local na simbahan sa iba't ibang bahagi ng Kahariang Romano ay ang talagang naglapat ng kanon sa harap ng mga pangunahing lupon ng simbahan noong ika-apat na siglo.

**Natural Revelation (Kapahayagan sa Kalikasan)**. Ito ay isang kategoryal ng sariling pagsabi ng Diyos sa tao. Kasama nito ang natural na kaayusan (Roma 1:19-20) at ang kamalayang moral (Roma 2:14-15). Ito ay nababanggit sa Awit 19:1-6 at Roma 1-2. ito ay natatangi mula sa Natatanging kapahayagan na tiyak at supremong sariling pagsabi ng Diyos sa Bibliya sa Hesus ng Nazareth. Ang kategoryang theolohikal na ito ay muling idinidiin ng kilos lumang mundo sa mga Kristiyanong siyentipiko. (Halimbawa ang mga sulatin ni Hugh Ross). Ginagamit nila ang kategoryang ito upang masabing lahat ng katotohanan ya katotohanan ng Diyos. Ang kalikasan ay isang bukas na pinto papunta sa karunungan ukol sa Diyos; ito ay naiiba sa Natatanging kapahayagan (ang Bibliya). Pinapayagan nito ang modernong agham ang kalayaang manaliksik ukol sa likas na kaayusan. Sa aking palagay, ito ay isang mabuti at magandang opurtunidad para masaksihan ang moderno at siyentipikong kanlurang mundo.

**Nestorianism (Nestoryanismo)**. Si Nestorius ay ang patriyarko ni Constantinople sa ika-limang siglo. Siya ay sinanay sa Antioch ng Syria at nagsabing si Hesus ay may dalawang pag-uuri, isang ganap na tao at isang ganap na dakila. Ang pananaw na ito ay lumayo sa karaniwang isang uring pananaw ng Alexandria. Ang pangunahing intindi ni Nestorius ay ang titulong "Ina ng Diyos", na bigay kay Maria. Si Nestorius ay nilabanan ni Cyril ng Alexandria at ng implikasyong kanyang pagsasanay sa Antiodrian. Ang Antioch ay ang punong lugar ng apat na bahagi (alegorya) paaaralan ng interpretasyon. Sa huli, si Nestorius tinanggal sa opisina at itinapon.

**Original Author (Orihinal na May-akda)**. Ito ay tumutukoy sa mga tunay na may-akda o manunulat ng iskriptura.

**Papyri (mga Papirus)**. Ito ay isang klaseng pangsulat na materyal mula sa Ehipto. Ito ay gawa sa mga tambo mula sa ilog. Ito ay ang kung saan nakasulat ang mga pinakalumang kopya ng Griyegong Bagong Tipan.

**Parallel Passages (Katulad na Talata)**. Ang mga ito ay kabilang sa konsepto na ang buong Bibliya ay bigay ng Diyos kaya ito ang pinakamabuting interpreter at taga-balanse ng mga katotohanang *paradoxical*. Ito rin ay nakakatulong kapag may isang nagtatangkang intindihin ang isang hindi malinaw na sipi. Tumutulong din silang hanapin ang pinkamalinaw na sipi sa isang nakatakdang paksa, pati na rin ang ibang mga aspetong iskriptural ng isang nakatakdang paksa.

**Paraphrase (Pakahulugan Sa Ibang Pangungusap)**. Ito ay isang pangalan ng teorya ng pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tanawin bilang isang pakikipag-ugnayan ng patuloy na salita-sa-bawat-salita, na kung saan ang isang salitang Ingles ay kailangang matustusan para sa bawat salitang Hebreo o Griyego; sa isang parapreys kung saan tanging ang kaisipan ay isinasalin na may kaunting pagpuna sa orihinal na mga salita o parirala. orihinal na teksto ngunit isinasalin ito sa modernong anyong bararila at wika. Ang isang magandang diskusyon ng mga teoryang ito ay matatagpuan sa Fee and Stuart's *How to Read the Bible For All Its Worth* (p. 35).

**Paragraph (Talata o Talataan)**. Ito ay ang payak na bahagi ng lietraryong pagpapakahulugan sa pasulat. Naglalaman ito ng isang pangunahing kaisipan at ang pag-unlad nito. Kapag nanatili tayo

sa kanyang pangunahing duldol, hindi natin pangungunahan ang mga wala pa sa tamang edad o palampasin ang kahulugan ng orihinal na may-akda.

**Parochialism (Parokyalismo)**. Ito ay tumutukoy sa mga pagkiling na nakakabit sa isang lokal o teyolohikal na tagpo. Hindi nito nakikilala ang anyong paglilipat pangkultura ng katotohanang biblikal o ng aplikasyon nito.

**Paradox (Kabalintunaan)**. Ito ay tumutukoy sa mga katotohanang mukhang hindi nagkakasundo ngunit parehong totoo kahi na may pag-iigting sa pagitan nila. Binabalangkas nito mula sa magkaibang mga panig. Karamihan ng katotohanang biblikal ay inilalahad nang dalawahan. Ang mga katotohanang biblikal ay hindi mga nag-iisang bituin kundi mga grup ng mga bituin na binubuo ng mga modelo ng mga tala.

**Plato (Plato)**. Siya ay isa sa mga pilosopo ng sinaunang *Grecia*. Ang kaniyang pilosopiya ay malaki ang naimpluwensiya sa naunang simbahan sa pamamagitan ng mga iskolar ng Alexandria, Ehipto at sa kalaunan, Augustine. Kaniyang isinambit na na ang lahat ng bagay sa mundo ay ilusyon at kopya lamang ng espiritwal na orihinal na modelo. Nang maglaon, tinukoy ng mga theolohikal na esperitwal na mundo ang mga anyo o ideya ni Plato.

**Presupposition (Pagpapalagay)**. Ito ay tumutukoy sa ating unang akalang pagkakaintindi sa mga bagay. Kadalasan tayong nakakabuo ng mga opinyon o palagay ukol sa mga isyu bago natin lapitan ang mga iskriptura. Ang predisposition na ito ay kilala rin bilang bias, isang kalagayang mahalaga, palagay o bago ang pag-unawa.

**Proof-texting (Patunay na Talata o Pagpapatunay na Talata)**. Ito ay ang pagsasanay ng pagsasalin ng isang iskriptura sa pamamagitan ng pag-uulit ng isang berso na walang pagkilala sa kanyang pangunahin o mas malaking konteksto sa kaniyang literary unit. Tinatanggal nito ang mga berso mula sa kahulugan ng orihinal na may-akda at karaniwang may kasamang pagsubok na patunayan ang isang personal na opinyon habang idinedeklara ang kapagngyarihang biblikal.

**Rabbinical Judaism (Rabinikal na Judaismo)**. Ang parte ng buhay ng mga Hudyo ay nagsimula sa *Babylonian Exile* (586-538 BC). Sa pagtanggal  ng impluwensiya ng mga Pari at sa Templo, ang pokus ng buhay Hudyo ay ang mga lokal na sinagoga. Ang mga lokal na sentro ng kulturang Hudyo, fellowship, pagsamba at pag-aaral ng Bibliya ang naging pokus ng nasyonal na buhay relihiyon. Noong panahon ni Hesus, ang relihiyon ng mga Eskriba ay kapareho ng mga pari. Sa paghulog ng Herusalem noong 70 AD, ang anyong eskribal ay pinangunahan ng mga Pariseo; ang nagtimpi sa direksyon ng buhay relihiyon ng mga Hudyo. Ito ay nakilala sa pamamagitan ng isang praktikal at legolistikong pagsalin ng Torah ayon sa pagsalaysay sa oral na tradisyon (Talmud).

**Revelation (Pahayag o Kapahayagan)**. Ito ay ang pangalang bigay sa konsepto na nagsalita ang Diyos sa sangkatauhan. Ang kabuuang konsepto ay karaniwang nasasabi  sa tatlong salita: (1) kapahayagan – ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) inspirasyon – naibigay Niya sa piling mga tao ang tamang interpretasyon at kahulugan ng Kaniyang mga gawa upang maitala para sa sangkatauhan; at (3) iluminasyon – ibinigay Niya ang Kaniyang Espiritu para tulungan ang sangkatauhan na maintindihan ang Kaniyang pagsabi ng wika ng deskripsiyon.

**Semantic Field (Simantikong Larangan)**. Ito ay tumutukoy sa kabuuang hanay ng mga kahulugang may kinlaman sa isang salita. Ito ay ang iba’t ibang kahulugan ng isang salita sa iba’t ibang

konteksto.

**Septuagint (Septuagint)**. Ito ang pangalang bigay sa Griyegong pagsalin ng Hebreong Lumang Tipan. Ayon sa tradisyon, ito ay nasulat sa loob ng pitumpung araw ng pitumpung iskolar na Hudyo para sa mga aklatan ng Alexandria, Ehipto. ang tradisyonal na petsa ay bandang 250 BC (sa totoo ay maaaring mahigit sa daang taon para makumpleto). Ang pagsalin ay makahulugan dahil (1) binibigyan tayo nito ng lumang teksto na maaaring ihambing sa tekstong *Masoteric Hebrew*; (2) ipinapakita nito ang anyong Hudyong pagsalin sa ikatlo at pangalawang siglo BC; at (3) binibigyan tayo nito ng pagintinding *Jewish Messianic* bago ang muling-pagkabuhay ni Hesus. Ang *abbreviation* nito ay LXX.

**Sinaiticus (Sinaitiko)**. Ito ay isang Griyegong kasulatan noong ika-apat na siglo AD. Ito ay itinatag ng Alemang iskolar na si Tischendorf sa monasteryo ng St. Catherine sa Jebel Musa, ang tradisyonal na lugar ng Mateo Sinai. Ang manuskriptong ito ay tinawag sa pamamagitan ng unang letra ng alpabetong Hebreo na *aleph* (W). Kasama nito ang parehong Luma at Bagong mga Tipan. Ito ay isa sa mga pinakalumang MSS.

**Spiritualism (Espirituwalismo)**. Ang salitang ito ay katulad ng *allegorizing* sa kaunawaang tinatanggal nito ang historical at literal na konteksto ng isang sipi at sinasalin ito sa pamamagitan ng ibang *criteria*.

**Synonymous (Magkasingkahulugan)**. Ito ay tumutukoy sa mga salitang may eksakto o magkalapit na mga kahulugan (pero sa totoo ay walang dalawang salita ang may kumpletong semantic overlap). Sila ay napaka-magkalapit ang Kaugnayan na maaari silang humalilin sa isa’t isa na hindi nawawala ang kahulugan. Ginagamit rin ito para kilalanin ang isa sa tatlong *Hebrew poetic parallelism*. Sa ganitong pananaw, ito ay tumutukoy sa dalawang linya ng tula na nagsasabi ng parehong katotohanan (cf. Awit 103:3).

**Syntax (Palaugnayan)**. Ito ay isang Griyegong salita na tumutukoy sa istraktura ng isang pangungusap. Ito ay tumtukoy sa mga paraan para makabuo ng isang pangungusap upang makagawa ng isang buong kaisipan.

**Synthetical (Sintetiko)**. Ito ay isa sa tatlong salita na tumutukoy sa mga uri ng tulang Hebreo. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga linya ng tula na binubuo ang isa’t isa sa paraang pataas ang pag-unlad; minsan tinatawag ring *climactic* (cf. Awit 19:7-9).

**Systematic Theology (Sistematikong Teolohiya)**. Ito ay isang bahagi ng pagsalin ng sinusubukang isalaysay ang mga katotohanan ng Bibliya sa isang buo at rasyonal na pamamaraan. Ito ay isang lohikal, hindi lang historikal na presentasyon ng Kristiyanong theolohiya sa pamamagitan ng mga kategorya (Diyos, tao, kasalanan, kaligtasan, atbp.).

**Talmud (Talmud)**. Ito ang pamagat ng kodipikasyon ng *Jewish Oral Tradition*. Naniniwala ang mga Hudyo na ito ay sinabi ng Diyos kay Moses sa bundok ng Sinai. Sa totoo, lumalabas na ito ay pangkalahatang dunong ng mga gurong Hudyo sa paglipas ng mga taon. Mayroong dalawang magkaibang salin ng Talmud: ang *Babylonian* at ang mas maikli at hindi natapos na *Palestinian*.

**Textual Cristicism (Tekstuwal na Kritisismo)**. Ito ay ang pag-aaral ng mga kasulatan ng Bibliya. Ang testwal na kritisismo ay kailangan dahil wala nang mga nanatiling orihinal at ang mga kopya ay nagkakaiba sa isa’t isa. Sinusubok nitong isalaysay ang mga pagkakaiba at dumating (sa

pinakamalapit at posibleng) sa orihinal na pagsasalita ng utographs ng Luma at Bagong mga Tipan. Madalas itong tawagang mababang kritisismo.

**Textus Receptus (Textus Receptus)**. Ang titulong ito ay umunlad sa limbag ni Elzevir ng Griyegong Bagong Tipan noong 1633 AD. Ito ay isang uri ng Griyegong Bagong Tipan na ginawa mula sa ilang nahuling manuskriptong Griyego at mga salin sa Latin ni Erasmus (1510-1535), Stephanus (1546-1559) at Elzevir (1624-1678). Sa isang panimula sa Textual criticism ng Bagong Tipan (p.27), sabi ni A.T. Robertson na "*the Byzantine talata is practically the Textus Receptus*." Ang tekstong Byzantine ang pinaka hindi mahalaga sa tatlong pamilya ng mga naunang Griyegong kasulatan (*Western, Alexandrian, Byzantine*). Nilalaman nito ang kabuuang mga pagkakamali ng pitong siglong tekstong kinopya sa pamamagitan ng kamay. Subalit sinabi rin ni A.T. Robertson na "ang *Textus Receptus ay itinago para sa atin na tekstong wasto ang nilalaman* (p.21). Ang Griyegong tradisyon na ito (lalo na ang pangatlong limbag ni Erasmus) ang bumubuo sa batayan ng *King James version* noong 1611 AD.

**Torah (Tora)**. Ito ang Hebreong salita para sa pagtuturo. Ito ay naging opisyal na titulo para sa mga kasulatan ni Moses (mula *Genesis* hanggang *Deuteronomy*). Para sa mga Hudyo, ito ang pinakamapangyarihang bahagi ng *Hebrew canon*.

**Typological (Tipolohiko)**. Ito ay isang Natatanging uri ng interpretasyon. Karaniwang kasama nito ang katotohanang Bagong Tipan na matatagpuan sa mga sipi ng Lumang Tipan sa pamamagitan ng mga simbolong *analogical*. Ang uri ng *hermeneutics* na ito ay naging pangunahing elemento ng pamamaraang *Alexandrian*. Dahil sa pag-abuso sa ganitong uri ng interpretasiyon, kailangang limitahan ang paggamit ng mga tiyak na halimbawang nakatala sa Bagong Tipan.

**Vaticanus (Vaticano)**. It ay ang Griyegong kasulatan ng ika-apat na siglo AD. Ito'y natagpuan sa aklatan ng *Vatican*. Noong una, kasama rito ang lahat ng Lumang Tipan, *Apocrypha*, at Bagong Tipan. Subalit, ilang bahagi ay nawala (Genesis, Awit, Hebreo, mga Sulat Pastoral, Filemon at Pahayag). Isa itong nakatulong na kasulatan sa pagkilala ng orihinal na pagsasalita ng mga *autographs*. Ito ay may titulong malaking titik *B*.

**Vulgate (Vulgata)**. Ito ay ang pangalan ng pagsalin sa Latin ng Bibliya ni *Jerome*. Ito ang naging batayan o karaniwang pagsalin para sa Iglesiyang Romano Katoliko. Ito ay ginawa noong 380's AD.

**Wisdom Literature (Panitikang Pangkarunugan)**. Ito ay isang uri ng panitikang naging karaniwan sa lumang silangan (at modernong mundo). Isa siyang pagsubok na makapagturo sa bagong henerasyion ng mga tuntunan para sa matagaumpay na pamumuhay sa pamamagitan ng tula, salawikain at sanaysay. Ito ay mas ipinarating sa indibiduwal kaysa sa lipunan. Hindi ito gumamit ng mga paghihiwatig sa kasaysayan kundi ito'y ibinase sa mga karanasan sa buhay at pagmamatyag. Sa Bibliya, ang Job at Awit ni Solomon ay ipinalagay na ang pagkakaroon at pagsamba sa YHWH ngunit ang pangrelihiyong pananaw sa mundong ito ay hindi tiyak sa bawat karanasan ng tao sa lahat ng oras. Bilang *genre*, nagsabi ito ng mga karaniwang katotohanan. Subalit ang *genre* na ito ay hindi magagamit sa bawat tiyak na pangyayari. Ito ay karaniwang mga sabi na hindi laging nangyayari sa bawat indibiduwal na pangyayari. Ang mga paham na ito ay lakas-loob na nagtanong ng mga mahihirap na tanong ng buhay. Karaniwan nilang hinamon ang mga tradisiyonal na mga relihiyosong pananaw (Job at Ecclesiastes). Bumubuo sila ng pagtitimbang at pag-iigting para sa mga madadaling sagot ukol sa mga sakuna ng buhay.

**World picture and worldview (Larawang Pangsanglibutan at Pananaw ng Sanglibutan)**. Ito ay mga magkasamang salita. Pareho silang mga konseptong pilosopikal at tumutukoy sa paglikha. Ang salitang larawang pangsanlibutan ay tumutukoy sa "paano" ng paglikha habang ang pananaw ng sanglibutan ay tumutukoy sa "Sino." Ang mga salitang ito ay tumutukoy sa interpretasiyon na ang Genesis 1-2 ay tumatalakay sa Sino, hindi paano, ng paglikha.

**YHWH (YHWH)**. Ito ay ang pangalang kasunduan para sa Diyos sa Lumang Tipan. Ito ay ipinaliwanag sa Exodo 3:14. Ito ay ang anyong CAUSATIVE ng Hebreong salitang "ako." Takot ang mga Hudyong banggitin ang pangalan nab aka magamit nila ito sa kasalanan. Kaya hinalinlin nila ang salitang Hebreo Adonai na "Panginoon." Ganito isinalin sa Ingles ang pangalang pangkasunduan.

# DAGDAG NA DAHON APAT

## PANGDOKTRINANG PAMAMAHAYAG

Hindi ako partikular na nag-aalintana sa mga pahayag ng pananampalataya o mga kredo. Mas pinipili ko na manindigan sa Bibliya mismo. Gayunpaman, napagtanto ko na ang pahayag ng pananampalataya ay magkakapagdulot doon sa mga hindi pamilyar sa akin, isang paraan upang tasahin ang aking doktrinal na perpektibo. Sa ating panahon ng labis na teolohikal na kamalian at paglilinlang, ang sumusunod na maikling buod ng aking teolohiya ay inilahad.

1. Ang Bibliya, ang parehong Luma at Bagong Tipan ay, ang kinasihan, walang pagkakamali, mapanghahawakan, eternal na Salita ng Diyos. Ito ang sarili-kapahayagan ng Diyos na itinala ng mga tao sa ilalim ng supernatural na pamumuno. Ito ang ating tanging pinanggagalingan ng malinaw na katotohanan patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ito rin ang tanging pinangagalingan ng pananampalataya at pagsasagawa para sa Kanyang iglesya.

2. Mayroon lamang iisa walang-hanggang Diyos. Siya ang manlilikha ng lahat ng mga bagay, nakikita at di-nakikita. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang isang mapagmahal at mapagkalinga bagamat Siya rin at patas at makatarungan.. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa tatlo natatanging mga persona: Ama, Anak at Espiritu, tunay na magkakahiwalay gayunman ay magkapareho sa esensya.

3. Ang Diyos ay aktibo sa pagkontrol sa Kanyang mundo. Mayroon Siyang isang parehong walang-hanggang plano para sa Kanyang nilikha na hindi mababago at ang indibidwal na pokus na nagbibigay pagkakataon sa malayang pagpili ng tao. Walang mangyayari na hindi lingid sa kaalaman at permiso ng Diyos, ngunit pinahihintulutan Niya ang indibidwal na pagpili parehong sa mga anghel at sangkatauhan. Si Hesus ay ang Piniling Tao ng Ama at ang lahat ay potensyal na pinili sa Kanya. Ang kaalaman sa simula pa lamang ng Diyos ay hindi nagpapababa sa sangkatauhan tungo sa isang nadeterminang isinuluta na eskrip. Lahat tayo ay responsable sa ating mga kaisipan at mga gawa.

4. Ang sangkatauhan, bagamat nilalang ayon sa wangis ng Diyos at malaya mula sa kasalanan, ay pinili na magrebelde laban sa Diyos. Bagamat tinukso ng isang supernatural na ahente, sina Adan at Eba ay responsable para sa kanilang tahasang pagkamakasarili. Ang kanilang pagrerebelde ay nakaapekto sa sangkatauhan at sangnilikha. Tayong lahat ay nangangailangan ng awa at biyaya ng Diyos pareho para sa ating pangkalahatang kondisyon kay Adan at ating indibidwal na bolisyonal na rebelyon.

5. Ang Diyos ay naglaan ng isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagpapanumbalik para sa makasalanang sangkatauhan. Si Hesukristo, ang natatanging anak ng Diyos, ay naging tao, namuhay ng walang kasalanang buhay at sa pamamagitan ng Kanyang naghahaliling kamatayan, binayaran ang multa para sa kasalanan ng sangkatauhan. Siya lamang ang daan sa pagpapanumbalik at pakikisama sa Diyos. Walang ibang paraan ng kaligtasan maliban sa pananampalataya sa Kanyang natapos na gawa.

6. Ang bawat isa sa atin ay dapat na personal na tanggapin ang inaalok ng Diyos na kapatawaran at pagpapanumbalik kay Hesus. Ito ay matatamo sa pamamagitan ng bolisyonal na pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan kay Hesus at tahasang pagtalikod sa mga nalalamang kasalanan.

7. Lahat tayo ay lubusang pinatawad at pinanumbalik batay sa ating pagtitiwala kat Hesus at pagsisisi ng kasalanan. Gayunpaman, ang ebidensya para sa bagong pakikipagrelasyon na ito ay makikita sa isang binago, at nagbabagong, buhay. Ang tunguhin ng Diyos para sa sangkatauhan ay hindi lamang langit balang araw ngunit ang maging wangis ni Kristo ngayon. Yaong mga tunay na natubos, bamagat paminsan-minsan ay nagkakasala, ay magpapatuloy sa pananampalataya at pagsisisi sa kabuuan ng kanilang mga buhay.

8. Ang Banal na Espiritu ay "ang ibang Hesus." Siya ay umiiral sa mundo upang pangunahan ang mga nawala patungo kay Kristo at humubog ng pagiging wangis ni Kristo sa mga naligtas. Ang mga kaloob ng Espiritu at ibinigay sa kaligtasan. Sila ang buhay at ministeryo ni Hesus na hinati-hati sa Kanyang katawan, ang Iglesya. Ang mga kaloob ay pangunahing mga saloobin at mga motibo ni Hesus na kailangan himukin ng bunga ng Espiritu. Ang Espiritu ay aktibo sa ating panahon na gaya ng Siya ay

nasa biblikal na panahon.

9. Agn Ama ay ginawa ang muling binuhay na Hesukristo bilang ang Hukom ng lahat ng bagay. Siya ay magbabalik upang hatulan ang lahat ng sangkatauhan. Yaong mga nagtiwala kay Hesus at yaong mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ay makatatanggap ng kanilang walang hanggang niluwalhating katawan sa Kanyang pagbabalik. Sila ay makakasama Niya sa habang panahon. Gayunpaman, yaong mga tumanggi na tumuhon sa katotohanan ng Diyos ay mahihiwalay ng walang hanggan mula sa kagalakan ng pakikisama sa Triune na Diyos. Sila ay ikokondena kasama ng Diablo at kanyang mga anghel.

Ito ay tiyak na hindi kumpleto o puspusan subalit ako ay umaasa na ito ay makapagbibigay sa inyo ng teolohikal na panlasa ng aking puso. Gusto ko ang pahayag na:

"Sa mga mahahalaga —pagkakaisa, Sa mga paligid—kalayaan, Sa lahat ng mga bagay—pag-ibig."